
# PAGTUTURO, WALANG HIGIT NA DAKILANG TUNGKULIN

## Mapagkukunang Gabay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo



# PAGTUTURO, WALANG HIGIT NA DAKILANG TUNGKULIN

## Mapagkukunang Gabay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

**Mga Puna at Mungkahi**

Ang inyong mga puna at mungkahi hinggil sa aklat na ito ay aming pasasalamatan. Mangyari lamang na ipadala ang mga ito sa:

Curriculum Planning
50 East North Temple Street, Floor 24
Salt Lake City, UT 84150-3200 USA
E-mail: cur-development@ldschurch.org

Mangyari lamang na isulat ang inyong pangalan, tirahan, purok, at istaka. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng aklat at bahaging maaari pang pahusayin.

© 2000 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/98
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/98
Pagsasalin ng *Teaching, No Greater Call*
Tagalog

| | |
|---|---|
| Pabalat, Pahina 3: | *Si Jesus sa Sinagoga ng Nazaret*, ni Greg K. Olsen. © ni Greg K. Olsen. |
| Pahina 1: | *Pangangaral sa Bundok*, ni Carl Bloch. Ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum sa Frederiksborg sa Hiller¿d. |
| Pahina 5: | *Iniibig Mo Baga Ako ng Higit Kaysa mga Ito?* ni David Lindsley. © ni David Lindsley. |
| Pahina 27: | *Halamanan ng mga Tagabunsod*, ni Valoy Eaton. © ni Valoy Eaton. |
| Pahina 36: | *Si Jesus at ang Babaeng Taga Samaria,* ni Carl Bloch. Ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum sa Frederiksborg sa Hillerod. |
| Pahina 39: | *Kuwentuhan sa Galilea*, ni Del Parson. © ni Del Parson. |
| Pahina 41: | *Hinihipo ng Babae ang Laylayan ng Damit ng Tagapagligtas*, ni Judith Mehr. © ni Judith Mehr. |
| Pahina 43: | *Ang Mabuting Pastor*, ni Del Parson. © ni Del Parson. |

# PAANO GAMITIN ANG MAPAGKUKUNANG GABAY NA ITO

## Sino ang dapat gumamit ng mapagkukunang gabay na ito?

Ang mapagkukunang gabay na ito ay para sa lahat ng nagtuturo ng ebanghelyo, kasama na ang:

- Mga magulang.
- Mga guro sa silid-aralan.
- Mga pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan.
- Mga tagapagturo ng tahanan at dumadalaw na tagapagturo.

---

## Ano ang nilalaman ng mapagkukunang gabay na ito?

Ang *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* ay naglalaman ng mga panuntunan at mungkahi na may kaugnayan sa pagtuturo, tulad ng ipinakikita sa sumusunod na balangkas:

**Bahagi A**
***Ang Inyong Tungkulin na Magturo***

Ang bahaging ito ng aklat ay nagpapaliwanag ng kahalagahan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa plano ng Diyos. Kasama rin dito ang mga tulong kung paano makapaghahanda ang bawat isa na ituro ang ebanghelyo.

**Bahagi B**
***Mga Pangunahing Alituntunin sa Pagtuturo ng Ebanghelyo***

Ang bahaging ito ng aklat ay tumutulong sa pagtatatag ng saligan para sa lahat ng pagtuturo ng ebanghelyo.

**Bahagi C**
***Pagtuturo sa Iba't ibang Saklaw-na-Gulang***

Ang bahaging ito ng aklat ay nagbibigay ng impormasyon at mga mungkahi sa pagtuturo ng ebanghelyo sa mga bata, kabataan, at matatanda.

**Bahagi D**
***Pagtuturo sa Tahanan***

Ang bahaging ito ng aklat ay nagbibigay ng tulong sa mga magulang upang maituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak. Kasama rin dito ang mga mungkahi para sa mga tagapagturo ng tahanan at dumadalaw na tagapagturo.

**Bahagi E**
***Pagtuturo sa mga Pagsasama-sama ng Pamunuan***

Ang bahaging ito ng aklat ay tumutulong sa mga pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan na maunawaan ang kanilang mahalagang responsibilidad na magturo.

**Bahagi F**
***Mga Pamamaraan ng Pagtuturo***

Ang bahaging ito ng aklat ay naglalarawan ng pagkakaiba-iba ng iba't ibang pamamaraan na magagamit ng mga guro upang mapagyaman ang mga paglalahad ng aralin.

**Bahagi G**
***Ang Kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo***

Ang bahaging ito ng aklat ay kinapapalooban ng labindalawang aralin na naghahanda sa bawat isa na ituro ang ebanghelyo. Ang mga aralin ay nilayon na ituro bilang bahagi ng isang binuong klase. Ang mga ito rin ay maaaring pag-aralan nang mag-isa o bilang mag-anak.

---

## Paano dapat gamitin ang mapagkukunang gabay na ito?

Ang *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* ay nilayon na maging mapagkukunang gabay sa halip na isang aklat na babasahin mula sa simula hanggang katapusan. Ito ay nilalayon na gamitin bilang:

- Personal na gabay sa pag-aaral.
- Mapagkukunang gabay para sa mga pulong sa pagpapaunlad ng guro.

- Manwal para sa kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo.
- Mapagkukunang gabay para sa mga pinuno habang gumagawa sila kasama ang mga guro sa kanilang mga samahan.

Upang matamo ang pinakamalaking kapakinabangan sa aklat, ang mga guro ay dapat na:

- Pag-aralan ang mga nakalistang aytem sa mga nilalaman nito.
- Pag-aralan ang mga artikulo na may kaugnayan sa kanilang mga partikular na interes o pangangailangan sa oras na iyon.

Halimbawa, maaaring naising gamitin ng mga magulang nang mas mahusay ang mga sandali ng pagtuturo upang tulungan ang kanilang mga anak na espirituwal na umunlad. Ang Bahagi D, "Pagtuturo sa Tahanan," ay kinapapalooban ng artikulong pinamagatang "Mga Sandali ng Pagtuturo sa Buhay ng Mag-anak" na tumatalakay kung paano malalaman ang mga sandali ng pagtuturo at maituturo ang mga alituntunin na handang matutuhan ng mga anak. Maaaring naising isama ng mga guro ang dagdag na pagkakaiba-iba sa pamamaraan ng pagtuturo sa kanilang mga aralin. Ang mga artikulo sa Bahagi B sa ilalim ng "Gumamit ng Mabibisang Pamamaraan" ay naglalaan ng mga nakatutulong na ideya kung paano pumili at gumamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo.

Bilang mga guro, gamitin ang *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* sa ganitong paraan, ito ay magiging mahalagang mapagkukunang gabay sa kanilang patuloy na pagsisikap na pahusayin ang kanilang pagtuturo.

## Mga Inilathalang Babasahin na Papalitan

Pinapalitan ng aklat na ito ang mga sumusunod na inilathalang babasahin:

- Ang lahat ng naunang bersiyon ng *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*
- *Ang Aklat Kung Paano Tuturuan ang mga Bata*
- *Mapagkukunang Manwal ng Oras ng Pagbabahagi sa Primarya*

## Listahan ng mga Aytem na Ginamit na Sanggunian

Isang alpabetikong talaan ng mga materyal na gawa ng Simbahan na ginagamit na sanggunian sa inilathalang babasahing ito ang ibinibigay sa ibaba. Ang mga bilang ng aytem ay ibinibigay sa ibaba sa halip na sa teksto ng aklat na ito.

Bahaging "Mga Gawain" sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan* (35710 893)

*Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon* (35666 893)

*Aklat ng mga Awit Pambata* (35324 at 35395)

*Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* (35209 893)

*Church Materials Catalog* (taunang inilalathala at may bagong bilang ng aytem bawat taon)

*Family Home Evening Resource Book* (31106)

*Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo* (34730 893)

*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893)

Bahaging "Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno" sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan* (35903 893)

*Paano Ituturo ang Awitin sa mga Bata* (53005)

*Mga Himno* (tingnan ang *Church Materials Catalog* para sa kumpletong listahan ng mga bilang ng aytem)

*Pagpapahusay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo: Isang Gabay ng Pinuno* (35667 893)

Bahaging "Musika" sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan* (35714 893)

Buklet na *Aking mga Araw ng Tagumpay* (35317 893)

*Scripture Stories* (31120)

*Gabay na Aklat sa Pagtuturo* (34595 893)

Videocassette na *Turuan ang mga Bata* (53677 893)

Mga Ginupit na Pantulong na Larawan (kumpletong koleksiyon: 08456; isahan: 33239, 33242 hanggang 33250)

# MGA NILALAMAN


**Paano Gamitin ang Mapagkukunang Gabay na Ito**

**Bahagi A: Ang Inyong Tungkulin na Magturo**

**Ang Kahalagahan ng Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Plano ng Diyos**

1 Walang Higit na Dakilang Tungkulin . . . . . . . 3
2 Pangangalaga sa Kaluluwa . . . . . . . . . . . . . . . . 5
3 Ang Banal na Tungkulin ng Guro . . . . . . . . . . 9

**Espirituwal na Ihanda ang Inyong Sarili**

4 Paghahangad sa Kaloob na Pag-ibig sa Kapwa . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 14
5 Paghahangad sa Espiritu . . . . . . . . . . . . . . . . 15
6 Paghahangad na Matamo ang Salita . . . . . . . 16
7 Pagbuo ng Isang Personal na Plano para sa Pag-aaral ng Ebanghelyo . . . . . . . . . . . . . . 18
8 Pamumuhay sa Inyong Itinuturo . . . . . . . . . 21
9 Tinawag, Itinalaga at Tumupad . . . . . . . . . . . 24

**Paunlarin ang Inyong mga Talino**

10 Paghahanap ng mga Mapupulot na Aral sa Ating Kapaligiran . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 27
11 Paggawa ng Plano Upang Mapahusay ang Inyong Pagtuturo . . . . . . . . . . . . . . . . . . 29
12 Paghingi ng Suporta sa Inyong mga Pinuno. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 34

**Bahagi B: Mga Pangunahing Alituntunin sa Pagtuturo ng Ebanghelyo**

**Mahalin ang Inyong mga Tinuturuan**

1 Ang Pagmamahal ay Nakapagpapalambot ng mga Puso . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 39
2 Pag-unawa sa Inyong mga Tinuturuan . . . . . 41
3 Pag-abot sa Bawat Isa. . . . . . . . . . . . . . . . . . . 43
4 Pagtulong sa mga Bagong Miyembro at Di-gaanong Aktibong Miyembro . . . . . . . . 45
5 Pagtuturo sa mga may Kapansanan . . . . . . . . 47

**Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu**

6 Ang Espiritu ang Totoong Guro . . . . . . . . . . . 51
7 Pagtuturo nang may Patotoo . . . . . . . . . . . . . 53
8 Pag-anyaya sa Espiritu Habang Kayo ay Nagtuturo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 55
9 Pagkilala at Pagsunod sa Espiritu sa Inyong Pagtuturo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 57

**Ituro ang Doktrina**

10 Ang Kapangyarihan ng Salita . . . . . . . . . . . . . 60
11 Pagpapanatiling Dalisay ng Doktrina . . . . . . 63
12 Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 66

**Mag-anyaya ng Masigasig na Pag-aaral**

13 Pagtulong sa Bawat Isa na Gawin ang Responsibilidad sa Pag-aaral ng Ebanghelyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 75
14 Pamumuno sa mga Talakayan . . . . . . . . . . . . 78
15 Pakikinig . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 82
16 Pagtuturo sa Pamamagitan ng Pagtatanong . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 84
17 Pagtulong sa mga Mag-aaral na Maging Alisto . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 87
18 Paano Malalaman Kung Sila ay Natututo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 90
19 Pagtulong sa Iba na Ipamuhay ang Kanilang Natututuhan. . . . . . . . . . . . . . . 92

**Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral**

20 Paghahanda ng Silid-Aralan . . . . . . . . . . . . . . 95
21 Pagtuturo sa Iba na Mag-aambag sa Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral . . . . . . 97
22 Paano Makapag-aambag ang mga Guro sa Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag aaral . . . . 99
23 Pagpipitagan. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 103
24 Pagtulong sa mga Nagiging Magulo . . . . . . 106

**Gumamit ng Mabibisang Pamamaraan**

25 Pagtuturo nang may Pagkakaiba-iba . . . . . . 113
26 Pagpili ng mga Naaangkop na Pamamaraan. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 116
27 Pagpili ng Mabibisang Pamamaraan . . . . . . 118
28 Pagsisimula ng Aralin . . . . . . . . . . . . . . . . . . 120
29 Pagtapos ng Aralin . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 122

**Ihanda ang Lahat ng Kinakailangang Bagay**

30 Paggugol ng Oras Upang Makapaghanda . .125
31 Paghahanda ng mga Aralin . . . . . . . . . . . .127
32 Paglikha ng mga Aralin mula sa mga Talumpati sa Komperensiya at sa Iba pang Mapagkukunang Materyal . . . . . . . . .130

33 Pag-aangkop ng mga Aralin sa Inyong mga Tinuturuan . . . . . 132
34 Pagsuri sa mga Paglalahad ng Aralin . . . . . . 134
35 Mga Mapagkukunang Materyal sa Simbahan para sa Pagtuturo ng Ebanghelyo . . . . . 137

**Bahagi C: Pagtuturo sa Iba't Ibang Saklaw-na-Gulang**

1 Pagtuturo sa mga Bata. . . . . 140
2 Mga Katangian ng Edad ng mga Bata . . . . . 143
3 Pagtuturo sa mga Bata sa Magkakasamang Saklaw-na-Gulang . . . . . 152
4 Pag-unawa at Pagtuturo sa mga Kabataan. . . . . 154
5 Pagtuturo sa mga Kabataan sa Pamamagitan ng mga Pangkatang Gawain . . . . . 158
6 Pag-unawa at Pagtuturo sa Matatanda. . . . . 161

**Bahagi D: Pagtuturo sa Tahanan**

**Pagtuturo sa Mag-anak**

1 Responsibilidad ng mga Magulang sa Pagtuturo . . . . . 167
2 Mga Ama Bilang mga Guro . . . . . 170
3 Mga Ina Bilang mga Guro . . . . . 173
4 Pagiging Magkatuwang ng mga Magulang sa Pagtuturo . . . . . 176
5 Pagtuturo sa Pamamagitan ng mga Kinagawiang Pamumuhay ng Ebanghelyo . . . . . 179
6 Mga Palagiang Pagkakataon sa Pagtuturo sa Tahanan . . . . . 182
7 Mga Sandali ng Pagtuturo sa Buhay ng Mag-anak . . . . . 186
8 Ang Impluwensiya ng Pagtuturo ng Ibang Miyembro ng Mag-anak . . . . . 189

**Pagtuturo sa Tahanan at Pagdalaw na Pagtuturo**

9 Ang Bahagi sa Pagtuturo ng Pagtuturo sa Tahanan . . . . . 193
10 Ang Bahagi sa Pagtuturo ng Pagdalaw na Pagtuturo . . . . . 195

**Bahagi E: Pagtuturo sa mga Pagsasama-sama ng Pamunuan**

1 Ang Ibig Sabihin ng Mamuno ay Magturo . . . . . 198
2 Pagtuturo sa mga Pulong sa Pamumuno . . . . . 201
3 Pagtuturo sa mga Panayam . . . . . 203
4 Kapag Tinatagubilinan ng mga Pinuno ang mga Guro. . . . . 205

**Bahagi F: Mga Pamamaraan sa Pagtuturo**

1 Mga Talaan ng Gawain (Activity Sheets) . . . 211
2 Pagtula at Pag-awit na may Aksiyon (Activity Verse) . . . . . 211
3 Mga Paraan sa Pamumuhay ng Ebanghelyo (Application Techniques) . . . . . 211
4 Mga Gawaing Pantawag Pansin (Attention Getters) . . . . . 212
5 Mga Materyal na Audiovisual (Mga Videocassette at Audio Recording) . . . . . 212
6 Pagpapalitan ng Ideya (Brainstorming) . . . . 212
7 Talakayan sa Maliliit na Grupo (Buzz Sessions) . . . . . 213
8 Mga Pinag-aaralang Situwasyon (Case Studies) . . . . . 214
9 Mga Pisara. . . . . 215
10 Mga Sabayang Pagbasa (Choral readings) . . . . . 216
11 Mga Paghahambing at Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng mga Aralin (Object Lesson). . . . . 216
12 Mga Pagtatanghal (Demonstration). . . . . . 218
13 Mga Diorama . . . . . 219
14 Mga Talakayan . . . . . 219
15 Mga Pagsasadula . . . . . 219
16 Pagdodrowing . . . . . 220
17 Mga Halimbawa . . . . . 221
18 Mga Flannel Board . . . . . 222
19 Mga Laro. . . . . 223
20 Mga Panauhing Tagapagsalita . . . . . 224
21 Mga Lektyur . . . . . 225
22 Paghahalintulad (Likening). . . . . 225
23 Mga Mapa . . . . . 226
24 Pagsasaulo. . . . . 226
25 Musika . . . . . 227
26 Musika na may mga Halong Kuwento (Awitin ang Kuwento). . . . . 230
27 Mga Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin. . . . . 231
28 Mga Overhead Projector . . . . . 231
29 Mga Pangkatang Talakayan (Panel Discussion) . . . . . 231
30 Mga Larawang Idinikit O Idrinowing sa Karton. . . . . 232
31 Mga Larawan. . . . . 232
32 Mga Papet (Puppet). . . . . 232
33 Mga Tanong . . . . . 233
34 Teatro ng mga Mambabasa . . . . . 233
35 Pagbigkas (Recitation). . . . . 233
36 Dula-dulaan (Role Playing) . . . . . 234
37 Mga Roller Box . . . . . 235
38 Mga Banal na Kasulatan, Pagmamarka at Pagsusulat ng mga Tala sa Mardyin . . . . 235

39 Banal na Kasulatan, Pagsasaulo ng mga . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 235
40 Banal na Kasulatan, Pagbabasa nang Malakas sa mga . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 235
41 Banal na Kasulatan, Mga Tulong sa Pag-aaral ng mga . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 235
42 Banal na Kasulatan, Pagtuturo mula sa mga . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 235
43 Awitin ang Kuwento . . . . . . . . . . . . . . . . . . 235
44 Mga Istasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 235
45 Mga Kuwento . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 236
46 Mga Visual . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 239
47 Mga Puting Pisara . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 240
48 Mga Sulatang Papel . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 240

**Bahagi G: Ang Kurso sa Pagtuturo ng Ebanghelyo**

Mga Tulong para sa Guro . . . . . . . . . . . . . . . . . . 244
Personal at Pangmag-anak na Pag-aaral ng Kurso . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 247
Aralin 1: Ang Kahalagahan ng Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Plano ng Diyos . . . . . . . . . . . 248
Aralin 2: Mahalin ang Inyong mga Tinuturuan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 254
Aralin 3: Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 259
Aralin 4: Ituro ang Doktrina . . . . . . . . . . . . . . . . 264
Aralin 5: Mag-anyaya ng Masigasig na Pag-aaral . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 269
Aralin 6: Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral (Bahagi 1) . . . . . . . 275
Aralin 7: Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral (Bahagi 2) . . . . . . . 282
Aralin 8: Gumamit ng Mabibisang Pamamaraan (Bahagi 1) . . . . . . . . . . . . . . . 285
Aralin 9: Gumamit ng Mabibisang Pamamaraan (Bahagi 2) . . . . . . . . . . . . . . . 290
Aralin 10: Ihanda ang Lahat ng Kinakailangang Bagay . . . . . . . . . . . . . . . . . . 293
Aralin 11: Paunlarin ang Inyong mga Talino . . . 298
Aralin 12: Humayo at Magturo . . . . . . . . . . . . . 302

**Indese . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 305**

# A

# ANG INYONG TUNGKULIN NA MAGTURO



# ANG KAHALAGAHAN NG PAGTUTURO NG EBANGHELYO SA PLANO NG DIYOS

Bilang mga guro, kayo ay may kaugnayan sa pinakamahalagang aspeto ng edukasyon, sapagkat walang edukasyon ng daigdig ang maihahalintulad sa edukasyon ng ebanghelyo na may kinalaman sa walang hanggang kaluluwa ng tao; at, na ang paksa ng guro ay hindi lamang may kaugnayan sa buhay, kundi sa mga bagay na may walang hanggang kahalagahan.

*Pangulong J. Reuben Clark Jr.*

# 1

# WALANG HIGIT NA DAKILANG TUNGKULIN



Nagsasalita sa pangkalahatang komperensiya, sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland: "Kami ay *lubos* na nagpapasalamat sa lahat ng nagtuturo. Mahal namin kayo at pinasasalamatan kayo nang higit sa aming masasabi. Malaki ang tiwala namin sa inyo." Ipinagpatuloy niya: "Upang makapagturo nang mabisa at upang madamang nagtatagumpay kayo, ito ay nangangailangan sa katunayan ng paggawa. Gayunpaman ito ay karapat-dapat lamang para dito. Makatatanggap tayo ng 'walang higit na dakilang tungkulin'. . . . Na makalapit kay Cristo ang bawat isa sa atin, sundin ang Kanyang mga kautusan at tularan ang Kanyang halimbawa pabalik sa Ama, ay siyang tunay na pinakamataas at pinakabanal na layunin ng pagkakaroon ng buhay ng tao. Ang tulungan ang iba na gawin din ang gayon—ang magturo, maghikayat, at akayin din sila nang may panalangin na lumakad sa landas na iyon ng pagtubos—ay siyang tunay na pangalawang pinakamahalagang gawain sa ating mga buhay. Kaya marahil sinabi minsan ni Pangulong David O. McKay, 'Walang higit na dakilang tungkulin ang maiaatang sa kahit sinong lalaki [o babae] maliban sa pagiging guro ng mga anak ng Diyos' " (sa Conference Report, Abr. 1998, 30–31; o *Ensign*, Mayo 1998, 25).

### Ang Papel na Ginagampanan ng Pagtuturo sa Plano ng Ama sa Langit

Upang lubos na magamit ang ating kalayaan sa pagpili sa kabutihan, kailangan nating matutuhan ang tungkol sa Tagapagligtas at ang mga doktrina ng Kanyang Ebanghelyo. Dahil dito, ang pagtuturo ng ebanghelyo ay mahalagang bahagi sa tuwina ng plano ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak.

Sa daigdig ng mga espiritu bago pa ang buhay natin dito sa lupa, tayo ay "tumanggap ng [ating] mga unang aral . . . at inihanda upang bumangon sa takdang panahon ng Panginoon upang gumawa sa kanyang ubasan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao" (Doktrina at mga Tipan 138:56). Matapos palabasin sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden, nagsugo ang Panginoon ng mga anghel upang turuan sila ng plano ng pagtubos (tingnan sa Alma 12:27–32). Inutusan Niya kinalauunan sina Adan at Eva na "malayang ituro ang mga bagay na ito" sa kanilang mga anak (tingnan sa Moises 6:57–59).

Sa bawat dispensasyon ng ebanghelyo, nag-aatas ang Panginoon ng pagtuturo ng plano ng pagtubos. Nagsusugo Siya ng mga anghel (tingnan sa Mosias 3:1–4; Moroni 7:29–32; Joseph Smith—Kasaysayan 1:30–47); tumatawag ng mga propeta (tingnan sa Amos 3:7); nagbibigay ng mga banal na kasulatan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 33:16); at tinutulungan ang mga tao na malaman ang katotohanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (tingnan sa 1 Nephi 10:19; Moroni 10:5). Inuutusan Niya ang Kanyang mga tagasunod na ituro ang ebanghelyo sa mga miyembro ng kanilang mag-anak (tingnan sa Deuteronomio 6:5–7; Mosias 4:14–15; Doktrina at mga Tipan 68:25–28), sa iba pang miyembro ng Simbahan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:77–78, 122), at sa mga hindi pa nakatatanggap ng kabuuan ng ebanghelyo (tingnan sa Mateo 28:19–20; Doktrina at mga Tipan 88:81).

Tungkol sa kahalagahan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa Simbahan, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Ang pinakamahalaga sa mismong programa ng Simbahan ay ang pagtuturo ng ebanghelyo sa mga miyembro ng Simbahan. Sa pagsasakatuparan ng tungkulin na hinihingi sa Simbahan sa pagsisimula nito, nabuo sa Simbahan ang isang sistema ng mga dakilang samahan sa pagtuturo—ang mga korum sa pagkasaserdote, kapwa Melquisedec at Aaron, ang pandaigdig na sistema ng edukasyon sa simbahan, at ang mga pantulong na samahan . . . , ang lahat ng iyon ay mahalagang bahagi ng



edukasyon ng ating mga tao" (sa Conference Report, Okt. 1962, 72–73).

### Ang Bawat Miyembro ay Guro

Nang turuan ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ang mga Nephita, sinabi Niya: "Itaas ninyo ang inyong ilawan upang ito ay magliwanag sa sanlibutan. Masdan, ako ang ilaw na inyong itataas—yaong kung alin ay nakita ninyong aking ginawa (3 Nephi 18:24). Sa tagubiling ito hindi gumawa ng pagtatangi ang Panginoon sa mga nakarinig ng Kanyang tinig. Ang lahat ay inutusan na magturo.

Ang gayon din ay totoo ngayon. Ang responsibilidad na ituro ang ebanghelyo ay hindi natatakdaan lamang sa mga may pormal na tungkulin bilang mga guro. Bilang isang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, mayroon kayong responsibilidad na ituro ang ebanghelyo. Bilang magulang, anak, asawa, kapatid, pinuno sa Simbahan, guro sa silid-aralan, tagapagturo ng tahanan, dumadalaw na tagapagturo, kasamahan sa trabaho, kapit-bahay, o kaibigan, may mga pagkakataon kayong magturo. Minsan makapagtuturo kayo nang hayagan at tuwiran sa pamamagitan ng mga bagay na sinasabi ninyo at ng inyong pagpapatotoo. At palagi kayong nagtuturo sa pamamagitan ng pagpapakita ng halimbawa.

Sinabi ng Panginoon, "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Habang iniisip ninyo ang papel na ginagampanan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng Diyos, makaiisip pa ba kayo ng tungkuling higit na dakila o banal? Ito ay nangangailangan ng inyong masigasig na mga pagsisikap upang mapalawak ang inyong pang-unawa at mapahusay ang inyong mga kasanayan, nalalamang pauunlarin ang inyong mga kakayahan ng Panginoon kapag nagtuturo kayo sa paraang iniuutos Niya. Ito ay isang gawain ng pagmamahal—isang pagkakataon upang tulungan ang iba na gamitin ang kanilang kalayaan sa pagpili nang matwid, lumapit kay Cristo, at tanggapin ang mga biyaya ng buhay na walang hanggan.

2

# PANGANGALAGA SA KALULUWA



Sa baybayin ng Dagat ng Galilea, tinanong ng nabuhay na mag-uli na Panginoon si Pedro nang tatlong ulit, "Iniibig mo baga ako?" Sa bawat pagtatanong na iyon gayon din ang tugon ni Pedro: "Nalalaman mo na kita'y iniibig." Sa pahayag ni Pedro ang Panginoon ay tumugon: "Pakanin mo ang aking mga kordero. . . . Alagaan mo ang aking mga tupa. . . . Pakanin mo ang aking mga tupa" (Juan 21:15–17).

Ang tagubilin ng Panginoon kay Pedro ay tumutukoy sa lahat nang tinawag sa Kanyang paglilingkod. Isinulat ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Mayroong taggutom sa lupain, at isang matinding pagkauhaw—isang masidhing pagkagutom sa salita ng Panginoon at hindi matighaw na pagkauhaw sa mga bagay ng Espiritu. . . . Ang daigdig ay nagugutom sa espirituwal na pagkain. Sa atin ang tungkulin at pagkakataon na pangalagaan ang kaluluwa" ("Feed the Spirit, Nourish the Soul," *Ensign*, Okt. 1998, 2; tingnan din sa Amos 8:11–12).

### Ang Ebanghelyo ni Jesucristo: Walang Katapusang Pagkain para sa Kaluluwa

Katulad nang kailangan natin ng nakapagpapalusog na pagkain upang pisikal na mabuhay, kailangan natin ang ebanghelyo ni Jesucristo upang espirituwal na mabuhay. Ang ating mga kaluluwa ay nabibigyan ng sustansiya ng anumang ipinahahayag tungkol kay Cristo at umaakay sa atin patungo sa Kanya, maging ito man ay nasusulat sa mga banal na kasulatan, sinasabi ng mga propeta sa mga huling araw, o itinuro ng iba pang mapagkumbabang tagapaglingkod ng Diyos. Sinabi mismo ng Tagapagligtas, "Ako ang tinapay ng kabuhayan: ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw" (Juan 6:35).

Ang pagtuturo na nakapagpapalusog sa kaluluwa ay nagpapasigla sa iba, nagpapatatag ng kanilang pananampalataya, at nagbibigay sa kanila ng pagtitiwala na harapin ang mga hamon sa buhay. Naghihikayat ito sa kanila na talikdan ang kasalanan at lumapit kay Cristo, manawagan sa Kanyang pangalan, sundin ang Kanyang mga kautusan, at manatili sa Kanyang pag-ibig (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:1; Juan 15:10).

### Ang Ilang Turo ay Hindi Nagpapalusog ng Kaluluwa

Maraming paksa ang kawili-wili, mahalaga, at maaaring may kaugnayan sa buhay subalit hindi nakapagpapalusog sa kaluluwa. Hindi natin kapamahalaan na ituro ang gayong mga paksa. Sa halip, kailangan nating pasiglahin ang iba at turuan sila ng mga alituntunin na nauukol sa kaharian ng Diyos at kaligtasan ng sangkatauhan.

Ang pagtuturo na nagpapasigla ng pagiisip ngunit hindi nangungusap sa espiritu ay hindi makapagpapalusog. Ni ang anumang nagpapasimula ng mga pag-aalinlangan hinggil sa katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo o ang pangangailangang ipangako ang ating mga sarili dito nang buo nating puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas.

Nagpayo si Elder Bruce R. McConkie: "Ituro ang mga doktrina ng kaligtasan; magbigay ng pagkaing espirituwal; magpatotoo sa banal na pagiging Anak ng ating Panginoon—ang anumang bagay na hindi nagtuturo ng mga ito ay hindi karapatdapat sa tunay na tagapangasiwa na tinawag sa pamamagitan ng paghahayag. Kapag pinakain ang Simbahan ng tinapay ng buhay, doon lamang mapananatili ang mga miyembro nito sa mga landas ng kabutihan" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo [1966-73], 2:178).

### Ang Hamon na Pangalagaan ang Iba

Maaaring ang ibang tao ay tila hindi interesado sa pakikinig sa mga alituntunin

*Isinalaysay ni Pangulong Spencer W. Kimball na:*

*"Mga ilang taon na ang nakalilipas dinalaw namin ang isang bansa kung saan itinuturo ang mga kakaibang ideyolohiya at ipinalalaganap ang masasamang doktrina araw-araw sa mga paaralan at sa sinusupil na pahayagan. Araw-araw na nakikinig ang mga bata sa mga doktrina, pilosopiya, at ideyalismo na sinasabi ng kanilang mga guro.*

*"May nagsabi na'ang madalas na pagpatak-patak ng tubig ay nakapagpapalambot sa pinakamatigas na bato.' Nalalaman ko ito, samakatuwid nagtanong ako hinggil sa mga bata: 'Napapanatili ba nila ang kanilang pananampalataya? Hindi ba sila nadadaig ng patuloy na pagpupumilit ng kanilang mga guro? Paano kayo makatitiyak na hindi nila iiwanan ang payak na pananampalataya sa Diyos?'*

*"Ang sagot ay katumbas sa pagsasabing 'Iniwasto namin ang nakasisirang pagtuturong ito bawat gabi. Tinuturuan namin ang aming mga anak ng mga positibong katwiran nang sa gayon hindi manangan sa kanila ang mga maling pilosopiyang ito. Ang aming mga anak ay lumalaki sa pananampalataya at kabutihan sa kabila ng halos nakadadaig na pamimilit mula sa labas.'*

*"Maging ang mga may bitak na dam ay maaaring maayos at maligtas, at maaaring mapigilan ng mga sakong puno ng buhangin ang baha. At ang paulit-ulit na pagtuturo ng katotohanan, muling higit na taimtim na panalangin, mga pagtuturo ng ebanghelyo, pagpapahayag ng pagmamahal, at malasakit ng magulang ay makapagliligtas sa anak at mapapanatili siya sa tamang landas" (Faith Precedes the Miracle [1972], 113–14).*

ng ebanghelyo. Dapat kayong maghanap ng paraan nang may panalangin upang maturuan sila ng mga alituntuning iyon, anuman ang mangyari. Dapat ninyong palaging alalahanin ang layunin na tulungan ang iba na "mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos" (Moroni 6:4).

Maaaring ang inyong mga tinuturuan ay katulad ng babaeng Samaritano na nakatagpo ni Jesus sa balon ni Jacob. Nang unang magsalita si Jesus sa kanya, hindi niya nakilala kung sino Siya. Gayunpaman, kilala siya Niya. Alam Niya ang kanyang mga suliranin, tungkulin, pagkabahala, at pag-aalala. Alam Niya ang kanyang pangangailangan para sa "tubig na buhay" na tanging Siya ang makapagbibigay. Nagsimula Siya sa paghingi sa kanya ng tubig na maiinom. At pagkatapos sinabi Niya sa kanya, "Ang bawat uminom ng tubig na ito ay muling mauuhaw: Datapwa't ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; ngunit ang tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan." Siya ay mas naging interesado. Siya ay nagkaroon ng tapat na interes sa ituturo Niya sa kanya. Nang Siya ay magpatotoo na Siya ang Mesiyas, naniwala siya sa Kanya at humayo at nagpatotoo tungkol sa Kanya sa kanyang mga tao. (Tingnan sa Juan 4:1–30.)

Si Kapatid na Susan L. Warner, na naglingkod bilang pangalawang tagapayo sa pangkalahatang panguluhan ng Primarya, ay nagbahagi ng sumusunod na karanasan: "Sa aming mag-anak sinisikap namin na magkaroon ng pag-aaral ng banal na kasulatan sa umaga. Subalit madalas kaming nasisiraan ng loob kapag umaangal na ang isang anak at kailangan pang piliting bumangon sa higaan. Kapag nariyan na siya sa wakas, madalas niyang itungo ang kanyang ulo sa mesa. Mga ilang taon na ang nakalipas, habang naglilingkod sa kanyang misyon, sumulat siya sa amin: 'Maraming salamat sa pagtuturo ninyo sa akin ng mga banal na kasulatan. Nais kong malaman ninyo na lahat ng mga panahong iyon na kumilos akong tila natutulog, ako ay tunay na nakikinig na nakapikit ang mga mata.' "

Nagpatuloy si Kapatid na Warner: "Mga magulang at guro, ang ating mga pagsisikap na tulungan ang ating mga anak na makapagtatag ng isang pamana ng mayayamang espirituwal na alaala ay hindi kailanman nasasayang. Minsan maaaring hindi magbunga sa maraming taon ang mga binhing itinanim natin, subalit maaari tayong makadama ng kapanatagan sa pag-asang balang-araw maaalaala ng mga batang tinuturuan natin kung paano nila 'tinanggap at narinig' ang mga bagay ng Espiritu. Maaalaala nila kung ano ang nalaman nila at kung ano ang nadaama nila. Maaalaala nila ang kanilang pagkakakilanlan bilang mga anak ng Ama sa Langit, na siyang nagsugo sa kanila rito nang may banal na layunin" (sa Conference Report, Abr. 1996, 109; o *Ensign*, Mayo 1996, 79).

Kung nagtuturo kayo ng mga kabataan, maaaring maisip ninyo minsan na hindi nila nais pag-usapan ang tungkol sa mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo. Maaaring matukso kayong maging magiliw na lamang sa kanila, libangin sila at makipag-usap sa kanila tungkol sa kanilang mga gawaing panlipunan at sa kanilang karanasan sa paaralan. Ito ay isang mabigat na pagkakamali. Sinabi ni Pangulong J. Reuben Clark:

"Ang mga kabataan ng Simbahan ay nagugutom sa mga bagay ng Espiritu; sabik silang matutuhan ang ebanghelyo, at nais nilang ito ay tuwiran at dalisay. . . .

"Ang mga mag-aaral na ito na lumalapit sa inyo ay espirituwal na gumagawa patungo sa kahustuhan ng isip na matatamo nila nang maaga kung bibigyan ninyo sila ng tamang pagkain. . . .

" . . . Hindi na ninyo kailangan pang magpabantu-bantulot sa [kanilang] likuran at bumulong ng relihiyon sa [kanilang] mga tainga; maaari kayong lumabas nang lantaran, harapan, at kausapin [sila]. Hindi na ninyo kailangan pang balutin ang mga katotohanan ng relihiyon ng balabal ng mga makamundong bagay; madadala ninyo ang mga katotohanang ito sa [kanila] nang hayagan, sa natural nitong pamamaraan. . . .  Hindi na kailangan pa ang unti-unting paglapit, ng mga kuwen-



tong isinasalaysay lamang sa maliliit na bata bago matulog, ng sobrang pangangalaga, ng panunuyo" (*The Charted Course of the Church in Education*, binagong edisyon. [polyeto, 1994] 3, 6, 9).

Isang miyembro ng Simbahan ang tinawag upang turuan ang 12 at 13 taong gulang sa Panlinggong Paaralan. Isinulat kinalaunan ng kanyang asawa na matagal siyang kinausap ng kanyang kabiyak tungkol sa ano ba ang "tamang pagkain" para sa kanyang mga tuturuan, kahit na sila ay "humihinging matutuhan ang ebanghelyo sa pamamaraang walang gaanong kabuluhan o nakalilibang." Isinulat niya ang mga karanasan ng kanyang kabiyak sa pangangalaga nito sa mga kaluluwa ng mga kabataan sa klase nito:

"Tinuruan niya sila ng pagkaing nakapagpapalusog at nakapagpapalaki, hinihikayat sila na dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan at isaalang-alang ang mahahalagang doktrina ng kaharian.

"Ang gayong pagbabago ay nangailangan ng panahon, subalit ang mas mahalaga, nangailangan ito ng pagtitiwala na tunay na nangangailangan at nagnanais ang mga mag-aaral ng pangangalaga ng ebanghelyo at na ang paglalahad ng pagkain sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan at ng Espiritu ang siyang tunay na makapagtataguyod sa kanila. Sa loob ng sumunod na ilang buwan, naganap ang isang unti-unting pagbabago kung saan ang mga mag-aaral ay nagsimula nang palagiang dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan, nagsimula nang talakayin ang ebanghelyo nang mas malaya at handa, at nagsimula nang madama ang kagandahan ng mensahe.

"Nagsimulang magtanong [sa kanya] ang mga magulang kung ano ang nangyayari sa klase, bakit nagpipilit ang kanilang mga anak na magdala ng mga banal na kasulatan sa simbahan, at maging, nang pabiro, paano sagutin ang mga itinatanong ng kanilang mga anak habang naghahapunan tuwing Linggo hinggil sa mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo na itinuro ng araw na iyon sa klase. Ang mga mag-aaral ay labis na naghahangad sa ebanghelyo, sapagkat mayroon silang guro na . . . naunawaan . . . kung anong pagkain ang nakapagpapalusog at ang paraan na kailangan nito upang ito ay mailahad" (Jerry A. Wilson, *Teaching with Spiritual Power*, [1996], 26–27).

Kung nagtuturo kayo ng maliliit na bata, nalalaman ninyo na maaari itong maging hamon sa inyo na ituro sa kanila ang ebanghelyo. Subalit ninanais at kailangan ng maliliit na bata na marinig ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Sila ay tutugon sa inyong mga pagsisikap na ilahad ang masisigla, iba't iba at kawili-wiling aralin ng ebanghelyo. Isang guro sa Primarya ang nagbahagi ng sumusunod na karanasan:

"Inaamin ko, ang nangyari ay di-pangkaraniwan. Subalit nagpakita ito kung ano talaga ang mahalaga sa siyam na taong gulang na mga batang aking tinuturuan. Nang hindi nalalaman kung ano ang kanilang ginagawa, pinamunuan nila ang talakayan sa klase nang sila-sila lamang. Nagsimula ito kay Katie. Tumugon siya sa tanong sa manwal ng aralin tungkol sa plano ng kaligtasan. At

pagkatapos sinundan niya ito ng pagtatanong. Isa pang miyembro ng klase ang nagboluntaryo na sumagot na nakatulong na maliwanagan ang pagkaunawa ni Katie. At pagkatapos nagtanong si John sa gayunding paksa na tila mas malalim na nagsuri kaysa tanong ni Katie. Isang sagot ang ibinigay, at sinundan ni Carly ng pagtatanong. Sa nalalabing oras ng klase, ang mg bata ay patuloy na nagtatanong at sumasagot ng mga ito, nang may interes at malalim na pag-iisip na higit sa kanilang mga gulang. Walang nanggugulo o nagsasalita nang sabay-sabay. Ang kanilang matapat at tuwirang kabatiran, na dinaragdagan ko paminsan-minsan, ay sumaklaw sa materyal na pang-aralin. Sila ay mausisa; nais nila ng mga kasagutan; sila ay tunay na interesado; ang kanilang sinasabi ay nangangailangan ng pag-iisip at pag-unawa. Nalaman ko mula ng araw na iyon na ang mga anak na ito ng ating Ama sa Langit ay handa at sabik na matutuhan ang mga katotohanan na ibibigay ng ebanghelyo."

3

# ANG BANAL NA TUNGKULIN NG GURO



*"Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo, upang kayo ay lalong ganap na matagubilinan sa teoriya, sa alituntunin, sa doktrina, sa batas ng ebanghelyo, sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos, na kapaki-pakinabang ninyong maunawaan" (Doktrina at mga Tipan 88:78).*

*Ang sumusunod ay isang halaw mula sa talumpati na ibinigay ni Elder Bruce R. McConkie sa Church Sunday School Department noong 1977. Ang buong halaw ay isang tuwirang siping-banggit.*

Sa lahat ng ating pagtuturo kinakatawan natin ang Panginoon at itinalaga tayo upang ituro ang Kanyang ebanghelyo. Tayo ay mga kinatawan ng Panginoon, at dahil doon tayo ay binibigyan ng kapangyarihan na sabihin lamang ang mga bagay na ninanais Niyang masabi.

Ang mga kinatawan ay kumakatawan sa kanilang pinuno. Sila ay walang kapangyarihan sa kanilang sarili. Sila ay gumaganap sa pangalan ng isang tao. Ginagawa nila kung ano ang sinasabi sa kanila na gawin. Sinasabi nila kung ano lamang ang pinahintulutang sabihin nila—walang labis, walang kulang.

Tayo ay mga kinatawan ng Panginoon. Tayo ang kumakatawan sa Kanya. "Yayamang kayo ay mga kinatawan," ang wika Niya, "kayo ay nasa paglilingkod sa Panginoon; at anuman ang inyong gagawin alinsunod sa kalooban ng Panginoon ay gawain ng Panginoon" (Doktrina at mga Tipan 64:29).

Ang ating gawain bilang mga guro ay ituro ang Kanyang doktrina at wala nang iba. Wala nang iba pang daan na maaari nating tahakin kung magliligtas tayo ng mga kaluluwa. Wala tayong makapagliligtas na kapangyarihan sa ating sarili. Hindi tayo makalilikha ng isang batas o isang doktrina na tutubos o bubuhay na mag-uli o magliligtas sa ibang tao. Ang Panginoon lamang ang makagagawa ng mga bagay na ito, at tayo ay itinatalaga na ituro kung ano ang Kanyang inihahayag tungkol dito at sa lahat ng doktrina ng ebanghelyo.

Ano kung gayon, ang pinahintulutang gawin natin sa pagtuturo ng ebanghelyo? Ano ang ating banal na tungkulin? Ang banal na tungkulin ng guro ay ibinuod sa ilalim ng limang pamagat:

1. *Tayo ay inuutusan—ito ay isang bagay na wala tayong pagpipilian, walang mga pagpipiliang daan na nakabukas sa atin—tayo ay inuutusan na ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo.*

Sa paghahayag na kilalang "batas ng Simbahan," sinasabi ng Panginoon, "Ang mga elder, saserdote at guro ng simbahang ito ay magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo" (Doktrina at mga Tipan 42:12). Napakaraming paghahayag ang nagsasabing: Ipangaral ang aking ebanghelyo at ang aking salita, "nangungusap ng wala nang ibang bagay kundi ang mga isinulat ng mga propeta at apostol, at ang yaong mga itinuro sa kanila ng Mang-aaliw sa pamamagitan ng panalangin na may pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 52:9).

Malinaw na hindi natin maituturo ang mga hindi natin nalalaman. Ang isang kailangan sa pagtuturo ng ebanghelyo ay pag-aaral ng ebanghelyo. Kaya nga ibinigay ang mga dakilang kautusan tulad ng:

"Saliksikin ninyo ang mga kasulatan" (Juan 5:39).

"Saliksikin ang mga kautusang ito" (Doktrina at mga Tipan 1:37).

"[Pahalagahan] ang aking salita" (Joseph Smith—Mateo 1:37).

"Pag-aralan ang aking salita" (Doktrina at mga Tipan 11:22).

"Saliksikin ang mga propeta" (3 Nephi 23:5).

"Nararapat ninyong saliksikin ang mga bagay na ito. Oo, isang kautusan ang ibinibigay ko sa inyo na masigasig ninyong saliksikin ang mga bagay na ito; sapagkat dakila ang mga salita ni Isaias" (3 Nephi 23:1).

"Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, mapasasaiyo ang aking

Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (Doktrina at mga Tipan 11:21).

Mababasa nating lahat ang mga pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan sa isang taon kung magpapatuloy tayo sa bilang na mga anim na pahina sa isang araw. Mangangailangan ng higit pang oras ang hinihinging paggawa ng tunay na pagsasaliksik at mataimtim na pagbubulay-bulay.

May matatamong kaalaman at may mga espirituwal na karanasan mula sa pagbabasa, pagbubulay-bulay, at pagdarasal tungkol sa mga banal na kasulatan na hindi makukuha sa ibang paraan. Walang saysay gaano man kasigasig at kaaktibo ang mga miyembro ng Simbahan sa mga bagay na may kinalaman sa pamamahala nito, hindi nila kailanman matatamo ang mga dakilang biyaya na dulot ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan maliban kung magsisikap sila sa pag-aaral na iyon at sa gayon gawing bahagi ng kanilang mga buhay ang mga nakasulat na salita.

2. *Dapat nating ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo katulad ng pagkakasumpong sa mga ito sa mga pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan.*

Sa batas ng Simbahan sinasabi ng Panginoon: "Ang mga elder, saserdote at guro ng simbahang ito ay magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo"—at ngayon ay pansinin ang pagtatakdang ito—"na nasa Biblia at Aklat ni Mormon, na kung saan ang kabuuan ng ebanghelyo" (Doktrina at mga Tipan 42:12).

Pagkatapos ang Panginoon ay nangusap hinggil sa pangangailangang magabayan ng Espiritu, subalit bumalik sa pinagkukunang banal na kasulatan ng katotohanan ng ebanghelyo sa mga salitang ito: "At ang lahat ng ito ay inyong tutuparing gawin tulad nang aking iniutos hinggil sa inyong pagtuturo, hanggang ang kabuuan ng aking mga banal na kasulatan ay ibigay" (Doktrina at mga Tipan 42:15).

Nang ibigay ang paghahayag na ito, ang Biblia at Aklat ni Mormon lamang ang mga banal na kasulatan na mababasa ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ngayon mayroon na rin tayong Doktrina at mga Tipan at Mahalagang Perlas, at mayroon din, mangyari pa, ng iba pang paghahayag na ibibigay sa dakong huli.

*3. Dapat tayong magturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.*

Matapos utusan ang lahat ng guro na ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo katulad ng pagkakasumpong nito sa mga pamantayang banal na kasulatan, sinabi ng Panginoon: "Ang mga ito ang kanilang magiging mga aral, habang sila ay ginagabayan ng Espiritu."

Pagkatapos ay ibinigay Niya ang dakilang patnubay: "At ang Espiritu ay ibibigay . . . sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo."

Kasama sa tagubiling ito, ibinigay Niya ang pangakong ito: "At habang inyong itinataas ang inyong mga tinig sa pamamagitan ng Mang-aaliw, kayo ay magsasalita at magpopropesiya sa inaakala kong mabuti sa akin; sapagkat, masdan batid ng Mang-aaliw ang lahat ng bagay, at nagpapatotoo sa Ama at sa Anak" (Doktrina at mga Tipan 42:13–14. 16–17).

Ang lahat ng guro sa lahat ng kalagayan ng pagtuturo ay maaaring magmatwid katulad nito:

*Kung naririto ang Panginoong Jesus, ano man ang sasabihin Niya sa kalagayang ito ay magiging lubos.*
*Subalit wala Siya rito. Sa halip, isinugo Niya ako upang kumatawan sa Kanya.*
*Dapat kong sabihin ang sasabihin Niya kung naririto Siya; Dapat kong sabihin ang ninanais Niyang sabihin.*
*Ang tanging paraan na magagawa ko ito ay ang sabihin Niya sa akin ang dapat kong sabihin.*
*Ang inihayag na gabay na ito ay maaaring dumating sa akin sa pamamagitan lamang ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu.*
*Samakatuwid kailangan akong gabayan ng Espiritu kung ako ay magtuturo sa aking kakayahan bilang kinatawan ng Panginoon.*

Ang mga alituntuning ito ng pagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ay ipinaliwanag pa sa iba pang paghahayag sa pamamagitan ng mga inihayag na pagtatanong at pagsagot sa paraang ito:

Tanong: "Ako, ang Panginoon ay nagtatanong sa inyo—saan ba kayo inordenan?" (Doktrina at mga Tipan 50:13).

Iyon ay: "Ano ang inyong tungkulin? Ano ang gagawin ninyo na binigyan ko ng kapangyarihan? Ano ang karapatan na natanggap ninyo mula sa akin?"

Sagot: "Ang mangaral ng aking ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu, maging ang Mang-aaliw na isinugo upang magturo ng katotohanan" (Doktrina at mga Tipan 50:14).

Iyon ay: "Ang inyong tungkulin, ang inyong karapatan, ang bagay na inordenan na gagawin ninyo ay ang ituro ang aking ebanghelyo, hindi ang anumang pansariling pananaw, ni mga pilosopiya ng sanlibutan, kundi ang aking walang katapusang ebanghelyo, at gawin ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Espiritu, ang lahat na naaayon sa kautusang ibinigay ko: 'Kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo.' "Tanong: "Siya na inordenan ko at isinugo upang mangaral ng salita ng katotohanan sa pamamagitan ng Mang-aaliw, sa Espiritu ng katotohanan, ipinangangaral ba niya ito sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan o sa ibang pamamaraan?" (Doktrina at mga Tipan 50:17).

Bago pakinggan ang inihayag na kasagutan; pansinin natin na ang Panginoon ay nangungusap dito hinggil sa pagtuturo ng ebanghelyo, ng salita ng katotohanan, ng mga alituntunin ng kaligtasan. Hindi Siya nangungusap hinggil sa mga doktrina ng sanlibutan at ng mga kautusan ng mga tao, ang pagsunod dito ay walang kabuluhan at hindi hahantong tungo sa kaligtasan.

Ang tanong ay, kapag nangangaral tayo ng ebanghelyo, kapag nagtuturo tayo ng salita ng katotohanan, kapag inihahayag natin ang mga totoong doktrina ng kaligtasan, ginagawa ba natin ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo o sa ibang pamamaraan? Malinaw na ang "ibang pamamaraan" upang ituro ang katotohanan ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pag-iisip ng tao.

Ngayon ang inihayag na sagot: "Kung ito ay sa ibang pamamaraan ito ay hindi sa Diyos" (Doktrina at mga Tipan 50:18).

Linawin natin ito. Kahit na ang itinuturo natin ay totoo, hindi ito sa Diyos maliban kung ito ay itinuturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. Walang pagbabalik-loob, walang espirituwal na karanasan, maliban kung kabilang dito ang Espiritu ng Panginoon.

Tanong: "At muli, siya na tumatanggap ng salita ng katotohanan, natanggap ba niya ito sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan o sa ibang pamamaraan?" (Doktrina at mga Tipan 50:19).

Sagot: "Kung ito ay sa [pamamagitan] ng ibang pamamaraan ito ay hindi sa Diyos" (Doktrina at mga Tipan 50:20).

Ito ang dahilan kung bakit sinabi ko sa simula pa na kung ninanais ng paglalahad na ito na magkaroon ng kapangyarihang makapagpabalik, kailangan ko itong ilahad sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu at kailangan ninyo itong marinig at tanggapin sa pamamagitan ng gayunding kapangyarihan. Sa gayon lamang na "siya na nangangaral at siya na nakatatanggap, ay nauunawaan ang isa't isa," nang sa gayon "kapwa pinagtitibay at magkasamang magsasaya" (Doktrina at mga Tipan 50:22).

4. *Dapat nating iangkop ang mga itinuturong alituntunin ng ebanghelyo sa mga pangangailangan at kalagayan ng ating mga tagapakinig.*

Ang mga alituntunin ng ebanghelyo ay hindi nagbabago kailanman. Ang mga ito ay pareho sa lahat ng panahon. At sa pangkalahatan ang mga pangangailangan ng mga tao ay gayundin sa lahat ng panahon. Walang mga suliranin ang dumarating sa atin maliban sa mga naging tadhana na ng mga tao mula sa simula. At sa gayon hindi mahirap na dalhin ang mga alituntunin ng walang katapusang salita at iangkop ito sa ating mga tiyak na pangangailangan. Kailangang mabuhay ang mahirap unawaing katotohanan sa mga buhay ng tao kung nais nilang magtagumpay.

Bumanggit si Nephi mula sa aklat ni Moises at sa mga isinulat ni Isaias at pagkatapos sinabing, "Inihahalintulad ko sa amin ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa aming kapakinabangan at kaalaman" (1 Nephi 19:23)—ang ibig sabihin ginamit niya ang mga turo nina Moises at Isaias sa mga pangangailangan ng mga Nephita.

5. *Kinakailangan nating magpatotoo na ang ating itinuturo ay totoo.*

Tayo ay mga taong nagpapatotoo, tulad nang nararapat nating gawin. Ang ating mga pulong ay nananagana sa mataimtim na katiyakan na ang gawaing ginagawa natin ay totoo. Pinapatotohanan natin nang may kataimtiman at matibay na paniniwala na si Jesus ang Panginoon, na si Joseph Smith ay Kanyang propeta, at na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay "ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo" (Doktrina at mga Tipan 1:30).

Mainam na naisasakatuparan natin ang lahat ng ito. Subalit kailangan pa nating gumawa. Ang gurong binigyang-inspirasyon, siya na nagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu, ay inaasahang magpapatotoo na ang doktrinang itinuturo niya ay totoo.

Nagpakita ng halimbawa si Alma sa bahaging ito. Nangaral siya ng dakilang pangaral hinggil sa pagiging isinilang na muli. Pagkatapos sinabi niyang siya ay nangungusap nang malinaw, tinawag upang gawin ito, binanggit ang mga banal na kasulatan, at itinuro ang katotohanan.

"At hindi lamang ito," ang dagdag niya. "Hindi ba ninyo inaakala na alam ko ang mga bagay na ito sa aking sarili? Masdan, ako ay nagpapatotoo sa inyo na alam ko na ang mga bagay na aking sinabi ay totoo" (Alma 5:45).

Ito ang huling pagpapatunay ng katotohanan ng pagtuturo ng ebanghelyo—ang personal na patotoo ng guro na totoo ang itinuro niyang doktrina!

Sino ang makikipagtalo sa isang patotoo? Ang mga hindi naniniwala ay maaaring makipagtalo hinggil sa ating doktrina. Maaari nilang baligtarin ang kahulugan ng mga banal na kasulatan tungo sa kanilang pagkalipol. Maaaring nilang ipaliwanag ang ganito o gayon mula sa paninindigang pangkaisipan lamang, subalit hindi nila madadaig ang isang patotoo.

Kung sasabihin ko na ang ganito o ganoong mala-Mesiyas na propesiya ni Isaias ay natupad sa ganito o ganoong pangyayari sa buhay ng ating Panginoon, maraming tao ang naghihintay upang makipagtalo sa isyu at ipakita na ang matatalinong tao sa daigdig ay may ibang pagpapakahulugan nito. Subalit kung sasabihin kong nalalaman ko sa pamamagitan ng paghahayag ng Espiritu

Santo sa aking kaluluwa na ang mga mala-Mesiyas na pagbanggit ay tumutukoy kay Jesus ng Nazaret, na siyang Anak ng Diyos, mayroon bang makikipagtalo rito? Personal na akong nakapagpatotoo sa mga naiturong puntong pang-doktrina, at ang lahat ng tagapakinig na nakahandang tanggapin ang gayunding Espiritu ay nalalaman sa kanyang puso na totoo ang sinabi ko.

Si Alma, matapos makapagpatotoo na totoo ang mga bagay na itinuro niya, ay nagtanong, "At paano ninyo inaakala na alam ko ang kanilang katiyakan?" Ang kanyang sagot, na nagpapakita ng huwaran para sa lahat ng guro ay: Masdan, sinasabi ko sa inyo na ang mga yaon ay ipinaalam sa akin ng Banal na Espiritu ng Diyos. Masdan, ako ay nag-ayuno at nanalangin nang maraming araw upang aking malaman ang mga bagay na ito sa aking sarili. At ngayon nalalaman ko sa aking sarili na ang mga yaon ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbigay-alam nito sa akin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu; at ito ang diwa ng paghahayag na nasa akin" (Alma 5:45–46).

At sa gayon nasa ating harapan ngayon ang isang pagpapaliwanag ng ating kalagayan bilang mga kinatawan ng Panginoon at ng tungkol sa banal na tungkulin ng guro.

Tayo ay itinatalaga na:

1. Ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo
2. Mula sa mga pamantayang banal na kasulatan
3. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo,
4. Iniaangkop sa tuwina ang mga turo sa ating mga pangangailangan, at
5. Magpatotoo na ang ating itinuro ay totoo.

Ngayon may natitira pang isang bagay na sasabihin ko tungkol sa mga bagay na ito, at iyon ay ang magpatotoo na ang mga inilahad na konsepto dito ay totoo, at na kung susundin natin ang mga ito magkakaroon tayo ng kapangyarihan na makapagpabalik-loob at makapagligtas ng mga kaluluwa ng tao.

Alam ko:

Na inutusan tayo ng Panginoon na ituro ang mga alituntunin ng Kanyang ebanghelyo katulad ng pagkakasulat nito sa Kanyang mga banal na kasulatan;

Na maliban na gagawin natin ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Banal na Espiritu, ang ating pagtuturo ay hindi sa Diyos;

Na inaasahan Niyang isasagawa natin ang mga alituntunin ng walang hanggang katotohanan sa ating mga buhay;

Na dapat tayong magpatotoo sa lahat ng makaririnig na ang ating mga itinuturo ay nagmumula sa Kanya na Walang Hanggan at aakayin ang mga tao sa kapayapaan sa buhay na ito at sa buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.

Na ang lahat sa atin na nagtuturo ay gagawin ito alinsunod sa banal na huwarang ito, nanalangin ako, sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen.

# ESPIRITUWAL NA IHANDA ANG INYONG SARILI

Ngayon ang mga anak na ito ni Mosias . . . ay naging malakas sa kaalaman ng katotohanan; sapagkat sila'y mga lalaking may malinaw na pang-unawa at sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos.

Subalit hindi lamang ito; itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at kapag sila ay nagturo, sila ay nagtuturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos.

*Alma 17:2–3*

4

# PAGHAHANGAD SA KALOOB NA PAG-IBIG SA KAPWA



Sa pagtatapos ng mortal na ministeryo ni Jesus, sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo, "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isat isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isat isa (Juan 13:34). Ito ay isang mahalagang payo para sa mga guro ng ebanghelyo noon, at ito ay mahalaga para sa mga guro ng ebanghelyo ngayon.

Binigyan-diin ni Apostol Pablo ang pangangailangan para sa pag-ibig sa kapwa, o ang dalisay na pag-ibig ni Cristo: "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datapwa't wala akong pagibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw. At kung magkaroon ako ng kaloob na panghuhula, at malaman ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng mga kaalaman; at kung magkaroon ako ng buong pananampalataya, na ano pa't mapalipat ko ang mga bundok, datapuwa't wala akong pagibig, ay wala akong kabuluhan" (1 Mga Taga Corinto 13:1–3).

Kung mayroon kayong pag-ibig na tulad ng kay Cristo, kayo ay mas nahahanda upang ituro ang ebanghelyo. Kayo ay mabibigyang-inspirasyon na tulungan ang iba na makilala ang Tagapagligtas at sundan Siya.

## Ano ang Magagawa Ninyo upang Matanggap ang Kaloob na Pag-ibig sa Kapwa

Ang pag-ibig sa kapwa ay kaloob na matatanggap ninyo habang nagdarasal kayo na mapuspos ng pag-ibig, habang nagbibigay kayo ng paglilingkod, at habang hinahanap ninyo ang kabutihan ng iba.


*Manalangin upang mapuspos ng pag-ibig.* Nagpayo ang propetang si Mormon na: "Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya. Kaya nga, . . . manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig" (Moroni 7:47–48). Maaaring hindi ninyo kaagad o minsanang madama ang dalisay na pag-ibig ni Cristo bilang sagot sa inyong mga panalangin. Subalit habang kayo ay namumuhay nang matwid at patuloy na nananalangin nang tapat at may pagpapakumbaba para sa biyayang ito, matatanggap ninyo ito.

*Maglingkod.* Lumalaki ang ating pag-ibig sa mga tao habang pinaglilingkuran natin sila. Kapag isinasaisantabi natin ang sarili nating mga interes para sa kabutihan ng iba katulad ng halimbawang ipinakita ng Tagapagligtas, tayo ay nagiging mas handang tanggapin ang Espiritu. Habang ipinanalangin ninyo ang inyong mga tinuturuan, pinagbubulay-bulayan ang kanilang mga pangangailangan, at inihahanda ang mga aralin, madaragdagan ang pag-ibig ninyo para sa kanila. (Para sa iba pang mga paraan ng paglilingkod sa mga taong tinuturuan ninyo, tingnan sa "Pagabot sa Bawat Isa," mga pahina 43–44.

*Hanapin ang kabutihan ng iba.* Habang natutuklasan ninyo ang mabubuting katangian ng iba, madaragdagan ang inyong pang-unawa sa kanila bilang mga anak ng Diyos. Papagtitibayin ng Espiritu ang katotohanan ng inyong mga natuklasan tungkol sa kanila, at higit ninyo silang pahahalagahan at iibigin.

5

# PAGHAHANGAD SA ESPIRITU



*Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie, "Walang kabayarang napakataas, . . . walang pagpupunyagi na napakahirap, walang pagpapakasakit na napakatindi kung mula sa lahat ng iyon ay natanggap at natatamasa natin ang kaloob na Espiritu Santo" (A New Witness for the Articles of Faith [1985], 253).*

## Pamumuhay sa Paraang Makatutulong sa Atin na Maging Handa na Tanggapin ang Espiritu

Matapos tayong mabigyan ng kaloob na Espiritu Santo, ano ang magagawa natin upang matanggap ang pagsama ng Espiritu? Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks, "Ang unang kinakailangan sa pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu ay ang sundin natin ang mga kautusan at maging malinis sa harapan ng Diyos nang sa gayon ang kanyang Espiritu ay manahan sa ating mga personal na templo" ("Pagtuturo at Pag-aaral sa Pamamagitan ng Espiritu," *Ensign*, Mar. 1997, 9).

Upang maging "malinis sa harapan ng Diyos," maaari nating alalahanin ang Tagapagligtas sa lahat ng ating ginagawa, palaging kumikilos bilang mga tunay na disipulo. Maaari tayong magsisi ng ating mga kasalanan. Maaari nating hangarin ang mga bagay na "marangal, kaaya-aya, o magandang balita o maipagkakapuri" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13). Maaari nating pag-aralan araw-araw at nang may tunay na hangarin ang mga banal na kasulatan, na hinahangad na "mapangalagaan ng salita ng Diyos" (Moroni 6:4). Maaari tayong magbasa ng mabubuting aklat at makinig sa nakapagpapasigla at nakapagpapatibay na musika. Maaari tayong "[tumayo] sa mga banal na lugar" (Doktrina at mga Tipan 45:32) sa pamamagitan ng pagdalo sa Simbahan at pakikibahagi sa sakramento at sa pamamagitan ng pagtungo sa templo nang madalas kung maaari. Maaari nating paglingkuran ang mga miyembro ng ating mag-anak at kapitbahay.

Itinuro ni Elder Boyd K. Packer na ang "pagiging espirituwal, habang ganap na malakas, ay kumikilos sa mga napakasensitibong pagbabago sa kapaligiran nito" ("I Say Unto You, Be One," *Brigham Young University 1990-91 Devotional and Fireside Speeches* [1991], 89).

Dapat tayong mag-ingat upang lubos na maiwasan ang anumang bagay na magpapawala sa atin ng pagsama ng Espiritu. Kabilang dito ang pag-iwas sa mga usapan at libangan na hindi angkop o walang kabuluhan. Ang ating mga pananamit ay hindi kailanman dapat na maging mahalay. Hindi natin kailanman dapat saktan ang iba, maging sa walang-saysay na pag-uusap. Hindi natin dapat banggitin ang pangalan ng Panginoon sa walang-kabuluhan o gumamit ng anumang mahahalay o magagaspang na pananalita. Hindi tayo dapat maghimagsik o mamintas sa mga piniling tagapaglingkod ng Panginoon.

## Ang mga Biyaya sa Pagtanggap ng Pagsama ng Espiritu

Hindi hinihingi sa atin ng Ama sa Langit na maging perpekto muna tayo bago Niya ibigay ang Kanyang Espiritu. Bibiyayaan Niya tayo sa ating mga matwid na hangarin at tapat na pagsisikap na gawin ang pinakamainam nating magagawa. Si Pangulong Ezra Taft Benson ay nangusap tungkol sa ilan sa mga biyayang ito:

"Higit na pinalalambot ng Espiritu Santo ang ating mga damdamin. Nakadarama tayo ng higit na pag-ibig at awa sa isa't isa. Mas higit tayong mahinahon sa ating pakikipag-ugnayan. Mayroon tayong higit na kakayahan na ibigin ang isa't isa. Ninanais ng mga tao na lumapit sa atin sapagkat ang ating anyo ay nagbibigay-ningning sa impluwensiya ng Espiritu. Mas makadiyos tayo sa ating pag-uugali. Bilang bunga nito, tayo ay nagiging higit pang sensitibo sa mga pag-uudyok ng Espiritu Santo at sa gayon mas malinaw na nauunawaan ang mga espirituwal na bagay" ("Seek the Spirit of the Lord," *Ensign*, Abr. 1988, 4).

# 6

# PAGHAHANGAD NA MATAMO ANG SALITA



Noong Mayo 1829, katatapos pa lamang ng pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Aaron, si Hyrum Smith, na kapatid ni Propetang Joseph Smith, "ay nakadama ng matinding pag-aalala kung ano ang kanyang magiging gawain." Tinanong ni Hyrum si Joseph hinggil sa "kanyang [sariling] lugar sa dakilang gawain ng pagpapanumbalik" (Pearson H. Corbett, *Hyrum Smith—Patriarch* [1963], 48). Bilang katugunan sa mapagkumbabang kahilingang ito, binigyan ng Panginoon si Hyrum ng isang paghahayag sa pamamagitan ng Propeta. Ang bahagi ng paghahayag na ito ay naaangkop sa ating paghahanda na ituro ang ebanghelyo:

"Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (Doktrina at mga Tipan 11:21).

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na ang payong ito ay nagbibigay sa atin "ng mga hakbang na kailangang sundin upang matamo ang kapangyarihan ng Diyos sa [ating] pagtuturo. . . . Hangarin munang matamo ang salita; pagkatapos darating ang pag-unawa at ang Espiritu, at, sa huli, ang kapangyarihang makapaghikayat" (*The Gospel Teacher and His Message* [talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-17 ng Set. 1976,], 5).

## Pagkatuto "sa Pamamagitan ng Pag-aaral at Gayon din sa Pamamagitan ng Pananampalataya"

Sinabi sa atin ng Panginoon kung paano natin matatamo ang Kanyang salita:

"Maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 88:118). Sinusunod natin ang utos na ito sa pamamagitan ng masigasig na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, na may pusong nananampalataya at pangakong susundin ang mga alituntuning natutuhan natin. Sinusunod din natin ang utos na ito kapag sinisimulan natin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng panalangin at pag-aayuno.

### *Masigasig na Pag-aaral*

Ipinayo ni Elder Dallin H. Oaks:

"Pinaaayon tayo ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan sa Espiritu ng Panginoon. . . .

"Sapagkat naniniwala tayo na nakatutulong sa atin ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan na makatanggap ng paghahayag, tayo ay hinihikayat na muli at muling basahin ang mga banal na kasulatan. Sa pamamaraang ito, nakatatamo tayo ng kabatiran kung ano ang nais ng ating Ama sa Langit na malaman at gawin natin sa ating personal na buhay ngayon. Ito ang isang dahilan kung bakit naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan *araw-araw*" ("Scripture Reading and Revelation," *Ensign*, Ene. 1995, 8).

Kapag palagian at masigasig nating pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan, masigasig na hinahangad ang gabay mula sa Espiritu, tayo ay magiging handa na tumanggap ng kalinawan tungkol sa paghahanda ng mga aralin. Magiging handa rin tayo na tanggapin at sundin ang mga udyok mula sa Espiritu habang tayo ay nagtuturo. Habang "[pinagyayaman natin sa [ating] mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, . . . ibibigay ito sa [atin] sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao" (Doktrina at mga Tipan 84:85).

### *Paniniwala*

Ipinayo ni Mormon na hindi tayo dapat "mag-alinlangan, kundi maging mapagpaniwala" (Mormon 9:27). Dapat nating simulan ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan nang may saloobing ganito. Halimbawa, si Joseph Smith ay



may mapagpaniwalang puso nang basahin niya ang Santiago 1:5, na siyang nagsabi sa kanya na humingi sa Diyos ng karunungan. Ginawa niya ang itinagubilin ng banal na kasulatan, itinanong sa Panginoon kung aling simbahan ang dapat niyang sapian. Dahil sa kanyang mapagpaniwalang saloobin nakatanggap siya ng sagot sa kanyang panalangin. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–17.)

*Pagkamasunurin*

Dapat tayong magsikap na mamuhay alinsunod sa mga alituntuning pinag-aralan natin, maging bago pa man natin lubos na maunawaan ang mga ito. Sa pagtitiwala natin sa sinabi ng Panginoon, ang ating kaalaman sa ebanghelyo ay madaragdagan. Ipinahayag ng Panginoon, "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kalooban [ng Ama], ay makikilala niya ang turo" (Juan 7:17).

*Panalangin at Pag-aayuno*

Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay kaiba sa pagbabasa ng isang nobela, pahayagan, o aklat-aralin. Dapat tayong manalangin bago natin pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa bawat araw. Dapat nating hangarin ang Espiritu upang bigyan tayo ng pang-unawa habang pinag-aaralan natin ang mga salita ng Panginoon.

Sa ating panalangin para sa pang-unawa, pagkaminsan nararapat tayong mag-ayuno. Si Alma ay isang magandang halimbawa ng isang taong nag-ayuno at nanalangin upang matutuhan ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Matapos magpatotoo tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa pangangailangang maranasan ang malaking pagbabago ng puso, sinabi niyang: "Hindi ba ninyo inaakala na alam ko ang mga bagay na ito sa aking sarili? Masdan, ako ay nagpapatotoo sa inyo na alam ko na ang mga bagay na aking sinabi ay totoo. At paano ninyo inaakala na alam ko ang kanilang katiyakan? Masdan, sinasabi ko sa inyo na ang mga yaon ay ipinaalam sa akin ng Banal na Espiritu ng Diyos. Masdan ako ay nag-ayuno at nanalangin nang maraming araw upang aking malaman ang mga bagay na ito sa aking sarili. At ngayon nalalaman ko sa aking sarili na ang mga yaon ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbigay-alam nito sa akin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu" (Alma 5:45–46). (Tingnan din sa "Paghahangad sa Espiritu," pahina 00 [13].)

*Muling Pagpapangako ng Ating Sarili sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan*

Ipinayo ni Pangulong Benson: "Huwag nating ipagwalang-halaga ang mga dakilang bagay na natanggap natin mula sa mga kamay ng Panginoon! Ang Kanyang salita ay isa sa pinakamahahalagang kaloob na ibinigay Niya sa atin. Hinihikayat ko kayo na muling ipangako ang inyong sarili sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Isubsob ninyo ang inyong sarili sa mga ito sa araw-araw upang mapasainyo ang kapangyarihan ng Espiritu para pangalagaan kayo sa inyong mga tungkulin. Basahin ang mga ito sa inyong mag-anak at turuan ang inyong mga anak na mahalin at pahalagahan ang mga ito" ("The Power of the Word," *Ensign*, Mayo 1986, 82).

7

# PAGBUO NG ISANG PERSONAL NA PLANO PARA SA PAG-AARAL NG EBANGHELYO



Sinabi ni Elder M. Russell Ballard: "Ito ay pananagutan ng bawat isa sa atin na gawin ang lahat ng ating makakaya upang paunlarin ang ating espirituwal na kaalaman at pang-unawa sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga salita ng mga buhay na propeta. Kapag binabasa at pinag-aaralan natin ang mga paghahayag, mapagtitibay ng Espiritu sa ating mga puso ang katotohanan ng ating natutuhan; sa ganitong paraan, ang tinig ng Panginoon ay mangungusap sa bawat isa sa atin" (sa Conference Report, Abr. 1998, 40–41; o *Ensign*, Mayo 1998, 32).

Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa inyo na makabuo ng plano sa pag-aaral upang "mapaunlad ang [inyong] espirituwal na kaalaman at pang-unawa," katulad ng ipinayo ni Elder Ballard. Ang inyong plano ay hindi dapat nakadadaig, sa halip dapat itong makatulong sa inyo na maging palagian sa inyong pag-aaral ng ebanghelyo. Maaaring naisin ninyong itala ang inyong plano sa isang talaarawan o kuwaderno nang sa gayon hindi ninyo ito malimutan.

## Ano ang Pag-aaralan

Ituon ang inyong pag-aaral ng ebanghelyo sa mga banal na kasulatan. Maaari ninyong piliin na pag-aralan ang isang aklat ng banal na kasulatan sa kabuuan nito, o maaari kayong tumuon sa isa o maraming paksa, binabasa ang sinasabi ng lahat ng pamantayang banal na kasulatan tungkol sa mga ito. Maaari ninyong pagsamahin ang dalawang pamamaraang ito, pinag-aaralan ang isang aklat ng banal na kasulatan at pinagtutuunan ang mga paksa at tema ayon sa nakikita ninyo.

Dapat din ninyong pag-aralan ang mga turo ng mga propeta sa mga huling araw sa mga talumpati sa pangkalahatang kumperensiya at sa Liahona.

Kung kayo ay may tungkulin bilang isang guro, ang inyong manwal ng aralin ay mahalagang bahagi ng inyong plano sa pag-aaral.


Dapat din ninyong isaalang-alang na isama ang mga sumusunod sa inyong pag-aaral ng ebanghelyo: (1) ang materyal ng kurso para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec at Samahang Damayan, (2) nakatakdang mga talata sa banal na kasulatan para sa klase ng Doktrina ng Ebanghelyo sa Panlinggong Paaralan, at (3) mga artikulo sa Liahona.

## Kailan Mag-aaral

Kung maaari, magtakda ng palagiang oras kung kailan kayo makapag-aaral nang walang sagabal. Ipinayo ni Pangulong Howard W. Hunter:

"Nasumpungan ng marami na ang pinakamainam na oras upang makapag-aral ay sa umaga matapos ang gabi ng pamamahinga na nakapagpalinaw ng isipan sa maraming pag-aalala na nakagagambala sa isipan. Ang iba naman ay mas ninanais na mag-aral sa tahimik na mga oras pagkatapos na ang mga gawain at alalahanin ng araw na iyon ay matapos na at maisantabi sa gayon natatapos ang araw nang may kapayapaan at kapanatagan na dulot ng pakikipag-ugnayan sa mga banal na kasulatan.

"Marahil ang mas mahalaga kaysa oras ng araw ay ang pagtatalaga ng palagiang oras para sa pag-aaral. Lubos na makabubuti kung makagugugol ng isang oras



bawat araw; subalit kung hindi maitatalaga ang gayong oras, ang kalahating oras sa pag-aaral nang palagian ay magbubunga ng malaking tagumpay. Ang labing limang minuto ay kaunti lamang, subalit nakagugulat kung ganong kaliwanagan at kaalaman ang matatamo sa isang paksang napakamakabuluhan" (sa Conference Report, Okt. 1979, 91–92; o *Ensign*, Nob. 1979, 64).

### Paano Mag-aaral

Bago kayo magsimulang mag-aral, manalangin para sa kabatiran at pagkaunawa. Pagbulay-bulayin ang inyong binasa, at humanap ng mga paraan na ipamuhay ito. Matutuhang makilala at makinig sa mga udyok ng Espiritu.

Isaalang-alang ang paggamit ng ilan o lahat ng sumusunod na ideya upang mapaunlad ang inyong pag-aaral:

- Gamitin ang mga tulong na inilaan sa mga edisyon ng mga Banal sa mga Huling Araw na mga banal na kasulatan, katulad ng mga *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* at mga halaw mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, at mga mapa na kapwa kabilang sa mga *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* (tingnan sa "Pagtuturo Mula sa mga Banal na Kasulatan," mga pahina 66–72, para sa mga mungkahi).
- Sa inyong pagbabasa, tanungin ang sarili, "Anong alituntunin ng ebanghelyo ang itinuturo sa talatang ito? Paano ko ito maipamumuhay?"
- Maglaan ng kuwaderno o talaarawan nang sa gayon maitala ninyo ang inyong mga iniisip at nadarama. Ipangako ang sarili nang nakasulat na ipamumuhay ang natutuhan ninyo. Balik-aralan nang madalas ang mga kaisipang itinala ninyo.
- Bago magbasa ng isang kabanata ng banal na kasulatan, pag-aralan ang pamagat ng kabanata. Ito ay magbibigay sa inyo ng mahahalagang bagay na mahahanap sa kabanata.
- Markahan at sulatan ng paliwanag ang inyong mga banal na kasulatan. Sa mga mardyin isulat ang mga sangguniang banal na kasulatan na nagpapaliwanag ng mga talata na pinag-aralan ninyo.
- Isaulo ang mga talata na partikular na mahalaga sa inyo.
- Ipalit ang inyong pangalan sa talata ng banal na kasulatan upang gawin itong personal.
- Pagkatapos mag-aral, manalangin upang magpasalamat para sa natutuhan ninyo.
- Ibahagi ang natutuhan ninyo. Kapag ginagawa ninyo ito, ang inyong kaisipan ay magiging mas malinaw at madaragdagan ang inyong kakayahang mapanatili ang inyong natutuhan.

### Gawin ang Makakaya Ninyo

Isang miyembro ng Simbahan ang sumubok nang maraming ulit sa na sundin ang mga tiyak na programa para sa pag-aaral ng banal na kasulatan, subalit ito ay palaging mahirap para sa kanya. Naisip niya kinalaunan:

"Tila sa pagsisikap ko na pangalagaan ang aking maganak at isakatuparan ang aking mga responsibilidad sa Simbahan, hindi ko kailanman lubos na naabot ang mi-

nimithi. Magtatakda ako ng tiyak na oras at lugar upang makapag-aral bawat araw, subalit masusumpungan lamang na nagagambala ang oras na iyon ng mga pangangailangan ng mga anak na may sakit o ng iba pang krisis na karaniwan na sa isang lumalaking mag-anak. Sa panahong iyon ng aking buhay, hindi ko kailanman naisip ang aking sarili na isang taong mahusay sa pag-aaral ng banal na kasulatan.

"Pagkatapos isang araw dumating ang aking ina sa aking tahanan. Tiningnan niya ang malaking mesa na puno ng mga materyal ng Simbahan—kasama na sa mga ito ang aking mga banal na kasulatan—at sinabing, 'Gusto ko ang paraan mo nang palagiang pagbabasa ng iyong mga banal na kasulatan. Ang mga ito ay tila nakabukas nang palagian sa isang mesa o sa isa pa.'

"Dagli akong nagkaroon ng bagong pangitain tungkol sa aking sarili. Tama siya. Ako ay palaging nagbabasa at nag-aaral ng mga banal na kasulatan, kahit na ito ay hindi bahagi ng pormal na programa sa pag-aaral. Mahal ko ang mga banal na kasulatan. Binubusog ako ng mga ito. May mga talata ng mga banal na kasulatan na nakadikit sa mga dingding ng aking kusina na nagpapasigla sa akin habang ako ay gumagawa, mga banal na kasulatan na tinutulungan kong maisaulo ng aking mga anak para sa mga talumpating ibibigay nila. Ako ay nabubuhay sa daigdig ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at napagtanto kong ako'y napangalagaan nang lubos."

8

# PAMUMUHAY SA INYONG ITINUTURO



*Nangungusap sa grupo ng mga guro ng ebanghelyo, ipinayo ni Pangulong Spencer W. Kimball, "Gagawin ninyo ang lahat ng itinuro ninyo na gawin ng inyong mag-aaral: mag-ayuno, magpatotoo, magbayad ng ikapu, dumalo sa lahat ng wastong pulong, dumalo sa mga sesyon sa templo sa takdang panahon, panatilihing banal ang araw ng Sabbath, maglingkod nang buong puso sa Simbahan, magkaroon ng mga gabing pantahanan ng mag-anak at panalanging pang-mag-anak, manatiling walang pagkakautang, at maging matapat at puno ng integridad" (Men of Example [talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-12 ng Set., 1975], 7).*

Ang personal na halimbawa ay isa sa mga pinakamabisang paraan ng pagtuturo na mayroon tayo. Kapag tayo ay tunay na nagbabalik-loob, ang lahat ng ating pag-iisip at pagganyak ay ginagabayan ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Nagpapatotoo tayo sa katotohanan sa pamamagitan ng lahat ng ginagawa natin.

Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie na ang patotoo ay kinapapalooban ng mga gawaing matwid:

"Upang maging magiting sa patotoo kay Jesus ay ang maniwala kay Cristo at sa Kanyang ebanghelyo nang may di-matitinag na matibay na paniniwala. Ito ay ang malaman ang katotohanan at kabanalan ng gawain ng Panginoon sa mundo.

"Subalit hindi lamang ito. Ito ay higit pa kaysa paniniwala at pagkakaalam. Kailangan tayong maging tagatupad ng salita at huwag tagapakinig lamang. Ito ay higit pa kaysa pagsasalita lamang; hindi lamang ito simpleng pagtanggap ng kabanalan ng pagiging Anak ng Tagapagligtas. Ito ay pagsunod at pagsang-ayon at personal na kabutihan" (sa Conference Report, Okt. 1974, 45-46; o *Ensign*, Nob. 1974, 35).

## Ang Impluwensiya ng Halimbawa

Makaiimpluwensiya nang positibo ang ating pag-uugali sa mga saloobin ng ating mga tinuturuan. Ibinahagi ni Pangulong Thomas S. Monson ang sumusunod na karanasan:

"Sa burol ng dakilang Pangkalahatang Awtoridad, na si H. Verlan Andersen, isang papuri ang ipinahayag ng kanyang anak na lalaki. Ito ay may kinalaman saanman tayo naroroon at anuman ang ating ginagawa. . . .

"Isinalaysay ng anak ni Elder Andersen na noong mga nakalipas na taon, siya ay may natatanging deyt sa paaralan nang Sabado ng gabi. Hiniram niya sa kanyang ama ang kotse ng mag-anak. Nang makuha na niya ang mga susi sa kotse at patungo na sa pintuan, sinabi ng kanyang ama, 'Ang kotse ay mangangailangan ng maraming gasolina bago dumating ang bukas. Tiyakin mo na mapupunan ang tanke bago umuwi.'

"Isinalaysay ng anak ni Elder Andersen na ang gawain ng gabing iyon ay kasiya-siya. . . . Sa kanyang labis na kasiyahan, gayon man, nabigo siyang sundin ang tagubilin ng kanyang ama at dagdagan ang gasolina ng tanke ng kotse bago umuwi.

"Dumating na ang araw ng Linggo. Natuklasan ni Elder Andersen na wala itong gasolina sa pamamagitan ng panukat nito. Nakita ng anak na ipinatong ng kanyang ama sa mesa ang mga susi ng kotse. Sa mag-anak na Andersen ang araw ng Sabbath ay araw ng pagsamba at pasasalamat, at hindi para sa pamimili.

"Sa pagpapatuloy ng mensahe sa burol, sinabi ng anak ni Elder Andersen, 'Nakita kung isinuot ng aking ama ang kanyang amerikana, nagpaalam sa amin, at naglakad nang mahaba patungo sa kapilya, upang makadalo siya sa maagang pulong.' Ang tawag ng tungkulin. Ang katotohanan ay hindi napaalipin sa sariling kapakanan.

"Sa pagtatapos ng kanyang mensahe sa burol, sinabi ng anak ni Elder Andersen, 'Walang sinumang anak ang naturuan nang higit na mabisa ng kanyang ama maliban sa akin sa pagkakataong iyon. Hindi lamang nalalaman ng aking ama ang katotohanan, kundi ipinamuhay rin niya ito" (sa Conference Report, Okt. 1997, 22; o *Ensign*, Nob. 1997, 18).

Nakaiimpluwensiya rin nang negatibo ang ating mga asal. Halimbawa, nang magtungo sa misyon ang anak ni Alma na si Corianton upang turuan ang mga Zoramita, tinalikuran niya ang ministeryo at gumawa ng mabibigat na kasalanan (tingnan sa Alma 39:3). Sinabi ni Alma na maraming tao ang naakay palayo ng mga ginawa ni Corianton. Sinabi niya kay Corianton, "Anong laking kasamaan ang dinala mo sa mga Zoramita, sapagkat nang



makita nila ang iyong inaasal ay hindi sila naniwala sa aking mga salita" (Alma 39:11).

Sinabi ni Pangulong Heber J. Grant, "Hinihiling ko sa lahat ng kalalakihan at kababaihan na may hinahawakang responsibilidad na ang tungkulin ay ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo upang ipamuhay ito at sundin ang mga kautusan ng Diyos, nang sa gayon maituro ito ng kanilang halimbawa" (*Gospel Standards* [1941], 72).

Sa inyong pagpapakita ng halimbawa sa pamamagitan ng pamumuhay sa inyong itinuturo:

- Ang inyong mga salita ay magiging mataginting sa pamamagitan ng Espiritu, dinadala ang inyong patotoo sa mga puso ng inyong mga tinuturuan (tingnan sa 2 Nephi 33:1). Isinulat ni Pangulong Joseph Fielding Smith, "Walang lalaki o babae ang makapagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu ng mga bagay na hindi niya isinasagawa" (*Church History and Modern Revelation*, 2 tomo [1953], 1:184).
- Matutulungan ninyo ang iba na makita na ang mga salita ni Cristo ay masusunod sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- Makikita ang nadarama ninyong kapayapaan at kaligayahan mula sa pamumuhay ng ebanghelyo. Ito ay makikita sa inyong mukha, sa inyong mga salita, at sa kapangyarihan ng inyong patotoo.
- Magtitiwala sa inyo ang inyong mga tinuturuan at mas madaling maniniwala sa inyong itinuturo.
- Ang sarili ninyong patotoo ay lalago: "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kalooban [ng aking Ama]," ang turo ng Tagapagligtas, "ay makikilala niya ang turo" (Juan 7:17). Maaari ninyong madama na kulang kayo sa pag-unawa sa ilang alituntunin na inihahandang ninyong ituro. Gayunpaman, habang pinag-aaralan ninyo ito nang may panalangin, nagsisikap na ipamuhay ito, naghahandang ituro ito, at pagkatapos ibinabahagi ito sa iba, ang inyong sariling patotoo ay lalakas at lalalim.

### Pagsisikap na Ipamuhay ang Ebanghelyo


Ang pagtuturo ng ebanghelyo ay nangangailangan ng higit pa sa paghahanda at paglalahad. Ipinaliwanag ni Elder Richard G. Scott:

"Ang inyong pangako na turuan ang mga minamahal na anak ng ating Ama sa Langit ay hindi lamang ang mahahabang oras na ginugugol ninyo sa paghahanda sa bawat klase, ni ang maraming oras ng pag-aayuno at panalangin upang kayo ay maging mas mahusay na guro. Ito ay ang pangako sa buhay na ang bawat oras niyon ay ipinamumuhay nang may layunin na naaayon sa mga turo at halimbawa ng Tagapagligtas at ng kanyang mga tagapaglingkod. Ito ay pangakong pagsisikap sa tuwina upang maging higit na espirituwal sa tuwina, maging higit na matapat sa tuwina, maging higit na karapat-dapat na instrumento sa tuwina na sa pamamagitan nito mapukaw ng Espiritu ng Panginoon ang mga puso ng mga ipinagkatiwala sa inyo na madala sa mas malawak na pag-unawa sa kanyang mga turo ("Four Fundamentals for Those Who Teach and Inspire Youth," sa *Old Testament Symposium Speeches, 1987*, 1).

Bagaman hindi kayo magiging ganap sa lahat ng bagay, makagagawa kayo ng pagsisikap upang maging higit na ganap sa pamumuhay sa mga katotohanang inyong itinuturo. Makasusumpong kayo ng matinding lakas at kapangyarihan sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa inyong patuloy na pagsisikap na mamuhay alinsunod sa mga alituntuning iyon.

9

# TINAWAG, ITINALAGA, AT TUMUPAD



*Nangusap si Pangulong Gordon B. Hinckley hinggil sa kahulugan ng salitang palakihin. Sinabi niya, "Sa pagpapakahulugan ko rito, ang ibig sabihin nito ay palakihin, gawing higit na malinaw, higit na ilapit, at palakasin." Sinabi niyang kapag tinutupad ng mga mayhawak ng pagkasaserdote ang kanilang mga tungkulin, kanilang "pinalalaki ang posibleng kakayahan ng [kanilang] pagkasaserdote" (sa Conference Report, Abr. 1989, 60, 63; o Ensign, Mayo 1989, 46, 49).*

*Ito ay tumutukoy sa inyong tungkulin na magturo. Kapag tinutupad ninyo ang inyong tungkulin "nang buong pagsusumigasig . . . , sa pamamagitan ng puspusang [ninyong] pangangaral," pinalalaki ninyo ang inyong posibleng kakayahan na maimpluwensiyahan ang iba sa kabutihan.*

Ang mga anak ni Lehi na sina Jacob at Jose ay nagpakita ng halimbawa para sa mga taong tinawag upang magturo. Sinabi ni Jacob na kanyang "[natanggap] ang [kanyang] tungkulin mula sa Panginoon." Siya at si Jose ay itinalaga bilang "mga saserdote at guro ng mga tao." Pagkatapos kanilang "tinupad ang [kanilang] tungkulin sa Panginoon" (Jacob 1:17–19).

### Pagtanggap sa Tawag na Magturo

Kung kayo ay may tungkulin bilang guro o pinuno sa Simbahan, makatitiyak kayo na ang tawag ay mula sa Panginoon. Ito ay ipinaabot ng isa sa Kanyang piniling tagapaglingkod, at sinabi Niya, "Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (Doktrina at mga Tipan 1:38).

Ang tungkulin ay isang sagradong pagkakataon upang maglingkod. Ito ay may kaakibat na pananagutan sa Panginoon. Dapat itong makaimpluwensiya sa inyong pamumuhay, pinamumunuan ang inyong mga pagpapasiya at hinihikayat kayo na maging matapat at matalinong tagapaglingkod.

Nang makatanggap kayo ng tungkulin para magturo, maaaring nasabi ninyo sa inyong sarili, "Subalit ako ay hindi sinanay na magturo. Wala akong kakayahan na ilahad ang aralin o pamunuan ang talakayan sa klase. Napakarami pang higit na makagagawa nang mahusay kaysa akin." Marahil nga ang iba ay may higit na karanasan sa pagtuturo o likas na kakayahan kaysa inyo. Gayunpaman, kayo ang tinawag. Gagawin kayong instrumento ng Panginoon sa Kanyang mga kamay kung kayo ay mapagkumbaba, matapat, at masigasig. Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Kung sinumang kapatid na lalaki o babae ang nakadarama ng pagiging hindi handa—maging walang kakayahan—sa pagtugon sa tawag na maglingkod, magpakasakit, pagpalain ang mga buhay ng iba, alalahanin ang katotohanang ito: 'Sinuman ang tinawag ng Diyos, ay minarapat ng Diyos, Siya na nakapapansin sa pagkahulog ng maya ay hindi tatalikod sa pangangailangan ng tagapaglingkod" ("Tears, Trials, Trust, Testimony," *Ensign*, Set. 1997, 5).

### Sinang-ayunan at Itinalaga

Makatatanggap kayo ng karagdagang lakas kapag kayo ay sinasang-ayunan ng kongregasyon at itinalaga. Sa pagtatalaga, ipinapatong ng mga pinuno ng pagkasaserdote ang kanilang mga kamay sa inyong ulo at binibigyan kayo ng kautusan na gumanap sa inyong tungkulin. Binibigyan din kayo ng mga pagpapala upang palakasin at gabayan kayo. Inihayag ni Pangulong Spencer W. Kimball, 'Ang pagtatalaga ay maaaring bigyan ng literal na kahulugan; ito ay paghihiwalay mula sa kasalanan, nakahiwalay mula sa makamundong bagay; nahiwalay mula sa lahat ng bagay na may kagaspangan, mababa ang uri, masama, walang halaga, o malaswa; *italaga* mula sa daigdig patungo sa mas mataas na antas ng pag-iisip at gawain" (*The Teachings of Spencer W. Kimball*, inayos ni Edward L. Kimball [1982], 478).

Walang pormal na tungkulin na magturo ang ganap nang hindi itinatalaga ng wastong awtoridad ng pagkasaserdote. Kung kayo ay tinawag at sinang-ayunan bilang isang guro subalit hindi pa naitatalaga, makipagkita sa pinuno ng inyong korum o ng pantulong na samahan upang gawin ang mga kinakailangang paghahanda upang maitalaga.

### Pagtupad sa Inyong Tungkulin at Pauunlarin ang Inyong mga Kakayahan ng Panginoon

Katulad nang nabanggit sa itaas, tinupad nina Jacob at Jose ang kanilang tung-

kulin na turuan ang mga tao. Itinuro nila ang salita ng Diyos "nang buong pagsusumigasig . . . , sa pamamagitan ng puspusang pangangaral" (Jacob 1:19).

Sa pagtupad ninyo ng inyong tungkulin na magturo, palalakihin kayo ng Panginoon. Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Walang pagkabigo sa gawain ng Panginoon kapag ginagawa [natin] ang pinakamahusay. Tayo ay mga instrumento lamang; ito ay gawain ng Panginoon. Ito ay Kanyang Simbahan, ang plano ng Kanyang ebanghelyo. Ang mga ito ay Kanyang mga anak na pinaglilingkuran natin. Hindi Niya tayo pahihintulutang mabigo kung gagawin natin ang ating tungkulin. Palalakihin niya tayo maging lampas sa sarili nating mga talino at kakayahan kapag kinakailangan. Nalalaman ko ito. Nakatitiyak ako na marami sa inyo ang nakaranas nito tulad ko. Ito ay isa sa mga pinakamatamis na karanasan na darating sa isang tao" (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 372).

# PAUNLARIN ANG INYONG MGA TALINO

Ang Panginoon ay may dakilang gawain para sa bawat isa sa atin na isasakatuparan. Maaari kayong magtaka kung paano nangyari ito. Maaari ninyong madama na walang katangi-tangi o kahusayan sa inyo o sa inyong kakayahan. . . .

Ang Panginoon ay makagagawa ng mga di-pangkaraniwang himala sa tao na may ordinaryong kakayahan na mapagkumbaba, matapat, at masigasig sa paglilingkod sa Panginoon at naghahangad na mapahusay ang kanyang sarili. Ito ay sa dahilang ang Diyos ang siyang tanging pinagmumulan ng kapangyarihan.

*Pangulong James E. Faust*

10

# PAGHAHANAP NG MGA MAPUPULOT NA ARAL SA ATING KAPALIGIRAN



*"At ngayon, sapagkat nagsimula ka nang ituro ang salita maging sa nais kong magpatuloy ka sa pagtuturo; at nais kong maging masigasig at mahinahon ka sa lahat ng bagay" (Alma 38:10).*

Habang gumagawa sa kanyang hardin ng mga bulaklak, iniisip ng pangulo ng istaka ang hinggil sa talumpating kanyang ibibigay sa nalalapit na komperensiya sa istaka. Pinaplano niyang magtalumpati tungkol sa pagpapatibay ng mga mag-anak.

Ang kanyang kapitbahay, na tila may natatanging kasanayan sa paghikayat sa magagandang bulaklak na mamulaklak, ay gumagawa rin sa kanyang hardin. Tinawag niya ito at tinanong, "Ano ang iyong sikreto sa paghahalaman?"

Ang kanyang sagot ay napakasimple. Sinabi niya: "Binabantayan ko ang aking hardin. Nagtutungo ako sa aking hardin araw-araw, kahit hindi ito madali. At habang ako ay naririto, hinahanap ko ang maliliit na palatandaan ng maaaring maging mga suliranin, mga bagay na katulad ng mga damo at kulisap at kalagayan ng lupa na madali lamang ayusin kung makikita agad subalit maaaring makagapi kung hindi masisiyasat kaagad."

Nabigyang-inspirasyon ang pangulo ng istaka na ihalintulad ang pangangalaga ng kanyang kapit-bahay sa hardin nito sa pangangalagang dapat nating ibigay sa ating mag-anak. Sa kanyang talumpati sa komperensiya ng istaka nangusap siya tungkol sa hardin ng kanyang kapitbahay. Napagmasid niyang kung nais nating lumago at mamulaklak ang ating ugnayan sa mga miyembro ng ating mag-anak, kailangan nating "bantayan ang hardin"—gumugol ng oras sa mga miyembro ng mag-anak araw-araw, kausapin sila, pasalamatan sila at tingnan ang malilit na palatandaan ng maaaring maging mga suliranin na maaaring malutas bago maging napakalaki ng mga ito.

Naalala ito ng isang babae na nakarinig sa talumpati ng pangulo ng istaka nang makita niya ang ilan sa kanyang mga halaman na nalalanta na. Hindi siya nagkaroon ng oras na siyasatin ang kanilang paglaki araw-araw. Ito ang nagpaalala sa kanya na ang kanyang mga anak ay lumalaki na at hindi niya dapat sayangin ang nalalabing taon na makakasama niya ang mga ito. Dahil sa pagtuturo ng kanyang pangulo ng istaka, siya ay naging mas mabuting magulang.

Sinunod ng pangulo ng istaka ang halimbawa ng Tagapagligtas, na madalas inihahalintulad ang mga espirituwal na katotohanan sa mga pamilyar, pang-arawaraw na bagay at gawain. Magagawa rin ninyo ang gayundin. Makasusumpong kayo ng mga aral sa buhay sa mga bagay na ginagawa at namamasdan ninyo sa bawat araw. Habang pinagbubulay-bulayan at idinadalangin ninyo ang tungkol sa aralin at sa mga taong tinuturuan ninyo, magiging buhay ang inyong kapaligiran sa pamamagitan ng mga sagot at halimbawa ng mga alituntunin ng ebanghelyo.

Ang dalawang sumusunod na halimbawa ay nagpapakita kung paano nakasumpong ng mga aral ang iba pang mga guro sa kanilang mga pagmamasid sa pang-araw-araw na buhay:

Napansin ng isang guro sa Primarya ang pagdating ng isang mag-anak sa simbahan isang araw ng Linggo. Pinagmasdan niya habang ang batang lalaki sa mag-anak ay tinutulungan ang kanyang kapatid na babae. Ang batang lalaki ay miyembro ng kanyang klase at pagkaminsan ay walang pagsasaalang-alang sa iba pang miyembro ng klase. "Iyon ang ha-

limbawang kailangan ko," ang wika niya sa kanyang sarili. "Ituturo nito ang alituntunin at tutulungan ang batang lalaki." Kinalaunan ibinahagi niya ang halimbawa sa aralin tungkol sa pagiging mabait. Natuto ang mga bata sa halimbawa, ang batang lalaki ay nagsimulang bumuti sa kanyang asal sa ibang mga miyembro ng klase.

Naglalaro ang mag-ama ng mga blokeng laruan. Nang mabigo ang batang lalaki sa ilang pagtatangka na gumawa ng malalaking gusali sa ibabaw ng maliliit na patungan, nakita ng ama ang pagkakataon na magturo. Ipinaliwanag niya ang kahalagahan ng matitibay, matatatag na pundasyon. Pagkatapos, bago sila nagpatuloy na maglaro, binasa niya ang Helaman 5:12, na nagsasabing "sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, [natin] kailangang itayo ang [ating] saligan." Kinalaunan ng araw na iyon, nag-aral nang magkakasama ang mag-anak ng mga banal na kasulatan. Sa maikling aralin na nagpatibay sa talatang binasa nila, ipinakita ng ama at ng anak ang mga bloke at nagsalita hinggil sa kahalagahan ng pagtatayo sa saligan ni Cristo.

### Pagpapahusay sa Kakayahan na Tumuklas sa Kapaligiran ng mga Ideya sa Pagtuturo

Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa inyo na tumuklas sa kapaligiran ng mga ideya sa pagtuturo.

*Pag-aralang mabuti ang mga aralin mga ilang araw bago ibigay ang mga ito.* Kapag batid na ninyo ang ituturo ninyong mga aralin, mas magiging alisto kayo sa mga pangyayaring nagaganap sa araw-araw na magagamit ninyo upang maituro ang mga araling iyon. Kung nagtuturo kayo ng kurso na may manwal ng aralin, makabubuting magkaroon ng ideya ng nilalaman ng buong manwal. Pagkatapos malamang na mapansin ninyo kung maaari nang iangkop ang ilang pagmamasid sa araling ituturo ninyo mga ilang linggo pa.

*Manalangin araw-araw upang matulungan sa inyong paghahanda.* Hilingin sa Ama sa Langit na tulungan kayo na maging maalam sa mga bagay na makapagpapalinaw, hindi makapagpapalimot, at makapagbibigay-inspirasyon sa inyong mga aralin sa mga tinuturuan ninyo.

*Isaisip sa tuwina ang mga tinuturuan ninyo at ang aralin na inihahanda ninyo.* Isipin ang mga tinuturuan ninyo. Isaalang-alang ang kanilang mga buhay, ang mga pagpapasiyang kinakaharap nila, at ang mga landas na pinatutunguhan nila. Maging bukas sa lahat ng ideya sa pagtuturo habang ginagawa ninyo ang mga bagay katulad ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan o pagmamasid sa kagandahan ng kalikasan. Maaari kayong makahanap ng mga ideya sa pagtuturo sa mga gawain katulad ng paglilinis ng inyong bahay, pagtungo sa trabaho, o pagtungo sa tindahan. Sa katunayan ang anumang karanasan ay makapagbibigay sa inyo ng halimbawa, pagpapayaman, o paglilinaw na kailangan ninyo sa araling pang-ebanghelyo.

### Pagtatala ng mga Impresyon Na Dumarating

Habang kayo ay nagiging mas alisto sa mga ideya ng pagtuturo sa paligid ninyo, makatutulong sa inyo na itala ang mga impresyon na natatanggap ninyo. Magdala ng isang maliit na kuwaderno, at isulat ang mga bagay na nakatawag ng inyong pansin bilang mga posibleng ideya sa pagtuturo. Itala ang mga kabatiran mula sa mga talumpating naririnig ninyo o aralin na nilahukan ninyo. Isulat ang mga karanasang nagpapatibay ng pananampalataya. Habang nagkakaroon kayo ng gawing pagtatala ng mga bagay na ito, kayo ay mas magiging maalam at higit pang maalam tungkol sa mayayamang mapagkukunan sa pagtuturo na nasa paligid ninyo.

Huwag mabahala kung paano ninyo gagamitin ang mga ideya. Isulat lamang ang mga ito. Pagkaminsan ang inyong pagmamasid ay aangkop sa aralin na hindi nagtataglay ay ituturo ninyo, subalit sa ilang pagkakataon makakakita kayo ng magagandang halimbawa o paglalarawan ng mga alituntunin na hindi ninyo maituturo nang ilang linggo o maging ng mga taon. Maaaring malimutan ninyo ang mga ito kung hindi ninyo itatala ang mga ito.

Maaari din ninyong naisin na gumawa ng polder para sa bawat aralin na ituturo ninyo sa susunod sa ilang buwan. Habang dumarating ang pakay-aralin, paghahambing, at iba pang ideya sa inyo, maglagay ng palatandaan sa angkop na polder. Kapag dumating na ang oras upang ihanda ang isang tiyak na aralin, masusumpungan ninyong nakatipon kayo ng napakalaking mapagkukunan ng mga ideya at gawain upang mapagyaman ang aralin.

11

# PAGGAWA NG PLANO UPANG MAPAHUSAY ANG INYONG PAGTUTURO



*"Magsikap ka sa pagbasa, sa pangangaral, sa pagtuturo. Huwag mong pabayaan ang kaloob na nasa iyo, na sa iyo'y ibinigay sa pamamagitan ng hula, na may pagpapatong ng mga kamay. . . . Magsipag ka sa mga bagay na ito; tumalaga kang lubos sa mga ito; upang ang iyong pagkasulong ay mahayag sa lahat. Magingat ka sa iyong sarili, at sa iyong turo. Manatili ka sa mga bagay na ito; sapagkat sa paggawa nito ay ang iyo ring sarili ang ililigtas mo at pati ng mga nagsisipakinig sa iyo" (1 Kay Timoteo 4:13–16).*

Nang pinaiikli ni Moroni ang talaan ng mga Jaredita, nag-alala siya hinggil sa kanyang kahinaan sa pagsulat. Naisip niyang kukutyain at tatanggihan ang kanyang mga salita ng mga Gentil na babasa ng mga ito. Nanalangin siya na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa ang mga Gentil at hindi tanggihan ang salita ng Diyos. Dahil dito ibinigay ng Panginoon ang pangakong ito sa kanya: "Dahil sa kinilala mo ang iyong kahinaan ikaw ay gagawing malakas" (Ether 12:37). Sinabi rin ng Panginoon kay Moroni: "Kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27).

Sa inyong pagsisikap na ituro ang ebanghelyo, maaaring minsan ay makadama kayo ng kakulangan sa kakayahan. Subalit magkakalakas -loob kayo sa pangakong ito ng Panginoon. Habang nagpapakumbaba kayo ng inyong sarili, alamin ang mga bahagi kung saan nangangailangan kayo ng Kanyang tulong, at manampalataya sa Kanya, palalakasin Niya kayo at tutulungan kayo na makapagturo sa paraang kalugud-lugod sa Kanya.

### Pagtaya ng Inyong Sariling Kalakasan at Kahinaan

Makapagsisimula kayong magplano para sa pagpapahusay ng inyong kasanayan sa pamamagitan ng pag-alam sa inyong ginagawa sa ngayon. Maaari ninyong hatiin ang pagsusuring ito sa dalawang bahagi: ang inyong mga kalakasan bilang isang guro at ang inyong mga kahinaan bilang isang guro.

### *Anu-ano ang Aking Kalakasan Bilang Isang Guro?*

Magsimula sa pagsasaalang-alang ng ilang kaloob na ibinigay na sa inyo ng Panginoon na makatutulong sa inyo sa inyong pagtuturo. Ilista ang mga kalakasan na ito sa isang talaarawan o kuwaderno o tsart sa pahina 30. Sa paggawa ninyo nito, maaari ninyong naising isipin ang hinggil sa mga alituntunin sa pagtuturo na binibigyan-diin sa aklat na ito, katulad ng pagmamahal sa mga tinuturuan ninyo, pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu, pagtuturo ng doktrina, pag-anyaya ng masigasig na pag-aaral, paglikha ng isang kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, paggamit ng mabibisang pamamaraan, o paghahanda ng mga aralin.

Marahil ang inyong pagtitiyaga ang makatutulong sa inyo bilang isang guro. O marahil ito ay ang inyong palagiang pagngiti, ang inyong pag-aalala sa mga tao, ang inyong makasining na kakayahan, ang inyong kaalaman sa mga banal na kasulatan, ang inyong kahandaang makinig, ang inyong mahinahong espiritu, ang inyong gawi ng masusing paghahanda, o ang inyong matapat na hangarin na magturo nang mabuti.

Hindi na ninyo kailangan pang tukuyin ang karamihan ng inyong kalakasan; sa kakaunti lamang ay makapagsisimula na kayo. Ang layunin ng pagtutuon sa ilan sa

inyong kalakasan ay upang makapagsimula sa mga ito habang humuhusay kayo sa bahaging hindi kayo ganong mahusay.

### *Anu-ano ang Aking mga Kahinaan Bilang Isang Guro*

Matapos maisaalang-alang ang inyong mga kalakasan, isipin ang inyong mga nakaraang karanasan sa pagtuturo. Isipin ang mga bahaging mapahuhusay pa. Muli, maaari ninyong naising isipin ang mga alituntunin sa pagtuturo na binigyan-diin sa aklat na ito. Maaari ninyong naising ilista ang ilang bagay na mapahuhusay ninyo pa, subalit malamang na pinakamainam na takdaan ang inyong sarili sa paggawa sa isa o dalawang bagay nang sabay. Sa pangkalahatan, umuunlad tayo "ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30). Dapat tayong kumilos "sa karunungan at kaayusan; sapagkat hindi kinakailangan na ang tao ay tumakbo nang higit na mabilis kaysa sa kanyang lakas" (Mosias 4:27).

Kapag nakapili na kayo ng isa o dalawang bahagi na nais ninyong pahusayin, isulat ang mga ito sa inyong talaarawan o kuwaderno.

## Paggawa ng Plano para sa Pagpapahusay

Upang pagpasiyahan kung paano huhusay sa bahagi o mga bahagi na pinili ninyo, isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang magagawa ko ngayon upang humusay bilang guro?
- Anu-anong kasanayan ang kinakailangan kong paghusayin?
- Sino ang makatutulong?
- Anu-anong materyal ang maaaring makuha?

Ang sumusunod ay isang halimbawa kung paano ninyo maaaring gamitin ang mga tanong na ito. Sa halimbawang ito, nagpasiya ang isang guro sa Samahang Damayan na kinakailangan niyang paghusayin ang kanyang kakayahan na malaman kung nauunawaan ng mga miyembro ng klase ang mga araling itinuturo niya.

### *Ano ang Magagawa Ko Ngayon Upang Humusay bilang Guro*

Nagpasiya ang guro na basahin ang aklat na ito upang kumuha ng mga ideya ng kung ano ang mas mainam niyang magagawa ngayon. Habang binabasa niya ang

**Gamitin ang tsart na ito (o gumawa ng sarili ninyong tsart) upang makagawa ng plano na pahusayin ang inyong pagtuturo. Sa mga patlang, isulat ang inyong mga tugon sa mga tanong.**

| | |
|---|---|
| **Ano na ang Aking Ginagawa?**<br>▪ Anu-ano ang aking kalakasan bilang guro?<br>▪ Anu-ano ang aking kahinaan? | |
| **Ano ang Magagawa ko Upang Humusay?**<br>▪ Ano ang magagawa ko ngayon upang humusay bilang guro?<br>▪ Anu-anong kasanayan ang dapat ko pang pahusayin? | |
| **Anu-anong Mapagkukunan ang Magagamit Ko?**<br>▪ Sino ang makatutulong?<br>▪ Anu-anong materyal ang maaaring makuha? | |

"Paano Malalaman Kung Sila ay Natututo" (pahina 90, natuklasan niya na ang isang paraan upang mataya ang pag-unawa ng mga miyembro ng klase ay ang hilingan sa kanila na banggiting muli sa sarili nilang mga salita ang mga alituntunin. Nagpasiya siyang gamitin ang ideyang ito sa susunod na aralin na ituturo niya. Isinulat niya ang planong ito sa kanyang talaarawan.

### *Anu-anong Kasanayan ang Kinakailangan Kong Pahusayin?*

Nabasa rin ng guro na dapat niyang pagmasdan ang mga miyembro ng klase habang nagkaklase. Sinabi niya sa kanyang sarili, "Ito ay kasanayan na dapat kong pahusayin, subalit nangangailangan ito ng ilang pagsasanay." Isinulat niya ang planong ito sa kanyang talaarawan.

Habang isinasaalang-alang niya ang kanyang plano, napagtanto niyang mayroon siyang kahit isang kalakasan na maaari niyang maging saligan: masigasig niyang inihahanda ang mga aralin. Dahil sa alam na niya ang materyal na pang-aralin, mapagmamasdan na niya ang mga miyembro ng klase sa halip na tumuon nang lubos sa manwal ng aralin o sa kanyang kuwaderno.

### *Sino ang Makatutulong? Anu-anong Materyal ang Maaaring Makuha?*

Sa huli, itinatanong ng guro sa kanyang sarili kung mayroong mapagkukunang materyal na maaari niyang magamit. Ginamit niya ang aklat na ito bilang mapagkukunang materyal. Iniisip pa niya ang iba pang posibleng mapagkukunan: "Ang iba kayang mga guro? Maaari ba akong makipag-usap sa tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro o sa iba pang guro na sadyang mahusay sa pagtataya ng pagkaunawa ng mga miyembro ng klase? Maaari kayang magmasid at gumawa ng mga mungkahi sa isang aralin na ituturo ko ang isa sa aking mga pinuno? Maaari kayang makapagbigay ng mga mungkahi ang mga miyembro ng klase?"

## Pagtatakda ng Mithiin at Pagtatala ng Inyong Pag-unlad

Matapos na makagawa kayo ng plano para sa pagpapahusay, magtakda ng petsa kung kailan inaasahan ninyong matatamo ninyo ang inyong mithiin. Maaari ninyong naising isulat sa talaarawan o kuwaderno ang inyong pag-unlad. Kung kinakailangan ninyong baguhin ang inyong layunin habang kayo ay umuunlad, gawin ito.

Kapag nadama ninyo na nagawa na ninyo ang pagpapahusay na inyong pinlano, magsimula sa paggawa sa iba pang aspeto ng pagtuturo.

## Mga Katangiang Pinakamahalaga sa Lahat

Sa inyong patuloy na paghahanap upang humusay bilang guro, alalahanin ang mga katangiang pinakamahalaga sa lahat.

Inilarawan ni Pangulong Harold B. Lee ang isang guro na nagkaroon ng malaking impluwensiya sa kanya noong siya'y bata pa. Maaari ninyong gamitin ang paglalarawang ito upang gabayan kayo sa pagsusuri ninyo ng inyong kahusayan bilang guro sa kabuuan at bumuo ng mga plano para sa pagpapahusay.

"Noong aking kabataan, ang mga pinakanakapupukaw-damdaming aralin sa relihiyon na natutuhan ko ay mula sa mga klase sa Panlinggong Paaralan. Iilan lamang guro sa Panlinggong Paaralan, gayon man, ang namumukod-tangi ngayon sa aking alaala na nagbigay ng pangmatagalang ambag sa aking edukasyong pang-relihiyon. Ang isa sa mga ito . . . ay may kakaibang kakayahan, wari baga, upang tumimo nang malalim sa aking kaluluwa ang mga aralin tungkol sa kasaysayan ng Simbahan, moralidad, at katotohanan ng ebanghelyo sa pamamaraang ngayon na mag-aapatnapung taon na ang nakalipas ay nasusumpungan ko pa rin ang aking sarili na naaalaala at nagagabayan pa rin ng kanyang mga aralin.

"Ano ang nagbigay sa kanya ng mahahalagang katangian ng isang matagumpay na guro sa Panlinggong Paaralan? Hindi siya nagtataglay ng malaking kaalaman ng mundo ni hindi siya nakapag-aral mabuti ng mga teorya at kasanayan ng makabagong edukasyon. Ang kanyang anyo ay simple at pangkaraniwan—ng isang asawa at ina sa maliit na komunidad sa probinsiya kung saan ang pangangailangan ay humihingi ng mahahabang oras ng pagpapagal mula sa lahat ng miyembro ng mag-anak. May tatlong talino na, sa aking opinyon, ay nagpahusay sa kanyang pagtuturo: una, may kakayahan siyang maipadama sa bawat mag-aaral na may personal siyang interes sa kanya; pangalawa, may kaalaman siya at pag-ibig para sa ebanghelyo at may kakayahan na ilarawan nang wasto ang bawat aralin upang maisagawa ito sa aming sariling buhay; at pangatlo, siya ay may lubos na pananampalataya sa Diyos at di-matitinag na patotoo ng kabanalan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

"Mayroon pang isang di-gaanong nakikita subalit . . . pinakamahalaga at kinakailangang katangian para dito at sa lahat ng iba pang tao na magiging guro ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ipinahayag ng Panginoon ang batas ng guro sa mga salitang ito: 'At ang espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo' (Doktrina at mga Tipan 42:14). . . .

"Ang taong nananalangin upang matulungan sa kanyang pagtuturo ay makatatamo ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at ang kanyang pagtuturo ay magiging katulad nang inihayag ni Nephi, '[dadalhin sa] mga puso ng mga anak ng tao . . . sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo' " (*The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams [1996], 444).



Habang sinusuri ninyo ang inyong mga kalakasan at kahinaan bilang guro, isaalang-alang kung gaano ninyo kabuting pag-iisipan ang "mahahalagang katangiang" ito. Maaari ninyong naising pagbulay-bulayan ang mga sumusunod na tanong:

- Ipinakikita ko ba sa aking mga tinuturuan na mahal ko sila? Nagpapakita ba ako ng personal na interes sa bawat isa sa kanila?
- Nadarama ba nila ang aking pagmamahal para sa Panginoon at sa Kanyang mga turo? Tinutulungan ko ba sila na makita ang pagsasagawa ng mga turong iyon sa kanilang buhay?
- Nadarama ba ng mga tinuturuan ko ang aking patotoo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo? Nadarama ba nila ang buo kong pananampalataya sa Diyos?
- Nananalangin ba ako nang may pananampalataya upang magturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo?

Kahit na wala kayong karanasan sa maraming aspetong teknikal sa pagtuturo, maaari kayong tumuon sa mga katangiang pinakamahalaga sa lahat. Maaari ninyong mahalin ang mga tinuturuan ninyo. Maaari ninyong ipakita sa tuwina ang inyong pagmamahal sa Panginoon at sa Kanyang mga turo. At maaari ninyong mataimtim na ibahagi ang inyong pananampalataya sa Diyos at ang inyong patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Maaari kayong magtagumpay sa mga katangiang pinakamahalaga sa lahat, habang pinahuhusay ninyo ang inyong mga kasanayang teknikal.

### Sa Tulong ng Panginoon, Kayo ay Huhusay

Habang nagsisikap kayong humusay, ang tulong ng Panginoon ay madalas na darating sa pamamagitan ng ibang tao. Ang sumusunod na kuwento, na ibinahagi ng isang lalaki na naglingkod bilang pangulo ng misyon sa Silangang Europa, ay naglalarawan ng alituntuning ito:

"Noong tag-init ng taong 1993, dinalaw ko ang isa sa aming mga bagong sangay. Ang Panlinggong Paaralan ay itinuturo ng isang bagong kabibinyag na miyembro. Halatang siya ay hindi mapalagay sa kanyang pagkakatayo sa harapan ng grupo. Upang hindi magkamali, binasa niya nang buo ang nakasulat na aralin. Habang nakatuon ang kanyang mga mata sa aklat, ang mga miyembro ng klase ay di-mapalagay.

"Matapos ang aralin pinuri ko ang guro sa pagiging angkop ng kanyang mga materyal sa doktrina at, buong ingat akong nagtanong kung isinaalang-alang niya ang pagtatanong ng mga katanungang makapagpapa-isip nang malalim upang makahikayat ng talakayan sa klase. Tumugon siya na sa Europa ang mga guro ay hindi nagtatanong. Umalis ako, nag-iisip kung ano ang magagawa namin upang matulungan siya at ang iba pang bagong guro na katulad niya sa isang bansa kung saan itinatag ang Simbahan mga ilang taon lamang ang nakalilipas.

"Noong Agosto ng taon ding iyon natalaga sa amin ang isang mag-asawa upang simulan ang mga programa sa Sistemang Pang-edukasyon ng Simbahan sa aming pook. Hiniling namin sa kanila na mamuno ng noon ay tinatawag na sesyon sa pagsasanay ng guro. Ang isa sa mga guro na tuturuan nila ay ang gurong nadalaw ko ang klase.

"Apat na buwan ang nakalipas, bumalik ako sa kanyang sangay. Isang himala ang nangyari. Nakatayo siya sa harapan ng klase na iba na ang anyo, matatag, at may tiwala sa sarili. Ang maingat niyang inihandang mga tanong ay naghikayat ng mga kawili-wiling tugon. Pinuna niya nang may panghihikayat ang bawat pakikibahagi ng mga miyembro ng klase. Nakipag-ayos siya sa isang miyembro ng klase na magbahagi ng personal na karanasan sa paksa ng aralin at pagkatapos inanyayahan ng iba pa na magbahagi. Nang malapit nang matapos ang klase, nagpatotoo ang isang bagong miyembro. Huminto sandali ang guro at marahang nagtanong, 'Nadama ba ninyo ang Espiritu nang nagsasalita si Kapatid na Molnar? Iyon ang Espiritu ng Panginoon.' Habang tinatamasa namin ang mapayapa at masiglang damdamin na naranasan naming sama-sama sa paupahang silid-aralang iyon, nagpasalamat ako sa aking Ama sa Langit dahil sa mag-asawa na nagturo ng mga alituntunin sa pagtuturo ng ebanghelyo sa isang nahihintakutang bagong miyembro at tumulong sa kanya na maging tunay na karapat-dapat na tawaging guro ng ebanghelyo ni Jesucristo."

12

# PAGHINGI NG SUPORTA SA INYONG MGA PINUNO



Bahagi ng responsibilidad ng pinuno ng pagkasaserdote o pantulong na samahan na tulungan at suportahan ang mga guro. Ang kalidad ng pagtuturo sa Simbahan ay huhusay habang nagkakaroon ang mga pinuno at guro ng ugnayang may pagsuporta at pagmamalasakit.

Sa mga samahang pangsaserdote at pantulong, ang mga pinuno ay inaatasang makipagtulungan sa partikular na mga guro. Halimbawa, isang miyembro ng panguluhan ng Primarya ang maaaring maatasang makipagtulungan sa mga nagtuturo sa mga batang may edad 8 hanggang 11. Ang isang miyembro ng panguluhan ng korum ng mga elder ay maaaring maatasang makipagtulungan sa mga tagapagturo ng korum.

### Oryentasyon para sa mga Bagong Guro

Kung kayo ay isang bagong katatawag na guro, makikipagpulong sa inyo ang inyong pinuno, mas mabuti bago ang inyong unang klase. Makikipag-usap siya sa inyo tungkol sa kahalagahan ng inyong tungkulin at ibibigay sa inyo ang mga materyal para sa klase. Matapos na maituro ninyo ang una ninyong aralin, dapat na maikling talakayin ninyo at ng inyong pinuno ang karanasan.

### Pakikipag-ugnayan sa mga Pinuno upang Sumangguni sa Kanila

Makipag-ugnayan sa inyong pinuno nang madalas upang ibahagi ang mga karanasan, talakayin ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan ninyo, lutasin ang mga problema, at humingi ng payo. Ito ay magbibigay ng pagkakataon na muling suriin ang inyong mga plano para sa patuloy na paghusay bilang isang guro.

Ang ganitong mga pakikipag-ugnayan ay napakabisa kung personal, ngunit kung kailangang-kailangan ay maaaring gawin ang mga ito sa telepono, koreo, o sa ilang iba pang paraan. Kayo ang dapat magpasimula ng mga pakikipag-ugnayan kailanman at kinakailangan ninyo ngunit kahit minsan man lamang sa tatlong buwan.

Kapag ang isang babaeng pinuno ay nakikipagpulong sa isang lalaking guro o ang isang lalaking pinuno ay nakikipagpulong sa isang babaeng guro, dapat nilang iwanang nakabukas ang pinto at pakiusapan ang isa pang nasa wastong gulang na pumaroon sa katabing silid, pasilyo, o bulwagan. Dapat silang umiwas sa mga kalagayang maaaring mabigyan ng di-tamang pag-unawa.

Habang inaasam ninyo ang pagsangguni sa inyong pinuno, maghandang pag-usapan ang:


- Nadarama ninyo tungkol sa inyong tungkulin bilang isang guro.
- Mga naging karanasan ninyo sa inyong klase.
- Mga halimbawa ng pagtugon ng mga miyembro ng klase sa itinuturo ninyong mga aralin.
- Mga tiyak na pangangailangan ng bawat miyembro ng klase.
- Mga mithiin ninyo bilang isang guro.
- Ang magagawa ng pinuno ninyo upang matulungan kayong maisagawa ang inyong mga mithiin.
- Mga paksa na sa palagay ninyo ay dapat mapag-usapan sa mga pulong sa pagpapahusay ng guro.

### Mga Pagdalaw sa Silid-aralan

Ang ilang pinuno ay dumadalo sa iisang klase bawat linggo bilang bahagi ng kanilang mga tungkulin. Ang iba pang mga pinuno, tulad ng mga miyembro ng mga panguluhan ng Primarya at panguluhan ng Panlinggong Paaralan ay tinatagubilinan na makipag-ayos sa mga guro upang paminsan-minsan ay madalaw ang kanilang mga klase (tingnan sa *Pagpapahusay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo: Isang Gabay ng Pinuno*, pahina 8. Kung ang isang pinuno ay nakikipag-ayos na dadalaw sa inyong klase, maaari ninyo siyang hilingan na magmasid na lamang sa klase o tumulong sa ibang mga paraan. Halimbawa, ang isang pinuno ay maaaring magbigay ng bahagi ng aralin, tumulong sa isang partikular na miyembro ng klase, o tumulong sa mga gawain.

B

# MGA PANGUNAHING ALITUNTUNIN SA PAGTUTURO NG EBANGHELYO



# MAHALIN ANG INYONG MGA TINUTURUAN

Walang bagay ang lubusang sinadya upang akayin ang tao na iwaksi ang kasalanan na tulad ng akayin sila at pangalagaan sila nang may pagmamahal. Kapag nagpapakita ang mga tao ng kahit kaunting kabaitan at pagmamahal sa akin, o anong kapangyarihan mayroon ito sa aking isipan, samantalang ang taliwas na pagkilos ay nahihilig na saktan ang lahat ng malulupit na damdamin at pahinain ang isipan ng tao.

*Ang Propetang Joseph Smith*

1

# ANG PAGMAMAHAL AY NAKAPAGPAPALAMBOT NG MGA PUSO



*"Walang sinuman ang makatutulong sa gawaing ito maliban kung siya ay magiging mapagkumbaba at puno ng pagmamahal" (Doktrina at mga Tipan 12:8).*

Isang bagong guro ang nagkakaproblema sa ilang magugulong miyembro ng klase. Humingi siya ng payo sa isang miyembro ng panguluhan ng Panlinggong Paaralan, at iminungkahi nito na magsagawa siya ng isang eksperimento. Pipili siya ng isang magulong miyembro ng klase at pagkatapos ay ipakikita sa taong iyon sa limang iba't ibang paraan na nagmamalasakit siya dito. Makaraan ang ilang linggo ay kinumusta ng pinuno ang guro. Ibinalita niya na ang taong pinili niya ay tumigil na sa panggugulo, kaya't siya ay pumipili na ng isa pang miyembro ng klase. Makaraan ang dalawa pang linggo ay muling nagtanong ang pinuno. Sinabi ng guro na nahihirapan siyang humanap ng makakasama sa paggawa. Sa pangatlong pagkakataon na tinanong siya, sinabi niya na nakapili na siya ng tatlo pang miyembro ng klase, nang isa-isa, at nang simulan niyang ipakita na nagmamalasakit siya sa kanila ay natigil ang kanilang panggugulo. Sa bawat pangyayari, ang pagmamahal ay nakapagpalambot ng puso.

### Ang Kapangyarihan ng Pagmamahal ng Isang Guro

Habang nagpapakita tayo ng pagmamahal sa ating mga tinuturuan, lalo silang nagiging handang tumanggap sa Espiritu. Nagiging higit silang masigasig sa pag-aaral at higit na tapat sa atin at sa iba pa sa grupo. Madalas ay namumulat sila sa panibagong pagkaunawa sa kanilang walang hanggang halaga at mas matinding paghahangad sa kabutihan.

Ipinaliwanag ni Elder Dallas N. Archibald ng Pitumpu:

"Ang wastong pagtuturo ay magpapalaki ng kaluluwa.

"Halimbawa, ihalintulad natin ang isang bata sa isang basong walang laman, at ang ating kaalaman at karanasan, na naipon na sa pagdaraan ng mga taon, sa isang timbang puno ng tubig. . . . Hindi natin maibubuhos ang isang timbang puno ng tubig nang tuwiran sa isang maliit na baso. Gayunman, sa pamamagitan ng paggamit ng mga tamang alituntunin ng paglilipat ng kaalaman, ang baso ay maaaring mapalaki.

"Ang mga alituntuning iyon ay paghihikayat, mahabang pagtitiis, kahinahunan at kaamuan, hindi pakunwaring pag-ibig, kabaitan, at dalisay na kaalaman. Palalakihin ng mga ito ang baso, na siyang kaluluwa ng bata, na magpapahintulot sa bata na tumanggap nang lalong higit pa sa orihinal na timbang puno" (sa Conference Report, Okt. 1992, 34–35; o *Ensign*, Nob. 1992, 26).

Isang guro sa Primarya ang nag-ulat ng ilang nakalulugod na karanasan niya at ng mga miyembro ng kanyang klase matapos na sila ay dalawin niya sa kanilang mga tahanan at magpahayag ng interes sa kanilang buhay. Isang maliit na batang lalaki ang nag-atubiling manatili sa klase, at nang siya ay magpaiwan, hindi siya nakilahok. Subalit matapos na sandaling dumalaw ang guro sa kanyang tahanan at makipagkuwentuhan tungkol sa mga kinagigiliwan niyang bagay, nagsimula siyang manabik na pumunta sa Primarya. Isa pang miyembro ng klase ang hindi kailanman nagsasalita sa klase subalit tuwang-tuwang nakipag-usap nang dumating ang guro sa kanyang tahanan. Matapos ang pagdalaw, nagsimula siyang makilahok sa klase. (Tingnan sa Norda D. Casaus, "One on One," *Ensign*, Peb. 1994, 59.)

### Paano Nakaaapekto sa Ating Pagtuturo ang Pag-ibig na Tulad ng kay Cristo

Isinulat ni Apostol Pablo: "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datapuwa't wala akong pag-ibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw. At kung magkaroon ako ng kaloob na panghuhula,

at malaman ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng mga kaalaman; at kung magkaroon ako ng buong pananampalataya, na ano pa't mapalipat ko ang mga bundok, datapuwa't wala akong pag-ibig, ay wala akong kabuluhan" (1 Mga Taga Corinto 13:1–2). Sa dispensasyong ito, sinabi ng Panginoon na "walang sinuman ang makatutulong sa gawaing ito maliban kung siya ay magiging mapagkumbaba at puno ng pagmamahal, may pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao" (Doktrina at mga Tipan 12:8).

Kung nais nating maimpluwensiyahan ang mga mag-aaral sa kabutihan, hindi lamang ang pagtuturo ang dapat nating mahalin; dapat nating mahalin ang bawat tao na tinuturuan natin. Dapat nating sukatin ang ating tagumpay sa pamamagitan ng pag-unlad ng ating mga tinuturuan, hindi sa pamamagitan ng kahusayan ng ating pagtuturo.

Ang pagmamahal ay nag-uudyok sa atin na maghanda at magturo nang iba-iba. Kapag minamahal natin ang ating mga tinuturuan, ipinanalangin natin ang bawat isa sa kanila. Ginagawa natin ang lahat ng makakaya natin upang alamin ang kanilang mga interes, nagawa, pangangailangan, at alalahanin (tingnan sa "Pag-unawa sa Inyong mga Tinuturuan," mga pahina 41–42). Iniaangkop natin ang ating pagtuturo upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan, kahit na ito ay nangangailangan ng maraming oras at pagsisikap. Napapansin natin kung sila ay wala at kinikilala sila kapag sila ay naroroon. Nag-aalay tayo ng tulong kapag ito ay kailangan. Tayo ay nag-uukol ng panahon para sa kanilang walang hanggang kapakanan, ginagawa ang lahat ng ating makakaya upang itaguyod ito at hindi gumagawa ng mga bagay na pipinsala nito.

Marami sa pinakamahahalagang katangian ng matatapat at mga epektibong guro ng ebanghelyo ay nauugnay sa pagmamahal. Itinuro ni propetang Mormon na:

"Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay nagtitiis nang matagal, at mabait, at hindi naiinggit, at hindi palalo, hindi naghahangad para sa kanyang sarili, hindi kaagad nagagalit, hindi nag-iisip ng masama, at hindi nagagalak sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan, binabata ang lahat ng bagay, naniniwala sa lahat ng bagay, umaasa sa lahat ng bagay, nagtitiis sa lahat ng bagay.

"Kaya nga, . . . kung wala kayong pag-ibig sa kapwa-tao, wala kayong kabuluhan, sapagkat ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang. Kaya nga, manangan sa pag-ibig sa kapwa-tao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkukulang—

"Datapuwat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya" (Moroni 7:45–47).

### Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagan pa tungkol sa kahalagahan ng pagmamahal sa inyong mga tinuturuan, tingnan sa aralin 2 sa kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo (mga pahina 254–58).

2

# PAG-UNAWA SA INYONG MGA TINUTURUAN



Isaalang-alang ang huling araling itinuro ninyo. Habang inyong inihahanda at inilalahad ang aralin, ano ang naisip ninyo? Iniisip ba ninyo ang materyal na pang-aralin? Iniisip ba ninyo ang inyong mga tinuturuan? Gaano ba ninyo kakilala ang bawat isang tinuturuan ninyo? Kung hindi ninyo sila kilala, paano maaaring makagawa ng kaibahan sa inyong aralin ang pag-alam sa kahit ilang bagay lamang tungkol sa bawat isa sa kanila?

Isang tagapayo sa Pagkasaserdoteng Aaron ang nagbahagi ng sumusunod na kabatiran:

"Bilang isang tagapayo sa korum ng mga diyakono, may natutuhan akong ilang bagay tungkol sa 12-at 13-taong-gulang na mga batang lalaki. Nauunawaan ko ang mga hamon, pagkakataon, karanasan, at katanungan ng mga kabataang lalaki na nasa edad na ito. Nauunawaan ko na katatanggap pa lamang ng bawat isa sa mga kabataang lalaking ito ng pagkasaserdote at inaalam kung ano ang kahulugan nang isagawa ito nang marapat.

"Kilala ko rin ang bawat isa sa mga diyakono—ang kanilang mga gusto, hindi gusto, talino, alalahanin, at ang nangyayari sa kanilang buhay ngayon mismo.

"Habang naghahanda ako ng mga aralin at nagtuturo sa mga batang lalaki, sinisikap kong ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa isang paraan na maiuugnay sa kanilang pang-unawa at karanasan. Upang isali sa aralin ang isang bata, maaari akong magtanong ng mga katanungang nag-uugnay sa ilang bahagi ng aralin sa paglalaro ng soccer. Upang matulungan ang isa pang kabataan na makibahagi, maaari akong magsalaysay ng isang karanasan mula sa isang katatapos na pagkakampo na tumutulong isalarawan ang pagsasagawa ng isang alituntunin ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga batang ito, mas mabuti akong nakahahanap ng mga paraan upang maiugnay ang bawat aralin sa kanila.

### Pag-alam ng mga Katangian at Karanasang Taglay ng Lahat ng Inyong Tinuturuan

Bagaman bawat tao ay bukod-tangi, ang lahat ng taong inyong tinuturuan, maging matatanda, mga kabataan, o bata, ay magkakatulad sa maraming bagay. Pinakauna, bawat isa ay anak ng Ama sa Langit. Bawat isa ay may banal na kakayahan. Bawat isa ay nais na makadama ng pagmamahal. Bawat isa ay nais na makadama ng suporta ng iba at mapahalagahan sa kanyang mga kontribusyon.

Bilang karagdagan sa mga katangiang ito na taglay ng lahat, ang mga tinuturuan ninyo ay maaaring nagkaroon na ng mga magkakatulad na karanasan. Halimbawa, maraming miyembro sa klase ng matatanda sa Doktrina ng Ebanghelyo ay mga magulang na nagkaroon na ng makabuluhang karanasan at kabatiran sa pagpapalaki ng kanilang mga anak. Sa mga korum ng mga elder, marami ang nakapaglingkod sa mga full-time na misyon. Maraming mataas na saserdote ang nakapaglingkod na sa mga posisyong pampangasiwaan sa purok o istaka. Marami sa mga kabataang lalaki at babae ang pumapasok sa iisang paaralan o mga magkatulad na paaralan.

Palaging magkakaroon ng isang bagay na taglay ng lahat ng inyong tinuturuan. Dapat ninyong malaman ang tungkol sa mga katangian at karanasan na taglay ng lahat at humanap ng mga paraan na magamit ang mga pagkakatulad na iyon. Sa paggawa ninyo nito, madarama ng mga tinuturuan ninyo na ang inyong mga aralin ay sensitibo at may-kaugnayan sa kanilang mga pangangailangan at interes. Sila ay makikilahok nang lalong lubos at mag-aambag nang lalong may pagtitiwala.

Para sa impormasyon tungkol sa mga karaniwang katangian ng iba't ibang saklaw-na-gulang, tingnan sa bahaging C,

“Pagtuturo sa Iba’t Ibang Saklaw-na-Gulang” (mga pahina 139–63).

### Pagkilala sa Bawat Taong Inyong Tinuturuan

Bagaman ang mga taong tinuturuan ninyo ay may maraming magkakatulad na katangian, nagmumula sila sa iba’t ibang pinagdaanan sa buhay at kalagayan. Walang dalawa na lubos na magkatulad. Magkakaiba ang kanilang mga kakayahan, gusto, at hindi gusto. Nakaranas sila ng magkakaibang tuwa, pagkakataon, at hamon.

Noong siya ay isa pang pangrehiyong kinatawan, sinabi ni Elder Neal A. Maxwell:

“Ang isang grupo, korum, o silid-aralan sa Simbahan ay maaaring kabilangan ng ilan na nababagot; ilan na gumagawa ng hindi napapansin, mahirap, at napakahalagang muling pagtataya ng kanilang ugnayan sa Simbahan; ilan na ‘minsan lang’ dumalo na maaaring ibatay ang kanilang susunod na pagdalo at saloobin sa Simbahan sa kanilang mga karanasan sa isang ‘sinubukang Linggo’; ilan na nawalan na ng sigasig; at maraming bilang ng mga . . . miyembrong may lubos na kabatiran na nakasusumpong ng kagalakan at pag-unlad sa isang banal na Simbahan na puno ng marurupok na tao at ng mga yaong nakakayanan ang mga kabiguan.

“Ang maging walang-pinipili o ang gamitin ang walang itinatanging . . . pamamaraan sa pamumuno at pagtuturo sa gayong hindi maiwasang pagkakaiba-iba ng mga tao ay malinaw na hindi dapat ‘isagawa nang may pananabik’ sa proseso ng pamumuno o pagtuturo. Ang kaswal, di-sensitibong pamumuno at pagtuturo ay nangangahulugan na nakikita ng bawat isa ang sarili bilang isang daan lamang kung saan kailangang dumaan ang mga miyembro. Ang ganitong pamumuno ay walang pakialam sa pagkakaiba-iba ng bawat isa at walang makahulugan, personal na kasiglahan” (*“ . . . A More Excellent Way”* [1973], 56–57).

Habang nakikilala at nauunawaan ninyo ang bawat tao, magiging lalong handa kayong ituro ang mga aralin na nangungusap sa kani-kanyang kalagayan. Ang pagunawang ito ay makatutulong sa inyo na makahanap ng mga paraan upang matulungan ang bawat tao na makilahok sa mga talakayan at iba pang gawain sa pagkatuto (tingnan sa “Pag-abot sa Bawat Isa,” mga pahina 43–44). Malalaman ninyo kung sino ang makasasagot sa ilang tanong, kung sino ang maaaring makapagbigay ng isang kuwento o personal na karanasan na nagpapaunlad ng pananampalataya, o kung sino ang nagkaroon ng karanasang nagtataguyod sa layunin ng isang aralin. Mas mainam ninyong matitimbang ang mga tugon na ibinibigay sa mga talakayan at maiaangkop ang inyong mga aralin.

### Pagsasaalang-alang sa mga Pagkakatulad at Pagkakaiba-iba Habang Inyong Inihahanda ang mga Aralin

Pag-isipan ang susunod na aralin na inyong ituturo. Sikaping ilarawan sa inyong isipan ang kapaligiran at bawat isa na dadalo. Marahil ay maiisip ninyo ang isang tao na umuupo sa iisang lugar linggu-linggo. Ano ang nalalaman ninyo sa taong iyon na maaaring makatulong sa inyo na mapagpasiyahan kung aling punto ang bibigyang-diin sa aralin? Anu-ano ang naging karanasan niya na maaaring makatulong sa isa pa na higit na maunawaan ang isang alituntunin ng ebanghelyo? Ang inyong kaalaman sa mga bagay na ito ay makaiimpluwensiya sa inyong mga pagpili habang inyong inihahanda at inilalahad ang mga aralin. Ito ang dahilan kung bakit kinakailangan ninyong gumawa nang higit kaysa simpleng pag-unawa lamang sa inyong materyal na pang-aralin; kailangan ninyong maunawaan ang mga taong inyong tinuturuan—bilang mga anak ng Diyos, bilang mga miyembro ng kanilang saklaw-na-gulang, at bilang mga indibiduwal.

3

# PAG-ABOT SA BAWAT ISA



Isang koordinator sa pagpapahusay ng guro ang nag-ulat ng sumusunod na karanasan:

"Ako ay hinilingan na maglingkod bilang tagapagturo ng kurso para sa lahat ng guro sa Panlinggong Paaralan. Alam ko na magtuturo ako ng mga taong lubhang may magkakaibang personalidad, pinagdaanan sa buhay, at pangangailangan. Ang isa ay bihasang guro na madalas nang gumagawa kasama ang mga kabataan. Ang isa pa ay tila walang tiwala sa sarili bilang guro, at labis na nagdarama ng kanyang mga kakulangan. Isang kapatid na lalaki ang nahihiyang dumalo dahil kaunti lamang ang alam niya sa mga banal na kasulatan.

"Nagpasiya ako na kailangan kong humanap ng paraan na maabot ko ang bawat isa sa kanila. Bago ang unang aralin, inatasan ko ang kapatid na lalaki na naaasiwa tungkol sa pagtuturo ng banal na kasulatan na magsalita nang maikli tungkol sa paggawa ng pansariling plano para sa pag-aaral ng ebanghelyo. Ito ay nagbigay sa akin ng pagkakataon na makilala siya sa labas ng klase at maipahayag ang aking tiwala sa kanya. Sa oras ng aralin ay hinikayat ko ang bihasang guro na ibahagi ang ilan sa kanyang mga pananaw tungkol sa pagtuturo. At nakakita ako ng pagkakataon na pasamalatan ang kapatid na babae na kulang ang tiwala sa sarili para sa mapagkumbabang patotoo na ibinigay niya sa isa pang klase ilang linggo na ang nakalilipas. Lahat silang tatlo ay mainam na tumugon.

"Sa oras ng araling iyon ay napansin ko ang isa pang guro na nakaupong malayo sa karamihan. Nagpasiya akong dalawin siya pagkatapos ng klase, at ipinakita ko ang aking interes sa kanya at itinanong kung may maitutulong ako sa takdang-araling ibinigay ko sa kanya. Linggu-linggo palagi akong naghahanap ng mga pagkakataon na maabot ang bawat tao sa klase.

"Habang patuloy na nagiging interesado ang lahat sa kurso, naging malinaw sa akin na ito ay isang pambihirang grupo. Lahat sila ay nakilahok sa masisiglang talakayan at sa pagbabahagi ng mga karanasan. Waring nagkaisa sila sa pagmamahal. Nakikita ko na habang lalo akong nagsisikap na maabot at mapaglingkuran sila isa-isa, lalo pa silang handang makinig at magbahagi sa isa't isa. Sa aking pagbabalik-tanaw, naisip ko kung gaano ang simpleng pagsisikap na ibigay ang sarili ko sa bawat isa sa kanila ang maaaring naging pinakamahalagang bagay na ginawa ko bilang guro ng kursong iyon. Waring nagbigay-inspirasyon ito sa kanila na gawin ang gayon din sa isa't isa."

Bahagi ng gawain ninyo bilang guro ng ebanghelyo ay tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan at madama ang pagmamahal ng Ama sa Langit sa kanila. Hindi ito magagawa sa mga salita lamang. Nangangailangan ito ng pag-abot sa bawat isa—sa mga malimit ninyong makita, sa mga bihira ninyong makita, at sa mga hindi ninyo makikita kung hindi kayo gagawa ng natatanging pagsisikap. Nangangailangan ito ng pag-abot sa kanila maging sila man ay nakikiisa, hindi interesado, o sumusuway. Hinikayat tayo ng Panginoon na tandaan na "ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 18:10).

## Pag-abot sa Bawat Isa Kapag Kayo ay Nagkakasama-sama

Kahit na nagtuturo kayo ng maraming tao sa iisang oras, maaabot ninyo ang bawat isa. Halimbawa, naaabot ninyo ang bawat isa kapag binabati ninyo nang masigla ang bawat isa sa simula ng klase. Ang mumunting gawa na tulad nito ay makagagawa ng mahalagang kaibahan.

Inyo ring inaabot ang bawat isa kapag ginagawa ninyong kaaya-aya at ligtas ang pakikibahagi. Sa gabing pantahanan ng mag-anak at sa mga klase sa Simbahan, matutulungan ninyo ang mga mag-aaral na ihanda ang isang bahagi ng aralin.

Makapagpaplano kayo ng mga natatanging pag-uulat, musikal na bilang, o mga tanong sa talakayan na kikilala at gagamit sa mga talino ng bawat isa. Halimbawa, isang di-gaanong aktibong kapatid na lalaki na may magandang tinig sa pag-awit ang unti-unting bumalik sa pagkaaktibo sa Simbahan dahil paminsan-minsan siyang naaanyayahan na umawit sa mga klase at iba pang gawain sa purok.

Bawat isa ay naaantig kapag ang kanilang mga kontribusyon ay pinahahalagahan. Maaari kayong gumawa ng natatanging pagsisikap na pahalagahan ang mga puna ng bawat tao at, kung maaari, gawing bahagi ng mga talakayan sa klase ang mga puna. Kung minsan ay nakatutulong na ulitin ang mga tanong o puna ng isang tao upang marinig at maunawaan ng lahat.

### Pag-abot sa Ibang Pagkakataon

Dapat kayong maghanap ng mga paraan upang maabot ang tinuturuan ninyo. Ang mga bagay na ginagawa ninyo para sa mga tao sa labas ng silid-aralan ay makagagawa ng malaking kaibahan sa kanilang saloobin tungo sa pag-aaral ng ebanghelyo. Maaari ninyong bigyan ng oras ang bawat miyembro ng mag-anak. Maaari kayong gumawa ng paraan upang kausapin ang mga miyembro ng klase kapag nakikita ninyo sila. Maaari ninyo silang bigyan ng lakas ng loob at tulungan sa mga oras ng pagsubok, tandaan ang mahahalagang kaganapan sa kanilang buhay, puntahan ang kanilang mga tahanan, at daluhan ang mga gawain na sinasalihan nila.

Isinalaysay ni Pangulong Thomas S. Monson ang sumusunod na kuwento:

"Si Louis Jacobsen . . . ay anak na lalaki ng isang mahirap na balong Danish. Siya ay may maliit na pangangatawan, hindi guwapo—malimit na tampulan ng mga walang-ingat na pagbibiro ng kanyang mga kaklase. Sa Panlinggong Paaralan nang isang umaga ng Sabbath, pinagkatuwaan ng mga bata ang kanyang pantalong may tagpi at sira-sirang kamisadentro. Lubhang palalo upang umiyak, ang maliit na si Louis ay tumalilis palabas ng kapilya, tumigil sa wakas, na kapos sa paghinga, upang umupo at mamahinga sa gilid ng bangketa. . . . Dumadaloy ang malinaw na tubig sa kanal na katabi ng gilid ng bangketa kung saan nakaupo si Louis. Kinuha niya sa kanyang bulsa ang isang piraso ng papel na kinaroroonan ng balangkas ng aralin sa Panlinggong Paaralan at may kasanayang hinugis ang isang bangkang papel, na ibinunsod niya sa dumadaloy na tubig. Mula sa kanyang nasaktang batang puso ay nanggaling ang mga salitang may matibay na pagpapasiya, 'Hindi na ako kailanman babalik.'

"Di-kaginsa-ginsa, sa kanyang pagluha ay nakita ni Louis sa tubig ang anino ng isang malaki at makisig mamamit na lalaki. Tumingala si Louis at nakilala si George Burbidge, ang superintendente ng Panlinggong Paaralan.

" 'Maaari ba akong makiupo?' tanong ng mabait na pinuno.

"Tumango ng pagsang-ayon si Louis. . . . Ilang bangkang papel ang nagawa at naibunsod samantalang nagpapatuloy ang pag-uusap. Sa wakas ay tumayo ang pinuno at, sa mahigpit na pagkakahawak ng kamay ng batang lalaki sa kanya, sila ay bumalik sa Panlinggong Paaralan" (sa Conference Report, Abr. 1977, 106; o *Ensign*, Mayo 1977, 72).

4

# PAGTULONG SA MGA BAGONG MIYEMBRO AT DI-GAANONG AKTIBONG MIYEMBRO

Ipinayo ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Hindi madaling bagay ang maging miyembro ng Simbahang ito. Sa napakaraming pangyayari, ito ay kinapapalooban ng pagsasaisantabi ng mga dating kinagawian, pag-iwan sa mga dating kaibigan at samahan, at pagpasok sa bagong lipunan na naiiba at tila maraming hinihingi.

"Sa patuloy na pagdami ng bilang ng mga nagbabalikloob, kailangan nating gumawa ng dagdag pang malaking pagsisikap upang matulungan silang matagpuan ang kanilang daan. Ang bawat isa sa kanila ay nangangailangan ng tatlong bagay: isang kaibigan, responsibilidad, at pangangalaga ng 'mabuting salita ng Diyos' (Moroni 6:4). Tungkulin natin at pagkakataon na ipagkaloob ang mga bagay na ito. . . .

"Ito ay gawain para sa lahat. . . .

"Pinakikiusapan ko ang bawat isa sa inyo na tumulong sa gawaing ito. Ang inyong magigiliw na gawi ay kinakailangan. Ang pagiging responsable ninyo ay kinakailangan" (sa Conference Report, Abr. 1997, 66, 68; o *Ensign*, Mayo 1997, 47–48).

Bilang isang guro ng ebanghelyo, maaari ninyong paglingkuran ang mga taong kasasapi pa lang sa Simbahan o nagbabalik sa pagiging aktibo sa Simbahan. Masusunod ninyo ang payo ni Pangulong Hinckley sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan sa kanila, pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataon na makibahagi sa mga aralin, at pagtiyak na sila ay pinangangalagaan ng salita ng Diyos. Kasunod ang ilang mungkahi upang matulungan kayong gawin ito.

### "Isang Kaibigan"

Pinayuhan tayo ng Unang Panguluhan na "iabot ang kamay ng pakikipagkapatiran sa mga tinuturuan at bagong miyembro, nagkakaloob ng ugnayang may pagmamahalan na tumutulong sa kanila na magawa ang pagbabago ng kalagayan ng pakikisalamuha sa mga bagong kaibigan at bagong tutularan sa buhay" (Helping New Members, kalakip sa sulat ng Unang Panguluhan, ika-15 ng Mayo, 1997).

Matutulungan ninyo ang iba na magawa ang pagbabagong ito sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila sa klase, pagbati sa kanila sa pangalan kapag sila ay dumarating, at pagpapakilala sa kanila sa ibang miyembro ng klase.

### "Isang Responsibilidad"

Sa mga klase sa Simbahan, lahat ng miyembro ng klase ay responsableng mag-ambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral (tingnan sa mga pahina 97–98). Gayunman, ang mga bagong miyembro at di-gaanong-aktibong miyembro ay maaaring mangailangan ng natatanging panghihikayat na tanggapin ang responsibilidad na ito. Ang ilang ideya para matulungan silang makilahok sa mga aralin ay nakalista sa ibaba:

- Sa mga talakayan sa klase, tanungin sila ng mga katanungang alam ninyong masasagot nila.
- Hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga patotoo at ang mga kanilang personal na karanasan sa pagkatuto ng mga katotohanan ng ebanghelyo.
- Anyayahan silang magbasa nang malakas. Upang mabigyan sila ng panahon para maghanda, kausapin sila nang maaga tungkol sa mga talata ng mga banal na kasulatan o iba pang materyal na nais ninyong ipabasa sa kanila.
- Anyayahan silang manalangin. Upang maiwasan ang hindi pagiging panatag ng kanilang kalooban, ibigay ang paanyayang ito nang maaga.
- Kung magbibigay kayo ng mga takdang-gawain, gawin ito nang maaga upang magkaroon sila ng sapat na panahon na maghanda. Maghandog ng tulong kung may mga tanong sila.

Habang nakikibahagi ang mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro sa mga talakayan sa klase at iba pang mga gawain sa pagkatuto, lalong mag-iibayo ang kanilang pag-unawa sa ebanghelyo at pangako sa Panginoon at sa Kanyang Simbahan. Palalakasin din nila kayo at ang iba pang miyembro ng klase.

**“Pangangalaga sa Pamamagitan ng ‘Mabuting Salita ng Diyos’”**

Ang mga bagong nagbalik-loob at miyembrong bumabalik sa pagiging-aktibo ay sa pangkalahatan sabik na matuto tungkol sa ebanghelyo. Matutulungan ninyo silang mapanatili ang sigasig na ito at maragdagan ang kanilang kaalaman sa ebanghelyo. Isaalang-alang ang mga sumusunod na mungkahi:

- Ipakita ang inyong pagkamasigasig tungkol sa ebanghelyo.
- Magpatotoo.
- Ibahagi ang inyong pagmamahal sa mga banal na kasulatan.
- Bigyan ng panahon ang pakikipag-usap sa kanila sa labas ng klase—upang makipagkaibigan sa kanila at matiyak na nauunawaan nila ang mga alituntuning itinuturo ninyo.
- Ikuwento sa kanila ang naging mga karanasan ninyo sa pamumuhay ng ebanghelyo.
- Hikayatin sila na pag-aralan sa kanilang sarili ang mga banal na kasulatan.

5

# PAGTUTURO SA MGA MAY KAPANSANAN



Ibinahagi ni Elder Boyd K. Packer ang sumusunod na karanasan mula sa unang taon niya bilang isang guro sa seminary:

"Sa aking klase ay may isang tinedyer na babae na lubhang nakagagambala sa akin sa pamamagitan ng ugaling tila walang-galang. Hindi siya nakikilahok at patuloy na ginagambala ang klase. Sa isang pagkakataon ay hinilingan ko siyang sumagot sa klase sa isang bagay na hindi nangangailangan ng paunang paghahanda. Sinabi niya, nang may kawalang-galang, 'Ayoko.'

"Nagpumilit ako, subalit tumanggi siya nang may ibayong kawalang-galang. May sinabi akong napakahangal na para bagang 'ang mga estudyanteng ayaw sumagot ay hindi bibigyan ng marka o karangalan.' At pabulong kong sinabi, 'Tingnan natin. Susunod ka o kung hindi.'

"Makaraan ang ilang linggo sa isang pagdalaw na pulong ng magulang-guro, inilarawan siya ng kanyang ina na mahiyain, kimi at atubiling makilahok. Ang ugaling mahiyain at kimi ay hindi makagagambala sa akin; ang nakababahala sa akin ay ang kawalang-galang at kabastusan.

"Sa kabutihang-palad, bago ko nailarawan ang kanyang kawalang-galang sa kanyang ina, ay may idinagdag ito, 'Iyon ay dahil sa kanyang pagkautal.'

"Sa pagkamangha ay itinanong ko kung ano iyon. Sinabi ng ina, 'O, hindi mo ba napapansin?' Hindi ko napansin! 'Gagawin niya ang halos lahat upang hindi makasali sa mga grupo,' ang pagpapaalam ng kanyang ina sa akin. 'Ang kanyang pagkautal ay gayon na lamang na kahihiyan sa kanya.'

"Matapos ang pakikipagpulong na iyon sa kanyang ina, ako ay nanliit! Dapat sana ay naramdaman ko na may *dahilan* para siya tumugon nang ganoon. Ginugol ko ang taong iyon sa aking lubos na pagsisisi. Pinagpayuhan ko ang batang babae at pinalakas ang kanyang loob. 'Pagtutulungan natin ito,' ang sabi ko sa kanya.

"Bago matapos ang taon sumasagot na siya sa klase at madalas nang nakikilahok, sa tulong at pakikiisa ng iba pang mag-aaral" (*Teach Ye Diligently*, binagong ediyson [1991], 92–93).

Sa panahon ng Kanyang pagmiministeryo sa lupa, nagpakita ang Tagapagligtas ng malaking pagkahabag sa mga taong may kapansanan sa katawan at isipan. Binigyan Niya sila ng pag-asa, pang-unawa, at pagmamahal. Sa pagtuturo ninyo sa mga ganoong tao, dapat ninyong tularan ang Kanyang halimbawa. Sikaping mapanatag ang loob tungkol sa kanilang mga kapansanan. Unawain na lahat ng tao ay magkakaiba sa alinmang paraan.

Sa pamamagitan ng pagmamahal at pagiging-sensitibo, matutulungan ninyo ang mga miyembro ng klase na may mga kapansanan na makilahok sa mga aralin. Maaaring kailanganin ninyong makipagtulungan sa ibang tinuturuan ninyo upang matulungan silang maunawaan at matanggap ang mga may kapansanan.

Nasa ibaba ang mga paglalarawan ng iba't ibang uri ng mga kapansanan at paraang maaari kayong makatulong sa mga miyembro ng klase na may mga kapansanang ganito.

### Pagkawala ng Pandinig

Ang pagkawala ng pandinig ay maaaring magkaiba sa antas mula sa bahagyang pagkawala hanggang sa ganap na pagkabingi. May ilang tao na nakaririnig nang mabuti sapat upang maunawaan ang sinasabi sa pamamagitan ng *hearing aid*, samantalang ang iba naman ay kailangang gumamit ng senyas o pagbasa sa galaw ng labi upang makaunawa.

Kapag natuklasan ninyo na may suliranin sa pandinig ang isang miyembro ng klase, maging mas alisto at sensitibo sa kanya. Tulad nang kinakailangan,

makipag-usap sa bawat isa upang alamin ang pinakamabuting lugar na kanyang uupuan sa klase upang makasunod sa mga talakayan at gawain. Maaaring maging mahalaga para sa tao na umupo kung saan madali niya kayong makikita habang kayo ay nagsasalita. Maaaring mas naisin niyang umupo sa isang panig ng silid kaysa sa iba. Alamin ang mga pagpipiliang ito sa diwa ng pagkamatulungin at pakikipagkaibigan at sa paraang nagpapakita ng inyong pagnanais na makilahok ang taong iyon sa klase.

### Mga Kapansanan sa Pananalita at Pagsasalita

Ang mga kapansanan sa pananalita at pagsasalita ay nakaaapekto sa kakayahan ng tao na makisalamuha at makipagtalastasan sa iba. Ang mga kapansanan ay maaaring bahagya lamang o matindi, at maaaring nasa sa anumang edad. Ang mga taong may kapansanan sa pananalita ay maaaring hindi makaunawang mabuti ng mga salitang binibigkas at isinusulat. Maaaring mahirapan sila sa pagbuo ng mga salita at pangungusap upang magpahayag ng mga ideya. Ang ilang taong may mga kapansanan sa pananalita ay nagsisikap na itago ang mga ito, samantalang ang iba naman, lalo na ang mga bata, ay walang malay sa mga ito.

Kung naniniwala kayo na ang isang miyembro ng klase ay maaaring mayroong ganoong kapansanan, mag-ingat sa pag-anyaya sa taong iyon na makisali sa harap ng klase. Pakitaan ang tao ng dagdag na atensiyon, at pag-aralan pa ang tungkol sa kanyang kakayahang matuto. Maaari kayong maghanda ng mga gawain sa pagkatuto na tutulong sa tao na makapag-ambag nang hindi napapahiya, tulad ng mga pangkatang talakayan kung saan ang makakasama niya sa paggawa ay mga miyembro ng klase na lubhang mabait at matiyaga. Habang lalo ninyong nakikilala ang tao at habang nag-iibayo ang tiwala niya sa sarili, humanap ng iba pang pagkakataon upang makapag-ambag ang taong ito sa klase. Tulungan ang taong ito na tukuyin ang mga hakbang na handa niyang gawin upang mapanatag ang loob sa pagsali.

### Mga Kapansanan sa Pag-iisip

Ang isang taong may kapansanan sa pag-iisip ay maaaring magkaroon ng mas mabagal na pag-unlad sa kakayahang makipagtalastasan, makisalamuha, mag-aral, gumawa, o makapagsarili. May mga taong may kapansanan sa pag-iisip na nangangailangan ng suporta karamihan sa aspeto ng buhay, samantalang ang iba naman ay nangangailangan ng tulong sa ilan lamang tiyak na bahagi.

Maging sensitibo at magiliw sa isang miyembro ng klase na may kapansanan sa pag-iisip. Makipag-usap sa kanya sa normal na paraan tungkol sa mga karaniwang bagay. Anyayahan ang taong iyon na makisali sa klase sa mga paraang magiging panatag ang loob niya. Maaari ninyong tulungan ang tao na maghanda nang maaga. Paminsan-minsan, maaari din ninyong hatiin ang klase sa maliliit na grupo o pares kung saan ang tao ay maaaring makihalubilo sa matitiyaga at matutulunging miyembro ng klase.

### Mga Kahirapan sa Pagbasa

May mga taong nahihirapang magbasa. Maaaring mayroon silang *dyslexia* o iba pang kapansanan sa pagbasa. Maaaring nahihirapan silang basahin ang isang wikang hindi katutubo sa kanila. Maaaring malabo ang kanilang paningin sa pagbabasa. O maaaring kulang lamang ang kanilang karanasan sa pagbabasa.

Kapag natuklasan ninyo na ang isang miyembro ng klase ay nahihirapang magbasa, maging lubhang maingat sa paghiling sa kanya na makilahok sa isang aralin. Huwag maging dahilan ng kanyang pagkapahiya sa pamamagitan ng paghiling sa tao na magbasa nang malakas kung hindi siya nagkukusa. Hangaring higit pang makilala ang tao. Alamin pa ang kanyang kakayahan at kahandaang magbasa. Kung ang tao ay handang magbasa ngunit nangangailangan ng panahong makapaghanda, matutulungan ninyo siyang maghandang bumasa ng ilang talata sa susunod na mga aralin. Sa ibang pagkakataon, maaaring kailanganin ninyong humanap ng mga paraan upang maisali ang tao nang hindi siya hinihilingang magbasa. Talakayin ang mga posibilidad na ito sa taong iyon. Magtulungan upang makahanap ng pinakamabuting paraan para siya makalahok sa klase.

### Kapansanan sa Paningin

Ang kapansanan sa paningin ay maaaring magkaiba mula sa bahagyang pagkawala ng paningin hanggang sa lubos na pagkabulag. Ang ibang taong may kapansanan sa paningin ay nakakakita nang sapat kung umuupo silang malapit sa unahan ng klase o kung nagsusuuot sila ng salamin. Ang mga iba ay umaasa sa pandinig at *braille* para sa kanilang pagkatuto. Tulungan ang mga may kapansanan sa paningin na umupo kung saan sila pinakamabisang matututo at makalalahok sa klase. Sa diwa ng pakikipagkaibigan, makipag-usap sa kanila tungkol sa kanilang mga pangangailangan at kung ano ang magagawa ninyo upang makatulong.

### Karagdagang Impormasyon

Ang naunang impormasyon ay isang maikling buod lamang. Kung mabatid ninyo na isang miyembro ng klase ang may kapansanan, makipagsangguni sa taong iyon at sa mga miyembro ng kanyang mag-anak at kaibigan tungkol sa kung paano kayo makatutulong. Kaibiganin ang miyembrong iyon ng klase. Maaari din kayong sumangguni sa mga pinuno. Hangarin ang patnubay ng

Espiritu upang tulungan kayong malaman kung paano matutulungan ang taong iyon na magtagumpay at makasumpong ng kagalakan sa inyong klase.

Para sa karagdagan pang impormasyon tungkol sa pangangasiwa sa mga miyembrong may mga kapansanan, tingnan sa mga pahina 406–11 sa bahaging “Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno” ng *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan*.

### Mga Mapagkukunang Materyal para sa mga Miyembrong May mga Kapansanan

Ang mga materyal para sa mga miyembrong may mga kapansanan ay nakalista sa taunang *Church Materials Catalog*.

Maaaring ipadala ang mga katanungan tungkol sa mga materyal para sa mga miyembrong may mga kapansanan sa:

Members with Disabilities
Floor 24
50 East North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-3200
Telepono: 1-801-240-2477

# MAGTURO SA PAMAMAGITAN NG ESPIRITU

Kung tayo ay may Espiritu ng Panginoon na gagabay sa atin, makapagtuturo tayo sa kahit sinong tao, gaano man ang kanyang napag-aralan; saanmang dako ng daigdig. Higit na nakaaalam ang Panginoon kaysa sinuman sa atin, at kung tayo ay kanyang mga tagapaglingkod, na kumikilos sa ilalim ng kanyang Espiritu, maipaaabot niya ang kanyang mensahe ng kaligtasan sa bawat kaluluwa.

*Elder Dallin H. Oaks*

6

# ANG ESPIRITU ANG TOTOONG GURO



*Ang impresyon ng Espiritu Santo sa isang kaluluwa na nakikinig sa salita ng Diyos ay "ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (Doktrina at mga Tipan 11:21). Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith:*

*"Ang Espiritu ng Diyos na nagsasalita sa espiritu ng tao ay may kapangyarihang maghayag ng katotohanan nang may higit na bisa at pang-unawa kaysa katotohanang maipababatid ng personal na pakikipag-ugnayan maging ng makalangit na mga katauhan. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang katotohanan ay mahahabi sa mismong himaymay at mga litid ng katawan upang hindi ito malimutan" (Doctrines of Salvation, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 1:47–48).*

"Kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1). Walang gurong mortal, gaano man kadalubhasa o kabihasa, ang makapagdadala ng mga biyaya ng patotoo at pagbabalik-loob sa isa pang tao. Iyon ay katungkulan ng Espiritu Santo, o ng Espiritu. Nalalaman ng mga tao na totoo ang ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (tingnan sa Moroni 10:5; Doktrina at mga Tipan 50:13–14).

## Ang Papel na Ginagampanan ng Espiritu sa Pagtuturo ng Ebanghelyo

Habang nagtuturo tayo ng ebanghelyo, dapat nating kilalanin nang may pagpapakumbaba na ang Espiritu Santo ang totoong guro. Ang ating pribilehiyo ay magsilbing mga instrumento kung saan ang Espiritu Santo ay makapagtuturo, makapagpapatotoo, makapagbibigay-kapanatagan,at inspirasyon. Kung gayon ay dapat tayong maging karapat-dapat na tanggapin ang Espiritu (tingnan sa "Paghahangad sa Espiritu," pahina 15). Dapat tayong manalangin para sa patnubay ng Espiritu habang naghahanda tayo ng mga aralin at habang nagtuturo tayo (tingnan sa "Pagkilala at Pagsunod sa Espiritu sa Inyong Pagtuturo,' mga pahina 57–58). Dapat nating gawin ang lahat ng makakaya natin upang makalikha ng isang kaaya-ayang kapaligiran na kung saan makadarama ng impluwensiya ng Espiritu ang mga tinuturuan natin (tingnan sa "Pag-anyaya sa Espiritu Habang Kayo ay Nagtuturo," mga pahina 55–56).

Ipinayo ni Elder Gene R. Cook ng Pitumpu: "Sino ang magtuturo? Ang Mang-aaliw. Tiyakin na hindi kayo naniniwala na kayo ang 'totoong guro.' Iyon ay isang malaking pagkakamali. . . . Mag-ingat na hindi kayo nakasasagabal. Ang pangunahing papel na ginagampanan ng isang guro ay ihanda ang daan nang sa gayon ang mga tao ay magkaroon ng espirituwal na karanasan sa Panginoon. Kayo ay isang instrumento, hindi guro. Ang Panginoon ang Siyang nakaalam ng mga pangangailangan ng mga tinuturuan. Tanging Siya ang makakaantig sa puso ng isang tao at makapagpapabago nito" (talumpating ibinigay sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-1 ng Set. 1989).


## Naglilingkod nang may Pagpapakumbaba Bilang mga Instrumento sa mga Kamay ng Panginoon

May mga pagkakataong maaari tayong matuksong isipin na higit na napapalapit ang mga tao sa Ama sa Langit dahil lamang sa mga pagsisikap natin. Maaari nating akalain na ang ating paghihimok ang nakahihikayat sa kanila sa katotohanan. O maaaring isipin natin na ang ating kahusayang magsalita at ang ating kaalaman sa isang partikular na alituntunin ng ebanghelyo ang nagbibigay-inspirasyon at nagpapasigla sa kanila. Kung nagsisimula na tayong maniwala sa ganitong mga bagay, "hinahadlangan" natin ang kapangyarihan na panghihikayat ng Espiritu Santo. Palagi nating alalahanin ang utos ng Panginoon na "ipahahayag ang masayang balita . . . nang may buong kababaang-loob, nagtitiwala sa [Kanya]" (Doktrina at mga Tipan 19:29–30).

Habang espirituwal ninyong inihahanda ang inyong sarili at binibigyang-halaga ang Panginoon sa inyong pagtuturo, kayo ay magiging instrumento sa Kanyang mga kamay. Palalakasin ng Espiritu Santo ang inyong mga salita nang may kapangyarihan.

Itinuro ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawa ang kaibahan sa pagitan ng taong mapagkumbaba na nagpapahintulot sa Espiritu Santo na magturo at ng taong palalo na umaasa sa kanyang sariling lakas:

"May ilang taon na ang nakararaan ay nagkaroon ako ng gawain sa Mexico at Central America na katulad ng sa Pangulo ng Purok. . . .



"Isang araw ng Linggo, . . . dinalaw ko ang [isang] pulong ng pagkasaserdote ng sangay kung saan ang isang mapagpakumbaba, hindi nakapag-aral na taga-Mexico na pinuno ng pagkasaserdote ay nagpupunyaging maipabatid ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Maliwanag na lubhang naantig nito ang kanyang buhay. Napansin ko ang kanyang masidhing pagnanais na maipabatid ang mga alituntuning iyon. Batid niya na napakahalaga ng mga ito sa mga minamahal niyang kapatid. Nagbabasa siya mula sa manwal ng aralin, gayunman ang kanyang kilos ay dulot ng dalisay na pagmamahal sa Tagapagligtas at sa mga tinuturuan niya. Ang pagmamahal, katapatan, at kadalisayan ng hangaring iyon ang nagpahintulot sa impluwensiya ng Espiritu Santo na mabalot ang silid. . . .

"Pagkatapos, ay dinalaw ko ang klase ng Panlinggong Paaralan sa purok na dinadaluhan ng aking mag-anak. Isang nakapag-aral na propesor sa pamantasan ang naglahad ng aralin. Ang karanasang iyon ay kapansin-pansing kabaligtaran ng isa na kinawiwilihan sa pulong ng pagkasaserdote sa sangay. Tila baga ang tagapagturo ay sinadyang pumili ng mahihirap unawaing sanggunian at mga di-karaniwang halimbawa upang buuin ang kanyang nakatakdang paksa—ang buhay ni Joseph Smith. Nagkaroon ako ng maliwanag na sapantaha na ginamit niya ang pagkakataong magturo upang pahangain ang klase sa kanyang malawak na kaalaman. . . .  Tila hindi siya kasing sigasig sa pagpapabatid ng mga alituntunin na tulad ng mapagpakumbabang pinuno ng pagkasaserdote. . . .


" . . . Ang pagiging-mapagkumbaba ng taga-Mexico na pinuno ng pagkasaserdote ay kinailangan sa paggamit sa kanya bilang instrumento sa espirituwal na pagpapabatid ng katotohanan" (*Helping Others to Be Spiritually Led* [talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-11 ng Ago. 1998], 10–12).

## Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagan pa tungkol sa pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu, tingnan sa Aralin 3 sa kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo (mga pahina 259–63.)

# 7

# PAGTUTURO NANG MAY PATOTOO



"Ang pinakamataas, nanghihikayat, nagpapabalik-loob na kapangyarihan ng pagtuturo ng ebanghelyo ay nakikita," sabi ni Elder Bruce R. McConkie, "kapag ang isang binigyang-inspirasyong guro ay nagsasabing, 'Nalalaman ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Banal na Espiritu sa aking kaluluwa, na ang mga doktrinang itinuturo ko ay totoo' " (*The Promised Messiah* [1978], 516–17).

Natutuhan ni Pangulong Brigham Young ang katotohanang ito bago pa man siya nabinyagang miyembro ng Simbahan. Ang patotoo ng isang mapagkumbabang misyonero ay nakatulong sa kanyang madama ang nagpapabalik-loob na kapangyarihan ng Espiritu Santo. Pagkatapos ay muli niyang inalaala, "Kapag nakakikita ako ng isang taong hindi mahusay magsalita, o walang talino sa pagsasalita sa publiko, na ang tanging nasasabi ay, 'Nalalaman ko, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na ang Aklat ni Mormon ay totoo, na si Joseph Smith ay Propeta ng Panginoon,' ang Espiritu Santo na nagmumula sa taong iyon ay nagbigay-liwanag sa aking pang-unawa, at ang liwanag, kaluwalhatian, at kawalang-kamatayan ay nasa harapan ko" (sa *Journal of Discourses*, 1:88).

Naalaala ni Pangulong Young ang kapangyarihan ng patotoo sa mga unang araw niya bilang isang misyonero. Napansin niya: "Hindi pa ako natatagalang maglakbay upang magpatotoo sa mga tao, bago ko nalaman ang isang katotohanang ito, na maaari ninyong mapatunayan ang doktrina mula sa Biblia hanggang katapusan ng mundo, at makukumbinsi lamang nito ang tao, ngunit hindi makapagpapabalik-loob sa kanila. Maaari ninyong basahin ang Biblia mula Genesis hanggang Apocalipsis, at mapatunayan ang bawat kaliit-liitang bagay na isinusulong ninyo, at kung iyon lamang ay hindi magkakaroon ng impluwensiyang makapagpapabalik-loob sa mga tao. Walang anuman maliban sa patotoo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ang makapagdadala ng liwanag at kaalaman sa kanila—dalhin ang mga ito sa kanilang mga puso tungo sa pagsisisi. Walang iba maliban dito ang kailanman ay makagagawa nito" (sa *Journal of Discourses*, 5:327).

### *Ano ang patotoo?*

Mahalagang maunawaan kung ano ang patotoo at kung ano ang hindi patotoo. Una, ito ay hindi isang panghihikayat, tawag tungo sa pagsisisi, pagbibigay-kaalaman tungkol sa paglalakbay, sermon, o isang tagubilin. Ito ay isang simple, tuwirang pagpapahayag ng paniniwala—isang damdamin, isang pagtiyak, isang matibay na paniniwala. Karaniwan itong ipinahahayag sa unang panauhan, *ako*, sinusundan ng matatag na pandiwa na nagpapahayag ng paniniwala, tulad ng "Alam ko na . . . ,""Nagpapatotoo ako na . . . " o "Tinitiyak ko na . . . " Malamang ay narinig na ninyo ang mga natatanging saksi ni Jesucristo na ginagamit ang mga salitang "Ibinibigay ko sa inyo ang aking patunay na . . . " o "Pinatutunayan ko na . . . " Ang mga patotoo ay malimit na pinakamabisa kapag ang mga ito ay maikli, malaman, at tapat.

Isaalang-alang ang mga sumusunod na halimbawa mula sa mga banal na kasulatan. Pansinin na ang mga patotoong ito ay makikita sa nilalaman ng ibang mensahe—sa simula, sa gitna, o sa katapusan.

*"Ito ang patoto* na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay! Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga nanini-

rahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 76:22–24; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik).

*"Alam ko sa aking sarili na* anuman nag aking sasabihin sa inyo, hinggil doon sa darating, ay totoo; at sinasabi ko sa inyo, na *alam kong* si Jesucristo ay paparito, oo, ang Anak, ang Bugtong ng Ama, puspos ng biyaya, at awa, at katotohanan" (Alma 5:48; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik).

"At ngayon, masdan, *patototohanan sa inyo ng aking sarili na* ang mga bagay na ito ay totoo. Masdan, sinasabi ko sa inyo, na *alam ko na si Cristo* ay paparito sa mga anak ng tao, upang akuin niya ang mga pagkakasala ng kanyang mga tao, at siya ay magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsabi nito" (Alma 34:8; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik).

"Sapagkat *nalalaman ko na* sinoman ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at dadakilain sa huling araw" (Alma 36:3; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik).

Ang iba pang halimbawa ay matatagpuan sa Jacob 7:12, Alma 7:8 at 36:30, at Joseph Smith—Kasaysayan 1:25.

### Gawing Bahagi ng Inyong Pagtuturo ang Patotoo

Upang makapagturo sa pamamagitan ng nakahihikayat, nakapagpapabalik-loob na kapangyarihan ng Espiritu Santo, kailangang magkaroon kayo ng patotoo ng itinuturo ninyo. Sinabi ni Pangulong David O. McKay: "Tungkulin ninyong ituro na si Jesucristo ang Manunubos ng sanlibutan, na si Joseph Smith ay Propeta ng Diyos, at sa kanya sa huling dispensasyong ito ay nagpakita nang personal ang Diyos Ama at ang kanyang Anak. Pinaniniwalaan ba ninyo ito? Nadarama ba ninyo ito? Nagliliwanag ba ang patotoong iyon mula sa inyong katauhan? . . . Kung ganoon, ang liwanag na iyon ay magbibigay ng buhay sa mga taong tuturuan ninyo. Kung hindi, magkakaroon ng kasalatan, ng tagtuyot, ng kakulangan sa espirituwal na kapaligirang yaon kung saan umuunlad ang mga Banal. . . . Maituturo ninyo nang epektibo ang mga yaong nadarama lamang ninyo sa inyong sarili" (*Gospel Ideals*, [1953], 190).

Maaari kayong magkaroon ng patotoo at patuloy na mapalakas ito sa pamamagitan ng 1) pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga turo ng mga propeta sa mga huling araw, 2) pananalangin, 3) pag-aayuno, at 4) pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. Makikita rin ninyo na magiging mas matibay ang inyong patotoo habang patuloy ninyo itong ibinabahagi.

Habang naghahanda kayo na ituro ang bawat aralin, manalangin para sa Espiritu upang tulungan kayo na malaman kung kailan ninyo ibabahagi ang inyong mga pinakabanal na damdamin. Maari kayong maudyukan na magpatotoo maraming ulit habang nagkaklase, hindi lamang sa katapusan ng aralin.

### Pinasisigla ng Patotoo ang Patotoo ng Iba

Sa pagpapatotoo ng inyong sinasabi at ginagawa, tinutulungan ninyong maganyak ang iba na palakasin ang sarili nilang mga patotoo. Isang full-time na misyonero ang sumulat ng sumusunod na liham sa taong naging guro niya isang taon bago siya nagsimula sa kanyang misyonerong paglilingkod:

"Alam ko na kayo ay isang taong hindi naghahangad ng anumang papuri, karangalan, o pagkilala. Subalit umaasa ako na pahihintulutan ninyo ako na ipahayag ang taos-pusong pasasalamat sa ating klase kung saan pinag-aralan natin ang Aklat ni Mormon. Palagi kong naaalaala ang inyong pagpapatotoo na bagaman marami ang bumabale-wala sa Aklat ni Mormon dahil ipinalalagay nila na hindi mahusay ang pagkakasulat o mababaw ang mga ideya nito, ang Aklat ni Mormon ay may likas na ganda at di-mapapantayang lalim. Sa klase at sa aking pansariling pag-aaral ay naibigan ko ang aklat na ito. Naaalala ko ang pag-upo sa inyong klase, naghihintay lamang sa inyo na magpatotoo ng ilang maliwanag at simpleng katotohanan. Naaalaala ko pa noong pag-aralan natin ang Alma 32 at nagpatotoo kayo kung paano maaaring lumaki ang binhi ng katotohanan sa lahat sa atin. Nang magpatotoo kayo, pinahintulutan ninyo ang Espiritu na patunayan sa akin ang katotohanan ng alituntunin.

"Ngayon ay narito ako, isang buwan na sa aking pagmimisyon, at mayroon akong masidhing patotoo sa Aklat ni Mormon. Ang natanggap ko ay hindi lamang laang pang-espirituwal na masasayang. Inakay ninyo ako patungo sa punongkahoy ng buhay. Tulad ni Lehi, wala kayong higit na nais kundi matulungan ang iba na makakain nito. Iyon ang lubhang nakaantig sa akin—Nakikini-kinita ko ang mga biyaya ng bunga sa inyong buhay."

8

# PAG-ANYAYA SA ESPIRITU HABANG KAYO AY NAGTUTURO



Bilang isang guro, makapaghahanda kayo ng isang kapaligiran na nag-aanyaya sa Espiritu na dumalo sa inyong pagtuturo. Sa gayon ang Espiritu ay makapagpapatunay sa pagiging totoo ng mga alituntuning itinuturo ninyo. Ang mga sumusunod na mga mungkahi ay tutulong sa inyo na maanyayahan ang Espiritu habang kayo ay nagtuturo.

### Manalangin

Sinabi ng Panginoon, "Manalangin tuwina, at aking ibubuhos ang aking Espiritu sa iyo, at malaki ang iyong magiging pagpapala—oo, maging mas higit pa sa kung iyong matatamo ang mga kayamanan ng mundo at kabulukan na katumbas ng mga ito" (Doktrina at mga Tipan 19:38). Ang panalangin ay humihikayat ng pagiging-mapitagan at tumutulong sa atin na maghanda upang matutuhan ang ebanghelyo. Dapat magsalitan ang mga tinuturuan ninyo sa pag-aalay ng mga panalangin bago at matapos ang bawat aralin. Sa kanilang mga panalangin, maaari silang humingi ng patnubay ng Espiritu sa oras ng aralin at habang ipinamumuhay nila ang mga katotohanang natutuhan nila.

Habang nagtuturo kayo, manalangin sa inyong puso na ang Espiritu ay gabayan kayo, buksan ang mga puso ng mga mag-aaral, at magpatotoo at magbigay-inspirasyon. Paminsan-minsan ay maaari ninyong anyayahan ang mga mag-aaral na manalangin sa kanilang mga puso para sa inyo bilang guro at para sa sarili nila at sa iba na nagsisikap na matuto (tingnan sa 3 Nephi 20:1).

Kung nagtuturo kayo ng maliliit na bata, malaki ang magagawa ninyo upang matulungan silang makadama ng pagpipitagan habang naghahanda sila para sa panalangin. Mapaaalalahanan ninyo sila na umupo nang tahimik. Maaari ninyong ihalukipkip ang inyong mga bisig upang magpakita ng halimbawa. Maaari ninyong ituro ang salita ng panalangin, tinutulungan silang gamitin ang mga salitang *Inyo, Kayo, Inyong* sa halip na *ikaw* at *iyo*. Hanggang sa matuto silang gumamit ng sarili nilang mga salita, maaari ninyo silang diktahan habang sila ay nananalangin. Maaari ninyong pasalamatan ang mga bata mga panalanging inalay nila at magbigay nang maikli at maalalahaning puna tungkol sa sinabi nila.

### Magturo mula sa mga Banal na Kasulatan at sa mga Salita ng mga Propeta sa mga Huling Araw

Ang mga turo sa banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw ay may malaking kapangyarihan upang tulungan tayong madama ang impluwensiya ng Espiritu (tingnan sa "Ang Kapangyarihan ng Salita," mga pahina 60–62). Sinabi ng Panginoon:

"Ang mga salitang ito ay hindi mula sa mga tao ni galing sa tao, kundi mula sa akin; dahil dito, kayo ay magpapatotoo na ang mga ito ay mula sa akin at hindi mula sa tao;

"Sapagkat ang aking tinig ang nangusap ng mga ito sa inyo; sapagkat ang mga ito ay ibinigay sa pamamagitan ng aking Espiritu sa inyo, at sa pamamagitan ng aking kapangyarihan ay maaari ninyong basahin ang mga ito sa isa't isa; at maliban sa aking kapangyarihan hindi ninyo matatanggap ang mga ito;

"Dahil dito, maaari ninyong patotohanan na narinig ninyo ang aking tinig, at nababatid ang aking mga salita" (Doktrina at mga Tipan 18:34–36).

### Magpatotoo

Habang nagpapatotoo kayo sa mga alituntuning inyong itinuturo, ang Espiritu Santo ay makapagpapatotoo sa bawat tao ng katotohanan ng sinasabi ninyo (tingnan sa "Pagtuturo nang may Patotoo," mga pahina 53–54). Magpatotoo kapag inudyukan kayo ng Espiritu na



gawin ito, hindi lamang sa katapusan ng bawat aralin. Magbigay ng mga pagkakataon sa mga tinuturuan ninyo na makapagbigay ng kanilang mga patotoo.

### Magbahagi ng mga Karanasan

Ang ating mga patotoo ay madalas na pinatitibay dahil sa mga karanasang mayroon tayo. Marahil ay nagkaroon na kayo ng karanasan na nagpatibay sa inyong patotoo na sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin. O kaya'y nabiyayaan kayo dahil sa pagsunod sa isang kautusan. Kapag inyong ibinabahagi ang ganitong mga karanasan, kayo ay isang buhay na saksi sa mga katotohanan ng ebanghelyo, at makapagpapatunay ang Espiritu sa iba na ang sinasabi ninyo ay totoo. Bilang karagdagan sa pagbabahagi ng sarili ninyong mga karanasan, dapat ninyong hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga karanasan kung panatag ang loob nilang gawin ito (tingnan sa "Mga Kuwento, mga pahina 236-38.

### Gumamit ng Musika

Ang musika ay nakapagpapahayag ng ating mga espirituwal na damdamin na maaaring nahihirapan tayong ipahayag sa pamamagitan ng pagsasabi nito. Sinabi ni Elder Boyd K. Packer na "napakabilis nating makadama at matuto sa pamamagitan ng musika . . . ilang espirituwal na bagay na napakabagal nating matutuhan kung hindi dahil dito" ("The Arts and the Spirit of the Lord," *Ensign*, Ago. 1976, 61).

Ang mga himno sa Simbahan at awit sa Primarya ay nagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Magagamit ninyo ang mga ito sa halos alinmang aralin upang simulan o ibuod ang isang ideya. Nagbibigay-daan ang mga awit sa Primarya sa mga bata na magbigay ng kanilang mga patotoo nang simple at maganda. (Tingnan sa "Musika," mga pahina 227–30).

Para sa mga ideya kung paano gagamitin ang sagradong musika sa mga pulong sa Simbahan, sa tahanan, at sa inyong personal na buhay, basahin ang paunang salita sa himnaryo (tingnan sa *Mga Himno*, mga pahina ix–x).

### Ipahayag ang Pagmamahal sa Panginoon at sa Iba


Maipapahayag ninyo ang pagmamahal sa inyong mga tinuturuan sa pamamagitan nang masusing pakikinig sa kanila at pagiging tunay na interesado sa kanilang buhay. Ang pag-ibig na tulad ng kay Cristo ay may kapangyarihang magpalambot ng mga puso at matulungan ang tao na maging handang tumanggap ng mga udyok ng Espiritu (tingnan sa "Ang Pagmamahal ay Nakapagpapalambot ng mga Puso," mga pahina 39–40).

### Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagan sa pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu, tingnan sa aralin 3 sa kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo (mga pahina 259–63).

# 9

# PAGKILALA AT PAG-SUNOD SA ESPIRITU SA INYONG PAGTUTURO



Kung naihanda ninyo nang wasto ang inyong sarili, paliliwanagan at gagabayan kayo ng Espiritu Santo habang kayo ay nagtuturo. Maaari kayong tumanggap ng mga impresyon tungkol sa mga tinuturuan ninyo, sa dapat ninyong bigyang-diin sa pagtuturo sa kanila, at kung paano ninyo sila pinakamabisang matuturuan. Ang inyong masigasig na mga pagsisikap ay mapag-iibayo habang mapagpakumbaba ninyong sinusunod ang mga udyok ng Espiritu. Matutulungan din ninyo ang mga tinuturuan ninyo na makilala ang impluwensiya ng Espiritu. Magiging handa kayong maranasan ang katuparan ng mga salita ng Panginoon: "Dahil dito, siya na nangangaral at siya na nakatatanggap, ay nauunawaan ang isa't isa, at sila ay kapwa pinagtitibay at magkasamang magsasaya" (Doktrina at mga Tipan 50:22).

### Pagkilala sa Espiritu

Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks:

"Dapat nating kilalanin na ang Panginoon ay magsasalita sa atin sa pamamagitan ng Espiritu sa kanyang sariling panahon at sa kanyang sariling paraan. . . . Hindi natin mapipilit ang mga bagay na espirituwal.

"Sa napakaraming pagkakataon, ang 'kanyang sariling paraan' ay hindi ang dumadagundong na pang-aabala o ang nakasisilaw na liwanag, kundi ang tinatawag ng mga banal na kasulatan na 'ang marahan at banayad na tinig' (1 Mga Hari 19:12; 1 Nephi 17:45; Doktrina at mga Tipan 85:6). . . . Kailangan nating malaman na ang Panginoon ay bihirang magsalita nang malakas. Ang Kanyang mga mensahe ay halos palaging dumarating nang pabulong" ("Teaching and Learning by the Spirit," *Ensign*, Mar. 1997, 10–12).

Kapag ang Panginoon ay nagsalita sa atin sa pamamagitan ng Espiritu, paminsan-minsan ay maaari Niyang "papapangyarihin na ang [ating] dibdib ay mag-alab" (Doktrina at mga Tipan 9:8). Ang pag-aalab na ito, paliwanag ni Elder Oaks, ay tiyak na "nagpapahiwatig ng nadaramang kapanatagan at kapayapaan" (*Ensign*, Mar. 1997, 10–12). Napakalimit na makadarama tayo ng kaliwanagan, kagalakan, at kapayapaan (tingnan sa Mga Taga Roma 15:13; Mga Taga Galacia 5:22–23; Doktrina at mga Tipan 6:23; 11:13).

Ipinaliwanag ni Pangulong Howard W. Hunter kung paano natin makikilala ang iba't ibang pagpapahiwatig ng Espiritu:

"Nababahala ako kapag lumalabas na tila ang matinding emosyon o pagdaloy ng luha ay itinuturing na kasing kahulugan ng pagkakaroon ng Espiritu. Tiyak na ang Espiritu ng Panginoon ay makapagdudulot ng matitinding damdamin, kabilang ang mga pagluha, subalit ang panlabas na pagpapakitang iyon ay hindi dapat ipagkamali sa pagiging naroroon mismo ng Espiritu.

"Namasdan ko ang napakarami sa aking mga kapatid sa mga nagdaang taon at nakasama sa ilang pambihira at hindi mailarawang espirituwal na karanasan. Ang mga karanasang iyon ay magkakaibang lahat, bawat isa ay natatangi sa kaparaanan nito, at ang gayong mga sagradong sandali ay maaaring may mga pagluha o wala. Napakadalas na ganoon, subalit kung minsan ang mga ito ay sinasamahan ng lubos na katahimikan. Sa ibang pagkakataon ang mga ito ay sinasamahan ng kagalakan. Tuwina sinasamahan ang mga ito ng dakilang pagpapahayag ng katotohanan, ng paghahayag sa puso. . . .

"Makinig sa katotohanan, unawain ang doktrina, at hayaang dumating ang pagpapahiwatig ng Espiritu tulad ng maaari sa lahat ng marami at iba't ibang anyo nito. Manatili sa matatatag na alituntunin; magturo mula sa dalisay na puso. Sa gayon ay papasukin ng Espiritu ang inyong isipan at puso at ang bawat isipan at puso ng inyong mga mag-aaral" (*Eternal*

*Investments* [talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-10 ng Peb. 1989], 3).

### Magagabayan Kayo ng Espiritu Habang Naghahanda Kayong Magturo

Habang naghahanda kayo nang may panalangin upang magturo, habang nag-aaral kayo ng mga banal na kasulatan, at kahit na nagsasagawa kayo ng pang-araw-araw ninyong gawain, buksan ang inyong isipan at puso sa patnubay ng Panginoon. Maaari kayong makatanggap ng "biglang bugso ng mga ideya" mula sa Espiritu (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 151). Maaari kayong magabayan na bigyang-diin ang ilang alituntunin. Maaaring magkaroon kayo ng pang-unawa kung paano pinakamabuting mailalahad ang ilang ideya. Maaaring makatuklas kayo ng mga halimbawa, bagay na gagamitin sa pagtuturo ng mga aralin, at nagbibigay-inspirasyong kuwento sa mga simpleng gawain sa buhay (tingnan sa "Paghahanap ng mga Mapupulot na Aral sa Ating Kapaligiran," mga pahina 27–28). Maaari kayong makadama ng impresyon na anyayahan ang isang partikular na tao upang tumulong sa aralin. Maaaring maipaalaala sa inyo ang isang personal na karanasan na maibabahagi ninyo. Isulat ang mga ideyang ito, at may panalanging sundin ang mga ito.

Si Elder C. Max Caldwell ay nagbahagi ng sumusunod na karanasan: "Ilang taon na ang nakaraan, naghanda akong magturo sa klase ng tungkol sa paksang inaakala kong lubhang mahirap. Noong gabing bago ang nakatakdang klase, nanalangin ako para sa patnubay at pagkatapos ay nahiga na, na naguguluhan pa rin ang isip. Nang magising ako, may pumasok na kaisipan sa akin na ibinahagi ko sa klase dakong magtatanghali nang umagang iyon. Matapos ang klase, isang kabataang lalaki ang nakipag-usap sa akin nang sarilinan at sinabing, 'Ang aralin ay para sa akin. Ngayon ay alam ko na kung ano ang kailangan kong gawin.' Kinalaunan nalaman ko na dumalo siya sa klaseng iyon bilang kanyang unang pakikipa-unayaw sa Simbahan sa maraming taon. Siya ay nagpatuloy na ayusin ang kanyang buhay at kalaunan ay naglingkod nang tapat sa misyon. Ngayon dinaranas niya ang kaligayahang kaugnay sa pagtupad ng mga tipan ng walang hanggang mag-anak" (sa Conference Report, Okt. 1992, 40; o *Ensign*, Nob. 1992, 29–30).

### Magagabayan Kayo ng Espiritu Habang Kayo ay Nagtuturo

Pangkaraniwan, magtuturo kayo sa pamamagitan ng Espiritu kapag sinusunod ninyo kung ano ang inihanda ninyo nang may panalangin at pag-iisip. Bukod pa rito, maaari kayong udyukan ng Espiritu paminsan-minsan habang kayo ay nagtuturo. Tulad ng ipinangako ng Panginoon, bibigyan kayo "sa mga oras na yaon, oo, sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin" (Doktrina at mga Tipan 110:6). Maaari kayong makadama paminsan-minsan ng pag-uudyok na iwanan ang isang bagay sa aralin o magdagdag ng isang bagay na hindi ninyo inihanda. Maaaring makadama kayo ng impresyon na magbigay ng inyong patotoo o anyayahan ang iba na magbahagi ng kanilang mga patotoo. Kapag nagtatanong ang mga mag-aaral, maaaring makadama kayo ng pag-uudyok na isaisantabi ang inyong mga paghahanda at may pagpapahalagang talakayin ang mga tanong na iyon. Tiyakin na ang mga udyok na ito ay nanggagaling sa Espiritu at hindi lamang mula sa mga tanong ng mga mag-aaral. Buong pagpapakumbabang sundin ang mga damdaming ito. Pahintulutan ang Espiritu na gumawa sa pamamagitan ninyo upang pukawin ang mga puso ng mga tinuturuan ninyo.

### Matutulungan Ninyo ang Iba na Makilala ang Espiritu

Habang lalo kayong nagiging pamilyar sa tinig ng Espiritu, matutulungan ninyo ang inyong mga tinuturuan na makilala ang impluwensiya ng Espiritu. Sinabi ni Elder Richard G. Scott, "Kung wala na kayong iba pang maisakatuparan sa inyong ugnayan sa inyong mga mag-aaral kundi ang tulungan silang kilalanin at sundin ang mga udyok ng Espiritu, pagpapalain ninyo ang kanilang buhay nang walang kapantay at walang hanggan" (*Helping Others to Be Spiritually Led* [talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-11 ng Ago. 1998], 3).

Si Kristi na walong taong gulang ay dumalo ng natatanging pulong ng misyonero kasama ang kanyang ama. Bilang bahagi ng pulong, nagpakita ang kanyang ama ng mga larawan ni Jesucristo at nagbigay ng kanyang patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Nang matapos ang pulong, bumaling si Kristi sa kanyang ama at sinabi, "Naiiyak ako." Napagtanto ng kanyang ama na nadama niya ang impluwensiya ng Espiritu. Siya ay lumuhod, niyakap ang anak, at sinabi sa kanya na ang magiliw na pakiramdam na iyon ay mga udyok ng Espiritu Santo, na tumutulong sa kanya na malaman na ang mga bagay na narinig niya nang gabing iyon ay totoo. Nagbigay siya ng patotoo sa kanya na palagi niyang malalaman kung ang isang bagay ay totoo sa pamamagitan ng pagkilala sa gayon ding magiliw na pakiramdam na nararanasan niya ngayon.

Samantalahin ang bawat pagkakataon na matulungan ang iba na makilala at mapasalamatan ang kapayapaan at galak na dumarating kapag sinusunod nila ang mga pag-uudyok ng Espiritu.

# ITURO ANG DOKTRINA

Hindi ko kayo maililigtas; hindi ninyo ako maililigtas; hindi natin maililigtas ang isa't isa, maliban lamang sa mahikayat natin ang isa't isa na tanggapin ang katotohanan, sa pamamagitan ng pagtuturo nito. Kapag tinatanggap ng isang tao ang katotohanan, siya ay maliligtas sa pamamagitan nito. Maliligtas siya hindi lamang dahil itinuro ito sa kanya ng isang tao, subalit dahil sa tinanggap at isinagawa niya ito.

*Pangulong Joseph F. Smith*

10

# ANG KAPANGYARIHAN NG SALITA



*Sa pagtatapos ng kanyang 14 na taong pagmimisyon sa mga Lamanita, ipinahayag ni Ammon, "Masdan, kayrami sa libu-libo nating mga kapatid ang pinawalan [ng Diyos] mula sa mga pasakit ng impiyerno; at sila ay nadala na magsiawit ng mapagtubos na pag-ibig, at ito ay dahil sa kapangyarihan ng kanyang salita na nasa atin" (Alma 26:13).*

Nang malaman ni Alma, ang mataas na saserdote ng mga Nephita, na inihiwalay ng mga taong tinawag na Zoramita ang kanilang mga sarili mula sa mga Nephita at nagsasagawa ng masasamang gawain, "ang kanyang puso ay nagsimulang muling malungkot dahil sa kasamaan ng mga tao. Sapagkat ito ang dahilan ng labis na kalungkutan ni Alma na malamang may kasamaan sa kanyang mga tao." At ang isa pa, nagbigay ang mga Zoramita ng malaking panganib pangmilitar sa mga Nephita. Ang mga Nephita "ay nangamba nang labis na baka ang mga Zoramita ay pumasok sa isang pakikipag-ugnayan sa mga Lamanita, at na ito ang maging dahilan ng malaking kawalan sa panig ng mga Nephita." (Tingnan sa Alma 31:1-4.)

Sa gayunding mga situwasyon, maraming pinuno ang nagnanais humawak ng sandata at makidigma. Subalit sa kanyang pag-aalala para sa kanyang mga kapatid na Zoramita, nagmungkahi si Alma ng isang mas mainam na paraan: "At ngayon, sapagkat ang pangangaral ng salita ay may lakas na umakay sa mga tao na gawin yaong matwid—oo, may higit itong malakas na bisa sa isipan ng mga tao kaysa sa espada, o ano pa mang bagay, na nangyari na sa kanila—anupa't naisip ni Alma na kapaki-pakinabang na subukan nila ang bisa ng salita ng Diyos." (Alma 31:5).

Ang salita ng Diyos ay maaaring magkaroon ng mabisang impluwensiya. Maaaring kung minsan ay matukso tayong isipin na ang mga tinuturuan natin ay mas nanaisin pang pag-usapan ang ibang bagay o maaliw. Subalit nalalaman ng magagaling na magulang, pinuno, tagapagturo sa tahanan, tagapagturong dumadalaw at guro sa silid-aralan sa Simbahan na kapag itinuturo nila ang ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu, ang mga tinuturuan nila ay kadalasang nagigising ang kamalayan sa isang hangarin para sa mga bagay ng Diyos.

### Bakit Dapat Nating Ituro ang Salita Ng Diyos

Nang mangaral si Alma sa mga Zoramita, nangusap siya sa isang grupo ng mga tao na ang mga paghihirap ay naghanda sa kanila upang tanggapin ang salita ng Diyos. Itinuro niya sa kanila ang tungkol sa kapangyarihan ng salita. Sa pag-aaral ng kanyang mga sinabi, mas mauunawaan natin kung bakit kailangan nating gamitin ang salita ng Diyos bilang pinagkukunan ng lahat sa pagtuturo natin ng ebanghelyo.

Inihalintulad niya ang salita sa isang binhi na maitatanim sa ating mga puso. Kung nag-alaga kayo ng isang hardin, nakita ninyo na ang mga binhi na itinanim ninyo, bagaman napakaliit, ay maaaring usbungan di pa natatagalan matapos makatanggap ang mga ito ng kaunting halumigmig sa lupa. Napakalakas ng enerhiya sa isang binhi na maitutulak nito ang matigas na lupa upang mailabas ang una nitong usbong. Iyan ang mangyayari kapag "magbibigay-puwang" tayo para sa salita ng Diyos na maitanim sa ating mga puso. Kung hindi natin itatapon ang binhi—o, ang ibig sabihin, kung hindi natin sasalungatin ang Espiritu ng Panginoon—ang binhi ay magsisimulang lumaki at sumibol. Sinabi ni Alma, "Ito ay magsisimulang lumaki sa loob ng inyong mga dibdib; at kapag nadama ninyo ang ganitong paglaki, kayo ay magsisimulang magsabi sa inyong sarili— Talagang ito ay mabuting binhi, o na ang salita ay mabuti, sapagkat sinisimulan nitong palakihin ang aking kaluluwa; oo, sinisimulan nitong liwanagin ang aking pang-unawa, oo, ito ay nagsisimulang maging masarap para sa akin" (Alma 32:28).

Kapag nangyayari ito sa atin, nalalaman natin na ang binhi, o ang salita ng Diyos, ay mabuti: "Ngunit masdan, habang ang binhi ay lumalaki at sumisibol, at nagsisimulang tumubo, kung magka-

gayon ay talagang sasabihin ninyo na ang binhi ay mabuti. . . .  At ngayon, masdan, dahil sa inyong isinagawa ang pagsubok, at itinanim ang binhi, at ito ay lumaki at sumibol, at nagsimulang tumubo, kailangang malaman ninyo na ang binhi ay mabuti." (Alma 32:30, 33). Nagpatuloy si Alma, "Kung inyong aalagaan ang salita, oo, aalagaan ang punungkahoy habang ito ay nagsisimulang lumaki, sa pamamagitan ng inyong pananampalataya nang may malaking pagsisikap, at may pagtitiyaga, umaasa sa bunga niyon, ito ay magkakaugat; at masdan, ito ay magiging isang punungkahoy na sumisibol tungo sa buhay na walang hanggan" at magkakaroon ng bunga na "pinakamahalaga" (Alma 32:41-42).

Sinabi ni Elder Boyd K. Packer: "Ang totoong doktrina, na naunawaan, ay nagpapabago ng asal at pag-uugali. Ang pag-aaral ng mga doktrina ng ebanghelyo ay mas mabilis na nagpapabuti ng pag-uugali kaysa pag-aaral tungkol sa pag-uugali upang mapabuti ito"{sa Conference Report, Okt. 1986, 20 o *Ensign*, Nob. 1986, 17). Walang mga makamundong ideya, o alituntunin ang nagtataglay ng ganitong kapangyarihan. Walang mga nakahahalinang pagtuturo o nakasisiyang pagtatanghal ang makaaantig nang napakatindi sa bawat isa upang ibaling nila ang kanilang mga puso kay Cristo. Ang pagtutuon sa mga katotohanan ng ebanghelyo ng ating pagtuturo ang siyang tanging paraan upang maging mga instrumento tayo sa mga kamay ng Diyos na tulungang mapanatili ang pananampalataya na siyang aakay sa iba na magsisi at lumapit sa Kanya.

Pinangangalagaan tayo ng pagtuturo ng doktrina laban sa espirituwal na pagkaligaw. Matatawag tayo nito pabalik kapag naliligaw tayo. Ipinaliwanag ni Elder Russel M. Nelson:

"Maraming taon na ang lumipas bilang isang bata pang mag-aaral sa medisina, nakita ko ang maraming pasyenteng pinahihirapan ng mga sakit na sa ngayon ay maiiwasan na. Ngayon posible nang bigyan ng kaligtasan ang tao laban sa mga kalagayang noon ay nakapipinsala—-maging nakamamatay. Ang isang paraang pangmedisina kung saan maibibigay ang nakuhang kaligtasan sa sakit ay sa pamamagitan ng pagbabakuna (inoculation). Ang salitang *inoculate* ay nakapaghihikayat sa interes na alamin kung ano ito. Ito ay nanggaling mula sa dalawang salitang ugat na latin: *in*, ibig sabihin "sa loob"; at *oculus*, ibig sabihin "isang mata": ang pandiwang bakunahan (to inoculate), samakatuwid, ay literal na nangangahulugang "maglagay ng mata sa loob"—-bantayan laban sa kapinsalaan.

"Ang sakit na katulad ng polio ay nakalulumpo o nakapipinsala ng katawan. Ang sakit na katulad ng kasalanan ay nakalulumpo o nakapipinsala ng espiritu. Ang mga pamiminsala ng polio ay maiiwasan na ngayon sa pamamagitan ng pagbabakuna, subalit ang mga pamiminsala ng kasalanan ay nangangailangan ng ibang paraan ng pag-iwas dito. Hindi makapagbabakuna ang mga doktor laban sa kasamaan. Ang pangangalagang espirituwal ay nanggagaling lamang mula sa Panginoon—at sa kanyang sariling pamamaraan. Pinili ni Jesus na huwag magbantay laban sa kapinsalaan, kundi ang magturo ng doktrina. Ang pamamaraan Niya ay hindi gumagamit ng bakuna; ito ay gumagamit ng pagtuturo ng banal na doktrina—isang namamahalang `mata sa loob'—upang pangalagaan ang mga walang hanggang espiritu ng kanyang mga anak" (sa Conference Report, Abr. 1995, 41-42; o *Ensign*, Mayo 1995, 32).

### Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan at sa mga Salita ng mga Propeta sa mga Huling-Araw

Kapag ginagamit natin ang banal na kasulatan at ang mga salita ng mga propeta sa mga huling-araw bilang pinagkukunan ng lahat ng ating pagtuturo, inaanyayahan natin ang espiritu na magpatotoo. Ito ang nagdadala sa ating pagtuturo ng "kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (Doktrina at mga Tipan 11:21).

Isang obispo ang nagsalaysay ng sumusunod na karanasan sa isang pulong sa pamumuno ng istaka:

"Halos 30 taon na ang nakalilipas, ako ay naglingkod bilang tagapayo sa korum ng mga saserdote sa aming purok. Sa aming mga aralin sa korum, tinitiyak namin na basahin ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga buhay na propeta at bigyan-diin ang mga doktrina. Sapagkat ang Espiritu ay naroon, ang aming mga pagpupulong ay sadyang di-malilimutan at kalugud-lugod.

"Kasama sa korum ang bata pang saserdote, na si Paolo, na madalang umuwi sa kanyang tahanan; ang kanyang mga magulang ay karaniwang hindi nalalaman kung saan siya hahanapin. Paminsan-minsan ay nakakausap ko siya, at manaka-naka siyang nagtutungo sa pulong ng korum. Nagsisikap kami sa korum na magkakaroon ng mas mainam na pagkaunawa sa mga alitutunin ng ebanghelyo, at itinuon namin ang aming isipan sa pag-aaral ng aming mga aralin mula sa mga banal na kasulatan. Nang dumating si Paolo, nababatid ko sa espiritu na ang mga katotohanang ito ay nakaaantig sa kanyang puso bagaman aalis na naman siya sa bayan nang mga ilang linggo.

"Isang Linggo nang umaga, dumating si Paolo sa simbahan, malinis na nakaahit at nakadamit ng terno, puting kamisadentro, at kurbata. Kaming lahat ay masayang nasorpresa. Nalaman namin kinalaunan na nagkaroon siya ng isang karanasan noong isang gabi, malayo sa kanyang tahanan. Siya ay nakadama ng masidhing panghihina ng loob. Maghahating-gabi nang mabuksan ang kanyang isipan sa isang pagkaunawa o espirituwal na karanasan na naglalaban ang Diyos at si Satanas para sa kanyang kaluluwa, at si Satanas ay nagtatagumpay na.

Kaagad sa kalaliman ng gabi, bumangon siya mula sa kanyang kinaroroonan at naglakad nang maraming milya hanggang makarating sa kanyang tahanan, ginising ang kanyang mga magulang at isinalaysay sa kanila ang nangyari, at pagkatapos, sa pagbubukang-liwayway, naligo siya at nagtungo sa simbahan.

"Hindi siya kailanman lumingon pa pabalik. Nagsisi siya ng kanyang mga nagawang kasalanan at kinalaunan ay umibig at ikinasal sa isa sa pinakamararangal na kabataang babae sa aming purok. Ngayon, siya ay isang mabuting ama, may taglay ng pagkasaserdote, at mamamayan.

"Madalas kong pinagbubulay-bulayan na ang mga narinig ni Paolo sa mga pagpupulong sa korum ay may malaking kinalaman sa lubos na pagbabagong ginawa niya sa kanyang buhay. Alam ko na noong panahong iyon ay nadarama niya ang Espiritu kapag nag-uusap kami tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo sa korum. Sa palagay ko ang mga katotohanang iyon ang nagpaalaala sa kanya kung sino siya talaga at kung ano ang inaasahan ng Diyos sa kanya. Sa palagay ko ang mga iyon ay tumimo sa kanyang isipan at puso at higit pang nagpabalisa sa kanya sa pinili niyang uri ng pamumuhay. Sa pamamagitan ng impluwensiyang iyon ng mga katotohanan sa kanyang matigas na puso, makapangungusap at makapagbibigay-babala sa kanya ang Espiritu. Anong pasasalamat ko na hindi namin sinayang ang aming oras sa korum sa pag-uusap tungkol sa mga kotse o palakasan o sa aking ideya kung paano dapat mamuhay ang mga batang lalaki! Sa palagay ko, narinig ni Paolo ang tawag ng Panginoon sa kanya sa pamamagitan ng mga katotohanan ng ebanghelyo na sama-sama naming pinag-aralan."

Maipakikita natin sa mga tinuturuan natin kung paano masusumpungan ang kapangyarihan sa mga banal na kasulatan. Ipinahayag ni Elder Boyd K. Packer: "Ituturo ninyo ang mga banal na kasulatan. . . .  Kung nalalaman ng inyong mga mag-aaral ang mga paghahayag, walang katanungan—pansarili o panlipunan o pampulitika o sa trabaho—na hindi masasagot. Laman nito ang kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo. Matatagpuan natin dito ang mga alituntunin ng katotohanan na lulutas sa lahat ng pagkalito at sa lahat ng suliranin at sa lahat ng pag-aalinlangan na makakaharap ng mag-anak o ng bawat isa." (*Teach the Scriptures* [talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-14 ng Okt., 1997], 5).

11

# PAGPAPANATILING DALISAY NG DOKTRINA



*Ang kabanata 8 ng Moroni ay naglalaman ng liham na isinulat ni Mormon sa kanyang anak na si Moroni. Ang paksa ng liham ay tungkol sa pagbibinyag ng sanggol, na isinasagawa ng ilan sa Simbahan. Upang tulungan ang kanyang anak na itama ang maling turong ito, muling ipinahayag ni Mormon ang wastong doktrina tungkol sa pagkakaroon ng pananagutan at tinagubilinan si Moroni na ituro ito sa buong lupain. Basahin ang Moroni 8 bilang isang halimbawa ng pangangailangan na panatilihing dalisay at di-baluktot ang doktrina at mga alituntunin ng Simbahan.*

Nakapagpapakumbaba at nakapagbibigay-inspirasyong pagbulay-bulayin ang mga pagpapakasakit na ginawa ng mga tao para sa katotohanan. Marami ang nabinyagan sa kabila ng pagtatakwil sa kanila ng kanilang mga mag-anak dahil sa kanilang desisyon. Ang mga propeta at marami pang iba ang namatay kaysa itatwa ang kanilang mga patotoo. Tinutukoy ang pagkamartir nina Joseph at Hyrum Smith, ipinahayag ni Elder John Taylor na ang Aklat ni Mormon at ang Doktrina at mga Tipan "ay binayaran ng pinakamahusay na dugo ng ikalabing-siyam na siglo upang ilabas ang mga ito" (Doktrina at mga Tipan 135:6).

Hinihingi sa bawat tao na nagtuturo ng ebanghelyo na ipasa sa iba, sa dalisay at hindi binaligtad na anyo, ang mga katotohanan na para kung saan ginawa ang mga dakilang pagpapakasakit. Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Ako ay nagsalita na noon pa tungkol sa kahalagahan ng pagpapanatiling dalisay ng doktrina ng Simbahan, at tinitiyak na ito ay itinuturo sa lahat ng ating pagpupulong. Ako ay nangangamba hinggil dito. Ang mumunting paglihis sa pagtuturo ng doktrina ay hahantong sa malalaki at masasamang kasinungalingan" *(Teachings of Gordon B. Hinckley [1997], 620).*

## Ang Inyong mga Responsibilidad Bilang Isang Guro

Habang kayo ay naghahanda at naglalahad ng mga aralin, dapat ninyong isaalang-alang ang mga sumusunod na pag-iingat upang matiyak na itinuturo ninyo ang katotohanan katulad ng pagkakahayag dito ng Panginoon.

### *Magturo mula sa mga Banal na Kasulatan at sa mga Salita ng mga Propeta sa mga Huling Araw sa Pamamagitan ng Espiritu*

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Ano ang dapat na maging pinagkukunan para sa pagtuturo ng dakilang plano ng Walang Hanggang Diyos? Ang mga banal na kasulatan, mangyari pa—lalung-lalo na ang Aklat ni Mormon. Ito rin ay dapat kabilangan ng iba pang mga paghahayag sa makabagong panahon. Ang mga ito ay dapat na gamitin kasama ng mga salita ng mga Apostol at propeta at ng mga paguudyok ng Espiritu" (sa Conference Report, Abr. 1987, 107; o *Ensign,* Mayo 1987, 85).

### *Gumamit ng mga Materyal na Pang-aralin na Gawa ng Simbahan*

Upang matulungan tayo sa pagtuturo mula sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw, gumawa ang Simbahan ng mga manwal na pang-aralin at iba pang materyal. Kaunti lamang ang pangangailangan para sa mga komentaryo o iba pang materyal na sanggunian. Dapat nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan, ang turo ng mga propeta sa mga huling araw, at ang materyal pang-aralin nang lubusan upang makatiyak na nauunawaan natin nang tama ang doktrina bago natin ito ituro.

### *Ituro ang mga Katotohanan ng Ebanghelyo at Hindi ang Ibang Bagay*

Nang mag-ordena ng mga saserdote si Alma upang turuan ang mga bininyagan niya sa mga tubig ng Mormon, "sila ay inutusan nila na sila ay walang dapat ituro maliban sa mga bagay na kanyang itinuro, at kung alin ay sinabi ng bibig ng mga banal na propeta" (Mosias 18:19). Nang turuan ng labindalawang Nephitang disipulo ng Tagapagligtas ang mga tao, kanilang "[ipinangaral] ang mga gayon ding salita na winika ni Jesus—walang pagkakaiba sa mga salitang winika ni Jesus" (3 Nephi 19:8). Habang itinuturo ninyo ang ebanghelyo ni Jesucristo, dapat ninyong sundin ang mga halimbawang ito.

*Ituro ng Malinaw ang mga Katotohanan ng Ebanghelyo Nang sa Gayon Walang Isa Mang Tao ang Magkakamali sa Pag-unawa ng mga Ito*

Ipinahayag ni Pangulong Harold B. Lee, "Ituturo ninyo ang mga lumang doktrina, hindi nang napakalinaw upang maunawaan lamang ang mga ito, *kundi kailangan ninyong ituro ang mga doktrina ng Simbahan nang napakalinaw upang walang isa mang tao na magkamali sa pag-unawa nito"* ("Loyalty," sa *Charge to Religious Educators,* ika-2 edisyon [1982], 64).

### Mga Babala sa mga Guro ng Ebanghelyo

Habang nagsisikap kayo na panatilihing dalisay ang doktrina, dapat ninyong iwasan ang mga sumusunod na suliranin.

*Haka-haka*

"Sa paglalahad ng isang aralin, maraming paraan para sa mga hindi disiplinadong guro na malihis mula sa landas na umaakay patungo sa kanyang layunin. Ang isa sa mga pinaka-karaniwang tukso ay ang magbigay ng haka-haka hinggil sa mga bagay na bahagya lamang ang sinasabi ng Panginoon. May lakas ng loob ang disiplinadong guro na magsalita ng, `Hindi ko alam', at iwanan ito nang gayon. Katulad ng sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith, `Hindi ito kasiraan sa ating katalinuhan o sa ating katapatan na sabihin nang hayagan sa harap ng isang daang haka-hakang katanungan, "Hindi ko alam" "[*Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon (1939), 9]" (Joseph F. McConkie, "The Disciplined Teacher," *Instructor*, Set. 1969, 334-35).

*Maling Pagbanggit*

"Ang disiplinadong guro ay nakatitiyak sa kanyang mga pinagkukunan at pinagsisikapan din niyang alamin kung wastong inilalarawan ng pagpapahayag ang doktrina ng Simbahan o ito ay opinyon lamang ng may-akda" (*Instructor,* Set. 1969, 334-35).

Hindi natin dapat na ipalagay na nagmula ang mga pagpapahayag sa mga pinuno ng Simbahan nang hindi tinitiyak ang pinagkunan ng mga pagpapahayag na ito. Kapag bumabanggit tayo ng mga banal na kasulatan, dapat nating tiyakin na ang paggamit natin ng mga ito ay naaalinsunod sa mga nilalaman ng mga ito (tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," mga pahina 66–68).

*Mga Gawing Pang-Ebanghelyo*

"Ang mga gawing pang-ebanghelyo—ang mga pagtatangi o piling pagbibigay-diin sa isang alituntunin ng ebanghelyo—ay dapat ding iwasan ng mga guro" (*Instructor,* Set. 1969, 334-35).

Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith: "Ang mga gawi ay nagbibigay ng isang maling pananaw tungkol sa ebanghelyo ng Manunubos sa mga humihikayat ng mga ito; binabaligtad at inaalis nila sa pagkakatugma ang mga alituntunin at turo nito. Hindi natural ang pananaw. Ang bawat alituntunin at gawaing inihayag mula sa Diyos ay mahalaga sa kaligtasan ng tao, at ang ilagay alinman sa kanila nang hindi tama sa unahan, itinatago at pinalalabo ang lahat ng iba pa, ay hindi katalinuhan at mapanganib; isinasapanganib nito ang ating kaligtasan, sapagkat pinadidilim nito ang ating mga isipan at pinalalabo ang ating mga pang-unawa" (*Gospel Doctrine,* 116-17).

*Mga Nakagigilalas na Kuwento*

"Marahil ang pinakamalaking tukso sa isang gurong nagsisikap na panatilihin ang pansin ng [isang] klase ay ang paggamit ng nakagigilalas na kuwento. Marami nito, na ang pinanggalingan ay lubhang nakapag-aalinlangan, ang patuloy na lumalaganap sa buong Simbahan. . . . Ang mga ito ay hindi kagamitan sa pagtuturo: ang katatagan at patotoo ay hindi naitatayo sa mga nakagigilalas na kuwento. Ang mga tagubilin para sa atin mula sa Propeta ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga wastong pamamaraang pagkasaserdote. Dapat na maingat na pag-ukulan ng pansin ang mga mensahe ng mga Pangkalahatang Awtoridad sa mga komperensiya sa istaka at sa pangkalahatan, at dapat na palagiang binabasa ang mga inilathalang babasahin ng Simbahan. Ang makabuluhang pagbibigay-pansin ay maiuukol sa gurong may reputasyong kinikilala at magaling sa doktrina" (*Instructor,* Set. 1969, 334-35).

*Pagpapanibago sa Kasaysayan ng Simbahan*

Nagbabala si Pangulong Ezra Taft Benson: "Mayroong mga pagtatangka noon pa at patuloy na mga pagtatangka na isama ang pilosopiya [ng tao] sa ating sariling kasaysayan ng Simbahan. . . . Ang binibigyan-diin ay pigiling maipakita ang paghahayag at pamamagitan ng Diyos sa mahahalagang pangyayari at lubusang sirain ang pagkatao ng mga propeta ng Diyos nang sa gayon ang kanilang mga kahinaan ang maging higit na mangibabaw kaysa kanilang espirituwal na katangian" ("God's Hand in Our Nation's History," sa *1976 Devotional Speeches of the Year* [1977], 310).

Nangungusap hinggil sa mga pagtatangkang ito, sinabi kinalaunan ni Pangulong Benson: "Binabalaan namin kayong mga guro ng hinggil sa kalakarang ito, na sa wari ay naging pagsisikap nang bigyang-kahulugang muli ang kasaysayan ng Simbahan nang sa gayon ito ay higit na makatwirang makaakit sa sanlibutan" (*The Gospel Teacher and His Message* [talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-17 ng Set. 1976], 11).

*Mga Pansariling Pagpapakahulugan at Di-kinikilalang Pananaw*

Sinabi ni Pangulong J. Reuben Clark Jr., "Ang Pangulo ng Simbahan, ang Namumunong Mataas na Saserdote lamang, ang sinasang-ayunan bilang Propeta, Tagakita, at Tagahayag para sa Simbahan, at siya lamang ang may karapatang tumanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan, maging ito man ay bago o pagsususog, o magbigay ng mga ipinag-utos na pagpapakahulugan sa mga banal na kasulatan na sasaklaw sa Simbahan, o baguhin sa anumang paraan ang mga umiiral na doktrina ng Simbahan" (sa *Church News,* ika-31 ng Hulyo 1954, 10). Hindi natin dapat ituro ang ating pansariling pagpapakahulugan sa mga alituntunin ng ebanghelyo o sa mga banal na kasulatan.

Ipinahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Mayroong mga tao sa ngayon na sa wari ay nagmamalaki sa pagsalungat sa mga kinikilala nang turo ng Simbahan at naglalahad ng kanilang mga sariling opinyon na kakaiba sa inihayag na katotohanan. Maaaring ang iba ay bahagyang walang-kamalayan sa bagay na ito; ang iba ay pinupunan ang kanilang pagkamakasarili; at ang ilan naman sa wari ay nananadya. Maaaring isipin ng mga tao ang anumang nais nila, subalit wala silang karapatan na ipilit sa iba ang kanilang di-kinikilalang pananaw. Dapat na matanto ng mga taong ito na nasa panganib ang kanilang mga kaluluwa" (sa Conference Report, Abr. 1948, 109).

# 12

# PAGTUTURO MULA SA MGA BANAL NA KASULATAN



Tinagubilinan tayo ng mga propeta sa mga huling araw na gamitin ang mga banal na kasulatan upang ituro ang mga doktrina ng ebanghelyo. Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Laging tandaan, na walang nakasisiyang hahalili para sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga buhay na propeta. Ang mga ito ang dapat na maging mga orihinal ninyong pinagkukunan. Higit na basahin at pagbulay-bulayin kung ano ang sinabi ng Panginoon, at huwag gaanong basahin ang mga isinulat ng iba hinggil sa sinabi ng Panginoon" (*The Gospel Teacher and His Message* [talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-17 ng Set. 1976], 6).

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Ang pinakatotoong pinagkukunan ng banal na karunungan ay ang salita ng Panginoon sa mga sagradong tomong ito, ang pamantayang mga banal na kasulatan ng Simbahan. Dito matatagpuan ang doktrina kung saan dapat tayong tumangan kung ang gawaing ito ay lalaganap sa banal nitong patutunguhan" (sa Conference Report, Abr. 1982, 67-68; o *Ensign,* Mayo 1982, 45).

Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa inyong magturo mula sa mga banal na kasulatan.

## "Hangaring Matamo ang Salita"

Bago tayo makapagturo mula sa mga banal na kasulatan, kailangan nating pag-aralan sa ating sarili ang mga banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahangad na Matamo ang Salita," mga pahina 16–17; "Pagbuo ng Isang Personal na Plano para sa Pag-aaral ng Ebanghelyo," mga pahina 18–19).

## Mamuno sa mga Talakayan at Gumamit ng mga Tanong

Habang nagtuturo kayo mula sa mga banal na kasulatan, pinakamahalagang mamuno sa mga talakayan at gumamit ng mga tanong, sapagkat ang mga pamamaraang ito ay humihikayat sa inyong mga tinuturuan na mag-isip hinggil sa mga banal na kasulatan at magbahagi ng kanilang mga pagkaunawa hinggil dito. Kapag tinatalakay ng mga mag-aaral ang mga alituntunin mula sa mga banal na kasulatan, sila ay unti-unting nagkakaroon ng mga kasanayang kailangan nila para sa kanilang pansariling pag-aaral ng mga banal na kasulatan (Para sa tulong sa pamumuno sa mga talakayan at paggamit ng mga tanong, tingnan ang mga pahina 78–81 at 84–86).

## Ibigay ang Nilalaman (Context)

Ang pinangyarihan o pangyayaring naganap sa isang talata sa mga banal na kasulatan ay tinatawag na nilalaman (context). Mas mauunawaan ng mga nag-aaral kung ano ang nangyayari o sinasabi sa isang talata sa mga banal na kasulatan kapag nalalaman nila ang nilalaman (context) nito.

Upang makapagsimula sa paghahanap ng nilalaman (context), itanong ang mga sumusunod:

- Sino ang nagsasalita?
- Kanino nagsasalita ang taong ito?
- Ano ang sinasabi niya?
- Ano ang itinutugon niya?
- Bakit niya sinasabi ito?

Halimbawa, ang Lucas 15:11–32 ay naglalaman ng talinghaga ng Tagapagligtas tungkol sa alibughang anak. Sinabi ni Propetang Joseph Smith na naunawaan niya ang talinghagang ito sa pamamagitan ng paghanap sa nilalaman (context) nito:

"Mayroon akong susi na sa pamamagitan nito ay nauunawaan ko ang mga banal na kasulatan. Nagsasaliksik ako, ano ba ang tanong na nakakukuha ng kasagutan, o ang dahilan ng pagbanggit ni Jesus ng talinghaga?. . . . Samantalang tinuturuan ni Jesus ang mga tao, nagsilapit sa Kanya ang lahat ng maniningil

ng buwis at makasalanan; 'at ang mga Fariseo at gayon din ang mga eskriba ay nangagbubulong-bulungan, na nangagsasabi: Tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan at sumasalo sa kanila.' Ito ang susi na nagbubukas sa talinghaga tungkol sa alibughang anak. Ito ay ibinigay upang sagutin ang mga bulung-bulungan at katanungan ng mga Saduceo at Fariseo, na nangagtatanong, nangaghahanap ng mali, at nangagsasabing, `Paanong ang taong ito na nagkukunwaring dakila siya, ay kumakaing kasalo ng mga maniningil ng buwis at makasalanan?'" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*), pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 276-77).

Katulad ng itinuro ni Propetang Joseph, ang nilalaman ng talinghaga tungkol sa alibughang anak ay nagsisimula sa Lucas 15:1–2, ilang talata bago magsimula ang talinghaga. Ang isang paraan upang malaman ang nilalaman (context) ay ang basahin ang mga nauna at nahuling talata ng talatang inyong pinag-aaralan.

Nakatutulong ang paraang ito kahit na ang nagsasalita sa isang talata sa mga banal na kasulatan ay tumutugon hindi lamang sa mga tao kundi sa mahahalagang pangyayari ng araw na iyon. Ang isang halimbawa nito ay nakabuod sa simula ng "Ang Kapangyarihan ng Salita" (pahina 60). Kapag nauunawaan natin kung sino ang mga Zoramita noon, ang kakila-kilabot na espirituwal na kalagayang kinaroroonan nila, at ang panganib na ibinibigay nila sa mga Nephita, higit nating mauunawaan ang kahalagahan ng pahayag ni Alma na siya at ang kanyang mga kapatid ay "susubukan [nila] ang bisa ng salita ng Diyos" sa kanilang pagsusumikap na baguhin ang mga Zoramita mula sa kanilang mga kinagawian (Alma 31:5).

Minsan nakatutulong din na pag-aralan ang pulitikal, panlipunan, o pang-ekonomiya ang kasaysayan ng panahong iyon kung kailan ibinigay ang isang banal na kasulatan. Halimbawa, upang maunawaan ang tungkol sa pagbibigay ng kaaliwan at mga pangako ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 121 at 122, makatutulong na malaman ang hinggil sa mga paghihirap na dinaranas ng mga Banal sa Missouri nang panahong iyon at ang mga tinitiis na kalagayan ni Propetang Joseph at ng kanyang mga kasama sa Piitan sa Liberty. Upang mapalawak ang ating pang-unawa sa mga sulat ni Pablo, makikinabang tayo mula sa kaalaman ng lugar kung saan siya naglakbay at ang kalagayan ng mga sangay ng Simbahan kung saan siya sumulat. Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan ay maaaring isang pinakamainam na mapagkukunan para dito at sa iba pang kaalaman sa pangyayari sa mga talata sa Biblia.

Sa pagbibigay ng nilalaman (context), mahalagang hindi mawala ang layunin nito, na tumulong upang higit pang maunawaan ang isang partikular na talata sa banal na kasulatan. Mag-ingat na huwag gawing pinakasentro ng isang aralin ang nilalaman (context) nito—katulad ng kasaysayan, pulitika, ekonomiya, o wika ng mga tao sa mga banal na kasulatan.

### Magbahagi ng mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan


Madalas na mas madaling maunawaan ang isang alituntunin ng ebanghelyo kapag ito ay inilalahad bilang bahagi ng isang kuwento sa mga banal na kasulatan. Ang mga kuwento ay nakatatawag ng interes ng mga tao at ipinakikita nito kung paano ipinamumuhay sa pang-araw-araw ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang isa pa, ang mga kuwento ay madalas na higit na madaling matandaan kaysa pahalaw na pagbubuod ng mga pahayag tungkol sa mga alituntunin. (Para sa mga mungkahi sa pagbabahagi ng mga kuwento, tingnan sa "Mga Kuwento," mga pahina 236-38.

Maaaring maglaman ang isang kuwento sa mga banal na kasulatan ng maraming alituntunin at pagsasagawa (ang isang halimbawa ay ang aklat ni Enos, na naglalaman lamang ng 27 talata subalit naglalarawan ng maraming alituntunin ng ebanghelyo). Kakailanganin ninyong magpasiya kung alin sa mga ito ang bibigyandiin ninyo sa mga kuwentong ginagamit ninyo.

Makatutulong madalas para sa mga nag-aaral na sama-samang basahin nang malakas ang isang kuwento, na naghahalinhinan sa pagbabasa (tingnan sa "Magbasa nang Malakas," pahina 69). Kung mahaba ang kuwento, karaniwan nang pinakamainam na ibuod ito, na ipinababasa sa mga mag-aaral ang ilang mahahalagang talata sa mahahalagang bahagi ng kuwento. Makatutulong ang mga pamagat sa kabanata o bahagi kapag inihahanda at inilalahad ninyo ang mga buod.

### Magbahagi ng Impormasyon Tungkol sa Talambuhay

Kapag pinag-aaralan natin ang mga buhay ng bawat isa sa mga banal na kasulatan, madalas nating nakikita na isinasagawa na ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa mahaba ng panahon. Halimbawa, ang buong kuwento tungkol kay Zisrom sa Aklat ni Mormon ay nagpapakita na maaaring magsisi ang isang tao at humayo upang paglingkuran ang Panginoon sa kabutihan. Kung binabasa ninyo ang mga talatang binabanggit sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan sa ilalim ng "Zisrom," masusundan ninyo ang kuwento ng pagtuligsa ni Zisrom laban sa Simbahan, ang kanyang pagbabalik-loob, at sa wakas, ang kanyang magiting na paglilingkod bilang isang misyonero at guro ng ebanghelyo. Ang iba pang nakapagbibigay-tagubilin na talambuhay ay kinabibilangan ng kina Ruth, Haring David, Samuel, Esther, Apostol Pablo, Nakatatandang Alma, Haring Benjamin, Nakababatang Alma, Corianton, Mormon, at Moroni.




## Gamitin ang Pamamaraang "Paghahanap" at "Pakikinig"

Kapag nagtuturo kayo mula sa mga banal na kasulatan, nakatutulong madalas na ipahanap o iparinig ang ilang tiyak na bagay. Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa ng mga bagay na maaari ninyong "ipahanap" o "iparinig" sa kanila.

*Mga alituntunin ng ebanghelyo na inilalarawan sa buhay ng mga tao.* Halimbawa: "Habang binabasa natin ang Moises 5:4–9, hanapin ang mga pahayag na naglalarawan ng pagkamasunurin ni Adan, maging bago pa niya lubos na naunawaan ang mga alituntuning nakapaloob dito."

*Mga Tanong.* Halimbawa: "Habang binabasa natin ang Alma 5:14-32, makinig sa mga itinanong ni Alma."

*Mga Tala.* Halimbawa: "Habang pinag-aaralan natin ang Doktrina at mga Tipan 25, hanapin ang mga katangian ng isang `hinirang na babae'."

*Mga kahulugan ng mga salita o konsepto.* Halimbawa: "Hanapin ang mga kahulugan ng *Zion* sa Doktrina at mga Tipan 97:21 at Moises 7:18."

*Matalinghagang paglalarawan at mga simbolo.* Halimbawa: "Sa Juan 15:1–6, hanapin ang pagtutulad ng Tagapagligtas sa Kanyang sarili sa isang puno ng ubas at ang kanyang mga disipulo sa mga sanga."

*Mala-propesiyang komentaryo sa isang alituntunin o pangyayari.* Halimbawa: "Habang binabasa ko ang Alma 30:60, makinig sa komentaryo ni Mormon sa sinapit ni Korihor."

*Ugnayang "Kung, samakatwid".* Halimbawa: "Makinig sa mga pangako ni Isaias sa atin kung pananatilihin nating banal ang araw ng Sabbath." (Tingnan sa Isaias 58:13–14).

*Asal na nakalulugod o hindi nakalulugod sa Diyos.* Halimbawa: "Habang binabasa natin ang Alma 39:1–9. hanapin ang mga tiyak na payong ibinigay ni Alma sa kanyang anak na si Corianton."

*Mga huwaran sa mga pangyayari, katangian, o kilos.* Halimbawa: "Habang pinag-aaralan natin ang mga talatang ito, hanapin ang mga huwaran na nagpapakita na kinakailangan ang mga matwid na hangarin sa paghahanap natin ng katotohanan." (Tingnan sa 1 Nephi 10:17–22; 11:1–23; Doktrina at mga Tipan 11.)

Habang hinahanap at pinakikinggan ninyo ang mga bagay na ito sa inyong pansariling pag-aaral at paghahanda, mas mabuti ninyong mapangangasiwaan ang mga gawaing "paghahanap" at "pakikinig" sa inyong mga tinuturuan.

## "Inihahalintulad sa Amin ang Lahat ng Banal na Kasulatan"

Tingnan sa "Paghahalintulad," mga pahina 225.



### Magbasa nang Malakas

Ang pagbabasa nang malakas ng mga banal na kasulatan ay nakatatawag sa interes ng mga nag-aaral, napapatalas ang kanilang kaisipan sa pagtutuon sa mahahalagang talata, at tinutulungan silang maging handa sa pagtanggap sa impluwensiya ng Espiritu. Kapag nagbabasa nang malakas ang isang tao, dapat ninyong hikayatin ang iba na sundan ang pagbabasa sa kanilang mga banal na kasulatan. Anyayahan silang pakinggan at hanapin ang mga tiyak na alituntunin o ideya. Bigyan sila ng oras na mailipat sa babasahing talata sa banal na kasulatan bago ito ipabasa. Kung ang isang talata ay naglalaman ng mga di-pangkaraniwan o mahihirap na salita o parirala, ipaliwanag ang mga ito bago ipabasa ang sipi. Kung mayroon man sa grupo na maaaring nahihirapang magbasa, ipabasa sa mga boluntaryo sa halip na sa kanila. Gumawang kasama ng bawat isa sa mga nahihirapan sa pagbabasa nang sa gayon darating silang handa sa wakas na basahin ang isang talata nang matagumpay.

### Gamitin ang mga Tulong sa Pag-aaral sa mga Banal na Kasulatan

Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter: "Kailangang magkaroon tayo ng isang Simbahang puno ng kababaihan at kalalakihan na nalalaman nang buong-buo ang mga banal na kasulatan, na tinitingnan ang siping-sanggunian at minamarkahan ang mga ito, na nagbubuo ng mga aralin at talumpati mula sa *Topical Guide,* at na lubos nang napag-aralan ang mga mapa, ang *Bible Dictionary,* at ang iba pang tulong na nakapaloob sa kahanga-hangang pamantayang mga banal na kasulatan na ito. Malinaw na higit pa ang naroroon kaysa matututuhan natin nang mabilis. Walang alinlangang ang bukid sa mga banal na kasulatan ay 'puti na upang anihin' " (*Eternal Investments* [talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-10 ng Peb. 1989], 2–3).

#### *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*

Naglalaman ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan ng piling mahahalagang banal na kasulatan at nagpapaliwanag na kabatiran. Ang materyal na ito ay inayos sa maiikling artikulo sa mahigit sa 1,000 paksa sa mga banal na kasulatan, na pa-alpabetikong itinala. Ang mga paksa ay kinapapalooban ng mga doktrina, alituntunin, tao, at lugar na matatagpuan sa pamantayang mga banal na kasulatan. Ito ang pinakamainam na mapagkukunan para sa pagsagot ng mga katanungan, paghahanda at pagpapayaman ng mga talumpati at aralin, at sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan nang mag-isa at bilang isang mag-anak.

#### *Mga Talababa at Siping-Sanggunian*

Karaniwang naglalaman ng mga talababa ang mga pahina ng teksto ng mga banal na kasulatan. Sa tatlong pinagsama-samang aklat ng banal na kasulatan, ang mga talababa ay naglalaman ng ilang uri ng kabatiran.

Halimbawa, naglalaman ang mga ito ng mga pagsasalin sa Hebreo (heb) ng mga piling salita. Naglalaman din ang mga ito ng mga sanggunian sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan (gbk). Naglalaman din ito ng mga pagpapaliwanag sa mga idyoma at mahihirap na pagpapakahulugan (ie). Ang mga talababa na may daglat na "pjs" ay mga hango mula sa binigyang-inspirasyong pagsasalin ni Joseph Smith na Biblia sa isang natatanging bahagi sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.*

Ang pinakakaraniwang uri ng talababa ay pagsangguni sa ibang talata sa pamantayang mga banal na kasulatan. Madalas na nagbibigay-linaw o nagdaragdag ng kabatiran ang mga karagdagang sipi na ito sa talatang inyong binabasa. Halimbawa, tingnan ang Doktrina at mga Tipan 11:21. Basahin ang talata, pagkatapos basahin ang sipi na nakatala sa talababa *a*. Paano nadaragdagan ng mga siping ito ang inyong pagkaunawa sa talatang ito?

Kapag nagtuturo ng isang talata sa banal na kasulatan, maaari ninyong gamitin ang mga talababa at sipingsanggunian upang matulungan ang mga nag-aaral na mas maunawaan ang talata.

*Mga Pamagat ng mga Kabanata at Bahagi*

Nagbibigay ang isang pamagat ng pahapyaw na paglalahad ng nilalaman ng kasunod na kabanata o bahagi. Maaari itong kapalooban ng mga kaalaman tungkol sa doktrina, makasaysayang nilalaman, o mga tao. Ang pamagat sa 2 Nephi 27, halimbawa, ay nagpapaliwanag na ang kabanata ay katulad ng sa Isaias 29 at naglalaman ito ng isang propesiya tungkol sa paglabas ng Aklat ni Mormon.

Maaari ninyong naising anyayahan ang mga nag-aaral na markahan ang mga talata sa mga banal na kasulatan alinsunod sa mahahalagang pangyayari na nasa pamagat ng kabanata o bahagi. Halimbawa, inilalarawan ang mahahalagang alituntunin sa Salita ng Karunungan sa pamagat at pagkatapos kulayan ang mga ito sa teksto ng banal na kasulatan.

Maaari ninyong naising ipabasa nang tahimik sa mga nag-aaral ang mga pamagat ng kabanata o bahagi bago sila magkomentaryo sa mga piling banal na kasulatan. Makatutulong ito sa kanila na maunawaan nang mabuti ang nilalaman ng banal na kasulatan.

*Mga Pambungad na Pahina*

Ang bawat isa sa pamantayang mga banal na kasulatan ay may mga pambungad na pahina, na naglalaman ng mahalagang kaalaman hinggil sa layunin at pinagmulan ng aklat. Halimbawa, ang mga pambungad na pahina sa Aklat ni Mormon ay naglalaman ng mga patotoo mula kay Joseph Smith at sa iba pa at kabatiran hinggil sa pinagmulan ng aklat. Ang mga pambungad na pahina sa Doktrina at mga Tipan ay nagpapaliwanag kung paano natanggap at tinipon ang paghahayag sa aklat.

Magagamit ang materyal na ito upang maituro ang pangyayari, kasaysayan, pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari, at pagkakabuo ng mga banal na kasulatan. Maaaring mabuo ang lahat ng aralin sa paggamit ng materyal mula sa mga pahinang ito. Halimbawa, ang pambungad na pagpapaliwanag sa Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng isang maikling pagbabaliktanaw sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo at nagtatala ng mga sangguniang banal na kasulatan na may kaugnayan sa paksa.

*Mga Mapa*

Naglalaman ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan ng mga mapa ng pinangyarihan at pook sa mga banal na kasulatan na mahalaga sa kasaysayan ng Simbahan. Sa pag-alam sa heograpiya ng mga lupaing tinatalakay, mas mauunawaan ng mga nag-aaral ang mga pangyayaring inilalarawan sa mga banal na kasulatan.

### Pagmamarka at Pagsusulat sa Mardyin ng Banal na Kasulatan

Makatutulong na markahan ang mga banal na kasulatan, kinukulayan ang mga salita sa kuwento, paksa, at alintuntunin nang sa gayon madaling hanapin ang mga ito. Ito ay maihahalintulad sa isang pansariling sistema sa pag-aayos ng mahahalagang bagay. Habang kayo ay nagtuturo, maaari ninyong hikayatin ang mga mag-aaral na markahan ang kanilang mga banal na kasulatan sa pagsasabi ng ganito, "Ang talatang ito ay naglalaman ng isang mahalagang alituntunin. Maaari ninyong naising markahan ito."

Walang iisang paraan sa pagmarka ng mga banal na kasulatan. Ang sistema ng pagmamarka ng isang tao ay dapat magpakita ng kanyang pansariling pamamaraan sa pag-aaral ng banal na kasulatan. Kung nagtuturo kayo ng mga may edad na o kabataan, maaari ninyong hilingin sa ilang nag-aaral na ibahagi ang ginagamit nilang mga pamamaraan.

Ang mga pamamaraan sa pagmamarka ng mga banal na kasulatan ay kinabibilangan ng, subalit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Pagkukulay, pagguguhit, paglalagay ng panaklong, o pagguguhit-balangkas ng buong talata o bloke ng mga talata sa pamamagitan ng lapis o may kulay na pangmarka.
- Pagguguhit lamang ng ilang mahahalagang salita sa bawat talata ng banal na kasulatan. Ito ay lumilikha ng isang pinatampok na salaysay sa kabanata o bahagi na mabilis ninyong mababasa upang makuha ang mga pangunahing konsepto.
- Pagbibilog o pagguguhit sa mga mahahalagang salita at, sa pamamagitan ng mga tuwid na linya,

pinagsasama ang mga may malapit na kaugnayan sa isa't isa.

- Pagmamarka ng buong talata o bloke ng mga talata at pag-uugnay ng mahahalagang salita sa loob ng talatang iyon.
- Pagbibigay-pansin kapag binabanggit ang isang serye ng mga magkakaugnay na punto at paglalagay ng bilang sa mga punto sa loob ng teksto o sa mardyin.

*Pag-uugnay ng mga Banal na Kasulatan*

Karamihan sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay ipinahahayag sa maraming iba't ibang talata ng banal na kasulatan, na ang bawat talata ay nagbibigay ng sarili nitong kabatiran. Higit na lubusan ninyong mauunawaan ang tungkol sa isang alituntunin kapag pinag-aaralan ninyo ng iba-ibang talata hinggil dito. Ang isang paraan upang magawa ito ay pagtitipon ng listahan ng mga talata sa isang paksa at pagkatapos isulat ang listahang iyon sa inyong mga banal na kasulatan. Depende sa paksa, maaaring maging mahaba o kasing-ikli ng dalawa o tatlong mahahalagang talata ang listahan. Ang pamamaraang ito, ay tinatawag minsan na pag-uugnay ng mga banal na kasulatan, ay maaaring maging mahalagang kagamitan sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagtuturo mula sa mga ito. Maiuugnay ninyo ang listahan ng mga talata sa banal na kasulatan sa mga sumusunod na kaparaanan:

Sa mardyin sa tabi ng bawat talata sa banal na kasulatan, isulat ang sanggunian ng kasunod na talata sa listahan. Patuloy na gawin ito hanggang sa matapos ninyo ang huling talata. Sa tabi ng huling talata, isulat ang sanggunian sa nauna. Sa gayon makapagsisimula kayo sa kahit anong bahagi sa listahan at makapagpapatuloy sa pagkakasunud-sunod nito hanggang sa mabasa ninyong lahat ang talata.

Maaari kayong bumuo ng ilang listahan na kailangang isaayos sa tiyak na pagkakasunud-sunod upang makapaglaan ng isang mas lubos na pagkaunawa sa mga paksa nito. Upang palaging malaman kung saan magsisimula ng gayong pagkakasunud-sunod, maaari ninyong isulat lamang ang sanggunian sa unang talata sa ilalim ng bawat iba pang sanggunian. O maaari ninyong isulat sa panaklong ang sanggunian sa unang talata sa bawat iba pang talata, at sa pahina kung saan makikita ang unang talata, maaari ninyong isulat ang lahat ng nakalista.

*Pagsulat sa Mardyin*

Ang pagsusulat sa mga mardyin ng inyong mga banal na kasulatan ay maaaring maging isang mahalagang paraan na gawing pansarili ang mga banal na kasulatan. Ang mga gayong sulatan ay nagbibigay-daan na maitala ang mga pagkaunawa, matukoy ang mga siping-sanggunian na mahalaga sa inyo, at maitala ang mga pamamaraan na maipamumuhay ninyo sa araw-araw ang mga talata sa banal na kasulatan.

Maaari ninyong naising hikayatin ang mga nag-aaral na sumulat sa mardyin. Maaari ninyong sabihin ang katulad nito, "Nais kong ibahagi ang isang kaisipan tungkol sa kabanatang ito. Isinulat ko ito sa mardyin" o "Narito ang isang napakagandang talata tungkol sa pagsisisi. Baka gusto ninyong isulat ang salitang *pagsisisi* sa mardyin na katabi nito."

### Mga Mungkahi sa Paggamit ng mga Banal na Kasulatan upang Turuan ang mga Bata

Mapagpapala ninyo ang buhay ng mga bata sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na maging palagay ang loob sa salita ng mga banal na kasulatan. Kapag tinuturuan ninyo ang mga bata, dapat ninyong gamitin nang madalas ang mga banal na kasulatan at humahanap ng mga paraan na maging palagay ang loob ng mga bata sa paggamit ng mga banal na kasulatan. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng maaari ninyong gawin:

- Tulungan ang mga bata na maging pamilyar sa mga pangalan at pagkakasunud-sunod ng mga aklat sa mga banal na kasulatan. Gamitin ang awiting "Ang mga Aklat sa Aklat ni Mormon" mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata*.
- Tulungan ang mga bata na maunawaan ang salita ng mga banal na kasulatan. Kapag sama-sama ninyong binabasa ang mga banal na kasulatan, ipaliwanag ang kahulugan ng mahahalagang salita. Tulungan ang mga bata na mabigkas ang mahihirap na salita at pangalan. Iparinig sa kanila ang ilang salita, parirala o ideya.
- Kapag nais ninyong ipahanap sa mga bata ang isang partikular na talata sa banal na kasulatan, ibigay sa kanila ang bilang ng pahina ng talata gayon din ang sanggunian.
- Ibahagi ang isang ulat sa banal na kasulatan sa sarili ninyong mga salita. Tulungan ang mga nag-aaral na ilarawan sa kanilang isipan ang mga pangyayari at ang mga tao habang inilalarawan ninyo ang nangyayari (tingnan sa "Mga Kuwento," mga pahina 236–38). Pagkatapos basahin nang malakas ang mahahalagang talata sa banal na kasulatan.
- Pabasahin nang malakas ang mga bata mula sa mga banal na kasulatan. Alamin ang mga kakayahan ng bawat bata, at tulungan ang bawat isa na makalahok nang matagumpay.
- Kung ang mga bata ay masyado pang maliit upang magbasa, anyayahan silang tingnan kayo habang binabasa ninyo ang banal na kasulatan at itinuturo ang mga salita. Maaari din ninyong hilingin sa malalaking bata na tulungan ang maliliit na bata sa paghahanap at pagbabasa ng mga banal na kasulatan.

- Ipabasa sa mga bata ang mga ulat sa banal na kasulatan mula sa mga isinalarawang aklat ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan na inilathala ng Simbahan, katulad ng *Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon*.
- Tulungan ang mga bata na talakayin ang mga ulat sa banal na kasulatan. Turuan silang magtanong kapag nagbabasa sila katulad ng, "Ano ang nangyayari? Bakit ito nangyayari? Sino ang nagsasalita? Paano ko ito maisasagawa?"
- Gamitin ang mga pamamaraan na inilalarawan sa bahagi F ng aklat na ito (mga pahina 209–42). Halimbawa, sa paglalahad ng isang kuwento mula sa mga banal na kasulatan, maaari kayong gumamit ng *flannel board*, mga simpleng paglalarawan sa pisara, o mga larawang iginuhit ng mga bata. Maaari ninyong ipasalaysay muli ang kuwento sa banal na kasulatan sa mga bata o ipakanta ang mga awiting may kaugnayan sa partikular na mga banal na kasulatan.
- Sa katapusan ng ilang aralin sa Primarya, mayroong isang bahaging tinatawag na "Mungkahing Babasahin sa Tahanan." Anyayahan ang mga bata na basahin kasama ng kanilang pamilya ang mga banal na kasulatan na binanggit dito.

# MAG-ANYAYA NG MASIGASIG NA PAG-AARAL

Ang bawat isa sa atin ay may pananagutan na matutuhan ang ebanghelyo sa pamamagitan ng masigasig na pagsisikap. Tayo rin ay binigyan ng pribilehiyo sa iba't ibang pagkakataon na maglingkod bilang mga guro—upang bigyang-inspirasyon at tulungan ang iba sa kanilang responsibilidad na matutuhan ang ebanghelyo.

Ibinibigay natin ang mahalagang paglilingkod na ito sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng makakaya natin upang:

1. Pukawin at panatilihin ang interes ng ating mga tinuturuan.
2. Hikayatin ang aktibo nilang pakikilahok sa mga aralin.
3. Ipakita sa kanila kung paano mamuhay alinsunod sa natutuhan nilang mga katotohanan.

Kailangan nating gawin ang mga bagay na ito nang may pagmamahal at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. Ito ay nangangahulugan na hindi tayo dapat magtuon nang labis na pansin sa ating pagsasagawa katulad sa kung gaano natin kahusay na tinutulungan ang iba na matutuhan nang masigasig ang ebanghelyo at maipamuhay ito nang tapat.

# 13

# PAGTULONG SA BAWAT ISA NA GAWIN ANG RESPONSIBILIDAD SA PAG-AARAL NG EBANGHELYO

### Ang Responsibilidad ng Bawat Isa na Matutuhan ang Ebanghelyo

Sa isang liham tungkol sa pag-aaral ng ebanghelyo, isinulat ni Elder Bruce R. McConkie: "Ngayon dumako tayo sa . . . isang pagtatapos na magkakaroon ng isang mahalagang kaugnayan sa ating walang hanggang kaligtasan. Ito ay na dapat matutuhan ng bawat tao ang mga doktrina ng ebanghelyo para sa kanyang sarili. Walang ibang taong makagagawa nito para sa kanya. Tumatayong nag-iisa ang bawat tao kung pag-uusapan ang kaalaman sa ebanghelyo; ang bawat isa ay may karapatang gamitin ang gayunding mga banal na kasulatan at binibigyan ng karapatan sa paggabay ng gayunding Banal na Espiritu; dapat na tumbasan ng bawat isa ang kabayarang itinalaga ng Banal na Diyos kung nais niyang matamo ang mahalagang perlas.

"Ang gayunding alituntunin ang sumasaklaw sa pagkatuto sa katotohanan at pamumuhay alinsunod sa mga pamantayan nito. Walang sinumang maaaring magsisi para sa kapakanan ng iba; walang sinuman ang maaaring sumunod sa mga kautusan na kahalili at kapalit ng iba; walang sinuman ang maaaring maligtas sa pangalan ng iba. At walang sinuman ang maaaring magkaroon ng patotoo o lumakad sa liwanag at katotohanan patungo sa walang hanggang kaluwalhatian para sa isang tao kundi sa kanyang sarili lamang. Ang kaalaman sa katotohanan at ang mga dumarating na biyaya sa mga sumusunod sa totoong mga alituntunin ay kapwa mga bagay na personal. At yayamang isang makatarungang Diyos ang nagbibigay ng gayunding kaligtasan sa bawat kaluluwa na ipinamumuhay ang gayunding mga batas, kung kaya't ibinibigay niya ang gayunding pagkaunawa sa kanyang mga walang hanggang katotohanan sa lahat ng tutumbas sa kabayaran ng mga nagsisihanap ng katotohanan.

"Ang proseso ng Simbahan para sa pagtatamo ng kaalaman sa ebanghelyo ay katulad ng mga sumusunod:

"a. Ang responsibilidad ay nakaatang sa bawat tao na magtamo ng kaalaman sa katotohanan sa pamamagitan ng kanyang mga sariling pagsisikap.

"b. Sumunod, dapat turuan ng mga mag-anak ang mga miyembro ng sarili nilang mag-anak. Inutusan ang mga magulang na palakihin ang kanilang mga anak sa liwanag at katotohanan. Ang tahanan ang dapat na maging pangunahing sentro ng pagtuturo sa buhay ng mga Banal sa mga Huling Araw.

"c.Upang matulungan ang mga mag-anak at ang bawat isa, ang Simbahan, bilang isang naglilingkod na ahensiya, ay naglalaan ng maraming pagkakataon na makapagturo at matuto. Tayo ay inuutusang 'turuan [ninyo] ang isa't isa ng doktrina ng kaharian' (Doktrina at mga Tipan 88:77). Ito ay isinasagawa sa mga pulong-sakramento, sa mga komperensiya at sa iba pang pagpupulong sa pamamagitan ng mga tagapagturo sa tahanan, sa mga klase sa pagkasaserdote at pantulong na samahan, sa pamamagitan ng mga *seminary* at *institute*, at sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon ng Simbahan" ("Finding Answers to Gospel Questions, "*sa Charge to Religious Educators*, ika-3 edisyon [1994],80).

### Ang Papel na Ginagampanan ng Guro sa Pagtulong sa Bawat Isa na Matutuhan ang Ebanghelyo

Nalalaman na ang bawat isa ay may pananagutan na matutuhan ang ebanghelyo, maitatanong natin, Ano ang papel na ginagampanan ng mga guro? Ito ay ang tulungan ang bawat isa na gawin ang responsibilidad sa pag-aaral ng ebanghelyo—-ang pukawin sa kanila ang hangaring pag-aralan, unawain, at ipamuhay ang ebanghelyo at ipakita sa kanila kung paano ito gagawin.

Si Kapatid na Virginia H. Pearce, na naglingkod bilang unang tagapayo sa pangkalahatan panguluhan ng Mga Kabataang Babae, ay nagsabi:

"Ang mithiin ng isang guro ay higit pa sa pagtuturo lamang ng hinggil sa katotohanan. Ito ay ang anyayahan ang Espiritu at gamitin ang mga pamamaraan na makapagpapalaki ng posibilidad na matuklasan ng nag-aaral ang katotohanan [at] mahikayat na ipamuhay ito. . . .

" . . . Isipin ninyo ang daan-daang libu-libong silid-aralan tuwing Linggo, na ang bawat isa ay may gurong

nakauunawa na 'ang pag-aaral ay dapat na isinasagawa ng mag-aaral. Samakatwid ang mag-aaral ang dapat na kumikilos. Kapag nakatuon na sa isang guro ang spatlait, nagiging bida sa palabas, ang siyang nagsasalita sa lahat ng oras, at kung hindi naman siya ang namumuno sa lahat ng gawain, halos matitiyak natin na nahahadlangan niya ang pagkatuto ng mga miyembro ng klase' [Asahel D. Woodruff, *Teaching the Gospel* (1962), 37].

"Ang isang mahusay na guro hindi nag-iisip ng, 'Ano ang gagawin ko ngayon sa klase?' kundi nagtatanong ng, 'Ano ang gagawin ngayon ng aking mga mag-aaral sa klase?'; hindi, 'Ano ang ituturo ko ngayon?' kundi, 'Paano ko matutulungan ang aking mga mag-aaral na matuklasan ang kailangan nilang malaman?' [*Teaching the Gospel: A Handbook for CES Teachers and Leaders* (1994), 13]. Hindi ninanais ng mahusay na guro na umuwi ang kanyang mag-aaral na nag-uusap kung gaano kahanga-hanga at pambihira ang guro. Ninanais ng guro na pag-usapan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-uwi kung gaano kaganda ang ebanghelyo!" (sa *Conference Report*, Okt., 1996, 13-14; o *Ensign*, Nob. 1996, 12).

Iginagalang ng mga gurong nakauunawa sa kanilang tunay na responsibilidad ang kalayaang pumili ng bawat taong tinuturuan nila. Natutuwa sila kapag ang mga tinuturuan nila ay nag-aaral ng mga banal na kasulatan sa kanilang sariling pagsisikap, tinutuklas ang mga alituntunin ng ebanghelyo para sa kanilang mga sarili, at nagbibigay ng mga karagdagang maliwanag na pagkaunawa sa mga talakayan. Pinakamatagumpay ang mga guro kapag ang mga nag-aaral ay masigasig na nag-aaral at umuunlad sa ebanghelyo at kumukuha ng lakas mula sa Diyos.

Ang pinakamahuhusay na guro ay di-nagmamapuri dahil sa pagkatuto at pag-unlad ng mga tinuturuan nila. Katulad ng mga hardinero na nagtatanim at nag-aalaga ng mga pananim, nagsisiskap silang makalikha ng posibleng pinakamaiinam na kalagayan para sa pagkatuto. Pagkatapos ay nagpapasalamat sila sa Diyos kapag nakikita nila ang pag-unlad ng mga tinuturuan nila. Isinulat ni Pablo, "Ano pa't walang anoman ang nagtatanim, ni ang nagdidilig; kundi ang Dios na nagpapalago" (I Mga Taga Corinto 3:7).

### Paghikayat ng Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan sa Pag-aaral ng Ebanghelyo

Makatutulong sa inyo ang mga sumusunod na mungkahi na mahikayat ang iba na gawin ang responsibilidad sa pag-aaral ng ebanghelyo:

- Palakihin ang inyong sariling pagsusumigasig sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Ang inyong sigasig ay makapagbibigay-inspirasyon sa inyong mga tinuturuan na tularan ang inyong halimbawa.
- Habang kayo ay nagtuturo, palaging ituon ang pansin sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Makatutulong ito sa mga miyembro na pahalagahan kung gaano kayaman at makabuluhan ang salita ng Diyos.
- Magtanong ng mga katanungan na humihingi sa mga mag-aaral na hanapin ang mga kasagutan sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Samantalang nakabubuti kung minsan na tanungin ang mga nag-aaral kung ano ang iniisip nila tungkol sa ilang paksa, madalas mas nakabubuting ideya na tanungin sila kung ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatan at ng mga propeta sa mga huling araw.
- Ipakita sa mga mag-aaral kung paano gamitin ang mga tulong sa pag-aaral sa mga banal na kasulatan. Sa wari sa iba ang mga banal na kasulatan ay waring nakapanghihina o di-makakayanan ng isipan, lalung-lalo na sa mga maituturing na bago sa Simbahan. Makatutulong kayo sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila kung paano gamitin ang mga talababa, *Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, ang mga hango mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith, at ang mga mapa (tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," mga pahina 66–72, para sa mga tiyak na ideya). Ang mga taong natutuhan kung paano gamitin ang mga tulong sa pag-aaral na ito ay nagiging mas nagtitiwala sa kanilang kakayahan na pag-aralan ang mga banal na kasulatan.
- Magbigay nga mga takdang-aralin na nangangailangan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Isaalang-alang ang pagtatapos sa isang aralin sa pamamagitan ng pagtatanong o pagbibigay ng isang takdang-aralin na nangangailangan sa mga naroroon na saliksikin ang mga banal na kasulatan at ang mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Maging ang maliliit na bata ay maaaring bigyan ng ganitong uri ng takdang-aralin. Halimbawa, matapos ang aralin tungkol sa pagdarasal, maaari ninyong hilingin sa mga bata na magbasa kasama ang kanilang mga magulang ng isang ulat sa banal na kasulatan o talumpati sa pangkalahatang komprehensiya tungkol sa pagdarasal.
- Tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan na ang mga tao sa mga banal na kasulatan ay ang mga taong nabuhay noon na nakaranas ng mga pagsubok at kagalakan sa kanilang mga pagsisikap na paglingkuran ang Panginoon. Nagiging buhay ang mga banal na kasulatan habang inaalala natin na naranasan din ng mga propeta at ng ilang tao sa mga banal na kasulatan ang marami sa mga gayunding bagay na nararanasan natin.

- Ipakita sa mga mag-aaral kung paano hanapin ang mga kasagutan sa mga hamon ng buhay sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Halimbawa, maaari ninyo silang tulungan sa paggamit ng *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* o ng indise sa mga isyu sa komperensiya ng magasin ng Simbahan upang magsaliksik para sa payo sa paksang tulad ng pag-aliw, pagsisisi, kapatawaran, paghahayag, o pagdarasal.
- Hayagang hikayatin ang inyong mga tinuturuan na pag-aralan ang mga banal na kasulatan at ang mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Hindi nauunawaan ng ilan ang kanilang responsibilidad na matutuhan ang ebanghelyo. Ang ilan ay nakalimot na. Isang obispo ang nagsabi na minsan ay dumalo siya sa pulong-pagsasanay ng Primarya kung saan ibinigay ang hamon na pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw. Bilang resulta ng karanasang iyon, pumalya lamang siya ng isang araw sa pag-aaral sa loob ng sumunod na 13 taon. Sinabi niyang ang pag-aaral na ito ang nagpabago ng kanyang buhay.
- Magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas bilang sentro ng lahat ng itinuturo ng mga banal na kasulatan at ng mga propeta sa mga huling araw. Maging lubhang matapang sa pagbibigay ng inyong patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Habang nakikita ng inyong mga tinuturuan ang Tagapagligtas sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw, ang kanilang hangaring mag-aral ay titindi at mapalalakas ang kanilang mga patotoo.

### Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagan tungkol sa pagtulong sa bawat tao na gawin ang responsibilidad sa pag-aaral ng ebanghelyo, tingnan sa aralin 5 sa kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo (mga pahina 269–74).

14

# PAMUMUNO SA MGA TALAKAYAN



Ang mga makabuluhang talakayan ay mahalaga sa halos lahat ng pagtuturo ng ebanghelyo. Inaanyayahan natin ang impluwensiya ng Espiritu kapag itinuturo natin sa isa't isa ang ebanghelyo at binibigyan ng magalang na pagtingin ang isa't isa.

Nagkakaroon ng resulta ang mga talakayan na madalang mangyari kung wala ang mga ito. Halimbawa, ang mga ito ay maaaring:

- Makapagsusulong ng masigasig na pag-aaral. Sa pamamagitan ng mainam na pangangasiwa ng mga talakayan, nadaragdagan ang interes at sigasig ng mga nag-aaral. Maaaring mahikayat ang bawat taong naroon na maging aktibong nakikilahok sa proseso ng pagkatuto. Habang kayo at ang inyong mga tinuturuan ay nagtatanungan, magsaliksik nang magkakasama sa mga banal na kasulatan, at makinig sa isa't isa, ang lahat ng mga naroroon sa klase ay makatatamo ng mga kasanayan at panganyak na makatutulong sa pag-aaral ng bawat isa ng ebanghelyo.
- Makapaghikayat ng pagkakaisa sa inyong mga tinuturuan. Habang ibinabahagi nila ang kanilang sariling kaalaman at karanasan at nakikinig at tumutugon nang may paggalang sa isa't isa, sila ay nagiging mas nagkakaisa at lilikha ng isang positibong kapaligiran sa pagkatuto.
- Makapagpalawak ng pang-unawa. Ang mabubuting talakayan ay higit kaysa magiliw na pag-uusap kung saan naibabahagi ang mga opinyon. Napalalawak at napalalalim ng mga ito ang pang-unawa ng bawat nakikilahok tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo.
- Makapagbawas ng di-pagkaunawa. Nagpapakita ang mga pagpapahayag ng mga puna ng mga nag-aaral kung gaano nila nauunawaan ang mga alituntuning itinuturo. Makatutulong ito sa inyo na malaman kung kailan pa ninyo palalawakin, bibigyan-diin, o babalik-aralan ang ilang alituntunin.

## Mga Mungkahi sa Pamumuno sa mga Talakayan

### *Gumamit ng Pagtatanong*

Maaaring makahikayat sa naroroon ang mga pagtatanong upang makilahok sa mga talakayan. Maaaring makatulong ang mga ito sa mga nag-aaral na maunawaan ang isang alituntunin, mag-isip nang mas malalim hinggil dito, at maiugnay ito sa kanilang mga buhay. Maaakay ng mga ito ang mga nag-aaral na bumaling sa mga banal na kasulatan para sa mga kasagutan.

Naglalaan ang halos lahat ng manwal ng aralin ng mga katanungan upang mapasimulan ang talakayan at maipagpatuloy ang mga ito. Maaari ninyong gamitin ang mga katanungang ito at maghanda rin ng sarili ninyong katanungan. Magtanong ng mga katanungang makapaghihikayat ng mga punang pinag-isipan nang mabuti at makatutulong sa bawat isa na tunay na pagbulay-bulayin ang ebanghelyo. (Para sa karagdagang tulong, tingnan sa "Pagtuturo sa Pamamagitan ng Pagtatanong," mga pahina 84–86.)

### *Pumili ng mga Pamamaraan sa Pagtuturo na Nag-uugnay ng mga Talakayan sa mga Aralin*

Matapos ninyong maplano ang mga itatanong, tanungin ang inyong sarili, "Ano pa ang maaari kong gawin? Anu-anong pamamaraan ang maaari kong gamitin upang mapasigla ang talakayan?" Maaari kayong gumamit ng maraming iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo upang simulan ang mga talakayan at mapanatili itong masigla. Halimbawa, maaari ninyong simulan ang isang aralin sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng isang kuwento, ng paggamit ng isang bagay sa pagtuturo ng aralin, o pag-awit ng isang

himno nang sama-sama at pagpapahanap sa himno sa mga naroon sa klase ng sagot sa katanungan.

*Maging Sensitibo sa Impluwensiya ng Espiritu sa mga Naroroon sa Klase*

Maaaring udyukan ng Banal na Espiritu ang isa o higit pa sa inyong mga tinuturuan upang magdagdag ng mahahalagang kabatiran na kinakailangang marinig ng iba. Maging bukas sa mga pag-uudyok na inyong natatanggap na tawagin ang partikular na mga tao. Maaari ninyong madamang tanungin ang isang taong hindi nagtataas ng kamay upang ipahayag ang kanyang mga pananaw.

*Humanap ng mga Paraan upang Makalahok ang Lahat*

Makikinabang ang inyong mga tinuturuan mula sa pakikilahok ng isa't isa. Gayunpaman, maaaring masumpungan ninyo ang inyong sarili na hinihingan lamang ng mga puna ang mga nagtataas ng kanilang mga kamay. Paminsan-minsan mas pinipili ng mga tao na hindi makilahok dahil wala silang opinyon tungkol sa paksa o mas pinipiling bigyan ng pagkakataon ang iba na makapagsalita. O maaaring natatakot silang magkamali o nag-iisip na hindi nila gaanong mahusay maipahahayag ang kanilang mga sarili katulad ng iba. Maaaring nadarama nila na hindi sila tinatanggap ng grupo.

Maging sensitibo at madasalin habang pinag-aaralan ninyo ang bawat isa. Maaari ninyong ipasiyang tanungin ang opinyon ng isang tao hinggil sa paksa sa halip na magtanong hinggil sa mga tunay na pangyayari na maaaring hindi niya masagot. Halimbawa, sa halip na magtanong ng, "Anu-anong kaloob ng Espiritu ang itinala ni Pablo sa I Mga Taga Corinto?" Maaari ninyong itanong ang, "Sa palagay ninyo bakit ang pag-ibig sa kapwa ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Espiritu?" Maaari ninyong hilingin sa isa na maghanda ng maikling paglalahad para sa aralin; maaari pa ninyo silang tulungang maihanda ito. Maaari ninyong naising kaibiganin muna ang ilan, na ipinaaalam sa kanila na pinahahalagahan ninyo ang mga sasabihin nila.

*Panatilihin ang Pinakamahalagang Punto ng mga Aralin*

Paminsan-minsan ang mga mag-aaral ay nagbabahagi ng mga ideya na walang kaugnayan sa aralin. Kung nadarama ninyong nalilihis ang puna sa aralin, maaari ninyong akayin pabalik ang talakayan sa mga pinakamahalagang punto ng aralin sa pagsasabi ng tulad nito, "Iyan ay isang kawili-wiling obserbasyon, subalit naniniwala ako na napupunta tayo sa ibang paksa. Maaari bang iwanan natin ang talakayang iyan para sa ibang araw at dumako tayong muli sa orihinal na tanong?" O maaari ninyong sabihing, "Palagay ko ay hindi ako handa na pag-usapan ang hinggil sa bagay na iyan ngayon. Marahil maaari nating talakayin ang ideyang iyan sa ibang araw."

Maaari ding magkaroon ng pagkakataon na hindi ninyo alam ang sagot sa isang katanungan. Kung mangyayari ito, sabihin lamang na hindi ninyo alam. Maaari ninyong naising sabihin na susubukan ninyong hanapin ang sagot. O maaari ninyong naising anyayahan ang mga nag-aaral na hanapin ang kasagutan, na bibigyan sila ng oras sa ibang aralin upang mag-ulat ng natuklasan nila.

*Panatilihin ang Kaayusan*

Minsan may ilang mag-aaral na sabik na sabik magbigay ng puna tungkol sa isang ideya. Hikayatin silang magtaas ng kanilang mga kamay kapag nais nilang magbigay ng puna at maghintay hanggang sa matawag ninyo sila. Bigyan-diin kung gaano ang kanilang matututuhan mula sa isa't isa, at anyayahan silang makinig nang may paggalang sa mga ideya ng bawat isa.

Paminsan-minsan maaaring maputol ng isang tao ang aralin sa pamamagitan ng pakikipagtalo sa inyo at sa iba, pagsasalita nang walang pakundangan, o pagpapasimula ng mga isyung maaaring pagtalunan. Pinapapasok ng taong iyon ang diwa ng pagtatalu-talo, na nakapagpapahirap sa pagtuturo at nakapagpapahina ng pananampalataya ng ilan. Para sa mga mungkahi kung paano pakikitunguhan ang mga taong gayon, tingnan sa "Pagtulong sa mga Yaong Nagiging Magulo," mga pahina 107–11.

*Huwag Maging Masalita*

Ang mga gurong nagbibigay-pagtalakay sa aralin nang halos buong oras ng klase o siyang sumasagot mismo sa lahat ng katanungan ay nakapipigil sa mga mag-aaral sa pakikilahok. Dapat ninyong pag-ingatan ang pagsasalita nang higit pa sa kinakailangan o pagpapahayag ng inyong opinyon nang madalas. Ang ganitong mga gawain ay nakawawala ng interes ng mga mag-aaral. Isipin ang inyong mga sarili bilang isang giya sa isang paglalakbay sa pagkatuto na nagsisingit ng mga wastong puna upang mapanatili sa wastong landas ang inyong mga tinuturuan.

Ang dapat na maging pangunahing tungkulin ninyo ay tulungan ang iba na matutuhan ang ebanghelyo, hindi ang lumikha ng isang kahanga-hangang paglalahad ng aralin. Ito ay kinabibilangan ng pagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na turuan ang isa't isa. Kapag nagtatanong ang isa, isiping anyayahan ang iba na sagutin ito sa halip na kayo mismo ang sumagot nito. Halimbawa, maaari ninyong sabihing, "Iyan ay isang kawili-wiling tanong. Ano ang palagay ng iba sa inyo?" o "Sino ang makatutulong sa pagsagot sa tanong na ito?"

*Huwag Magmadaling Tapusin ang mga Talakayan*

Maging maingat na huwag madaliing tapusin ang magagandang talakayan sa pagtatangkang mailahad ang



lahat ng materyal na inyong inihanda. Bagaman mahalaga na tapusin ang materyal, mas mahalagang tulungan ang mga mag-aaral na madama ang impluwensiya ng Espiritu, masagot ang kanilang mga katanungan, mapalawak ang kanilang pagkaunawa sa ebanghelyo, at mapalalim ang kanilang pangakong sundin ang mga kautusan.

*Makinig*

Pagsikapang makinig nang taos sa puso sa mga puna ng mga mag-aaral. Mahihikayat sila ng inyong halimbawa na makinig mabuti sa isa't isa. Kung hindi ninyo nauunawaan ang pahayag ng isa, magtanong. Maaari ninyong sabihing, "Hindi ko gaanong naunawaan. Maaari bang ipaliwanag mo iyon muli?" o "Maaari bang bigyan mo ako ng halimbawa ng ibig mong sabihin?" (Para sa karagdagang tulong, tingnan sa "Pakikinig" mga pahina 82–83.)

*Pasalamatan ang Lahat ng Pagbabahagi*

Matutulungan ninyo ang inyong mga tinuturuan na magkaroon ng higit pang tiwala sa sarili hinggil sa kanilang kakayahan na makilahok sa talakayan kung positibo kayong tutugon sa bawat matapat na puna. Halimbawa, maaari ninyong sabihing, "Salamat sa iyong sagot. Iyan ay tunay na pinag-isipan." o "Kaygandang ideya! Hindi ko iyan naisip noon" o "Iyan ay isang magandang halimbawa" o "Nagpapasalamat ako sa lahat ng inyong sinabi ngayon."

Huwag pagtawanan o pintasan ang anumang tanong o opinyon, kundi magpakita ng paggalang at pagmamahal habang ginagawa ninyo ang lahat ng inyong makakaya upang tumugon. Kapag nadarama ng mga tao na pinahahalagahan ang kanilang mga puna, ibabahagi nila ang kanilang mga karanasan, nadarama at patotoo nang mas malaya (tingnan sa "Pagtuturo sa Iba na Mag-ambag sa Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral," mga pahina 97–98; "Paano Makapag-aambag ang Guro sa Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral," mga pahina 99–102.)

*Sagipin ang mga Mag-aaral na Nagbibigay ng mga Maling Kasagutan*

Paminsan-minsan ang isang tao ay maaaring makapagsabi ng isang bagay na mali. Masasagip ninyo ang mag-aaral sa pamamagitan ng pagtugon nang ganito, "Hindi ko naisip na ganoon iyon noon." o maaari ninyong sabihin, "Marahil ay nag-iisip ka tungkol sa ibang bagay" o "Natutuwa ako at binanggit mo iyan." Sa ilang pagkakataon, maaari ninyong piliing akuin ang responsibilidad para sa maling katugunan. Halimbawa, maaari ninyong sabihing, "Hindi ko gaanong naipaliwanag ang aking sinabi, hindi ba? Humihingi ako ng paumanhin."

### Pagtapos ng mga Talakayan

Mahalaga na tapusin ang mga talakayan sa tamang oras. Halos nawawala ang diwa ng isang masiglang talakayan kapag napakatagal nito. Makatutulong sa inyo ang mga sumusunod na mungkahi:

- Planuhin ang oras. Alamin kung kailan dapat magtapos ang aralin. Bigyan ng oras ang inyong sarili na maibuod ang mga nasabi at magpatotoo.

- Bigyan ng takdang oras ang mga mag-aaral. Maaari ninyong sabihin ang ganito, "May oras pa tayo para lamang sa dalawa pang puna." O maaari ninyong sabihing, "Makinig tayo sa isa pang puna, at pagkatapos tatapusin ko ito sa pagbibigay ng huling kaisipan."

Bilang karagdagan sa pagtatapos ng mga talakayan sa tamang oras, mahalagang tapusin ang mga talakayan sa tamang paraan. Kapag tinatapos ninyo ang isang talakayan, pasalamatan ang mga mag-aaral para sa pakikilahok. Pagkatapos ibuod ang mahahalagang punto na nasaklaw ninyo sa talakayan o anyayahan ang iba na gawin ito. Bigyan-diin ang mga tinalakay na mga alituntunin ng ebanghelyo. Balik-aralan ang anumang bagong ideya na nakuha mula sa talakayan, at hikayatin ang inyong mga tinuturuan na gamitin ang malalim na pagkaunawa nila sa pamumuhay ng mga alituntunin. Habang inuudyukan ng Espiritu, magpatotoo kayo o anyayahan ang iba na gawin ito.

15

# PAKIKINIG



Ang pakikinig ay isang pagpapahiwatig ng pagmamahal. Madalas itong nangangailangan ng pagpapakasakit. Kapag tunay tayong nakikinig sa iba, madalas na ipinauubaya natin ang nais nating sabihin nang sa gayon ay maipahayag nila ang kanilang mga sarili.

## Paano Nakatutulong ang Pakikinig nang Mabuti sa Inyong mga Tinuturuan

Bilang isang guro, makagagawa kayo ng mas maraming kabutihan sa pamamagitan ng pakikinig. Kapag nakikinig kayo, itinutuon ninyo ang inyong pagtuturo sa mga pangangailangan at interes ng bawat isa. Ipinakikita ninyo ang inyong paggalang sa kanilang mga ideya, opinyon, at karanasan. Ipinakikita ninyo na kayo ay nagmamalasakit sa bawat isa sa kanila. Kapag nalalaman nila na ang kanilang mga kaalaman ay mahalaga sa inyo, sila ay mas malamang na:

- Maging handa sa pagtanggap at maging masigasig.
- Magbahagi ng mga iniisip at karanasan.
- Masigasig na matuto.
- Ipamuhay ang kanilang mga natutuhan.

Maaaring akalain ng ilan na ang pakikinig nang mabuti sa isang miyembro ng grupo ay nangangahulugang pagbabalewala sa iba at pagtalikod sa kanila. Hindi ganito ang ipinahihiwatig nito. Ang pakikinig nang mabuti sa isang tao ay nakatutulong sa iba na malaman na nagmamalasakit kayo sa bawat isa. At habang nakikinig kayo sa mga miyembro ng mag-anak o miyembro ng klase nang isa-isa, ipinakikita ninyo ang isang halimbawa upang gawin ng iba ang gayundin.

## Paano Nakatutulong ang Pakikinig nang Mabuti sa Inyo Bilang Isang Guro

Ang inyong pakikinig nang mabuti ay makatutulong sa inyo bilang isang guro. Habang nakikinig kayo nang may pagmamahal at paggalang sa mga opinyon ng mag-aaral, magagawa ninyong:

- Malaman kung gaano kaaktibo ang mga mag-aaral sa propeso ng pagkatuto.
- Malaman kung gaano na ang kanilang natututuhan.
- Mas maunawaan ang kanilang mga pangangailangan.
- Mahiwatigan at maalis ang mga hadlang na maaaring magbigay ng limitasyon sa kanilang pagkatuto, katulad ng panghihina ng loob o pagkaabala sa ibang bagay.
- Mas maunawaan ang mga katanungan na bumabagabag sa kanila nang sa gayon magabayan ninyo sila sa mga kasagutan.
- Malaman kung kailan magpapatuloy sa puntong mahalaga sa kanila.
- Malaman kapag kailangan nila ng pagkakataon upang makapagsalita.
- Magpasiya kung kailan uulitin ang mga tiyak na alituntunin o magbibigay ng mas maraming paliwanag.
- Malaman kung kailan iaangkop ang paglalahad ng isang aralin.

Ang pakikinig ay magdudulot rin ng malaking kapakinabangan sa inyong sarili mismo. Habang nakikinig kayo sa inyong mga tinuturuan, malalaman ninyong na marami silang maituturo sa inyo.

## Mga Mungkahi para sa Mas Mabisang Pakikinig

Paano malalaman ng inyong mga tinuturuan na kayo ay nakikinig? Maipakikita ninyo na kayo ay nakikinig sa pamamagitan ng pagpapahiwatig ng interes. Maaari ninyong tingnan ang nagsasalita sa halip na ang inyong mga materyal na pang-aralin o ibang bagay sa silid. Mahihikayat ninyo ang nagsasalita na tapusin ang kan-

yang ideya nang walang sagabal. Maiiwasan ninyong magpayo o humatol kaagad sa mga usapan. Kapag nauunawaan ninyo kung ano ang sinasabi, makapagbibigay kayo ng mga puna na nagpapakita ng inyong pagkaunawa rito. Kapag hindi ninyo nauunawaan, maaari kayong magtanong.

Isaalang-alang ang mga sumusunod na ideya habang nagsisikap kayo na paunlarin ang inyong kakayahan na makinig.

### *Magtanong*

Ang mga katanungang katulad ng mga sumusunod ay makapagpapakita na pinahahalagahan ninyo ang mga ideya at damdamin ng bawat isa.

- Maaari bang magkuwento ka pa tungkol diyan?
- Ano ang nadama mo nang mangyari iyon?
- Hindi ako nakatitiyak na naunawaan kong mabuti. Sinasabi mo bang . . . ?
- Maaari bang ipaliwanag mo iyan sa akin?

#### *Tumigil Sandali*

Huwag matakot sa katahimikan. Madalas na nangangailangan ang mga tao na mag-isip at tumugon sa mga tanong o ipahayag ang kanilang nadarama. Maaari kayong tumigil sandali matapos kayong magtanong, matapos maibahagi ang isang espirituwal na karanasan, o kapag nahihirapang ipahayag ng isang tao ang kanyang sarili. Tiyaking mabigyan ng oras ang nagsasalita na tapusin ang kanyang sinasabi bago kayo tumugon. Mangyari pa, hindi kayo dapat tumigil nang napakatagal, lalung-lalo na kapag ang isang tao ay hindi na mapalagay o napipilitang magsalita.

#### *Makinig sa Sinasabi ng Nagsasalita*

Minsan ang mga tao ay may ugaling mag-isip kung ano ang kanilang sasabihin sa halip na makinig sa sinasabi ng iba. Tiyaking totoong nakatuon ang inyong isipan sa nagsasalita sa halip na magplano ng inyong itutugon.

#### *Pagtuunan ng Pansin ang mga Hindi Masabing Mensahe ng Nagsasalita*

Madalas na ipinahahayag ng mga tao ang kanilang mga nadarama sa pamamagitan ng ayos ng kanilang pagupo, ng kanilang pagpapahiwatig na makikita sa mukha, kung ano ang ginagawa nila sa kanilang mga kamay, ng tono ng kanilang tinig at ng mga galaw ng kanilang mga mata. Makatutulong ang mga hindi masabing mensaheng ito upang maunawaan ninyo ang mga nadarama ng inyong mga tinuturuan.

#### *Banggitin Muli ang Sinasabi ng Nagsasalita*

Matapos makinig sa mga sinabi at hindi masabing mensahe, maaari ninyo naising banggitin muli kung ano ang inyong naunawaan. Ibuod ang mga mensahe sa sarili ninyong mga salita upang matiyak kung naunawaan ninyo nang tama ang mga ito. Matapos gawin ito, maaari ninyong tiyakin sa taong iyon sa pamamagitan ng pagtatanong ng, "Ganoon ba ang ibig mong sabihin?" o "Kailangan ba nating pag-usapan pa ang hinggil diyan?" Kapag gagawin ninyo ito, tiyakin na hindi kayo nagsasalita sa paraang nagpapakababa.

#### *Turuan ang mga Mag-aaral na Makinig sa Isa't Isa*

Paalalahanan ang mga mag-aaral na ang pakikinig ay isang paraan na naipakikita natin ang pagmamahal. Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong sa inyo na mahikayat ang mga mag-aaral na makinig sa isa't isa:

- Matapos tumugon sa tanong o magbigay ng opinyon ang isang tao, anyayahan ang iba na dagdagan ang puna o magpahayag ng ibang opinyon.
- Kapag nagtanong ang isa, ipasagot ito sa iba sa halip na sagutin ninyo ito mismo. Halimbawa, maaari ninyong itanong, "Mayroon bang nagnanais na sagutin ang tanong na iyon?"
- Paunang hilingin sa isa o higit pang tao na maghanda upang maibuod ang mga ideya na ibabahagi sa oras ng talakayan.

Ang Tagapagligtas ay palaging nagmamasid at nakikinig sa mga tinuturuan Niya, iniaakma ang Kanyang pagtuturo sa mga pangangailangang Kanyang nahihiwatigan. Halimbawa, matapos turuan ang mga taong Nephita, sinabi Niyang, "Magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan, at bulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi" (3 Nephi 17:3). Gayon pa man, paalis na sana Siya, "muli niyang iginala ang kanyang mga paningin sa maraming tao, at namasdan na sila ay luhaan, at nakatitig sa kanya na waring kanilang hinihiling sa kanya na magtagal pa nang kaunti sa kanila" (3 Nephi 17:5). Nahiwatigan Niya ang kanilang mga pangangailangan at nagtagal pa upang mangasiwa sa kanila at turuan sila. Habang nakikinig kayo nang mabuti at tumutugon nang tama sa inyong mga tinuturuan, makatutulong kayo na matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pag-aaral ng ebanghelyo.

16

# PAGTUTURO SA PAMAMAGITAN NG PAGTATANONG



Si Jesucristo, ang Dalubhasang Guro, ay madalas magtanong upang mahikayat ang mga tao na pagbulay-bulayin at ipamuhay ang mga alituntuning Kanyang itinuro (para sa halimbawa, tingnan sa Mateo 16:13–15; Lucas 7:41–42; 3 Nephi 27:27). Ang kanyang mga tanong ay nag-uudyok ng pag-iisip, pagsusuri ng kaluluwa, at pangangako.

## Pangkalahatang Panuntunan sa Paghahanda ng mga Katanungan

Ang mga manwal ng aralin na gawa ng Simbahan ay nagmumungkahi ng maraming tanong na maaari ninyong magamit sa mga aralin. Basahing mabuti ang mga ito upang mapagpasiyahan kung alin ang lubos na makatutulong para sa inyong mga tinuturuan. Maaari rin kayong maghanda ng sarili ninyong mga tanong. Habang isinasaalang-alang ninyo na gamitin ang mga tanong sa isang aralin, tanungin ang inyong sarili, "Makatutulong ba ang mga ito sa aking mga tinuturuan na maunawaan ang mahahalagang ideya ng aralin? Makatutulong ba ang mga tanong na ito sa aking mga tinuturuan na ipamuhay ang mga naiturong alituntunin ng ebanghelyo?"

Ang mga sumusunod na ideya ay maaaring makatulong sa inyo sa paghahanda ng sarili ninyong mga katanungan.

### *Mga Katanungan Na Masasagot ng Oo o Hindi*

Ang mga tanong na masasagot ng *oo* o *hindi* ay may limitadong gamit sa pagtuturo ng ebanghelyo. Dapat ninyong gamitin ang mga ito unang-una upang makakuha ng mga pangako o upang malaman kung sumasang-ayon o hindi ang isang tao.

### *Mga Katanungang Nababatay sa Tunay na Pangyayari*

Ang mga tanong na nababatay sa tunay na pangyayari ay ginagamit upang maitatag ang mahahalagang katotohanan sa isang talata sa banal na kasulatan, pangyayari, o alituntunin ng ebanghelyo. Ang mga ito ay may mga tiyak na kasagutan. Matutulungan ng mga ito ang mga mag-aaral na magsimula sa pag-aaral ng mga talata sa banal na kasulatan, maunawaan ang mahahalagang punto, balik-aralan ang mga ideya, at mapagtagumpayan ang mga maling pakahulugan. Halimbawa:

- Nang ang mga kapatid ni Nephi ay humingi ng kapatawaran sa pagtatali ng lubid sa kanya, ano kaagad ang kanyang itinugon?
- Kailan at saan itinatag ang Simbahan?

Tiyakin na hindi lamang kayo nagtatanong ng mga nababatay sa tunay na pangyayari. Ang mga ito ay hindi gaanong nangangailangan ng pag-iisip, at maaari nitong pahinain ang loob ng mga hindi nakaaalam ng mga sagot. Kapag gagamitin ninyo ang mga ito, dapat ninyong lubusang matiyak na ang mga impormasyon na kinakailangan upang masagot ang mga ito ay makukuha ng inyong mga tinuturuan.

Sa pamamagitan ng mga tanong na nababatay sa tunay na pangyayari, matutulungan ninyo ang lahat na magsimula ng talakayan sa iisang punto. Maaari kayong dumako sa mga katanungang naghihikayat ng malalim na pag-iisip at tulungan ang mga mag-aaral na malaman kung paano ipamuhay sa araw-araw ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

### *Mga Katanungang Humihikayat ng Malalim na Pag-iisip*

Ang ilang katanungan ay naghihikayat sa mga mag-aaral na mag-isip nang malalim hinggil sa kahulugan ng mga talata sa banal na kasulatan at alituntunin ng ebanghelyo. Ang mga tanong na ito ay kadalasang nagsisimula sa mga salitang, *ano, paano, o bakit*. Hindi masasagot ang mga ito ng *oo* o *hindi,* at kadalasan mayroong higit sa isang tamang sagot ang mga ito. Halimbawa:

- Sa palagay ninyo, bakit dumating ang paghahayag na ito sa panahong ito sa kasaysayan ng simbahan?
- Ano ang maituturo ng kuwentong ito hinggil sa paano tinutulungan ng Panginoon ang mga nangangailangan?
- Paano ninyo bibigyang-kahulugan ang pananampalataya?
- Ano ang ibig sabihin ng maging maamo?
- Paano katulad ng bagay na ito ang alituntunin ng ebanghelyo na tinalakay natin? (Mainam itong itanong kasama ang bagay na ginamit sa aralin.)
- Paano nagkaiba ang reaksiyon nina Laman at Lemuel kay Nephi?

Kapag nagtatanong ng gayong mga katanungan, maging bukas sa lahat ng sagot (tingnan sa "Pakikinig," mga pahina 82–83). Hikayatin ang mga mag-aaral na pagbulay-bulayin ang mga banal na kasulatan at alituntunin ng ebanghelyo na tinatalakay at ipahayag ang kanilang mga ideya. Huwag silang piliting magbigay ng mga tiyak na sagot sa mga katanungan; madali nilang mahihiwatigan ang inyong ginagawa at alin sa dalawa, tumigil sa pakikilahok o magsimulang manghula ng sagot sa halip na mag-isip. Kapag kailangan ninyo ng tiyak na sagot, makabubuting magtanong ng mga katanungang nababatay sa tunay na pangyayari o ilahad ang impormasyon sa ibang paraan.

*Mga Katanungang Makatutulong sa mga Mag-aaral na Ipamuhay ang mga Alituntunin ng Ebanghelyo*

Mahalagang magtanong ng mga katanungang nakatutulong sa mga mag-aaral na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Halimbawa:

- Paano natupad sa inyong buhay ang pangakong ito mula sa Panginoon?
- Paano tayo nakagagawa minsan ng gayunding pagkakamali katulad ng mga tao sa kuwentong ito?
- Paano nagiging biyaya sa atin ang pagpaparusa ng Diyos?
- Anu-ano ang ilang pangyayari ngayon na katulad sa mga pangyayari sa ulat na ito sa banal na kasulatan?
- Kung kayo ang taong ito, ano ang gagawin ninyo?

Hilingin sa mga mag-aaral na magbahagi ng mga halimbawa tungkol sa paano nila o ng iba naipamuhay ang mga tinatalakay na alituntunin ng ebanghelyo. Sa udyok ng Espiritu, hikayatin silang magpatotoo hinggil sa mga alituntuning tinalakay nila.

## Pangkalahatang Panuntunan sa Pagtatanong

*Magtanong ng mga Katanungan na Maaaring Masagot ng mga Mag-aaral*

Huwag gumamit ng mga katanungan upang ipakita ang inyong sariling kaalaman. Magtanong ng mga katanungang maghihikayat ng mga sagot na pinag-isipang mabuti mula sa inyong mga tinuturuan.

*Tumugon sa mga Maling Sagot nang may Paggalang at Pagpipitagan*

Paminsan-minsan may isa na magbibigay ng maling sagot o sagot na nagpapakita ng kakulangan sa pagkaunawa. Ang iba sa grupo ay maaaring magtawa sa gayong sagot. Ito ay maaaring maging dahilan upang mahiya ang tao at maging atubili siya na makilahok sa hinaharap. Ito ay makahahadlang sa kanyang pagkatuto.

Tumugon sa mga maling sagot nang may paggalang at pagpipitagan. Tiyakin na palagay pa rin ang loob ng bawat isa na makilahok. Maaari ninyong piliing akuin ang pananagutan sa pamamagitan ng pagsasabing, "Ipagpaumanhin ninyo. Sa palagay ko ay hindi ko naitanong iyon nang napakalinaw. Susubukan kong muli." O maaari ninyong sagipin ang isang tao sa pagsasabing, "Marahil ay iba ang iyong iniisip tungkol sa ibang bagay" o "Salamat sa pagbanggit mo niyan, subalit hindi ako nakatitiyak na malinaw ang aking pagkakatanong." Ang gayong mga tugon ay makatutulong sa inyong mga tinuturuan nang higit at higit pang maging palagay ang loob sa pakikilahok, kahit sa palagay nila ay maaari silang magkamali sa pagsagot.

*Hintayin ang mga Katugunan*

Huwag mabahala kung ang mga mag-aaral ay tahimik nang ilang sandali matapos ninyong magtanong. Huwag sagutin ang sarili ninyong katanungan, bigyan ng oras ang mga mag-aaral na makapag-isip ng isasagot. Gayunpaman, ang mahabang katahimikan ay maaaring magpahiwatig na hindi nila naunawaan ang tanong at kailangan ninyo itong ulitin nang maliwanag.

*Gumamit ng mga "Follow-up" na Katanungan*

Makatutulong ang mga "follow-up" na katanungan sa mga mag-aaral na higit na mag-isip nang malalim hinggil sa isang alituntuning tinatalakay nila. Halimbawa, kung imumungkahi ng mga mag-aaral ang isang paraan na maihahalintulad sa kanilang sarili ang isang ulat sa banal na kasulatan, maaari ninyong itanong, "Ano pa ang matutuhan natin mula sa kuwentong ito?"

*Bigyan ng Pagkakataon na Makapagsalita ang Lahat*

Upang mahikayat ang marami pang mag-aaral na makilahok, maaari ninyong naising ipasagot ang ilang `follow-up' na katanungan sa mga hindi pa nagbibigay ng kanilang puna sa kasalukuyan ng aralin.

Kung nagbigay na ng puna ang ilang tao hinggil sa paksa, maaari ninyong naising sabihin ang katulad nito,

"Pakikinggan muna namin ang iyong mga puna at pagkatapos ang sa iyo naman." Samakatuwid ang inyong mga tinuturuan ay mananatiling disiplinado sapagkat nalalaman nila na may pagkakataon sila na magsalita.

*Tulungan ang mga Mag-aaral na Makapaghanda sa Pagsagot sa mga Katanungan*

Upang matulungan ang mga mag-aaral na makapaghanda sa pagsagot sa mga katanungan, maaari ninyong naising sabihin sa kanila bago magbasa o maglahad ng isang bagay na hihingin ninyo ang kanilang mga katugunan (tingnan ang "paghahanap" at " pakikinig" na mga pamamaraan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," pahina 68). Halimbawa, maaari ninyong sabihing, "Makinig habang binabasa ko ang talatang ito nang sa gayon ay makapagbahagi kayo ng mga bagay na nakapagbigay-interes sa inyo hinggil dito" o "Habang binabasa ang banal na kasulatang ito, tingnan kung mauunawaan ninyo kung ano ang sinasabi ng Panginoon sa atin hinggil sa pananampalataya."

*Iwasan ang mga Katanungang Lumilikha ng Pagtatalo o Humihikayat ng Argumento.*

Sinabi ng Panginoon, "Siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin" (3 Nephi 11:29; tingnan din sa mga talata 28 at 30.) Maging maingat na huwag magtanong ng mga katanungang nagtataguyod ng pakikipagtalo o nagtatampok ng mga nakagigilalas na isyu. Huwag magtanong ng mga bagay na lumilikha ng pag-aalinlangan o umaakay sa isang talakayan na hindi nakapagbibigay-sigla sa espiritu. Tiyaking ang inyong mga katanungan ay nagpapakilos sa mga mag-aaral tungo sa isang pagkakaisa ng pananampalataya at pagmamahal (tingnan sa Mosias 18:21). Kapag mayroong di-pagkakasunduan, sikaping bigyan-diin ang mga punto ng pagkakasunduan at iwasto ang doktrina.

*Magtanong Paminsan-minsan ng mga Katanungang Nag-uudyok ng Tahimik na Pag-iisip*

Maaari ninyong piliin paminsan-minsan na magtanong ng mga katanungang napagbubulay-bulay nang matahimik ng mga mag-aaral sa halip na sagutin ito nang hayagan. Halimbawa:

- Ano ang ginawa ninyo ngayon na nagpahakbang sa inyo patungo sa buhay na walang hanggan?
- Nabigo ba kayong gawin ang isang bagay ngayon na nagtulak sana sa inyo ngayon patungo sa buhay na walang hanggan?

### Mga Malikhaing Paggamit ng mga Katanungan

Maaari ninyong naising gamitin ang mga katanungan sa ilan sa mga sumusunod na paraan:

- Isulat ang mga katanungan sa mga kapirasong papel, at idikit ang mga kapirasong papel sa ilalim ng mga upuan. Sa tamang oras sa talakayan, ipatanggal sa bawat isa ang katanungan sa kanyang upuan. Pagkatapos ipabasa sa kanya ang katanungan at ipasagot ito.
- Hilingin sa bawat mag-aaral na magsulat ng isang katanungan batay sa isang alituntunin ng ebanghelyo o talata sa banal na kasulatan. Tipunin ang mga katanungan at talakayin ang mga ito.
- Hilingin sa bawat isa na gampanan ang papel ng mga tauhan na kanilang pinili sa aralin, at hayaang magtanong ang iba sa kanila (tingnan sa "Mga Pagsasadula," pahina 219). Ang gawaing ito ay lalong mabisa sa mga bata.
- Sa loob ng isang linggo bago ang paglalahad ng aralin, magbigay ng mga katanungan sa ilang mag-aaral. Hilingin sa kanila na maghanda sa pagsagot sa mga katanungan na iyon bilang bahagi ng susunod na aralin.
- Gamitin ang mga sumusunod na katanungan upang matalakay ang isang alituntunin ng ebanghelyo: "Ano na ang nalalaman natin tungkol sa alituntuning ito?" "Ano ang nais nating malaman?" "Ano ang natutuhan natin ngayon?" "Mabubuo ninyo ang batayan ng aralin sa pagpapasagot ng mga katanungang ito sa mga mag-aaral at pagpapasulat ng kanilang mga sagot sa tatlong hanay sa pisara.
- Isulat ang katanungan sa pisara bago magsimula ang klase nang sa gayon ay makapagsisimula na ang mga mag-aaral na pagbulay-bulayin ito sa kanilang pagdating.
- Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga katanungan sa pamamagitan ng paghahanap at pagbabasa ng mga naaangkop na banal na kasulatan o himno. Hilingin sa mga mag-aaral na tugunin ang mga katanungan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga halimbawa na hango sa sarili nilang buhay.
- Hatiin ang klase sa maliliit na grupo. Bigyan ang bawat grupo ng ilang katanungan na pag-aaralan. Pagkatapos ipalahad sa bawat grupo ang kanilang mga sagot sa klase.

### Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang tulong, tingnan sa "Planuhin at Pangasiwaan ang Makabuluhang mga Talakayan," mga pahina 397–98 sa "Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno" bahagi ng *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan.*

17

# PAGTULONG SA MGA MAG-AARAL NA MAGING ALISTO



Isang guro sa Panlinggong Paaralan ang nagbahagi ng sumusunod na kabatiran hinggil sa isang araling itinuro niya:

Sa wari ay dinala ko ang klase sa isang mahabang paglalakad sa kagubatan. Habang nagsimula kaming lumakad sa landas nang sama-sama, itinuro ko ang mga nakawiwiling kabatiran sa banal na kasulatan habang dinaraanan namin ang mga ito. Ipinaliwanag kong mabuti ang mga ideya ng aralin, katulad ng isang giya na ipaliliwanag ang iba't ibang uri ng dahon na matatagpuan sa gilid ng landas sa kagubatan.

"Sa isang bahagi, lumingon ako, na sa wari, upang tingnan ang mga miyembro ng aking klase. Natuklasan kong sila ay malayo-layo pa sa landas ng banal na kasulatan. Wala ni isa man sa kanila ang nakasunod sa akin. Ang ilan ay natatagalan, ang ilan ay nasa dulo pa; ang iba ay naligaw ng landas at nawala. Sa wari ay kailangan kong bumalik sa landas, tipunin ang klase, at sikaping muling lumakad pasulong."

Katulad ng paglalarawan ng karanasang ito, ang guro ay maaaring "mahiwalay" minsan mula sa mga mag-aaral habang nagtuturo. Nawawalan minsan ng interes o naguguluhan ang mga mag-aaral.

Paano makatutulong ang mga guro na mapanatiling alisto ang mga mag-aaral? Walang isang sagot sa tanong na ito, subalit mayroong mga bagay na maaari ninyong magawa na magbubunga ng kaibhan.

### Magmasid at Makinig sa Inyong mga Tinuturuan

Matutukoy ninyo nang madalas kung ang inyong mga tinuturuan ay "nawawalay na" mula sa inyo. Mapapansin ninyong sila ay di-mapalagay kaysa karaniwan, na hindi sila sumasabay sa pagbasa kapag binabasa nang malakas ng iba ang mga talata sa banal na kasulatan, o sila ay nakikipag-usap sa isa't isa hinggil sa mga bagay na walang kaugnayan sa aralin. Madarama ninyo ang kakulangan ng pag-iisip o sigla sa kanilang mga tugon sa inyong itinanong.

Maging maingat sa pagpapakahulugan sa mga palatandaan sa pagiging alisto ng mga mag-aaral. Ang ilan na tila "nahihiwalay" ay maaaring tunay na nakatuon sa aralin. Halimbawa, ang isang miyembro sa klase na hindi nakatingin sa inyo ay maaaring pinag-iisipan ang isang bagay na mahalaga na sinabi sa klase o pinagbubulay-bulay ang pag-uudyok na natanggap niya sa Espiritu Santo.

Kapag nagtuturo kayo sa pamamagitan ng Espiritu, kayo ay madalas na mabiyayaan upang mahiwatigan ang pagkamasigasig ng inyong mga tinuturuan. Paminsan-minsan mauudyukan kayo na gumawa ng mga pagbabago sa aralin upang makatulong sa pagkuha ng pansin ng mga mag-aaral.

### Paano Tutulungan na maging Alisto ang mga Mag-aaral

Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa inyo habang tinutulungan ninyo na maging alisto ang mga mag-aaral:

- Iugnay ang materyal ng aralin. Tulungan ang inyong mga tinuturuan na makita kung paano nauugnay ang materyal ng aralin sa kanilang buhay. Kung hindi nila nakikita kung paano nauugnay ang materyal sa kanilang buhay, malamang na malamang na hindi sila magiging interesado o alisto.
- Bagu-baguhin ninyo ang inyong tinig sa pagtuturo. Nagsasalita ba kayo ng napakabagal, napakabilis, napakahina, napakalakas? Ginagamit ba ninyo ang gayunding tono ng inyong tinig, na may konting pagbabago nito? Malinaw ba ang inyong pananalita? Masigasig ba kayo sa inyong itinuturo? Makaiimpluwensiya sa antas ng pakiki-



nig ng inyong mga tinuturuan kung paano ninyo ginagamit ang inyong tinig.

- Panatilihin ang pagtingin nang tuwiran sa mga mata ng inyong mag-aaral. Gamitin ito bilang paraan upang maituon ang pansin ng mga mag-aaral sa mga aralin. Kapag nagtuturo kayo na ginagamit ang pagtingin nang tuwiran sa mga mata nila, ang inyong pansin ay nakatuon sa inyong mga tinuturuan, hindi sa mga materyal ng aralin. Nakatutulong ang tingin nang tuwiran sa kanilang mga mata habang pinakikinggan ninyo ang kanilang mga puna o tanong upang malaman nila na kayo ay interesado sa kanilang sasabihin. Maging maingat na huwag igala ang inyong mga mata sa paligid ng silid habang kayo ay nagsasalita. Ayusin ang mga upuan sa silid nang sa gayon ay makita ninyo ang mukha ng bawat isa at gayundin naman makikita nila ang inyong mukha. Mas magiging alisto ang maliliit na bata kung uupo kayong malapit sa kanila at kakausapin nang harapan na nakatingin sa kanilang mga mata.
- Gumalaw. Subukang lumakad sa silid habang kayo ay nagtuturo subalit huwag paroo't parito. Nagpapakita ng interes at humihikayat ng pagtugon ang paglapit ninyo sa mga mag-aaral kapag kayo ay nagtatanong. Makatutulong ang angkop na paggalaw ng kamay at braso sa pagbibigay-diin ng isang punto sa aralin. Kumilos sa silid nang natural, na tugma sa inyong personalidad. Kung ang inyong mga pagkilos ay palabas lamang, hindi natural, o paulit-ulit na, maaaring makaabala ang mga ito sa mga mag-aaral at makapagpawala ng kanilang interes sa aralin.
- Bagu-baguhin ang bilis ng pagtuturo ng mga aralin. Ang bilis na sinasaklaw ninyo sa materyal na pang-aralin ay maaaring makaimpluwensiya sa pagkaalisto ng mga mag-aaral. Kung ang aralin ay itinuturo nang napakabilis, maaaring malito ang mga mag-aaral. Kung sinasaklaw ninyo nang napakabagal ang materyal, maaaring mawalan sila ng interes. Ang ilang bahagi ng paglalahad ng aralin ay tila kumikilos nang mabagal o tumitigil dahil sa mga talakayan o ku-

wento. Maaaring mahalaga ang ilang materyal subalit walang gaanong kaugnayan kaysa ibang materyal para sa inyong mga tinuturuan. Dapat ninyong talakayin nang mabilis ang materyal na iyon nang sa gayon ay makatungo kayo sa mahahalagang punto ng aralin.

- Gumagamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo. Makatutulong sa inyo ang iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo na mabagu-bago ang bilis ng isang aralin, maituon ang pansin ng mga mag-aaral sa simula pa lamang ng aralin, makuhang muli ang kanilang pansin habang itinuturo ang aralin, o makagawa ng paglipat mula sa isang bahagi ng aralin tungo sa isa pa. Halimbawa, ang mga talakayan sa maliliit na grupo ay maaaring kabilangan kapagdaka ng mga tila nawawalan ng interes at pagtutuon ng isipan sa aralin.

(Tingnan sa "Pagtuturo nang may Pagkakaiba-iba," mga pahina 113–14.)

### Ang Responsibilidad ng Bawat Isa na Makilahok

Habang hinahangad ninyong tulungan ang mga mag-aaral na maging higit na alisto, alalahanin na sila ang tunay na mananagot sa kanilang sariling pakikilahok. Kung hindi nakikilahok ang isang tao, huwag pilitin ang taong iyon na makilahok. Sa halip, magpatuloy na maging interesado, magalang, at matulungin, na inaalaala ang payong ito mula sa Panginoon sa mga may taglay ng pagkasaserdote: "Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin . . . , tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig" (Doktrina at mga Tipan 121:41).

18

# PAANO MALALAMAN KUNG SILA AY NATUTUTO

Isang guro sa Primarya ang naglalahad ng aralin sa isang klase ng mga batang siyam na taong gulang. Ang pangunahing mga alituntunin ng aralin ay ang Pangulo ng Simbahan ay tumatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan at na makatatanggap ang bawat isa ng pansariling pahayag upang gabayan sila sa kanilang sariling buhay. Ang aralin ay naplanong mabuti. Ito ay kinapapalooban ng pagmamarka sa banal na kasulatan, mga talakayan sa pisara, iminungkahing gawain sa manwal ng aralin, at isang pagbabalik-aral.

Sa pagtatapos ng aralin, nagtanong ang guro ng isang katanungan bilang pagbabalik-aral: "Sino ang may karapatan na tanggapin ang paghahayag para sa Simbahan?" Nagtaas ng kamay ang lahat ng bata. Alam nilang lahat ang sagot: ang Pangulo ng Simbahan.

Pagkatapos nagtanong muli ang guro, "Tungkol sa anu-anong uri ng mga bagay maaari kayong makatanggap ng paghahayag?" Walang tumugon. Dahil sa tinalakay nila ang paksang ito habang inilalahad ang aralin, nagulat ang guro na walang nakasagot sa pangalawang katanungan. Binago nang kaunti ng guro ang pagtatanong, subalit wala pa ring tumugon. Sa sandaling iyon nagtaas ng kamay si Sarah, isa sa mga miyembro ng klase, at nagtanong, "Sa ano't ano man, ano ba ang ibig sabihin ng *paghahayag?*"

Dahil sa nagbigay ng mga tamang sagot ang mga miyembro ng klase, hindi napagtanto ng guro na hindi nila naunawaan ang mahahalagang alituntunin sa aralin. Kung hindi nagtanong si Sarah, ang aralin ay nagkulang na sana para sa kanya at marahil sa iba pang miyembro ng klase. Sana bahagya lamang ang matututuhan nila na mahalaga sa kanila. Paano sana natiyak ng guro nang mas maaga sa aralin na nakauunawa ang lahat?

### Paano Malalaman Kung Nakauunawa ng mga Mag-aaral

Itinuro ni Elder Boyd K. Packer: "Ang paningin ng alistong guro ay muli at muling nagpapalipat-lipat sa buong klase, nalalaman ang bawat galaw, itinatala ang bawat pagpapahiwatig, maagap na tumutuga sa di-pagkakaroon ng interes o pagkalito. Kaagad na nababasa ng mga mata ang isang pahiwatig ng pagkalito o nadarama agad kapag may pagkakatuto" (*Teach Ye Diligently,* binagong edisyon [1991], 164-65).

Sa pamamagitan ng pagmamasid sa pag-unlad ng inyong mga tinuturuan, maaari kayong gumawa ng pagsasaayos ayon sa inyong nadarama sa paglalahad ng aralin. Halimbawa, maaari ninyong ulitin o muling bigyan-diin ang mga ideya, huminto para sa isang talakayan, magbahagi ng isang kuwento, o magpatotoo. Maaari rin ninyong malaman kung kailan tutulungan ang isang tao. Upang maging alisto at maituon ang isipan sa mag-aaral, kailangan ninyong maghandang mabuti nang sa gayon hindi kayo gaanong umaasa sa mga nasusulat o sa manwal ng aralin.

Makatutulong sa inyo ang ilang pamamaraan sa pagtuturo upan malaman kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga itinuturo ninyong alituntunin. Isaalang-alang ang mga sumusunod na mungkahi:

- Hilingin sa mga mag-aaral na banggitin muli ang mga alituntunin sa sarili nilang mga salita. Makatutulong ito sa inyo na malaman nang maaga sa aralin kung nauunawaan nila ang ilang salita o ideya. Kung hindi nila nauunawaan, maaari kayong magbigay ng mga pagpapaliwanag na gagawing higit na makabuluhan para sa kanila ang buong aralin.
- Gumamit ng ilang maiikling pinag-aaralang situwasyon (case study). Planuhin ang pinag-aaralang situwasyon (case study) nang sa gayon mailarawan nang tama ng ilan sa mga ito at ang iba naman ay hindi ang mga alituntuning inyong itinuturo. Hilingin sa inyong mga tinuturuan na tukuyin ang mga pinag-aaralang situwasyon (case study) na ipinamumuhay nang tama ang mga alituntunin. (Tingnan sa "Mga Pinag-aaralang Situwasyon" (Case Studies), mga pahina 214–15.)
- Magtanong ng mga katanungang nangangailangan ng pagpapahayag ng mag-aaral ng kanilang pagkaunawa

tungkol sa mga itinurong alituntunin. Ang mga tugon ng mga mag-aaral ay maaaring magpahiwatig ng pangangailangang balik-aralan ang ilang punto sa aralin at baguhin ang banghay-aralin.

- Mamuno sa talakayan. Habang nakikinig kayong mabuti sa mga puna ng mga mag-aaral, malalaman ninyo kung mayroon silang wastong pagkaunawa sa mga itinuturo ninyong alituntunin. Gamitin ang mga banal na kasulatan, turo ng mga propeta sa mga huling araw, o ang manwal ng aralin upang itama, linawin, o pagtibayin ang mahahalagang punto. (Tingnan sa “Pamumuno sa mga Talakayan,” mga pahina 78–81.)

19

# PAGTULONG SA IBA NA IPAMUHAY ANG KANILANG NATUTUTUHAN



Itinuro ni Jesus, "Hindi ang bawat nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit" (Mateo 7:21). Hindi sapat na malaman ang ebanghelyo, kailangan natin itong ipamuhay.

Isang guro ang nagbahagi ng sumusunod na analohiya: "Natutuhan ko ang isang mahalagang aral mula sa mga titik ng alpabeto . . . Maaari nating ulit-uliting banggitin mula sa simula o pabalik sa unahan ang mga ito, subalit kapag ginagawa natin ito, ang mga ito ay halos walang kabuluhan sapagkat pinagsama-sama ang mga ito nang walang layunin at direksyon. Kapag pinagsama-sama natin ang mga ito nang may tunay na layunin at direksyon ang ibubunga nito ay mga sagradong himno, mga banal na kasulatan, magagandang tula at tuluyan, kahanga-hangang awitin, at kung anu-ano pa. Katulad ng nasa mga titik ng alpabeto, gayundin ito sa ating mga buhay . . . Ang paggawa ay mahalaga, subalit kailangan natin ng wastong uri ng paggawa—paggawang may layunin" (William H. Bennett, sa Conference Report, Komperensiya sa Area ng Tonga 1976, 15).

Bilang isang guro, matutulungan ninyo ang iba na maging "tagatupad [kayo] ng salita, at huwag tagapakinig lamang" (Santiago 1:22). Upang maisakatuparan ito, kailangan ninyong magturo sa paraang matutulungan ang mga mag-aaral na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

## Tiyakin na Nauunawaan ng mga Mag-aaral ang mga Alituntuning Inyong Itinuturo

Matutulungan ninyo ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa paraang maipamumuhay nila ang mga ito. Halimbawa, kapag kumikita o binibigyan ng pera ang isang bata, maipaliliwanag ng ama ang itinuturo ng mga banal na kasulatan at ng mga propeta sa mga huling araw hinggil sa ikapu at paano ito isagawa. Maaari niya ngayong tulungan ang bata na alisin ang 10 porsiento ng pera, punan ang resibo sa donasyon, ilagay ang pera at ang resibo sa sobre ng ikapu, at ibigay ang sobre sa obispo.

## Tulungan ang Iba na Matuto sa Pamamagitan ng Espiritu

Hindi sapat na nauunawaan lamang ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Upang tunay na maipamuhay ng mga tao ang kanilang natututuhan, kailangan nilang makatanggap ng patunay na ang mga ito ay totoo. Mangyayari lamang ito kapag nagtuturo kayo sa pamamagitan ng Espiritu at natututo sila sa pamamagitan ng Espiritu (tingnan sa "Pag-anyaya sa Espiritu Habang Kayo ay Nagtuturo," mga pahina 55–56).

Maraming iba't ibang pamamaraan ang magagamit upang tulungan ang iba na matuto sa pamamagitan ng Espiritu. Halimbawa, kapag kayo o ang inyong mga tinuturuan ay nagbabahagi ng mga totoong kuwento tungkol sa pagtatagum-

pay sa mga hamon, matutulungan ng Espiritu ang mga mag-aaral na magkaroon ng lakas ng loob na ipamuhay ang ebanghelyo. Sa isang klase sa Pagkasaserdoteng Aaron, masiglang ikinuwento ng guro ang tungkol sa kanyang kapatid na lalaki, na hindi na naninigarilyo at nakatanggap ng mga dakilang biyaya sa paggawa nito. Naantig ng kuwentong ito ang isang kabataang lalaki sa klase at nagbigay ito ng inspirasyon sa kanya na tumigil sa kanyang paninigarilyo.

### Hikayatin ang mga Mag-aaral na "Humayo Ka at Gayon Din ang Gawin"

Matapos maibahagi ng Tagapagligtas ang parabula tungkol sa Mabuting Samaritano, inutusan Niya ang Kanyang mga tagapakinig, "Humayo ka at gayon din ang gawin mo" (Lucas 10:37). Dapat ninyong palaging anyayahan ang mga mag-aaral na ipamuhay ang mga alituntuning kanilang natututuhan. Ang gayong mga gawain ay dapat na makatotohanan at maaaring maisakatuparan. Halimbawa, sa isang aralin tungkol sa panalangin, maaari ninyong hikayatin ang mga miyembro ng pamilya o miyembro ng klase na magdasal araw-araw, umaga at gabi. Sa isang aralin tungkol sa paglilingkod, maaari ninyong hikayatin sila na tulungan ang kapitbahay na nangangailangan.

Dapat ninyong kumustahin ang mga paanyayang inyong ibinigay; makatutulong ito sa mga mag-aaral na mapahalagahan ang kahalagahan ng bagay na hinihiling sa kanila.

# LUMIKHA NG KAAYA-AYANG KAPALIGIRAN SA PAG-AARAL

Ang kaayusan at disiplina sa sarili ay mahalaga sa pag-aaral. Ang mga katangiang ito ay pinakamatibay na maitatatag kapag minamahal natin ang isa't isa at ninanais na tulungan ang isa't isa na umunlad. Kapag tayo ay maunawain, magalang, at mapitagan, pinagtutuunan natin nang mas mabuti ang pagkatuto ng ebanghelyo. Mapapasaatin nang sagana ang Espiritu. Ang mga pagkabalam ay malamang na di-gaanong mangyari.

Bilang mga guro, marami tayong magagawa upang makalikha ng kapaligirang nagkakaunawaan. Dapat din nating turuan ang isa't isa na tumulong sa paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral. Sa ganitong paraan, tinuturuan natin sila na maging mas mabubuting disipulo ng Tagapagligtas, at tayo sa sarili natin ay nagiging mas mabubuting disipulo.

# 20

# PAGHAHANDA NG SILID-ARALAN



Ang isang komportable at nakagaganyak na kapaligiran para sa pagkatuto ay makadaragdag sa disiplina sa sarili, kahandaan na pagtuunan ng pansin ang mga aralin, at pagiging handa ng mga mag-aaral na tanggapin ang Espiritu. Maging kayo man ay isang guro sa silid-aralan o isang magulang na naghahanda para sa gabing pantahanan ng mag-anak, dapat ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya na pagandahin ang pisikal na kapaligiran ng lugar na inyong pinagtuturuan.

## Mga Mungkahi sa Paghahanda ng Silid-aralan

*Kalinisan*

Tiyakin na malinis ang lugar. Maaari ninyong kailanganing magwalis, magpulot ng mga nakakalat na papel, o magbura ng pisara. Tiyakin din na malinis at mabini ang inyong ayos.

*Temperatura*

Kung maaari, tiyakin na ang silid ay hindi lubhang mainit o malamig. Kung nagtuturo kayo sa silid-aralan ng Simbahan, maaaring kailanganin ninyong makipag-ugnayan sa inyong mga pinuno upang gawing komportable ang temperatura.

*Liwanag*

Tiyakin na may sapat na liwanag ang silid. Ayusin ang mga upuan nang sa gayon ang sinag ng araw ay hindi tumama sa mga mata ng sinuman.

*Personal na Pagpapaganda ng Silid-aralan*

Lumikha ng kasiglahan at interes sa pamamagitan ng paminsan-minsang pagdadala ng isang bagay upang mapaganda ang anyo ng silid. Halimbawa, maaari kayong magdala ng mga bulaklak o magpakita ng mga larawan o bagay na may kaugnayan sa aralin.

*Mga Materyal na Pang-aralin*

Tiyakin na mayroon kayo ng lahat ng kailangang materyal na pang-aralin, katulad ng tsok, isang pambura sa pisara, mga krayola, teyp, o pagkukunan ng larawan. Kung gumagamit kayo ng anumang kagamitan, subukan muna ito bago gamitin sa aralin. Ito ay magbibigay sa inyo ng sapat na oras upang baguhin ang inyong mga plano kung hindi gumagana nang maayos ang kagamitan.

*Ayos ng Upuan*

Ayusin ang mga upuan nang sa gayon ay makita at marinig kayo at ang isa't isang mag-aaral. Sikapin na gawing posible ito para sa inyo upang makita ang mga mata ng bawat isa. Tiyakin din na ang pagkakaayos ng upuan ay nagbibigay-daan sa lahat na makita ang pisara at ang iba pang materyal.

Kung maaari, tiyakin na komportable ang mga upuan. Ang mga bata ay mas komportable sa mga upuan o bangko na maiyayapak pa rin nila ang kanilang mga paa sa sahig. Maaaring paminsan-minsan ay masiyahan silang umupo sa sahig. Ang mga upuan para sa matatanda at mga kabataan ay dapat na may angkop na laki at dapat na ayusin para madaling mapuntahan, na may sapat na lugar sa pagitan ng mga hanay ng mga upuan nang sa gayon ang matatanda at kabataan ay makauupo nang komportable.

Kung kinakailangan, italaga ang ayos ng upuan sa paraang mahihiwalay ang mga batang ginugulo ang isa't isa. Isaalang-alang ang pagsulat ng mga pangalan ng mga bata sa mga piraso ng papel at ilagay ang mga piraso ng papel sa likuran ng mga upuan o sa sahig sa harapan ng mga upuan bago mag-klase.

Kung higit sa isang klase ang kailangang magkita sa iisang silid, ayusin ang mga upuan nang sa gayon magtatalikuran ang mga klase sa magkabilang panig ng silid. Kung may mga *divider,* gamitin ang mga ito.

### *Lugar*

Maglaan ng sapat na lugar para sa mga naiplano ninyong gawain. Halimbawa, kung nagpaplano kayo ng pagsasadula, tiyakin na may sapat na lugar para sa mga kasali upang makatayo at makagalaw. Para sa gayong mga gawain sa inyong tahanan, maaaring kailanganin ninyong baguhin ang ayos ng kasangkapan.

### *Paghiling sa` mga Mag-aaral na Tulungan Kayo*

Bilang guro, kayo ay may pananagutan para sa pisikal na kapaligiran ng lugar kung saan kayo nagtuturo. Subalit hindi ninyo kinakailangang gawin mismo ang lahat ng paghahanda. Hayaang makilahok ang inyong mga tinuturuan sa pagpapaganda ng kapaligiran sa pagkatuto. Maaari ninyo silang bigyan ng tiyak na mga responsibilidad, maging palagian man o paminsan-minsan lang.

21

# PAGTUTURO SA IBA NA MAG-AMBAG SA KAAYA-AYANG KAPALIGIRAN SA PAG-AARAL



*"Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat" (Doktrina at mga Tipan 88:122).*

**Mga Katangian ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral**

Tuwing nagkikita tayo upang matutuhan ang ebanghelyo, hindi tayo nagtitipon lamang bilang mga guro, estudyante, at magkakaibigan. Tayo ay nagtitipon bilang magkakapatid—mga anak ng Ama sa Langit. Ang ating mga tipan sa pagbibinyag ay higit tayong pinagbubuklod, dahil pinagtutulungan natin ang mga responsibilidad na ipinaliwanag ni Alma sa mga Banal na kabibinyag pa lamang sa mga tubig ni Mormon: tayo ay nararapat na "tumingin sa iisang layunin, na may iisang pananampalataya at iisang binyag, na ang (ating) mga puso ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa't isa" (Mosias 18:21).

Ang pagkaunawang ito ng ating tipan sa pagbibinyag ay dapat makapagbigay-sigla sa atin upang tulungan ang isa't isa na matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo upang makabalik tayo at makasama ang ating Ama sa Langit. Ang isang paraan na magagawa ito kapwa ng mga mag-aaral at guro ay ang makalikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.

Sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, (1) napasisigla natin ang isa't isa sa pamamagitan ng ating pakikilahok, (2) minamahal at tinutulungan ang bawat isa sa atin, at (3) magkasamang naghahangad na hanapin ang katotohanan.

*Napasisigla ng mga guro at mag-aaral ang isa't isa sa pamamagitan ng kanilang pakikilahok.* Napasisigla natin ang isa't isa kapag tayo ay nakikinig na mabuti sa puna ng bawat isa, nakikilahok sa mga talakayan at iba pang mga gawain sa pagkatuto, nagtatanong ng mga katanungang nakapanghihikayat ng pag-iisip, sama-samang nagdarasal, nagbibigay ng mga personal na karanasan at kaalaman, at nagpapatotoo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:122).

*Nagmamahalan at nagtutulungan sa isa't isa ang mga guro at mag-aaral.* Ang tao ay higit na mabisang natututo kapag nararamdaman nila na sila ay kabilang sa mga kaibigan na nagmamahal sa kanila. Kung nararamdaman nila na sila ay maaaring kutyain o ipahiya malamang na hindi sila gaanong makatulong sa mga aralin at umunlad sa ebanghelyo. Maipapakita natin sa ating mga salita at kilos na tayo ay nagmamalasakit sa kanila at gusto natin silang umunlad. Ang sumusunod na payo mula kay Elder Henry B. Erying ay may kaugnayan sa pagmamahal na dapat nating maramdaman tuwing tayo ay nagpupulong upang matutuhan ang ebanghelyo: "Ang gusto ng ating Ama sa Langit ay magkaisa ang ating mga puso. Ang pagkakaisa sa pag-ibig ay hindi lamang isang mithiin. Ito ay isang pangangailangan" (sa Conference Report, Abr. 1998, 85; o *Ensign,* Mayo 1998, 66).

*Ang mga guro at mag-aaral ay naghahangad lahat na hanapin ang katotohanan.* Habang nakikipagtulungan tayo sa isa't isa sa dakilang layunin ng pag-aaral upang maunawaan at maipamuhay ang ebanghelyo, ang ating pagkakataon upang matuto ay nadaragdagan. Kapag higit tayong nagkakaisa sa paghahanap sa katotohanan, inaanyayahan natin ang Espiritu ng Panginoon na mapasaatin nang buong kasaganahan.

### Pagtuturo sa Iba Tungkol sa Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral

Bahagi ng inyong responsibilidad bilang isang guro na tulungan ang mag-aaral na maunawaan kung ano ang kanilang magagawa upang makalikha ng kaaya-ayang kapaligiran na makakatulong sa pag-aaral. Ang bawat mag-aaral ay may pananagutan para tulungan ang iba na magkaroon ng magandang karanasan sa pagkatuto. Habang nagsisikap kayo na maitatag ang kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral sa inyong klase, hindi lamang ninyo itinatama ang asal o tinitiyak na ang inyong paglalahad ay hindi naaabala. Tinutupad ninyo ang inyong banal na tungkulin na matulungan ang iba na maging mas mabubuting disipulo ng Panginoon.

Upang turuan ang mga miyembro ng pamilya o mga miyembro ng klase na makatulong sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, isaalang-alang ang paggamit sa mga sumusunod na mungkahi sa pamumuno sa isang talakayan:

- Ipahayag ang inyong damdamin tungkol sa ebanghelyo, at ipaliwanag na nais ninyong tulungan ang iba na matutuhan ang mga katotohanan ng ebanghelyo.
- Talakayin ang responsibilidad na mayroon tayo upang tulungan ang isa't isa na matutuhan ang ebanghelyo (tingnan sa pahina 92–93).
- Pag-usapan ang kahalagahan ng pakikilahok sa mga aralin.
- Hilingan ang mga naroroon na magmungkahi ng mga bagay na kanilang maitutulong upang makalikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.

Isang guro na tinawag upang turuan ang pito at walong taong gulang na mga bata sa Primarya ay namuno ng ganitong pagtalakay sa unang pagkakataon na nakatagpo niya ang klase. "Aking mga kaibigan," ang sabi niya nang umaga ng linggong iyon, "tinawag ako ng obispo upang maging guro ninyo. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa aking ulo at binasbasan ako nang sa gayon ay maunawaan, mahalin at maturuan ko kayo ng mga bagay na totoo. Ito ay lubos na nagpapaligaya sa akin. Sisikapin ko na maghanda ng aralin sa ating klase na nakawiwili at totoo. Titiyakin kong mabigyan ko kayo ng maraming pagkakataong makapagtanong at masagot ang mga katanungan, kumanta, makinig sa mga kuwento, at sabihin sa akin ang mga bagay na alam ninyong totoo."

Nagpatuloy ang guro: "Bago tayo isinilang sa mundo, lahat tayo ay namuhay na kasama ang ating Ama sa langit. Tayo ay mga anak niya, samakatuwid tayo ay magkakapatid. Sa ating klase kailangan nating tulungan ang bawat isa na matuto para makabalik uli sa ating Ama sa Langit. Anu-ano ang ilang bagay na magagawa ng bawat isa sa atin sa klase upang tulungan ang bawat isa na matutuhan ang mahahalagang bagay na pag-uusapan natin? Mag-isip ang bawat isa ng bagay na magagawa natin."

Isinulat ng guro sa pisara ang mga ideya ng mga miyembro ng klase. Kasama sa listahan ng mga ito ang maging mabait sa isa't isa, pakikilahok sa mga aralin, pagbabahagi ng mga karanasan at patotoo, pakikinig, at pagsisikap nang mabuti upang maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Nagtanong ang guro pagkatapos, "May naiisip ba kayong anumang bagay na makasasagabal sa ating pag-aaral?" Gumawa siya ng isa pang listahan sa pisara. Kasama sa listahang ito ang pagtawanan ang iba at pakikipag-usap sa iba habang may nagsasalita.

Mula sa dalawang listahang ito ang guro at mga miyembro ng klase ay gumawa ng ilang tuntunin na naglalarawan kung ano ang inaasahan nila sa bawat isa.

Hindi lamang ito ang pagkakataon na tinalakay ng guro ang tungkol sa mga alituntuning ito. Tinalakay niya ito nang sarilinan sa mga miyembro ng klase paminsan-minsan at, kung kinakailangan, sa buong klase.

Habang naghahanda kayo na magturo, isipin kung paano maiaangkop ang pamamaraang ito ng guro o gumamit ng iba pang ideya upang matulungan ang iba na magbahagi sa kapaligiran ng pag-aaral. Kung kayo ay mapagmasid at madasalin, makakikita kayo ng maraming pagkakataon na maituro na ang pagkatuto ay pinakamainam na nangyayari kapag (1) napasisigla natin ang bawat isa sa pamamagitan ng pakikilahok, (2) minamahal at tinutulungan ang isa't isa, at (3) magkakasamang naghahangad na hanapin ang katotohanan.

### Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagan tungkol sa paglikha ng isang kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, tingnan sa mga aralin 6 at 7 sa kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo (mga pahina 275–84).

22

# PAANO MAKAPAG-AAMBAG ANG MGA GURO SA KAAYA-AYANG KAPALIGIRAN SA PAG-AARAL



*"Ang mangangaral ay hindi nakahihigit kaysa sa tagapakinig, ni ang guro ay nakahihigit kaysa sa mag-aaral; at sa gayon silang lahat ay pantay-pantay, at silang lahat ay gumagawa, bawat tao ayon sa kanyang lakas" (Alma 1:26).*

Bilang karagdagan sa pagtulong sa mag-aaral na maunawaan kung paano sila makapag-aambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral (tingnan sa mga pahina 97–98), may mga bagay na magagawa kayo bilang isang guro upang makapag-ambag sa gayong kapaligiran.

## Espirituwal na Ihanda ang Inyong Sarili

Ang espirituwal na paghahanda ng inyong sarili ay nakapag-aambag nang malaki sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral sa tahanan o silid-aralan. Kapag kayo ay espirituwal na handa, nagdadala kayo ng diwa ng kapayapaan, pagmamahalan, at paggalang. Ang inyong mga tinuturuan ay nakadarama ng higit na katiwasayan sa pagbubulay-bulay at pagtalakay sa mga bagay na may walang hanggang kahalagahan. Kapag kayo ay balisa, abala, galit, o mapamintas at hindi espirituwal na handa, maaaring hindi sila gaanong matuto sa pamamagitan ng Espiritu. (Para sa mga mungkahi sa espirituwal na paghahanda ng inyong sarili, tingnan sa mga pahina 13–25.)

## Mahalin at Tulungan ang Bawat Isa

Sinabi ni Jesus, "Isang bagong utos sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa (Juan 13:34). Dapat ninyong sikaping mahalin ang inyong mga tinuturuan—hindi lamang kapag sila ay madaling mahalin, kundi kapag sinusubukan din nila ang inyong kahinahunan (tingnan sa "Paghahangad sa Kaloob na Pag-ibig sa Kapwa," pahina 14.

Ang bawat taong inyong tinuturuan ay mahalaga sa paningin ng Panginoon at dapat na mahalaga rin sa inyong paningin ang bawat tao. Maghanap ng mga paraan na matulungan ninyo ang bawat isa na inyong tinuturuan (tingnan sa "Pag-abot sa Bawat Isa," mga pahina 43–44). Habang nababatid ng inyong mga tinuturuan na minamahal ninyo sila at nagmamalasakit sa kanila, matututuhan nilang pagkatiwalaan kayo. Sila ay magiging mas madaling turuan at malamang na di maging sanhi ng mga pagkaabala (tingnan sa "Ang Pagmamahal ay Nakapagpapalambot ng mga Puso," mga pahina 39–40).

## Magbihis Nang Maayos

Hindi dapat makaalis ng pansin sa aralin ang inyong pananamit at ayos. Kung nagtuturo kayo ng mga kabataan, hindi na ninyo kailangan pang magbihis na katulad nila upang makuha ang kanilang pagtitiwala.

## Magiliw na Batiin ang mga Mag-aaral

Kung kayo ay isang guro sa silid-aralan, ngumiti habang pumapasok sa silid ang mga miyembro ng klase. Batiin ang bawat isa sa pamamagitan ng pakikipagkamay. Sabihin sa kanila na nasisiyahan kayong makita sila. Magbigay ng pasasalamat sa kanila. Ang isa o dalawang pangungusap lamang ng magiliw na pagbati ay makapagpapatiwasay sa kanila at makatutulong sa kanila na maghanda upang matuto.

Magagawa rin ninyong natatanging pangyayari ang gabing pantahanan ng mag-anak at pang-mag-anak na pag-aaral ng banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagbibigay ng magiliw na pagbati sa bawat miyembro ng mag-aaral habang sinisimulan ninyo ito.



*Karaniwang kumikilos ang mga bata sa kanilang nadarama na inaasahan ng iba mula sa kanila. Kapag ipinahahayag ninyo ang inyong mga positibong damdamin sa kanila, tinutulungan ninyo sila na manatili sa isang magandang kapaligiran sa pagkatuto. Nakasulat sa ibaba ang ilang halimbawa ng mga positibong puna na maaari ninyong gawin:*

- *Ang bawat isa sa inyo ay mahalaga. Ang bawat isa sa inyo ay tunay na anak ng Diyos. Walang iba pa na katulad ninyo saanmang dako ng daigdig.*
- *Nakatulong kayo na maging kawili-wili ang ating aralin sa pamamagitan ng pagsasalaysay ninyo ng inyong mga karanasan.*
- *Nakapagpapasaya sa akin kapag sama-sama tayong gumagawa nang maayos.*
- *Alam ko na nasisiyahan ang Ama sa Langit sa bawat isa sa atin ngayon.*
- Pinasasalamatan ko ang mabubuting bagay na ginagawa ninyo. Lahat tayo ay nagsisikap na gawin ang tama.
- Dapat nating hintaying matapos magsalita ang isa. Ang lahat ng tao ay may magagandang ideya, at kinakailangan nating pakinggan ang bawat isa.

## Magsimula sa Paraang Nag-aanyaya ng Pagtutuon ng Pansin

Madalas na nagkakaroon ng di-pormal na pag-uusap at gawain bago kayo magturo ng aralin. Ang isa sa inyong mga responsibilidad ay mapatigil ang gayong gawain at tulungan ang lahat na maituon ang kanilang pansin sa pagkatuto. Maaaring kabilangan ito ng pag-alalay sa mga miyembro ng klase sa kani-kanilang lugar o pagpapatugtog ng himno. Maaaring ito ay mangailangan lamang ng pagtingin sa mga mata ng bawat tao bago hilingin sa isa na magbigay ng pambungad na panalangin. Paminsan-minsan maaari ninyong piliin ang inyong sarili na magbigay ng pambungad na panalangin. (Tingnan sa "Pagsisimula ng Aralin," mga pahina 120–21.)

## Hikayatin ang Paggalang sa Isa't Isa

Anyayahan ang mga mag-aaral na mag-isip ng mga bagay na magagawa nila upang matulungan ang iba na madamang sila ay minamahal at pinahahalagahan. Sa pamamagitan ng mga bagay na inyong ginagawa at sinasabi, matutuhan ng inyong mga tinuturuan na magpakita ng paggalang sa isa't isa. Ang inyong mga tugon sa mga tanong ay makapagpapakita sa kanila kung paano magalang na tutugon sa mga puna at tanong ng isa't isa (tingnan sa "Pakikinig," mga pahina 82–83). Muli silang bigyan ng katiyakan na ang lahat ng matapat na tanong ay malugod na tatanggapin. Maaaring makatulong sa inyo ang mga tanong isang tao upang linawin ang mga alituntunin na hindi rin nauunawaan ng iba.

## Hikayatin ang Sigasig sa Pag-aaral ng Ebanghelyo

Maaaring dumadalo sa klase ang mga mag-aaral sa iba't ibang kadahilanan. Gayunpaman, kapag dumarating sila, dapat ninyo silang tulungan na ituon ang kanilang isipan nang may sigasig sa isang layunin: matutuhan ang ebanghelyo. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na maunawaan na makatutulong ang ebanghelyo sa kanila na malutas ang kanilang mga problema, mapaganda ang kanilang mga buhay, at maragdagan ang kanilang kaligayahan.

Hikayatin ang inyong mga tinuturuan na dumating sa klase na handa upang matuto at makilahok sa klase. Kapag ang bawat isa ay nagsisikap na matutuhan ang ebanghelyo, sila ay malamang na makatulong sa kapaligiran ng pagkatuto habang nagkaklase (tingnan sa "Pagtulong sa Bawat Isa na Gawin ang Responsibilidad sa Pag-aaral ng Ebanghelyo," mga pahina 75–77.

Ang mga simpleng takdang-gawaing hindi para sa klase ay nakatutulong minsan, lalung-lalo na kung hinihikayat ng mga ito ang mga mag-aaral na ipamuhay sa pang-araw-araw ang mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa "Pagtulong sa Iba na Ipamuhay ang Kanilang Natututuhan," pahina 92). Kapag nagbibigay kayo ng gawain na hindi para sa klase, dapat ninyong bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na mag-ulat. Makatutulong ito sa kanila na maunawaan ang pagpapahalaga ninyo sa kanilang natutuhan at naisakatuparan.

## Ituro ang Tungkol Kay Cristo

Dapat na ang lahat ng ating itinuturo ay makapagpapalapit sa mga miyembro ng mag-anak at miyembro ng klase kay Cristo—sa kanyang misyon na pagtubos, sa Kanyang perpektong halimbawa, sa Kanyang mga ordenansa at tipan, at sa Kanyang mga kautusan. Alalahanin ito habang inihahanda at inilalahad ninyo ang mga aralin. Magdadala ito ng diwa ng pagkakaisa at pag-asa sa kapaligiran sa pagkatuto.

## Gumamit ng Iba't Ibang Pamamaraan sa Pagtuturo na Nag-aanyaya ng Pakikilahok

Napasisigla ang kapaligiran sa pagkatuto kapag ang lahat ng naroroon ay interesado sa aralin at nakikilahok sa mga talakayan at sa ibang gawain. Upang matulungang mapanatili ang mataas na antas ng pagkakaroon ng interes at pakikilahok, gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo (tingnan sa "Pagtuturo nang may Pagkakaiba-iba," mga pahina 113–14).

## Ibahagi ang Inyong mga Nadarama, Karanasan, at Patotoo

Habang ibinabahagi ninyo ang iyong mga nadarama, karanasan, at patotoo, ma-

| Pagpapagalit | Pag-unawa |
|---|---|
| *Palagi kang pinagmumulan ng kaguluhan sa klase. Nanghihinawa na ako dito.* | *Alam ko na minsan ay mahirap manatiling nakaupo, subalit kailangan ninyong gawin ang lahat ng magagawa nang kaunti pang oras. Makatutulong ba kung uupo ka sa tabi ko?* |
| *Bakit hindi mo maialis ang iyong mga kamay sa ibang bata?* | *Nakatutukso na tudyuhin ang ibang tao, subalit hindi tayo nanunudyo. Inilalayo tayong lahat nito sa pagkatuto.* |
| *Paano mo nagagawang mawalan ng malasakit sa iba?* | *Minsan parang nagugustuhan ninyong magsalita ng hindi mabuti sa iba, subalit sa ating klase sinisikap nating mabuti na maging mabait at maalalahanin. Sikapin nating tulungan ang iba na madama ang nais nating madama.* |
| *Hindi mo ako binibigyan ng kahit kaunting pansin. Tumalikod ka ngayon din!* | *Mahirap para sa akin na magturo nang hindi nakikita ang inyong mga mata, kaya kailangan ko kayo upang tulungan ako sa pamamagitan ng pagbibigay ng inyong lubos na atensyon.* |
| *Itigil mo ang kagaspangan ng iyong pag-uugali! Hindi ko na ito matitiis pa ng isang minuto!* | *Tila ang lahat ay pagod at di na mapalagay. Tumayo tayo nang isang minuto at mag-inat.* |

aaring mabigyang-inspirasyon ang iba na gawin din ang gayon. Mapalalakas nito ang mga nagbabahagi gayundin ang mga nakikinig. Ang mga bagong miyembro lalung-lalo na ay maaaring mangailangang makita na sa Simbahan ay nagtuturo at natuto tayong lahat sa isa't isa, anuman ang antas ng ating karanasan. Ang bawat tao ay may maiaambag. Nakikinig tayo sa ibinabahagi ng isa't isa nang sa gayon "ang lahat ay mapasigla ng lahat" (Doktrina at mga Tipan 88:122).

## Mga Karagdagang Mungkahi sa mga Nagtuturo ng mga Bata

### *Magpahayag ng mga Positibong Damdamin sa mga Bata*

Kapag pinipintasan o sinasabihan ang mga bata sa negatibong paraan, kadalasan madarama nilang sila ay may kakulangan o tinatanggihan. Maaari nilang subuking kunin ang pansin sa pamamagitan ng panggugulo ng ibang bata o kung hindi naman ay pagkilos nang hindi tama. Sa kabilang dako, nakatutulong sa kanila ang mga positibong puna upang maunawaan na inaasahan ninyo ang pinakamainam mula sa kanila. Kilalanin at pasalamatan sila para sa magagandang bagay na kanilang ginawa, at huwag nang pansinin ang maliliit na problema. Habang ginagawa ninyo ito, madarama nilang sila ay tinatanggap, minamahal at nauunawaan.

### *Magtalaga at Panatilihin ang mga Pamantayan*

Kinakailangan at pinahahalagahan ng mga bata ang mga tuntunin at limitasyon. Gumawa kasama ang mga batang inyong tinuturuan upang makapagtatag ng ilang simple, maliwanag na tuntunin (hindi hihigit sa tatlo o apat). Makatutulong ito sa kanila na pamahalaan ang kani-kanilang sarili. Ipaliwanag na ang pagsunod sa mga tuntunin ay tumutulong sa lahat na matamasa ang pagkatuto nang sama-sama. Talakayin din kung ano ang mangyayari kapag hindi sinunod ang mga tuntunin. Maaari ninyong pagpasiyahang magkakasama ang senyales para sa pagpapanumbalik ng kaayusan, katulad ng nakatayong guro na nakahalukipkip ang mga bisig.

Matapos ninyo at ng mga bata na maitatag ang ilang tuntunin, gumawa ng tsart na nasusulatan ng mga tuntunin. Kung hindi pa nakababasa ang mga bata, gumamit ng mga larawan upang maipakita kung paano sila dapat kumilos. Sa tuwing hindi sinusunod ng isang bata ang isa sa mga tuntunin, itigil ang aralin at mahinahong

itanong, "Ano ang tuntunin?" Matiyagang maghintay hanggang banggitin ng bata ang tuntunin. Hilingin sa kanya na magmungkahi kung paano susundin ang tuntunin. Pagkatapos magpatuloy sa aralin.

*Tulungan ang mga Bata na Makilahok*

Panatilihing abala at interesado ang mga bata sa pamamagitan ng paglalahad ng mga aralin na kinapapalooban ng iba't ibang gawain. Marahil ito ang pinakamainam na paraan upang maiwasan ang mga kilos na nakagagambala. Kapag kayo ay nagtuturo, tingnan ang mga bata sa mata; kung binabasa ninyo ang manwal ng aralin, maaari mawala ang atensyon nila sa inyo. Kung nagiging balisa na ang mga bata, sabihin ang mga bagay na katulad nito, "Kailangan namin ang pinakamahusay mong pag-iisip upang masagot ang tanong na ito" o "Maaari bang hawakan mo ang larawan para makita ng lahat?" Huwag pansinin ang karamihan sa maliliit na pagkakagulo, at sikaping ituon ang pansin ng mga bata sa iba pang mahalagang bagay. Halimbawa, maaari ninyong sabihing, "Magiging interesado kayo sa susunod nating gawain" o "Mangyaring itaas ang inyong mga kamay kung sa inyong palagay ay nalalaman ninyo ang sagot."

*Maging Maunawain*

Tiyakin na nalalaman ng mga bata na nauunawaan at minamahal ninyo sila, maging sa pagkakaroon ng problema. Alalahanin na nangangailangan sila ng higit na pang-unawa kaysa pagpapagalit, kaya maging mahinahon at mabait sa kanila. Habang ginagawa ninyo ang mga bagay na ito, makatutulong kayo na gawing mga pagkakataon para sa kanila ang mahihirap na kalagayan upang matuto. Ang tsart sa pahinang ito ay naglalaman ng pagkakaiba sa pagitan ng pagpapagalit at pag-unawa.


Huwag umasa ng pagiging perpekto mula sa inyong sarili o sa mga bata. Magkaroon ng isang masaya, positibong pag-uugali na makatutulong sa mga bata na malamang minamahal ninyo sila. Tulungan ang mga bata na makita na malulutas nang maayos ang mga problema.

## Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagan pang impormasyon tungkol sa paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, tingnan ang mga aralin 6 at 7 sa kurso sa Pagtuturo ng Ebanghelyo (mga pahina 275–84).

# 23

# PAGPIPITAGAN



Itinuro ni Elder Boyd K. Packer:

"Kapag nagsasama-sama tayo upang matutuhan ang mga doktrina ng ebanghelyo, dapat na ito ay sa diwa ng pagpipitagan. . . .

"Ang daigdig ay nagiging lubhang maingay. . . .

"Ang kalakarang ito patungo sa labis na pag-iingay, labis na kasiyahan, labis na pagtatalo, kulang sa pagpipigil, kulang sa pagiging kapita-pitagan, kulang sa pormalidad ay hindi nagkataon lamang o walang kamalayan o hindi mapanganib.

"Ang unang kautusang ipinalabas ng isang kumander na nagbubuo ng pagsalakay-militar ay ang harangan ang mga daan sa pakikipag-ugnayan ng mga yaong ninanais niyang sakupin.

"Naaakma ang kawalan ng pagpipitagan sa mga layunin ng kaaway sa pamamagitan ng pagharang sa maseselang pinagmumulan ng paghahayag kapwa sa isipan at espiritu. . . .

" . . . Ang pagpipitagan ay nag-aanyaya ng paghahayag" (sa Conference Report, Okt. 1991, 27-28; o *Ensign,* Nob. 1991, 21-22).

Sinabi ni Pangulong David O. McKay na "ang pagpipitagan ay masidhing paggalang na may pagmamahal" (sa Conference Report, Abr. 1967, 86; o *Improvement Era,* Hunyo 1967, 82).

Napuna ni Elder Tom Perry, "Ang pagpipitagan ay nagmumula sa ating paghanga at paggalang sa Diyos" (sa Conference Report, Okt. 1990, 90; o *Ensign,* Nob. 1990, 70).

Nagpayo si Pangulong Spencer W. Kimball: "Ang tapat na pagpipitagan ay isang mahalagang katangian, subalit isa sa mga mabilis na nawawala sa daigdig habang pinalalawak ng mga puwersa ng masasama ang kanilang mga impluwensiya. Hindi natin lubos na mauunawaan ang kapangyarihan ng kabutihan na magagamit natin kung magsisilbing huwaran ng ugaling mapitagan ang milyun-milyong miyembro ng totoong simbahan ni Cristo. Hindi natin mabibilang ang mga karagdagang bilang ng buhay na maiimpluwensiyahan natin. Marahil na mas mahalaga pa, hindi natin makikita ang malaking resulta ng espirituwal sa ating sari-sariling pamilya kung magiging mapipitagang tao tayo na alam nating siyang nararapat" (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* isinaayos ni Edward L. Kimball [1982], 224-25).

Ang mga pangungusap na ito ng mga propeta, tagakita, at tagahayag sa mga huling araw ay nagpapakita na ang pagpipitagan ay higit pa sa pagiging tahimik at pananatiling nakaupo habang nagkaklase. Ito ay isang kilos na makikita sa lahat ng mabubuting pag-uugali. Ito ay naipakikita sa ating paggalang at pagmamahal sa Diyos at sa isa't isa. Itinuturo ng isang awit sa Primarya:

Rev'rence is more than just quietly
sitting:
It's thinking of Father above
A feeling I get when I think of his
blessings.
I'm rev'rent, for rev'rent is here.
[*Children's Songbook*, 31]

### Pagpapakita ng Halimbawa ng Pagpipitagan

Upang maturuan ang iba na maging mapitagan, kailangang tayo mismo ay mapitagan. Kailangan nating isiping mabuti ang pagpapakahulugan ni Pangulong McKay sa pagpipitagan: "masidhing paggalang na may pagmamahal." Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong sa inyo na isaalang-alang ang inyong mga pagsisikap na maging mapitagan.

- Tuparin ang mga tipan sa sakramento na laging alalahanin ang Panginoon at taglayin sa inyong mga sarili ang Kanyang pangalan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:77, 79). Pagsikapang isaisip Siya sa tuwina at ang Kanyang kabutihan at na "tumayo bilang saksi

ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9).

- Gamitin nang tama at may pitagan ang mga pangalan ng Diyos. Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks: "Kapag ang mga pangalan ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak, na si Jesucristo, ay ginagamit nang may pitagan at karapatan, tumatawag sila ng isang kapangyarihan na lampas sa pang-unawa ng mortal na tao. Dapat na malinaw na sa lahat ng nanampalataya na ang mga dakilang pangalang ito—na sa pamamagitan nito nakagawa ng mga himala, sa pamamagitan nito nalikha ang daigdig, sa pamamagitan nito nilikha ang tao at sa pamamagitan nito tayo ay maliligtas—ay banal at kailangang pakitunguhan nang may lubos na pagpipitagan" (sa Conference Report, Abr. 1986, 67; o *Ensign,* Mayo 1986, 51).
- Magpakita ng wastong paggalang para sa mga Pangkalahatang Awtoridad, Awtoridad ng Pook na Pitumpu, miyembro ng pangkalahatang panguluhan ng pantulong na samahan, at lokal na pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan. Palaging gamitin ang kanilang titulo, katulad ng "Pangulo," Elder," "Obispo," o "Kapatid," kapag binabanggit at pinag-uusapan sila. Tawagin at tukuyin ang ilang matatanda sa Simbahan bilang "Kapatid."
- Iwasan ang paggamit ng magagaspang na pananalita o salita na nagpapaaba, nagpapababa, o namumula ng iba. Gumamit ng mga salitang magagalang, katulad ng "paki-," "salamat," at "mawalang-galang na po," sa mga miyembro ng pamilya gayundin sa iba.
- Magpakita ng wastong paggalang kapag ginagamit ang mga banal na kasulatan at ang pag-aari ng Panginoon (katulad ng mga gusali at bakuran, kasangkapan at aklat).

### Mga Tiyak na Pamamaraan upang Maituro ang Ugaling Mapitagan

Bagaman ang inyong halimbawa ang kadalasang tanging kailangan upang matulungan ang iba na maging mas mapitagan, paminsan-minsan maaaring ninyong ituro nang tiyakan ang ugaling mapitagan. Ito ay maaaring kailangan lalung-lalo na sa mga bata at kabataan.

Natutuhan ng isang guro ng 10 at 11-taong-gulang na mga batang babae ang pangangailangan ng pagbibigay ng mga tiyak na tagubilin hinggil sa pagpipitagan. Habang tinatalakay ang isang aralin tungkol sa misyon at pagkamartir ni Propetang Joseph Smith, ang mga batang babae ay naging maloko at walang-galang. Malungkot na nakinig ang guro na di-makapaniwala sa mga walang-pitagang puna at nanahimik sandali upang magpasiya kung ano ang gagawin. Pagkatapos, sa gumagaralgal na tinig, matatag niyang sinabi na ang kanilang usapan at tawanan ay hindi tama at ang kanilang mga salita ay nakasaling sa napakalaking pagpipitagang nadarama niya para kay Joseph Smith at sa mga karanasan nito. Kaagad silang nanahimik. Sinabi niya sa kanila na mahal niya sila at nasisiyahang magturo sa kanilang klase subalit hindi niya mapahihintulutan ang gayong ugali. Ito ay isang malungkot na karanasan kapwa sa guro at sa mga miyembro ng klase.

Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa inyo na hikayatin ang iba na maging mapitagan.

- Magtakda ng mga limitasyon. Ipaliwanag ang pag-uugaling katanggap-tanggap at hindi. Halimbawa, huwag pahintulutan ang mga pananalitang umaalipusta sa mga sagradong bagay o salitang magagaspang, lumalapastangan, o hindi maganda. Pigilin ang walang-galang na pag-uugali, katulad ng pagkain o paglabas-pasok sa silid habang nagkaklase. Yamang ang inyong mga tinuturuan ay nakikisalamuha sa isa't isa at sa inyo, hikayatin silang makinig sa isa't isa nang walang paggambala. Hikayatin din sila na gumamit ng magagalang na salita, katulad ng "paki-," "salamat," at "mawalang-galang na potama at
- Magplano at maghanda nang sa gayon ay magkakaroon lamang ng bababahagyang pagkalito hanggang maaari. Kung kayo ay guro sa silid-aralan, dumating nang maaga sa silid-aralan.
- Magsimula at magtapos sa tamang oras. Magpapakita ito ng paggalang sa inyong mga tinuturuan.
- Magsalita sa kaaya-aya, magalang na pamamaraan. Palaging batiin nang may ngiti ang inyong mga tinuturuan.
- Maging mapagpahalaga sa mga naiambag sa mga talakayan ng mga mag-aaral.
- Kung nagtuturo kayo ng mga bata, asamin ang mga simpleng bagay na magagawa ninyo upang paalalahanan sila na maging mapitagan. Maaari ninyo maibalik ang kapaligirang may pagpipitagan sa pamamagitan ng marahang pag-awit o paghiging ng isang awit na mapitagan, pagpapakita ng larawan, o paggamit ng senyas ng kamay na makikilala ng mga bata bilang paalala na maging mapitagan.
- Alalahanin na napakahirap para sa mga bata na manatiling nakaupo nang matagal. Tulungan ang mga bata na makinig at makilahok nang aktibo. Bigyan sila ng pahinga maya't-maya.
- Magkaroon ng oras na ipaliwanag ang kahalagahan ng pagpipitagan , lalung-lalo na sa mga bata. Ipaliwanag ang layunin ng pambungad na musika. Pag-usapan kung bakit mahalagang makinig, makilahok sa pag-awit, at magsalita nang mahina. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang ugaling mapitagan ay na-

kasisiya sa Ama sa Langit. Ipaliwanag na habang sila ay mapitagan, makadarama sila nang maganda sa kanilang sarili at lalago ang kanilang mga patotoo.

- Huwag gantimpalaan ng mga premyo o pagkain ang pag-uugaling mapitagan. Huwag magpaligsahan upang malaman kung sino ang pinakamapitagan. Ang mga ito ay malamang matuon sa mga maling bagay. Magturo hinggil sa mga tunay na gantimpala ng pagpipitagan, katulad ng pinalawak na pang-unawa at ang impluwensiya ng Espiritu.
- Gumamit ng musika. Sinabi ni Elder Boyd K. Packer: "Ang musika ay nakalilikha ng isang kaaya-ayang kapaligiran ng pagsamba na nag-aanyaya sa diwa ng paghahayag, ng pagpapatotoo" (sa Conference Report, Okt. 1991, 28; o *Ensign,* Nob. 1991, 22). Gumamit ng pambungad na musika upang maitatag ang isang diwang mapitagan. Gumamit ng musika sa mga araling inyong itinuturo.
- Tulungan ang mga mag-aaral na makilala ang impluwensiya ng Espiritu. Magpatotoo kapag inuudyukan ng Espiritu.
- Ituon ang lahat ng inyong pagtuturo sa Tagapagligtas. Maglagay ng isang larawan ng Tagapagligtas sa silid-aralan.

24

# PAGTULONG SA MGA NAGIGING MAGULO



*Itinuro ni Elder Boyd K Packer:*

*"Mahalaga para sa guro na maunawaan na ang tao ay likas na mabuti. Mahalagang malaman na kaugalian na nilang gumawa ng bagay na tama. Ang gayong dakilang kaisipan ay nagbubunga ng pananampalataya. Malaking kaibahan ang magagawa nito kapag kaharap natin ang ating mga anak o magtungo sa klase ng kabataan para sila ay turuan.*

*" . . . Kapag tayo ay magtuturo, palaging alalahanin sa ating sarili na tayo ay nakikitungo sa mga anak ng Diyos at ang bawat isa, bilang Kanyang anak, ay maaaring maging kagaya Niya" (Teach Ye Diligently, binagong edisyon, [1991], 89).*

Nangungusap tungkol sa kapaligiran sa tahanan, sinabi ng Pangulong Gordon B. Hinckley na: "Kapag nagkakaroon ng maliliit na suliranin, na hindi maiiwasan, pigilin ang inyong sarili. Sariwain sa isipan ang karunungan ng matandang kawikaan: `Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot.' (Mga Kawikaan 15:1.) Walang disiplina sa buong mundo na katulad ng disiplina ng pag-ibig. Ito ay may sariling kahiwagaan" ("The Environment of Our Homes," *Ensign,* Hunyo 1985, 6).

Gaya ng napuna ni Pangulong Hinckley, nagkakaroon ng maliliit na suliranin na hindi maiiwasan. Kahit na kayo ay nagtuturo sa tahanan o sa simbahan, paminsan-minsan ang inyong aralin ay magugulo ng pag-uugali ng inyong mga tinuturuan. Sa inyong pagsusumikap na tulungan ang mga nakagugulo, tandaan na hindi lamang dapat ninyong pagsikapan na ituwid ang maling pag-uugali o tiyakin na ang lahat ay tahimik; kailangan ninyong tulungan ang mga mag-aaral na maging mas mabuting disipulo ng Tagapagligtas. Ang mga sumusunod na impormasyon ay makatutulong sa inyo na pakitunguhan ang mga panggugulo sa paraang tulad ng kay Cristo.

### Tandaan ang Kahalagahan ng mga Kaluluwa

Ang Panginoon ay nagpayo, "Tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 18:10). Ang inyong mga tinuturuan ay may banal na mga katangian at banal na patutunguhan. Ang inyong mga pagtugon sa kanilang mga kilos ay makatutulong sa kanila na maalala ang kanilang walang-hanggang halaga bilang mga anak ng Diyos. Sa pamamagitan ng inyong halimbawa, sila'y matutulungan ninyo na madagdagan ang hangarin na tulungan ang isa't isa na matutuhan ang ebanghelyo at mamuhay nang naaayon sa mga alituntunin nito.

### Hangaring Maunawaan Ang Inyong mga Tinuturuan

Habang nag-iisip kayo ng mga paraan upang tulungan ang mga nagiging magulo, isaalang-alang ang lahat ng maaaring kadahilanan ng kanilang pag-uugali, kabilang na ang kapaligiran ng silid-aralan. Magdasal para gabayan ng Espiritu. Minsan nagiging magulo ang isang tao dahil sa bagay na ginagawa ninyo o dahil sa ginagawa ng iba pang tao. Minsan sila ay nagsasalita at kumikilos nang wala sa lugar sa kadahilanang sila'y balisa, galit, pagod o bigo. Dapat ninyong maingat na suriin ang mga posibilidad na ito habang iniisip ang tungkol sa mga dahilan ng mga suliranin. Kapag naunawaan ninyo ang mga tinuturuan, sila'y matutulungan ninyo na makapag-ambag sa mga aralin sa mga tamang paraan. (Tingnan sa "Pag-unawa sa Inyong mga Tinuturuan" mga pahina 41–42; Upang mapag-aralan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa iba't ibang saklaw-na-gulang, tingnan sa "Pagtuturo sa mga Bata," mga pahina 140–42; "Mga Katangian ng Edad ng mga Bata," mga pahina 143–51; "Pag-unawa at Pagtuturo sa Kabataan," mga pahina 154–57; "Pag-unawa at Pagtuturo sa mga Matatanda," mga pahina 161–63.

### Suriin ang Sariling Pagsisikap

Kapag ang ikinikilos ng inyong tinuturuan ay nakagugulo, madaling nakikita ang kanilang pag-uugali at nakakaligtaan na suriin ang inyong sarili. Ngunit sinabi ng Tagapagligtas: "Paano mo sasabihin sa iyong kapatid: Hayaan mong alisin ko ang puwing sa iyong mata—at masdan, isang tahilan ay nasa iyong sariling mata? . . . Alisin mo muna ang tahilan na nasa sarili mong mata; at sa ganon malinaw mong makikita ang pag-aalis ng puwing sa mata ng iyong kapatid" (3 Nephi 14:4-5).

Sa inyong pagsisikap na matugunan



ang mga suliranin sa nanggugulo, una isaalang-alang kung ang totoong pinanggagalingan ng suliranin ay ang bagay na inyong ginagawa. Tanungin ang inyong sarili, "Napapanatili ko bang nasa sentro ng aking pagtuturo ang Tagapagligtas at ang Kanyang doktrina? Ginagawa ko ba ang lahat ng aking makakaya na makapagturo sa pamamagitan ng Espiritu? Natulungan ko ba ang aking mga tinuturuan na magkaroon ng responsibilidad sa kanilang pagkatuto? Natulungan ko ba silang makapag-ambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral? Binibigyan ko ba sila ng pagkakataon na matuto sa isa't isa? Mapapabuti ko pa ba ang paghahanda sa aking aralin? Patuloy ko bang hinahangad na mapabuti bilang isang guro?"

Suriin ang mga pamamaraan na inyong ginagamit sa pagtuturo. Tanungin ang inyong sarili, "Nakatutulong ba ang mga ito sa aking mga tinuturuan na maunawaan at gamitin ang mga katotohanan ng ebanghelyo? Gumagamit ba ako ng iba't ibang pamamaraan upang matulungan ang aking mga tinuturuan na manatiling nawiwili at masiglang nakikilahok?"

### Suriin ang Inyong mga Layunin

Itinuro ng Panginoon na ang mga may hangarin na tumulong sa Kanyang gawain ay kinakailangan na "maging mapagpakumbaba at puno ng pagmamahal, may pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao" (Doktrina at mga Tipan 12:8). Tanging ang mga nahihikayat ng pag-ibig ang magkakaroon ng tunay, makapangyarihang impluwensiya sa kanilang mga tinuturuan.

Manalangin upang mapuno ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa bawat taong inyong tinuturuan, lalo na sa mga kung minsan ay umaasal nang hindi tama. (Tingnan sa "Paghahangad sa Kaloob na Pag-ibig sa Kapwa," pahina 14; "Ang Pagmamahal ay Nakapagpapalambot ng mga Puso," mga pahina 39–40.

Tanungin ang inyong sarili: "Ako ba ay may higit na malasakit tungkol sa pagtulong sa iba na matutuhan ang ebanghelyo o tungkol sa paglalahad ng aking materyal sa aralin nang walang paghadlang? Isipin ang karanasan ng mga miyembro ng klase kaysa sa karanasan ninyo. Habang patuloy ninyong inaabot ang mga puso ng inyong mga tinuturuan nang higit pa sa inyong sariling mga pangangailangan, sila ay higit na nagiging palagay ang loob na makilahok sa mga paraang nakapagbibigay-sigla.

### Tulungan ang Lahat ng Miyembro ng Klase na Mag-ambag sa Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral

Sa tuwi-tuwina, maaari ninyong suriin kasama ng mga mag-aaral ang mga alituntunin na makakatulong sa kanila na makapag-ambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral (tingnan sa "Pagtuturo sa Iba na Mag-ambag sa Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral," mga pahina 97–98. Ipaalala sa kanila ang kanilang responsibilidad na makilahok sa mga talakayan, hayaan ang bawat isa na makapagbahagi, makinig sa isa't isa, at dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan. Sabihin din sa kanila kung ano ang inyong gagawin bilang isang guro upang makapagbahagi

sa kapaligiran ng pag-aaral. Tiyakin sa kanila na kayo ay maghahandang mabuti upang turuan sila at kayo ang mamumuno sa mga talakayan at iba pang mga gawain na makapagbibigay sa kanilang lahat ng pagkakataon para makilahok.

### Tumugon sa Simpleng Pamamaraan sa Paminsan-minsang mga Kaguluhan

Minsan pinakamabuting huwag na lamang pansinin ang maliliit na kaguluhan at tumuon sa magandang pag-uugali. Kapag kailangan ninyong tumugon sa paminsan-minsang kaguluhan, isaalang-alang ang mga sumusunod na mungkahi:

- Tumahimik. Walang kibong maghintay hanggang ang tao ay tumigil sa pagsasalita o sa pagiging magulo.
- Lumapit sa taong nagiging magulo. Ang ganitong maliit na pagkilos ay makapagsisilbing tahimik na paalala na makinig nang mabuti.
- Gumamit ng kaunting biro. Sa pamamagitan ng masayahing pamamaraan, maaari ninyong ibalik ang tao sa aralin. Ngunit, hindi kayo dapat maging mapangkutya o gumamit ng biro para manghiya o manupil.
- Tulungan ang tao na makilahok sa tamang pamamaraan. Isaalang-alang na hilingan siyang magbasa, magpakahulugan ng isang bagay, magbigay ng halimbawa, o tumugon sa ibang paraan. Ang layunin ng ideyang ito ay hindi para ipahiya ang tao kundi upang anyayahan siyang makilahok.
- Tulungan ang bawat isa na makilahok. Kung isang tao lang ang nangingibabaw sa talakayan, sikapin na tawagin ang mga hindi pa nakapagbabahagi. Bigyan sila ng unang pagkakataon na sagutin ang mga katanungan. Kung hindi ito maging mabisa, marahang ibaling ang pansin palayo sa taong ito at ibalik sa klase sa pamamagitan ng pagsasabi ng, "Pakinggan naman natin ang iba," o "Marami kang naibahaging nakawiwiling mga puna. Mayroon pa bang gustong magdagdag sa mga nasabi na?" (Para sa tiyakan na mga mungkahi tungkol sa pamumuno sa mga talakayan, tingnan sa "Pamumuno sa mga Talakayan," mga pahina 78–81; "Pagtuturo sa Pamamagitan ng Pagtatanong," mga pahina 84–86.)
- Ibaling sa iba ang mga talakayan na hindi nakapag-aanyaya sa Espiritu. Kung mayroong nakikipagtalo sa inyo o sa iba, nagsasalita nang walang-galang, o nagsisimula ng kontrobersiyal na paksa, gumamit ng pagmamahal at pagpapakumbaba kapag nagpapasiya kung paano tutugon. Maaari ninyong sabihin na lamang ang kagaya nito, "Iyan ay isang magandang pagmamasid, ngunit maaari tayong mapalayo sa ating aralin sa araw na ito."
- Magpakilala ng naiibang gawain. Magbigay ng sandaling pahinga sa pamamagitan ng paglipat sa isang gawain na nangangailangan ng kakaibang pakikilahok.

### Gumawa ng Natatanging Pagsisikap upang Tulungan ang mga Patuloy na Nagiging Dahilan ng mga Kaguluhan

Sa kabila ng inyong pagsisikap na lumikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, may isang maaaring patuloy na gumulo ang mga aralin na inyong itinuturo. Kung may isang lubhang nakagugulo sa pag-aaral ng iba, hindi ninyo dapat na ipagwalang-bahala ang suliranin, ni gumawa ng marahas na hakbang. Sa ganitong pagkakataon, alalahanin ang turo ng Panginoon na panatilihin lamang ang impluwensiya "sa pamamagitan ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig;

"Sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya—

"Pagsabihan sa tamang pagkakataon nang may kataliman, kapag pinakikilos ng Espiritu Santo; at pagkatapos ay magpakita ng ibayong pagmamahal sa kanya na iyong pinagsabihan, at baka ka niya ituring na kaaway;

"Upang kanyang malaman na ang iyong katapatan ay higit na matibay kaysa sa mga gapos ng kamatayan" (Doktrina at mga Tipan 121:41-44).

Sa pagsasagawa ng payong ito, makatutulong na maunawaan ang mga salitang *sa tamang pagkakataon* at *may kataliman*. Ang ibig sabihin ng *sa tamang pagkakataon* ay maagap o sa wastong panahon. Sa taludtod na ito, ang *may kataliman* ay tumutukoy sa nararapat na pagbibigay ng malinaw at maliwanag na mga tagubulin.

Dapat kayong maging mahinahon at maamo kapag nagbibigay ng pagtutuwid. Tandaan na ang pagsasabi ay kailangang gawin lamang "kapag pinakikilos ng Espiritu Santo" at dapat sundan ng ibayong pagmamahal.

Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong sa inyo kung ang isa sa inyo tinuturuan ay patuloy na nagiging magulo. Makakakita kayo ng mga paraan na magawa ang ilan sa mga mungkahing ito para magamit sa tahanan.

#### *Kausapin nang Sarilinan ang Tao*

Minsan makatutulong na kausapin nang sarilinan ang taong patuloy na nagiging dahilan ng kaguluhan. Kailangan ninyong maging magaling makitungo at may pagmamahal. Ilarawan ang ugaling nakagugulo gayon pa man liwanagin din na mahal ninyo at iginagalang ang tao. Hilingin ang tulong ng tao at sikaping sabay na hanapin ang mga kasagutan. Pagkatapos ay gawin ninyo ang lahat nang makakaya ninyo upang ipakita ang ibayong pagmamahal. Tulad ng ipinayo ni Brigham Young,



"Huwag mong parusahan ang isang tao na aabot pa sa sukdulan na hindi mo na kayang ibalik ang magandang pakiramdam" (sa *Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widtsoe [1941], 278).

*Humingi ng Tulong sa Iba*

Nais ng inyong mga pinuno na tulungan kayo sa mga hamon sa pagtuturo. Maaari kayong makinabang sa kanilang mga ideya at tulong. Halimbawa, maaari nilang hilingin sa isang tao na tumulong sa ilang gawain o umupo sa tabi ng isang batang magulo. Sa inyong palagiang pakikipag-usap sa mga pinuno ng inyong samahan, maaari ninyong talakayin ang mga paraan na matulungan ang bawat isa sa inyong klase (tingnan sa "Paghingi ng Suporta sa Inyong mga Pinuno," pahina 34).

Maaari ninyong hilingin sa isa sa inyong mga pinuno na dumalo sa inyong klase at magbigay ng natatanging pansin sa kaaya-ayang kapaligiran sa oras ng aralin. Pagkatapos ng klase, talakayin ang suliranin sa pinuno at magkasamang humanap ng mga kasagutan. Patuloy na sumangguni sa inyong mga pinuno habang isinasakatuparan ang mga kalutasan.

Kung ang isang bata o kabataan ay paulit-ulit sa ugaling panggugulo, hilingin ang tulong ng kanyang mga magulang. Nais ng mga magulang na malaman ang tungkol sa pag-uugali ng kanilang mga anak, at handa silang tumulong. Kung maaari, isali ang kabataan sa ganitong mga usapan; ito ay magpapakita ng inyong paggalang sa kanilang kahustuhan ng isip at kalayaan sa pagpili. Sa pagsasama-sama makagagawa kayo ng mga tiyak na plano at pagkatapos ay suriin ang inyong pag-unlad.

Kung ang tao ang naging sanhi ng mga kaguluhan ay may mga natatanging pangangailangan, pag-aralan kung ano ang inyong magagawa para matulungan siya nang mas mabuti at kumilos nang higit na tama (tingnan sa "Pagtuturo sa mga May Kapansanan," mga pahina 47–49; tingnan din sa "Paglilingkod sa mga Miyembrong may mga Kapansanan," mga pahina 406-11 sa bahaging Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno" ng *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan*).

*Maging Matiyaga*

Alalahanin na ang pagbabago ay nangangailangan ng mahabang panahon. Patuloy na magtiyaga at huwag isuko ang isang taong may mga suliranin. Huwag magbabago sa pakikitungo sa tao. Huwag panghinaan ng loob kung siya ay may maling pag-uugali sa klase. Kahit na ang tao ay parang kaunti lamang ang natutuhan sa mga aralin na inyong itinuturo, siya ay may pagkakataon pa rin na matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo at maramdaman ang impluwensiya ng Espiritu. Siya ay may pagkakataon din na makasama ang isang mapagmahal na guro at mga nagmamalasakit na pinuno at kaibigan.

## Mga Tiyak na Mungkahi sa mga Guro ng Primarya

Kung ang isang bata ay nagiging dahilan ng kaguluhan, maayos na hilingin na siya ay tumigil. Halimbawa, kung ang isang miyembro ng klase na nangangalang Linda ay nanggugulo ng isa pang miyembro ng klase,

maaari ninyong sabihing, “Linda, maaari bang huwag mong gawin iyan.” Magpasalamat kung siya ay sumunod. Kung hindi, sabihin ang inyong kahilingan nang mas katatagan, subalit nandoon pa rin ang mabuting pakikitungo: “Linda, kailangan mong itigil iyan ngayon din.” Magpasalamat kung siya ay sumunod.

Kung hindi pa rin siya sumunod, makipag-ayos na makausap siya nang sarilinan tungkol sa kung ano ang dapat asahan sa klase. Sabihin sa kanya kung ano ang nakakagulo sa inyo at kung bakit. Halimbawa, maaari ninyong sabihin, “Linda, ako ay nababahala tungkol sa nangyari sa klase sa araw na ito. Hindi tayo matututo kapag ang klase ay walang paggalang.. “ Pagkatapos maaari ninyo siyang tanungin kung ano ang nadarama niya tungkol sa situwasyon. Pagkatapos ninyong makinig na mabuti sa kanyang kasagutan, ipaalam sa kanya na inyong nauunawaan ang kanyang damdamin. Maaari ninyong sabihin na, “Nauunawaan ko na hindi ka mapakali at mahirap ang maupo lang.” Pagkatapos ay tanungin ng, “Paano natin parehong malulutas ito. Ano ang magagawa ko para makatulong? Ano ang gagawin mo?” Magkasamang talakayin ang kasagutan.

Pagkatapos ng pakikipag-usap kay Linda, kakailanganin ninyong gumawa ng sariling plano na matulungan siya at ang klase kung ang kanyang panggugulo ay magpapatuloy. Maaaring kasama sa plano ang alin man sa mga sumusunod na gawain:

- Maglagay ng upuan sa malayo sa ibang mga bata. Hayaang umupo doon si Linda ng tahimik sa maikling oras, gaya ng dalawang minuto. Sa pagkakataong ito, huwag makipag-usap sa bata. Anyayahan siya sa grupo kapag siya ay naging tahimik sa itinalagang oras.
- Hilingin sa isang miyembro ng panguluhan ng Primarya o sa isa pang pinuno na dalhin ang bata sa isang bakanteng silid o tahimik na lugar sa bahay-pulungan kung saan ang mga magulang ay maaaring makatulong. Maaari ninyong sabihin, “Paumanhin Linda hindi mo sinunod ang mga patakaran sa klase. Dadalhin ka ni Sister Davis para makausap mo ang iyong mga magulang. Sana makabalik ka agad. Kapag nakapagpasiya ka nang sundin ang mga patakaran, maaari ka nang bumalik sa klase. Ang isa pang pinuno ay dapat na manatili upang samahan ang bata. Kapag ang bata ay tahimik na muli, siya ay maaari nang anyayahan na bumalik sa grupo. Ipaalam sa kanya na siya ay minamahal at mahalagang bahagi ng klase.

# GUMAMIT NG MABIBISANG PAMAMARAAN

Upang matulungan ang iba na naising matuto, ang ating pagtuturo ay kinakailangang maging kawili-wili. Upang matulungan sila na makaunawa, ang ating pagtuturo ay kinakailangang maging malinaw. Upang matulungan sila na matandaan at mapagbulay-bulay ang kanilang natututuhan, ang ating pagtuturo ay kinakailangang maging di-malilimutan. Ito ang mga dahilan sa maingat na pagpili ng mga pamamaraan sa pagtuturo at mabisang paggamit ng mga ito: ang gawing kawili-wili, malinaw at di-malilimutan ang mga aralin.

25

# PAGTUTURO NANG MAY PAGKAKAIBA-IBA



*Sinabi ni Pangulong David O. Mckay, "Bawat guro ay may responsibilidad na alamin kung paano pinakamainam na pakikitunguhan ang mga miyembro ng klase upang makagawa ng mga pagsamong magiging walang katapusan" (Gospel Ideals [1953], 439).*

## Paggamit ng Iba't Ibang Pamamaraan sa Bawat Aralin

Kapag ang isang maybahay ay nagpaplano ng mga menu para sa isang linggong hapunan, malamang na hindi siya magpapasiyang maghanda ng magkakaparehong putahe sa pitong magkakasunod na gabi. Kahit na ang kanyang badyet ay napakalimitado na kinakailangan niyang maghanda ng patatas gabi-gabi, malalaman niya rin kaagad na maraming paraan upang maihain ang patatas.

Ang ebanghelyo ay maaari ding mailahad sa maraming iba't ibang pamamaraan. Walang guro ang dapat na mabuyo sa isang paulit-ulit na paraan ng paglalahad ng gayunding uri ng aralin linggo-linggo. Kapag gumagamit kayo ng ibat-ibang gawain sa pagkatuto, mas mauunawaan ng mga mag-aaral at higit na matatandaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang maingat na piniling pamamaraan ay higit na nakapagpapalinaw, higit na nakapagpapawili, at higit na nakapagpapaalala ng isang alituntunin.

Habang naghahanda kayo upang magturo, tiyakin na gumagamit kayo ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ng bawat aralin. Maaaring ito ay mangahulugan ng paggamit ng isang bagay na kasing simple ng isang makulay na paskil o tsart sa dingding para sa isang aralin at isang listahan ng mga katanungan sa pisara para naman sa isa pa.

## Paggamit ng Iba't Ibang Pamamaraan sa Isang Aralin

Bilang karagdagan sa paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa bawat aralin, dapat ninyong ituro ang isang aralin nang may pagkakaiba-iba. Ang mga bata, sa kanilang likas na pagkamausisa, ay tumutugon nang lalong mabuti sa pagkakaiba-iba ng mga gawain sa pagkatuto—karaniwan sa pagitan ng lima at pito sa isang aralin. Ang mga kabataan din ay tumutugon nang mabuti sa pagkakaiba-iba ng mga pamamaraan. Kahit na matatanda ang inyong tinuturuan, dapat ninyong isaalang-alang ang paggamit ng mga tatlong pamamaraan man lamang sa isang aralin.

## Pagpili at Paghahanda ng Iba't Ibang Pamamaraan sa Pagtuturo

Maraming nakukuhang mapagkukunan upang matulungan kayo na pumili ng mga pamamaraan kapag naghahanda ng inyong mga aralin. Isipin ang mga sumusunod na ideya habang pinaplano ninyo kung ano ang mga gagamiting pamamaraan sa isang partikular na aralin:

- Isaalang-alang muna ang mga mungkahi sa manwal ng aralin. Kapag kinakailangan, iangkop ang mga ito sa mga pangangailangan ng inyong mga tinuturuan.
- Magkaroon ng isang tiyak na layunin sa paggamit ng isang pamamaraan. Pumili ng mga pamamaraan na nagtataguyod at nagpapatibay sa pangunahing layunin ng aralin. Ang mga ito ay dapat na makatotohanan sa buhay at nagbibigay-diin sa katotohanan, kabutihan, at kagandahan. Huwag pumili ng mga pamamaraang nakapagbibigay-tuwa lamang o nakauubos ng oras.
- Pumili ng mga pamamaraang naaangkop at mabisa. Ang ilang pamamaraan,

katulad ng mga kuwento at paggamit ng pisara ay magagamit nang higit na madalas kaysa iba, katulad ng mga pangkatang talakayan at laro. (Tingnan sa "Pagpili ng mga Naaangkop na Pamamaraan," pahina 116; "Pagpili ng Mabibisang Pamamaraan," pahina 118.)

- Kapag naaangkop, piliin ang mga pamamaraan na aktibong nakatatawag sa pansin ng mga mag-aaral. Ito ay mahalaga sa lahat ng mag-aaral, subalit lalung-lalo na sa mga bata.
- Magsanay sa paggamit ng mga pamamaraan bago ninyo ituro ang aralin. Ito ay napakahalaga kung hindi pa kayo gumagamit ng partikular na pamamaraan noon.

### Panatilihin ang Pagkakaiba-iba sa Inyong mga Aralin

Ang tsart sa pahina 115 ay makatutulong sa inyo na malaman kung mayroong sapat na pagkakaiba-iba sa inyong mga aralin. Maaari ninyong naising gumawa ng gayunding tsart sa inyong talaarawan o sa kuwaderno. Sa itaas ng mga wala pang sulat na hanay, isulat ang bawat pamagat ng inyong limang susunod na aralin. Habang inihahanda ninyo ang mga aralin, lagyan ng tsek ang hanay na "aralin" sa tapat ng bawat pamamaraang inyong ginagamit.

Ang mga nakatalang pamamaraan sa itaas ng tsart ay ang pinaka-karaniwang ginagamit sa pagtuturo ng ebanghelyo. Maaaring matuklasan ninyo ang inyong sarili na gumagamit ng ilan sa mga pamamaraang ito sa halos lahat ng inyong mga aralin. Ang iba pang mga nakalistang pamamaraan ay maaari ding maging mabisa depende sa inyong itinuturo at sa pangangailangan ng inyong mga tinuturuan.

Habang ginagamit ninyo ang tsart na ito, maaaring makakita kayo ng mga pagkakatulad-tulad sa inyong pagtuturo. Maaaring may mga pamamaraan na ginagamit kayo sa bawat aralin at mga iba na hindi kailanman ninyo ginagamit.

# MGA PAMAMARAANG MAGAGAMIT KO

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamamaraang Karaniwan nang Ginagamit** | | | | |
| Pisara | | | | |
| Paghahambing at Paggamit ng mga Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng mga Aralin | | | | |
| Mga Talakayan | | | | |
| Mga Halimbawa | | | | |
| Mga Panayam | | | | |
| Paghahalintulad | | | | |
| Musika | | | | |
| Mga Tanong | | | | |
| Mga Banal na Kasulatan | | | | |
| Mga Kuwento | | | | |
| Mga Larawan | | | | |
| **Iba pang mga Pamamaraan** | | | | |
| Gawaing Paghanap ng mga talata sa banal na kasulatan | | | | |
| Pamamaraang Pagsasagawa | | | | |
| Mga Gawain sa Pagkuha ng Pansin | | | | |
| Mga Materyal na "Audiovisual" | | | | |
| Paglutas sa mga Suliranin | | | | |
| "Buzz Sessions" | | | | |
| Mga Pinag-aaralang Kalagayan | | | | |
| Mga Pagtatanghal | | | | |
| Mga "Diorama" | | | | |
| Mga Pagsasadula | | | | |
| Mga Gawaing Pagguhit | | | | |
| Mga "Flannel Board" | | | | |
| Mga Laro | | | | |
| Mga Panauhing Tagapagsalita | | | | |
| Mga Mapa | | | | |
| Pagsasaulo | | | | |
| "Overhead Projectors" | | | | |
| Mga Pangkatang Talakayan | | | | |
| Mga Hinugis na Larawang Gawa sa Papel | | | | |
| Mga Larawan | | | | |
| "Readers Theaters" | | | | |
| Dula-dulaan (Role Playing) | | | | |
| Mga "Roller Box" | | | | |
| Mga Natatanging Ulat | | | | |
| Mga Istasyon | | | | |
| Mga Sulatang Papel | | | | |

26

# PAGPILI NG MGA NAAANGKOP NA PAMAMARAAN

Bilang isang guro sa ebanghelyo, tumayo kayo bilang kinatawan ng Panginoon sa harapan ng inyong mga tinuturuan. Dapat ninyong tiyakin na ang lahat ng inyong ginagawa ay naaayon sa Kanyang kalooban at ipinakikita ninyo sa bawat aralin ang pagpipitagan sa mga katotohanan ng ebanghelyo.

Sinabi ng Panginoon, "Tandaan na yaong nagmumula sa kaitaasan ay banal, at kailangang sambitin nang may pag-iingat, at sa panghihimok ng Espiritu" (Doktrina at mga Tipan 63:64). Ang mga ginagamit ninyong pamamaraan upang ituro ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay makakatulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang pagkasensitibo sa mga sagradong bagay. Samakatuwid, dapat ninyong tiyakin na angkop ang mga pamamaraan sa mga itinuturong alituntunin at naaayon ang mga ito sa mga pamantayan ng Simbahan. Samantalang maaaring may ilang pamamaraan na makatutulong sa inyo na iparating ang isang tiyak na mensahe, ang ilan sa mga pamamaraang ito ay maaaring hindi angkop para sa isang partikular na aralin dahil sa paksang tinatalakay o sa mga edad o karanasan ng inyong mga tinuturuan.

Kailanman na iniisip ninyo ang paggamit ng isang partikular na pamamaraan, itanong sa inyong sarili ang mga sumusunod upang matiyak na angkop ang pamamaraan.

### Mag-aanyaya ba sa Espiritu ang pamamaraang ito?

Ang Espiritu ay dapat na naroroon upang maiparating ang mensahe ng ebanghelyo sa mga puso ng inyong mga tinuturuan. Samakatuwid, dapat ninyong gamitin ang mga pamamaraang magtatatag ng kaaya-ayang kapaligiran para sa aralin at mag-aanyaya sa Espiritu (tingnan sa 2 Nephi 33:1; Doktrina at mga Tipan 42:14). Halimbawa, isang guro sa Doktrina ng Ebanghelyo ang gumamit ng musika upang talakayin ang pagkamartir ni Propetang Joseph Smith. Sa paghahanda para sa aralin, inanyayahan ng guro ang isang miyembro ng purok na maghanda upang awitin ang "Isang Taong Manlalakbay" (*Mga Himno)*. Sa klase, itinuon ng himno ang mga isipan at damdamin ng mga miyembro ng klase sa sandaling bago lumusob ang mga mandurumog, nang awitin ni John Taylor ang himnong ito sa kanyang mga kapatid sa Piitan ng Carthage. Dinala ng Espiritu ang katamisan at ang pagiging-seryoso ng sandaling iyon sa mga puso ng mga miyembro ng klase.

### Tumutugma ba ang pamamaraang sa pagkasagrado ng mga alituntuning itunuturo ko?

Ang ilang pamamaraan sa pagtuturo ay mas masaya at di-pormal kaysa iba at samakatuwid ay angkop lamang sa ilang aralin. Halimbawa, hindi naaangkop na gumamit ng pagsasadula upang talakayin ang Pagkabuhay na maguli. Gayunpaman, ang pagsasadula ay maaaring isang angkop na paraan upang ituro kung paano maging isang mabuting kapitbahay.

### Makapagpapasigla at makapagpapalakas ba sa aking mga tinuturuan ang pamamaraan?

Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay dapat na maging isang positibo, masayang karanasan na nakatutulong sa mga mag-aaral na mapagtanto ang kanilang banal na pagkatao. Dapat madama ng inyong tinuturuan na minamahal at iginagalang ninyo sila.

Ang materyal na kontrobersyal o kagila-gilalas ay hindi nagpapalakas ng pananampalataya at patotoo at hindi dapat gamitin. Huwag gumamit ng anumang pamamaraan na makapagpapahiya o makapagpapababa sa kaninuman.

### Sinasang-ayunan ba ng Simbahan ang materyal?

Gamitin ang mga pangkasalukuyang edisyon ng mga pamantayang banal na kasulatan at ang mga materyal na pang-aralin na inilathala ng Simbahan. Isaalang-alang ang mga iminungkahing pamamaraan sa manwal ng aralin bago sumangguni sa ibang mapagkukunan para sa mga ideya. Ang anumang materyal o ideya na inyong ginagamit na hindi matatagpuan sa manwal ay dapat magbigay-diin sa katotohanan at kabutihan. Upang maragdagan ang mga materyal na pang-aralin at banal na kasulatan, maaari ninyong gamitin ang mga

talumpati sa pangkalahatang komperensiya, magasin ng Simbahan, at "audiovisual" na materyal at larawan na gawa ng Simbahan.

### Sinusunod ko ba ang mga wastong hakbang sa paghahanda upang magamit ang pamamaraan?

Ang ilang pamamaraan ay nangangailangan ng natatanging paghahanda. Halimbawa, kailangan ninyong makuha ang pagsang-ayon ng obispo upang makapaganyaya ng mga panauhing tagapagsalita, at kinakailangan ang pagsang-ayon ng pangulo ng istaka para sa pag-anyaya ng mga panauhing tagapagsalita sa mga pulong sa istaka (tingnan sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 325).

### Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa pagpili ng mga pamamaraan, tingnan sa mga aralin 8 at 9 sa kurso sa Pagtuturo ng Ebanghelyo (mga pahina 285–92).

27

# PAGPILI NG MABIBISANG PAMAMARAAN



*Itinuro ni Elder Boyd K. Packer: "Kapag nagtuturo tayo ng mga moral at espiritwal na pinahahalagahan, nagtuturo tayo ng mga bagay na hindi nahahawakan. Marahil walang pagtuturong napakahirap isagawa, ni lubos na magagantimpalaan kapag matagumpay na nagawa. May mga pamamaraan at kasangkapang magagamit. May mga bagay na magagawa ang mga guro upang ihanda ang kanilang sarili at ang kanilang mga aralin nang sa gayon ang kanilang mga mag-aaral . . . ay maturuan, at ang kanilang mga patotoo ay maiparating sa isa't isa" (Teaching Ye Diligently, binagong edisyon [1991]; 62).*

Ang mabibisang pamamaraan ng pagtuturo ay ginagawang malinaw, kawili-wili at di-malilimutan ang mga aralin. Kailanman na iniisip ninyo ang paggamit ng isang partikular na pamamaraan, itanong sa inyong sarili ang mga sumusunod upang matiyak na ito ay magiging mabisa.

### Matutulungan ba ng pamamaraang ito ang mga mag-aaral na mas maunawaan ang mga alituntuning itinuturo ko?

Magagamit ang mabibisang pamamaraan upang ipaliwanag ang mga alituntunin at pagtibayin ang mga aralin. Halimbawa, tinuturuan ng isang batang misyonero ang isang nagsisiyasat sa Simbahan tungkol sa pangangailangang ipanumbalik ang ebanghelyo sa mundo. Tumugon ang nagsisiyasat na naturuan na siya ng kanyang simbahan ng maraming mahahalagang katotohanan at ito ay sapat na para sa kanyang mag-anak. Upang matulungan ang nagsisiyasat na higit na maunawaan ang kahulugan ng Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan at ang pangangailangan sa Pagpapanumbalik, nagdala ang misyonero ng isang pangyarda sa sumunod na talakayan. Ipinaliwanag niya na ang pangyarda ay hustong isang yarda ang haba. Kung aalisin ang ilang pulgada, ang natira sa pangyarda ay magagamit pa rin sa pagsukat ng ilang distansiya, subalit hindi na ito makapagsusukat ng isang buong yarda. Pagkamatay ng mga Apostol, nawala ang mga bahagi ng katotohanan dito at doon. Pumasok ang mga pagbabago sa doktrina nang mawala ang propetang magsasalita para sa Panginoon. Nanatili ang ilang bahagi ng katotohanan at ang mga ito ay mabubuti, subalit hindi kinakatawan ng mga ito ang kabuuan ng katotohanan. Upang ang simbahan ay maging Simbahan ni Jesucristo, ito ay kinakailangang magtaglay ng lahat ng katotohanang Kanyang itinuro. Kung hindi, ito ay nagtuturo lamang ng maliit na bahagi ng dapat na ituro nito.

### Hindi ba magsasayang ng oras ang pamamaraang ito?

Maraming guro ang nag-aakalang marami silang oras sa pagsisimula ng aralin. Dahil dito, maaari nilang magamit ang mga unang minuto nang hind matalino sa pamamagitan ng paggugol ng maraming oras sa isang nakasisiyang pamamaraan sa pagtuturo. Pagkatapos, sa kalagitnaan ng oras ng aralin, mapagtatanto nila na kailangan pa nilang ituro ang karamihan sa aralin. Upang mapunan ang nawalang oras, sila ay magmamadali, na nalalaktawan ang mahahalagang bahagi ng aralin. Madalas nilang minamadali ang pagtatapos sa halip na samantalahin ang pagkakataon upang mapagsama-sama ang mga ideya at matulungan ang mga mag-aaral na makita kung paano ipamuhay ang mga itinurong alituntunin.

Maingat na planuhin ang gagamitin ninyong mga pamamaraan sa aralin at ang oras na gugulin ninyo sa mga ito. Makatutulong ito sa inyo na gumamit ng maraming iba't ibang pamamaraan nang hindi pinahihintulutan ang mga ito na maging sentro ng aralin.

Tiyakin na ang ginagamit ninyong pamamaraan ay hindi napakahaba para sa mga alituntuning inyong itinuturo.

Halimbawa, ang pagbubuo ng maliliit na grupo ay maaaring isang mabisang paraan upang ituro ang isang mahirap unawaing alituntunin, subalit yayamang gumugugol ito nang marami-raming oras maaaring hindi ito ang pinakamainam na paraan upang ituro ang isang simpleng alituntunin.

### Matutugunan ba ng pamamaraang ito ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan ko?

Ang mga pamamaraang inyong ginagamit ay dapat makatulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang itinuturo ninyong alituntunin at mapag-ibayo ang kanilang hangarin na ipamuhay ito. Alamin ang mga pangyayari, tagumpay, mithiin, at kung anu-ano pa sa buhay ng mga mag-aaral nang sa gayon, makapipili kayo ng mga pamamaraang makapagbibigay-tagubilin, hindi malilimutan at makapagpapasigla sa kanila. Kapag nauunawaan ninyo ang inyong mga tinuturuan, maiiwasan ninyo ang mga pamamaraan na maaaring makasakit o makalito sa kanila.

### Napakadalas ko bang ginagamit ang gayunding pamamaraan?

Maging ang isang nakahihikayat na pamamaraan sa pagtuturo ay nakasasawa kung palagiang ginagamit. Tiyakin ninyo na gumamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo.

### Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa pagpili ng mga pamamaraan, tingnan sa mga aralin 8 at 9 sa kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo (mga pahina 285-92).

28

# PAGSISIMULA NG ARALIN



Bago magsimula ang symphony ang mga taong dumadalo sa konsiyerto ay madalas nakaririnig ng nakalilitong kombinasyon ng mga tunog. Ang lahat ng musikero ay naghahanda sa konsiyerto nang sabay-sabay sa pamamagitan ng pagpapatugtog ng kani-kanilang instrumento at pagsasanay ng musika nang isa-isa. Gayunpaman, kapag naglakad na ang konduktor sa entablado at itinaas ang baton, lahat sila ay tumatahimik, alisto, at handang gumawa nang sama-samsa upang tumugtog ng magandang musika.

Katulad ng isang konduktor na tinitipon ang mga musikero sa pagsisimula ng konsiyerto, dapat ninyong tipunin ang mga miyembro ng mag-anak o miyembro ng klase sa pagsisimula ng aralin. Bago kayo magsimula sa aralin, maaaring ang ilang tao ay nagbabasa, ang iba naman ay maaaring tahimik na nakaupo, at ang iba ay maaaring nakikipag-usap. Makaririnig kayo ng iba-ibang usapan nang sabay-sabay. Maging pagkatapos ng pambungad na panalangin, ang mga naroroon ay maaaring hindi lubos na nakatuon ang pansin sa pakikibahagi sa aralin. At bagaman nangangailangan ng higit pa kaysa pagtataas ng isang baton, may ilang simpleng paraan upang maituon ang pansin ng lahat sa aralin.

### Mga Panuntunan sa Pagsisimula ng Aralin

Ang pambungad sa mga aralin ay dapat na makagawa ng higit pa kaysa pagkuha lamang ng pansin ng mga mag-aaral. Kung ang pambungad ay walang kaugnayan sa aralin, maaari itong higit na makasira kaysa makatulong. Halimbawa, kung ang isang guro sa Panlinggong Paaralan ay nagbiro sa pagsisimula ng isang aralin, maaaring maging alisto ang mga miyembro ng klase, subalit maaari din silang mag-isip ng mga bagay na makapagpapawala ng pagtuon ng kanilang pansin sa mga ituturong alituntunin. Dapat ninyong iwasan ang paghingi ng paumanhin (katulad ng "Hindi ako handa") at iba pang pagpapahiwatig na di-tuwirang umaakay sa aralin.

Habang nagtuturo kayo ng iba't ibang aralin, huwag magsimula sa gayunding pamamaraan sa tuwina. Ang pagkakaiba-iba ay magdaragdag ng interes at sorpresa. Maaari ninyong isaalang-alang ang ilang inilarawang pamamaraan sa aklat na ito sa mga pahina 211–42. Para sa mga panuntunan sa pagpili ng mga naaangkop at mabibisang pamamaraan, tingnan sa mga pahina 116–19.

### Mga Halimbawa ng Mabibisang Panimula ng Aralin

*Paggamit ng Bagay sa Pagtuturo ng Aralin*

Maaari kayong gumamit ng mga bagay upang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa "Mga Paghahambing at Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng mga Aralin," mga pahina 216-18). Halimbawa, upang pasimulan ang isang aralin tungkol sa pagpili ng mga bagay na pinakamahalaga sa kaluluwa, maaari kayong magpakita ng isang totoong pera katabi ng isang perang laruan o isang malinis na piraso ng papel na kasukat ng pera. Pagkatapos tanungin ang inyong mga tinuturuan kung alin ang kanilang tatanggapin bilang kabayaran sa gawaing ginawa nila. Maaaring magbunga ito ng talakayan tungkol sa aling mga turo ang totoo at aling mga turo ang huwad.

*Pagsulat ng mga Katanungan sa Pisara*

Ang mga katanungang nakasulat sa pisara bago magklase ay makatutulong sa mga mag-aaral na magsimulang mag-isip tungkol sa mga paksa maging bago pa man magsimula ang aralin. Halimbawa, sa

aralin tungkol sa pagtataglay ng pangalan ni Cristo sa ating sarili, maaari ninyong isulat ang mga sumusunod na katanungan sa pisara:

- Anu-ano ang ilang bagay na ginagawa ninyo dahil sa tinataglay ninyo ang pangalan ni Cristo sa inyong sarili?
- Anu-ano ang ilang bagay na *hindi* ninyo ginagawa dahil sa tinataglay ninyo ang pangalan ni Cristo sa inyong sarili?

*Pagbabahagi ng Isang Kuwento*

Makapupukaw ang mga kuwento sa interes ng mga mag-aaral. Madalas maituturo natin nang mas mabisa ang isang alituntunin kapag nagbabahagi muna tayo ng isang kuwento upang ilarawan ito. Tumutulong ito sa mga mag-aaral na maunawaan ang alituntunin batay sa mga pang-araw-araw na karanasan.

29

# PAGTAPOS NG ARALIN



"Oh, tapos na ang oras ko, subalit hindi ko pa lubos na natapos ang aralin. Sandali lang. Tatapusin ko lang nang madali ang huling bahaging ito." Halos narinig na ng lahat ang ganitong pananalita mula sa isang guro. Ang mga ganitong pananalita ay nagpapahiwatig na ang guro ay nawalan ng isang mahalagang pagkakataon sa pagtuturo: ang pagkakataon na tapusin ang aralin sa isang mabisang paraan.

## Mga Katangian ng Mabibisang Katapusan

Ang mabibisang katapusan ay hindi lamang basta nangyayari, ang mga ito ay dapat na ihanda bilang bahagi ng aralin. Ang mga katapusan ay pinakamabisa kapag mayroon ang mga ito ng ilan sa mga sumusunod na katangian:

- Ang mga ito ay maikli, malaman, at nakapokus. Sa pangkalahatan, hindi dapat kapalooban ang mga ito ng materyal na hindi ninyo itinuro sa aralin.
- Ibinubuod at pinag-uugnay ng mga ito ang mga tinalakay ninyong alituntunin.
- Itinatampok ng mga ito ang mahahalagang punto na sinabi ng mga nakilahok.
- Tinutulungan ng mga ito ang mga mag-aaral na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.
- Nakapagpapasigla, nakapaghihikayat, at positibo ang mga ito.
- Isinasama ng mga ito ang oras para sa pagpapatotoo.

Ang kasunod ay ilang halimbawa ng mga paraan upang tapusin ang isang aralin:

- Banggitin muli ang layunin ng aralin. Tanungin ang inyong mga tinuturuan kung paano nila ipamumuhay ito sa loob ng darating na linggo.
- Bago magsimula ang aralin, magtalaga ng isa o dalawang tao upang makinig mabuti at maging handa upang tumulong sa pagbubuod ng mahalagang punto ng aralin o ng buong aralin.
- Tanungin ang inyong mga tinuturuan kung ano ang maaari nilang sabihin kung may isang tao na nagnanais malaman kung ano ang natutuhan nila mula sa aralin.
- Gumamit ng sulatang papel upang tulungan ang inyong mga tinuturuan na ibuod ang mahahalagang ideya ng aralin (tingnan sa "Mga Sulatang Papel," mga pahina 240–42).

## Pagbibigay ng Oras Para sa Katapusan ng Aralin

Upang mailahad ang isang magandang katapusan, kailangan ninyong maging alisto at nakasusunod sa inyong paggamit ng oras. Maging ang mga araling naiplanong mabuti ay hindi palagiang naisasagawa katulad ng naiplano. Ang mga pangangailangan ng inyong mga tinuturuan ay maaaring makaakay sa inyo sa paggugol ng dagdag na oras sa isang partikular na punto kaysa sa inyong inaakala.

Kapag nangyari ito, kailangang alam ninyo ang oras. Tapusin ang talakayan bago mawalan ng oras. Gawin ang lahat ng inyong makakaya upang makagawa ng isang maayos na paglipat mula sa tinatalakay na paksa sa pamamagitan ng pagsasama nito sa mabilis na pagbubuod ng aralin. Pagkatapos tapusin ang aralin.

## Pagbabago ng Inyong mga Inihandang Katapusan

Paminsan-minsan, maaaring kailanganin ninyong baguhin ang inyong mga inihandang katapusan dahil sa isang partikular na talakayan, puna, o pag-uudyok mula sa Espiritu. Ang sumusunod na kuwento ay isang halimbawa ng isang guro na gumamit ng natatanging pagkakataon upang tapusin ang aralin:




Sa nalalapit na pagtatapos ng isang klase sa seminary na ginanap ng umagang iyon, ninais ng guro na tapusin na ang talakayan. Ang pangunahing ideya ng aralin ay ang napapalapit tayo sa Tagapagligtas habang sinusunod natin ang mga kautusan. Pinag-usapan ng klase ang tungkol sa mga bagay na ginagawa ng mga kabataan na nakahahadlang sa paglapit nila sa Tagapagligtas at sa pagtanggap nang lubusan ng mga biyaya ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Nagplano ang guro na tapusin ang aralin sa pamamagitan ng pagtukoy sa listahan sa pisara. Subalit napansin niya ang isang tapos nang iginuhit na larawan ng isang mag-aaral para sa isang proyektong pang-sining sa paaralan. Ito ay isang paglalarawan ng isang tupa na nakasungaw sa kahoy na bakod. Humingi ng pahintulot ang guro na ipakita ang larawan sa klase, at ipinaliwanag ang kanyang nakita sa larawan. "Katulad ng tinalakay natin sa klase," ang sabi niya, "ang Tagapagligtas ang Kordero ng Diyos, na nagbigay ng Kanyang buhay upang lahat tayo ay makalapit sa Kanya at sa pamamagitan Niya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Ang bakod sa larawan ay katulad ng mga hadlang na naghihiwalay sa atin mula sa Kanya."

Nagpahayag ang guro ng pag-asa na aalisin ng mga mag-aaral ang mga "bakod" na nakahahadlang sa kanila sa paglapit sa Tagapagligtas. Nagpatotoo siya sa paanyaya ng Tagapagligtas: "Magsiparito sa akin, . . . at kayo'y aking papagpapahingahin" (Mateo 11:28). Tapos na ang oras ng klase, at ibinalik na ng guro ang larawan. Ang impluwensiya ng Espiritu ay nanatili habang nililisan ng mga mag-aaral ang gusali.

# IHANDA ANG LAHAT NG KINAKAILANGANG BAGAY

Habang iniuukol natin ang ating sarili sa gawain ng Panginoon, kailangan nating gumawa sa masigasig na gawain ng paghahanda. . . . Ang tagubilin ng Panginoon na magturo sa pamamagitan ng Espiritu ay hindi nagliligtas sa atin sa pinakamaliit na antas mula sa pangangailangan ng pagsasagawa ng personal na paghahanda. . . .

Kailangan nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Kailangan nating pag-aralan ang mga turo ng mga buhay na propeta. Kailangan nating pag-aralan ang lahat ng makakaya nating pag-aralan upang gawing handa at nakauunawa ang ating sarili. . . . Ang paghahanda ay kinakailangan sa pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu.

*Elder Dallin H. Oaks*

30

# PAGGUGOL NG ORAS UPANG MAKAPAGHANDA

Matapos gumugol ng isang araw ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas sa pagtuturo sa mga Nephita, inutusan Niya sila na magkaroon ng oras upang maghanda para sa mga ibabahagi Niyang turo para sa kinabukasan. Sinabi Niya, "Magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan, at bulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi, at tanungin ang Ama, sa aking pangalan, upang kayo ay makaunawa, at ihanda ang inyong mga isip para sa kinabukasan" (3 Nephi 17:3). Maisasagawa ninyo ang alituntuning ito sa inyong paghahanda bilang isang guro. Habang ginugugol ninyo ang oras upang makapaghanda nang may pagbubulay-bulay at panalangin, kayo ay mabibiyayaan ng malaking pagkaunawa. Kayo ay magiging mas handang tumanggap ng paggabay ng Espiritu.

### Pagsisimula sa Paghahanda ng Aralin nang Maaga

Paminsan-minsan makatatanggap kayo ng mga gawain sa pagtuturo na nangangailangan ng huling minutong paghahanda. Subalit karaniwan makapagsisimula kayo ng paghahanda nang mas maaga. Ito ay isang mahalagang bahagi ng pagtuturo. Kapag mas maaga kayong nagsimula sa pananalangin, pagbubulay-bulay, at paghahanda para sa susunod ninyong aralin, mas maraming oras kayong magagabayan ng Espiritu at makahahanap ng mga halimbawa, paghahambing, at iba pang ideya upang mapayaman ang aralin (tingnan sa "Pagkilala at Pagsunod sa Espiritu sa Inyong Pagtuturo," mga panina 57–58; "Paghahanap ng mga Mapupulot na Aral sa Ating Kapaligiran," mga pahina 27–28; "Mga Paghahambing at Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng mga Aralin," mga pahina 216–18). Magkakaroon kayo ng oras na hilingan ang inyong tinuturuan na maghanda ng mga natatanging gawain, katulad ng mga musikal na pagtatanghal (tingnan sa mga pahina 227–30). Magkakaroon din kayo ng oras na matukoy at maihandang gamitin ang mga mapagkukunang materyal na makukuha sa aklatan ng bahay-pulungan (tingnan sa "Mga Mapagkukunang Materyal sa Simbahan para sa Pagtuturo ng Ebanghelyo," pahina 137).

Madalas nakatutulong na simulang isipin ang tungkol sa susunod na aralin pagkatapos na pagkatapos na maituro ninyo ang naunang aralin. Marahil ay lubos ninyong mababatid ang tungkol sa inyong mga tinuturuan at ang kanilang mga pangangailangan at interes matapos na matapos na makasama ninyo sila. Kayo rin ang lubos na nakababatid ng kanilang pagtugon sa inyong pagtuturo. Mapag-aaralan ninyo ang inyong pakikitungo at mga pamamaraan habang sariwa pa ang mga ito sa inyong isipan.

### Pagkasumpong ng Kagalakan sa Paghahanda

Inilarawan ng isang guro ang kagalakang dumarating kapag gumugugol tayo ng oras upang maghanda:

"Marami ang nakatuklas sa kagalakan ng pagtuturo ng ebanghelyo, subalit mayroon pang ibang makikitang kagalakan na matatagpuan na kaakibat ng pagtuturo—ang kagalakan ng paghahanda. Madalas, ang paghahanda ng aralin ay nakikita bilang isang pang-araw-araw na gawain at isinasaisantabi hanggang sa huling sandali. Katulad ng isang minamadaling pagdarasal, ang huling minutong paghahanda ay nagiging walang kahulugan at hindi gaanong mabisa.

"Alam ko mismo ang gayong uri ng paghahanda. Hindi ito kalugud-lugod, at hindi nagtatatag ng tiwala sa sarili. Naranasan ko na rin ang malaking kasiglahan sa paghahanda. Maaaring ito ay oras ng makabuluhang panalangin at malalim na pag-iisip. Natuklasan kong ito ay isang kalugud-lugod, kapaki-pakinabang na oras ng pagsamba, pagsusuri, pag-unawa, at inspirasyon . . .

" . . . Dahil nalasap ko ang kagalakan ng paghahanda, nasumpungan ko ang mahalagang perlas ng karunungan at kaalaman. Nasumpungan kong higit akong natututo sa pamamagitan ng aking paghahanda kaysa pagkakaroon ko kailanman ng oras upang magturo . . .

"Saanman ituro ang katotohanan, ang pangangailangan para sa paghahanda ay parehong-pareho. Ang mga nakabuo ng pamamaraan sa matagumpay na paghahanda ay masusumpungang naghihintay sa kanila ang


masayang karanasan" ("Random Sampler: Planning to Teach," *Ensign,* Okt. 1995, 73).

**Paggugol ng Oras para sa Personal na Paghahanda**

Alalahaning sa inyong mga pagsisikap na ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo, hindi sapat na maghanda lamang ng mga aralin. Kailangan din ninyong ihanda ang inyong sarili. Gumugol ng oras upang pag-aralan ang payo na nasa aklat na ito tungkol sa ano ang magagawa ninyo upang espirituwal na maihanda ang inyong sarili upang ituro ang ebanghelyo (tingnan sa mga pahina 14–24). Gayundin, magplanong dumalo sa mga pulong sa pagpapahusay ng guro. Sa mga pulong ito dadalo kayo at ang ibang mga guro at pinuno nang sama-sama upang matuto ng mga pamamaraan sa pagtuturo ng ebanghelyo na makatutulong sa pag-unlad ninyo sa kasanayan at pagkakaroon ng tiwala sa sarili.

31

# PAGHAHANDA NG MGA ARALIN



Ang maikling oras na inyong ginugugol sa pagtuturo ng aralin sa tahanan o sa Simbahan ay magkakaroon ng walang hanggang bisa sa inyong mga tinuturuan. Makatutulong sa kanila ang bawat aralin na madama ang impluwensiya ng Espiritu, mapag-ibayo ang kanilang pagmamahal para sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, at madagdagan ang kanilang pagtatalaga na ipamuhay ang ebanghelyo. Alalahanin ito habang naghahanda kayo ng mga aralin. Ang inyong tagumpay sa pagiging kinatawan ng Panginoon at pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu ay maiimpluwensiyahan ng malasakit na inyong ibinibigay sa paghahanda ng aralin.

## Pagsisimula sa Paghahanda ng Aralin nang Maaga

Ang pagpaplano ng isang aralin ay gumugugol ng oras at atensyon. Pagkatapos na pagkatapos ninyo sa isang aralin, magsimulang maghanda para sa susunod. Marahil ay lubos ninyong mababatid ang tungkol sa inyong mga tinuturuan at ang kanilang mga pangangailangan at interes pagkatapos na pagkatapos na makasama ninyo sila. Kayo rin ang lubos na makababatid ng kanilang pagtugon sa inyong pagtuturo.

## Tatlong Katanungang Gagabay sa Paghahanda Ninyo ng Aralin

Habang nagsisimula kayong maghanda ng aralin, pag-aralan nang may panalangin ang materyal na pang-aralin, na isinasaalang-alang ang mga pangangailangan at interes ng inyong mga tinuturuan. Pagkatapos, pagbulay-bulayin ang tatlong katanungang nakatala sa ibaba. Ang mga katanungang ito ang dapat gumabay sa inyo sa lahat ng inyong paghahanda ng aralin.


1. Ano ang dapat na mangyari sa buhay ng aking mga tinuturuan bilang resulta ng araling ito?
2. Alin-aling tiyak na alituntunin ang dapat na ituro?
3. Paano dapat ituro ang mga alituntuning ito?


Ang mga sumusunod ay ilang tiyak na pamamaraan sa paggamit ng mga katanungang ito upang simulan ang paghahanda ng aralin. Habang pinag-aaralan ninyong muli ang aralin sa paraang ito, isulat ang mga ideyang maiisip ninyo. Ito ay magbibigay sa inyo ng isang balangkas para sa patuloy ninyong pagbubulay-bulay ng aralin nang may panalangin.

### *1. Ano ang dapat na mangyari sa buhay ng aking mga tinuturuan bilang resulta ng araling ito?*

Pag-aralan at pagbulay-bulayin ang materyal na pang-aralin at ang mga kasamang talata sa banal na kasulatan. Isaalang-alang ang nararapat maunawaan, madama, hangarin, o gawin ng inyong mga tinuturuan bilang resulta ng aralin. Halimbawa, sa paghahanda ng aralin tungkol sa panalangin, maaari ninyo ipasiyang nararapat maunawaan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng panalangin at dapat silang magpasiyang manalangin tuwing umaga at gabi. Sa paghahanda ng aralin tungkol sa responsibilidad ng mag-anak, maaari ninyong ipasiya na bilang resulta ng aralin, dapat na maging mas masigasig ang mga miyembro ng mag-anak sa pagtupad ng kanilang mga gawaing bahay. Sa pagtuturo ng aralin hinggil sa pag-aaral ng banal na kasulatan, maaari ninyo ipasiya na dapat makapagbigay-inspirasyon ang aralin sa inyong mga tinuturuan upang pag-aralan araw-araw ang mga banal na kasulatan.

Maraming aralin sa mga manwal na gawa ng Simbahan ang kinapapalooban ng pahayag ng layunin. Ang mga pahayag na ito ay makatutulong sa inyo na malaman kung paano dapat makaimpluwensiya ang bawat aralin sa inyong mga tinuturuan.





*Suriin ang dalawang larawang ito. Aling larawan ang nagbibigay ng mas mainam na ideya ng totoong anyo ng isang pato? Pansinin na ang unang larawan ay kinapapalooban ng marami pang detalye tungkol sa pato at hindi sinasamahan ng ibang bahagi na nakasisira sa pato. Habang pinagpapasiyahan ninyong magtuon sa isa o dalawang alituntunin ng aralin, tiyakin na hindi ninyo isinasama ang mga ideya na makasisira sa mga alituntuning iyon. Maghanda ng mga aralin na katulad ng unang larawan: payak, malinaw at nakapokus.*

### *2. Alin-aling tiyak na alituntunin ang dapat na ituro?*

Alalahanin sa tuwina ang mga pangangailangan at pagkatao ng inyong mga tinuturuan. Tanungin ang inyong sarili, "Alin-aling alituntunin sa aralin ang makatutulong sa aking mga tinuturuan na harapin ang mga paghamong kinakaharap nila?"

Kadalasan ang isang aralin ay maglalaman ng higit na materyal kaysa maituturo ninyo sa ibinigay na oras sa inyo. Sa ganitong mga pangyayari, dapat ninyong piliin ang materyal na pinakamakatutulong sa inyong mga tinuturuan.

Ang dami ng sinasaklaw ninyong materyal ay hindi gaanong mahalaga kaysa impluwensiya nito sa buhay ng inyong mga tinuturuan. Dahil nakapagpapalito o nakapagpapasawa sa mga mag-aaral ang napakaraming konsepto sa minsanang pagtuturo, karaniwang pinakamainam na tumuon sa isa o dalawang mahahalagang alituntunin. Pagkatapos maaari ninyong tukuyin ang mga karagdagan, pantulong na ideya mula sa manwal.

Iwasang sikaping ituro ang lahat ng masasabi sa isang partikular na paksa. Malamang na ang inyong mga tinuturuan ay mayroon ng kaunting pagkaunawa sa paksa. Ang inyong aralin ay dapat na magdagdag, maglinaw, at magpatibay ng kanilang nalalaman na. Alalahanin na ang inyong aralin ay hindi ang unang pagkakataon na matutuhan nila ang tungkol sa paksa.

### *3. Paano dapat ituro ang mga alituntuning ito?*

Dapat ninyong piliin ang mga pamamaraan sa pagtuturo na makatutulong sa mga mag-aaral na maunawaan at maipamuhay ang mga itinuturo ninyong alituntunin (para sa impormasyon tungkol sa pagpili ng mga naaangkop at mabibisang pamamaraan, tingnan sa mga pahina 116–19).

Sa pagpili ng mga pamamaraan, dapat ninyo munang pag-aralang muli ang mga katanungang pang-talakayan, kuwento, at iba pang gawain sa pagkatuto na iminumungkahi sa manwal ng aralin. Kung inaakala ninyong ang mga pamamaraang ito ay tutulong na matugunan ang mga pangangailangan ng inyong mga tinuturuan, pag-aralan ninyo ang mga pamamaraan. Kung inaakala ninyong dapat kayong gumamit ng ibang mga pamamaraan, magsimula nang maaga upang malaman kung paano ituro ang mga alituntunin. Isaalang-alang ang paggamit ng mga halimbawa, paglalarawan, paghahambing, o personal na karanasan na tutulong na maituro ang mahahalagang alituntunin ng aralin.

Ang mga pamamaraang napagpasiyahan ninyong gamitin ay maaaring mangailangan ng mga materyal na inyong makukuha mula sa aklatan ng bahay-pulungan, katulad ng mga larawan, bagay, himnaryo, o videocassette.

### Pagpapaunlad ng Inyong mga Ideya

Matapos kayong magkaroon ng ilang unang ideya kung paano ituro ang isang aralin, mapauunlad at mapabubuti ninyo ang mga ito. Kung nagsimula kayong maghanda nang maaga, magiging higit na maalam kayo sa mga karanasan, kuwento, at banal na kasulatan na tutulong sa inyong mga tinuturuan. Maaaring dumating sa inyo ang mga kaisipan habang pinagbubulay-bulay ninyo ang mga ituturong alituntunin at ang mga pangangailangan ng inyong mga tinuturuan. Ito ay isang paraan na magagabayan kayo ng Espiritu sa inyong paghahanda. Maaari kayong magdala ng kuwaderno nang sa gayon ay maisusulat ninyo ang mga ideyang darating sa inyo.

Makatutulong sa puntong ito ng inyong pagpaplano na minsan pang pag-aralan ang mga sangguniang banal na kasulatan na gagamitin sa aralin. Makatutulong ito sa inyo na mas maunawaan ang mga ito at maihalintulad ang mga ito sa inyong mga tinuturuan.

### Pagbabago at Pagpapabuti Ayon sa Kinakailangan

Habang palapit ang oras upang ituro ang aralin, malamang na mayroong ilang huling pagbabagong gagawin. Ito ay katulad na katulad ng ginagawang pagpupungos ng hardinero upang mabigyan ng

tamang hugis ang isang puno o palumpong. Sa yugtong ito kayo ay dapat na:

- May malinaw na naiisip kung ano ang dapat mangyari sa buhay ng inyong mga tinuturuan bilang resulta ng araling ito. Tanungin ang inyong sarili, "Magdudulot ba ng ganitong resulta ang aralin?"
- Balik-aralan ang mga tiyak na punto na nais ninyong ituro mula sa manwal: ang mga pangunahing alituntunin at ang mga pantulong na ideya. Bumuo ng isang malinaw na balangkas. Tiyakin na magplano ng malinaw na simula at isang mabisa, nakatuong katapusan (tingnan sa "Pagsisimula ng Aralin," pahina 120; "Pagtapos ng Aralin," mga pahina 122–23).
- Pagpasiyahan na ang mga gagamiting pamamaraan sa pagtuturo. Tiyakin na ang mga pamamaraang inyong pinili ay tutulong sa mga mag-aaral na ipamuhay ang inyong mga itinuturong alituntunin.
- Pagpasiyahan na ang pagpili ng mga materyal na inyong gagamitin.
- Maaari kayong maudyukan ng Espiritu na gumawa ng mga pagbabago hanggang sa huling sandali. Maaari kayong maudyukan na gumawa ng mga pagbabago maging sa oras na kayo ay nagtuturo. Maging bukas sa lahat ng pag-uudyok na ito, at kilalanin na ito ay ang mabuting ninyong paghahanda na nagpapahintulot sa inyo na makatanggap ng patuloy na patnubay ng Espiritu.

32

# PAGLIKHA NG MGA ARALIN MULA SA MGA TALUMPATI SA KOMPERENSIYA AT SA IBA PANG MAPAGKUKUNANG MATERYAL



Ang isang binuong manwal ng aralin ay hindi inilalaan para sa lahat ng pagtuturo sa Simbahan. Sa ilang pagkakataon maaari kayong magturo mula sa mga artikulo ng magasin ng Simbahan o mula sa mga talumpati sa pangkalahatang komperensiya. Sa ibang pagkakataon maaari kayong magturo mula sa isang aklat na may mga katanungan sa pag-aaral subalit walang mga banghay ng aralin.

Kapag naghahanda kayo ng mga aralin mula sa mga mapagkukunang ito, dapat ninyong sundin ang mga mungkahi sa "Paghahanda ng mga Aralin" (mga pahina 127–29). Habang ginagawa ninyo ang gayon, gagabayan kayo ng Espiritu sa inyong mga desisyon kung ano ang ituturo at paano ito ituturo.

### Halimbawa kung Paano Magplano ng Aralin mula sa Isang Talumpati sa Pangkalahatang Komperensiya

Isaalang-alang ang halaw na ito mula sa talumpati ni Elder Joseph B. Wirthlin sa pangkalahatang komperensiya:

"Sinasabi sa huling bahagi ng ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.

"Ang salitang *hinahangad* ay nangangahulugang humayo sa paghahanap ng, sikaping makatuklas, sikaping makatamo. Ito ay nangangailangan ng isang aktibo, mapanindigang hakbang sa buhay. Halimbawa, si Abraham ay "hinangad ang mga pagpapala ng mga ama . . . at maging isang higit na dakilang tagasunod ng kabutihan' (Abraham 1:2). Ito ay kabaligtaran ng paghihintay na walang ginagawa para sa pagdating ng isang mabuting bagay na walang pagsisikap sa panig natin.

Maaari nating punuin ang ating buhay ng mga kaaya-ayang bagay, na hindi nagbibigay-puwang sa anuman. Mayroon tayong napakaraming magagandang bagay kung saan makapipili na hindi na natin kailanman kinakailangang makibahagi sa masama" (sa Conference Report, Abr. 1992, 120; o *Ensign,* Mayo 1992, 86).

Ang sumusunod na halimbawa ay nagpapakita ng isang paraan upang maihanda ang aralin batay sa pahayag na ito.

*1. Basahin ang pahayag ni Elder Wirthlin.*

Isipin nang may panalangin ang inyong mga tuturuan, nagbubulay-bulay kung paano magagamit ang siping-banggit na ito sa kanila.

*2. Magpasiya kung ano ang dapat mangyari sa buhay ng inyong tinuturuan bilang resulta ng aralin.*

Halimbawa, kung nagtuturo kayo ng kabataan, maaari ninyo silang pagawin ng mga mithiing tutulong sa kanila na hangarin ang mga bagay na mabubuti. Ito ay maaaring kabilangan ng mga mithiin ukol sa pag-aaral ng banal na kasulatan, kaaya-ayang paglilibang, o mga nakapagpapasiglang gawain kasama ang mga kaibigan.

*3. Magpasiya ng mga ituturong pangunahing alituntunin o mga alituntunin, kasama ang anumang mga pantulong na ideya.*

Kung ano ang inyong pinipili upang bigyan-diin ay dapat na nakabatay sa mga



pangangailangan ng inyong mga tinuturuan. Habang kayo ay masigasig at madasalin, makatatanggap kayo ng patnubay mula sa Espiritu sa paggawa ng desisyong ito.

Halimbawa, upang maturuan ang mga kabataan ng kahalagahan ng paghahangad ng yaong mabuti, maaari ninyong ituon ang kanilang pansin sa pahayag ni Elder Wirthlin na "mayroon tayong napakaraming magagandang bagay kung saan makapipili tayo na hindi na natin kailanman kinakailangang makibahagi sa masama." Ang mga pantulong na ideya ay maaaring kabilangan ng kailangan tayong aktibong maghangad ng mabubuting bagay at mahihingi natin ang tulong ng Panginoon habang ginagawa natin ito.

Habang naghahanda kayo na maituro ang mga alituntuning ito, maaari kayong bumaling sa Doktrina at mga Tipan 6:7, na nagsasabing "huwag maghangad ng mga yaman kundi ng karunungan," at Doktrina at mga Tipan 46:8, na nagsasabing "masigasig ninyong harapin ang mga pinakamahusay na kaloob." Habang pinag-aaralan ninyo ang mga talatang ito, matutukoy ninyo ang mga lubos na kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng mga alituntunin sa aralin.

*4. Isaalang-alang kung paano ninyo nais ituro ang mga pangunahing ideya at pantulong na ideya na inyong pinili.*

Masusing maghanap sa mga inilarawang pamamaraan sa pagtuturo sa mga pahina 211–42. Darating sa inyo ang mga ideya habang isinasaalang-alang ninyo kung paano magtuturo sa inyong klase.

Halimbawa, maaari ninyong pamunuan ang isang gawain sa pisara kung saan isinusulat ng mga mag-aaral ang iba't ibang paraan na magugugol nila ang kanilang oras. Maaari itong humantong sa pagtalakay kung isinasakatuparan ba nila ang payo ni Elder Wirthlin na "punuin natin ng mabubuting bagay ang ating buhay, hindi nag-iiwan ng puwang sa anupaman."

Habang isinasaalang-alang ninyong mamuno sa gayong mga talakayan, magsimulang mag-isip ng mga itatanong (tingnan sa "Pagtuturo sa Pamamagitan ng Pagtatanong," mga pahina 84–86). Halimbawa, habang nagsasalita kayo tungkol sa kahalagahan ng pamumuhay alinsunod sa payo ni Elder Wirthlin, maaari ninyong itanong, "Anu-anong pagbabago ang magagawa natin na makatutulong sa atin na punuin ang ating buhay ng mabubuting bagay?"

Kapag higit ninyong maingat na pinagbubulay-bulay ang mga tiyak na pangangailangan ng inyong mga tinuturuan at higit ninyong pinag-aaralan ang iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo na matatagpuan sa aklat na ito, magiging mas may tiwala at malikhain kayo sa pagbuo ng mga ideya para sa pagtuturo.

Ang paghahanda ng mga aralin mula sa mga talumpati sa pangkalahatang komperensiya at iba pang mapagkukunang materyal ay mangangailangan ng karagdagang pagkamalikhain. Habang masigasig kayong naghahanda at hinahangad ang Espiritu, kayo ay mabibigyan ng inspirasyon sa paghahanda ng mga gayong aralin. Kayo at ang inyong mga tinuturuan ay pagpapalain bilang bunga ng inyong paghahanda.

33

# PAG-AANGKOP NG MGA ARALIN SA INYONG MGA TINUTURUAN



Ang mga manwal ng aralin na gawa ng Simbahan ay maingat na inihanda upang matiyak na mananatiling dalisay ang mga doktrina ng Simbahan. Ang mga ito ay nagbubuo ng mga panuntunan para sa pagtuturo sa mga kaayusan ng Simbahan, at tinitiyak ng mga ito ang di-pabagu-bagong hakbang sa mga paksa at alituntunin ng ebanghelyo. Dapat kayong maging matapat sa mga turo at panuntunan sa mga manwal na ito. Gayunpaman, hindi ninyong kinakailangang ilahad ang mga aralin nang katulad na katulad ng pagkakasulat nito sa mga manwal. Maaari ninyong iangkop ang mga aralin ayon sa mga pangangailangan at kalagayan ng inyong mga tinuturuan.

Anuman ang inyong ginagawa upang maiangkop ang mga aralin, alalahanin na ang inyong pag-aangkop ay dapat makatulong sa mga mag-aaral na maunawaan at maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Samakatuwid, ang mga pag-aangkop ay dapat lamang gawin matapos ang isang pag-aaral nang may panalangin sa materyal na pang-aralin at pagsasaalang-alang ng bawat taong inyong tinuturuan. Habang hinahangad ninyo na iangkop ang aralin, dapat kayong magabayan sa pamamagitan ng (1) manwal na ibinigay sa inyo; (2) tatlong mahahalagang katanungan na tinalakay sa mga pahina 127–29 ng aklat na ito; at (3) mga pamantayan ng pagtuturo na nakabalangkas sa aklat na ito, katulad ng pagmamahal sa inyong mga tinuturuan, pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu, at pagtuturo ng doktrina.

## Mga Halimbawa ng mga Pag-aangkop ng Aralin

Ang mga sumusunod na kalagayan ay nagpapakita ng ilang paraan kung saan maaari ninyong iangkop ang mga aralin sa inyong mga tinuturuan.

*Paggamit ng Materyal Mula sa mga Bagong Magasin ng Simbahan*

Habang binabasa ninyo ang isang kuwento sa aralin tungkol sa paglilingkod, naalala ninyo ang isang kaparehong kuwento sa bagong magasin ng Simbahan. Nadama ninyong mas mauugnay ang mga kabataang babae sa inyong klase sa kuwento sa magasin, kaya ginamit ninyo ang kuwentong iyon sa halip na ang isa na nasa manwal.

*Pagbuo ng Sarili Ninyong mga Gawain sa Pag-aaral*

Habang inihahanda ninyo ang isang aralin para sa isang grupo ng mga bata sa Primarya, nabasa ninyo ang gawaing pantawag-pansin sa simula ng aralin. Nadama ninyong ang partikular na gawaing ito ay maaaring hindi makatulong sa mga bata sa inyong klase. Pinagbulay-bulay ninyo ang mga pangangailangan ng mga bata at bumuo ng isang gawin na makatutulong sa kanila na maituon ang kanilang pansin sa mga alituntuning inyong ituturo.

*Pagtalikod sa Iminungkahing Pagbuo ng Aralin*

Naghahanda kayo na turuan ang mga diyakono sa inyong purok. Iminumungkahi ng manwal ng aralin ng

Pagkasaserdoteng Aaron ang paggamit ng pagsasadula upang matulungan silang ipamuhay ang isang alituntunin ng ebanghelyo. Habang iniisip ninyo ang mga tinuturuan ninyong mga kabataang lalaki, naalala ninyo ang ilang karanasang naganap sa kanila kamakailan lamang. Nadama ninyong ang payak na pagtalakay tungkol sa mga karanasang iyon ay mas magiging mabisa kaysa pagsasadula.

**Pag-aangkop ng mga Aralin sa Iba't Ibang Saklaw-na-Gulang**

Para sa mga ideya sa pag-aangkop ng mga aralin para sa iba't ibang saklaw-na-gulang, tingnan ang bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Pagtuturo sa Iba't Ibang Saklaw-na-Gulang" (mga pahina 140–63).

34

# PAGSURI SA MGA PAGLALAHAD NG ARALIN



Matapos ang pagtuturo ng aralin, isang guro sa Doktrina ng Ebanghelyo ang nabalisa dahil sa kanyang karanasan sa pagtuturo. Ang ilang bahagi ng aralin ay maayos na natalakay, subalit ang ibang bahagi ay nakapanlulumo. "Bakit maaayos na natalakay ang ilang bagay at ang iba ay hindi?" ang tanong niya sa kanyang sarili. "Ano ang maaari kong gawin muli sa paglalahad ng aralin? Ano ang babaguhin ko?" Ang mga katanungang ito ay nanatili sa kanya habang binubulay-bulay niya kung paano matutulungan ang mga miyembro ng kanyang klase na matutuhan ang ebanghelyo. Ang mga katanungang ito na itinatanong ng guro sa kanyang sarili ay napakakaraniwan na sa mga guro.

Bilang karagdagan sa pagsuri ng mga natutuhan ng ating mga tinuturuan (tingnan sa "Paano Malalaman Kung Sila ay Natututo," pahina 90), mahalaga rin na suriin ang ating sariling tagumpay sa paglalahad ng mga aralin. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball ang tungkol sa kahalagahan ng pagsuri ng ating mga sarili at paghahangad na umunlad: "Inaalam at itinatatag natin ang mga kasiya-siyang pamantayan ng kahusayan . . . at sinusukat ang ating gawain nang naaayon. Huwag nating pagtuunan ng gaanong pansin ang pagdaig sa iba subalit higit na alalahanin ang pagdaig sa mga nakaraang karanasan sa pagtuturo" (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* isinaayos ni Edward L. Kimball [1982], 488).


Dapat tayong gumugol ng oras matapos ang bawat aralin na sundin ang payo ni Pangulong Kimball na "sukatin ang ating ginawa." Makatutulong ito sa atin na makapaghanda para sa susunod na aralin at magpatuloy na umunlad bilang mga guro.

Anumang pagbabago na naudyukan kayong gawin, alalahanin na ang pagsuri sa inyong pagtuturo ay dapat na maging positibong karanasan, hindi nakapagpapahina ng loob. Sa tuwing makatutuklas kayo ng paraan upang mapahusay ang inyong pagtuturo, makatutuklas kayo ng bagong paraan upang matulungan ang iba na matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo alinsunod sa mga alituntunin nito.

## Mga Katanungang Makatutulong sa Inyo na Suriin ang mga Paglalahad ng Aralin

Ang tagumpay ng aralin ay nasusukat sa pamamagitan ng impluwensiya nito sa inyong mga tinuturuan. Habang sinusuri ninyo ang bawat araling itinuturo ninyo, sikaping maalaala ang mga tugon ng mga mag-aaral sa iba't ibang bahagi sa aralin. Maaari ninyo maalala nang mas malinaw ang kanilang mga katugunan kung babalik-aralan ninyo ang balangkas na inyong ginamit upang ilahad ang aralin.

Ang mga katanungang nakatala sa ibaba ay maaaring makatulong sa inyo habang sinusuri ninyo ang mga aralin. Pansinin na ang mga unang katanungan ay tumutulong sa inyo na malaman ang maaayos ninyong naisagawa. Karaniwan higit ninyong matutuhan ang tungkol sa paano huhusay sa pamamagitan ng pagtutuon muna ng pansin sa mga tagumpay kaysa mga kabiguan. Habang mapagkumbaba ninyong pinasasalamatan ang in-



yong mga kalakasan, mapauunlad ninyo ang mga ito at magagamit ang mga ito upang pahusayin ang kabuuan ng inyong pagtuturo. Matapos maisaalang-alang ang mahusay ninyong naisagawa, malalaman ninyo ang mas mahusay na magagawa pa ninyo.

- Sa anu-anong bahagi sa aralin pinakahandang makilahok ang aking mga tinuturuan? Kailan sila tila nawawalan ng ganang makilahok?
- Sa anu-anong bahagi sa aralin nila tila nadarama ang pinakamalakas na impluwensiya ng Espiritu? Kailan nila tila hindi gaanong nadarama ang impluwensiya ng Espiritu?
- Sa anu-anong bahagi sa aralin sila tila lubos na nag-iisip? Kailan sila tila hindi nag-iisip nang gayon kalalim?
- Sa anu-anong bahagi sa aralin nila tila naipamumuhay nang napakabuti ang mga natutuhan? Kailan sila tila pumapalyang ipamuhay ang kanilang natutuhan?

Habang binubulay-bulay ninyo ang bawat katanungang nakatala sa itaas, isaalang-alang ang mga sumusunod na katanungang ito:

- Anong aspeto ng paglalahad ng aralin ang sa wari'y nakatulong sa mga katugunang iyon?
- Ano ang sinasabi nito tungkol sa aking mga tinuturuan?
- Paano makatutulong sa akin ang pagkaunawang ito habang inihahanda ko ang kasunod na aralin?

Sa pagtatanong ng mga katanungang ito sa inyong sarili, isaalang-alang na isulat ang inyong mga kasagutan nang sa gayon hindi ninyo malilimutan ang mga kaalaman at pag-uudyok na inyong natanggap. Maaari kayong magulat sa dami ng inyong natututuhan.

Habang inyong pinagbubulay-bulay nang may panalangin ang mga paraan upang maabot ang inyong mga tinuturuan, matutulungan kayo ng Espiritu na makita ang mga bahaging maaari ninyong pagbutihin. Maaari ninyong pag-aralan ang mga bahagi ng aklat na ito. Halimbawa, maaari ninyong muling pag-aralan ang impormas-

yon tungkol sa pagtatanong na lumilikha ng talakayan (tingnan sa “Pamumuno sa mga Talakayan,” mga pahina 78–81; “Pagtuturo sa Pamamagitan ng Pagtatanong,” mga pahina 84–86). Maaaring madama ninyo na mahalagang matuto kung paano simulan ang mga aralin sa isang mas nakawiwiling paraan (tingnan sa “Pagsisimula ng Aralin,” pahina 120) o makapagbuo ng mabibisang katapusan para sa mga aralin (tingnan sa “Pagtapos ng Aralin,” mga pahina 122–23).

Para sa mga mungkahi sa pagbuo ng plano para sa pagpapahusay, tingnan sa “Paggawa ng Plano Upang Mapahusay ang Inyong Pagtuturo” (mga pahina 29–33).

35

# MGA MAPAGKUKUNANG MATERYAL SA SIMBAHAN PARA SA PAGTUTURO NG EBANGHELYO



Naglalaan ang Simbahan ng maraming mapagkukunang materyal upang tulungan ang mga magulang, guro, at pinuno na ituro ang ebanghelyo. Ang mga banal na kasulatan ang kurikulum ng Simbahan at ang pinakamahalaga sa mga mapagkukunang materyal na ito. Ang iba pang mga mapagkukunang materyal ay kinabibilangan ng:

- *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*
- *Gabay na Aklat sa Pagtuturo*
- Ang bahaging "Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno" ng *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan*
- *Family Home Evening Resource Book*
- *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*
- *Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan*
- Mga Manwal ng Aralin
- Mga magasin ng Simbahan (suriin nang palagian ang mga magasing ito para sa mga kuwento at iba pang mga ideya)
- Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo (tinipong mga larawan na kinabibilangan ng mga paglalarawan ng mga kuwento at pangyayari sa mga banal na kasulatan, mga Pangulo ng Simbahan, at pagsasagawa ng mga alituntunin ng ebanghelyo)
- Iba pang mga larawan at poster
- Aklat ng mga Himno ng Simbahan
- *Aklat ng mga Awit Pambata*
- Mga videocassette at audiocassette na gawa ng Simbahan

### Aklatan ng Bahay-pulungan

Kung ang inyong bahay-pulungan ay may aklatan, maaari itong maglaman ng halos o lahat ng mapagkukunang ito. Upang malaman nang higit pa ang mga materyal na makukuha sa aklatan ng inyong bahay-pulungan, makipag-usap sa laybraryan ng bahay-pulungan.

Dapat na may kopya ang inyong laybraryan o klerk ng purok ng *Church Materials Catalog* na maaari ninyong magamit. Ang katalog na ito ay taunang paglalathala na nagtatala ng mga aytem na maaaring makuha sa mga sentro ng pamamahagi ng Simbahan. Bilang karagdagan sa mga aytem na nakatala sa itaas, nakatala rin sa katalog ang iba pang materyal na makatutulong sa mga miyembro ng Simbahan.

# C

# PAGTUTURO SA IBA'T IBANG SAKLAW-NA-GULANG



1

# PAGTUTURO SA MGA BATA



Nang magministeryo ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas sa mga Nephita, ipinakita Niya ang Kanyang malaking pagmamahal sa maliliit na bata:

"Kinuha [Niya] ang kanilang maliliit na bata, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila. . . .

"At nangusap siya sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan ang inyong mga musmos.

"At nang sila ay tumingin upang pagmasdan ay itinuon nila ang kanilang mga paningin sa langit, at kanilang nakitang bumukas ang kalangitan, at nakita nila ang mga anghel na bumababa mula sa langit na parang ito ay nasa gitna ng apoy; at sila ay bumaba at pinalibutan yaong mga musmos, at sila ay napalibutan ng apoy; at ang mga anghel ay naglingkod sa kanila" (3 Nephi 17:21, 23–24).

Na tinutukoy ang ulat na ito, sinabi ni Elder M. Russel Ballard, " Malinaw, na ang mga pinagkatiwalaan na magkaroon ng mga natatanging anak ay pinagkalooban ng sagrado, marangal na pangangasiwa, dahil tayo ang hinirang ng Diyos na palibutan ang mga bata ngayon ng pag-ibig at ng apoy ng pananampalataya at ng pag-unawa kung sino sila" (Great Shall Be the Peace of Thy Children," *Ensign*, Abr. 1994, 60). Binigyan tayo ng halimbawa ng Tagapagligtas sa ating pagtuturo, pangangalaga, at pag-iimpluwensiya sa mga bata.

Isang sagradong pananagutan ang turuan ang mga bata ng ebanghelyo ni Jesucristo at tulungan silang ipamuhay ito. Dapat na turuan ninyo sila ng tamang doktrina, tulad ng ginawa ng propetang si Nephi, na nagsabi, "Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan" (2 Nephi 25:26).

Habang nagtuturo kayo sa mga bata, masusumpungan ninyo na nakatatanggap kayo ng mga natatanging pagpapala. Maghahatid ng kagalakan ang mga bata sa inyong kaluluwa at maghihikayat sa inyong maging mabuting halimbawa. Habang natututuhan ninyong makilala ang katapatan, pagmamahal, pagtitiwala, pag-asa ng mga bata, magiging higit na malapit kayo sa Panginoon at higit ninyong mauunawaan ang kautasan Niya na "maging tulad sa maliliit na bata" (Mateo 18:3). Sa tulong ng Espiritu na gumagabay sa inyo, mamahalin at matuturuan ninyo ang mga bata sa paraang katulad ng kay Cristo. Matutulungan ninyo ang bawat bata na masumpungan ang kapayapaan na ipinangako sa mga yaong sumusunod sa Tagapagligtas: "Lahat ng iyong mga anak ay tuturuan ng Panginoon; at malaki ang magiging kapayapaan ng iyong mga anak" (3 Nephi 22:13).

### Mga Gabay sa Pag-unawa at Pagtuturo sa mga Bata

Matutulungan kayo ng mga sumusunod na impormasyon upang higit na maunawaan ang mga katangian ng mga batang tinuturuan ninyo (tingnan din sa "Mga Katangian ng Edad ng mga Bata," pahina 143-51, at kung nagtuturo kayo sa Primarya, sa mga pambungad na pahina ng inyong manwal ng aralin sa Primarya).

*Naniniwala ang mga bata.* Pinaniniwalaan nila ang sinasabi ninyo. Handa silang tumanggap ng katotohanan. Tungkulin ninyong turuan sila ng tamang doktrina sa paraang simple at malinaw, na gamit ang wika at mga halimbawa na mauunawaan nila.

*Nakikilala ng mga bata ang impluwensiya ng Espiritu.* Ituro sa kanila na ang kapayapaan, pagmamahal, at ang mainit na pakiramdam na nadarama nila kapag nagsasalita o umaawit sila tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo ay



nagmumula sa Espiritu Santo. Tulungan silang maunawaan na ang mga damdaming ito ay bahagi ng patotoo.

*Literal na tinatanggap ng mga bata ang mga bagay-bagay.* Lahat ng bagay ay tunay para sa kanila. Kung gagamit kayo ng malalalim na metapora sa pagtuturo sa kanila ng mga sagradong alituntunin ng ebanghelyo, maaari silang malito. Tulungan ang mga bata na matutuhan ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagtalakay ng mga pangyayari at gawain na pamilyar sa kanila: tahanan, pamilya, at ang daigdig sa paligid nila. Tiyakin na hindi sila nagkakamali sa pag-unawa sa mga bagay na itinuturo ninyo.

*Mausisa at sabik matuto ang mga bata.* Ikinalulugod nilang matuto sa pamamagitan ng iba't iba at mga bagong karanasan. Gusto nilang gumala-gala, gamitin ang kanilang mga pandamdam, magsiyasat, at subukan ang mga bagong bagay. Ang malalaking bata ay gusto ang hamon ng pagsagot sa mga tanong at paglutas sa mga problema. Ang mga bata sa inyong klase ay magbibigay ng higit na atensiyon at magiging mas sabik na matuto kung gumagamit kayo ng pagkakaiba-iba ng mga pamamaraan sa pagtuturo at gawain upang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa "Pagtuturo nang may Pagkakaiba-iba," pahina 113–14).

*Mapagmahal ang mga bata at nais nilang mahalin sila at tanggapin ang kanilang sarili.* Maghanap ng mga pagkakataon upang mapalakas pa ang likas na kabaitan at mapagmahal na ugali ng mga bata. Dahil nais ng mga bata na mabigyan kayo ng kasiyahan at nalulugod na tulungan ang iba, bigyan sila ng mga pagkakataon na makapaglingkod. Hilingin sa kanilang dalhin ang inyong mga aklat, hawakan ang mga larawan, o sagutin ang mga tanong. Hikayatin silang tumulong sa isa't isa. Ipakita sa kanila ang inyong pagmamahal. Palakasin ang tiwala nila sa kanilang sarili sa pamamagitan ng pagpapahayag ng inyong pagpapahalaga sa kanilang mga pagsisikap tuwing may pagkakataon. Makinig nang mabuti sa mga sinasabi nila.

*Nagsisimulang maghanda ang mga bata para sa hinaharap.* Samantalang waring matagal pa bago umabot sa sapat na gulang ang mga bata, naghahanda na sila ngayon para sa kanilang mga pananagutan sa hinaharap sa kanilang mga pamilya, sa Simbahan, at sa kanilang pagtatrabahuhan. Matutulungan ninyo silang malaman kung paano sila inihahanda ng kanilang mga kasalukuyang karanasan. Halimbawa, maaari ninyong sabihin, "Mary, pinagmasdan ko kung paano mo tulungan si Kelly sa paghahanap ng banal na kasulatan na iyan. Napakamapagpasensiya at napakabait mo. Pagdating ng araw na ikaw ay isa nang ina, natitiyak kong tuturuan mo ang iyong mga anak ng maraming kahanga-hangang bagay." O kaya ay maaari ninyong sabihin, "Matthew, balang araw ay magiging isang mahusay kang misyonero dahil natutuhan mong magtalaga ng mga mithiin at isakatuparan ang mga ito. Ipinagmamalaki kita!"

*Tutularan ng mga bata ang inyong halimbawa.* Palagi kayong nagtuturo, maging sa oras na hindi ninyo alam na ginagawa ninyo ito. Madalas na higit kayong nagtuturo sa pamamagitan ng inyong asal at halimbawa kaysa sa pamamagitan ng inyong mga salita. Halimbawa, mapapansin ng mga bata kung iginagalang ninyo ang mga banal na kasulatan. Mamasdan nila kung paano kayo nangungusap tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Magmamasid sila kung paano ninyo ipinamumuhay ang mga alintuntuning itinuturo ninyo. Tutulungan sila ng inyong mabubuting halimbawa na magkaroon ng higit na pagmamahal at paggalang sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak.

*Sandali lamang ang itinatagal ng atensiyon ng mga bata, at hindi sila nakatatagal nang nakaupo.* Huwag kayong umasa nang malaki sa kanila. Unawain na ang hindi pakikinig ay maaaring mangahulugang pagod o gutom na sila, na hindi nila nauunawaan ang sinasabi ninyo, na kailangan nilang maglakad-lakad, o naiinip na sila. Ang pinakamabuting paraan upang mapanatili ang kanilang atensiyon at matulungan silang matuto ay ang paghikayat sa kanila na makilahok sa mga aralin. Dahil ang mga bata ay punong-puno ng sigla, magplano ng mga paraan upang mapahintulutan silang lumakad-lakad o makakita,

makarinig, makaamoy, o makahawak ng isang bagay bilang bahagi ng bawat aralin. Nasisiyahan silang matuto sa pamamagitan ng pag-uulit, mga simpleng kuwento, awit at gawain.

**Pagpapatatag ng mga Mag-anak**

Kung kayo ay isang guro o pinuno, matutulungan ninyo ang mga magulang sa kanilang mga pagsisikap na maituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak. Sabihin sa mga magulang kung ano ang itinuturo ninyo sa inyong klase upang mapatibay nila ang mga alituntuning iyon ng ebanghelyo sa tahanan (tingnan sa "Mga Palagiang Pagkakataon sa Pagtuturo sa Tahanan," mga pahina 182–85. Hikayatin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang natutuhan nila. Sa gabing pantahanan ng mag-anak, makapagbabahagi sila ng mga awit, banal na kasulatan, laro, at alituntuning natututuhan nila sa mga klase o gawain sa Primarya. Paminsan-minsan ay maaari kayong magpauwi ng mga ulat tungkol sa mga aralin o gawain kung saan sila nakibahagi upang matulungang mapatibay ang natutuhan ng bata. Maaari din ninyong ipaalam sa mga magulang kapag ang kanilang anak ay naging matulungin o kapag ang kanilang anak ay naatasang manalangin o magtalumpati. Maaari ninyong anyayahan ang mga magulang upang magbahagi ng kanilang mga karanasan o patotoo bilang bahagi ng aralin.

Tandaan na kapag tinutulungan ninyo ang mga bata na magkaroon ng patotoo at ipamuhay ang ebanghelyo, maiimpluwensiyahan nila ang kanilang mga mag-anak sa kabutihan. Habang tinuturuan ninyo ang mga bata ng ebanghelyo at tinutulungan silang matutuhan kung paano ipamumuhay ito, tinutulungan ninyong mapatatag ang kanilang mga mag-anak.

2

# MGA KATANGIAN NG EDAD NG MGA BATA

Ang mga bata ay patuloy na nagbabago sa katawan, kaisipan, pakikisalamuha, damdamin, at aspetong espirituwal. Sinusunod nila ang isang pangkalahatang yugto ng paglaki at pag-unlad. Ang mga magulang at guro na makaaalam ng mga karaniwang katangian ng mga bata sa iba't ibang saklaw-na-gulang ay mapakikitunguhan nang mas wasto ang ugali ng mga bata at mas mabisa silang matuturuan.

Ang ilang bata ay maaaring mas mabilis o mas mabagal ang pag-unlad kaysa sa iba nilang kaedad. Halimbawa, isang natatanging anim-na-taong-gulang ang maaaring higit na umakma sa mga katangian ng edad ng isang limang-taong-gulang o ng isang pitong-taong-gulang. Alalahanin din na maaaring pansamantalang mag-ugaling mas nakababata sa panahon ng pagkabalisa o tensyon ang mga bata.

Ang mga manwal ng aralin ng simbahan ay inihanda na nasa isipan ang mga katangian sa paglaki ng mga bata. Habang pinag-aaralan at inihahanda ninyo ang bawat aralin, alamin kung paano kayo matutulungan ng bawat bahagi ng aralin na matugunan ang mga pangangailangan ng mga bata.

Anuman ang saklaw-na-gulang na tinuturuan ninyo, tiyakin na kayo ay matiyaga, magalang, mapagmahal, at sensitibo sa bawat bata. Huwag asahan na ang mga bata ay makagawa nang higit sa kaya nila.

Ang mga sumusunod na paglalarawan at mungkahi ay makatutulong sa inyo na higit na maunawaan ang mga batang tinuturuan ninyo.

## Ang Labing-walong Buwang Gulang

*Mga Katangian ng Bata*

- Lumalakad, umaakyat, gumagapang, at tumatakbo. Natutuwang magtulak at maghatak ng mga bagay. Higit na madaling maghiwa-hiwalay ng mga bagay kaysa magbuo nito. Wala pang koordinasyon. Madaling mapagod. Kadalasang hindi pa marunong gumamit ng palikuran.
- Maraming nagagawang tunog. Nagkakaroon na ng kasanayan sa pagsasalita. Gumagamit ng mga isang-salitang parirala, partikular ang "akin" at "hindi". Nagkakaroon ng kaalaman sa pamamagitan ng paningin, tunog, paghawak, pag-amoy at panlasa. Nakauunawa nang higit sa naipahahayag.
- Natutuwang maglarong katabi ang ibang bata, ngunit madalas na hindi nakikipaglaro sa kanila. Nahihirapang magbahagi.
- Madaling umiyak, ngunit madaling mabago ang mga emosyon.

*Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro.*

- Pag-iba-ibahin ang mga gawain upang mapanatili ang interes ng bata. Gumamit ng mga gawain na kinapapalooban ng paglalakad, pagtutulak, at paghahatak. Gumamit ng mga larong pinagagalaw ang kamay o daliri at mga gawaing may musika.
- Magbigay ng maraming pagkakataon para sa pagsasalita at pakikilahok. Ituro kung paano maging mapitagan kapag nananalangin. Gumamit ng mga larawan sa pagkukuwento. Maglaan ng mga laruan na maigagalaw at mapag-eeksperimentuhan, tulad ng mga pinagpapatung-patong na laruan, bola, simpleng puzzle, manyika, at hugis ng tao at hayop.
- Maglaan ng mga laruan at gawain na magpapahintulot sa bata na maglaro nang mag-isa. Tulungan ang bata na matutong magbigay at makisama sa iba.
- Hawakan ang bata kapag siya ay balisa o hindi mapanatag.

## Ang Dalawang-taong Gulang

*Mga Katangian ng Bata*

- Lubhang aktibo. Tumatalon, lumalakad, at tumatakbo. Nakapapalakpak at nakasisipa ng bola. Nakakahawak ng maliliit na bagay, ngunit hindi

makapagbubutones o makapagsisiper ng kasuotan o makapag-aalaga ng sarili sa kahit anong paraan. Nagiging mainisin at balisa kapag napapagod.

- Nakabubuo ng dalawa o tatlong salita sa isang pangungusap. Madalas magsabi ng "hindi," bagaman hindi ito ang ibig niyang sabihin. May simple, at tuwirang mga kaisipan. Hindi makapangangatwiran. Nakakagawa ng mga simpleng pagpili. Nasisiyahan sa pag-uulit. Sandali lamang ang itinatagal ng atensyon (dalawa o tatlong minuto). Mausisa. Palipat-lipat mula sa isang gawaing patungo sa iba. Gusto ang mga simpleng laruan, kagamitan sa sining, aklat, maiikling kuwento, gawaing may musika.
- Gustong maglarong mag-isa. Nagkakaroon ng interes na makapaglaro sa iba, ngunit karaniwang higit na interesadong maglarong malapit sa kanila kaysa kasama sila. Madalas na makipagtalo dahil sa laruan. Nahihirapang magbigay at makiisa. Humihingi sa matatanda ng mga bagay na nagugustuhan nila sa ibang bata.
- Mapagmahal at malambing. Nasisiyahang maupo sa kandungan at humawak sa kamay. Gustong nakatabi sa kanyang ina. Ibinubulalas ang damdamin upang ipahayag ang nadarama, upang makuha ang gusto, at upang ipakita ang galit at pagkabigo. Madaling mabago ang saloobing nadarama. Gustong magsarili.
- Gustong nananalangin. Nauunawaan na mahal tayo ng Ama sa Langit at ni Jesus, ngunit nahihirapang maunawaan ang karamihan sa mga konseptong espirituwal.

*Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro*

- Gumamit ng mga nakapagpapahingang gawaing tulad ng mga larong gumagamit ng mga kamay o daliri at yaong gumagamit ng musika. Maglaan ng mga gawaing tulad ng paghahagis ng telang supot, pagmamartsa, at pagtalon. Iwasan ang mga gawaing nangangailangan ng kasanayan at koordinasyon, tulad ng paggupit at pagdidikit.
- Panatilihing simple ang mga talakayan. Tulungang makibahagi ang bata. Gumamit ng pag-uulit. Huwag iwanang nag-iisa ang bata; ang mga bata sa ganitong gulang ay madaling malagay ang sarili sa mga panganib. Bigyan ng mga pagkakataon ang bata na makagawa ng mga pagpili.
- Bigyan ng mga pagkakataon ang mga bata na makisalamuha sa iba, ngunit huwag pilitin ang bata na gawin ito. Imungkahi ang pagsali sa mga gawain. Magbigay ng mapagmahal, mapag-arugang patnubay. Ilayo ang atensiyon sa maling pag-uugali.
- Magpakita ng pagmamahal at pagkagiliw. Ilayo ang atensiyon ng bata upang matigil ang hindi kanais-nais na pag-uugali: Hikayatin ang bata na makapag-isa, ngunit magbigay ng tulong kapag kinakailangan. Hayaan ang bata na magsanay gumawa ng mga pagpili.
- Hayaan ang bata na manalangin. Ituon ang mga konseptong espirituwal sa mag-anak at sa pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesus.

## Ang Tatlong-Taong-Gulang

*Mga Katangian ng Bata*

- Lumalakad at tumatakbo, ngunit wala pa ring koordinasyon. Gustong gumagawa ng mga bagay na gamit ang kanyang mga kamay ngunit asiwa.
- May dagdag na mga kasanayan sa pagsasalita. Gustong magsalita at matuto ng bagong mga salita. Sandali lamang ang itinatagal ng atensiyon. Mausisa at matanong. Malimit na mali ang pag-unawa at gumagawa ng mga pagpuna na malayo sa pinag-uusapan. Nasisiyahang magkunwari. Gusto ng mga larong gumagamit ng mga kamay o daliri, kuwento at gawaing may musika. Hindi alam ang kaibahan ng bungang-isip sa katotohanan.
- Nasisiyahang gumawa nang nag-iisa. Hindi gaanong nakikiisa sa mga laro kasama ang iba, ngunit gustong kasama ang mga kaibigan. Makasarili. Nahihirapang magbahagi. Mas gustong malapit sa matatanda, lalung-lalo na sa mag-anak, sapagkat nagbibigay sila ng seguridad.
- Gustong-bigyang kasiyahan ang mga matatanda. Nangangailangan ng kanilang pagsang-ayon, pagmamahal at pagpuri. Nagwawala kapag natatakot o nababalisa. Madaling umiyak. Sensitibo sa damdamin ng iba. Nagkakaroon na ng kaunting kalayaan. May matindi, panandaliang emosyon.
- Interesado sa mga simpleng alituntunin ng ebanghelyo tulad ng panalangin at pagsunod. Mas alam ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, at may simpleng pananampalataya sa Kanila.

*Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro*

- Gumamit ng mga gawain na kinabibilangan ng pagtalon, paglukso, paglakad, at pagyuko. Gumamit ng mga simpleng gawaing pang-sining tulad ng pagdidikit, paghubog ng luad, at pagkukulay. Iwasan ang mga gawain na nangangailangan ng mahusay na kasanayan at koordinasyon, tulad ng pagtatali o paggugupit. Maging handa sa paglilinis ng mga kalat.
- Ituro ang mga ideya sa simple, maliwanag na paraan. Gumamit ng mga buod at larawan upang bigyang-diin ang mga ideya. Humikayat ng mga tanong at sagot sa

mga aralin, ngunit papagsalit-salitin ang mga bata. Gumamit ng pagkakaiba-iba sa pamamaraan sa pagtuturo tulad ng mga kuwento, awit, talakayan, pagsasadula, larong gumagamit ng mga kamay o daliri, at simpleng laro. Pagsalit-salitin ang mga gawaing banayad at masigla.

- Maglaan ng mga pagkakataong makalaro ang iba. Gumamit ng mga gawain na humihikayat sa pagbabahagi, paghahalinhinan, at pakikisama. Magkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa bata at madalas na bigyan ang bata ng mga pagkakataon na magkuwento tungkol sa kanyang mag-anak.
- Ipakita ang pagsang-ayon at tiwala sa bata. Iwasan ang pamimintas. Bigyang-diin ang pagmamahal ninyo at ng kanyang pamilya para sa kanya. Tulungan ang bata na maunawaan ang mga damdamin ng iba at malutas ang mga di-pagkaunawaan. Hikayatin ang bata na makapagsarili.
- Ituro ang ebanghelyo sa mga paraang simple at tiyak. Ituro na buhay ang Ama sa Langit at si Jesucristo at mabait at mapagmahal. Ibahagi ang mga simpleng pagpapahayag at patotoo. Tulungan ang mga bata na makita ang kagandahan ng mga nilikha ng Diyos.

## Ang Apat-na-Taong-Gulang

### *Mga Katangian ng Bata*

- Lubhang aktibo. Maliksing gumalaw. Gustong lumukso, tumalon, makipaghabulan, umaakyat, at magpukol.
- Nasisiyahang magsalita at matuto ng mga bagong salita. Maraming itinatanong. Kaya nang mangatwiran nang kaunti, ngunit marami pang maling pakahulugan. Naguguluhan sa paghiwalay ng katotohanan sa kathang-isip. Sandali lamang ang itinatagal ng atensiyon. Gumagawa ng gawang pang-sining upang ipahayag ang mga damdamin. Nasisiyahang magkunwari at magdula-dulaan.
- Nakikipaglaro nang higit na may pakikiisa. Paminsan-minsan ay palaaway, palautos, walang-galang at matigas ang ulo, pero maaari din na maging palakaibigan. Natututo nang magbahagi, sumunod sa tuntunin, at makipaghalinhinan. Tumutugon sa tapat na papuri.
- Malimit na sinusubukan ang hangganan ng pagpapaparaya o pagtitiis ng tao. Mayabang, lalo na tungkol sa sarili at pamilya. Maaaring maging kalugod-lugod sa isang saglit at palaaway sa susunod. Higit na may tiwala sa sarili. Maaaring may mga takot at damdamin ng kawalang-kapanatagan.
- Nalalaman na ang tama at mali, at karaniwang nais gawin ang tama. Sinisisi ang iba sa kanyang pagkakamali. May likas na pagmamahal at paggalang sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, at maraming tanong tungkol sa Kanila. Gustong manalangin, at gustong magpakabait. Nagiging higit na interesado sa mga alituntuin ng ebanghelyo.

### *Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro*

- Pagsalitin ang mga gawaing banayad at masigla. Tulungan ang batang matutong magpigil at managot sa kanyang mga kilos. Ituro ang mga angkop na paraan upang ipahayag ang mga damdamin.
- Gumamit ng mga talakayan at gawain na hihikayat ng pag-iisip, tulad ng mga simpleng bugtong at larong paghula. Liwanagin ang mga di-pagkakaunawaan. Gumamit ng mga larawan, bagay, at tunay na karanasan. Magpakilala ng mga bagong salita. Magpadrowing sa mga bata ng mga larawan na nauugnay sa mga aralin. Tanggapin at hikayatin ang malikhaing pagsisikap ng bata. Hayaang tuklasin ng bata ang kanyang mga kapaligiran. Gumamit ng mga gawaing dula-dulaan.
- Magbigay ng mga pagkakataon sa bata na makipaglaro at makipagtulungan sa iba. Ituro ang kabaitan, tiyaga, at pagiging magalang. Tulungan ang batang sumusunod sa mga simpleng tuntunin tulad ng paghahalinhinan. Tulungan ang batang matuto ng positibong ugaling pakikisalamuha nang hindi siya pinarurusahan o pinagagalitan.
- Magtakda at matatag na ipasunod ang mga hangganan. Hayaan ang batang magkuwento tungkol sa sarili at mag-anak. Ituro sa bata na siya ay mahalaga sa Ama sa Langit at kay Jesus. Ipahayag ang pagmamahal ninyo at ng mga magulang ng bata para sa kanya.
- Tulungan ang batang panagutan ang kanyang sariling pagkilos, at ituro ang kahalagahan ng paggawa ng mabubuting pagpili. Ituro na mahal ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak at nakikipag-usap tayo sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin. Tulungan ang batang matuklasan kung paano maging mapitagan sa simbahan. Ituro ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo.

## Ang Limang-Taong-Gulang

### *Mga Katangian ng Bata*

- Lubhang aktibo. Maayos nang nakapagbabalanse, at nagkakaroon na ng higit na koordinasyon. Nakakasipa ng bola, nakakalakad ng tuwid sa linya, nakakakandi-



rit, nakalulukso, at nakamamartsa. Nasisiyahang gumuhit, magkulay, makilahok sa mga gawain at laro, natututo nang magtali ng sapatos, magbutones at magsiper ng kasuotan.

- Nakakakilala na ng ilang letra, numero, at salita. Gustong magkunwaring nagbabasa at nagsusulat. Maaaring natututo nang nagbasa. Madaldal. Nagtatanong, gumagawa ng mga pagpuna, at nagbibigay ng mga sagot na nagpapakita ng dagdag na pang-unawa. Mahusay sa paglutas ng problema. Mausisa at sabik sa katotohanan. Nagsisimulang makita ang kaibahan ng katotohanan sa kathang-isip. Maikli ngunit nadaragdagan ang tagal ng atensiyon. Gusto ng mga tiyak na tungkulin. Natutuwa sa mga biro at salamangka ngunit pikon. Gusto ng mga kuwento, pag-awit, tula, at pagsasadula.
- Palakaibigan at nalulugod na makapagbigay-kasiyahan at makiisa. Nagsisimulang gustuhin ang mapabilang sa maliliit na grupo ng mga bata, ngunit maaaring mas gusto ang isang matalik na kaibigan. Hindi na ganong nakikipag-away sa mga paglalaro ng grupo. Nagsisimulang magustuhan ang pakikibagay, at pinupuna ang mga hindi nakikibagay. Nagsisimulang maunawaan ang mga tuntunin, ngunit malimit subukang baguhin ang mga ito sa kanyang kapakanan.
- Nakatuon ang mga interes sa tahanan at mag-anak. Magiliw sa matatanda, at gustong bigyang-kasiyahan sila. Madaling mapahiya, lalo na sa kanyang mga sariling pagkakamali.
- Gustong magpakabait. Natututuhan na ang kaibahan ng tama at mali. Paminsan-minsan ay nagsisinungaling o sinisisi ang iba sa kanyang sariling mga maling ginagawa dahil sa matinding pagnanais na bigyang-kasiyahan ang matatanda at gawin ang tama. Nakahandang maturuan ng mga alituntuning espirituwal.

*Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro*

- Gawing abala ang bata sa mga gawaing pisikal. Gumamit ng mga simpleng laro at iba pang gawain. Hayaan ang bata na maggupit at magdikit at magbuo ng mga puzzle. Hayaang magsarili. Ipahayag ang tiwala sa bata. Tanggapin at hikayatin ang mga pagsisikap ng bata.
- Hayaang magsalita at magtanong ang bata. Hayaan siyang magbasa ng mga simpleng salita at parirala. Gumamit ng mga papel na susulatan para sa mga simpleng salita. Atasan ng mga simpleng tungkulin at pananagutan. Gumamit ng mga gawaing pagdodrowing, kuwentong nangyayari sa tunay na buhay, at materyal na visual. Pag-iba-ibahin ang mga gawain, gamit ang mga larawan, laro, awit, at talakayan. Gumamit ng mga gawaing palaisipan tulad ng mga bugtong at tanong pantalakayan. Hayaan ang bata na magkunwari, magdrama at gumamit ng mga papet. Makitawa sa bata.
- Maging sensitibo sa mga pangangailangan ng bata para sa inyong pagsang-ayon. Hikayatin ang pakikipagkaibigan, at sikaping tulungan ang bata, kung inaakalang wala siyang malalapit na kaibigan o hindi

kabilang sa isang grupo. Pag-usapan kung ano ang nadarama ng iba kapag ang tao ay mabait o masungit. Talakayin ang kahalagahan ng pagmamahal sa iba at pagpapasalamat, at ituro sa bata kung paano gawin ito. Tulungan ang bata na matutuhan ang kahalagahan ng pagkakaiba ng bawat isa.

- Ituro nang madalas ang halaga at kahalagahan ng mag-anak. Bigyan ng pagkakataon ang bata na ibahagi ang nadarama tungkol sa kanyang mag-anak. Ipahayag ang inyong pagmamahal, at ipakita ang pagkagiliw. Ibigay ang nararapat na papuri para sa positibong pag-uugali. Iwasan ang mga gawain o pagpapahayag na maaaring magpahiya sa bata.
- Ituro ang angkop na pagkilos. Huwag mabigla kung ang bata ay nagsasabi ng hindi totoo o hindi aangkop, kundi ituro pa rin ang kahalagahan ng pagtanggap ng pananagutan para sa sariling mga kilos. Palakasin ang patotoo ng bata sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sarili ninyong patotoo. Magbahagi ng mga kuwento at ideya na magpapatibay sa pagmamahal at pananampalataya ng bata sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanilang mga turo.

## Ang Anim-na-Taong-Gulang

*Mga Katangian ng Bata*

- Lubhang aktibo. Malimit na maingay, malikot, at masigla. Gustong sumali sa mga gawain at magsagawa ng maliliit na tungkulin, bagaman maaaring mahirap pang gawin. Ayaw maging tagapanood.
- Kailangan ituro ang mga konsepto sa mga paraang nadarama. Bumubuti ang memorya. Madaldal, at maraming itinatanong. Gumawa ng mga pagpapasiya, ngunit malimit ay nag-aatubili. Nadaragdagan ang itinatagal ng atensiyon. Gustong nagbabasa, nagsusulat, umaawit, nakikinig sa kuwento, at nagkukunwari.
- Higit na interesado sa mga pangkatang gawain at nakikisalamuha sa mga kalaro, ngunit makasarili pa rin. Paminsan-minsan ay palautos, mapusok, at masungit sa mga kaedad. Hindi matatag ang mga pakikipagkaibigan. Inaalala ang pagtrato sa kanya ng iba. Sabik sa pagsang-ayon ng kapwa.
- Mayabang. Nagsasabi ng labis at namimintas. Madaling matuwa, lokohin, at palahagikhik. Maaaring maging bukas-palad, malambing, at nakakasundo, ngunit ang saloobin ay maaring magbago agad.
- Nag-aalala sa mabuti at masamang pag-uugali, lalo na kung naaapektuhan ang mag-anak at mga kaibigan. Paminsan-minsan ay sinisisi ang iba sa mga pagkakamali. Gusto ng mga kuwentong sa banal na kasulatan, lalo na ang mga tungkol kay Jesus.

*Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro*

- Pagpasensiyahan ang sobrang sigla at likot ng bata. Gumamit ng mga gawaing tulad ng pagsusulat, pagkukulay, paggugupit, pagdidikit, at paghuhulma ng luad. Gumamit ng mga laro na nagpapahintulot sa bata na gamitin ang kanyang lakas.
- Gumamit ang mga gawaing palaisipan tulad ng mga bugtong, pagbabalik-aral, at kuwentong ipatatapos sa bata. Gumamit nga mga larawan, ginupit na larawan na idinidikit, at iba pang visual na materyal. Magpakilala ng mga bagong salita. Magtanong. Hayaang magpasiya ang bata. Talakayin ang kahalagahan ng pagpili ng tama, at hayaang magpasiya ang bata sa mga limitadong pagpipilian. Magbigay ng mga pagkakataon para sa pagbabasa, pagsusulat, pag-awit, pakikinig sa mga kuwento at pagdudula-dulaan. Planuhin ang mga aralin na isinasaisip ang mga interes ng bata.
- Hikayatin ang pagbabahagi at pakikilahok sa iba. Magbigay ng maraming pagkakataon para sa mga pangkatang gawain. Magbigay ng angkop na pagpuri at pagsang-ayon. Ituon ang mga aralin sa pagpapakita ng pagmamahal sa pamamagitan ng pagtulong sa iba at pagiging sensitibo sa mga pangangailangan ng iba. Hikayatin ang bata na sumali sa mga laro at iba pang gawain.
- Purihin ang mga tiyak na pagsisikap ng bata upang mabawasan ang pangangailangan niyang magyabang. Purihin ang katapatan. Huwag mamintas. *Makitawa* sa kanya, ngunit huwag siyang *pagtawanan*. Hikayatin ang mga positibong saloobin. Sa pamamagitan ng inyong halimbawa, ituro sa bata ang mahinahon, matatag na pag-uugali.
- Ituro sa bata na pagmalasakitan at panagutan ang kanyang sariling kilos at kung paano mapagbubuti ito. Tiyakin sa bata na lahat ay nagkakamali. Ituro ang simpleng pagsisisi. Gamitin ang mga banal na kasulatan upang ituro ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo. Tulungan ang mga bata na maunawaan at ipamuhay ang mga banal na kasulatan.

## Ang Pitong-Taong-Gulang

*Mga Katangian ng Bata*

- May mas mahusay na pagkontrol sa kalamnan. Nagkakaroon ng interes at mga kasanayan sa ilang laro, libangan, at gawain. Nagiging malikot at hindi mapala-

gay. May mga gawi na kinakikitaan ng pagkanerbiyoso, at paminsan-minsan ay magmumukhang asiwa. Punung-puno ng sigla, ngunit madaling mapagod.

- Sabik matuto. Seryosong nag-iisip at higit na makatuwiran. Nakalulutas ng mga problema na mas mahirap unawain. Gustong hinahamon, gawa nang gawa, at pinag-uukulan ng panahon ang pagtapos sa gawain. Mahaba na ang itinatagal ng atensiyon. Ikinasisiya ang mga libangan at ang paggamit ng mga kasanayan. Mahilig mag-ipon ng mga bagay at pag-usapan ang mga pansariling proyekto at nagawa.
- Malimit makipaglaro sa grupo, ngunit paminsan-minsan ay gustong mapag-isa at maglaro nang tahimik. Hindi gaanong nakikisalamuha sa kasalungat na kasarian. Sabik mapatulad sa mga kaedad at makuha ang kanilang pagsang-ayon. Hindi na gaanong naghahari-harian at hindi na gaanong naghahangad na makuha ang kanyang gusto. Gusto ng dagdag na responsibilidad at kalayaan. Malimit na nag-aalala sa hindi paggawa nang maayos.
- Ayaw ng pamimintas. Maramdamin sa sarili at sa iba. Malimit na gusto ay laging tama ang lahat, at gawi na punahin ang sarili. Nagpipigil sa sarili at maingat. Hindi gaanong mapusok at makasarili gaya ng mga naunang taon.
- Alam na ang tama at mali. Nalulugod na matuto at maisagawa ang mga alituntunin ng ebanghelyo tulad ng panalangin at pagbabayad ng ikapu. Nauunawaan ang mga aspeto ng ebanghelyo tulad ng sakramento, pananampalataya, pagsisisi, gawaing misyonero, Espiritu Santo, at gawain sa templo. Gustong mabinyagan at tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo.

*Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro*

- Gumamit ng mga gawain na magpapahintulot sa bata na gamitin ang kanyang lakas. Hayaang ibahagi ng bata ang kanyang mga natatanging kasanayan. Maging matiyaga sa mga pang-aabala at kalikutan, at huwag pansinin ang pagiging asiwa. Gumamit ng iba't ibang paraan upang matulungan ang bata na mapanatili ang interes at mahadlangan ang kapilyuhan. Purihin ang mabuting asal.
- Magtanong ng mga katanungang naghihikayat ng pag-iisip. Gumamit ng mga kuwento na ang bata ang magtatapos, bugtong, larong nangangailangan ng pag-iisip, at talakayan upang pasiglahin ang pag-iisip. Hayaan ang bata na magpasiya. Bigyan siya ng maraming oras upang maisagawa ang tungkulin. Hikayatin ang bata na ipagpatuloy ang mga libangan at interes. Maglaan ng mga pagkakataon upang magbasa ng mga banal na kasulatan, papel na nasusulatan ng salita, at kuwento. Gumamit ng mga kuwento at situwasyon na may kaugnayan sa tunay na buhay sa halip na kuwentong kathang-isip.
- Gumamit ng mga gawain na nangangailangan ng paglalaro ng grupo, tulad ng mga laro at pagsasadula, ngunit igalang ang pagnanais ng bata na gumawa nang nag-iisa paminsan-minsan. Huwag ipipilit ang pakikisalamuha sa kasalungat na kasarian. Purihin siya sa positibong asal tulad ng pakikipaghalinhinan at pagbabahagi. Bigyan ang bata ng mga responsibilidad at tungkulin na makakaya niyang gawin, at pagkatapos ay purihin ang mga pagsisikap at naisagawa.
- Hikayatin ang pagmamalasakit sa iba. Buuin a ng tiwala sa sarili. Sa halip na mamintas, humanap ng mga pagkakataon upang ipakita ang pagsang-ayon at pagkagiliw. Tanggapin ang mga saloobin at paglayo ng loob. Hikayatin ang bata na ipahayag ang kanyang nadarama.
- Maglaan ng mga pagkakataon para makapagsanay ang bata na gumawa ng mga tamang pagpili. Tulungan ang bata na maunawaan ang mga kalalabasan ng kanyang mga pagpili. Ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa mga paraang simple at nadarama, hikayatin ang bata na ipamuhay ang mga ito sa araw-araw. Magturo mula sa mga banal na kasulatan. Ihanda ang bata para sa binyag at pagpapatibay sa pamamagitan ng pagtulong sa kanya na maunawaan ang mga tipan na gagawin niya.

## Ang Walong-Taong-Gulang

*Mga Katangian ng Bata*

- Nagkakaroon ng higit na koordinasyon. Pakislut-kislot at alumpihit. May mga gawi na kinakikitaan ng pagkanerbiyoso. Naglalaro ng mga organisadong laro na nangangailangan ng pisikal na kasanayan. Mahaba na ang itinatagal ng atensiyon. Gustong mapasali.
- Gustong malaman ang mga dahilan ng mga bagay-bagay. Nasasabik ibahagi ang kanyang kaalaman. Ipinapalagay na marami siyang alam, ngunit nagsisimulang maisip na maaring higit na maraming nalalaman ang iba. Mapanghusga. May mga iniidolo. Nasisiyahang magsulat, magbasa, at magkunwari.
- Nasisiyahan sa mga laro ng grupo na may mga simpleng tuntunin. Mas gustong kasama ang kaparehong kasarian sa mga laro ng grupo. Higit na nakikiisa at hindi na gaanong ipinipilit ang gusto. Nais na magkaroon ng matalik na kaibigan. May masidhing pangangailangan sa pagsasarili, ngunit umaasa rin sa patnubay at seguridad ng matatanda.
- Karaniwang malambing, matulungin, masayahin, mahilig lumabas, at mausisa, ngunit maaari ring maging walang galang, maramot, palautos, at mapaghari-

harian. Maramdamin sa pagpuna. Pinupuna ang sarili at ang iba. Paminsan-minsan ay palahagikgik at maloko. Nakararanas ng pagkakamali at kahihiyan.

- Handang tumanggap ng mga aral ng ebanghelyo, ngunit maaaring may mga katanungan tungkol sa mga ito. Ipinagmamalaki ang pagiging miyembro ng Simbahan. Gustong ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Natututuhan ang ebanghelyo sa pamamagitan ng mga konkretong halimbawa at pakikilahok.

*Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro*

- Gumamit ng mga gawain na nangangailangan ng koordinasyon at hayaang gamitin ng bata ang kanyang lakas. Maging mapagpasensiya sa pagpapadaskul-daskol, mga hindi kaaya-ayang gawi, at kalikutan. Pagsalit-salitin ang mga oras na tahimik at aktibo. Purihin ang mabuting asal.
- Gumamit ng mga laro, kuwento, larawan, at mga gawaing palaisipan upang hikayatin ang pagkatuto. Gumamit ng pagbabasa, pagsusulat at pagdudula-dulaan. Tulungan ang bata na magtakda ng mga makatotohanang mithiin. Hikayatin ang bata na higit na asikasuhin ang sariling pag-uugali kaysa sa iba. Paglaanan ang bata ng mga angkop na bayani tulad ng mga pinuno ng Simbahan at iba pang mabubuting miyembro ng Simbahan.
- Maglaan ng mga pagkakataon para sa pakikisalamuha, pakikiisa at pakikibahagi sa grupo. Pangasiwaan nang mabuti ang mga gawain. Pansinin na ang kanyang mga pakikipagkaibigan ay maaaring maging malawak. Tulungan ang bata na maging bahagi ng grupo kung wala siyang malalapit na kaibigan. Purihin ang bata sa positibong pag-uugali. Hayaang gumawa ang bata na kasama kayo at ang iba pang bata ng mga tuntunin sa klase at iba pang pagpapasiya. Hayaan siyang gumawang mag-isa.
- Tulungan ang bata na kilalanin at harapin nang maayos ang mga negatibong damdamin. Magpakita ng interes at sigasig. Purihin at buuin ang tiwala nila sa sarili; huwag mamintas o ihambing ang bata sa iba pang bata. Kilalanin ang mga pagsisikap at nagawa ng bata. Hayaang matuwa ang bata sa mga katatawanan kapag nararapat, at maging mapagpasensiya sa mga hagikgikan. Ituro sa kanya na nagkakamali ang iba.
- Ipahayag ang pansariling pananampalataya at patotoo nang madalas. Tulungan ang bata na pahalagahan ang pagiging miyembro niya sa Simbahan at ang kaakibat na mga responsibilidad nito. Hamunin ang bata na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Magbahagi ng mga pansariling karanasan, mga banal na kasulatan, at kuwento. Gumamit ng mga gawain kung saan makalalahok ang bata.

## Ang Siyam-na-Taong-Gulang

*Mga Katangian ng Bata*

- Nasisiyahan sa mga laro ng koponan. Mahusay ang kontrol sa katawan. Interesado sa pagpapaunlad ng lakas, kasanayan, at bilis. Mahilig sa mas mahihirap na kasanayan at gawaing-kamay.
- Kayang manatiling interesado sa mga paksa o gawain nang mas matagal. Naghahanap ng mga katotohanan; hindi na masyadong mahilig sa kathang-isip. Mahilig sa pagsasaulo. May tiyak na mga interes at bagay na inuusisa. Gustong magbasa, magsulat, at mag-ingat ng mga talaan. Interesado sa komunidad at iba pang kultura at tao. Nasisiyahang matutuhan ang tungkol sa nakaraan at kasalukuyan. Mahilig mag-ipon ng mga bagay-bagay.
- Nasisiyahang makasama ang mga grupo ng tao na kapareho ang kasarian. Mahilig sa mga pakikipagsapalaran ng grupo at larong may pakikiisa, ngunit gusto rin ng paligsahan. Sinusubukan ang awtoridad at ginagamit ang kalayaan. Nag-uukol ng maraming oras sa mga kaibigan.
- May ilang problema sa pag-uugali, lalung-lalo na kung siya ay hindi tinatanggap ng iba. Nagiging masyadong mapagsarili, maaasahan, at mapagkakatiwalaan. Nag-aalala tungkol sa pagiging walang kinikilingan, at nakikipagtalo dahil sa pagkawalang-kinikilingan. Mas kayang tanggapin ang kanyang sariling mga kabiguan at pagkakamali at panagutan ang sariling mga kilos. Paminsan-minsan ay maloko.
- Alam na alam ang tama at mali. Gustong gawin ang tama, ngunit nagrerebelde paminsan-minsan. Naiimpluwensiyahan ng mga patotoo ng iba. Nakahandang maturuan ng higit na mahihirap unawaing alituntunin ng ebanghelyo.

*Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro*

- Maglaan ng iba't ibang gawain, kabilang ang mga larong pangkoponan, upang mapanatili ang interes at matulungan ang bata na paunlarin ang mga kasanayan.
- Magbigay ng tiyak na impormasyon at mga katotohanan sa halip na kathang-isip. Huwag ibibigay ang lahat ng sagot; hayaang makapag-isip ang bata at matalakay ang mga sagot. Hikayatin siyang magsaulo ng mga siping-banggit at mga banal na kasulatan. Igalang ang pagkakaiba-iba ng bawat isa kapag gumagawa ng mga takdang-gawain at nagbibigay ng mga responsibilidad. Maglaan ng mga pagkakataon para sa pagbabasa, pagsusulat, at pag-iingat ng talaan. Hikayatin siyang mag-ingat ng talaarawan. Ituro ang tungkol sa

ibang tao at mga kultura at tungkol sa kasaysayan.

- Kilalanin ang pangangailangan ng bata sa pagtanggap ng mga kaedad. Itakda at panatilihin ang makatuwirang mga hangganan, ngunit hayaang makapagsarili. Ituro sa bata kung paano maging magiliw, kahit na nadarama ng bata na hindi niya "naibigay ang pinakamagaling na magagawa niya." Hikayatin ang mga pakikipagkaibigan, at tulungan ang bata na makipagkaibigan.
- Ipaalam sa bata na tinatanggap ninyo siya, kahit na hindi kayo sumasang-ayon sa ilang pag-uugali. Maglaan ng mga pagkakataon upang maipakita ng bata ang pagsasarili at pagiging maaasahan. Huwag kutyain ang bata sa maling nagawa.
- Ipahiwatig nang madalas ang inyong pagmamahal at suporta sa bata. Malimit na ibahagi ang inyong patotoo at ang mga patotoo ng mga propeta. Ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo na mas mabibigat.

## Ang Sampu o Labing-Isang-Taong-Gulang

*Mga Katangian ng Bata*

- Maaaring dumanas ng mabilis na paglaki. Nahihilig sa mga laro na nangangailangan ng lakas, bilis, at kasanayan. May mga oras ng paglalaro, pakikipagtulakan, pakikipagbuno, paggala-gala, at paghagikgik. Hindi mapirmi, aktibo, at walang tiyaga. Maaaring maiba sa mga kaedad sa laki ng katawan at koordinasyon. Ayaw matrato na parang bata. Nag-aalala sa pisikal na kaanyuan.
- Nasisiyahan sa mga konsepto at ideyang mahirap unawain. Gumagawa ng mga konklusiyon batay sa mga unang natutuhan. Gustong hinahamon sa mga gawaing nangangailangan ng pag-iisip. Desidido at makatuwiran. Nasisiyahang magsaulo. Gustong nagtatakda ng mga mithiin. Nag-iisip nang may higit na katuwiran. Nasisiyahang mag-aral. Mahaba na ang itinatagal ng atensiyon. Nauunawaan nang mas wasto ang kahulugan ng mga salita, at maibibigay ang kahulugan ng mga katawagang mahirap unawain. May pagpapatawa na waring katawa-tawa sa matatanda.
- Mahilig makipagkaibigan at makipagpaligsahan. Nagtataglay ng labis na katapatan sa grupo. Maraming positibo at negatibong pakikisalamuha sa mga kaedad. May mga pakikipagkaibigan na lalong mahirap unawain at napakasidhi. Umaasa sa matatalik na kaibigan. Pinahahalagahan nang mas matimbang ang mga opinyon at pamantayan ng mga kaedad kaysa yaong sa matatanda. Paminsan-minsan ay mapunahin sa mga pagpapasiya ng mga matatanda at sa damdamin ng iba. Mahilig manukso o magulong maglaro. Paminsan-minsan ay walang-galang at ayaw makiisa, at sa ibang pagkakataon naman ay palakaibigan at nakikiisa.
- Pinupuna ang sarili at nagagalit sa pamumuna ng iba. Maaaring ipalagay na lahat ng ginagawa niya ay mali, lalo na kung pinupuna. May mga alalahanin at takot tungkol sa paaralan at mga kaibigan. Masyadong sensitibo, lalo na tungkol sa sarili. May mga pag-aalinlangan at kawalang-kapanatagan. Paminsan-minsan ay maramdamin at mainisin, at nalalaman kung siya ay tinatrato nang maayos. Kayang maging magalang, seryoso, tapat, at totoo. Nagnanais na magsarili at magkaroon ng mga responsibilidad.
- May matatag na moral at konsensiya. Interesado sa pagpapaunlad ng sarili. Ayaw tanggapin kapag siya ay kumilos nang masama. Nakahandang matuto pa ng tungkol sa mga doktrina ng ebanghelyo.

*Mga Mungkahi sa mga Magulang at Guro*

- Kilalanin na siya ay lumalaki at nagkakaisip. Huwag ipilit ang pakikisalamuha sa kasalungat na kasarian. Maglaan ng mga pagkakataon para siya ay makalahok sa mga gawaing pisikal na nagbibigay ng daan para mailabas ang kanyang lakas. Huwag gaanong pansinin ang maliliit na maling asal. Ituro ang pagiging makatarungan at ang halaga ng paglahok sa mga gawain. Magpakita ng interes sa kanyang buhay. Pahalagahan ang pagkakaiba-iba ng bawat isa.
- Pasiglahin ang pag-iisip sa pamamagitan ng paggamit ng mga tanong, kuwento sa mga banal na kasulatan, pagsasaulo ng mga banal na kasulatan, gawaing palaisipan, at talakayan. Hayaan siyang gumawa ng mga pagpapasiya at gumawa ng mga mithiin. Gumamit ng mga bagong salita, at hayaan siyang ibigay ang kahulugan at ipaliwanag ang ibig sabihin ng mga ito. Gumamit ng mga visual, kuwento, at laro.
- Tumugon sa pangangailangan na mapabilang sa mga grupo at maimpluwensiyahan ng mga ito. Maglaan ng mga gawain na nagpapahintulot ng pakikisalamuha sa mga kaedad. Hikayatin ang pagpaplano at paggawa ng grupo. Turuan siya na maging sensitibo sa mga hindi tinatanggap ng iba. Magbigay ng mga responsibilidad at takdang-gawain, at tumulong sa pamamagitan ng tiyak na pagkumusta nito. Hikayatin ang mga proyektong paglilingkod tulad ng pag-aalaga ng mga bata, pagbabahagi ng mga talento, at pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba. Gumamit ng mga halimbawa at aralin upang ituro ang pagiging sensitibo at kabaitan. Purihin ang pagkamagalang, pagiging di-maramot, katapatan, at pagiging palakaibigan.
- Huwag siyang ihahambing sa iba. Palakasin ang kanyang loob, at purihin ang mga nagawa. Magpakita

ng tiwala sa kanya bilang indibiduwal. Patibayin ang magandang pag-uugali at sikaping balewalain ang di-magagandang kilos na hindi naman grabe. Pahintulutan ang pagsasarili at pagpapahayag ng mga personal na damdamin. Sikaping maunawaan ang kanyang mga alalahanin at ang dahilan ng kanyang kalungkutan.

- Ituro ang tiyak na mga konsepto at pinahahalagahang moral. Bigyang-diin na ang tunay na kaligayahan at pag-unlad ng sarili ay dulot ng pagsunod sa mga kautusan. Hikayatin siya na mangakong ipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Tulungan siya na maunawaan at maghanda para sa mga responsibilidad at biyaya sa hinaharap. Huwag siyang kukutyain sa maling ginagawa, lalung-lalo na sa harap ng mga kaibigan. Ituro ang ebanghelyo sa kabuuan nito sa pamamagitan ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan at kuwento mula sa buhay ng mga propeta sa mga huling araw. Hikayatin siya na magpatooo.

3

# PAGTUTURO SA MGA BATA SA MAGKAKASAMANG SAKLAW-NA-GULANG



Ang mga bata na may ibat ibang magkakalayong edad ay malimit na magsasama-sama upang matutuhan ang ebanghelyo sa tahanan at sa simbahan. Ang ganitong pagsasama ng grupo ay kinabibilangan ng gabing pantahanan ng mag-anak at iba pang pagtitipon ng mag-anak, oras ng pagbabahagi sa Primarya, mga araw ng tagumpay, mga araw ng gawain (activity days), mga klase ng mga bata sa Samahang Damayan. Ang mga gawaing ito ay dapat maging kasiya-siya at gayundin ay nagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Sinabi ni Elder M. Russel Ballard: "Ang malikhain, isinaayos na mga oras ng pagbabahagi at (iba pang) mga gawain ay maaaring makapagpasigla at makapagpasaya, ngunit walang masyadong halaga kung ang mga bata . . . ay lumilisan na naaliw subalit hindi talagang naliwanagan, naturuan ng ebanghelyo, o mapasigla sa espirituwal. . . . Bawat aralin, bawat pagpupulong, at bawat gawain ay dapat na ituon sa pagdadala sa maliliit na ito kay Cristo" ("Great Shall be The Peace of Thy Children," *Ensign*, Abril 1994, 61).

Habang nagtuturo kayo sa mga bata sa pinagsamang mga saklaw-na-gulang, paminsan-minsan ay maaaring matuklasan ninyo na isang hamon na gawing simple ang isang ideya na sapat para maunawaan ng mga pinakabata ngunit sapat na kawili-wili at mapanghamon para sa mas mga nakatatandang bata. Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa inyo na isali ang lahat ng bata habang sama-sama nilang pinag-aaralan ang ebanghelyo.

### Patulungan sa Malalaking Bata ang mga Maliliit na Bata

Magkasamang pagawin bata nang dala-dalawa ang mga bata, o patulungan sa malaking bata ang ilang maliliit na bata. Halimbawa:

- Maaaring tabihan ng malaking bata ang isang maliit na bata at basahin ang banal na kasulatan, na itinuturo ang mga salita habang binabasa.
- Maaaring tulungan ng malaking bata ang isang maliit na bata na bumasa ng kuwento, maglaro, magsaulo ng banal na kasulatan, gawin ang isang proyekto, o tapusin ang isang gawain sa sulatang papel.
- Maaari kayong matulungan ng malaking bata na magturo ng isang alituntunin o gawain. Maaari ninyo silang pakiusapan na turuan ang isa o ilang maliliit na bata. Ito ay magandang paraan para matuto ang malalaking bata ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Tinutulungan din sila nito na magkaroon ng karanasan at tiwala sa sarili.

### Gawing Simple ang mga Bahagi ng mga Gawain para sa mga Maliliit na Bata

Kung ang maliliit at malalaking bata ay nakikilahok sa isang gawain, maaaring ninyong gawing simple ang gawain para sa mga maliliit na bata. Halimbawa:

- Gumawa ng dalawang set ng mga tanong: mga simpleng tanong para sa maliliit na bata mas mahihirap na tanong para sa malalaking bata. Isulat ang mga tanong sa mga piraso ng

papel. Sa isang laro o gawaing pagbabalik-aral, ilagay ang bawat set ng mga tanong sa isang hiwalay na lalagyan. Papiliin at pasagutin sa tanong mula sa angkop na lalagyan ang bawat bata.

- Sa isang pagsasadula, hayaan ang mga bata na gumanap ng madadaling papel o maging mga hayop o bahagi ng tanawin. Ang malalaking bata ay makagaganap ng mas mahihirap na papel, maging mga tagapagsalaysay, at magbasa mula sa mga banal na kasulatan. Kung ang mga maliliit na bata ay may mga bahaging nagsasalita, maaari silang diktahan ng malalaking bata sa kanilang sasabihin.
- Kung nagkukuwento kayo, pakiusapan ang maliliit na bata na hawakan ang mga larawan o itayo ang mga hinugis na larawan sa flannel board.

### Gamitin ang mga Istasyon, Hinahati ang mga Bata Ayon sa mga Saklaw-na-Gulang

Kapag ang maliliit na bata ang dumarating sa istasyon, ibinabagay ng matatanda ang pagtatanghal sa kanila. Halimbawa, kung may gawain sa istasyon, ang matatanda ay maaaring magsagawa ng simpleng bersiyon ng gawain para sa maliliit na bata. (Tingnan sa "Istasyon," pahina 235.)

4

# PAG-UNAWA AT PAGTUTURO SA MGA KABATAAN



Noong si Mormon ay 15 taong gulang, "ay dinalaw ng Panginoon, at nakatikim at nakaalam ng kabutihan ni Jesus" (Mormon 1:15). Si Joseph Smith ay 14 na taong gulang nang tanggapin niya ang Unang Pangitain. Siya ay tinuruan noong kanyang kabataan bilang paghahanda sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo. Ngayon ay tumatawag ang Panginoon ng mga kabataan upang maglingkod sa mga panguluhan ng korum at klase, upang magsagawa ng mga sagradong ordenansa ng pagkasaserdote, at upang magturo ng ebanghelyo bilang mga full-time na misyonero. Habang tinuturuan ninyo ang kabataan ng Simbahan, alalahanin na alam ng Panginoon ang kanilang kakayahan. Lubos Siyang nagtiwala sa mga kabataan sa nakalipas na panahon, at patuloy Siyang nagtitiwala nang lubusan sa kanila ngayon.

## Pag-unawa sa mga Kabataan

Ang mga kabataan ay may sigasig at sigla na maaaring gawing kasiya-siya ang pagtuturo sa kanila. Ngunit upang maturuan sila ng ebanghelyo, kailangan ninyong malaman kung paano sila matutulungan na ituon ang kanilang lakas sa tamang direksiyon. Mahalagang maunawaan sila at ang kanilang mga alalahanin at hamon.

Upang matulungan kayong maunawaan ang mga kabataang tinuturuan ninyo, magbalik-tanaw sa mga panahon ng inyong kabataan. Anu-anong karanasan ang pinanakahahamon o pinakamasakit para sa inyo? Ano ang inaalala ninyo? Ano ang nadarama ninyo sa inyong sarili? Anu-ano ang inyong mithiin at hangarin? Anu-ano ang inyong mga pangangailangang sosyal at emosyonal? Sinu-sino ang mga taong lubos na nakatulong sa inyo, at paano sila nakatulong? Ang pag-iisip sa mga tanong na ito ay makatutulong sa inyo upang maturuan at magabayan nang mas mabisa ang mga kabataan.

## Pag-unawa sa mga Hamon na Hinaharap ng mga Kabataan

Ang mga kabataan ay nahaharap sa mahahalagang hamon habang naghahanda sila sa pagsapit sa wastong gulang. Kung alam ninyo ang mga hamong ito, makakapagbigay kayo ng matalino, sensitibong suporta at pagpapalakas ng loob. Ang sumusunod na impormasyon ay makatutulong sa inyo na maunawaan ang ilang hamon na hinaharap nila.

### *Pakikibagay sa mga Pagbabago sa Kanilang mga Katawan*

Ang pagbabago ng katawan sa panahon ng kabataan ay mabilis. Sa pangkalahatan, ang mga pagbabagong ito ay nagsisimula isa o dalawang taon nang mas maaga sa mga kabataang babae kaysa kabataang lalaki. Ang nararanasang bagong damdamin ng mga kabataang lalaki at babae ay maaaring kapwa ikatuwa o ikalito nila. Maaaring makadama sila ng pagkaasiwa o kakulangan dahil hindi nila gusto ang kanilang pisikal na kaanyuan. Ang nararanasan nilang mga pagbabago sa katawan ay humihingi sa kanila na gumawa ng maraming pag-aakmang emosyonal at sosyal.

### *Pagbabagong-Kalagayan sa Lipunan*

Dahil ang mga kabataan ay nasa pagitan ng pagbabagong-kalagayan mula sa



pagkabata tungo sa pagsapit sa wastong gulang, maaaring akalain nila na hindi na sila kabilang sa mas malaking lipunan. Ito ay tunay na totoo sa mga lipunan na kung saan ang pangunahin nilang tungkulin ay makapag-aral. Dahil sa mga pagbabagong nararanasan nila, nalalaman nila na hindi na sila mga bata, ngunit alam din nila na hindi pa nila kayang gampanan ang mga responsibilidad ng matatanda. Kadalasan ay hindi nila naiisip na ang mga pagbabagong nangyayari sa kanila ay normal, kung kaya't maaaring silang makimi. Maaari nilang isipin na ang nadarama nila ay kaiba at walang nakauunawa sa nararanasan nila.

*Pagkatutong Gamitin ang Kanilang mga Lumalawak na Kakayahang Pangkaisipan*

Sa pagitan ng mga edad na 12 at 15, karamihan sa mga kabataan ay lumalawak ang kakayahang matuto. Mas kaya na nilang gumawa ng mabubuting pasiya, mag-isip nang makatuwiran, at magplano para sa hinaharap. Mas malamang na maiimpluwensiyahan ninyo ang kabataan kung igagalang ninyo ang kanilang mga kakayahang pangkaisipan at matututo sa kanila tulad nang gusto ninyong matuto sila sa inyo.

*Pagpapanatili ng Emosyonal na Pagkakaugnay sa Kanilang mga Magulang at iba pang Matatanda*

Ang mga kabataan ay may marubdob na pagnanais na matuto mula sa kanilang mga magulang at sa iba pang matatanda. Gusto rin nilang igalang, unawain, at pagukulan sila ng pansin ng matatanda. Gayunman, maaari silang mahatulan nang mali ng matatanda dahil sa kanilang paminsan-minsang pagiging batang-isip o kakatuwang gawi. Dapat nating sundin ang payo ng Panginoon na ibinigay kay Samuel: "Huwag mong tingnan ang kaniyang mukha, . . . sapagkat ang tao ay tumitingin sa mukha, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso" (1 Samuel 16:7). Ang isang tumatanggap at nakauunawang matanda na nagpapakita ng paggalang ay makagagawa ng positibong kaibahan sa buhay ng isang walang-kapanatagan at kiming kabataan.

Maaari kayong matuksong isipin na mapapalapit kayo sa mga kabataan sa pamamagitan ng pagsama sa pagpuna sa kanilang mga magulang o sa iba pang matatanda. Gayunman, maaaring maging dahilan ito ng pagkawala ng paggalang nila sa kanilang mga magulang at sa inyo. Alalahanin na ang isang mahalagang bahagi ng inyong responsibilidad ay tumulong na mapatibay ang mga ugnayan sa pagitan ng mga magulang at anak.

Makipag-ugnayang madalas sa mga magulang ng mga kabataang tinuturuan ninyo. Ipaalam sa kanila ang mga talento, pag-unlad, at magagandang naiambag na napapansin ninyo sa kanilang mga anak. Panatilihing nababatid ng mga magulang ang mga pinag-aaralan ninyo sa klase. Itanong kung ano ang magagawa ninyo upang matulungan sila habang tinuturuan nila ang kanilang mga anak. Akayin ang mga kabataan tungo sa kanilang mga magulang, at hangarin na mapatibay ang mga ugnayan ng pamilya.

*Pagbuo ng Kanilang Sariling Pagkakakilanlan*

Ang ilang kabataan ay maaaring sumubok na bumuo ng isang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagsusuot ng kakatwang kasuotan o ayos ng buhok o sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga di-pangkaraniwang ideya. Maaring ginagawa nila ito upang magpapansin o upang mapabilang sa isang grupo na kaedad nila at makilala ang kanilang sarili sa ibang grupo. Sa pangkalahatan ang ganitong uri ng gawi ay hindi nagtatagal. Sa katunayan, kung ang mga kabataan ay nakadarama ng tunay na pagmamahal mula sa matatanda at nabibigyan ng pagkakataon na ipahayag nang malaya ang kanilang mga ideya nang hindi pinipintasan, madalas na magiging mas panatag sila at titigil sa pagkilos nang kakatwa.

Hindi magiging mabuti na subukang manamit at magsalita katulad ng mga kabataang tinuturuan ninyo. Alalahanin na kayo ay dapat na maging *kaisa* nila, hindi *isa* sa kanila.

*Pagkatuto mula sa mga Huwarang Lalaki o Babaeng*

Mahalaga para sa mga kabataan na magkaroon ng mga huwarang lalaki o babaeng habang naghahanda sila para sa hinaharap. Magkaroon ng kamalayan na kayo at ang iba pang matatanda ang nagsisilbi bilang ganitong mga huwaran.

*Paghahandang Maglingkod sa Simbahan at sa Sanlibutan*

Ang mga kabataan ay nag-uukol ng maraming oras nila sa pag-aaral at paghahanda para sa pagtatrabaho. Hikayatin sila na mag-aral na mabuti at maghanda nang lubos para sa hinaharap. Hikayatin din sila na pag-isipan kung paano sila inihahanda ng kanilang pag-aaral sa paaralan, pag-aaral ng ebanghelyo, at mga pagpili sa pagitan ng tama at mali para sa panghinaharap na paglilingkod sa Simbahan. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maghandang maglingkod bilang mga full-time na misyonero.

*Paghahanda para sa Pagpapakasal at Buhay-Mag-anak*

Ang mga kabataan ay pinakamabuting makapaghahanda para sa pagpapakasal at buhay mag-anak sa pamamagitan ng paghahanda na makagawa at matupad ang mga tipan sa templo. Ang lahat ng ginagawa at itinuturo ninyo ay dapat na umakay sa mga kabataan sa templo. Tulungan silang maunawaan kung ano ang kinakailangan upang maging karapat-dapat sa pagdalo sa templo, at hikayatin sila na bumuo ng isang pansariling mithiin na gawin ang ganito.

*Pagsasabuhay ng mga Pinahahalagahan*

Ang pinanumbalik na ebanghelyo ay naglalaan ng mga alituntunin at pamantayan na gumagabay sa atin tungo sa kaligayahan at kadakilaan. Samantalahin ang lahat ng pagkakataon na tulungan ang mga kabataan na isagawa ang mga ito para sa kanilang sarili. Hikayatin sila na kusang magsikap para sa kanilang sariling espirituwal na pag-unlad (tingnan sa "Pagtulong sa Bawat Isa na Gawin ang Responsibilidad sa Pag-aaral ng Ebanghelyo," mga pahina 75–77).

*Pakikipagkaibigan sa Ibang Tao na Kaedad Nila*

Ang mga kabataan ay naghahangad na mapabilang sa mga taong kaedad nila at makakuha ng kalakasan mula sa kanila. Mahalaga ang mga papel na ginagampanan ng mga kaibigan sa paghahanda ng isang kabataan para sa panahon ng pagiging nasa wastong gulang. Tumutulong sila na mapunan ang kanyang pangangailangan na matanggap. Siya ay binibigyan nila ng kakayahan na maisagawa ang mga kasanayan sa pakikisalamuha. Nagbibigay sila ng katiyakan na mayroon ding katulad na mga pangangailangan at pakikihamok ang iba, na binabawasan ang nadaramang paghihiwalay sa kanya. Hinahayaan siyang matuto tungkol sa mga damdamin at ideya ng iba. Sinusuportahan nila ang mga nabubuong mga pinahahalagahan. Kapag ang mga kabataan na may matwid na mga pinahahalagahan ay nagsasama-sama, tumutulong sila na maipagsanggalang ang bawat isa mula sa mga pamimilit o panggigipit ng mga may mga naiibang pinahahalagahan. Ang Simbahan ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa paglalaan ng mga pakikisalamuha sa mga kaibigan at nagmamalasakit na matatanda na pinagtitibay ang mabubuting pamumuhay at pinahahalagahan.

### Anu-ano ang Kinakailangan ng mga Kabataan mula sa Matatanda

*Suporta*

Kapag ang mga kabataan ay nakadarama ng init, pagmamahal at suporta mula sa magulang, guro, o ibang matatanda, lumalakas ang loob nila na harapin ang mga hamon ng buhay nang buo ang pag-asa. Tiyakin na nadarama ng mga kabataang tinuturuan ninyo na naririyan lang kayo at interesado sa kanila. Habang iniisip ninyo sila at ang mga bagay na kailangan nilang matutuhan, tanungin ang inyong sarili kung ginagawa ninyo ang lahat ng magagawa ninyo upang matulungan sila na umunlad.

*Mga Pag-asam sa Mabuting Pag-uugali*

Kapag ang mga kabataan ay inaasahang tutugon sa mga pamantayan ng ebanghelyo at susunod sa mga tuntunin, mas malamang na hindi sila kikilos sa mapanganib o lihis na mga paraan. Mabuting sa simula pa lamang ng inyong pagtuturo ay ipaalam na ang mga inaasahan ninyo sa kanila. Alalahanin na hindi sapat ang pakikipagkaibigan sa mga kabataan. Kailangan ninyong maging isang mabuting halimbawa. Kailangan din ninyong ituro ang totoong doktrina at umasa sa mabuting pag-uugali upang malaman nila kung paano mamuhay nang tapat. (Tingnan sa "Ang Kapangyarihan ng Salita," mga pahina 60–62, at sa bahaging pinamagatang "Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral," mga pahina 95–111).

*Paggalang sa Sariling Katangian (Individuality)*

Kapag nadarama ng mga kabataan na sila ay iginagalang at pinakikinggan ng matatanda, waring nakadarama sila ng kapanatagan at hindi na kailangang magpapansin. Gumawa at manalangin upang maunawaan ang mga kabataang tinuturuan ninyo. Kausapin sila nang isa-isa (tingnan sa "Pag-abot sa Bawat Isa," mga pahina 43–44). Tanungin sila tungkol sa kanilang mga interes, libangan, at karanasan sa araw-araw. Makinig sa kanila, at igalang ang kanilang mga ideya, opinyon at damdamin.

*Isang Pagtanaw sa Kanilang Hinaharap*

Habang tinuturuan ninyo ang mga kabataan ng Simbahan, tumutulong kayo na ihanda ang mga pinuno sa hinaharap—mga magulang, pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan, misyonero, at marahil mga propeta. Dahil kulang sa karanasan ang mga kabataan, minsan ay nahihirapan sila na makita ang kabila pa ng kasalukuyang panahon. Bilang guro, mabibigyan ninyo sila ng pagtanaw sa kanilang kinabukasan at patnubay sa paghahanda para dito. Hikayatin sila na ilarawan sa kanilang isipan ang sarili sa hinaharap. Ituro sa kanila ngayon ang mga bagay na kakailanganin nilang malaman sa hinaharap.

*Paghikayat na Maging Kaisa sa Kaharian ng Diyos*

Kahit na madalas na naalala ng mga kabataan ang sarili nila, mayroon din silang malaking kakayahan na alalahanin ang iba. Nababahala sila tungkol sa kalagayan ng lipunan at likas na mapanghawak sa mabubuting simulain. Nais nilang mapabilang sa isang karapat-dapat na simulain. Kapag alam nila na nabibilang sila sa isang grupo na may tunay at makabuluhang layunin, mas malamang na sila ay maging malikhain, makikiisa, at mapagpakasakit. Ang layunin ng pagtatatag ng kaharian ng Diyos ay higit na karapat-dapat ng kanilang katapatan kaysa anupaman. Mahihikayat ninyo ang kanilang mga makasariling hangarin sa pamamagitan ng pagbibigay-inspirasyon sa kanila na tumulong na maitatag ang kaharian ng Diyos.

5

# PAGTUTURO SA MGA KABATAAN SA PAMAMAGITAN NG MGA PANGKATANG GAWAIN



Ang mga gawain ng mga kabataan ay dapat planuhin na nasa isip ang mga layunin ng ebanghelyo. Sa pagdaraos ng mga gawaing ito, dapat kayong maging alisto sa mga pagkakataon na matulungan ang mga kabataan na mapatibay ang kanilang mga patotoo, mapaunlad ang mga talento at kasanayan sa pamumuno, makapaglingkod, at makipagkaibigan sa iba na nakapangako sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong sa mga pinuno, guro, at magulang.

## Magturo sa Pamamagitan ng Pagpapakita ng Halimbawa

Sa pagdaraos ng mga gawain ng mga kabataan, ang inyong halimbawa ang pinakamalakas ninyong kasangkapan sa pagtuturo. Tinuturuan ninyo ang mga kabataan sa pamamagitan ng inyong mga kilos, ng inyong pakikipag-usap sa iba, ng inyong paglutas sa mga problema, ng pananalitang inyong ginagamit, at ng inyong paraan ng paglapit sa iba.

Halimbawa, isang grupo ng mga kabataang babae ang natuto ng aral sa kanilang mga pinuno nang ang pagkakampo ng mga batang babae ay nagkaroon ng ilang nakagugulat na pangyayari. Inakala nila na dadalo sila sa kampo na may mga nakalaang kubo at elektrisidad, at sila nga ay naghanda nang naaayon. Nang dumating sila, gayunman, mga tolda lamang ang naroroon—walang kuryente o iba pang pasilidad. Madali naman sanang magreklamo, subalit ang mga pinuno ng mga Kabataang Babae ay nagbigay halimbawa sa pamamagitan ng pagpiling tawanan na lang ang mga pangyayari at gawin ang pinakamabuti kung ano ang mayroon. Makaraan ang maraming taon, isa sa mga kabataang babae ang muling nakaalaala sa kampong iyon bilang isang mahalagang panahon para sa kanya. Sinabi niya: "Hindi ko kailanman malilimutan ang pag-upo sa ilalim ng isang palumpong kasama ang ilan sa ibang batang babae at isa sa aming mga pinuno. Lahat kami ay nagtatawanan at pinag-iisipan kung paano kami makakaraos sa loob ng susunod na tatlong araw. Nang makita ko ang aking mga pinuno na ginagawa ang pinakamabuti sa mahirap na situwasyon, natutuhan ko ang isang malaking aral tungkol sa masayang-pakikibagay at pagtulong sa iba."

## Planuhin ang mga Pagkakataong Makapagturo

Huwag subuking magdaos ng mga gawain sa mga pormal na klase. Gayunpaman, madalas ay may mga paraan upang itatag ang pagtuturo ng ebanghelyo sa mga gawain.

Halimbawa, nang marinig ng isang tagapayo sa Pagkasaserdoteng Aaron na hinihikayat ni Pangulong Ezra Taft Benson ang mga mag-anak na magbasa araw-araw mula sa Aklat ni Mormon, nakintal sa kanyang isipan ang mga ibinigay na pangako. Masyado siyang naantig ng pangako na pagpapalain ang mga mag-anak ng Espiritu ng Panginoon sa kanilang mga tahanan kung susundin nila ang payong ito (tingnan sa Conference Report, Okt. 1988, 3–4 o *Ensign*, Nob. 1988, 4–6). Muling ginunita ng tagapayo sa Pagkasaserdoteng Aaron na: "Inisip ko, 'Kung ang pangakong iyon ay nauukol sa

mga mag-anak, maiuukol din kaya ito sa aking tropang Iskawt?' Nagpasiya ako na magsisimula kaming magkaroon ng araw-araw na pagbabasa ng banal na kasulatan sa kampo ng Iskawt. Tuwing umaga, bago namin simulan ang araw, magtitipun-tipon kami at magbabasa ng isang kabanata mula sa Aklat ni Mormon. Nagpapatotoo ako na ang pagpapala ni Pangulong Benson ay natupad sa aming tropa. Mula sa araw na nagsimula kaming sama-samang magbasa, hindi kami nagkaroon ng anumang matinding problema sa mga batang lalaki. Umaasa ako na naunawaan nila ang kapangyarihan ng pagsunod sa payo ng propeta."

Ang pinuno ring iyon ay nagpasiya rin na hindi niya kailanman hinahayaang matapos ang isang campfire nang hindi siya nagbibigay ng kanyang patotoo at nanghihikayat ng bawat batang lalaki na maglingkod sa misyon. Makaraan ang maraming taon, ilan sa mga kabataang lalaki na pinaglingkuran niya ang nagpasalamat sa kanya sa kanyang payo sa campfire at sinabi sa kanya na nakaimpluwensiya ito sa kanilang mga desisyon.

### Samantalahin ang mga Hindi Pinlanong Oras ng Pagtuturo

Malimit sa pagdaraos ng mga gawain, magkakaroon kayo ng mga hindi nakaplanong pagkakataon upang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan din sa "Mga Sandali ng Pagtuturo sa Buhay ng Mag-anak," pahina 186–88). Halimbawa, nang bumalik ang grupo galing sa isang mahabang paglalakad isang hapon, napansin nila na nawawala ang dalawang kabataang babae. Kaagad na sama-samang tinawag ng pinuno ang iba. Nakaluhod silang nanalangin at pagkatapos ay nagplano na hanapin ang mga nawawalang babae. Ang naging malaking problema sana ay nalutas nang matagpuan ang mga kabataang babae sa loob ng ilang minuto. Tinawag muli ng pinuno ang lahat nang sama-sama, at nag-alay ng isang taos-pusong panalangin ng pasasalamat. Matapos ang panalangin, ipinahayag ng pinuno ang kanyang pagmamahal sa bawat isa sa mga kabataang babae at nagpatotoo tungkol sa pagiging totoo ng Ama sa Langit at sa Kanyang kahandaang sagutin ang kanilang mga panalangin.

### Gamitin ang mga Gawain Bilang Batayan sa Pagtuturo ng Ebanghelyo

Ang mga gawain ay makalilikha ng mga karanasan kung saan kayo at ang mga tinuturuan ninyo ay maipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Kailanman at naaangkop, magbigay ng oras matapos ang isang gawain na kausapin ang mga kabataan tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo na naisagawa nila. Magagabayan kayo ng mga sumusunod na tanong: Ano? Tapos ano? Ngayon ano?

*Ano?* Ipalarawan sa mga kabataan ang nangyari habang idinaraos ang gawain at ipakuwento ang tungkol sa mga tao at lugar na kasali. Maaari ninyong itanong ang tulad ng "Ano ang pinakamagandang bahagi sa maghapon?" o "Ano ang pinakanakatatawang bagay na nangyari?" o "Ano ang naging mahirap para sa iyo?"

*Tapos ano?* Ipaisip sa mga kalahok ang tungkol sa gawain sa punto ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Maaari ninyong itanong ang tulad ng "Bakit natin ginawa ito?" o "Paano natulungan ng gawain ang isang tao?" o "Ano ang natutuhan ninyo sa gawaing ito?" o "Ano ang naging mahirap o madali para sa inyo?"

*Ngayon ano?* Ipaisip sa mga kabataan kung paano sila maaaring maapektuhan ng gawain sa hinaharap. Ito ay mahalaga dahil tinutulungan sila nito na madamang sila ay nakapangako na ipamuhay ang natutuhan nila. Maaari ninyong itanong ang, "May gagawin ba kayong kakaiba sa hinaharap dahil sa natutuhan ninyo ngayon? Kung oo, ano iyon?" O maaaring ipatapos ninyo sa kanila ang pangungusap na "Sa hinaharap, ako ay . . . "

Maaari ninyong gamitin ang mga tanong na ito bilang batayan sa pagtalakay sa isa o higit pa sa mga sumusunod na paraan:

- Gabayan ang isang di-pormal na usapan habang pauwi mula sa isang kaganapan. Isang grupo ng mga kabataang lalaki at babae ang pauwi na galing sa isang proyektong paglilingkod kung saan nakasama nila ang mga bata sa isang lokal na pagamutan ng mga bata. Kahit marami sa mga kabataan ang ninerbiyos sa simula, lahat ay waring nasiyahan sa maghapon. Habang pauwi sila sa bahay-pulungan, nagsimula silang magkuwentuhan tungkol sa mga batang nakasama nila. Nagkuwento sila ng nakatatawa, magaganda, at malulungkot na bagay. Isa sa mga tagapayo ang nagmamaneho ng kotse. Nakikinig siya, paminsan-minsan ay nagtatanong at hinihikayat ang bawat isa na magsalita tungkol sa nangyari. Di-naglaon ay sinabi niya, "Sa palagay ba ninyo ay may nagawang kaibahan ang ating pagdalaw sa kaninuman sa mga batang iyon?" May bahagyang pag-aatubili, at pagkatapos ay sinabi ng isa, "Sa palagay ko." Ito ay nagbunsod ng patuloy na talakayan. Ang tagapayo ay nagpatuloy sa pakikinig habang nagkukuwentuhan ang mga kabataan kung bakit sila masaya na nakasama sila at kung ano ang gusto nilang gawin sa hinaharap. Ang maikling pag-uusap na ito ay nakatulong sa lahat na higit na maunawaan ang kahulugan ng maghapong karanasan.
- Magplano ng ilang minuto sa pagtatapos ng isang gawain na pag-usapan ang nangyari at ang mga aral na natutuhan dito. Ito ay magagawa sa katapusan ng isang komperensiya ng kabataan, karanasan sa pagkakamping, o paglalakbay sa templo. Magagawa ninyo

ito bago pa man ninyo anyayahan ang mga kabataan na magbahagi ng kanilang mga patotoo.

- Pag-usapan ang nangyari sa gawain sa susunod na pagkikita para sa aralin. Paalalahanan ang mga kabataan sa nadama nila at natutuhan nila mula sa gawain.
- Bago planuhin ng mga kabataan ang susunod nilang gawain, anyayahan silang pag-usapan ang katatapos na gawain. Kung may katagalan na ang panahong nagdaan sa pagitan ng natapos na gawain at ng paguusap tungkol dito, maaaring kailanganin ninyong gumugol nang kaunti pang panahon sa mga tanong na "Ano" na nakalista sa pahinang ito upang maliwanag na maalaala ng lahat ang pangyayari.
- Gamitin ang mga gawain bilang halimbawa kapag nagtuturo kayo ng mga aralin. Sa oras ng mga aralin, kayo o ang mga inatasang kabataan ay maaaring magkuwento tungkol sa mga nagdaang gawain na nauugnay sa mga alituntunin ng ebanghelyo na tinalakay.
- Anyayahan ang mga kabataan na sumulat tungkol sa mga gawain. Maaaring ninyong anyayahan ang mga kabataan na sumulat sa kanilang mga talaarawan tungkol sa isang gawain o sumulat sa mga misyonero kung saan ikukuwento nila ang isang proyektong paglilingkod at kung ano ang natutuhan nila dito

### Mga Gabay at Patakaran sa Pagpaplano ng mga Gawain

Alalahanin na ang mga gawain ay dapat magpalago ng pananampalataya at magbuo ng pagmamahalan. Kabilang sa pinakamagagandang kaloob na maibibigay ninyo sa mga kabataan ay ang mga karanasan kung saan natutuklasan nila na ang ebanghelyo ay naisasabuhay nila.

Para sa mga gabay at patakaran sa pagpaplano ng mga gawain, tingnan sa bahaging"Mga Gawain" ng *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan*.

6

# PAG-UNAWA AT PAGTUTURO SA MATATANDA




Isang tagapayo ng Samahang Damayan ng purok ang malimit na nangailangang pakiusapan ang mga kapatid na babae na humalili sa natawag na mga regular na guro. Bahagya siyang nagulat sa kanilang pag-aatubili nang pakiusapan niya sila. Sinabi nila na sa palagay nila ay kulang ang kanilang kaalaman upang turuan ang napakaraming kababaihan na, natitiyak nila, ay higit ang nalalaman at mas handang magturo kaysa kanila.

Kayo rin ay maaaring nakadama ng kakulangan sa isang tungkulin upang magturo sa matatanda. Maaaring nabahala kayo hindi lamang sa tila nakahihigit na kaalaman at karanasan ng marami sa mga tinuturuan ninyo, kundi tungkol din sa malawak na pagkakaiba sa pagitan nila. Madalas, ang matatandang miyembro ng klase ay nagkakaiba nang malaki sa kanilang mga hanapbuhay, pinag-aralan, karanasan sa Simbahan, hamon sa pamilya, kaalaman sa mga banal na kasulatan, antas ng tiwala sa sarili, at espirituwal na pag-unlad. Ito ay maaaring makahamon upang alamin kung paano maghahanda ng materyal na magiging kawili-wili at makahulugan para sa kanilang lahat. Ngunit magagamit ninyo ang magkakaibang katangian at karanasang ito—ang mismong mga katangian na maaaring nagtulak sa inyo na makadama ng kakulangan—upang mapaganda ang mga araling itinuturo ninyo.

Maaari ninyong mapaunlad ang inyong tungkulin bilang guro sa pamamagitan ng paggamit ng maraming kalakasan ng mga tinuturuan ninyo. Magagamit ninyo ang kanilang mga pananaw at karanasan. Mapaplano ninyo ang mga aralin upang sila ay matuto sa isa't isa. Hindi ninyo kailangang magkaroon ng lahat ng sagot o mabighani ang mga miyembro ng klase sa pamamagitan ng inyong paglalahad; ang mga ito ay hindi hinihingi upang maging isang epektibong guro ng ebanghelyo. Sa halip, kinakailangan ninyong maging mapagkumbaba, masigasig, madasalin, at sabik na ang mga miyembro ng klase ay makapag-ambag sa mga aralin. Habang sumusulong kayo sa ganitong diwa, bibigyan kayo ng Panginoon ng kakayahan na mabaling ang inyong pagkabahala tungkol sa inyong mga kakulangan sa pagtitiwala sa Kanya. Pauunlarin Niya ang inyong mga pagsisikap, bibigyan kayo ng kapayapaan, at uudyukan ang mga tinuturuan ninyo na pagyamanin ang mga talakayan sa klase. Pinagkakalooban tayo ng Panginoon ng isang natatanging dami ng inspirasyon kapag nagtitipun-tipon tayo upang pagaralan ang ebanghelyo.

## Mga pangkaraniwang katangian ng Matatandang Mag-aaral

Habang naghahangad kayong gamitin ang mga kalakasan at pananaw ng matatandang tinuturuan ninyo, alamin ang mga magkakatulad nilang katangian. Karamihan sa matatandang mag-aaral ay nagtataglay ng mga sumusunod na katangian:

### *Kailangan Nilang Madama na Minamahal at Iginagalang Sila at Nakapag-aambag ng Bagay na Mahalaga*

Ang pangangailangan na mahalin at igalang ay hindi nawawala sa pagtanda, ni ang pagnanais na makagawa ng makabuluhang kontribusyon. Ang pagkaunawa sa mga pangangailangang ito ay hihikayat sa inyo na pakinggan at pahalagahan ang mga ideya ng mga tinuturuan ninyo. Buong-paggalang na isaalang-alang ang lahat ng ideya na ibinibigay ng mga miyembro ng klase, at ipahayag ang pasasalamat sa kanilang mga taos-pusong kontribusyon. Pag-ingatan na hindi mapahiya ang sinuman sa klase. Iwasan ang panunuya at pagpapatawang nangmamaliit.

*Nais Nilang Matuto sa Pamamagitan ng Espiritu*

Ang matatanda ay nagdadala sa klase ng mahahalagang mapagkukunan ng mga karanasan. Marami ang natututo sa kanilang buhay ng kapangyarihan ng mga totoong alituntunin, at makapagbibigay sila ng patotoo kung paano sila pinagpala ng ebanghelyo. Dahil sa mga pagsubok at kagalakan na naranasan nila, nadarama nila ang matinding pangangailangang maunawaan ang ebanghelyo at matanggap ang patnubay ng Espiritu.

*Nais Nilang Pag-usapan Kung Paano Nila Ipinamumuhay ang Ebanghelyo*

Ang matatanda ay makapag-aambag ng mga pansariling pananaw na natamo nila sa pamamagitan ng pamumuhay ng kanilang mga paniniwala at pagninilay-nilay ng mga banal na kasulatan. Matuturuan at mapalalakas nila ang isa't isa sa pagbabahagi nila ng mga karanasan. Anyayahan sila na ibahagi ang kanilang mga karanasan sa mga talakayan. Tulungan silang makaunawa at talakayin kung paano makagagawa ng positibong kaibahan ang mga alituntuning pinag-aaralan ninyo sa kani-kanyang buhay at sa buhay ng mga miyembro ng kanilang mag-anak.

*Nais Nilang Mapangasiwaan ang Sarili*

Nais ng matatanda na magkaroon ng responsibilidad sa pag-aaral ng ebanghelyo. Dapat kayong gumamit ng mga pamamaraan sa pagtuturo na tutulong sa kanila na gawin ito (tingnan sa "Pagtulong sa Bawat Isa na Gawin ang Responsibilidad sa Pag-aaral ng Ebanghelyo," mga pahina 75–77). Hikayatin sila na tapusin ang mga takdang-babasahin bilang paghahanda sa mga aralin. Anyayahan sila na pumunta sa klase na nakahandang magtanong at magbahagi ng mga pananaw at karanasan.

Isang guro ng Doktrina ng Ebanghelyo ang palaging nag-aanyaya sa mga miyembro ng klase na gamitin ang unang limang minuto ng klase upang magbahagi ng mga pananaw o inspirasyon na natamo nila sa kanilang pansariling pag-aaral ng banal na kasulatan sa loob ng sanlinggo. Ang mga karanasang ito ay nag-aanyaya sa Espiritu at humikayat sa ibang miyembro ng klase na maging higit na masigasig na mga mag-aaral. Ang mga puna ay malimit na nagbibigay ng mga epektibong pambungad sa mga aralin.

*Nagmamalasakit sila sa Kanilang mga Responsibilidad sa Pamilya*

Nais ng matatanda na makakita ng solusyon sa mga hamong kinakaharap nila sa kanilang mag-anak. Sabik sila na malaman kung paano naisasagawa ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa mga hamong ito, at interesado sila sa mga pananaw at karanasan ng iba. Ang mga talakayan sa ganitong mga paksa ay mabuting paggamit ng oras na ginugugol ninyo sa sama-samang pag-aaral ng ebanghelyo.

Isang tagapagturo sa korum ng mga elder ang nagtuturo ng isang aralin batay sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Binasa ng isang miyembro ng korum ang bahagi ng pagpapahayag, at magpapatuloy na sana sa aralin ang tagapagturo, nang magtaas ng kanyang kamay ang isa pang miyembro ng korum. "May tanong ako," sabi niya. Na binabanggit ang isang parirala mula sa pagpapahayag, nagtanong siya, "Paano natin tuturuan ang ating mga anak 'na mahalin at paglingkuran ang isa't isa'?" Ito ay nagbunsod ng isang mahalagang talakayan kung saan nagbahagi ang mga miyembro ng korum ng mga praktikal na paraan upang isagawa ang alituntunin.

Nagsisimula nating maunawaan ang kahalagahan ng tungkulin na magturo sa mga klase matatanda kapag nakikita natin kung paano ibinabahagi ng matatanda ang natututuhan nila—lalung-lalo na kapag ibinabahagi nila ito sa kanilang mga mag-anak.

Sa isang grupo ng mga mataas na saserdote, nagturo ang tagapagturo ng aralin tungkol sa gawaing misyonero. Bilang bahagi ng aralin, pinamunuan niya ang talakayan tungkol sa pangangailangan para sa matatandang mag-asawa na magmisyon. Marami sa mga kapatid na lalaki ang nakapaglingkod sa mga misyon bilang mga kabataang lalaki o sa pagtanda kasama ang kanilang maybahay, at ang ilan sa kanila ay nagpatotoo sa mga responsibilidad at biyaya ng ganoong paglilingkod.

Isang miyembro ng grupo ng mga mataas na saserdote ang umuwi at nagkuwento sa kanyang maybahay tungkol sa talakayan. Ang dalawa ay nasisiyahan na sa ginagawa nilang kontribusyon sa buhay ng mga miyembro ng kanilang mag-anak. Subalit ang mga salita at diwa ng araling iyon ay nagsimulang umantig sa kanilang mga puso. Makaraan ang wala pang dalawang buwan, nagsalita sila sa pulong-sakramento bago lumisan upang maglingkod sa loob ng 18 buwan sa ibang bansa. Napuno ng damdamin, ipinahayag ng asawang lalaki ang pasasalamat sa tagapagturo sa grupo ng mga mataas na saserdote at sa impluwensiya ng araling iyon sa kanyang desisyon. Sinabi niya na alam niya na ang desisyon na maglingkod sa misyon ay magiging isang pagpapala sa kanyang buhay at sa buhay ng mga miyembro ng kanyang mag-anak.

### Paggawa sa Pagkakaiba-iba ng Bawat Isa


Ang matatanda ay nagkakaiba-iba nang malaki sa kanilang mga karanasan at kakayahan. Ang ilan ay alam na alam ang mga banal na kasulatan, ang ilan ay mabilis sa mga pagsagot; ang ilan ay nangangailangan ng mas mahabang panahon upang pag-isipang mabuti ang tanong;

ang ilan ay nag-aatubili na magkusang magsalita kahit na marami silang masasabi; ang ilan ay nahihirapang bumasa. Sa pag-iisip na mabuti sa mga pagkakaibang ito, makapagpaplano kayo ng mga gawain na makatutulong sa lahat ng mga miyembro ng klase na makilahok.

Higit na mabisa kayong makapagtuturo sa magkakaibang grupo kung makikilala ninyo sila bilang mga indibiduwal at maiaangkop ang inyong pagtuturo sa kanilang mga pangangailangan at interes (tingnan sa "Pag-unawa sa Inyong mga Tinuturuan," mga pahina 41–42). Lalong mahalaga na hikayatin ang pakikilahok ng mga bagong miyembro, di-gaanong-aktibong miyembro, miyembrong bago sa purok, at kabataang nasa wastong gulang na kaaalis pa lamang sa korum ng Pagkasaserdoteng Aaron o klase ng mga Kabataang Babae. Ang mga miyembrong ito ay may mga karanasan at kabatiran, subalit maaaring nag-aatubili sila na ibahagi ang mga ito.

D

# PAGTUTURO SA TAHANAN



# PAGTUTURO SA MAG-ANAK

Turuang lumakad sa liwanag
At manalangin sa king Diyos Ama;
Turuang tama ay matutunan,
Sa 'king buhay, ako'y turuan.

Aking anak, halina't mag-aral
Ng mga kautusan N'yang banal
Nang S'ya'y makapiling nating muli
Sa liwanag, mananatili.

*Mga Himno, blg. 304*

1

# RESPONSIBILIDAD NG MGA MAGULANG SA PAGTUTURO



*Ipinahayag ni Pangulong Boyd K. Packer: "Ang pinakapangunahing layunin ng lahat ng itinuturo natin ay pag-isahin ang mga magulang at anak sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, na maligaya sila sa tahanan, nakabuklod sa isang walang hanggang kasal, nakaugnay sa kanilang mga salinlahi, at nakatitiyak ng kadakilaan sa harap ng ating Ama sa Langit" (sa Conference Report, Abr. 1995, 8; o Ensign, Mayo 1995, 8).*

Ang mag-anak ay inordenan ng Diyos. Ito ay pangunahin sa Kanyang plano. Itinatag Niya ang mga mag-anak upang magdulot ng kaligayahan sa Kanyang mga anak, upang tulungan silang matutuhan ang ebanghelyo sa isang kapaligiran na may pagmamahalan, at upang ihanda sila para sa buhay na walang-hanggan. Ang tahanan ang pinakamahalagang lugar para magturo, matuto, at maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Ang mga magulang ang may pangunahing responsibilidad sa pagtuturo ng ebanghelyo sa kanilang mga anak (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:25–28). Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa ay nagpahayag: "Ang mga magulang ay may sagradong tungkulin na palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang mga pangangailangang pisikal at espirituwal, turuan sila na mahalin at paglingkuran ang isa't isa, na sundin ang mga kautusan ng Diyos at maging mga mamamayang sumusunod sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—mga magulang—ay mananagot sa harap ng Diyos sa pagtupad ng mga tungkuling ito" (Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign*, Nob. 1995, 102).

## Ano ang Dapat Ituro ng mga Magulang sa Kanilang mga Anak

Ang sumusunod ay nagbubuod ng maraming bagay na dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak. Ang mga mapagkukunang materyal na magagamit ninyo sa pagtuturo sa inyong mga anak ay kinakabilangan ng mga banal na kasulatan, mga salita ng mga propeta sa mga huling araw, magasin ng Simbahan, at iba pang materyal na gawa ng Simbahan.

### *Mga Pangunahing Alituntunin ng Ebanghelyo*

Inutusan ng Panginoon ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak "na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang" (Doktrina ag mga Tipan 68:25). Dapat ninyong turuan ang inyong mga anak ng tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, ang katangian ng pagkasaserdote at mga ordenansa ng kaligtasan, at ang pangunahing tungkulin ng mga mag-anak at walang-hanggang kasal sa banal na plano ng kaligayahan.

### *Panalangin*

Iniutos din ng Panginoon sa mga magulang na "tuturuan din nila ang kanilang mga anak na manalangin" (Doktrina at mga Tipan 68:28). Mahalaga para sa mga bata na malaman na maaari nilang makausap ang Ama sa Langit at hangarin ang Kanyang patnubay. Maaari ninyong ituro sa kanila na palaging nakahanda ang Diyos na tulungan sila. Matutulungan ninyo ang inyong mga anak na matutong manalangin nang sarilinan sa umaga, sa gabi, at kailanman na kailangan nila ng tulong o nais magpasalamat. Maituturo rin ninyo ang kahalagahan ng panalanging pangmag-anak.

### *Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan*

Makatatanggap kayo ng mga dakilang pagpapala habang nag-aaral kayo ng

ebanghelyo nang sarilinan at nagdaraos ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw bilang isang mag-anak. Matutulungan ninyo ang inyong mga anak na mahalin ang mga banal na kasulatan at kilalanin ang kapangyarihan ng salita ng Diyos sa kanilang buhay (tingnan sa "Ang Kapangyarihan ng Salita," mga pahina 60–62). Matutulungan ninyo sila na saliksikin ang mga banal na kasulatan upang maunawaan ang mga totoong alituntunin at upang mahanap ang mga sagot sa kanilang mga problema. Matutulungan din ninyo sila na mapaunlad ang mga kasanayan sa pag-aaral at gawi na kailangan upang patuloy na matutuhan ang ebanghelyo sa buong buhay nila (tingnan sa "Pagtulong sa Bawat Isa na Gawin ang Responsibilidad sa Pag-aaral ng Ebanghelyo," mga pahina 75–77).

*Pamumuhay ng Ebanghelyo*

Dapat ninyong turuan ang inyong mga anak na gamitin ang kanilang kalayaan sa pagpili sa mga matwid na paraan—na ipamuhay ang mga turo ng ebanghelyo sa lahat nang ginagawa nila. Tulad ng itinuro ni Haring Benjamin, dapat ninyong turuan ang inyong mga anak "na lumakad sa mga daan ng katotohanan at kahinahunan" at "mahalin ang isa't isa, at paglingkuran ang isa't isa" (Mosias 4:15).

Sa tahanan, dapat matutuhan ng mga bata na panatilihing banal ang araw ng Sabbath, magbayad ng ikapu, at sundin ang mga propeta sa mga huling araw. Dapat nilang matutuhan na hangarin ang lahat ng bagay na "marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13).

*Mga Praktikal na Kasanayan*

Bukod sa pagtuturo ng mga paksang pangdoktrina, dapat ninyong turuan ang inyong mga anak ng mga praktikal na kasanayan tulad ng paano pamahalaan ang salapi, panatilihin ang mabuting kalusugan, makisama sa iba, at pag-ingatan ang kasuotan at ari-arian. Tulungan sila na matutong magpakasipag, mag-aral na mabuti, at maging mabubuting mamamayan.

## Paano Matuturuan ng mga Magulang ang Kanilang mga Anak

Bilang isang magulang, dapat ninyong sikapin na magtatag ng mga kinagawiang pamumuhay ng ebanghelyo sa inyong tahanan (tingnan sa "Pagtuturo sa pamamagitan ng mga Kinagawiang Pamumuhay ng Ebanghelyo," mga pahina 179–81). Araw-araw ay nakalilikha ang mga kinagawiang pamumuhay ng ebanghelyo ng kapaligirang may pananampalataya at pagiging masunurin sa tahanan. Ang kasunod ay ilan sa maraming paraan na matuturuan ninyo ang inyong mga anak.

*Halimbawa*

Ang halimbawa ay maaaring maging pinakamakapangyarihang kasangkapan ninyo sa pagtuturo. Natututo ang mga bata ng mga pagkilos at pag-uugali sa pamamagitan ng pagmamasid sa inyong mga kilos (tingnan sa "Pamumuhay sa Inyong Itinuturo," mga pahina 21–23).

*Mga Palagiang Pagkakataon sa Pagtuturo sa Tahanan*

Ang mga pang-araw-araw na panalangin ng mag-anak at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, gabing pantahanan ng mag-anak, at kahit ang mga kaugalian ng mag-anak ay maitatag ang ebanghelyo sa bawat bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga anak (tingnan sa "Mga Palagiang Pagkakataon sa Pagtuturo sa Tahanan," mga pahina 182–85).

Itinuro ni Elder M. Russel Ballard: "Ang pagmamahal sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo ay lubos na mapagtitibay kapag ang ebanghelyo ay itinuturo at ipinamumuhay sa tahanan. Ang mga totoong alituntunin ng buhay na walang hanggan ay natatanim sa mga puso at kaluluwa ng kapwa bata at matanda kapag ang mga banal na kasulatan ay binabasa at tinatalakay, kapag ang panalangin ay iniaalay araw at gabi, at kapag ang pagpipitagan sa Diyos at pagsunod sa Kanya ay nahuhubog sa pang-araw-araw na pag-uugali" (sa Conference Report, Abr. 1996, 112; o *Ensign*, Mayo 1996, 81).

*Mga Sandali ng Pagtuturo*

Ang ilan sa inyong pinakamagagandang pagkakataon sa pagtuturo ay hindi maipapaplano. Maging alisto sa mga pagkakataon na dumarating sa pagdaraan ng pang-araw-araw na pamumuhay upang turuan ang inyong mga anak ng mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa "Mga Sandali ng Pagtuturo sa Buhay ng Mag-anak," mga pahina 186–88).

## Hindi Kailanman Huli sa mga Magulang na Simulang Turuan ang Kanilang mga Anak

Mahalaga na maitatag ang mga kinagawiang pamumuhay ng ebanghelyo kapag mga bata pa ang mga anak. Tulad ng ipinahayag ni Elder L. Tom Perry, "Napakahalaga na simulan ang pagtuturo ng ebanghelyo sa pinakasimula pa lamang nang tanggapin natin ang bagong munting espiritu sa ating tahanan" (sa Conference Report, Okt. 1988, 87; o *Ensign*, Nob. 1988, 74). Ang mas maliliit na bata ay sabik na sumali sa gabing pantahanan ng mag-anak, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, panalangin, at mga proyektong paglilingkod.

Napuna ni Pangulong Thomas S. Monson: "May mga nagwawalang-bahala sa mga responsibilidad na ito, inaa-

kala na maipagpapaliban ang mga ito hanggang sa lumaki ang bata. Hindi ito ganoon, ang isinisiwalat ng katibayan. Ang pinakamainam na oras sa pagtuturo ay lumilipas" (sa Conference Report, Okt. 1997, 21; o *Ensign*, Nob. 1997, 17).

Gayunman, hindi kailanman huli na simulang ituro ang ebanghelyo sa inyong mga anak—o muling simulan. Ang proseso ng pagtuturo ay maiiba kung ipinagpaliban ninyo ang pagtuturo ng ebanghelyo sa inyong mga anak. Maaaring magkaroon ng mga karagdagang hamon. Subalit pagpapalain kayo ng Panginoon sa inyong mga masigasig na pagsisikap na ituro ang mga totoong alituntunin at itatag ang mabubuting kaugalian sa inyong mag-anak. Kung bago pa lamang kayong nagigising sa mga responsibilidad ng pagiging magulang, magkaroon ng pag-asa. Manalangin, manampalataya, at gawin ang lahat ng makakaya upang maabot ang mga anak ninyo at maimpluwensiyahan sila sa kabutihan.

Ipinaliwanag ni Elder Robert D. Hales, "Walang-alinlangan na magkakamali ang mga magulang sa proseso ng kanilang pagiging magulang, ngunit sa pamamagitan ng kababaang-loob, pananampalataya, panalangin, at pag-aaral, bawat tao ay matututo ng higit na mainam na paraan at sa paggawa nito ay pagpapalain ang buhay ng mga miyembro ng mag-anak ngayon at ituturo ang mga tamang tradisyon para sa mga susunod na salinlahi" (sa Conference Report, Okt. 1993, 10–11; o *Ensign*, Nob. 1993, 10).

2

# MGA AMA BILANG MGA GURO



Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa ay nagpahayag: "Sa banal na plano, pamamahalaan ng mga ama ang kanilang mag-anak sa pagmamahal at kabutihan" (Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign*, Nob. 1995, 102). Ang tungkuling ito ay kinabibilangan ng responsibilidad na ituro ang ebanghelyo.

Isang miyembro ng Simbahan na nasa wastong gulang ang natutuwang nagsalita tungkol sa mga aral sa ebanghelyo na natanggap niya mula sa kanyang ama. Naalaala niya:

"Ang aking ama ay nagtatag ng isang tradisyon sa mag-anak na pag-uukol ng panahon bawat linggo sa kanyang mga anak sa loob ng mga dalawang buwan bago kami sumapit sa walong taong gulang. Nang dumating ang aking pagkakataon, mayroon siyang isang bagung-bagong talaarawan para sa akin, at magkatabi kaming naupo, kaming dalawa lamang, at nag-usap. Tinanong niya ako tungkol sa nadarama ko para kay Jesus, at pagkatapos ay tinalakay namin ang mga alituntunin ng ebanghelyo na inihanda niya.

"Sa loob ng dalawang buwan ay tinuruan niya ako ng simple, magandang ebanghelyo. Pinaguhit niya ako ng isang larawan (visual aid) habang nagpapatuloy kami sa pag-aaral. Ipinakita nito ang buhay bago pa ang buhay sa mundo, ang buhay dito sa lupa, at ang mga hakbang na kailangan kong tahakin upang makabalik na mamuhay kasama ng Ama sa Langit: pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, pagpapabinyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis na may pananampalataya hanggang sa wakas.


"Hindi ko kailanman malilimutan ang pagmamahal na nadama ko sa aking ama habang iniuukol niya ang panahong iyon sa akin. Nagbigay siya ng patotoo sa bawat hakbang ng plano ng kaligtasan at napakatiyaga sa aking mga tanong. Sa palagay ko ito ay isang karanasan na napakamakapangyarihan dahil nagsalita siya ayon sa antas ng aking pang-unawa at nagbigay ng kanyang patotoo sa akin. Naniniwala ako na ang karanasang ito ang isang mahalagang dahilan na mayroon akong patotoo sa ebanghelyo nang ako ay mabinyagan."

Kung minsan ang mga ama ay nagiging masyadong abala sa mga temporal na kapakanan ng kanilang mga mag-anak. Iniiwan ng ilang ama ang lahat ng responsibilidad sa pagtuturo ng ebanghelyo sa mga ina. Hindi ito kailanman dapat mangyari. Sa lahat ng ama, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Sa inyo ang pangunahin at hindi matatalikurang responsibilidad na tumayo bilang ama ng mag-anak. Hindi kaakibat nito ang anumang pagpapahiwatig ng pagiging diktador o di-matwid na pananakop. Dala nito ang kautusan na maglaan ang mga ama para sa mga pangangailangan ng kanilang mag-anak. Ang mga pangangailangang iyon ay higit pa sa pagkain, kasuotan, at matitirahan. Ang mga pangangailangang iyon ay kinabibilangan ng matwid na paggabay at ang pagtuturo, sa pamamagitan ng halimbawa gayundin ng tuntunin, ng mga pangunahing alituntunin ng pagkamatapat, integridad, paglilingkod, paggalang sa mga karapatan ng iba, at pagkaunawa na tayo ang siyang mananagot sa ginagawa natin sa buhay na ito, hindi lamang sa isa't isa kundi sa Diyos ng langit, na siyang ating Amang Walang Hanggan" (sa Conference Report, Okt. 1993, 78–79; o *Ensign*, Nob. 1993, 60).

Si Pangulong Ezra Taft Benson ay nagmungkahi ng "sampung tiyak na paraan na makapagbibigay ang mga ama ng espirituwal na pamumuno sa kanilang mga anak:

"1. Bigyan ng mga pagbabasbas ng ama ang inyong mga anak. Binyagan at pagtibayin ang inyong mga anak. Ordenan ang



inyong mga anak na lalaki sa pagkasaserdote. Ang mga ito ay magiging espirituwal na kaganapan na pinakamakabuluhan sa buhay ng inyong mga anak.

"2. Personal na pamunuan ang mga panalanging pangmag-anak, pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw, at lingguhang gabing pantahanan ng mag-anak. Ang inyong personal na pakikilahok ay magpapakita sa inyong mga anak kung gaano kahalaga talaga ang mga gawaing ito.

"3. Hangga't maaari, sama-samang dumalo sa mga pulong sa Simbahan bilang isang mag-anak. Ang pagsamba ng mag-anak sa ilalim ng inyong pamumuno ay mahalaga sa espirituwal na kapakanan ng inyong mga anak.

"4. Lumabas na kasama ang mga anak na babae at anak na lalaki. Bilang isang mag-anak, pumunta sa pagkakamping at piknik, sa mga paglalaro ng bola at musikal na pagtatanghal, sa mga programa sa paaralan, at iba pa. Ang pagdalo doon ni Tatay ay gumagawa ng kaibahan.

"5. Bumuo ng mga tradisyon ng mga pagbabakasyon at paglalakbay at paglabas-labas ng mag-anak. Ang mga alaalang ito ay hindi kailanman malilimutan ng inyong mga anak.

"6. Magkaroon ng palagiang isahang pakikipag-usap sa inyong mga anak. Hayaang magkuwento sila ng gusto nila sa kanilang paglaki. Turuan sila ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Turuan sila ng mga totoong pinahahalagahan. Sabihin sa kanila na mahal ninyo sila. Ang personal na oras sa inyong mga anak ay nagsasabi sa kanila kung ano ang mga nauunang mahalaga kay Tatay.

"7. Turuan ang inyong mga anak na gumawa, at ipakita sa kanila ang halaga ng paggawa tungo sa isang mahalagang mithiin. Ang pagtatatag ng mga pondo para sa pagmimisyon at pag-aaral para sa inyong mga anak ay nagpapakita sa kanila kung ano ang isinasaalang-alang ni Tatay na mahalaga.

"8. Hikayatin ang mabuting musika at sining at panitikan sa inyong tahanan. Ang mga tahanan na may diwa ng kabutihang-asal at kagandahan ay magpapala sa buhay ng inyong mga anak magpakailanman.

"9. Kung malapit lang ang templo, palagiang dumalo sa templo kasama ang inyong maybahay. Sa gayon, higit na mauunawaan ng inyong mga anak ang kahalagahan ng kasal sa templo at mga pangako sa templo at ang walang hanggang yunit ng mag-anak.

"10. Ipakita sa inyong mga anak ang tuwa at kasiyahan sa paglilingkod sa Simbahan. Ito ay maaaring makahawa sa kanila, kung kaya sila rin ay magnanais na maglingkod sa Simbahan at mamahalin ang kaharian."

Si Pangulong Benson ay nagtapos sa pagsasabing, "Alalahanin ang inyong sagradong tungkulin bilang ama sa Israel—ang inyong pinakamahalagang tungkulin sa panahon at kawalang-hanggan—isang tungkulin na kung saan hindi kayo kailanman maaalis" (sa Conference Report, Okt. 1987, 62–63; o *Ensign*, Nob. 1987, 50–57).

Bilang ama, dapat na palagi ninyong alalahanin ang walang hanggang kahalagahan ng inyong tungkulin. Ang pagiging ama ay isang banal na responsibilidad. Sinabi ni Elder Boyd K. Packer, "Napakadakila ng kahulugan nito na sa lahat ng titulo ng paggalang at pagdakila at paghanga na maibibigay sa kanya, ang Diyos mismo, siya na Kataas-taasan sa lahat, ay piniling matawag lamang bilang Ama" (sa Conference Report, Abr. 1972, 139; o *Ensign*, Hulyo 1972, 113).

3

# MGA INA BILANG MGA GURO



Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa ay nagsabi na "ang mga ina ay pangunahing responsable sa pag-aalaga ng kanilang mga anak" (Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign*, Nob. 1995, 102). Ang gayong pag-aalaga ay kinabibilangan ng pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo.

Buong pagmamahal na naaalaala ni Pangulong Ezra Taft Benson ang turo ng kanyang ina:

"Tandang-tanda ko pa, noong ako'y maliit, na dumarating mula sa bukid at papalapit sa lumang bahay sa sakahan sa Whitney, Idaho. Naririnig ko ang aking ina na inaawit ang 'Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?' (*Mga Himno*).

"Malinaw ko pa siyang naalala na nakatungo sa plantsahan na may mga diyaryo sa sahig, nagpaplantsa ng mahahabang putol ng puting tela, na butil-butil ang pawis sa noo. Nang tanungin ko siya kung ano ang ginagawa niya, sinabi niyang, 'Ang mga ito ay mga damit sa templo, anak ko. Ang ama mo at ako ay pupunta sa templo sa Logan.'

"Pagkatapos ay ipinatong niya sa kalan ang lumang plantsa, humatak ng upuan malapit sa akin, at kinuwentuhan ako tungkol sa gawain sa templo—kung gaano kahalaga na makapunta sa templo at makilahok sa mga sagradong ordenansa na isinasagawa roon. Ipinahayag din niya ang kanyang malaking pag-asa na balang-araw ang kanyang mga anak at apo at kaapuapuhan ay magkakaroon ng pagkakataon na matamasa ang mga walang-kasinghalaga na biyayang ito" ("What I Hope You Will Teach Your Children About the Temple," *Ensign*, Ago. 1985, 8).

Hinggil sa kahalagahan ng pagtuturo ng ebanghelyo ng mga ina sa kanilang mga anak, sinabi ni Pangulong Benson: "Mga ina, kayo ang pinakamagaling na guro ng inyong mga anak. . . . Turuan ang inyong mga anak ng ebanghelyo sa inyong sariling tahanan, sa inyong sariling fireside. Ito ang pinakamabisang pagtuturo na kailanman ay matatanggap ng inyong mga anak. Ito ang paraan ng pagtuturo ng Panginoon. Hindi makapagtuturo ang Simbahan nang tulad ng kaya ninyo. Hindi ang paaralan. Hindi ang sentro sa pag-aalaga ng mga bata. Subalit kayo ang makapagtuturo, at aalalayan kayo ng Panginoon. Maalaala ng inyong mga anak ang mga itinuro ninyo magpakailanman, at kapag sila ay matatanda na, hindi nila tatalikdan ang mga ito. Tatawagin nila kayong pinagpala—ang kanilang inang tunay na anghel" (*To the Mothers in Zion* [polyeto, 1987], 10–11).

Bilang ina, nagtuturo kayo sa maraming paraan. Minsan ay pinaplano ninyo ang mga pagkakataon sa pagtuturo, subalit maraming pagkakataon sa pagtuturo na kusang nangyayari sa normal na takbo ng buhay ng mag-anak (tingnan sa "Mga Sandali ng Pagtuturo sa Buhay ng Mag-anak," mga pahina 186–88). Minsan ay nagtuturo kayo sa pamamagitan ng halimbawa, minsan ay sa pamamagitan ng tuntunin. Minsan ay nagtuturo kayo sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga kinagawiang pamumuhay ng ebanghelyo sa tahanan at kung minsan sa pamamagitan lamang ng pagbibigay ng oras upang mag-ukol ng pansin at magpakita ng pagmamahal. Si Pangulong Benson ay nagbigay ng 10 mungkahi na makatutulong sa inyo sa pagtuturo ng inyong mga anak. Bawat isa sa mga ito ay nagbibigay-diin sa pagkakaroon ng panahon:

"Palaging magkaroon ng panahon upang tulungan ang inyong mga anak sa maseselang desisyon at tamang pagpili habang tumatahak sila sa landas ng buhay . . . anuman ang kanilang edad. . . .



" . . . Magkaroon ng panahon na maging tunay na kaibigan sa inyong mga anak. . . .

" . . . Magkaroon ng panahon na basahan ang inyong mga anak. . . .

" . . . Magkaroon ng panahon na manalangin kasama ng inyong mga anak. . . .

" . . . Magkaroon ng panahon sa isang makabuluhang linggu-linggo gabing pantahanan. . . . Gawin itong isa sa inyong mahahalagang tradisyon ng mag-anak. . . .

" . . . Magkaroon ng panahon na magkasama-sama sa mga oras ng pagkain nang malimit hanggat maaari. . . .

" . . . Magkaroon ng panahon na basahin nang magkakasama bilang isang mag-anak ang mga banal na kasulatan. . . .

" . . . Magkaroon ng panahon na magkakasamang gumawa ng mga bagay-bagay bilang isang mag-anak. . . .

" . . . Magkaroon ng panahon na turuan ang inyong mga anak. Alamin at gamitin ang mga sandali ng pagtuturo. . . .

" . . . Magkaroon ng panahon na tunay na mahalin ang inyong mga anak. Ang walang-pasubaling pagmamahal ng isang ina ay halos katulad ng pag-ibig ni Cristo (*To the Mothes in Zion*, 8–12).

Ang mga responsibilidad ng pagiging ina ay maaaring waring hindi makakayanan. Mahalaga na alalahanin na hindi inaasahan ng Panginoon na maging perpekto ang mga ina o makamit ang isang hindi makatotohanang huwarang pamantayan sa pangangasiwa ng tahanan. Gayunman inaasahan Niya na kikilalanin at igagalang nila ang kanilang banal na tungkulin at mapagpakumbabang gagawin ang kanilang pinakamabuting magagawa.

Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland sa mga ina sa Simbahan: "Sa inyo ang dakilang tradisyon ni Eva, ang ina ng lahat ng mag-anak ng tao. . . . Sa inyo ang dakilang tradisyon nina Sara, Rebecca at Raquel, na kung wala sila ay wala rin ang mga kahanga-hangang pangako ng patriyarka kina Abraham, Isaac, at Jacob na nagpapala sa ating lahat. Sa inyo ang dakilang tradisyon nina Loida at Eunice at ng mga ina ng 2,000 kabataang mandirigma. Sa inyo ang dakilang tradisyon ni Maria, hinirang at naordenan noon pa bago pa man ang mundong ito, na ipaglihi, dalhin, at isilang ang Mismong Anak ng Diyos. Pinasasalamatan namin kayong lahat, kabilang ang sarili naming ina, at sinasabi sa inyo na walang anumang mas mahalaga sa daigdig na ito kaysa pinakatuwirang pakikibahagi sa gawain at kaluwalhatian ng Diyos, sa pagsasa-

katuparan ng mortalidad at buhay sa lupa ng Kanyang mga anak, upang ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ay makarating sa makalangit na mga kaharian sa kaitaasan" (sa Conference Report, Abr. 1997, 48; o *Ensign*, Mayo 1997, 36).

"Si Pangulong Gordon B. Hinckley ay nagsalita tungkol sa dakilang biyaya ng pagiging ina:

"Hayaang matanto ng bawat ina na wala na siyang higit na dakilang biyaya kaysa mga anak na dumating sa kanya bilang kaloob mula sa Pinakamakapangyarihan; na wala na siyang higit na dakilang misyon kaysa pagpapalaki sa kanila sa liwanag at katotohanan, sa pag-unawa at pagmamahal. . . .

"Pinaaalalahanan ko ang mga ina sa lahat ng dako sa kabanalan ng inyong tungkulin. Walang sinumang makahahalili sa inyo nang lubos. Walang responsibilidad ang hihigit, walang tungkulin ang higit na may-bisa kaysa sa pagpapalaki sa pagmamahal at kapayapaan at integridad ng mga isinilang ninyo sa daigdig" (sa Conference Report, Okt. 1993, 79; o *Ensign*, Nob. 1993, 60).

4

# PAGIGING MAGKATUWANG NG MGA MAGULANG SA PAGTUTURO



Ipinaliliwanag sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa na ang mga ama at ina "ay inuubliga na tulungan ang isa't isa bilang mag-asawang may pantay na karapatan" (*Ensign*, Nob. 1995, 102). Ang pagiging magkatuwang na ito ay lalong kinakailangan sa banal na responsibilidad ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak.

Sa talumpati sa pangkalahatang kompe-rensiya, binasa ni Pangulong Boyd K. Packer ang Doktrina at mga Tipan 27:15, 17: "Pasiglahin ang inyong mga puso at magalak, at bigkisan ang inyong mga balakang, at magsuot kayo ng aking buong baluti, upang inyong mapaglabanan ang araw ng kasamaan, . . . taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya at sa pamamagitan nito ay masusubuhan ninyo ang lahat ng nag-aapoy na sibat ng masama." Matapos basahin ang talatang ito, ipinaliwanag ni Pangulong Packer ang kahalagahan ng pagtutulungan ng mga ina at ama upang matulungan ang kanilang mga anak na dalhin ang "kalasag ng pananampalataya":

"Ang kalasag ng pananampalatayang iyon ay hindi ginagawa sa pabrika kundi sa tahanan sa negosyong pinatatakbo ng mga miyembro ng mag-anak. . . .

" . . . Hinihing ng plano ng ating Ama na, tulad ng paglikha ng buhay mismo, gawin at iakma ang kalasag ng pananampalataya sa mag-anak. Walang dalawang tao ang magiging lubos na magkatulad. Bawat isa ay kailangang hubugin ayon sa kani-kanyang mga detalye.

"Ipinanukala ang plano na ginawa ng Ama na ang lalaki at babae, ang mag-asawa, sa paggawa nang magkasama ay maiaakma sa bawat bata ang kalasag ng pananampalataya na ginawa upang maihibilya nang napakahigpit na hindi maaaring matanggal o mapasok ng mga nagbabagang panang ito.

"Kinakailangan ang matatag na lakas ng isang ama upang hubugin ang bakal at ang magigiliw na kamay ng isang ina upang pakintabin at iakma ito. Kung minsan naiiwan ang isang magulang na gawin ito nang nag-iisa. Mahirap, subalit maaaring magawa ito.

"Sa Simbahan maituturo natin ang tungkol sa mga materyal kung saan ay ginawa ang kalasag ng pananampalataya: pagpipitagan, katapangan, kalinisang-puri, pagsisisi, kapatawaran, awa. Sa simbahan matututuhan natin kung paano buuin at magkakasamang iakma ang mga ito. Subalit ang tunay na paggawa at pag-aakma ng kalasag ng pananampalataya ay nasa mag-anak. Kung hindi, maaari itong lumuwag at matanggal sa panahon ng krisis" (sa Conference Report, Abr. 1995, 8; o *Ensign*, Mayo 1995, 8).

Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa mga magulang na makapagbuo ng higit na mabisang pagiging-magkatuwang sa pagtuturo.

### Pagkakaroon ng Panahon na Magkasamang Magplano

Bilang mga magulang, dapat kayong mag-ukol ng tiyak na panahon upang talakayin ang mga pangangailangan ng inyong mga anak at planuhin kung paano tutugunan ang mga pangangailangang iyon. Isang mag-asawang abala ang nakatuklas na ang pagdaraos ng lingguhang



pagpaplano nang magkasama ay naging isa sa pinakamahahalagang bagay na nagawa nila bilang mga magulang. Sinabi nila:

"Bagaman inabot kami ng halos isang taon upang makagawian ang lingguhang pagpaplano, naiisip namin ngayon kung paano kami makapagpapatuloy nang wala ito. Tinutulungan kami nito na magkaroon ng higit na interes sa ginagawa ng iba. Tinutulungan kami nito na matanto kung gaano kami kahalaga sa isa't isa at sa aming mga anak. Binibigyan kami nito ng panahon na tingnan ang aming sarili at ang aming mga anak at pagpasiyahan ang gagawin upang matugunan ang aming mga suliranin. Pinaplano rin namin ang aming mga pagdideyt, natatanging panahon sa mga anak, mga detalye para sa mga gabing pantahanan ng mag-anak at Panlinggong mga gawain. Karaniwang inaabot ito ng 30 minuto, paminsan-minsan ay mas matagal kung may malalaking pangyayari o di-karaniwang problema na kailangang pag-usapan pa."

Sa pagpaplano ninyo ng mga paraan upang maturuan ang inyong mga anak, isaalang-alang nang may panalangin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang dapat mangyari sa buhay ng ating mga anak bilang resulta ng ating pagtuturo?
- Alin-aling tiyak na alituntunin ng ebanghelyo ang dapat nating ituro upang maisakatuparan ito?

Paano natin dapat ituro ang mga alituntuning ito?

Matatagpuan ang mga mungkahi sa paggamit ng mga tanong na ito sa "Paghahanda ng mga Aralin," mga pahina 127–29, at "Paglikha ng mga Aralin mula sa mga Talumpati sa Komperensiya at sa Iba pang Mapagkukunang Materyal," mga pahina 130–31.

## Ang Kahalagahan ng Pagkakaisa sa Pagtuturo ng mga Anak

Kapag ang mga ama at ina ay nagkakapanahon na sumangguni sa isa't isa, mas malamang na magkaisa sila sa pagtuturo sa kanilang mga anak, maging sa hindi mga nakaplanong sandali ng pagtuturo na nangyayari sa karaniwang takbo ng buhay ng mag-anak. Ang ganoong pagkakaisa ay mahalaga sapagkat iilang bagay ang higit na nakalilito sa mga anak kaysa magkakasalungat na mensahe mula sa dalawang tao na pinakamamahal at pinakaiginagalang nila.

Ibinahagi ng isang mag-asawa ang sumusunod na kuwento tungkol sa karanasan sa kanilang anak na lalaki:

Ang anim-na-taong-gulang na si Mike ay nagtrabaho nang husto sa halos buong tag-araw sa paggawa ng dagdag na gawain sa tahanan at sa mga kapitbahay upang kumita ng pera na gagastahin kapag ang mag-anak ay magbabakasyon. Ito ay isang mahabang paglalakbay, at sinabi ng kanyang ina na kung gusto niya ng anumang pagkain o *souvenir* sa daranaan, siya mismo ang kailangang bumili ng mga bagay na iyon. Kahit na pinagsasabihan siya ng kanyang ina halos araw-araw na ilagay ang kanyang pera sa ligtas na lugar, gusto ni Mike na ang pakiramdam na may pera ang kanyang bulsa. Palagi niya itong dala saanman siya naroroon. Ilang ulit sa maghapon na inilalabas niya ito at binibilang o ipinakikita sa kanyang mga kaibigan.

Isang araw bago ang paglalakbay, natuklasan ni Mike na ang pera niya ay nahulog mula sa kanyang bulsa. Malungkot na malungkot at umiiyak, lumapit siya sa kanyang ina. Naawa ang kanyang ina, at tinulungan nito si Mike na maghanap sa lahat ng lugar na maisip nila, ngunit walang perang matagpuan. "Nalulungkot ako sa pagkawala ng pera mo," ang sabi niya. Iniiwasan niyang banggitin na binigyang-babala niya ito nang maraming beses, subalit iniwasan din niya ang tukso na gawing madali ang lahat ng bagay para sa kanyang anak. Sa kabuuan, naisip niya, ang paglalaro ng pera araw-araw sa kabila ng kanyang mga pagpapaalaala ang kanyang pinili.

Isang malungkot na munting Mike ang nakaupo sa unahang baitang nang dumating ang kanyang ama sa bahay. Matapos na marinig ang malungkot na kuwento, dumukot sa bulsa ang ama ni Mike, hinugot ang hustong halaga na naiwala ni Mike, at ibinigay ito sa kanya. Nang makita ng ama ang pagkagulat sa mukha ng asawa niya, nagwika siya, "Ito ay kaunting pera lamang. Anong masama?"

Sa pagsasaalang-alang sa kuwentong ito, maitatanong natin kung sinong magulang ang tama. Subalit maaaring hindi iyon ang pinakamabuting tanong. Maaaring mas mabuting itanong kung paano sana naging mas nagkakaisa ang mga magulang ni Mike sa paraan nila ng paghawak sa situwasyon. Sinangguni sana nila ang isa't isa, na isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ni Mike.

Tinanong sana nila ang kanilang sarili, "Ano ang nais naming mangyari sa buhay ni Mike bilang resulta ng situwasyong ito? Kailangan ba niyang matuto ng mas mabigat na responsibilidad? Kailangan ba niyang madama ang higit na pagdamay at pag-unawa mula sa kanyang mga magulang? Kailangan ba niyang matuto na huwag magyabang sa harap ng kanyang mga kaibigan? Kailangan ba niyang matutuhan ang kahalagahan ng pagsunod sa mga tuntunin ng mag-anak? " Ito sana ay nakatulong sa kanila na malaman kung ano ang ituturo sa kanilang anak at paano ituturo ito.

Kung nakapag-ukol sana ng panahon ang mga magulang ni Mike na magkaisa sa kanilang pagtalakay sa situwasyong ito, nakahanap sana sila ng mabuting paraan na palitan ang nawalang pera ni Mike o hindi. Sa halip, tumugon sila sa mga paraang nagturo ng mga magkasalungat na aral.

Sa inyong paggawa nang magkasama bilang mga magulang, maaari kayong magkaisa sa pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa inyong mga anak.

5

# PAGTUTURO SA PAMAMAGITAN NG MGA KINAGAWIANG PAMUMUHAY NG EBANGHELYO



Isa sa mga paraan na tinuturuan tayo ng Panginoon ay sa pamamagitan ng paggabay sa atin na magtatag ng marangal, may mga pagsambang kinagawiang pamumuhay. Inuutusan Niya tayo na manalangin at magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw, nang sarilinan at bilang mag-anak. Inuutusan Niya tayo na dumalo sa Simbahan at makibahagi sa sakramento linggu-linggo, dumalo sa templo nang kasindalas nang makakakaya natin, at mag-ayuno at magbayad ng mga handog-ayuno buwan-buwan. Ang mga kinagawiang pamumuhay na ito ay nagpapakita sa atin ng daan na dapat nating tahakin bilang Kanyang mga disipulo.

Ang mga bata ay natututong mamuhay bilang mga disipulo ng Tagapagligtas kapag sumasama sila sa kanilang mag-anak, mula sa pagkabata hanggang paglaki, sa pag-uulit ng mga kinagawiang pagsamba, paglilingkod , pag-aaral, at paggawa na inordena Niya. Kung ang mag-anak ay hindi nabubuhay sa mga kinagawiang ito, ang pagiging epektibo ng pormal na pagtuturo ng ebanghelyo ng mga magulang ay malilimitahan. Kung ang pamumuhay ng mga magulang ay hindi naaayon sa kanilang sinasabi, mangyayaring higit na susundin ng mga anak ang ginagawa kaysa sinasabi ng mga magulang. Subalit kung ang mga magulang ay madalas na nangungusap tungkol sa Tagapagligtas at itinatatag ang Kanyang mga paraan bilang kinagawian ng kanilang mag-anak, matuturuan nila ang kanilang mga anak "sa pag-aalaga at pagpapayo ng Panginoon," tulad ng sinabi ni Enos na itinuro sa kanya ng kanyang ama (Enos 1:1).

Ipinahayag ni Pangulong Brigham Young: "Sa bawat bansa, pamayanan, at mag-anak, may mga kakaibang tradisyon, at ang bata ay tinuruan ng mga ito. Kung ang batas ni Cristo ang magiging tradisyon ng mga taong ito, ang mga bata ay mapalalaki ayon sa batas ng kahariang selestiyal. . . . Ang mga anak, kung gayon, ay mapalalaki sa ilalim ng mga kaugalian ng kanilang mga ama, upang gawin ang tama, at umiwas sa lahat ng masama" (sa *Journal of Discourses*, 3:327).

Ang ating mga anak ay "pinalalaki ayon sa batas ng kahariang selestiyal" habang itinatatag natin ang mga kinagawiang pamumuhay ng ebanghelyo sa ating mga tahanan.

### Mga Tiyak na Bagay na Magagawa Natin upang Maitatag ang mga Kinagawian ng Pagiging Disipulo

Tayo ay may tungkulin na matapat na piliin at paunlarin ang mga kinagawiang pamumuhay ng ebanghelyo. Halimbawa, mapipili natin ang sining, musika, at panitikan na tutulong sa ating mga anak na magkaroon ng pagkiling sa nagbibigay-sigla at nagpapakita ng magandang halimbawa. Tayo ay makapaglilingkod sa Simbahan at pamayanan nang magkakasama. Makapipili tayo ng desenteng kasuotan para sa ating mga sarili at matutulungan ang ating mga anak na gawin ang gayon din. Sama-sama nating mapag-aaralan ang mga banal na kasulatan at maidaraos ang gabing pantahanan ng mag-anak.

Maisusulong natin ang isang mapitagang saloobin sa Sabbath na makakaimpluwensiya sa damdamin ng mga anak sa pagpapanatili nitong banal na araw.

Ang isa sa pinakamabibisang paraan na maitatag ang matwid na mga kinagawiang pamumuhay ay ang lumikha at magpanatili ng mga tradisyon ng mag-anak. Ang mga anak ay nakadarama ng katiyakan sa pagkaalam na anuman ang mangyari sa kanilang buhay, ang ilang kaganapan sa kanilang mag-anak ay mananatiling gayon din. Ipinayo ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Magsulong ng mga kahanga-hangang tradisyon ng mag-anak na sama-samang magbubuklod sa inyo sa walang hanggan. Sa paggawa nito, makalilikha tayo ng maliit na bahagi ng langit dito mismo sa lupa sa loob ng kani-kanyang mag-anak. Mangyari pa, ang kawalang-hanggan ay magiging walang iba kundi isang pagpapatuloy ng matwid na buhay ng mag-anak" (sa Conference Report, Okt. 1989,4; *Ensign*, Nob. 1989, 5).

Maraming tradisyon ng mag-anak ang maaaring masentro sa ebanghelyo. Halimbawa, sa ilang mag-anak, ang mga anak ay tumatanggap ng bagong kopya ng Aklat ni Mormon sa ikawalong kaarawan nila. Ang ilang mag-anak ay nagdiriwang ng Pasko sa pamamagitan ng pagsasadula ng mga kaganapang nakapalibot sa pagsilang ng Tagapagligtas. Sa ilang mag-anak, ang ama ay nagbibigay ng basbas ng pagkasaserdote sa bawat anak sa simula ng bagong taon ng pag-aaral. May mga mag-anak na nagkakaroon ng mga taunang muling pagtitipun-tipon o sama-samang nagkikita-kita sa mga pista at pagbabasbas ng bata. Ang mga tradisyong ito na hinihintay-hintay at minamahal ay nagpapatibay ng mga mag-anak at ng bawat isa habang sila ay nagagalak sa pag-uulit ng kaganapang pamilyar at malimit ay sagrado. Ang mga tradisyon ay nakapagpapaalaala sa mga miyembro ng mag-anak ng kanilang paraan ng pamumuhay bilang mga disipulo ni Cristo, at madalas na nakapagbibigay ang mga ito ng mga pagkakataon sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo.

### Pagbabago sa mga Inaayawang Kinagawian sa Ating Mag-anak

Maaari nating mabago ang mga inaayawang kinagawian sa ating mag-anak. Kung tayo ay nagmumula sa isang di-gaanong-aktibong mag-anak, mababago natin ang kaugaliang iyon sa ating sariling buhay at magsikap na palagiang dumalo sa mga pulong ng simbahan. Kung napintasan natin ang mga pinuno sa Simbahan o narinig na ginagawa ito ng ating mga magulang, mapipili natin mula ngayon na sang-ayunan ang ating mga pinuno sa pamamagitan ng ating pananalita at pagkilos. Ang ganoong mga pagbabago sa paraan ng ating pamumuhay ay magbibigay sa ating mga anak ng mas mabuting kinagawiang tutularan.

Isang miyembro ng Simbahan ang nagbahagi ng sumusunod na kuwento:

"Ang aking asawang si Roger ay lumaki sa isang tahanan na walang mga kinagawiang pamumuhay ng ebanghelyo. Ang kanyang ama ay nagumon sa alak; at ang mag-anak ay nagdusa dahil dito. Ang kanyang ina ay nagsikap na maging aktibo sa Simbahan, subalit iba ang gustong ipagawa ng kanyang ama sa mag-anak kung araw ng Linggo. Si Roger ay naging napakaaktibo kasama ng mga kaibigan bilang tinedyer, at nang matamo niya ang sarili niyang patotoo sa ebanghelyo, nagsimula siyang mag-ingat ng isang tanging kuwaderno ng mga gusto niyang magkaroon sa sarili niyang mag-anak kapag siya ay nag-asawa. Humigit-kumulang ay 17 siya noong panahong iyon. Mayroon siyang isang bahagi sa kuwaderno sa gagawin niya sa kanyang mga anak, isa para sa ano ang nais niya sa isang maybahay, isa para sa nais niyang maging bahay niya, at isa para sa uri ng trabaho na paghahandaan niya. Isinulat niya roon ang lahat ng kanyang ideya, at isinama rin niya ang mga lathalain na nakita niya na makatutulong. Ilan sa mga isinulat niya ay natutuhan niya mula sa mga negatibong halimbawa ng mag-anak na kinalakihan niya; itinuro nito sa kanya kung ano ang ayaw niyang mangyari sa kanyang sariling mag-anak. Ang kanyang ama ay lubhang tumutol sa kanyang gawain sa Simbahan kung kaya't kinailangan niyang umalis, at siya ay nakitira sa isang relihiyosong mag-anak na hinangaan niya, bagaman hindi sila mga miyembro ng Simbahan. Mula sa kanila ay nakakuha siya ng ibang ideya tungkol sa kanyang magiging mag-anak. Kaya kahit na sa murang edad na iyon, nais niyang maging taong bumago sa kanyang henerasyon mula sa isang magulong nakaraan tungo sa higit na pinagpalang hinaharap.

"Nang kami ay magkasundong magpakasal ipinakita niya sa akin ang kuwaderno, at tinalakay namin ang mga ideya at pinaunlad namin ang mga ito hanggang sa magkaisa ang aming mga mithiin ng kung ano ang nais namin sa aming mag-anak. Natatandaan ko ang unang bagay na pinagsikapan namin ay panalangin. Tinuruan namin ang aming mga anak na manalangin mula sa panahon na sila ay napakaliliit pa, upang ito ay maging isang kaugalian ng itinanim nang malalim na hindi nila iisiping balewalain. Napagpasiyahan namin na ang ikapu ay hindi kailanman magiging suliranin. Matapat kaming nagdaos ng mga gabing pantahanan ng mag-anak. Itinatag namin ang tradisyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan tuwing umaga. Sa simula ay nahirapan kami sa pagbabasa ng ilang bilang ng talata sa bawat oras, subalit

pagkatapos napagtanto namin na ang naging talakayan namin kapag nagtatanong ang mga bata ay higit na mahalaga kaysa sa mahigpit na pagsunod sa isang iskedyul. Sa nagdaang ilang taon nagdagdag kami ng pag-awit ng himno pagkatapos na pagkatapos ng panimulang panalangin kasama ang lahat ng talata. Ito ang gumigising sa amin at nagdadala ng magandang diwa. Ang mga ito ay iilan lamang sa tradisyon kung saan nakatatag ang aming mag-anak.

"Namangha ako na ang aking asawa ay nagpasiya na magtatag ng mga matwid na tradisyon sa kanyang sariling mag-anak noong siya ay napakabata pa at may ganoong kasamang halimbawa na tutularan. Namamangha rin ako at nagpapasalamat na siya ay lubos na nagpunyagi na makipagtulungan upang maituro ang mga ito sa aming mag-anak, nang ang lahat ay sa pamamagitan ng paggawa lamang ng mga ito nang may pananampalataya."

6

# MGA PALAGIANG PAGKAKATAON SA PAGTUTURO SA TAHANAN



Bilang mga magulang, dapat ninyong hangarin na magtatag ng regular na mga pagkakataon sa pagtuturo ng ebanghelyo sa tahanan. Kapag ginagawa ninyo ito, ang mga anak ninyo ay palagiang tumatanggap ng mga turo ng ebanghelyo na maipamumuhay nila at nagiging pundasyon para sa kanila. Namamasdan nila sa inyong mga kilos na ang paniniwala sa ebanghelyo ay nangangahulugang nagagabayan nito sa bawat aspeto ng buhay.

Ang mga sumusunod na ideya ay makatutulong sa inyo na maitatag ang mga palagiang pagkakataon sa pagtuturo ng ebanghelyo sa inyong mga anak.

### Panalangin ng Pamilya

Iniutos ng Tagapagligtas, "Manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama, lagi sa aking pangalan, nang ang inyong mga asawa at inyong mga anak ay pagpalain" (3 Nephi 18:21).

Ang mga panalangin ng pamilya ang pinakamabubuting pagkakataon upang ipakita sa mga anak kung paano manalangin. Habang pinagmamasdan kayo ng inyong mga anak na taimtim na nakikipag-usap sa inyong Ama sa Langit, makikita nila ang inyong pananampalataya at mga matwid na hangarin. Matututo sila na "makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng [kanilang] mga gawain" nang sa gayon Kanyang "gagabayan [kayo] sa kabutihan" (Alma 37:37).

Habang kayo ay nananalangin, dapat ninyong gamitin ang mga salitang *Inyo*, *Kayo*, sa halip na *ikaw* at *iyo*. Ang halimbawang ito ay tutulong sa inyong mga anak na matutuhan ang pananalita ng panalangin, na nagpapahayag ng pagmamahal at pagpipitagan sa Ama sa Langit.

Maraming matututuhan ang mga anak sa ebanghelyo kapag naririnig nila ang ibang miyembro ng mag-anak na nananalangin. Natututuhan nila ang pangangailangan sa pagsisisi kapag naririnig nila ang iba na humihingi ng kapatawaran. Natututo sila ng pasasalamat kapag naririnig nila ang iba na pinasasalamatan ang Ama sa Langit sa kanilang mga biyaya. Natututo sila ng pananampalataya, pagpapakumbaba, at pagsunod habang nakikita nila ang kanilang mga magulang na patuloy na naghahangad ng patnubay. Natututo sila na ikarangal at igalang ang mga pinuno ng Simbahan habang ang mga miyembro ng pamilya ay nananalangin para sa kanila bawat araw. Magkakaroon sila ng pagnanais na magmisyon at tanggapin ang mga biyaya sa templo habang hinihiling ng mga magulang sa Ama sa Langit na tulungan ang kanilang mga anak na gumawa ng mga pagpili na magpapanatili sa kanila na karapat-dapat na tumanggap ng mga biyayang ito.

Natututo ang mga anak na magkaroon ng pagmamahal at pagmamalasakit sa iba habang naririnig nila ang mga miyembro ng mag-anak na nananalangin para sa ibang tao. At nakadarama ang mga anak ng matinding pagmamahal kapag naririnig nila ang mga miyembro ng mag-anak na nananalangin para sa kanila.

Bawat miyembro ng pamilya ay dapat mabigyan ng pagkakataon na mamuno sa panalanging ng mag-anak. Ang maliliit na anak ay magkakaroon ng kanilang pagkakataon nang tinutulungan.



*Dahil ang mag-anak ang pinakamahalagang kaayusan sa pagkatuto ng ebanghelyo, naaangkop para sa mga miyembro ng mag-anak na ibahagi at talakayin sa isa't isa ang mga katotohanan na natututuhan nila sa mga pulong, klase, at mga gawain sa Simbahan. Pinahihintulutan kayo nito bilang mga magulang na malaman ang natututuhan sa ebanghelyo ng inyong mga anak, ginagampanan ang inyong makatwirang tungkulin bilang ang mga may lubos na pananagutan na magturo sa inyong mga anak.*

*Karamihan sa mga palagiang pagkakataon sa pagtuturo sa mag-anak ay naglalaan ng magagandang pagkakataon upang tanungin ang mga anak tungkol sa natutuhan nila sa simbahan. Dapat kayong magtanong upang hikayatin ang mga bata na maalaala ang lahat sa abot ng makakaya nila, kabilang ang mga kuwento at tiyak na detalye. Gawin ang lahat ng makakaya ninyo upang mahikayat ang lahat ng miyembro ng mag-anak na talakayin ang naibahagi sa kanila (tingnan sa "Pamumuno ng mga Talakayan," mga pahina 78–81].*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan ng Mag-anak

Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw ay isa pang mabisang paraan upang turuan ng ebanghelyo ang mga anak. Kailanman at maaari, ang mga mag-anak ay dapat na sama-samang nagbabasa sa regular na oras araw-araw. Para sa ilan, ito ay pinakamadaling gawin sa umaga. Para sa iba, ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay pinakamabuting gawin bago matulog. Bagaman minsan ay mahirap na ilahok ang mga miyembro ng mag-anak, pagpapalain ang inyong mga palagiang pagsisikap na pag-aralan ang salita ng Diyos ang buhay ng inyong mga anak. Matutuhan ng inyong mga anak ang katotohanan ng turo ni Nephi: "Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:3).

Habang nagbabasa ng mga banal na kasulatan ang mga anak kasama ng mga miyembro ng kanilang mag-anak, napapamahal sa kanila ang mga banal na katotohanan ng ebanghelyo. Ang pananalita sa mga banal na kasulatan ay nagiging pamilyar sa kanila. Natutuhan nila ang mga kuwento mula sa mga banal na kasulatan at nalalaman kung paano nila ipamumuhay sa araw-araw ang mga banal na salitang ito. Matututuhan din nila na gamitin ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan at iba pang tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan (tingnan sa mga pahina 69–72.

Maaari ninyong piliing magbasa sa nakatakdang dami ng oras bawat araw. Ang bawat miyembro ng mag-anak na nakababasa ay dapat bigyan ng pagkakataon na bumasa mula sa mga banal na kasulatan. Maaari silang maghali-halili sa pagbasa ng isang talata o ilang talata sa isang pagkakataon. Ang mga anak na hindi nakababasa ay maaari pa ring makisali sa pamamagitan ng pag-uulit ng mga talata habang binabasa ang mga ito ng iba. Kung maaari, ang maliliit na anak ay maaaring tumingin sa mga inilarawang aklat ng mga kuwento ng mga banal na kasulatan ng Simbahan o sa Pakete ng mga Larawan ng Sining ng Ebanghelyo.

Upang matulungan ang mga miyembro ng mag-anak na maunawaan ang mga banal na kasulatan, maaari ninyong muling banggitin ang mahihirap na talata sa mga salitang mas simple o hanapin ang kahulugan ng mga di-pamilyar na salita sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Maaari ninyong hilingin sa mga miyembro ng mag-anak na ibuod ang mahahalagang punto ng binasa sa araw na iyon. Ang nakababatang anak ay maaaring humawak ng larawan ng kuwentong binabasa.

Maaari ninyong ipaisip sa isang anak ang isang situwasyon sa kanyang buhay na natutulad sa kuwento sa banal na kasulatan na binasa ninyo. Halimbawa, maaari ninyong sabihin, "Kababasa lang natin ng tungkol kay David at Goliath. Anu-anong 'Goliath' ang nakahaharap ninyo sa inyong buhay? Ano ang matututuhan ninyo kay David na tutulong sa inyo na harapin ang mga hamong ito?" O maaari ninyong sabihin, "Napansin kong tinutulungan mo ang nakababata mong kapatid na linisin ang kanyang silid. Alam mo ba na ipinakikita mo ang katulad na uri ng pag-ibig na sinasabi ni Jesus sa kuwentong ito na binasa natin?"

Kung hindi kayo maalam sa mga banal na kasulatan o nahihirapang bumasa, maaaring hindi kayo maging komportable o makadama ng kakulangan sa pagbabasa kasama ng inyong mga anak. Walang masama na ipaalam sa inyong mga anak na lahat kayo ay nag-aaral na basahin ang mga banal na kasulatan. Kung ipagpapaliban pa ninyo ang pag-aaral ng mag-anak hanggang sa makadama kayo ng tiwala sa sarili, pagkakaitan ninyo ang inyong mga anak ng pinakakinakailangang pagkaing espirituwal. Alalahanin na maiimpluwensiyahan kayo ng Espiritu kahit ano pa ang inyong karanasan.

## Gabing Pantahanan ng Mag-anak

Ang mga gabing pantahanan ng mag-anak ay naglalaan ng pinakamainam na pagkakataon para matulungan ninyo ang inyong mga anak na maunawaan at maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang gabing pantahanan ng mag-anak ay maaaring kabilangan ng panalangin ng mag-anak, tagubilin ng



ebanghelyo, mga himno at awit sa Primarya, at gawain ng mag-anak.

Sa pagpaplano ng mga gabing pantahanan ng mag-anak, isaalang-alang ang mga kasalukuyang pangangailangan, alalahanin, at interes ng mga miyembro ng mag-anak. Halimbawa, kailangan ba ng isang anak na maghanda sa pagpapabinyag o sa ordenasyon sa isang katungkulan sa pagkasaserdote? Nagkaroon ba ng pagtatalo sa tahanan? Habang isinasaalang-alang ninyo nang may panalangin ang mga pangangailangan at hamon ng mga miyembro ng mag-anak, mas mabuti ninyong mapagpapasiyahan kung alin-aling alituntunin ng ebanghelyo ang dapat ninyong ituro.

Ang mga alituntunin ng epektibong pagtuturo na ibinigay sa aklat na ito ay makatutulong sa mga miyembro ng mag-anak na planuhin at isagawa ang mga gabing pantahanan ng mag-anak. Bilang karagdagan, ang Simbahan ay gumawa ng *Family Home Evening Resource Book*, na naglalaman ng mga aralin at ideya upang maging tagumpay ang mga gabing pantahanan ng mag-anak. Nakatutulong na mga mapagkukunan din ang mga magasin ng Simbahan.

Minsan ay nahihirapan ang mga mag-anak na gawing palagiang bahagi ng kanilang buhay ang gabing pantahanan ng mag-anak. Paminsan-minsan ang mga anak ay hindi nakikiisa, o ang mga magulang ay masyadong abala. Gayunman, ang mga pagsisikap na planuhin at isagawa ang mga gabing pantahanan ng mag-anak ay magpapala sa lahat ng miyembro ng mag-anak. Isang lalaki ang naalaala na nagkaroon lamang ng dalawang pantahanan ng mag-anak ang kanyang mag-anak habang siya ay lumalaki. Gayunman, ang mga karanasang ito ay tumimo sa kanya nang ganoon na lamang na noong siya ay mag-asawa naaalaala pa niya ang mga ito at ang mga alituntunin ng ebanghelyo na natutuhan niya. Ito ang nagbunsod sa kanya at sa kanyang maybahay na magtatag ng lingguhang gabing pantahanan ng mag-anak sa sarili niyang mag-anak.

### Mga Oras ng Pagkain ng Mag-anak

Ang mga oras ng pagkain ng mag-anak ay naglalaan ng mga pagkakataon na makapagturo kayo ng mahahalagang aralin at upang makasali sa mga talakayan ang lahat ng miyembro ng mag-anak. Dahil sa pagiging abala, madalas na ang oras ng pagkain ang tanging sandali na nagkakasama-sama kayo ng inyong mga anak upang ibahagi ang mga kaganapan sa bawat araw at magkakasamag talakayin ang mga ideya. Magagamit ninyo ang mga pagkakataong ito upang kausapin ang inyong mga anak tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo, pinahahalagahan ng mag-anak, mensaheng ibinahagi sa pulong ng sakramento at iba pang pulong sa Simbahan, paaralan, mga darating na gawain, kaganapan sa daigdig, at iba pang paksang kawili-wili. Maaaring maging panahon ito na malaman ninyo ang tungkol pa sa mga alalahanin, iniisip, at damdamin ng inyong mga anak.

Dapat maging impormal at masayang pagkakataon ang oras ng pagkain ng mag-anak kung saan nadarama ng lahat ang pag-aanyaya na makilahok sa mga talakayan. Hanggat maaari, ang oras na ito ay dapat maging malaya sa ibang paggambala. Ang ganitong mga pagkakataon ay makapag-aambag sa pagkakaisa at espirituwal na pag-unlad ng mag-anak.

## Mga Kapulungan ng Mag-anak

Dapat ninyong tawagin nang sama-sama ang mga miyembro ng mag-anak sa mga pulong ng kapulungan ng mag-anak. Maaari ninyong gamitin ang mga kapulungan ng mag-anak upang magtakda ng mga mithiin, lumutas ng mga suliranin, talakayin ang pananalapi, gumawa ng mga plano, at magbigay ng suporta at lakas. Maaari kayong magdaos ng mga kapulungan ng mag-anak na may kaugnayan sa gabing pantahanan ng mag-anak o sa ibang pagkakataon. Habang pinamumunuan ninyo ang mga kapulungan ng mag-anak, matuturuan ninyo ang inyong mga anak kung paano makinig at magpakita ng paggalang sa mga damdamin at opinyon ng iba.

## Mga Sarilinang Pakikipag-usap

Sa inyong palagiang pakikipag-usap sa inyong mga anak, higit kayong magiging malapit sa kanila. Maaaring kailanganin ninyong magplano ng mga oras ng pakikipagsarilinan sa bawat anak upang ipadama ang pagmamahal at panghihikayat at upang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Dapat ninyong hayaang makapagsabi ang bawat anak tungkol sa mga suliranin o karanasan na mahalaga sa kanya. Habang nagpapakita kayo ng tunay na pagmamalasakit sa mga alalahanin at opinyon ng inyong mga anak, matututo ang inyong mga anak na magtiwala sa inyo at hingin ang inyong payo. Pagkatapos ay makapagpapatuloy na kayo na turuan silang gumawa ng mabubuting pasiya, manalangin, at mag-aral ng mga banal na kasulatan para sa mga sagot sa kanilang mga katanungan.

Gamitin ang mga banal na kasulatan upang ituro sa inyong mga anak kung paano gamitin nang matwid ang kanilang kalayaan sa pagpili. Iminumungkahi ni Elder Gene R. Cook kung paano magagamit ng magulang ang mga banal na kasulatan upang tulungan ang anak na nagtatanong kung bakit hindi ginagawa ng mag-anak ang ilang bagay kung Linggo:

"Maaaring matukso kayong sabihin na, 'Dahil sinabi ko,' o 'Dahil sinasabi ng Simbahan.' Subalit ang isang magulang na higit na nabigyang-inspirasyon ay maaaring magsabi ng, 'Buweno, alam ninyo na ang pagpapanatiling banal ng araw ng Panginoon ay hindi isang bagay na gawa-gawa lang natin. May ipakikita ako sa iyo.' Pagkatapos ay maaari ninyong buksan ang Doktrina at mga Tipan sa bahagi 59 at basahin ang [mga talata 9 hanggang 11]. . . .

"Pagkatapos ay maipaliliwanag ninyo, 'Tulad ng nakikita ninyo, itinuturo ng Panginoon na ang Linggo ay isang banal na araw. . . . Ito ay araw ng pahinga sa ating mga gawain at "upang magbigay ng ating pagmamahal sa Kataas-taasan," na nangangahulugang dapat tayong magpunta sa mga pulong sa Simbahan, makibahagi sa sakramento, gawin ang iba pa nating tungkulin sa Simbahan, at dalawin ang maysakit, ang mahihirap, at ang nangangailangan. Ito ay araw na nakalaan sa Panginoon, at nagpapatotoo ako sa iyo, mahal kong anak, na ito ay totoo at lubos tayong pinagpapala ng Panginoon sa pagpapanatiling banal ng Araw ng Sabbath' " (*Raising Up a Family to the Lord*, [1993], 19–20).

Para sa mga ideya na magagamit sa sarilinang pakikipag-usap sa inyong mga anak, tingnan sa "Pagtuturo sa mga Panayam," pahina 203.

7

# MGA SANDALI NG PAGTUTURO SA BUHAY NG MAG-ANAK



Bilang mga magulang, marami sa mga pagkakataon ninyong makapagturo ay dumarating sa mga sandaling hindi nakaplano—sa mga pagkukuwentuhan, habang gumagawa kayong kasama ang inyong mga anak, at habang sama-samang hinaharap ng mga miyembro ng mag-anak ang mga hamon. Ang mga pagkakataong ito ay maaaring maging mabibisang sandali ng pagtuturo sapagkat ang mga ito ay malapit na nauugnay sa nararanasan ng mga anak ninyo. Sa dahilang ang ganitong mga pagkakataon ay maaaring mabilis dumating at mawala, kailangan ninyong malaman ang mga ito at maging handang magturo ng mga alituntunin na handang matutuhan ng inyong mga anak. Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa inyo na makahanap ng mga pagkakataong makapagturo.

### Pagtugon sa mga Tanong o Pagkabahala ng mga Anak

Lahat ng anak ay may mga alalahanin tungkol sa sarili at sa daigdig. Maipapakita ninyo sa kanila na ang ebanghelyo ay nagbibigay ng mga sagot at patnubay para maunawaan at malutas ang kanilang mga problema. Kung ang isang anak ay natatakot sa bagyo, maaari ninyong samantalahin ang sandaling iyon upang hikayatin siya na manalangin para sa kapanatagan. Kung ang isang tinedyer na anak na lalaki ay pinipilit na manood ng isang sikat na pelikula na maaaring hindi karapat-dapat, matatalakay ninyo ang bagay na ito sa kanya at tulungan siya na magamit ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa pagpapasiya kung panoorin ito o hindi. Kung ang mga anak ay nababahala tungkol sa isang mahalagang pagpapasiya, maaari ninyong basahin sa kanila ang Moroni 7:15–19 at talakayin ang payo ni Mormon tungkol sa "paraan ng paghahatol." Kung ang isang miyembro ng mag-anak ay mamatay, maituturo ninyo sa mga anak ninyo ang tungkol sa daigdig ng espiritu at pagkabuhay na mag-uli.

Para sa mga mungkahi tungkol sa kung paano makikipagsanggunian sa inyong mga anak, tingnan sa pahina 182 sa "Mga Palagiang Pagkakataon sa Pagtuturo sa Tahanan."

### Pagtalakay sa mga Suliranin na Nakaaapekto sa mga Kaedad ng mga Anak

Manaka-naka ay maaaring magbanggit ang mga anak ng mga suliranin na nakaaapekto sa kanilang mga kaedad. Marahil ang kanilang mga kaibigan ay may trabaho na humihingi sa kanila na gumawa sa araw ng Linggo. Marahil ay may kilala sila na kabataang lalaki na miyembro ng Simbahan subalit nagpasiya na hindi magmisyon nang full-time. Marahil ay may mga kaibigan sila na gumagamit ng di-wastong pananalita o nagpapakita ng kawalan ng paggalang sa iba. Sa pagtalakay ng mga situwasyong ito sa inyong mga anak, maaari ninyong gamitin ang mga banal na kasulatan upang magturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Ito ay makatutulong sa inyo na gabayan ang mga anak tungo sa mga wastong pagpapasiya sa gayunding mga pangyayari.

### Pagbabahagi ng mga Pagkakataong Gumawa ng mga Tamang Pagpili

Kapag may mga pagkakataon kayong gumawa ng mga tamang pagpili, maaari



ninyong ibahagi ang mga karanasang ito sa inyong mga anak. Halimbawa, kung binigyan kayo ng sobrang sukli sa tindahan, maaari ninyong itanong sa inyong mga anak kung ano ang dapat ninyong gawin. Ito ay maaaring humantong sa isang talakayan tungkol sa mga paksang tulad ng pagiging matapat, kalayaan sa pagpili, at ang mga kahihinatnan ng ating mga kilos.

### Pagtalakay sa mga Ideya na Inilalahad sa Pamamagitan ng Media

Maaari ninyong kausapin ang inyong mga anak tungkol sa mga ideya na itinataguyod sa sikat na pelikula, palabas sa telebisyon, at musika. Ang mga pagsasahimpapawid ng mga balita ay magbibigay rin ng mga pagkakataon upang talakayin ang mga kasalukuyang pangyayari at isyu. Ang ganitong mga talakayan ay makatutulong sa mga anak na malaman ang nakapagpapasiglang libangan sa libangan na naglalahad ng mga pilosopiya at kilos na taliwas sa mga pamantayan ng ebanghelyo.

### Pagtulong sa mga Anak na Matuto mula sa mga Pagkakamali

Ang mga pagkakamali ay makapagbibigay ng mga pagkakataong magturo. Kung ang isang anak ay nagkamali, mapapatawad ninyo ang anak, pag-usapan ang paghingi ng tawad at pagsasaayos sa anumang pinsala ng nagawa, at, kung ang anak ay sumuway sa isang kautusan, ituro ang tungkol sa daan sa pagsisisi.

Kung kayo ang nagkamali, dapat kayong humingi ng paumanhin at kapatawaran. Matututo ang inyong mga anak ng matitinding aral habang nakikita nila ang inyong mga pagsisikap na mapagtagumpayan ang inyong mga kahinaan. Isaalang-alang ang sumusunod na karanasan na ibinabahagi ng isang miyembro ng Simbahan:

"Ako ay mga 10 taong gulang noon nang may gawin akong isang bagay na hindi nagustuhan ng aking ama. Masyado siyang nagalit at nagpasiyang parusahan ako. Lubha akong nasaktan dahil inakala ko na sobra ang pagdisiplina niya kaysa nararapat sa akin. Iniwasan ko siya nang buong maghapong iyon, tuwing susubukan niyang kausapin ako, ako ay tatalikod at tatakbo. Kinabukasan ay galit pa ako sa kanya, kaya nagulat ako nang pumasok siya sa silid ko at sabihin sa akin na nalungkot siya sa sobra niyang pagdisiplina sa akin. Pinakiusapan niya ako na patawarin siya. Natutuhan ko noon na hindi ka napakatanda para humingi ng tawad at aminin na ikaw ang nagkamali. Iyon ay isang pagkakataon na matutuhan ang totoong halaga ng pagsisisi."

### Pagpapaliwanag ng mga Dahilan sa Paglilingkod

Habang naglilingkod kayo sa mga tungkulin sa Simbahan o sa iba pang paraan, maikukuwento ninyo sa inyong mga anak kung ano ang ginagawa ninyo at bakit ninyo ito ginagawa. Tutulungan nito ang inyong mga anak na mauunawaan nang mas lubusan kung paano naapektuhan ng kanilang mga paniniwala at pinahahalagahan ang kanilang mga kilos. Kung gumagawa kayo ng hapunan para sa isang maysakit, maaari ninyong ipaliwanag kung bakit mahalagang tulungan ang taong iyon. Kapag nakikita kayo ng mga bata na naghahandang magturo ng aralin sa simbahan, maaari ninyo silang kausapin tungkol sa kahalagahan ng pagtupad sa mga tungkulin. Maaari ninyong talakayin sa inyong mga anak kung bakit itinataas natin ang ating mga kamay upang sang-ayunan ang mga pinuno ng Simbahan at kung paano natin sinusuportahan ang mga tinawag ng Panginoon.

### Pagtulong sa mga Anak na Mapamahalaan ang Kanilang mga Emosyon

*Kapag ang mga bata ay nainis, nabigo, o nagalit, maaari silang kumilos sa mga paraang hindi tama. Matuturuan ninyo silang kilalanin at pigilin ang mga silakbo ng damdamin na saktan ang iba o itaas ang kanilang tinig. Maitutuon ninyo ang pansin nila sa pangyayaring nakapagpagalit sa kanila at pagkatapos ay talakayin ang mas mabubuting paraan ng pakikitungo sa gayunding mga sitwasyon sa hinaharap.*

### Pagtulong sa mga Anak na Makilala ang Impluwensiya ng Espiritu

Matutulungan ninyo ang inyong mga anak na makilala ang impluwensiya ng Espiritu sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa kanilang mga damdamin. Isinalaysay ni Elder Robert D. Hales ang sumusunod na karanasan:

"Matapos ang aking binyag at pagpapatibay, dinala ako ng nanay ko sa tabi at tinanong, 'Ano ang nadama mo?' Inilarawan ko sa abot ng aking makakaya ang mainit na pakiramdam ng kapayapaan, kapanatagan, at kaligayahan na nadama ko. Ipinaliwanag ng nanay na ang nadarama ko ay ang kaloob na katatanggap ko pa lamang, ang kaloob na Espiritu Santo. Sinabi niya sa akin na kung mamumuhay akong karapat-dapat dito patuloy kong makakasama ang kaloob na iyon. Isang sandali ng pagtuturo iyon na nanatili sa akin sa buong buhay ko" ("Pagpapalakas ng mga Mag-anak: Ating Banal na Tungkulin," *Liahona*, Hulyo 1999, 32).

### Pagkatuto ng mga Aral mula sa Kalikasan

Magagamit ninyo ang mga araw-araw na pagmamasid sa kalikasan upang ituro ang ebanghelyo sa inyong mga anak (tingnan sa "Paghahanap ng mga Mapupulot na Aral sa Ating Kapaligiran," mga pahina 27–28; "Mga Paghahambing at mga Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng mga Aralin," mga pahina 216). Halimbawa, ang pagpuna ng isang anak tungkol sa kagandahan ng mga bulaklak sa tagsibol ay maaaring humantong sa isang talakayan tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Ang magkasamang pagtatanim ng mga buto ay isang napakagandang oras upang talakayin kung paano inihahalintulad ni Alma ang salita ng Diyos sa isang binhi (tingnan sa Alma 32:28–43).

Kung kayo ay alisto, maibabaling ninyo nang tahimik at palagian ang maraming karanasan ng inyong mga anak sa mga sandali ng pagtuturo.

8

# ANG IMPLUWENSIYA NG PAGTUTURO NG IBANG MIYEMBRO NG MAG-ANAK



Bagaman ang mga magulang ang may pangunahing responsibilidad sa pagtuturo ng ebanghelyo sa kanilang mga anak, makatutulong nang malaki ang iba pang miyembro ng mag-anak. Dapat humanap ng mga pagkakataon ang mga magulang upang mapagturo ang ibang miyembro ng mag-anak at mapalakas ang kanilang mga anak.

## Ang Impluwensiya ng Pagtuturo ng mga Lolo at Lola

Mapalalakas at mabibigyang-inspirasyon ng mga Lolo at Lola ang kanilang mga apo habang ibinabahagi nila ang kanilang mga karanasan, patotoo, at pananampalataya. Ang mga totoong kuwento nila ng pagsunod, pagkatuto sa mga pagkakamali, pagsasakripisyo upang maabot ang mga walang hanggang mithiin, at masayang pagharap sa mga suliranin ay makatutulong sa mga bata kapag nahaharap sila sa gayunding mga karanasan. Bukod sa pakikipag-usap sa kanilang mga apo, maitatala ng mga Lolo at Lola ang kanilang mga patotoo at karanasan sa mga talaarawan, na makakapagpasigla at makapagtuturo sa mga miyembro ng mag-anak ngayon at sa mga susunod na mga salinlahi.

Si Sister Susan L. Warner, na naglingkod bilang pangalawang tagapayo sa pangkalahatang panguluhan ng Primarya, ay nagkuwento ng sumusunod:

May kilala akong Lolo na, sa isang pagtitipon ng mag-anak kamakailan lang sa kabundukan, ay nagsama ng kanyang mga apo sa paglalakad. Nang dumating sila sa isang lugar na walang mga puno, inanyayahan niya ang mga bata na umupo sa isang troso habang ikinukuwento niya sa kanila ang isang 14-na-taong-gulang na batang lalaki na nagngangalang Joseph Smith, na gustong magtanong sa Ama sa Langit ng ilang katanungan na bumabagabag sa kanya. Ipinaliwanag ng Lolo na ang batang si Joseph ay nagpunta sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan upang manalangin, na nanampalataya na sasagutin siya ng Diyos. Tahimik na nakinig ang mga apo, ngunit ang apat-na-taong-gulang na si Johnny, na malimit na hindi mapalagay sa kanyang pagkakaupo, ay hindi napigilan ang kanyang sarili. Napabulalas siya ng, 'Narinig ko na ang kuwentong iyan.'

"Ikinuwento ng Lolo ang taimtim na panalangin ni Joseph at kung paano ito sinagot ng isang maluwalhating pagdalaw ng Ama sa Langit at ng kanyang Anak na si Jesucristo. Sa kanyang pagtatapos, sinunggaban ng munting si Johnny ang kamay ng Lolo niya at sinabing, 'Magandang patotoo iyan, Lolo.' Gusto niyang naririnig muli ang kuwentong iyon.

"Bagaman maraming beses nang inulit ng Lolo ang banal na ulat na ito sa buong buhay niya, sinabi niya, 'Hindi kailanman nagbigay ng mas malakas na patunay ang Espiritu ng Panginoon kaysa nang magpatotoo ako tungkol kay Joseph Smith sa sarili kong mga apo.' Nadama ng lolo at ng mga bata ang patunay ng Espiritu Santo" (sa Conference Report, Okt. 1998, 85; o *Ensign*, Nob. 1998, 67).

Kahit na ang lolo at lola ay nakatira nang malayo sa kanilang mga apo, maiimpluwensiyahan pa rin nila ang mga ito sa kabutihan. Sa pamamagitan ng mga tawag sa telepono o sulat ng pagpuri at pagpapalakas ng loob, makapagbibigay-tiwala sila sa sarili at makapagpapayo.



## Ang Impluwensiya ng Pagtuturo ng mga Kapatid

Dapat hikayatin ng mga magulang ang kanilang mga anak na tulungan ang isa't isa na matuto at umunlad. Ang mga nakatatandang kapatid ay madalas na maaaring maging mabubuting halimbawa sa kanilang mga nakababatang kapatid at maaaring maatasan na turuan ang mga ito kung paano isagawa ang mga gawaing-bahay. Kapag ang isang anak na lalaki ay naglilingkod sa full-time na misyon, maaari niyang, sa pamamagitan ng kanyang halimbawa at kanyang mga sulat, maimpluwensiyahan nang malaki ang pagnanais ng nakababatang kapatid na lalaki na maglingkod. Kapag ang isang kapatid na babae ay nagpakasal sa templo, maibabahagi niya ang kanyang katuwaan at patotoo sa kanyang mga kapatid. Kapag ang mga anak ay kusang-loob na tumutulong sa mga gawain sa tahanan, nagpapakita sila ng magagandang halimbawa, nagtuturo sa isa't isa ng paglilingkod at responsibilidad. Napalalakas rin ang sarili nilang natututuhan.

## Ang Impluwensiya ng Pagtuturo ng mga Tiyuhin, Tiyahin, at Pinsan

Maaaring magkaroon ng mga pagkakataon na maabot at matulungan ng mga tiyuhin, tiyahin at pinsan ang isang miyembro ng mag-anak kapag hindi makaya ng mga magulang.

Naalaala ng isang ama kung paano naimpluwensiyahan ng isang pinsan ang kanyang anak na lalaki. Ang anak ay tumangging dumalo sa simbahan sa loob ng ilang linggo. Palapit na ang pangkalahatang komperensiya, at ang kanyang pinsan, na sabik na dumalo, ay bumangon nang maaga at pumila upang makaupo sa Tabernakulo ng Salt Lake. Nakita ng anak ang halimbawang ito, ay naantig ng pananampalataya at sigasig ng kanyang pinsan, at naganyak na dumalong muli sa Simbahan. Ang desisyong iyon ay nagpabago sa kanyang buhay, at hindi nagtagal ay matapat siyang naglingkod sa misyon.

Isang ina ang nagkuwento ng magandang impluwensiya ng kanyang kapatid na lalaki at ng mag-anak nito nang ipadala niya at ng kanyang asawa ang kanyang anak na lalaki upang makitira sa kanila at magtrabaho sa kanilang gasolinahan isang tag-araw. Isa pang babae ang naalaala nang may pasasalamat ang pakikipag-usap ng kanyang anak na lalaki sa kanyang paboritong tiyuhin. Dahil sa talakayang iyon, pinili ng kanyang anak na iwasan ang mga kaibigan na masama ang impluwensiya sa kanyang pag-uugali.

**Ang Impluwensiya ng Pagtuturo ng mga Anak**

Kapag ang mga magulang ay nakikinig sa mga anak nila, maaari silang matuto ng napakaraming katotohanan. Inilarawan ni Elder Russel M. Nelson ang isang pagkakataon nang matuto siya sa isa sa kanyang mga anak na babae:

"Noong ang aking pinakabatang anak na babae ay humigit-kumulang sa apat na taong gulang, umuwi akong gabing-gabi na galing sa pagtatrabaho sa ospital. Nadatnan ko ang mahal kong maybahay na pagod na pagod. . . . Kaya't ako na ang nag-aasikaso sa aming apat-na-taong-gulang sa pagtulog. Nagsimula akong mag-utos: 'Hubarin mo ang damit mo; isampay mo ang mga ito; isuot mo ang pajama mo; magsipilyo ka; magdasal ka at iba pa, nag-uutos sa paraang naaangkop sa isang istriktong sarhento sa hukbo. Bigla niyang ibinaling ang kanyang ulo, tiningnan ako nang nag-uusisang mata, at sinabi, 'Itay, pag-aari ba ninyo ako?'

"Tinuruan niya ako ng mahalagang aral. Gumagamit ako ng paraang may pamimilit sa kalugud-lugod na kaluluwang ito. Ang pamahalaan ang mga anak sa pamamagitan ng pamimilit ay pamamaraan ni Satanas, hindi ng Tagapagligtas" (sa Conference Report, Abr. 1991, 27; o *Ensign*, Mayo 1991, 22).

# PAGTUTURO SA TAHANAN AT PAGDALAW NA PAGTUTURO

Inaasahan ko na mararanasan ng mga tagapagturo ng tahanan at tagapagturong dumadalaw ang dalawang bagay: una, ang hamon ng responsibilidad na nasa kanilang dakilang tungkulin, at pangalawa, ang tamis ng bunga ng kanilang paggawa, lalo na sa mga kasama natin na di-gaanong aktibo.

*Pangulong Gordon B. Hinckley*

9

# ANG BAHAGI SA PAGTUTURO NG PAGTUTURO SA TAHANAN



Kung kayo ay tagapagturo ng tahanan, kayo ay guro ng ebanghelyo. Bukod pa sa pangangalaga sa kapakanan ng mga mag-anak na nakatalaga sa inyo at sa kasama ninyo, nagdadala kayo ng mensahe ng ebanghelyo maski man lamang minsan sa bawat buwan. Itinuturo ng mga banal na kasulatan na ang mga tagapagturo ng tahanan ay "magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo" (Doktrina at mga Tipan 20:59).

Upang maturuan ang mga mag-anak na nakaatas sa inyo, kailangan ninyong espirituwal na ihanda ang inyong sarili at matutong isagawa ang mga alituntunin sa pagtuturo ng ebanghelyo na tinalakay sa aklat na ito. Dapat din kayong patuloy na magsikap na mapaghusay ang inyong pagtuturo (tingnan sa "Paggawa ng Plano Upang Mapahusay ang Inyong Pagtuturo," mga pahina 29–33).

Sa inyong takdang-gawain bilang tagapagturo ng tahanan, may natatanging pangangailangan para sa ganoong paghahanda at patuloy na pagpapahusay. Ang kaalaman sa mga pangunahing alituntunin sa pagtuturo ng ebanghelyo ay tutulong sa inyo na maituro ang mga mensahe sa paraang matutulungan ang lahat ng tinuturuan ninyo, maging sila man ay mga di-gaanong aktibong miyembro na hindi sanay sa paglahok sa mga talakayan ng ebanghelyo o aktibo, matatagal nang miyembro ng Simbahan.

Alalahanin na ang iba't ibang tao ay nangangailangan ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo. Maaari ninyong iparinig ang mensahe sa isang mag-anak na may mga anak na iba't iba ang edad. Maaaring maitalaga kayo na makipagkapatiran sa mga bagong miyembro. O maaaring magkaroon kayo ng pagkakataong dumalaw sa miyembrong matatanda o walang asawa.

Isang magkasamang tagapagturo ng tahanan na matamang pinag-isipan ang kanilang aralin ang dumating sa kanilang dinadalaw na dala-dala ang mga pamansing. Puno ng pain ang kanilang mga bulsa. Gustong malaman ng mga miyembro ng mag-anak ang dahilan, subalit ayaw sabihin sa kanila ng mga tagapagturo ng tahanan bago ang oras para sa kanilang mensahe. Hindi sila nahirapan sa pagpapalapit sa mga bata sa paligid nila at pagkuha ng kanilang pansin. Pagkatapos ay ipinakita ng isa sa mga tagapagturo ng tahanan kung paano pinapainan ang isda upang mahuli. Ipinaliwanag niya na ang maliliit na isda ay madalas na mas madaling malinlang kaysa sa mas matatanda at mas may-karanasang isda. Inihalintulad niya ang mga pain sa mga panunukso ni Satanas at itinuro sa mag-anak na gumagamit si Satanas ng mga tusong pamamaraan sa pagsisikap na mahuli tayo at maalisan ng ating kalayaan. Ito ay isang hindi malilimutang aral para sa mag-anak.

Bilang tagapagturo ng tahanan, kayo ay may mga natatanging pagkakataon na maipakita ang pagmamahal sa mga tinuturuan ninyo. Tulad ng itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson, dapat ninyong "gawin ang maliliit na bagay, mumunting bagay na napakahalaga sa isang mag-anak. Halimbawa, alamin ang mga pangalan ng lahat ng miyembro ng mag-anak. Alamin ang mga kaarawan, pagbabasbas, binyag, at kasal. Kapag may okasyon, sumulat ng

naaangkop na papuri o tumawag sa telepono na binabati ang isang miyembro ng mag-anak sa isang natatanging nagawa o tagumpay (sa Conference Report, Abr. 1987, 61; o *Ensign*, Mayo 1981, 50). Matutulungan ninyo ang mag-anak sa oras ng pangangailangan, masusuportahan ang mga bata at kabataan sa kanilang mga gawain, at matitiyak na maipararating sa mga pinuno ng korum ang mga pangangailangan ng mag-anak.

### Pagpili ng Mensahe

Habang pumipili kayo ng mensaheng ibabahagi, alalahanin ang sumusunod na tagubilin: "Karaniwang ibinibigay ng mga tagapagturo ng tahanan ang mensahe ng Unang Panguluhan na nakalathala sa *Ensign* at sa Internasyonal na Magasin ng Simbahan (Liahona). Ang mga karagdagang mensahe ay maaaring manggaling mula sa obispo o iba pang lokal na pinuno. Ang haligi ng sambahayan ay maaari ring humiling na magbigay ng natatanging mensahe ang mga tagapagturo ng tahanan. Ang mga mensahe sa pagtuturo sa tahanan ay dapat na nababatay sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng propeta sa mga huling araw" (*Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 215–16).

### Paghahanda ng Mensahe

Ihanda ang bawat mensahe ng pagtuturo sa tahanan nang kasing husay nang paghahanda sa isang aralin para sa klase sa Simbahan. Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong sa inyo:

- Pag-aralang muli ang aralin. Sumangguni sa inyong kasama tungkol sa iaambag ng bawat isa sa pagbibigay ng mensahe.
- Kung ibibigay ninyo ang mensahe ng Unang Panguluhan o ibang paksa kung saan walang ibinigay na pormal na plano ng aralin, sundin ang mga mungkahing matatagpuan sa "Paglikha ng mga Aralin mula sa mga Talumpati sa Komperensiya at sa Iba pang Mapagkukunang Materyal," pahina 130-31.
- Iangkop ang mensahe at mga pamamaraan ng pagtuturo sa karanasan, edad, at interes ng bawat miyembro ng mag-anak na tinuturuan ninyo. Gawing kawili-wili at naaangkop ang aralin sa bawat miyembro ng mag-anak.
- Tiyakin na magiging maikli ang mensahe sapat upang mapanatili ang interes ng lahat nang naroroon.

#### *Pagbibigay ng Mensahe*

Alalahanin na ang haligi ng tahanan ang dapat mamuno at mangasiwa sa inyong pagdalaw. Isaisip ang mga sumusunod na mungkahi.

- Magkasamang manalangin at magbasa ng mga banal na kasulatan hangga't maaari. Gamitin ang mga banal na kasulatan sa bawat naaangkop na pagkakataon. Dalhin ang mga ito sa bawat pagdalaw. Gamitin ang mga ito upang sagutin ang mga tanong o magbigay ng payo.
- Sundin ang mga udyok ng Espiritu habang nagtuturo kayo.
- Iwasan ang mahahabang usapan na hindi kawili-wili o nakatutulong sa lahat ng naroroon. Maging sensitibo sa mga limitasyon sa oras ng mga mag-anak na dinadalaw ninyo.
- Humanap ng mga paraan na mailalahok ang bawat miyembro ng mag-anak sa mga aralin.
- Magpatotoo sa mga katotohanang itinuturo ninyo. Magbahagi ng mga halimbawa kung paano ipamumuhay sa araw-araw ang mga katotohanang iyon.

10

# ANG BAHAGI SA PAGTUTURO NG PAGDALAW NA PAGTUTURO



Kapag kayo ay naatasang maging tagapagturong dumadalaw, ang isang mahalagang bahagi ng inyong responsibilidad ay "alamin ang mga pangangailangang espirituwal at temporal ng kapatid na babae at ng kanyang mag-anak" at "magbigay ng espirituwal na tagubilin sa pamamagitan ng buwanang mensahe" (*Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 260). Kayo ay guro ng ebanghelyo.

Upang maturuan ang mga kapatid na babae na nakaatas sa inyo, kailangan ninyong espirituwal na ihanda ang inyong sarili at matutong isagawa ang mga alituntunin sa pagtuturo ng ebanghelyo na tinalakay sa aklat na ito. Dapat din kayong patuloy na magsikap na mapaghusay ang inyong pagtuturo (tingnan sa "Paggawa ng Plano upang Mapahusay ang Inyong Pagtuturo," mga pahina 29).

Ang paghahandang ito ay makatutulong sa inyo nang malaki sapagkat maaaring matawag kayo na magturo sa mga kapatid na babae sa maraming iba't ibang situwasyon. Maaari ninyong turuan ang mga kabataan, matatanda, may-asawa, walang asawa, diborsiyada, bagong nagbalik-loob sa ebanghelyo, napakaaktibo sa Simbahan, di-gaanong aktibo, mataas ang pinag-aralan, hindi nakapag-aral, abala, malungkot, tumatanggap o ayaw tumanggap. Ang iba't ibang kapatid na babae ay nangangailangan ng iba't ibang pamamaraan. Ano man ang kalagayan ng mga kapatid na babaeng tinuturuan ninyo, matutulungan ninyo silang higit na makilala ang Tagapagligtas at mas matapat na maipamuhay ang Kanyang ebanghelyo.

Nang si Sister Elaine L. Jack ay naglilingkod pa bilang pangkalahatang pangulo ng Samahang Damayan, ikinuwento niya ang sumusunod:

"Si Priscilla Samson-Davis, isang kapatid sa Ghana, ay nakaranas ng mga pakikihamok. Nakaranas siya ng maraming hirap sa kanyang buong buhay. Bilang guro, nakita niya ang mga mag-anak na nag-aalaga ng mga anak na nakaligtas sa disenterya at malaria, masipag na nagtatrabaho, araw-araw na nakikipagpalitan para sa mga sako ng bigas, sibuyas, kamatis—anumang pagkain upang mabuhay ang kanilang mga mahal sa buhay. Siya ay naglilingkod bilang tagapagturong dumadalaw, palagiang naglalakbay sakay ng bus upang dalawin ang isang kapatid sa kabilang panig ng bayan. Nang tanungin kung ang tungkuling ito ay mahirap, ibinibigay ang lahat ng mayroon siya upang mangasiwa, sumagot lamang siya ng, 'Hindi ito mahirap. Ang babaeng dinadalaw ko ay hindi nakababasa. Kapag pumupunta ako, binabasa ko sa kanya ang mga banal na kasulatan.

"Ang kanyang simpleng sagot ay nagpapatotoo sa pananampalataya at katiyakan niya na siya ay nasa tamang landas. Bagaman ang takbo ng kanyang bus ay pahintu-hinto at malamang na umakyat bumaba sa mga daan, sa mga mata ng Panginoon ito ay tunay na tuwid at makipot, dahil siya ay papunta sa tamang direksiyon. Ginagawa ang iniuutos ng kanyang Ama" (sa Conference Report, Abr. 1994, 19; o *Ensign*, Mayo 1994, 16).

### Pagpili ng Mensahe

Habang pumipili kayo ng mensaheng ibabahagi, alalahanin ang sumusunod na tagubilin: Ang mga tagapagturong duma-

dalaw ay nagbibigay ng espirituwal na tagubilin sa pamamagitan ng buwanang mensahe. Ang mga mensaheng nakalathala sa *Ensign* o Liahona ay gagamitin bilang gabay at iaangkop sa mga pangangailangan ng bawat kapatid na babae (*Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 260). Hangarin ang patnubay ng Espiritu habang masusing pinag-aaralan ninyo at ng inyong kasama ang buwanang mensahe at pagkatapos ay isaalang-alang nang may panalangin ang bawat kapatid na inyong tinuturuan. Bilang karagdagan sa inihandang mensahe, dapat ninyong gamitin ang mga banal na kasulatan at ang mga turo ng mga propeta sa mga huling araw bilang inyong pangunahing mapagkukunan sa pagpaplano ng mensahe. Maaari ninyong dagdagan ang mga mapagkukunang ito ng iba pang materyal na gawa ng Simbahan.

### Paghahanda ng Mensahe

Ihanda ang bawat mensahe ng pagdalaw na pagtuturo nang kasing husay nang paghahanda sa isang aralin para sa klase sa Simbahan. Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong sa inyo:

- Pag-aralang muli ang aralin. Sumangguni sa inyong kasama tungkol sa iaambag ng bawat isa sa pagbibigay ng mensahe.
- Sundin ang mga mungkahing matatagpuan sa “Paglikha ng mga Aralin mula sa mga Talumpati sa Komperensiya at Iba pang Mapagkukunang Materyal,” mga pahina 130–31.
- Iangkop ang mensahe at ang mga pamamaraan ng pagtuturo sa mga kalagayan, karanasan, edad, at interes ng bawat kapatid na babaeng tinuturuan ninyo.

### Pagbibigay ng Mensahe

*Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa inyo habang tinuturuan ninyo ang mga kapatid na babae na dinadalaw ninyo:*

- Magkasamang manalangin at magbasa ng mga banal na kasulatan hangga’t maaari. Gamitin ang mga banal na kasulatan sa bawat naaangkop na pagkakataon. Dalhin ang mga ito sa bawat pagdalaw. Gamitin ang mga ito upang sagutin ang mga tanong o magbigay ng payo.
- Sundin ang mga udyok ng Espiritu habang nagtuturo kayo.
- Maging sensitibo sa mga limitasyon sa oras ng mga kapatid na dinadalaw ninyo.
- Humanap ng mga paraan na makalahok ang mga kapatid na dinadalaw ninyo sa mga aralin. Magpakita ng masidhing interes sa sasabihin nila.
- Magpatotoo sa mga katotohanang itinuturo ninyo. Magbahagi ng mga halimbawa kung paano ipamumuhay sa araw-araw ang mga katotohanang iyon.

E

# PAGTUTURO SA MGA PAGSASAMA-SAMA NG PAMUNUAN



1

# ANG IBIG SABIHIN NG MAMUNO AY MAGTURO



*Binigyang-diin ni Elder Boyd K. Packer na lahat ng pinuno ng Simbahan ay naglilingkod bilang mga guro. "Ang propeta ay isang guro; ang kanyang mga tagapayo ay mga guro; ang Pangkalahatang Awtoridad ay mga guro. Ang mga pangulo ng istaka at pangulo ng misyon ay mga guro; ang mga miyembro ng mataas na kapulungan at pangulo ng korum ay mga guro; ang mga obispo ay mga guro; at ganoon sa lahat ng organisasyon ng Simbahan. Ang Simbahan ay sumusulong na binibigyang-lakas ng kapangyarihan ng pagtuturo na naisakatuparan" (Teach Ye Diligently, binagong edisyon [1991], 3–4).*

Sa isang komperensiya ng kabataan sa Simbahan, nasaksihan ng isang miyembro ng Simbahan na nasa wastong gulang ang isang nagbibigay-inspirasyong halimbawa ng impluwensiya ng mga pinuno kapag sila ay nagtuturo ng mga totoong alituntunin. Iniulat niya:

"Sa pagtatapos ng komperensiya ay idinaos ang isang sayawan. Ang banda ng sayawan ay dumating na walang suot na mga kamisadentro. Habang nakamasid ang matatanda, isang grupo ng kabataan ang lumapit sa kinaroroonan ng banda at nagsabi ng ilang mungkahi sa banda, na tinututulan ng mga miyembro ng banda. Maya-maya ilang kabataan ang nagdala ng mga kamisadentro, buong pag-aatubiling isinuot ng mga miyembro ng banda ang mga iyon.

"Nang magsimula ang tugtugan, ito ay malakas, at palakas pa nang palakas. Nang dumating sa puntong nababahala na ang mga matatanda, isang grupo ng kabataan ang nagtipun-tipon sa gitna ng pinagsasayawan at pagkatapos ay magkakasamang nilapitan ang kinaroroonan ng banda. Nakiusap silang hinaan ang musika. Tumanggi ang banda, ngunit nagpumilit ang mga kabataan, kaya't hininaan ng banda ang tugtog. Nang muling lumakas ang tugtog, nagtipun-tipon ang kabataan at muling hinarap ang banda. Naulit pa ito nang ikatlong beses. Sa wakas ay lumapit ang grupo sa pangulo ng istaka. Sinabi nila, 'Sa palagay po namin ay hindi angkop ang musikang ito. Sa halip na magpatuloy po kami sa pagsayaw, ang lahat nang nababahala sa amin ay nais pong magtungo sa kabilang gusali at magdaraos ng fireside. Magagawa po namin ito nang kami-kami lamang subalit kung kayo pong mga matatanda ay nais sumama, mabuti po iyan.' Tinapos ang sayawan, at ang mga kabataang lalaki at babae ay nagtipun-tipon sa ibang gusali.

"Pagkaraan ay tinanong ko ang pangulo ng istaka kung paano ito nangyari. Sinabi niya na mga limang taon na ang nakararaan, isang miyembro ng mataas na kapulungan ang nagsabi, 'Kung gusto nating magturo ng mga pamantayan sa kabataan, kailangan nating malaman nang malinaw kung ano ang dapat nilang maging. Ang unang hakbang ay para sa panguluhan ng istaka na sabihin sa atin.' Natagalan pa bago nagkaroon ang panguluhan ng istaka ng malinaw na pang-unawa sa mga pamantayan at kung paano dapat isagawa ang mga ito sa kanilang istaka. Marami pang panahon ang kinailangan upang matulungan ang mataas na kapulungan na maunawaan at mangako sa mga pamantayang ito, at higit pang maraming panahon upang mapasang-ayon ang mga obispo. Hanggang sa oras na iyon ang mga magulang at kabataan ay nakatatanggap ng magkakasalungat na senyal, ngunit ngayon, sa unang pagkakataon, ang mga pinuno ay nakahandang ituro ang mga pamantayan.

"At pagkatapos ay itinuro nila ang mga ito, taun-taon, sa bawat antas sa buong istaka. Ang resulta ay ang nasaksihan ko noong gabing iyon sa sayawan sa komperensiya ng kabataan.

"Natutuhan kong maaaring maging napakalaki ng impluwensiya ng mga pinuno kapag matapat nilang ginagampanan ang kanilang responsibilidad na turuan ang mga Banal. Natutuhan ko rin na ang magkakaibang mensahe ay hindi mensahe sa anumang paraan, at ang panahong ginugol ay nagiging matatag na nakaugat sa anumang nararapat maituro ay nagbubunga nang maganda. Sa wakas, nakita ko mismo ang kahustuhan ng isip at karunungan at lakas ng loob sa moral ng mga kabataang naturuan nang wasto."

### Ang Inyong Responsibilidad Bilang Pinuno na Ituro ang Ebanghelyo

Ang isa sa pinakamahalagang paraan ng pagtupad sa inyong mga responsibilidad bilang pinuno sa Simbahan ay sa pamamagitan ng pagtuturo (tingnan sa *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 404–6). Itinuro ni Elder Gordon B. Hinckley: "Ang epektibong pagtuturo ang pinakadiwa ng pamumuno sa Simbahan" ("How to Be a Teacher When Your Role as a Leader Requires You to Learn," Pulong ng Lupon ng Pangkalahatang Awtoridad sa Pagkasaserdote, ika-5 ng Peb. 1969; sinipi ni Jeffrey R. Holland sa Conference Report, Abr. 1998, 31; o *Ensign*, Mayo 1998, 26).

Ang Panginoon ang pinakadakilang halimbawa ng isang pinuno na naglilingkod bilang isang guro. "At nilibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang evangelio ng kaharian" (Mateo 9:35). Binigyang-diin ni Elder Boyd K. Packer na: "Ang Panginoon ang ating huwaran. Magiging mahirap na ilarawan ang Panginoon bilang isang tagapagpaganap. Hayaan ninyong ulitin ko iyon. Magiging mahirap na ilarawan ang Panginoon bilang isang tagapagpaganap. Siya ay isang *guro*. Iyon ang uliran, ang huwaran" (pangrelihiyong seminar ng mga kinatawan, ika-6 ng Abr. 1984).

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng napakaraming ulat ng ibang pinuno na naglingkod bilang mga guro ng ebanghelyo. Si Adan at marami sa kanyang mga inapo ay "mga mangangaral ng kabutihan, [na] nangusap at nagpropesiya, at nanawagan sa lahat ng tao, sa lahat ng dako, na magsipagsisi." Sa pamamagitan ng kanilang pangangaral, "ang pananampalataya ay itinuro sa mga anak ng tao" (Moises 6:23). Ang mga naunang Apostol ay naglingkod "araw-araw, sa templo at sa mga bahay-bahay, [at] hindi sila nagsisipagtigil ng pagtuturo at pangangaral, na si Jesus ang siyang Cristo" (Mga Gawa 5:42). Nagpatotoo si Haring Mosias, "At maging ako rin ay gumawa nang buong kapangyarihan at mga kakayahang aking taglay, upang turuan kayo ng mga kautusan ng Diyos, at upang panatilihin ang kapayapaan sa lahat ng dako ng lupain" (Mosias 29:14).

### Ilang Paraan Kung Saan Nagtuturo Kayo Bilang Pinuno

#### *Pagpapakita ng Matwid na Halimbawa*

Bilang pinuno, itinuturo ninyo ang ebanghelyo sa pamamagitan ng paraan ng inyong pamumuhay. Kayo ay inaasahan na susunod sa mga kautusan, magiging mabait, at magiging matapat na tagapaglingkod ng Panginoon at ng mga pinamumunuan ninyo. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng matwid na halimbawa, pinalalakas ninyo ang iba sa kanilang pagpapasiya na ipamuhay ang ebanghelyo.

#### *Pagsunod sa mga Patakaran at Pamamalakad ng Simbahan*

Habang matapat ninyong sinusunod ang mga naitatag na mga hakbang sa pamamahala sa Simbahan, tinuturuan ninyo ang lahat ng inyong kasama sa gawain. Tinutulungan ninyo ang iba na makita kung paano tuparin ang kanilang mga tungkulin. Halimbawa, ang mga pinuno sa Pagkasaserdoteng Melquisedec na palagiang nagsasagawa ng mga pakikipanayam sa pagtuturo sa tahanan ay nagpapakita kung paano ito gagawin.

#### *Tuwirang Pagsasalita tungkol sa mga Alituntunin ng Ebanghelyo*

Ang mga pinuno ay maraming palagiang pagkakataon upang ituro ang ebanghelyo. Ang mga pagkakataong ito at kinabibilangan ng mga pulong sa pamumuno (tingnan sa pahina 201) at panayam (tingnan sa pahina 203). Makikita ninyo na ang ilang pagkakataon ay kusang dumarating sa normal na takbo ng pamumuno at pakikisalamuha sa iba.

Bilang isang batang obispo at tagalimbag, si Thomas S. Monson ay malimit na gumagawa kasama si Pangulong J. Reuben Clark Jr., na noon ay isang miyembro ng Unang Panguluhan. Habang sila ay magkasamang gumagawa, madalas na sinasamantala ni Pangulong Clark ang mga pagkakataon na ituro ang ebanghelyo. Makaraan ang mga taon, ikinuwento ni Pangulong Monson ang isang okasyon na nagkaroon ng malaking epekto sa kanya:

"[Hiniling ni Pangulong Clark] sa akin na basahin nang malakas ang pangyayari tungkol sa taong puno ng ketong na matatagpuan sa Lucas. Pagkatapos ay pinatuloy niya ako sa pagbasa mula sa Lucas tungkol sa taong lumpo at sa masigasig na paraan ng pagdadala sa kanya sa harapan ng Panginoon, na siyang nagpagaling sa kanya. Kinuha ni Pangulong Clark ang panyo sa kanyang bulsa at pinunasan ang mga luha sa kanyang mata. Sinabi niyang, 'Habang tumatanda tayo, mas madali tayong naluluha.' Matapos ang sandaling pamamaalam, nilisan ko ang kanyang tanggapan, iniwan siyang nag-iisa sa kanyang mga iniisip at pagluha.

"Isang maghahatinggabi dinala ko ang ilang pruweba ng pahayagan sa kanyang tanggapan sa kanyang tahanan sa Lungsod ng Salt Lake. Nagbabasa si Pangulong Clark mula sa Ecclesiastes, at siya ay tahimik at matamang nag-iisip. Sumandal siya mula sa kanyang malaking mesa, na nasasalansanan ng mga aklat at papel. Hinawakan niya ang mga banal na kasulatan, inalis ang pagkakatingin sa nalimbag na pahina at malakas na binasa sa akin: 'Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig:

ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos; sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao' (Ecclesiastes 12:13.) Siya ay napabulalas, 'Isang napakahalagang katotohanan! Isang malalim na pilosopiya!'

Anong biyaya ang napasaakin na matuto araw-araw sa paraan ng ganoon kadalubhasang guro. . . . Batid na ako ay isang bagong hirang na obispo na namumuno sa isang mapanghamong purok, binigyang-diin niya ang pangangailangan na makilala ko ang aking mga tao, na maunawaan ang kanilang mga kalagayan, at mangasiwa sa kanilang mga pangangailangan.

Isang araw isinalaysay niya ang pagbuhay ng Tagapagligtas sa anak na lalaki ng balo ng Nain, ayon sa nakatala sa Ebanghelyo ni Lucas. Nang isara ni Pangulong Clark ang Biblia, napansin ko na siya ay lumuluha. Sa mahinang tinig ay sinabi niya, 'Tom, maging mabait ka sa balo at lingapin ang mahihirap' " (*Inspiring Experiences that Build Faith*, [1994], 233–34).

Ang mamuno sa Simbahan ay ang magturo, at upang umunlad bilang isang pinuno ay ang matutong magturo nang higit na epektibo—mula sa pulpito, sa mga pulong sa pamumuno, at sa mga situwasyong pakikipag-usap nang sarilinan.

2

# PAGTUTURO SA MGA PULONG SA PAMUMUNO



Sinabi ng Panginoon: "At ngayon, masdan, binibigyan ko kayo ng isang kautusan, na kung kayo ay magkakasamang nagtitipun-tipon kayo ay magturuan at patibayin ang bawat isa, upang malaman ninyo kung paano kumilos at pamahalaan ang aking simbahan, kung paano kumilos sa mga bahagi ng aking batas at mga kautusan, na aking ibinigay. At sa gayon kayo ay matuturuan sa batas ng aking simbahan, at mapababanal sa yaong inyong tinanggap, at inyong ipangangako ang inyong sarili na kumilos nang buong kabanalan sa harapan ko" (Doktrina at mga Tipan 43:8–9).

Na tinutukoy ang paghahayag na ito, sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland na, "Sa ating mga pulong pampangasiwaan, tayo ay kapwa 'magturuan at magpatibay' tulad ng sinasabi ng pahayag, upang kahit man lamang sa mga ito ang ating pagtuturo sa dakong huli ay maaaring maging 'mula sa kaitaasan' " (sa Conference Report, Abr. 1998, 33; o *Ensign*, Mayo 1998, 27; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 43:16).

Dahil limitado ang oras sa mga pulong sa pamumuno, ang oras na gugugulin sa pagtuturo ay dapat na maingat na planuhin. Sa ilang pulong ang pagtuturo ay maaaring isang maikling espirituwal na kaisipan na ibinibigay sa simula. Sa ibang pulong, maaaring paunang hilingan ang isa o higit pang kalahok na pamunuan ang grupo sa isang detalyadong pag-aaral ng mga piniling paksa. Ang mga tumatanggap ng ganitong mga takdang-gawain ay dapat gamitin ang mga alituntunin at pamamaraan ng pagtuturo na iminungkahi sa aklat na ito.

### Pagpapasiya Kung Ano ang Ituturo

Sa paghahanda para sa mga pulong sa pamumuno na kapapalooban ng detalyadong tagubilin, dapat pagpasiyahan nang may panalangin ng mga namumunong pinuno kung ano ang dapat ituro at kung sino ang dapat hilingang magturo. Maaari silang pumili ng mga paksang may kinalaman sa doktrina o nauugnay sa pamamahala sa Simbahan at sa mga tungkulin ng mga yaong nagtitipun-tipon. Sinabi ng Panginoon:

"At binibigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian. Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo, upang kayo ay lalong ganap na matagubilinan sa teoriya, sa alituntunin, sa doktrina, sa batas ng ebanghelyo, sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos, na kapakipakinabang ninyong maunawaan" (Doktrina at mga Tipan 88:77–78).

Ang mga banal na kasulatan ang pangunahing mapagkukunan ng pag-aaralan sa mga pulong sa pamumuno. "Binibigyan kita ng isang kautusan," payo ng Panginoon, "na ikaw ay manalig sa mga bagay na nakasulat; sapagkat sa mga ito nakasulat ang lahat ng bagay hinggil sa pagtatatag ng aking simbahan, ng aking ebanghelyo, at ng aking bato" (Doktrina at mga Tipan 18:3–4). Ang iba pang mapagkukunan ay ang *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan*, mga talumpati mula sa pangkalahatang komperensiya, at iba pang turo ng mga propeta sa mga huling araw (para sa tulong sa pagbuo ng mga aralin mula sa ganitong mga mapagkukunan, tingnan sa "Paglikha ng mga

Aralin mula sa mga Talumpati sa Komperensiya at sa Iba pang Mapagkukunang Materyal," mga pahina 130–31).

### Pag-anyaya sa Espiritu sa Pamamagitan ng Pagpipitagan

Maituturo natin at matutuhan ang ebanghelyo at magkakasamang mapatitibay kapag kasama natin ang Espiritu (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:14; 50:17–24). Maaanyayahan natin ang Espiritu sa pamamagitan ng ating pagpipitagan (tingnan sa "Pag-aanyaya sa Espiritu Habang Kayo ay Nagtuturo," mga pahina 55–56; "Pagpipitagan," mga pahina 103-105). Sa mga pulong sa pamumuno, ang mga namumuno at nangangasiwa ay makahihikayat ng pagpipitagan sa pamamagitan ng pagpunta sa kanilang mga upuan nang maaga. Sa pamamagitan ng kanilang kilos, makatutulong sila na maging maayos ang mga pulong. Ang iba pang pinuno na dumadalo ay maaari rin dumating nang maaga; dala-dala ang kanilang mga banal na kasulatan, hanbuk, at kagamitan sa pagsusulat; ihanda ang kanilang sarili nang matahimik at may panalangin.

Ang panalanging iniaalay sa simula ng pulong sa pamumuno ay makatutulong na maitatag ang pagpipitagan at maanyayahan ang Espiritu. Ang isang espirituwal na kaisipan ay nagbibigay rin ng magandang pagkakataon para sa pagtuturo at pagkakatuto ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Sa ilang pulong sa pamumuno, makatutulong ang naaangkop na panimulang musika at himno na inaawit sa pagpupulong upang ihanda ang mga puso at isipan ng mga naroroon.

3

# PAGTUTURO SA MGA PANAYAM



Ibinahagi ang sumusunod na karanasan ni Si Pangulong Thomas S. Monson:

"Noong ako ay nalalapit na sa aking ikalabinwalong taong kaarawan . . . , inirekomenda ako upang tumanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Tungkulin kong tawagan sa telepono ang aking pangulo ng istaka, si Paul C. Child, para sa isang pakikipagtipan at panayam. Mahal niya at nauunawaan ang mga banal na kasulatan. Layon niya na lahat ng iba pa ay mahalin at unawain ang mga ito nang gayon din. Na nalalaman mula sa iba ang kanyang may pagkadetalyado at mga mapanuring panayam, ay ganito humigit-kumulang ang naging pag-uusap namin sa telepono.

" 'Hello, Pangulong Child. Ito po si Tom Monson. Sinabihan po ako ng obispo na makipagpanayam sa inyo.'

" 'Mabuti, Kapatid na Monson. Kailan ka maaaring dumalaw sa akin?'

"Nalalaman na ang oras ng kanyang pulong-sakramento ay ikaanim, at naghahangad ng pinakakaunting paghahayag ng aking kaalaman sa mga banal na kasulatan sa kanyang pagsisiyasat, iminungkahi ko, 'Maaari po ba sa alas singko ng Linggo?'

"Ang kanyang sagot: 'O, Kapatid na Monson, hindi magiging sapat ang oras na iyon para mapag-aralan natin ang mga banal na kasulatan. Maaari bang dumating ka nang alas dos, at dalhin ang iyong personal na minarkahan at may sangguniang set ng mga banal na kasulatan' " (*Inspiring Experiences that Build Faith* [1994], 193).

Natuklasan ng binatang si Thomas Monson na ang pakikipagpanayam sa pangulo ng istaka ay higit kaysa "panayam" lamang; ito ay isang pagkakataon para sa pag-aaral at pagkatuto ng ebanghelyo.

### Mga Alituntunin sa Pagtuturo sa mga Panayam

Kung nagsasagawa kayo ng panayam, makatutulong sa inyo ang mga sumusunod na alituntunin.

*"Papagyamanin sa Inyong mga Isipan . . . ang mga Salita ng Buhay" (Doktrina at mga Tipan 84:85).*

Alalahanin na kilala ng Panginoon ang mga miyembro na nakakausap ninyo. Alam Niya ang kanilang mga pangangailangan, alalahanin, kalakasan, at kahinaan. Malimit na uudyukan at tuturuan kayo ng Espiritu habang naghahanda kayong tulungan ang bawat indibiduwal at ang mga mag-anak.

Sinabi ng Panginoon, "Papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, at ibibigay ito sa inyo sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao" (Doktrina at mga Tipan 84:85). Habang pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan, maging bukas sa posibilidad na ilang talata ang tiyak na siyang maaaring kinakailangang marinig ng isang tao sa panayam. Ang ibinahaging karanasan ng isang obispo ay naglalarawan sa katotohanang ito:

"Isang Lunes ng umaga, nagbabasa ako sa Doktrina at mga Tipan tungkol sa pagsisisi at pagpapatawad. Dumagsa ang banal na katotohanan sa aking isipan at puso, lalo na tungkol sa pagpapatawad sa sarili. Hindi ko kailanman isinaalang-alang na ang katotohanang 'Ako, ang Panginoon, ay

magpapatawad sa yaong akong patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao' (Doktrina at mga Tipan 64:10) ay maipatutungkol sa sarili.

"Tinapos ko ang aking pagbabasa sa umagang iyon at nagpatuloy sa aking trabaho. Nang sumunod na gabi ay nakipagpulong ako sa isang mag-asawa na hindi matatag ang pagsasama. Sa pakikipag-usap ko sa kanila, ipinaliwanag ng kapatid na babae ang isang bagay na nangyari sa kanya noong siya ay bata pa nang lumabag siya sa isang batas sibil, na ang mga ibubunga nito ay maaaring magresulta sa isang paglilitis sa hukuman noong panahong iyon. Tatlumpung taon na ang nakaraan, at ang nangyari ay balewala na sa ngayon, subalit nadarama pa rin niya ang bigat ng kanyang pagkakasala. Biglang pumasok sa isipan ko ang talatang ito mula sa Doktrina at mga Tipan at nagbigay ng kapayapaan sa isang nababagabag na kaluluwa. Kay tibay na patotoo sa akin na ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa araw-araw ay nagbunga ng ganoong kabilis na gantimpala.

### *Magpatotoo sa mga Banal na Kasulatan at sa mga Alituntunin na Itinuturo Nito*

Habang umaasa kayo sa mga banal na kasulatan sa pagsasagawa ng mga panayam, dapat kayong magpatotoo sa mga ito. Maaari rin kayong magbahagi ng mga karanasan upang ipakita kung paano pinagpala ng alituntuning tinatalakay ang inyong buhay at ang buhay ng iba pa.

4

# KAPAG TINATAGUBILINAN NG MGA PINUNO ANG MGA GURO



Kung kayo ay isang pinuno ng Simbahan, isa sa pinakamahahalaga ninyong responsibilidad ay tagubilinan ang mga guro sa inyong samahan sa kanilang mga tungkulin at gabayan ang kanilang mga pagsisikap na humusay. Paminsan-minsan ay ginagawa ninyo ito sa mga pulong sa pamumuno (tingnan sa pahina 201 at sa pulong sa pagpapaunlad ng guro, at kung minsan ay nangangailangan ito ng sarilinang pagtuturo. Ang inyong mga pagsisikap na magampanan ang responsibilidad na ito ay makagagawa ng makabuluhang kontribusyon sa kahusayan ng pagtuturo sa Simbahan.

Para sa mga tagubilin kung ano ang dapat gawin upang gabayan ang bawat guro, tingnan sa bahaging "Pagtuturo ng Ebanghelyo" ng *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan*, mga pahina 405–6, at *Pagpapahusay ng Pagtuturo sa Ebanghelyo: Isang Gabay ng Pinuno*, mga pahina 00 [4–6]. Kasunod ay limang mungkahi tungkol sa paano magbibigay ng patnubay na nakalarawan sa mga hanbuk na ito.

### Mahalin nang Lubos ang Bawat Guro

Paminsan-minsan ay nakagagawian nating mamuna, inaakala na kung sasabihin natin sa iba ang kanilang mga kahinaan at pagkakamali, nanaisin nilang magbago. Ito ay hindi palaging totoo. Ang pagpuna ay karaniwang humahantong sa pagtatanggol sa sarili at pagkasira ng loob. Higit na tatanggapin ng mga guro ang inyong payo kapag nadarama nila ang inyong pagmamahal sa kanila na tulad nang kay Cristo at nalalaman na tunay na gusto ninyong tulungan sila. Isang kapatid na babae na kalaunan ay naging epektibong pinuno ng mga guro ang nagkaroon ng karanasan noong nagsisimula pa lamang siya sa kanyang paglilingkod sa Simbahan na nagturo sa kanya ng alituntuning ito. Ang karanasang ito ang habambuhay na nagpabago sa kanyang iniisip tungkol sa pagtuturo.

"Kakakasal ko pa lamang noon at nagkaroon ng takdang-gawain sa Samahang Damayan upang tumulong na mapaghusay ang pagtuturo. Hindi ko ito napahalagahan noon, ngunit nagmalasakit ako nang lubos sa gawain at hindi gaano sa guro ng klaseng inobserbahan ko. Sinabi ko sa kanya, sa napakaraming salita, 'Dapat ay ganito ang ginawa mo.' Ang tugon na tinanggap ko ay hindi mismong ganito ang pagkakasabi, subalit malinaw na ganito ang ibig sabihin: 'Kung gayon, gawin mo ito. Kung hindi ko ginagawa ang inaakala mong dapat kong gawin, ikaw na ang magturo sa klase.' Natutuhan ko nang oras na iyon na ang nakaligtaan ko ay ang pagmamahal. Hindi ko siya minahal nang sapat. Hindi ko siya iginalang nang sapat."

### Bigyang-pansin ang Magagandang Bagay na Ginagawa ng mga Guro

Ang mga tao ay waring nagugustuhang gawin ang mga bagay na inaakala nilang nagagawa nila nang mahusay. Ang inyong mga taos-pusong papuri ay nagagawa ang hindi nagagawa ng pagpuna upang hikayatin ang mga guro at tulungan silang patuloy na humusay.

Kapag minamahal ninyo ang mga guro na inyong pinaglingkuran, ang mga papuri ninyo ay magiging tapat. At makakikita kayo ng maraming bagay na mapupuri, sapagkat bawat guro ay may mga katangian na karapat-dapat pansinin. Ang isang guro ay maaaring may magandang tinig sa pagsasalita, talino sa pangangasiwa ng mga talakayan, o mahusay na pang-unawa sa mga banal na kasulatan o kasaysayan ng Simbahan. Ang isa pang guro ay maaaring maging maayos sa mga bagay-bagay, at ang isa pa ay maaaring may mapagpakumbaba, matibay na patotoo.

Dapat maging tiyak ang mga papuri. Halimbawa, maaari ninyong sabihin sa guro, "Sa palagay ko ay lubos na nakapagpatibay sa iyong mensahe ang ipinakita mong larawan ng Tagapagligtas" o "Ang patotoo mo sa katapusan ng aralin ay nakatulong sa akin na madama ang Espiritu" o "Gusto ko ang paraan ng pangangasiwa mo sa mahirap na katanungang iyon." Ang tiyak na mga puna ay karaniwang higit na nakahihikayat kaysa sa mga pangkalahatang puna dahil nagpapakita ito na nagmamalasakit kayo nang sapat upang matamang magmasid.

Magkakaroon kayo ng maraming pagkakataon upang bigyang-pansin ang magagandang ginagawa ng mga guro. Magagawa ninyo ito sa mga pulong sa pagpapaunlad ng guro at kapag nagpupulong kayo upang makipagsanggunian nang isa-isa sa mga guro (tingnan sa "Paghingi ng Suporta sa Inyong mga Pinuno," pahina 34). Subalit hindi na ninyo kinakailangang maghintay pa ng ganitong mga pagkakataon. Makapagpapahayag kayo ng mga papuri pagkatapos ng klase, sa pasilyo, sa kapirasong papel, o sa pagtawag sa telepono. Maaari rin kayong magpahayag ng papuri sa harap ng klase kung hindi mapapahiya ang guro dahil dito.

### Igalang ang Banal na Posibleng Kakayahan ng Bawat Guro

Bukod sa pagkilala sa mga kasalukuyang kakayahan ng bawat guro, dapat ninyong kilalanin ang banal na posibleng kakayahan ng mga guro. Sila ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit, at sila ay mayroong walang katapusang kakayahan. Sa tamang pangangalaga at sa kanilang sariling mapagpakumbabang dedikasyon, mapaghuhusay at mapauunlad nila ang kanilang mga talino at kakayahan.

### Pahintulutan ang mga Guro na Gumawa ng Sarili Nilang mga Plano para sa Pagpapaunlad

Kapag alam ng mga guro na minamahal ninyo sila at pinahahalagahan ang kanilang mga pagsisikap, magiging higit na panatag silang humingi ng tulong. Kapag sumangguni sila sa inyo, tulungan silang gumawa ng sarili nilang mga plano upang umunlad. Ang paraang ito ay nagpapahalaga sa alituntunin na ang mga guro (at, sa pagkakataong ito, ang mga pinuno) ay dapat tumulong sa iba na gawin ang responsibilidad sa kanilang sariling pagkatuto at pag-unlad (tingnan sa "Pagtulong sa Bawat Isa na Gawin ang Responsibilidad sa Pag-aaral ng Ebanghelyo," mga pahina 75–77). Ang mga tao ay palaging natututo at umuunlad nang lubusan kapag sila ang nagkukusa. Karaniwang higit na mabuti para sa mga guro na unti-unting umunlad batay sa kanilang sariling mga plano kaysa pilitin sila ng mga pinuno upang mas mabilis na humusay (tingnan sa "Paggawa ng Plano upang Mapahusay ang Inyong Pagtuturo," mga pahina 29–33).

### Ibigay ang Pagtutuwid nang may Pagpapakumbaba, Pagmamahal, at Patnubay ng Espiritu Santo

Bagaman pangkaraniwang pinakamabuti na pahintulutan ang mga guro na gumawa ng sarili nilang mga plano para sa pagpapaunlad, maaaring paminsan-minsan ay kailanganin ninyong magbigay ng pagtutuwid. Kapag ginagawa ninyo ito, maging marahan at maamo. Alalahanin na ang pagtutuwid ay dapat lamang gawin "kapag pinakikilos ng Espiritu Santo" at dapat sundan ng ibayong pagmamahal (Doktrina at mga Tipan 121:43). Inilalarawan ng sumusunod na kuwento ang mahahalagang alituntuning ito:

"Minsan bilang isang miyembro ng obispado ay natalaga ako sa isa sa mga korum ng Pagkasaserdoteng Aaron. Noong una akong makipagpulong sa korum ay labis akong nabahala. Ang tagapayo ay nagbigay ng isang napakagandang aralin at sa katapusan ay nawalang-kabuluhan ang lahat ng kabutihang ginawa niya dahil sa pagsasabing, 'Buweno, ito ang itinuturo sa atin, ngunit hindi naman talaga ganito ito.' Labis akong nagulumihanan dahil dito, at walang ginawang anumang pagpuna sa tagapayo, nagbigay ako ng aking patotoo, tinitiyak na tama ang naging pagkakaunawa ng mga kabataang lalaki. Makaraan ang ilang linggo inulit na naman niya ito. Sa pagkakataong ito, pagkatapos ng isang magandang aralin, pinag-alinlanganan niya ang kahalagahan ng mahigpit na pagsunod sa alituntuning itinuturo niya.

"Naghintay ako nang ilang araw at itinanong kung maaari ko siyang madalaw. Nag-ayuno at nanalangin ako bago pumaroon. Nakadama ako ng malaking pagmamahal sa taong ito at tiniyak na wala akong masamang nadarama sa kanya. Matapos naming pag-usapan ang mga kabataang lalaki sa korum, sinabi ko sa kanya na nag-aalala ako tungkol sa ilan sa kanyang mga kaisipan na hindi siyang nakabalangkas sa manwal ng aralin para

ituro namin. Sinabi ko sa kanya na ang mga kabataang lalaki ay nasa edad na nananalig sa mabubuting simulain at nangangailangang maunawaan ang pinakamimithi upang magsikap silang ipamuhay ito. Napaluha siya, at nagsimula siyang magbahagi ng ilan sa mga kahirapang pinagdaanan niya sa buhay na nagbunsod sa kanya na sabihin ang mga yaon. Sa magkasamang pag-uusap na iyon ay naging napakalapit namin. Hindi sa sumunod na linggo kundi matapos ang ilan pang linggo na binanggit niya sa klase na ang mga bagay na nauna niyang sinabi ay mali, at siya ay humingi ng paumanhin. Nadarama ko na ang pagmamahal at Espiritu ng Panginoon ang naging responsable sa pambihirang pagbabago ng kanyang puso. Hindi na kailangang sabihin pa, lalo siyang humusay nang humusay bilang isang guro."

F

# MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTURO



# MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTURO

Ang bahaging ito ng *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* ay nagpapakilala ng maraming iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ng ebanghelyo. Ang mga pamamaraan ay nakalista nang paalpabeto. Dapat na maingat ninyong piliin ang mga pamamaraan, palaging isinasaisip ang mga alituntunin na inyong itinuturo at ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa pagpili ninyo ng mga pamamaraan, repasuhin ang impormasyon sa "Pagtuturo nang may Pagkakaiba-iba" (mga pahina 113–14), "Pagpili ng mga Naaangkop na Pamamaraan" (pahina 116), at "Pagpili ng Mabibisang Pamamaraan" (mga pahina 118).


**Pamamaraan** **Pahina**

Mga Talaan ng Gawain (Activity sheets) . . . 211
Pagtula at Pag-awit na may Aksiyon (Activity Verse) . . . 211
Mga Paraan sa Pamumuhay ng Ebanghelyo (Application Techniques) . . . 211
Mga Gawaing Pantawag Pansin (Attention Getters) . . . 212
Mga Materyal na Audiovisual (Mga Vidiocassette at Audio Recording) . . . 212
Pagpapalitan ng Ideya (Brainstorming) . . . 212
Talakayan sa Maliliit na Grupo (Buzz Sessions) . . . 213
Mga Pinag-aaralang Situwasyon (Case Studies) . . . 214
Mga Pisara . . . 215
Mga Sabayang Pagbasa (Choral readings) . . . 216
Mga Paghahambing at Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng mga Aralin (Object Lessons) . . . 216
Mga Pagtatanghal . . . 218
Mga Diorama . . . 219
Mga Talakayan . . . 219
Mga Pagsasadula . . . 219
Pagdodrowing . . . 220
Mga Halimbawa . . . 221
Mga Flannel Board . . . 222
Mga Laro . . . 223
Mga Panauhing Tagapagsalita . . . 224
Mga Lektyur . . . 225
Paghahalintulad (Likening) . . . 225
Mga Mapa . . . 226
Pagsasaulo . . . 226

**Pamamaraan** **Pahina**

Mga Puting Pisara . . . 240
Mga Sulatang Papel (Work Sheets) . . . 240
Musika . . . 230
Musika na may Halong Kuwento (Awitin ang Kuwento) . . . 230
Mga Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin (Object Lesson) . . . 231
Mga Overhead Projector . . . 231
Mga Pangkatang Talakayan (Panel Discussion) . . . 231
Mga Larawang Idinikit o Idrinowing sa Karton (Paper Stand-Up Figures) . . . 232
Mga Larawan . . . 232
Mga Papet (Puppet) . . . 233
Mga Tanong . . . 233
Teatro ng mga Mambabasa (Readers' Theaters) Pagbigkas (Recitation) . . . 233
Dula-dulaan (Role Playing) . . . 234
Mga Roller Box . . . 235
Mga Banal na Kasulatan, Pagmamarka at Pagsusulat ng mga Tala sa Mardyin . . . 235
Banal na Kasulatan, Pagbabasa nang Malakas sa mga . . . 235
Banal na Kasulatan, Mga Tulong sa Pag-aaral ng mga . . . 235
Mga Banal na Kasulatan, Pagtuturo mula sa mga . . . 235
Awitin ang Kuwento . . . 235
Mga Istasyon . . . 235
Mga Kuwento . . . 236
Mga Visual . . . 239

MGA TALAAN NG GAWAIN (ACTIVITIES SHEETS)

Tingnan sa “Mga Sulatang Papel,” mga pahina 240–41.

---

## PAGTULA AT PAG-AWIT NA MAY AKSIYON (ACTIVITY VERSE)

Ang maliliit na bata ay natutuwa sa mga tula at awit na may mga simpleng aksiyon. Magagamit ninyo ang mga pagtula at pag-awit na may aksiyon upang tulungan ang mga bata na matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Magagamit din ninyo ang mga ito upang tulungan ang mga bata na madama ang malugod na pagtanggap sa pagsisimula ng klase, maghandang manalangin, o maghandang makilahok sa aralin.

Makatutulong na maghanda ng ilang tula at pag-awit na may aksiyon na magagamit sa tuwing makikita ninyo na kailangang baguhin ang takbo ng aralin o isali ang mga bata sa isang gawain.

Ang mga ideya sa pagtula at pag-awit na may aksiyon at mga awit ay kasama sa *Aklat ng mga Awit Pambata*, sa ilang manwal ng aralin sa Primarya, at sa ilang isyu ng bahaging pambata ng *Liahona*. Maaari kayong lumikha ng sarili ninyong tula at awit na may aksiyon sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga simpleng aksiyon.

### Halimbawa ng Isang Pagtula at Pag-awit na may Aksiyon

Ang sumusunod na pagtula at pag-awit na may aksiyon verse ay magagamit upang turuan ang mga bata na magpasalamat sa mga nilikha ng Diyos. Hango ito sa awit na pang-Primarya na “The World Is So Big” (*Children’s Songbook*, 235).

Ang mundo’y malaki at bilog
[*gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig*],
Naririto ang likha ng Diyos;
Mga bit’wing kumukutitap
[*ituwid at iwisik ang mga daliri*],
Araw na napakaliwanag
[*gumawa ng malaking bilog sa pamamagitan ng mga bisig*].
Ang mundo’y malaki at bilog.
Tayong lahat ay mahal ng Diyos
[*hawakan ang mga bisig at yakapin ang sarili*].

### Paano Ituro ang Pagtula at Pag-awit na may Aksiyon

Bago ituro ang pagtula at pag-awit na may aksiyon, isaulo ninyo mismo ang mga salita at galaw. Upang maituro ang pagtulaa at pag-awit na may aksiyon:

1. Bigkasin ang mga salita at ipakita ang mga aksiyon sa mga bata. Bagalan, at husayan ang pagpapakita ng aksiyon. Matutulungan nito ang mga bata na maunawaan ang mga salita at aksiyon.
2. Anyayahan ang mga bata na gawin ang pagtula at pag-awit na may aksiyon na kasabay ninyo.
3. Kung nasisiyahan ang mga bata sa pagtula at pag-awit na may aksiyon, ulitin ito. Kung sila ay magiging malikot, iklian ito. Kung mahaba ang pagtula at pag-awit na may aksiyon, maaari ninyong tulungan ang mga bata na gawin ang mga aksiyon habang binibigkas ninyo mismo ang mga salita.

Paminsan-minsan ay maaari kayong gumamit ng mga larawan upang makatulong sa paglalahad ng mga pagtula at pag-awit na may aksiyon. Ang mga larawan mula sa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo at sa mga manwal ng aralin na inilathala ng Simbahan at mga magasin ng Simbahan ay makatutulong. Maaari ninyong isaalang-alang ang paggamit ng set ng Primary Visual Aids Cutouts (na makukuha sa pamamagitan ng *Church Materials Catalog*).

Ang ilang mga bata ay maaaring hindi makilahok sa pagtula at pag-awit na may aksiyon ngunit nasisiyahan naman sila sa pagmamasid sa iba na gumagawa ng mga aksiyon. Makikisali sila kapag handa na sila.

---

## MGA PARAAN SA PAMUMUHAY NG EBANGHELYO

Bilang guro ng ebanghelyo, ang dapat na isa sa inyong pinakamahalagang layunin ay ang tulungan ang iba na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa pang-araw-araw na situwasyon. Ang mga paraan sa pamumuhay ng ebanghelyo ay makatutulong sa mga nag-aaral na matuklasan ang mga biyayang dumarating kapag ipinamumuhay natin ang ebanghelyo.

Nasa ibaba ang ilan sa mga pamamaraan na makatutulong sa inyong mga tinuturuan upang maipamuhay nila ang mga alituntuning itinuro ninyo. Ito at ang marami pang mga pamamaraan ay inilalarawan sa bahaging ito ng aklat.

- Talakayin ang mga situwasyon na katulad ng maaaring maranasan ng mga nag-aaral. Gumamit ng mga dula-dulaan, pangkatang talakayan, talakayan sa maliliit na grupo, laro, sulatang papel, pinag-aaralang situwasyon, o pagpapalitan ng ideya upang matalakay kung paano gagawa ng mga tamang pagpili sa gayong mga situwasyon.
- Maghanda ng mga tiyak na katanungan ukol sa pamumuhay ng ebanghelyo na tatalakayin sa klase.
- Magbahagi ng personal na karanasan tungkol sa paano nabiyayaan ang inyong buhay ng pamumuhay ng isang alituntunin ng ebanghelyo. Anyayahan ang

inyong mga tinuturuan na maikling ibahagi ang kanilang sariling mga karanasan.

- Himukin ang iyong mga tinuturuan na magtakda ng isa o higit pang layunin na makatutulong sa kanila na ipamuhay ang alituntunin na inyong itinuro. Halimbawa, sa isang aralin tungkol sa panalangin, maaari ninyo silang himukin na magtakda ng isang layunin na makatutulong sa kanila na manalangin sa mas makabuluhang paraan. Maaari ninyong hilingin na bahagi nila ang kanilang damdamin sa susunod na linggo.
- Magbahagi ng mga talata sa banal na kasulatan na nagpapatotoo sa alituntunin. Ipabahagi sa inyong mga tinuturuan ang paborito nilang mga banal na kasulatan o mga kuwento sa mga banal na kasulatan.
- Hilingan ang mga nag-aaral na mag-isip ng isang awit na tumutulong sa kanila na maalaala ang alituntunin. Magmungkahi ng mga awit na magagamit nila.
- Himukin ang inyong mga tinuturuan na ibahagi ang mensahe ng aralin sa kanilang mag-anak. Halimbawa, maaari nilang ibahagi ang isang gawain, awit, sulatang papel, o banal na kasulatan na ginamit sa klase. Ipatalakay sa kanila sa kanilang mag-anak kung paano nila maipamumuhay ang alituntunin.
- Ipasulat sa inyong mga tinuturuan ang isang banal na kasulatan, siping-banggit, tula, o bahagi ng isang awit sa isang piraso ng papel na maiuuwi nila at magsisilbing paalala ng aralin.
- Ipadrowing sa mga bata ang kanilang sarili na ipinamumuhay ang alituntunin.
- Tulungan silang isaulo ang isang saligan ng pananampalataya na may kaugnayan sa alituntunin. Kasama ang mga bata, iugnay ang alituntunin sa isa sa mga aytem na nasa "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo," sa likod ng buklet na *Aking mga Araw ng Tagumpay* (35317 893).
- Isang buwan bago ituro ang aralin, atasan ang ilang mag-aaral na pag-aralan ang isang tiyak na aralin at ipamuhay ito. Kapag itinuro mo na ang aralin, ipaulat sa mga taong inatasan ang kanilang mga naging karanasan.

---

## MGA GAWAING PANTAWAG PANSIN (ATTENTION GETTERS)

Ang mga gawaing pantawag pansin ay maaaring gamitin upang pukawin ang interes at tulungan ang mga nag-aaral na maituon ang kanilang pansin sa paksa ng aralin. Ang mga ito ay dapat maging maikli at umaakay nang tuwiran sa aralin. Ang mga ito ay kadalasang ginagamit sa simula ng mga aralin, ngunit maaari ding gamitin ang mga ito upang matawag ang pansin ng mga mag-aaral sa kasalukuyan ng mga aralin at makagawa ng paglilipat mula sa isang bahagi tungo sa isa pang bahagi ng aralin.

Maraming aralin sa mga manwal na inilathala ng Simbahan ang kinabibilangan ng mga mungkahi para sa mga gawaing pantawag pansin.

Para sa mga mungkahi sa paggamit at pagbuo ng mga gawaing pantawag pansin, tingnan sa "Pagsisimula ng Aralin," sa pahina 120, at "Pagtulong sa mga Mag-aaral na Maging Alisto," sa mga pahina 87–89.

---

## MGA MATERIAL NA AUDIOVISUAL (MGA VIDEOCASSETTE AT AUDIO RECORDING)

Maaari ninyong gamitin paminsan-minsan ang mga videocassette at audio recording na inilathala ng Simbahan upang makatulong sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang ilang materyal ay binuo upang gamitin sa partikular na mga aralin sa partikular na mga kurso ng pag-aaral. Ang iba ay maaaring gamitin sa iba't ibang aralin. Sumangguni sa kasalukuyang *Church Materials Catalog* para sa listahan ng audiovisual na mga makukuhang materyal na inilathala ng Simbahan.

Sa Simbahan, ay kadalasang labag sa mga batas ukol sa karapatang-sipi ang paggamit sa mga audiovisual na materyal na hindi pag-aari ng Simbahan. Para sa mga gabay hinggil sa mga batas ukol sa karapatang-sipi, tingnan sa *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan*, mga pahina 421–22.

### Paano Gamitin ang Audiovisual na mga Materyal

1. Panoorin o pakinggan ang pagtatanghal bago ito gamitin sa klase. Tiyakin na pinagtitibay o itinataguyod nito ang aralin.
2. Ihanda ang pagtatanghal upang magsimula ito sa tamang lugar kapag kailangan na ninyo ito sa aralin. Karaniwan, dapat ninyong gamitin ang maiikling bahagi lamang; hindi dapat ubusin ang buong oras ng aralin sa mga audiovisual na pagtatanghal.
3. Isaayos ang kasangkapan (equipment) bago magsimula ang klase. Tiyakin na maayos itong umaandar. Tiyakin din na maririnig ng lahat ng mag-aaral ang pagtatanghal at makikita ito mula sa kanilang mga upuan.

Kapag ginamit ninyo ang pagtatanghal bilang bahagi ng aralin, tiyakin na ito ay gamit sa pagtuturo sa halip na sa paglilibang. Halimbawa, maaari ninyong himukin ang mga mag-aaral na maghanap ng mga partikular na alituntunin o situwasyon sa habang ipinapalabas ang video. O maaari ninyong ipabuod sa kanila ang mensahe ng isang audio recording pagkatapos iparinig ito.

---

## PAGPAPALITAN NG IDEYA (BRAINSTORMING)

Sa gawain sa pagpapalitan ng ideya, inilalahad ng guro ang isang tanong o situwasyon at binibigyan ang

mga mag-aaral ng maikling panahon upang malayang magmungkahi ng mga solusyon o ideya.

*Mga Halimbawa ng mga Gawain sa Pagpapalitan ng Ideya*

Maaari ninyong gamitin ang pagpapalitan ng ideya upang tukuyin ang pangangailangan ng inyong pamilya, korum, o klase. Halimbawa, maaari ninyong pabuuin ang mga nag-aaral ng isang proyekto ukol sa paglilingkod, magmungkahi ng mga paraan upang anyayahan ang mga miyembrong hindi gaanong aktibo sa isang isang gawain, o magbahagi ng mga ideya para sa pagpapabuti ng mga pagsisikap sa pagtuturo sa tahanan.

Maaari din ninyong gamitin ang pagpapalitan ng ideya upang pukawin ang mga ideya ukol sa partikular na paksa sa aralin. Halimbawa, maaari ninyong hilingan ang inyong mga tinuturuan na mag-ukol ng ilang minuto sa paglilista ng mga biyayang tinanggap nila sa pamamagitan ng pagkasaserdote o ng mga bagay na magagawa nila upang maging mabubuting halimbawa bilang mga miyembro ng Simbahan.

### Paano Pamumunuan ang Gawain sa Pagpapalitan ng Ideya

1. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng pagpapalitan ng ideya. Sabihan ang inyong mga tinuturuan na bibigyan mo sila ng maikling panahon upang mag-ambag ng mga ideya. Tiyakin na nauunawaan nila na hindi ninyo babatikusin o pagtatawanan ang kanilang mga ideya, at tulungan silang maunawaan na hindi nila dapat batikusin o pagtawanan ang mga ideya ng bawat isa. Dahil sa katangian ng pagpapalitan ng ideya, maaaring kailanganin ninyong paalalahanan sila na maging mapitagan sa kanilang mga kilos at mga mungkahi.
2. Maglahad ng partikular na tanong o situwasyon. Tiyakin na alam ng mga mag-aaral kung gaanong oras ang mayroon sila upang makagawa ng mga mungkahi.
3. Hayaang mag-ambag ng kanilang mga ideya ang mga mag-aaral. Kung nag-aalinlangan silang magsimulang magpalitan ng ideya, maaari ninyong tulungan sila upang makapagsimula sa pamamagitan ng pagmumungkahi ninyo ng ilang ideya. Maghanap ng mga paraan upang maisali ang mga mag-aaral na tila atubiling makilahok.
4. Habang nagbibigay ng mga mungkahi ang mga mag-aaral, isulat ang mga mungkahi sa pisara o sa isang piraso ng papel o ipalista ang mga ito sa isang tao.
5. Kapag wala nang oras, talakayin ang mga mungkahing ibinigay ng mga mag-aaral. Anyayahan silang pagbutihin ang kanilang mga ideya at pag-usapan kung paano nila ito maiuugnay sa aralin. Kung ang layunin ng gawain ay pagpasiyahan kung anong hakbang ang gagawin, gaya halimbawa ng proyekto sa paglilingkod o isang plano na anyayahan sa isang gawain ang mga miyembrong hindi gaanong aktibo, tulungan silang pumili ng isa sa mga mungkahi. Pagkatapos ay tulungan silang gumawa ng mga plano upang masunod ang mungkahing iyon.
6. Kung magbabahagi sila ng mga ideya na tapat ngunit nagpapakita ng maling doktrina, mag-ukol ng panahon sa kasalukuyan ng aralin na masuyong itama ang mga ideyang iyon.

---

## TALAKAYAN SA MALILIIT NA GRUPO (BUZZ SESSIONS)

Ang mga talakayan sa maliliit na grupo ay mga gawain na kung saan ang mga mag-aaral ay nahahati sa maliliit na grupong pangtalakayan. Pag-uusapan ng mga grupo ang tungkol sa iniatas na paksa at pagkatapos ay ibabahagi ang kanilang mga ideya sa iba. Maaari ninyong gamitin ang mga talakayan sa maliliit na grupo upang mabigyan ang maraming tao ng pagkakataon na makilahok sa aralin. Ang mga taong karaniwang atubiling makilahok ay maaaring magbahagi ng mga ideya sa maliliit na grupo upang hindi sila magsalita sa harapan ng buong grupo. Matutulungan sila nito na makita na ang kanilang mga ideya ay mahalaga sa iba.

Kung minsan, maaaring ibahagi ng mga grupo ang kanilang mga ideya sa pamamagitan ng paggawa ng mga poster o tsart o pagdodrowing ng mga larawan. Halimbawa, maaari ninyo silang hilingan na magdrowing ng iba't ibang bahagi ng iisang ulat sa banal na kasulatan o mga bagay na ipinagpapasalamat nila.

### Halimbawa ng Talakayan sa Maliliit na Grupo (Buzz Session)

Sa isang aralin tungkol sa paghahandang maglingkod sa full-time na misyon, maaaring hatiin ng isang tagapagturo sa korum ng mga elder ang mga miyembro ng korum sa limang grupo at papaghandain ang bawat grupo na mag-ulat tungkol sa isa sa mga sumusunod na tanong:

- Ano ang maaaring gawin ng mga kabataang lalaki upang makapaghandang maglingkod sa full-time na misyon?
- Ano ang maaaring gawin ng mga ama upang matulungan ang kanilang mga anak na lalaki na maghandang maglingkod sa full-time na misyon?
- Ano ang maaaring gawin ng mga tagapagturo sa tahanan upang matulungan ang mga bata at kabataang lalaki na maghandang maglingkod sa full-time na misyon?
- Ano ang maaaring gawin ng mga tagapayo sa Pagkasaserdoteng Aaron upang matulungan ang mga

kabataang lalaki na maghandang maglingkod sa full-time na misyon?

- Ano ang maaaring gawin ng matatanda upang maihanda ang kanilang sarili na maglingkod sa full-time na misyon?

Magagamit ninyo ang huwarang ito sa pagbuo ng iba pang paksa para sa mga talakayan sa maliliit na grupo.

### Paano Pamumunuan ang Talakayan sa Maliliit na Grupo

Ipinakikita ng sumusunod na mga hakbang kung paano pamumunuan ang talakayan sa maliliit na grupo. Habang pinaplano ninyong pamunuan ang talakayan sa maliliit na grupo, isaalang-alang kung gaano ang itatagal ng bawat isa sa mga hakbang na ito. Tiyakin na ang proseso ay hindi gugugol ng marami sa oras ng aralin.

1. Hatiin ang klase sa mga grupo na tig-tatatlo ang tao. (O maaari ninyong hilingan na lamang ang bawat nag-aaral na humarap sa taong katabi niya para sa isang mabilisang talakayan. Kung pipiliin ninyo ang paraang ito, kakailanganin mong iangkop ang mga hakbang 2 hanggang 6.)
2. Pumili ng pinuno sa bawat grupo, o hayaang pumili ang mga grupo ng kanilang mga pinuno. Mag-atas din ng tagatala sa bawat grupo. Bigyan ang bawat tagatala ng isang papel at ng bolpen o lapis. Ililista ng mga tagatala ang mga tugon ng kanilang grupo habang nagtatalakayan. Pananatilihin ng mga pinuno ang mga talakayan at sa huli ay iuulat sa klase ang mga ideya ng grupo. (Kung gagawin ninyo ang uri ng talakayan sa maliliit na grupo kung saan ang mga grupo ay magdodrowing ng mga larawan, bigyan ang bawat grupo ng mga materyal na kailangan nila, tulad ng papel, mga lapis, at krayola.)
3. Atasan ang bawat grupo ng isang paksa na may kaugnayan sa aralin. Maaari ninyong hilingan ang lahat ng grupo na talakayin ang iisang paksa, o maaari ninyong atasan ang bawat grupo ng magkakaibang paksa. Makatutulong na bigyan ang bawat grupo ng isang papel na nakasulat doon ang paksa.
4. Bigyan ang mga grupo ng takdang oras upang talakayin ang kanilang mga paksa. Tiyaking hindi sila lalayo sa paksang iniatas. Bigyan sila ng hudyat mga isa o dalawang minuto bago sila matapos.
5. Anyayahan ang bawat pinuno ng grupo na ilahad ang mga ideyang nabuo mula sa talakayan ng grupo. (Kung tinalakay ng lahat ng grupo ang iisang paksa, hayaang maghalinhinan ang mga pinuno ng grupo sa pagbabahagi ng isang ideya. O kaya naman, ang unang mga grupo ay maaaring magbigay ng maraming ideya, at ang ibang grupo ay kakaunti na lamang ang ibabahagi.)
6. Ibuod ang mga paglalahad, na tinitiyak na ang mga paksa ay natalakay nang husto. Tiyakin na nauunawaan ng mga mag-aaral kung paano nauugnay ang kanilang mga talakayan sa mga alituntunin ng ebanghelyo na inyong itinuturo.

## MGA PINAG-AARALANG SITUWASYON (CASE STUDIES)

Ang mga pinag-aaralang situwasyon ay mga kalagayan sa tunay-na-buhay na humihikayat sa mga nag-aaral na mag-isip nang mabuti o talakayin kung ano ang magagawa nila sa gayunding situwasyon. Makatutulong ang mga ito na maipakita kung paano maipamumuhay araw-araw ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Maaari ninyong gamitin ang mga pinag-aaralang situwasyon upang humikayat ng talakayan, bigyang-diin ang pangunahing alituntunin ng aralin, o tapusin ang isang aralin.

Ang mga pinag-aaralang situwasyon ay maaaring batay sa totoong mga kuwento o kathang-isip ngunit makatotohanan ang mga ito. Kung ikaw ay gagamit ng pinag-aaralang situwasyon na batay sa tunay na kuwento, maaari ninyong ibahagi ang kinalabasan ng kuwento sa isang punto sa aralin.

### Mga Halimbawa ng mga Pinag-aaralang Situwasyon

Ang sumusunod ay apat na halimbawa ng mga pinag-aaralang situwasyon na may mga tanong para sa talakayan.

*Pakikitungo sa Iba nang May Kabaitan*

Buong umaga kayong nakikipaglaro sa ilang kaibigan sa inyong kapitbahayan at masayang-masaya kayo. Isang batang babae na dumadalaw sa pamilya sa kabila ng kalye ang lumabas at sa wari ay nais niyang makipaglaro sa inyo.

- Ano ang dapat ninyong gawin?

*Pagbabayad ng Buong Ikapu*

Patapos na ang Disyembre, at tinitingnan nina Brother at Sister Jones ang kanilang badyet para sa buwan na iyon. Natanto nila na hindi nila mababayaran ang lahat ng kanilang bayarin kung magbabayad sila ng ikapu.

- Kung kayo ang nasa kalagayan nina Brother at Sister Jones, ano ang inyong gagawin?

*Pagbabahagi ng Ebanghelyo*

Ilang buwan na ninyong binabalak na magpunta sa templo kasama ang iba pang kabataang lalaki at kabata-

ang babae sa purok upang magsagawa ng mga pagbibinyag para sa mga patay. Isang kaibigan na hindi miyembro ng Simbahan ang nag-anyaya sa inyo sa isang parti nang gabi ring iyon. Sinabi ninyong hindi kayo makapupunta sa parti, at tinanong kayo ng inyong kaibigan kung ano ang gagawin ninyo sa gabing iyon.

- Paano kang tutugon?

*Paggawa ng mga Tamang Pagpapasiya*

Inanyayahan kayo ng isang kaibigan na manood ng sine na alam ninyong hindi angkop sa mga pamantayan ng Simbahan.

- Ano ang maaari ninyong gawin upang tanggihan ang paanyaya?

### Paano Lilikha ng Pinag-aaralang Situwasyon

Ang ilang aralin sa mga manwal na inilathala ng Simbahan ay naglalaman ng mga kuwento na maaaring gamitin bilang mga pinag-aaralang situwasyon. Gayunman, minsan ay maaaring nais ninyong lumikha ng sarili ninyong mga pinag-aaralang situwasyon. Upang makalikha ng sarili ninyong pinag-aaralang situwasyon, sundin ang mga hakbang na ito:

1. Isaisip ang mga alituntunin na inihahanda ninyong ituro. Pagkatapos ay mag-isip ng mga situwasyon na may kaugnayan sa mga alituntuning iyon at angkop sa saklaw-na-gulang na inyong tinuturuan.
2. Maghandang ilahad ang mga situwasyon nang makatotohanan at sa paraan na hihikayat ng pag-iisip at talakayan (tingnan sa "Pamumuno sa mga Talakayan," mga pahina 78–81; "Pagtuturo sa Pamamagitan ng mga Tanong," mga pahina 84–86; "Mga Kuwento," mga pahina 236–38.
3. Isipin kung ano ang inyong masasabi o magagawa upang mapagtibay ang mga alituntunin matapos ang talakayan.

---


## MGA PISARA

Ang pisara ang isa mga pinakasimple, pinakamadaling makuhang gamit sa pagtuturo. Magagamit ninyo ang pisara upang:

- Bigyang-diin ang mga tunay na nangyari o ideya at tulungan ang mga mag-aaral na tandaan ang mga ito.
- Kilalanin ang mga ideya ng mga nag-aaral sa pamamagitan ng pagsusulat sa mga ito.
- Gabayan ang mga talakayan sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga tanong at pakikinig sa mga sagot ng mga mag-aaral. Halimbawa:

| KAPAG NANANALANGIN TAYO | |
|---|---|
| *Pinasasalamatan natin ang Ama sa Langit sa:* | *Hinihiling natin sa Ama sa Langit ang:* |

- Linawin ang mga konsepto o kuwento sa pamamagitan ng paglalarawan sa mga ito sa simpleng paraan. Halimbawa:




- Gumawa ng balangkas o listahan upang matulungan ang mga mag-aaral na masundan ang talakayan.
- Ilista ang mga takdang-gawain o banal na kasulatan na may kaugnayan sa kasalukuyang aralin o sa susunod na aralin.

### Mga Gabay sa Paggamit ng mga Pisara

Ang mga sumusunod na gabay ay makatutulong sa inyo na gamitin ang pisara bilang epektibong kasangkapan sa pagtuturo. Ang mga gabay na ito ay angkop rin sa paggamit ninyo ng mga overhead projector at puting pisara.

- Planuhin at sanayin ang inyong isusulat, na nagpapasiya kung paano ninyo isasaayos ang impormasyon o mga drowing. Magsanay na magdrowing ng anumang mga paglalarawan na inyong gagamitin.
- Kung kayo ay nagpaplanong gumamit ng balangkas, listahan, o paglalarawan sa pisara, maaari ninyong gawin ito bago magsimula ang klase at pagkatapos ay takpan ito ng papel, at ihayag lamang ito sa aralin sa tamang pagkakataon.
- Sumulat nang malinaw at sapat ang laki upang makita ng lahat, at tiyaking tama ang pagitan, maayos, at madaling basahin ang nakasulat. Isulat lamang ang mga pangunahing salita o parirala.

- Gumamit ng simpleng guhit (stick figures) at hugis upang ilarawan ang mga kuwento at konsepto. Kung pananatilihin ninyong simple ang mga guhit at hugis, maiiwasan ninyong maging pangunahing pagtutuunan ng pansin ang mga ito sa aralin.
- Panatilihing nakatuon sa inyo ang pansin ng inyong mga tinuturuan sa pamamagitan ng pagsasalita habang nagsusulat.
- Iwasang mag-ukol ng mahabang oras sa pisara. Maaaring maging sanhi ito upang mawala ang interes ng mga mag-aaral sa aralin.
- Huwag ihingi ng paumanhin ang inyong pagbaybay, pagsusulat, o kakulangan ng kakayahang maging malikhain. Ang paghingi ng paumanhin ay makatatawag lamang ng pansin sa partikular na aspeto ng inyong pagsusulat o pagdodrowing. Kung hindi kayo sanay sa paggamit ng pisara, hilingan ang isang tao na tumulong.
- Paminsan-minsan ay hilingan ang isang tao na magsulat sa pisara para sa inyo upang mapanatili ninyo ang pagtingin sa mga mata ng mga mag-aaral. Tiyakin na alam ng taong tumutulong sa inyo ang nais ninyong ipasulat sa kanya at kung saan niya ito isusulat sa pisara.

## MGA SABAYANG PAGBASA [CHORAL READINGS] (tingnan din sa TEATRO NG MGA MAMBABASA; PAGBIGKAS)

Sa sabayang pagbasa, isang grupo ang nagbabasa ng mga talata sa banal na kasulatan, tula, o prosa nang sabay-sabay. Ang sabayang pagbasa ay maaaring gawin sa klase o itanghal sa madla.

Maaari ninyong gamitin ang pamamaraang ito upang ilahad ang mga ulat sa banal na kasulatan, kuwento, tula, at iba pang impormasyon. Maaari din ninyo itong gamitin bilang bahagi ng natatanging programa para sa mga natatanging okasyon o pangyayari.

### Halimbawa ng Sabayang Pagbasa

Tema: Mga Saligan ng Pananampalataya

Paraan: Iparepaso sa mga mag-aaral ang mga Saligan ng Pananampalataya at pagkatapos ay ipaulit ito sa grupo sa inyong harapan.

### Paano Pamumunuan ang Sabayang Pagbasa

- Pumili ng materyal na nagtataguyod sa paksa ng aralin. Ang mga angkop na materyal ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan, mga manwal na inilathala ng Simbahan, magasin ng Simbahan, at sa *Aklat ng mga Awit Pambata*.
- Kung itatanghal ninyo ang sabayang pagbasa sa madla, papagsanayin ang grupo sa pagbabasa ng materyal upang matuto silang bumigkas nang sabay-sabay. Tiyakin na malinaw silang magsalita at tumitigil sandali at binabago ang lakas at bilis ng kanilang tinig upang maiparating ang kahulugan ng mensahe. Sa oras ng pagtatanghal, pamunuan sila upang maulit nila ang kanilang mga bahagi nang sabay-sabay.

## MGA PAGHAHAMBING AT BAGAY NA GINAGAMIT SA PAGTUTURO NG MGA ARALIN (OBJECT LESSON)

Kadalasan ay mahirap ituro ang hindi nakikita o nahahawakang mga aspeto ng ebanghelyo—ang mga alituntuning tulad ng pananampalataya, pagsisisi, pagmamahal, ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kapatawaran ng mga kasalanan, at pagtubos. Sinabi ni Elder Boyd K. Packer:

"Sa pagtuturo ng ebanghelyo, hindi natin nililikhang muli ang pisikal na daigdig sa ating paligid; ang pinakikitunguhan natin ang hindi nakikitang daigdig na nasa ating sarili, at may malaking pagkakaiba ito. Wala tayong magagamit na pangkaraniwang kasangkapan. Ang pagpapaliwanag sa isang kabataan tungkol sa ideya ng isang pusa ay higit na napakadali kaysa sa pagpapaliwanag ng ideya tungkol sa pananampalataya; napakahirap ilarawan ang pananampalataya.

"Halimbawa, gaano kalaki ang pananampalataya? Hindi magtatagal at malalaman natin na hindi makatutulong ang laki. Magiging malabo pa rin ang pagpapaliwanag natin sa isang kabataan na walang alam tungkol sa pananampalataya kung ang sasabihin lamang natin sa kanya ay ang tungkol sa dami, tulad ng malaking pananampalataya, o kaunting pananampalataya. Hindi natin masasabi sa kanya kung ano ang kulay nito. Hindi natin masasabi as kanya kung ano ang hugis nito. Hindi natin masasabi sa kanya kung ano ang kayarian nito."

Pagkatapos ay nagbahagi si Elder Packer ng isang kasangkapan sa pagtuturo na magagamit natin upang maituro ang tungkol sa mga alituntuning hindi nakikita o nahahawakan: "Iugnay ang hindi nakikitang ideya . . . sa ilang nakikitang bagay na may kaalaman ang mag-aaral at pagkatapos ay gawing pundasyon ang kaalamang iyon" (*Teach Ye Diligently*, binagong edisyon [1991], 31–32).

Maaari ninyong gamitin ang mga paghahambing at bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin upang tulungan ang mga nag-aaral na maunawaan ang mga alituntuning hindi nakikita o nahahawakan. Kasabay ng paggamit ng mga kuwento at personal na patotoo, ang mga pamamaraang ito ay makapagbibigay sa inyo ng mainam na set ng kasangkapan sa pagtuturo ng mga

walang hanggang katotohanan na hindi natin mauunawaan sa pamamagitan ng ating mga pandamdam.

Habang ginagamit ninyo ang mga paghahambing at bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin, alalahanin na dapat ay palagi nitong pinagtitibay ang layunin ng aralin at hindi ito dapat makasira sa mga alituntunin ng ebanghelyo na inyong itinuturo.

*Mga Paghahambing*

Kadalasan ay tinutukoy ng Tagapagligtas ang mga pamilyar na bagay o karanasan sa mundo upang tulungan ang Kanyang mga tagapakinig na maunawaan ang mga espirituwal na alituntunin. Tinukoy Niya ang Kanyang sarili bilang "ang tinapay ng kabuhayan" (Juan 6:35) at "ang mabuting pastor" (Juan 10:11, 14). Tinuruan Niya ang Kanyang mga tagasunod na hanapin ang nawawalang tupa (tingnan sa Mateo 10:5–8) at pakainin ang Kanyang mga tupa (tingnan sa Juan 21:15–17). Inihambing ng Panginoon ang kaharian ng langit sa isang kayamanan, perlas, at lambat sa pangingisda (tingnan sa Mateo 13:44–48). Inihalintulad Niya ang pananampalataya sa isang buto ng mustasa (tingnan sa Mateo 17:20). Sinabi Niya na ang mga tao ay makikilala sa pamamagitan ng kanilang mga bunga (tingnan sa Mateo 7:15–20). Sa Kanyang mga aral, ang isang makipot na pintuan ang naging daan tungo sa buhay na walang hanggan (tingnan sa Mateo 7:13–14) at ang Kanyang mga disipulo ay naging mga mamamalakaya ng mga tao (tingnan sa Mateo 4:18–19). Binanggit Niya ang tungkol sa pagtitipon sa Kanyang mga tao tulad ng pagtitipon ng isang inahin sa kanyang mga inakay sa ilalim ng kanyang mga pakpak (tingnan sa Mateo 23:37).

Sa pamamagitan ng pagsasanay at imahinasyon, makikita mo ang mga pagsasagawa ng ebanghelyo sa mga bagay na pamilyar. Halimbawa, ang panalangin ay maihahambing sa isang radyo, ang basbas ng patriyarka ay maihahambing sa Liahona, at ang pag-asa ay maihahambing sa sikat ng araw na nababanaag sa mga ulap. Maaari kayong makakita ng mga aral sa inyong mga karanasan sa trabaho, sa araw-araw na mga gawain sa bahay, o sa inyong pakikisalamuha sa ibang tao (tingnan sa "Paghahanap ng mga Mapupulot na Aral sa Ating Kapaligiran," mga pahina 27–28).

Si Elder Packer ay nagmungkahi ng pormula sa paghahanap ng mga paghahambing:

______________ ay tulad ng ______________

Tulad ng ipinakikita sa ibaba, ang pormulang ito ay magagamit sa pagtuturo ng tungkol sa pagsisisi. Ang hindi nakikitang alituntunin ng pagsisisi ay nagiging mas malinaw habang inihahambing natin ito sa isang bagay na simple at pamilyar. Itinuro ni Elder Packer na:

"Halimbawa ang paksang *pagsisisi*.

"Ang pagsisisi ay katulad ng ______________

"Anong pangkaraniwang bagay na pamilyar sa bawat isa ang maihahalintulad sa pagsisisi? Halimbawang gagamit tayo ng sabon.

Ang "Pagsisisi ay tulad ng sabon" (tingnan sa *Teach Ye Diligently*, 36–37; tingnan din sa pahina 34).

*Iba pang Halimbawa ng mga Paghahambing*

Ang sumusunod ay listahan ng iba pang paghahambing na maaari ninyong gamitin habang itinuturo ninyo ang ebanghelyo:

Ang pag-aaral ng banal na kasulatan ay katulad ng isang piging.

Ang mga bata ay katulad ng kayamanan.

Ang pananampalataya ay katulad ng isang pananggalang.

Ang mga banal na kasulatan ay katulad ng balsa sa tubig na maalon.

Ang kasalanan ay katulad ng kumunoy.

## Mga Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin

Tulad ng mga paghahambing, iniuugnay ng mga bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin ang mga alituntuning hindi nakikita sa pamilyar na mga pisikal na bagay. Gayunman, sa isang bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin, ikaw ay gumagamit ng mga aktuwal na bagay sa halip na pag-usapan lamang ang tungkol sa mga ito. Halimbawa, upang matulungan ang mga nag-aaral na maunawaan ang nakapaglilinis na epekto ng pagsisisi, maaaring ipakita ng isang guro ang isang bareta ng sabon at gamitin na rin ito upang hugasan ang dumi sa kanyang mga kamay.

*Iba Pang Halimbawa ng mga Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin*

Ang sumusunod na mga halimbawa ay higit na nagpapakita kung paano gamitin ang mga bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin:

- Upang maipakita na ang mga ordenansa at tipan ay hindi mapaghihiwalay, ipakita ang isang barya. Pagkatapos ay itanong kung aling panig ng barya ang mas mahalaga. (Kapwa mahalaga ang magkabilang panig.) Tanungin ang mga nag-aaral kung mapaghihiwalay nila ang magkabilang panig ng barya. Pagkatapos ay ipaliwanag na ang mga ordenansa at tipan ay hindi mapaghihiwalay, tulad ng kung paano hindi mapaghihiwalay ang magkabilang panig ng barya. Bigyang-diin rin na ang mga ordenansa at mga tipan ay mahalaga sa pagpasok sa kinaroroonan ng Diyos, tulad nang paano kailangan ang mga barya kung minsan para makapasok sa mga pagtatanghal.
- Upang bigyang-diin na ang bawat isa ay mahalaga, ipabuo sa mga nag-aaral ang isang simpleng palaisipan na

inalisan ninyo ng isang piraso. Kapag nagtanong sila tungkol sa nawawalang piraso, ibigay ito sa kanila. Tanungin sila kung bakit mahalaga ang nawawalang piraso. Pagkatapos ay ipaliwanag na ang bawat piraso ng palaisipan ay katulad ng isang miyembro ng pamilya o ng miyembro ng klase. Ang bawat tao ay mahalaga.

- Upang ilarawan ang kahalagahan ng ebanghelyo, ipakita ang isang mapa. Itanong kung bakit tayo gumagamit ng mga mapa. Pagkatapos ay ihambing ang mapa sa ebanghelyo. Ipaliwanag na tulad ng isang mapa, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay gumagabay sa atin. Tinutulungan tayo nito na manatili sa landas na patungo sa buhay na walang hanggan kapiling ang ating Ama sa Langit.
- Upang maituro ang pangangalaga sa salita ng Diyos matapos itong maitanim sa ating mga puso (tingnan sa Alma 32:28–43), magdrowing ang mga larawan ng dalawang halaman—isang malusog at may mahalumigmig na matabang lupa at isang hindi malusog at may tuyo at hindi matabang lupa.

### Kailan Gagamit ng mga Paghahambing at Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin

Ang mga paghahambing at bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin ay magagamit sa maraming paraan, ngunit higit na makatutulong ang mga ito kapag kailangan ninyong:

- Makuha ang pansin ng inyong mga tinuturuan. Maaari kayong gumamit ng mga paghahambing at bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin upang mabilis na makalikha ng interes, maituon ang pansin ng mga mag-aaral, at mapasimulan ang paksa o alituntunin ng aralin.
- Gumawa ng balangkas para sa aralin. Paminsanminsan ay maaari ninyong buuin ang aralin sa paghahambing o sa bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin.
- Tapusin, ibuod, at manghimok. Matapos ituro ang isang alituntunin ng ebanghelyo, maaari kayong gumamit ng paghahambing o bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin upang ibuod ang mga tinalakay at himukin ang inyong mga tinuturuan na gumawa ng mahahalagang pagbabago sa kanilang buhay.

---

## MGA PAGTATANGHAL (DEMONSTRATION)

Minsan ay madarama ninyo na ang pinakamainam na paraan upang ituro ang isang partikular na alituntunin o kasanayan ay sa pamamagitan ng pagtatanghal nito. Ang mga pagtatanghal ay magagamit upang ituro ang mga kasanayang tulad ng pamumuno sa mga awit at himno, pagbibigay ng pangunang lunas, paggawa ng tinapay, pagbubuhol, paggamit ng mga materyal na pang-kasaysayan ng mag-anak, o pagsasagawa ng ordenansa ng pagkasaserdote. Matapos ninyong gawin ang pagtatanghal, ang mga mag-aaral ay maaari nang bigyan ng pagkakataong subukin ang pamamaraang iyon.

Kung nag-aanyaya kayo ng isang tao na magtanghal ng isang pamamaraan o kasanayan, tiyakin na mag-alok ng tulong habang siya ay naghahanda.

### Paano Ihahanda at Ilalahad ang Pagtatanghal

Upang makapaghanda ng pagtatanghal, sundin ang mga hakbang na ito:

1. Kung ikaw ang gagawa ng pagtatanghal, sanayin ito. Tiyaking makakamit nito ang mga layunin at maitatanghal mo ito sa tamang oras. Tiyakin rin na angkop ito sa mga tinuturuan mo upang hindi sila masiphayo sa pagsubok ng bagong kasanayan.
2. Pag-aralan ang anumang kailangang mga materyal at kasangkapan. Tiyaking sapat ang laki ng mga bagay upang makita ang mga ito o upang mailarawan ninyo kung maliliit ito. Kung hinilingan ninyo ang isang tao na siya ang magsagawa ng pagtatanghal at hindi ninyo inaasahang matutustusan ng tao ang mga kinakailangang materyal at kasangkapan, hilingan siya na maghanda ng listahan ng mga bagay na kailangan para makuha ninyo ang mga ito. Kung inaasahan ninyong gayahin ng mga mag-aaral ang prosesong itinuro sa pagtatanghal, ipahanda ang lahat ng kinakailangang mga kasangkapan at materyal para magamit nila. Maaaring bigyan ng papel para sa pagrerepaso ang bawat taong inyong tinuturuan. Ang anumang sukat o sangkap ay dapat na binanggit sa papel at sa oras ng pagtatanghal.
3. Makatutulong na hingan ng tulong ang iba na nakauunawa sa pamamaraan habang sinasanay ng mga mag-aaral ang kasanayan na itinanghal. Kung magkagayon, kausapin nang maaga ang mga taong ito.
4. Isaayos ang silid-aralan upang ang lahat ay makakita at makarinig.
5. Kung kinakailangan, makipag-ayos na linisin ang lugar pagkatapos ng pagtatanghal.

Upang makapagtanghal, sundin ang mga hakbang na ito:

1. Ipaliwanag. Tulungan ang mga nag-aaral na maunawaan ang layunin ng pagtatanghal at ang mga dahilan sa mga pamamaraan. Tulungan din silang makita kung paano magiging kapaki-pakinabang sa kanila ang pamamaraan, proseso, o kasanayan.
2. Itanghal. Ipakita kung paano gamitin ang pamamaraan, proseso, o kasanayan. Dapat itong magbigay ng halimbawa, o parisan, para masundan ng mga mag-aaral.

3. Sanayin. Hayaang sanayin ng mga mag-aaral ang mga pamamaraan. Sa oras ng pagsasanay, dapat kayong magmasid, magturo, at tumulong kapag kinakailangan. Maging matiyaga, maunawain, positibo, at mapanghikayat.


   Upang makita ang halimbawa ng paggamit ng pagtatanghal upang ituro ang isang alituntunin, tingnan sa pahina 218.


---


### MGA DIORAMA (tingnan din sa MGA LARAWANG IDINIKIT O NAIDROWING SA KARTON [PAPER STAND-UP FIGURES])

Ang mga diorama ay maliliit na eksena kung saan ipinakikita ang mga ginupit na larawan. Ang mga simpleng diorama at ginupit na larawan ay makagagawa ng mga kuwentong hindi malilimot at kawili-wili sa mga bata.

#### Mga Halimbawa ng mga Diorama at mga Ginupit na Larawan






Maaari ninyong hilingan ang inyong mga tinuturuan na tumulong sa paggawa ng mga diorama at ginupit na larawan sa oras ng klase o magdala ng mga ginupit na larawan na gagamitin sa mga diorama na nagawa na ninyo.

#### Resipe ng Masa na may Asin

1 tasang asin
4 na tasang harina
1 kutsaritang mantika
2 tasang tubig
Pangkulay sa pagkain (opsiyonal)

Paghaluin ang asin at harina. Sa isa pang mangkok, paghaluin ang mantika, tubig, at, kung nais, ang pangkulay sa pagkain. Pagkatapos ay ihalo ang mantika at tubig sa pinaghalong harina at asin. Masahin ang pinaghalong mga sangkap. Ilagay ang masa sa isang sisidlan na mahigpit ang takip upang mapanatili itong malambot.

Ang mga diorama na yari sa mga kahon at plato ay magagamit sa mahigit sa isang kuwento.

---

### MGA TALAKAYAN

Tingnan sa "Pamumuno sa mga Talakayan," mga pahina 78–81.

---

### MGA PAGSASADULA

Sa isang pagsasadula, ginanap ng mga tao ang isang kuwento. Ang inyong mga tinuturuan ay maaaring magkaroon ng higit na kaalaman tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsasadula ng mga ulat mula sa mga banal na kasulatan, kasaysayan ng Simbahan, o magasin ng Simbahan.

#### Mga Uri ng Pagsasadula

May iba't ibang uri ng pagsasadula. Halimbawa, maaari ninyong:

- Basahin ang isang kuwento (o ipabasa sa isang tao ang kuwento) habang walang-imik itong ginaganap ng mga kalahok.
- Isalaysay ang isang kuwento at pagkatapos ay ipaganap ito sa mga kalahok nang may salita o kaya'y wala. Kadalasan ay nasisiyahan ang maliliit na bata na gumanap sa isang kuwento nang ilang ulit, na ginagampanan ang mga papel ng iba't ibang tao sa bawat pagkakataon.
- Maagang ihanda ang mga iskrip para mabasa ng mga kalahok sa klase.
- Ipaganap nang hindi nagsasalita sa mga kalahok ang isang pamilyar na kuwento at pagkatapos ay pahulaan sa iba kung aling kuwento ang isinasadula.
- Kapanayamin ang isang tao na tila ba siya ay taong mula sa banal na kasulatan o sa kasaysayan ng Simbahan. Halimbawa, maaari ninyong hilingan ang isa na gampanan ang papel ni Shem, isa sa mga anak ni Noe. Maaari ninyong hilingin sa taong gumaganap bilang Shem na sabihin sa inyo ang tungkol sa pangangaral ni Noe, ang baha, ang arka, at ang araw na si

Noe at ang kanyang mag-anak ay nakalakad muli sa lupa. (Kung pinaplano ninyong pamunuan ang gayong "panayam," dapat ninyong kausapin nang maaga ang taong inatasan, na sinasabi sa kanya ang inyong mga itatanong.)

### Paano Ihanda at Pamunuan ang mga Pagsasadula

Kahit paano pamunuan ang mga pagsasadula, dapat malinaw na maiugnay ang mga ito sa aralin. Dapat tulungan ng mga ito ang mga nakikinig na maalaala ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Dapat maiparating ng mga ito ang mga maiikli at tuwirang mensahe. Hindi dapat lumihis ang mga ito mula sa kabanalan ng mga pangyayari sa banal na kasulatan o kasaysayan.

Ang mga simpleng kasuotan tulad ng mga bata at sombrero ay higit na nakapagpapawili sa mga pagsasadula, lalung-lalo na sa mga bata. Maaari ding matuklasan ninyo na kapaki-pakinabang ang paggamit ng *name tag* para matukoy ang mga taong ginagampanan ng mga kalahok.

Ang ilang mag-aaral ay maaaring atubiling gampanan ang mga bahagi ng mga tao sa mga banal na kasulatan o kasaysayan ng Simbahan. Maaari kayong makahanap ng paraan para makilahok ang mga mag-aaral na ito sa mga pagsasadula. Halimbawa, ang ilang maliliit na bata ay maaaring higit na komportableng magkunwang mga hayop. Maaari din silang masiyahan sa paggawa ng mga tunog gaya ng tunog ng hangin o ng mga paang tumatakbo. Kung ayaw makilahok ng iba, huwag silang pilitin na gawin ang gayon.

Upang pamunuan ang pagsasadula:

1. Hilingan ang mga boluntaryo na sumali sa pagsasadula. Bigyan sila ng papel na kanilang gagampanan.
2. Tulungan ang mga kalahok na maunawaan ang kuwento na isasadula nila at ang mga taong kanilang ilalarawan.
3. Habang nagsasadula, tulungan ang mga kalahok sa kanilang mga papel kung kinakailangan. Maaaring kailanganin ninyong diktahan sila habang nagsasadula. Kung maliliit na bata ang inyong tinuturuan, maaari kayong magtanong upang matulungan sila, tulad ng "Ano ang susunod mong gagawin?" o "Ngayon ano ang sasabihin mo?"

Ang mga pagsasadula ay hindi dapat gumugol ng buong oras ng aralin. Tiyaking mag-iiwan kayo ng sapat na oras sa pagtatapos ng pagsasadula upang tanungin ang mga kalahok kung ano ang natutuhan nila. Tulungan silang iugnay ang mensahe ng pagsasadula sa aralin at sa kanilang buhay.

*Mga (Babala) Pag-iingat Tungkol sa Pagsasadula sa Maykapal*

"Hindi dapat isadula ang katauhan ng Ama at ng Espiritu Santo sa mga pulong, drama, o pagtatanghal na musikal.

"Kung ang katauhan ng Tagapagligtas ang isasadula, kailangan itong gawin nang may lubos na pagpipitagan at dignidad. Tanging ang mga taong may mabuting pagkatao ang dapat isaalang-alang sa bahaging ito. Tanging ang mga banal na kasulatan na binigkas ng Tagapagligtas ang dapat bigkasin ng taong gumaganap sa Kanyang katauhan. Ang taong gumaganap sa katauhan ng Tagapagligtas ay hindi dapat umawit o sumayaw.

"Sa pagtatapos ng pagtatanghal, hindi na dapat isuot ng tao ang kasuotan sa pasilyo o kahit saan man. Siya ay dapat na kaagad magpalit ng damit.

"Ang Tagapagligtas ay hindi dapat isadula ng mga bata maliban sa tagpo ng kanyang pagsilang" (*Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1999], 361).

Maaari ninyong hilingan ang isang tagapagsalaysay na basahin ang mga salitang binigkas ng Tagapagligtas mula sa mga banal na kasulatan.

---

## PAGDODROWING

Ang isang paraan upang matulungan ang mga nag-aaral na matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo ay sa pamamagitan ng pagpapadrowing sa kanila ng mga larawan. Ang pagdodrowing ay nagpapahintulot sa kanila na saliksikin at ipahiwatig ang kanilang pang-unawa at damdamin tungkol sa mga kuwento at alituntunin ng ebanghelyo na tinalakay.

### Mga Halimbawa ng mga Gawain sa Pagdodrowing

- Ipadrowing sa mga nag-aaral ang mga larawan na may kaugnayan sa paksa ng aralin. Halimbawa, maaari ninyong ipadrowing sa kanila ang mga larawan tungkol sa kanilang mga tahanan, kanilang mag-anak, isang okasyon, ikapu, o paghahandang magpunta sa templo.
- Pagawain ang mga nag-aaral ng miyural (mural) o tsart na may kaugnayan sa aralin. Pagawain silang magkakasama sa isang mahabang papel.
- Magkuwento kayo. Pagkatapos ay ipadrowing sa mga mag-aaral ang mga larawan na nagpapahiwatig ng kanilang damdamin tungkol sa kuwento.
- Pagkatapos magkuwento, hilingan ang bawat tao na magdrowing ng isang larawan tungkol isang partikular na bahagi ng kuwento. Ipagamit sa mga mag-aaral ang kanilang mga larawan upang ikuwento ito muli. Maaari ninyong pagdugtung-dugtungin ang mga larawan at ipakita ang mga ito sa isang *roller box* (tingnan sa "Mga Roller Box," mga pahina 235).
- Umawit o magpatugtog ng himno o awit sa Primarya. Ipadrowing sa inyong mga tinuturuan ang mga larawan na nagpapakita ng naiisip nila o kung ano ang nadarama nila kapag naririnig nila ang himno o awit na iyon.

### Mga Gabay sa Pamumuno sa mga Gawain sa Pagdodrowing

Kapag pinagdodrowing ninyo ang mga tao bilang bahagi ng aralin, tiyakin na ang gawain ay may kaugnayan sa mga alituntunin na inyong itinuturo. Gayunman, huwag hayaang maging sentro ng aralin ang gawain. Panatilihing simple ang proyekto upang makumpleto ito ng mga mag-aaral sa maikling panahon. Tiyakin na nakahanda na ang lahat ng bagay na kailangan.

Habang nagdodrowing ang mga mag-aaral, himukin silang gamitin ang kanilang imahinasyon. Sikaping huwag maramdaman ng mga bata na kailangan nilang idrowing ang isang larawan sa isang partikular na paraan. Habang nagdodrowing sila, purihin silang lahat sa kanilang pagsisikap. Kung may mga tanong kayo tungkol sa idinodrowing ng isang tao, huwag magtanong ng, "Ano ang idinodrowing mo?" Sa halip ay sabihin lamang na, "Sabihin mo nga sa akin ang tungkol sa iyong larawan."

Paminsan-minsan ay maaari kayong gumamit ng mga pahinang kukulayan mula sa bahaging pambata ng *Liahona*. Kapag pinakukulayan ninyo sa mga bata ang mga larawan ng Tagapagligtas, paalalahanan sila na maging magalang at mapitagan.

Kapag oras na upang ipagpatuloy ang aralin, maaari ninyong hilingin sa inyong mga tinuturuan na sabihin sa isa't isa ang tungkol sa kanilang mga larawan. Tanungin sila kung paano nauugnay ang mga larawan sa aralin. Anyayahan silang ibahagi ang kanilang damdamin tungkol sa naidrowing nila. Kung minsan ay makatutulong na ipakita ang mga iginuhit na larawan sa nalalabing oras ng aralin.

Kung tinuturuan mo ang isang klase sa Simbahan, himukin ang mga miyembro ng klase na ipakita ang kanilang mga iginuhit na larawan sa kanilang mag-anak. Makatutulong ito upang maalaala nila ang natutuhan nila. Mabibigyan din nito ng pagkakataon ang mga magulang na talakayin ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang mga anak.

---

## MGA HALIMBAWA

Isiping ipinaliliwanag ninyo ang pagmamarka ng mga banal na kasulatan sa mga tao na hindi kailanman nakakita ng sinuman na nagmamarka ng mga banal na kasulatan. Mahihirapan silang makaunawa kung susubukan ninyong ipaliwanag ito na ang gamit ay pawang mga salita lamang. Ngunit malamang na hindi sila mahirapan kung magpapakita kayo sa kanila ng mga halimbawa ng mga minarkahang pahina sa inyong mga banal na kasulatan. Isipin na ipinapaliwanag ninyo ang ikapu sa mga bata na hindi nakauunawa sa ibig sabihin ng salitang *ikasampung bahagi*. Higit nilang mauunawaan ang ikapu kung magpapakita kayo sa kanila ng halimbawa, sa pamamagitan ng paglalagay ng 10 barya sa mesa at paglalagay ng isa sa mga ito sa sobre ng ikapu.

Bilang guro ng ebanghelyo, maaaring madalas ninyong makaharap ang hamon ng pagtulong sa iba na maunawaan ang isang bagay na hindi nila nauunawaang mabuti noon. Ang isang paraan upang maisagawa ito ay sa paggamit ng mga halimbawa. Mahalagang isaad ang mga alituntunin at ipaliwanag kung paano ipamuhay ang mga ito, ngunit ang inyong pagtuturo ay karaniwang magiging higit na epektibo kapag nagbibigay rin kayo ng mga halimbawa.

Dapat ay madalas kayong magbigay ng mga halimbawa sa kasalukuyan ng mga aralin upang makatiyak na nauunawaan ng mga mag-aaral ang inyong itinuturo. Sa pahina 90 ng aklat na ito, may isang kuwento tungkol sa isang guro na dapat sana ay gumamit ng halimbawa sa isang aralin sa Primarya tungkol sa paghahayag. Buong ingat niyang inilahad ang aralin, na gumagamit ng iba't ibang epektibong pamamaraan. Sa pagtatapos ng aralin, ang guro ay nagtanong bilang pagbabalik-aral: "Sino ang may awtoridad na tumanggap ng paghahayag para sa Simbahan? Ang lahat ng mga bata ay nangagtaas ng kanilang mga kamay. Alam nilang lahat ang sagot: ang Pangulo ng Simbahan. Subalit natuklasan ng guro, nang halos hindi sinasadya, na hindi alam ng mga mag-aaral ang ibig sabihin ng salitang *paghahayag*. Kung maaga siyang nakapagbigay ng ilang simpleng halimbawa sa aralin, katulad ng sariling karanasan kung saan siya ginabayan ng Espiritu Santo o ang ulat ng pakikipag-usap ng Panginoon kay Joseph Smith sa Unang Pangitain, ay maaari sana itong magkaroon ng malaking pagkakaiba.

### Paano Gamitin ang mga Halimbawa

Maraming paraan upang makapaglahad ng mga halimbawa. Ang pinakamahalaga ay gumamit kayo ng mga halimbawa na makatutulong sa mga mag-aaral na maunawaang mabuti ang inyong itinuturo. Ang sumusunod ay ilang ideya.

#### *Mga Pamilyar na Halimbawa ng Hindi Pamilyar na mga Ideya*

Kung tinatalakay ninyo ang isang konsepto na hindi pamilyar sa inyong mga tinuturuan, maaari kayong gumamit ng tiyak at pamilyar na mga halimbawa upang tulungan silang makaunawa. Halimbawa, kung nagbabanggit kayo ng tungkol sa mga ordenansa ng pagkasaserdote, maaaring sabihin ninyong, "Ang pagbibinyag, ang sakramento, at kasal sa templo para sa kawalang hanggan ay mga halimbawa ng mga ordenansa ng pagkasaserdote." Kung babanggitin ninyo ang tungkol sa

mga propeta, maaari ninyong sabihing, "Sina Adan, Abraham, at Moises ay mga propeta noong unang panahon. Ang ilang halimbawa ng mga propeta sa mga huling araw ay sina Joseph Smith, David O. McKay, Ezra Taft Benson, at Gordon B. Hinckley."

Maaaring maging mahirap ito sa mga hindi nakikitang konsepto, katulad ng pananampalataya, kapatawaran ng mga kasalanan, o pagtubos. Kadalasan ay mas mainam na ituro ang gayong mga konsepto na may kasamang mga kuwento, paghahambing, o bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin (tingnan sa "Mga Paghahambing at Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin," mga pahina 216–17).

*Mga Halimbawang Nagpapakita ng mga Kasanayan*

Kadalasan ang pinakamainam na paraan upang ituro ang isang kasanayan ay sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano ito ginagawa. Halimbawa:

- Upang matulungan ang iba na matutuhan kung paano ihanda ang isang aralin, magbahagi ng balangkas ng aralin na inyong inihanda.
- Sa halip na sabihin lamang sa iba ang tungkol sa mga tulong sa pag-aaral na makukuha sa kanilang mga banal na kasulatan at pagbibigay ng paliwanag kung paano gamitin ang mga ito, ipabuklat ang mga banal na kasulatan sa kanila sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, at iba pang tulong. Pagkatapos ay ipakita kung paano gamitin ang mga ito.

*Mga Halimbawang Nagpapakita ng mga Alituntunin*

Ang ilang mga alituntunin ay maaaring ipakita. Ang sumusunod na kuwento ay nagsasalaysay kung paano ipinakita ng isang guro sa Primarya ang alituntunin ng pagbabahagi:

"Ang guro ng isang grupo ng tatlong taong gulang na mga bata sa Primarya ay nagbanggit nang maikli tungkol sa pagbabahagi at pagkatapos ay nagbanggit ng dalawang maiikling kuwento tungkol sa mga bata na nagbahagi. Pagkaraan ay naglatag siya ng mga diyaryo sa sahig at binigyan ang bawat bata ng isang bola na yari sa luwad. Napansin niya na ang kanyang bola ng luwad ay mas maliit kaysa sa iba at inanyayahan ang bawat bata, isa-isa, na magbahagi sa kanya. Sa umpisa ay atubili ang mga bata, ngunit nang makita nila na handa siyang magbahagi sa kanila, nagsimula silang masiyahan sa pagbabahagi—hindi lamang sa kanilang guro, kundi maging sa isa't isa. Ang aralin ay hindi lamang nagbigay ng kahulugan sa mga bata ng konsepto ng pagbabahagi, kundi upang *maranasan* din ang damdamin na bahagi ng pagkatutong makabahagi" (Janelle Lysenko, "Tools for Teaching Tots," *Ensign*, Mar. 1987, 71).

*Mga Kuwentong Nagbibigay ng mga Halimbawa sa mga Taong Namumuhay ayon sa mga Alituntunin ng Ebanghelyo*

Ang ilang mga alituntunin, katulad ng pananampalataya, pagmamahal, katapatan, at pagsisisi, ay hindi maipapakita dahil ang mga ito ay tumutukoy sa espirituwal na mga katotohanan na hindi natin nakikita. Ngunit sa pamamagitan ng mga kuwento ay maibabahagi mo ang mga halimbawa ng mga taong namumuhay ayon sa mga alituntuning ito. Halimbawa, magagamit ninyo ang kuwento tungkol kay Jose ng Egipto na tumakas sa asawa ni Potiphar upang ituro ang tungkol sa intergridad. Maituturo ninyo ang tungkol sa katapatan sa pamamagitan ng pagkukuwento ng tungkol kina John Taylor at Willard Richards, na kusang-loob na inilagay sa panganib ang kanilang buhay upang manatili sa Piitan ng Carthage na kasama ang Propetang Joseph Smith at ang kanyang kapatid na si Hyrum. Maibabahagi rin ninyo ang inyong sariling mga karanasan. Ang mga kathang-isip na kuwento, kabilang na ang mga talinghaga, ay makapagbibigay ng mga halimbawa kung paano ipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. (Para sa mga gabay at mungkahi sa paggamit ng mga kuwento, tingnan sa "Mga Kuwento," mga pahina 236–38.)

---

## MGA FLANNEL BOARD

Ang mga flannel board ay mga nabibitbit na pisara kung saan ipinakikita ang mga hinugis na larawan, karaniwang ginagamit sa pagkukuwento. Ang kagamitang ito sa pagtuturo ay mas epektibo sa mga bata. Kung gagamitin ninyo ang flannel board, maaari ninyong anyayahan ang mga mag-aaral na tulungan kayo na ilagay ang mga hinugis na larawan dito. Matapos gamitin ang flannel board sa pagkukuwento, maaari ninyong pahintulutan ang mga bata na gamitin ang mga iginuhit na larawan upang isalaysay muli ang kuwento.

*Paano Gumawa ng Flannel Board:*

Upang makagawa ng flannel board:

1. Gumupit ng kapirasong matigas na karton, manipis na tabla, o materyal na katulad nito.
2. Gumupit ng isang kulay na *flannel, felt, brushed nylon knit*, o magaspang na *burlap* na sapat ang laki upang maipatong ang dulo nito nang mga dalawang pulgada sa bawat gilid ng karton.
3. Na nakalatag ang tela, ilagay ang board sa gitna ng tela. Balutin ng mga gilid ng tela ang mga gilid ng board, at higpitan ang mga gilid sa likod ng board.

### Paano Gumawa ng mga Hinugis na Larawan para sa Flannel Board

Upang makalikha ng sarili ninyong ginupit na larawan para sa flannel board:

1. Magdrowing ng larawan, o bakasin at kulayan ang isang larawan mula sa magasin, manwal, o iba pang mapagkukunan sa Simbahan,
2. Gupitin ang larawan.
3. Idikit o i-teyp ang larawan sa mas makapal na papel.
4. Ilakip ang kapirasong flannel o kapirasong papel-de-liha o iba pang magaspang na materyal sa likod ng makapal na papel. Makatutulong ito upang dumikit ang hinugis na larawan sa flannel board.

Ang mga ginupit na larawan na tulad ng mga tao, hayop, at bagay para sa flannel board ay maaaring orderin sa pamamagitan ng *Church Materials Catalog*. Sa katalogo ang mga ito ay tinatawag na mga ginupit na visual aids.

---

## MGA LARO

Ang mga laro ay nagbibigay ng pagkakaiba-iba sa mga aralin at nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makihalubilo sa isa't isa. Makahahanap kayo ng mga ideya para sa mga laro sa mga manwal ng aralin na inilathala ng Simbahan at sa mga magasin ng Simbahan.

### Paano Pipili ng mga Laro

Habang pumipili kayo ng mga larong gagamitin sa mga aralin, tiyakin na ang mga ito ay:

- Magpapatibay sa mga alintuntunin ng ebanghelyo na inyong itinuturo.
- Angkop sa kapaligiran kung saan kayo nagtuturo.
- Angkop sa edad ng inyong mga tinuturuan at sa laki ng grupo.
- Madaling maunawaan.
- Maliit na bahagi lamang ng aralin ang gugugulin para dito. Sa ilang kalagayan, ang isang laro ay maaaring mangailangan ng malaking bahagi ng aralin, ngunit ang ganitong mga pagkakataon ay ang mga eksepsiyon, at hindi ang umiiral na patakaran.
- Huwag manghihikayat ng pakikipagpaligsahan. Dapat ninyong iwasang magbigay ng mga gantimpala sa mga taong "nanalo."
- Bigyan ng pagkakataon ang lahat ng mga mag-aaral upang makilahok at makadama ng tagumpay. Dapat ninyong purihin nang pantay ang mga mag-aaral sa kanilang mabuting pagsisikap.

### Mga Halimbawa ng mga Laro

*Pagtutugma (Matching Game)*

Sa larong ito, matatagpuan ng mga nag-aaral ang dalawang set ng mga kard na may magkaugnay na impormasyon o larawan. Tingnan ang sumusunod na halimbawa, na magagamit sa klase sa Primarya:

Kumuha ng 12 piraso ng papel na magkakapareho ang sukat na sapat ang laki para makita ng lahat. Sa kalahati ng mga papel, magdikit o magdrowing ang mga larawan na may kaugnayan sa aralin. Sa kalahati, isulat ang mga paglalarawan. Sa panig na walang nakalagay na larawan o paglalarawan, lagyan ng bilang ang mga papel ng 1 hanggang 12. Sa angkop na oras sa aralin, ilatag sa sahig ang mga papel, at itihaya ang panig na may bilang, o i-teyp ang mga ito sa isang poster board. Hindi kailangang magkakasunod ang bilang ng mga ito.

Upang makapaglaro, hayaang maghalinhinan ang bawat tao sa pagpili ng dalawang piraso ng papel. Baligtarin ang mga papel upang makita kung taglay nito ang larawan at ang katugmang paglalarawan nito. Kung magkatugma ang mga ito, ihiwalay na ang mga ito. Kung hindi magkatugma ang mga ito, ibalik ang mga ito sa kinalalagyan, na nakatihaya ang panig na may bilang, at hayaang pumili ang susunod na tao ng dalawang piraso ng papel. Matapos mapagtugma ang lahat ng mga larawan at paglalarawan, talakayin kung paano nauugnay ang mga ito sa aralin.

Maaari ninyong gamitin ang isa sa mga sumusunod na pagkakaiba-iba sa larong ito:

- Isulat ang kalahati ng talata ng banal na kasulatan sa isang piraso ng papel at ang natitirang bahagi ng talata sa isa pang papel. O isulat ang bahagi ng parirala ng banal na kasulatan sa isang papel at ang natitirang bahagi sa isa pa. Halimbawa, ang ilang pares ay maaaring "Pagpapanumbalik ng" at "ebanghelyo"; "Pangitain ni Lehi" at "tungkol sa punungkahoy ng buhay"; at "bakal" at "gabay na."
- Isulat ang bilang ng bawat alituntunin ng pananampalataya sa 13 magkakaibang papel. Sa katugmang 13 papel, isulat ang mga pangunahing salita sa bawat alituntunin.

*Panghuhula (Guessing Game)*

Sa larong ito, ang guro ay nagbibigay ng serye ng mga palatandaan upang tulungan ang mga mag-aaral na matukoy ang isang partikular na tao, lugar, bagay, kuwento sa banal na kasulatan, o alituntunin. Maaari ninyong gamitin ang larong ito upang pasimulan ang aralin o bigyang-diin ang isang bahagi sa aralin.

Upang makapaglaro, magbigay ng mga palatandaan upang tulungan ang inyong mga tinuturuan na matukoy ang isang partikular na tao o bagay na may kaugnayan sa aralin. Isa-isang ibigay ang mga pahiwatig, upang bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral matapos ang bawat pahiwatig na matukoy ang tao o bagay. Magsimula sa masasaklaw na palatandaan. Tukuyin nang mas malinaw ang mga palatandaan hanggang sa mahulaan ito nang tama ng isang tao. Halimbawa, ang sumusunod na mga

palatandaan ay maaaring gamitin upang tulungan ang mga mag-aaral na matukoy ang propetang si Moises:

Ako ay propeta sa Lumang Tipan.
Nakipag-usap ako nang harapan sa Diyos.
Pinalaki ako ng isang prinsesang taga Egipto.
Ang aking tagapagsalita ay isang lalaking nagngangalang Aaron.
Inakay ko ang mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin.

Maaari ninyong gamitin ang isa sa mga sumusunod na pagkakaiba sa larong ito:

- Hatiin ang klase nang dala-dalawa. Magbigay ng salita sa isang tao sa bawat pares. Ang taong nakaaalam sa salita ay magbibigay ng isang palatandaan na salita upang tulungan ang kanyang kapareha na mahulaan ang salita. Halimbawa, kung ang tao ay binigyan ng salitang *pagbibinyag*, siya ay makapagbibigay ng mga palatandaan tulad ng *tubig*, *pinagbibinyagan*, o *paglulubog*. Kung ang tao ay binigyan ng salitang *Noe*, siya ay makapagbibigay ng mga palatandaan na tulad ng *baha*, mga *hayop*, *arka*, *kalapati*, o *bahag-hari*.
- Bigyan ang isang tao ng salita. Pahulaan sa iba ang salita sa pamamagitan ng pagtatanong ng hanggang 20 katanungan. Ang mga tanong ay dapat masagot ng *oo* o *hindi*.
- Ipadrowing sa isang tao ang isang larawan na sumasagisag sa isang partikular na paksa, tao, o kuwento. Pahulaan sa iba ang isinasagisag ng larawan.

*Pagsagot sa Tanong (Answer Game)*

Sa magkakahiwalay na piraso ng papel, isulat ang mga tanong na makatutulong sa mga mag-aaral na marepaso ang natutuhan nila sa katapusan ng aralin. Ilagay ang mga piraso ng papel sa isang garapon o ibang lalagyan.


Upang marepaso ang aralin, ihagis ang isang *beanbag* o iba pang malambot na bagay sa isang taon at pabunutin siya ng isang tanong mula sa lalagyan at sagutin ito. Pagkatapos ay ipahagis sa tao ang *beanbag* sa iba, na bubunot din ng tanong mula sa lalagyan at sasagutin ito.

*Paglalaro sa Board (Board Game)*

Sa paglalaro sa board, naiuusog ng mga manlalaro ang mga piraso ng laruan mula sa simula hanggang sa katapusan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at pagsunod sa mga tagubilin sa nakahandang mga kard sa laro. Ang board game, tulad ng nasa halimbawa sa ibaba, ay maaaring gawin sa makapal na karton o maaaring iguhit sa pisara. Ang mga barya o iba pang maliliit na bagay ay maaaring gamiting pato sa laro kung gagamit kayo ng *board*. Kung pisara ang gamit mo, gamitin ang yeso upang ipakita ang pagsulong ng mga mag-aaral. Ang mga kard sa laro ay dapat magturo o magbalik-aral sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Halimbawa, maaari ninyong ihanda ang mga kard sa pamamagitan ng sumusunod na mga pangungusap:

- Ang nakababata ninyong kapatid ay nag-uwi ng laruan na pag-aari ng kanyang kaibigang si John. Ang sabi niya, "Maraming laruan si John. Hindi niya hahanapin ang isang ito." Ipinaliwanag ninyo na dahil ang laruan ay pag-aari ni John, dapat itong isauli. Sinamahan ninyo ang inyong kapatid para isauli ang laruan sa kanyang kaibigan. Dahil ito ay gawa ng katapatan, sumulong nang anim.
- Hindi kayo napakag-aral para sa isang pagsusulit sa paaralan. Sa pagsusulit, nangopya kayo sa taong katabi ninyo. Dahil hindi ito gawa ng katapatan, umatras nang tatlo.

Upang makapaglaro, pataob na ilagay ang mga kard ng laro. Pagkatapos ay hayaan ang mga kasali na maghalinhinan sa pagpili ng kard, na binabasa ang pangungusap, at isinusulong ang kanilang pato ayon sa pangungusap.




## MGA PANAUHING TAGAPAGSALITA

Paminsan-minsan ay maaari ninyong anyayahan ang isang panauhin upang magsalita sa inyong mga tinuturuan bilang bahagi ng aralin. Halimbawa, maaaring anyayahan ng isang tagapayo sa Pagkasaserdoteng Aaron ang isang nakauwing misyonero upang magsalita sa mga kabataang lalaki tungkol sa paano sila makapaghahanda para sa pagmimisyon.

### Paano Makipagtulungan sa Panauhing Tagapagsalita

Kailangan ninyong humingi ng pahintulot mula sa inyong obispo bago ninyo anyayahan ang panauhing tagapagsalita na hindi miyembro ng purok (tingnan sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan: Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 424). Kapag nakuha na ninyo ang pahintulot ng inyong obispo, sundin ang mga hakbang na ito:

1. Maagang anyayahan ang panauhing tagapagsalita. Ipaalam sa kanya ang paksa ng aralin, ang saklaw-na-

gulang ng mga tao sa klase, kung ano ang inyong nadarama na dapat matutuhan ng mga miyembro ng klase sa pagtatanghal, at ang gugugulin niyang oras. Bigyan ang tagapagsalita ng kopya ng aralin mula sa manwal.

2. Kung naghahanda kayo ng mga itatanong sa panauhin, maghanda ng listahan ng inyong mga itatanong. Bigyan ng kopya ng mga tanong ang panauhin.
3. Ipakilala ang panauhin bago siya magsalita sa klase.

## MGA LEKTYUR

Kung minsan ay pinakamainam na ipaliwanag lamang ang mga partikular na alituntunin o pangyayaring pangkasaysayan sa halip na magdaos ng talakayan o iba pang gawain sa pagkatuto. Ang paglelektyur ay magiging napakabisa kung gagawin ito sa mga angkop na pagkakataon, tulad ng kapag malawakan at madali ninyong natalakay ang materyal, nailahad ang bagong impormasyon sa inyong mga tinuturuan, o naibuod ang isang aralin.

### *Paano Magbigay ng mga Lektyur*

Ang paglelektyur ay karaniwang mas mabisa sa mas matatandang mag-aaral kaysa sa mga mas batang mag-aaral, na nahihirapang umupo nang tahimik kapag kinakailangan silang makinig nang walang ibang ginagawa. Gayunman, maging sa matatanda, ang lektyur ay maging kabagut-bagot kung hindi ito mailalahad na mabuti. Ang sumusunod na mga gabay ay makatutulong sa inyo na magbigay ng mabibisang lektyur:

- Maging pamilyar sa aralin upang hindi na ninyo kailanganing basahin nang buo ang materyal. Matutulungan kayo nito na mapanatili ang pagtingin sa mata ng mga mag-aaral.
- Gumamit ng ilang *visual*, katulad ng mga larawan, tsart, mapa, *chalk*, o mga overhead transparency. Ang mga materyal na ito ay nakadaragdag ng interes at nakahihimok ng pansin.
- Iugnay ang lecture sa pang-araw-araw na situwasyon upang maipamuhay ng mga mag-aaral ang mga alituntunin.
- Gumamit ng wika na nauunawaan ng mga mag-aaral.
- Pag-iba-ibahin ang taas at tono ng inyong tinig upang lumikha ng pagkakaiba-iba at magbigyang-diin ang mahahalagang punto.
- Hangga't maaari, tumanggap ng mga tanong at talakayan sa paksa na inyong ipinaliliwanag. Kahit na mas malawak ang ipinatatalakay na materyal sa inyo sa lektyur kaysa sa ibang paraan, ang karamihan sa mga aralin ay dapat magbigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makilahok kahit paano.

## PAGHAHALINTULAD

Dapat nating ay "inihahalintulad [sa atin] ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa [ating] kapakinabangan at kaalaman" (1 Nephi 19:23). Ang ibig sabihin ng paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa atin ay malaman kung paanong ang mga pangyayari sa banal na kasulatan ay katulad sa mga pangyayari sa ngayon at naipakita kung paano nauugnay sa ating buhay ang mga alituntuning itinuturo ng mga ito. Halimbawa, sa aralin tungkol sa paninindigan sa katotohanan, maaari ninyong ihalintulad ang kuwento ni Abinadi na nasa kaharian ni Haring Noe sa inyong mga tinuturuan (tingnan sa Mosias 11–17). Upang maituro ang tungkol sa pagiging bulag natin sa espirituwal at ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na pagalingin tayo at bigyan tayo ng higit na espirituwal na pananaw, maaari ninyong ihalintulad ang kuwento tungkol kay Cristo na nagpapagaling ng lalaking bulag (tingnan sa Juan 9).

Magagamit ninyo ang pamamaraan na ito nang mabisa kapag binigyan ninyo ng pagkakataon ang mga miyembro ng mag-anak o mga miyembro ng klase na pagbulay-bulayin ang nabasa nila. Halimbawa, matapos ituro ang tungkol sa tugon ni Joseph Smith nang muntik na siyang magapi ng kalaban sa Banal na Kakahuyan (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–16), maaari ninyong anyayahan ang mga nag-aaral na gunitain at isulat ang isang karanasan kung saan sila ay sinubukan. Pagkatapos ay maaari ninyo silang anyayahan na isipin kung bakit sa mga panahon ng pagsubok ay mahalagang gamitin ang "lahat ng [ating] lakas upang tumawag sa Diyos" (talata 16).

Upang matulungan ang mga miyembro ng mag-anak at mga miyembro ng klase na makita na ang mga banal na kasulatan ay may kaugnayan, dapat kayong magturo sa mga paraan na maiuugnay ang mga karanasan ng mga propeta at mga tao noong unang panahon sa mga karanasan ng mga tao sa ngayon. Habang inyong inihahanda ang bawat aralin, itanong sa inyong sarili kung paanong ang alituntunin (o kuwento o pangyayari) ay tulad ng isang bagay na naranasan ng mga miyembro ng mag-anak o mga miyembro ng klase sa kanilang buhay. Halimbawa, kung nagtuturo kayo ng aralin na kinapapalooban ng talakayan tungkol sa Sampung Utos, maaari kayong mag-isip kung paano ituturo ang kautusan na laban sa paggawa at pagsamba sa mga larawang inanyuan (tingnan sa Exodo 20:4–5). Ang karamihan sa mga miyembro ng Simbahan ay halos walang naging karanasan sa pagsamba sa mga larawang inanyuan. Gayunman, maraming iba pang bagay na "sinasamba" ng mga tao kung minsan. Habang kayo ay nagtuturo, maaari ninyong ihalintulad ang sinaunang kautusan sa Exodo 20:4–5 sa isang bagay na higit na pangkaraniwan: maka-

bagong pagsamba ng lipunan sa salapi, pagkahilig sa palakasan, kasiyahan, o katanyagan.

Halos lahat ng kuwento sa mga banal na kasulatan ay maaaring ihalintulad sa ating buhay. Isaalang-alang ang sumusunod na kuwento tungkol sa isang guro na inihahalintulad ang pangyayari sa banal na kasulatan sa kanyang mga tinuturuan:

Isang purok ang nagkakaroon ng problema sa mga guro sa Primarya na nagbibigay ng mga pagsasalu-saluhan sa klase tuwing linggo. Ang mga salu-salo ay nakawawala ng Espiritu at inilalayo nito ang pansin ng mga bata sa mga aralin. Hinilingan ng pangulo ng Primarya ang tagapag-ugnay (coordinator) sa pagpapahusay ng guro sa purok upang magtanghal ng oras ng pagbabahagi na magtutuon ng pansin sa problema.

Ang tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro ay nag-isip ng mga paraan upang ilahad ang mga ideya kapwa sa mga guro at mga bata. Walang ni isa man sa mga pamamaraan ang tila tama. Isang umaga nang muli niyang pag-isipan ang tungkol sa iniatas sa kanyang gawain, nagunita niya ang kuwento nang pakainin ni Cristo ang 5,000 tao, na kamakailan lamang nabasa ng kanilang mag-anak. Naalaala niya na matapos pakainin ni Jesus ang mga tao, may mga taong sumunod sa Kanya dahil nais nilang mabigyan sila ulit ng pagkain, hindi dahil sa nais nilang marinig ang ebanghelyo (tingnan sa Juan 6:26–27).

Nang Linggong iyon, ikinuwento ng tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro ang kuwentong ito. Ginamit niya ang kuwento upang ituro ang tunay na dahilan ng pagpunta sa Primarya: ang magbigay at tumanggap ng espirituwal na pagkain.

Ang isa pang paraan upang tulungan ang iba na ihalintulad ang mga banal na kasulatan sa kanilang sarili ay ang hilingin sa kanilang ilagay ang kanilang sarili sa teksto ng banal na kasulatan. Halimbawa, kung ilalagay ng isang tao ang kanyang sarili sa Santiago 1:5–6, ang aral tungkol sa panalangin ay magiging angkop sa kanya tulad ng pagiging angkop nito kay Joseph Smith:

"Ngunit kung nagkukulang [ako] ng karunugan . . ., ay humingi [ako] sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa [akin]. Ngunit humingi [akong] may pananampalataya, na walang anomang pag-aalinlangan."

Madalas nating maihahalintulad ang mga banal na kasulatan sa ating sarili sa pamamagitan ng pagtatanong, "Ano ang ninais ng propetang nagtala ng kasaysayang ito na matutuhan natin mula rito? Bakit niya isinama ang partikular na mga detalyeng ito?" Kapag itinatanong natin ang mga ito sa kuwento tungkol kay Enos, halimbawa, makatutuklas tayo ng mga pagsasagawa nito sa ating sariling karanasan sa panalangin. Malalaman natin na minsan ay nangangailangan ng malaking pagsisikap ang pananalangin at na sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin. Malalaman din natin na naiimpluwensiyahan ng mga magulang ang kanilang mga anak, kahit na maraming taon ang kakailanganin upang masunod ng mga bata ang mga turo ng kanilang mga magulang.

Habang inihahalintulad natin sa ating sarili ang mga banal na kasulatan at tinutulungan ang iba na gawin din ang gayon, makikita natin ang kapangyarihan ng salita ng Diyos sa lahat ng aspeto ng ating buhay.

---

## MGA MAPA

Matatagpuan ninyo ang mga mapa sa mga Gabay sa mga Banal na Kasulatan, mga manwal ng aralin na inilathala ng Simbahan, magasin ng Simbahan, at sa aklatan ng bahay-pulungan.

### Paano Gamitin ang mga Mapa

Maaari ninyong gamitin ang mga mapa sa mga aralin sa pamamagitan ng:

- Pagpapahanap sa mga nag-aaral ng mga lungsod na binabanggit sa mga kuwentong napag-aaralan ninyo sa mga banal na kasulatan at kasaysayan ng Simbahan.
- Pagdodrowing ng mga simpleng mapa sa pisara.
- Paghahanap ng mga lugar na magandang dalawin, katulad ng mga bansa kung saan may naglilingkod na full-time na mga misyonero o lungsod na may mga templo.

---

## PAGSASAULO

Kapag nagsasaulo tayo ng mga banal na kasulatan, siping-banggit, himno, at awit sa Primarya, ang mga ito ay maaaring pagmulan ng kapanatagan, patnubay, at inspirasyon para sa atin. Kapag inaalaala natin ang mga ito, matutulungan tayo ng mga ito na madama ang impluwensiya ng Espiritu Santo saan man tayo naroroon.

Ang pagsasaulo ay nangangailangan ng puspusan at masigasig na pagsisikap. Matutulungan ninyo ang iba ng kapaki-pakinabang na mga pamamaraan sa pagsasaulo. Makapagmumungkahi rin kayo sa kanila ng mga maisasaulong materyal na nagbibigay ng inspirasyon.

### Paano Tutulungan ang mga Mag-aaral na Makapagsaulo

Ang sumusunod na mga ideya ay magagamit na mabuti sa pagtulong sa mga mag-aaral na makapagsaulo. Habang isinasaalang-alang ninyo ang mga ideyang ito, tandaan na mas matagal matatandaan ng inyong mga tinuturuan ang materyal kung makabuluhan ito sa kanila. Tiyaking nauunawaan nila ang kahulugan ng mga salitang kanilang isinasaulo.

*Isulat sa Pisara ang Unang Titik ng Bawat Salitang Isasaulo*

Maaari ninyong isulat ang mga sumusunod na titik sa pisara upang tulungan ang mga mag-aaral na maisaulo ang ikalawang saligan ng pananampalataya:

N K N A M T A P D S K S M K A H D S P N A

Ituro ang mga titik habang inuulit mo ang katugon na mga salita.

*Hati-hatiin ang Materyal at Gawing Maiikling Kataga o Linya*

Ang sumusunod ay ilang halimbawa kung paano ninyo magagamit ang pamamaraang ito:

- Ipaulit sa lahat ang maiikling kataga, isa-isang parirala lamang. Halimbawa, upang maisaulo ang Mga Kawikaan 3:5–6, maaaring ulitin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na bahagi ng talata: (1) "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo;" (2) "At huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan." (3) "Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad," (4) "at kaniyang ituturo ang iyong mga landas."
- Hatiin sa grupo ang mga mag-aaral. Bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga parirala. Kapag itinuro ninyo ang bawat grupo, ipaulit sa kanila ang kanilag parirala. Paminsan-minsan ay maaari mong ipaulit sa mga miyembro ng grupo ang mga kataga sa kanilang isipan lamang sa halip na bigkasin nang malakas ang mga salita. Habang paulit-ulit na naririnig ng mga mag-aaral ang mga parirala, hindi magtatagal ay mauulit na nila ang lahat ng mga parirala sa tamang pagkakasunud-sunod.
- Ulitin ang mga parirala sa bawat kataga, na tumitigil upang ipabigkas sa mga mag-aaral ang kasunod na parirala.
- Maghanda ng nakasulat na kopya ng mga salita, at hatiin ang mga parirala at isulat ang bawat isa sa mga piraso ng papel. Matapos bigkasin ang talata nang ilang ulit, ipakita ang mga sinulatang papel ayon sa pagkakasunud-sunod nito. Ipaayos sa mga mag-aaral ang magkakaibang ayos ng mga sinulatang papel ayon sa pagkakasunud-sunod nito.

*Isulat sa Pisara ang Materyal na Isasaulo*

Ipabasa nang ilang ulit sa mga mag-aaral ang materyal. Isa-isang burahin o takpan ang mga salita hanggang sa maisaulo ng mga mag-aaral ang materyal.

*Gumamit ng Musika*

Maaari kayong gumamit ng musika upang tulungan ang mga mag-aaral na makapagsaulo. Halimbawa, maaari ninyong ituro ang mga aklat na nasa Aklat ni Mormon mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata*, mga pahina 114–17, 119, 122–33. Maaari itong maging kasiya-siyang paraan sa pagtuturo sa mga nasa hustong gulang at kabataan.

*Sanayin ang Isinaulong Materyal nang Ilang Ulit*

Mahalagang sanayin ang materyal na isinasaulo natin. Habang iniisip ninyo kung paano magsasanay, isaalang-alang ang haba ng materyal na isasaulo. Ang maikling talata sa banal na kasulatan ay maaaring matutuhan nang minsanan lamang. Ang isang bagong awit ay maaaring ituro nang linya-linya. Ang isang bahagi sa natatanging programa ay maaaring mangailangan ng ilang ulit na pagsasanay. Repasuhin ang materyal paminsan-minsan sa iyong mga tinuturuan. Hikayatin ang mga mag-aaral na magsanay silang mag-isa.

---

## MUSIKA

Sinabi ng Unang Panguluhan:

"Ang nakapagbibigay-inspirasyong musika ay mahalagang bahagi ng mga pulong sa ating simbahan. Ang mga himno ay nag-aanyaya sa Espiritu ng Panginoon, lumilikha ng damdamin na pagpipitagan, pinagkakaisa tayong mga miyembro, at nagbibigay-daan upang maialay natin ang ating mga papuri sa Panginoon.

"Ang ilan sa mga dakilang sermon ay ipinapangaral sa pamamagitan ng pag-awit ng mga himno. Ang mga himno ay nagtutulak sa atin sa pagsisisi at mabubuting gawa, nagpapatatag ng patotoo at pananampalataya, nagbibigay ng kapanatagan sa napapagod, umaalo sa namimighati, at nagbibigay-inspirasyon sa atin na magtiis hanggang sa wakas" (*Mga Himno*, ix).

Ang mga himno ay nagbibigay sa atin ng malaking inspirasyon at kapanatagan sa buong buhay natin kapag maisasaulo natin ang mga ito at pagkatapos ay gunitain ang mga ito sa oras ng pangangailangan.

Hinikayat ni Elder Dallin H. Oaks ang lahat ng miyembro na gamitin nang mas madalas ang mga himno upang patatagin ang kanilang sarili at ang iba:

"Iniisip ko kung ginagamit natin nang sapat ang hulog ng langit na mapagkukunang materyal na ito sa ating mga pulong, sa ating mga klase, at sa ating mga tahanan. . . .

"Kailangan nating higit na gamitin pa ang ating mga himno upang maging ayon tayo sa Espiritu ng Panginoon, upang pagkaisahin tayo, at tulungan tayong magturo at matutuhan ang ating doktrina. Kailangan nating higit na gamitin ang ating mga himno sa pagtuturo ng misyonero, sa mga klase sa ebanghelyo, sa mga pulong ng korum, sa mga gabing pantahanan, at sa mga pagdalaw sa tahanan" (sa Conference Report, Okt. 1994, 10, 13; o *Ensign*, Nob. 1994, 10, 12).

## Pagandahin ang mga Aralin sa Pamamagitan ng Musika

Magagamit ninyo ang musika sa iba't ibang paraan upang mapaganda ang inyong mga aralin at maanyayahan ang Espiritu. Ang sumusunod ay ilang halimbawa.

*Pagtuturo o Pagrerepaso ng Alituntunin ng Ebanghelyo*

Ang karamihan sa mga himno ay makatutulong inyo na ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo o repasuhin ang mga alituntunin na natalakay na ninyo.

Kapag gumagamit ng isang awit upang ituro ang isang alituntunin, maaari ninyong tanungin ang mga mag-aaral upang tulungan silang pag-isipan ang mensahe ng awit o upang humikayat ng talakayan. Halimbawa, bago ipaawit sa mga mag-aaral ang "Sundin ang Utos" (*Mga Himno*; *Aklat ng mga Awit Pambata*), maaari ninyong itanong, "Bakit sa palagay ninyo nakadarama tayo ng kaligtasan at kapayapaan, kapag sinusunod natin ang mga kautusan?" Maaari ninyong gamitin ang "Ako'y Namuhay sa Langit" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) upang ituro sa mga bata ang tungkol sa plano ng kaligtasan. Maaari ninyong gamitin ang "Kaytibay na Saligan (*Mga Himno*) upang tulungan ang inyong mga tinuturuan na maunawaan na tinutulungan tayo ng Tagapagligtas na harapin ang pagsubok. Upang maituro ang tungkol sa kaaliwan na matatanggap natin sa pagpanaw ng isang mahal sa buhay, maaari ninyong gamitin ang "Saan Naroon ang Aking Kapayapaan?" (*Mga Himno*)

Matapos ituro ang isang alituntunin ng ebanghelyo, maaari ninyong tanungin ang inyong mga tinuturuan ng ganito, "Anong himno ang makatutulong sa atin upang maalaala ang alituntuning ito?" Pagkatapos ay awitin ang himno na iminungkahi nila. Maaari ninyong kantahin ang isang awit sa mga bata at pagkatapos ay tanungin sila kung paano naaangkop ang awit sa aralin. Pagkatapos ay maaari ninyo silang anyayahang umawit na kasama ninyo.

*Pagbibigay ng Kaalaman sa Banal na Kasulatan*

Ang bawat himno sa himnaryo ng Simbahan ay may kasamang sanggunian mula sa banal na kasulatan, na may indese (tingnan sa *Mga Himno,* mga pahina 410–14). Ang karamihan sa mga awit sa *Aklat ng mga Awit Pambata* ay may mga sanggunian din sa banal na kasulatan. Maaari kayong sumangguni sa mga sangguniang ito upang mahanap ang mga awit na magiging angkop sa partikular na aralin. Halimbawa, kung itinuturo ninyo ang Juan 13:34–35, maaari ninyong ipaawit sa mga nag-aaral ang "Mahalin Ninyo ang Bawat Isa" (*Mga Himno*; *Aklat ng mga Awit Pambata*), isa sa mga himno na tumutugon sa mga talatang ito.

*Pagtulong sa mga Mag-aaral na Magkaroon at Maipahayag ang Kanilang Patotoo*

Habang inaawit ng mga mag-aaral ang mga himno at iba pang awit ng Simbahan, ang Espiritu ay makapagpapatotoo sa kanila tungkol sa katotohanan ng mga alituntuning itinuro. May ilang awit na ang mga salita ay pagpapahiwatig ng patotoo, kung kaya sa pag-awit ng mga ito ay sama-samang naibabahagi ng mga tao ang kanilang patotoo. Ang gayong mga awitin ay kinabibilangan ng "Ang Manunubos Ko ay Buhay" (*Mga Himno*); "Ako ay Anak ng Diyos" (*Mga Himno*; *Aklat ng mga Awit Pambata*); "Salamat, O Diyos, sa Propeta" (*Mga Himno*); at "*Did Jesus Really Live Again?" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

Ipinaliwanag ni Pangulong Gordon B. Hinckley kung paano napatatag ng musika ang kanyang patotoo tungkol sa Propetang si Joseph Smith:

"Maraming taon na ang nakaraan nang sa gulang na 12 ay naordenan akong diyakono, ng aking ama, na siyang pangulo ng aming istaka, ay isinama ako sa aking unang pulong ng pagkasaserdote ng istaka. . . . Magkasamang itinaas ng mga lalaking ito ang kanilang malalakas na tinig, ang ilan ay may punto pa na mula sa lupaing Europeo na pinagmulan ng mga nagbalik-loob na ito, lahat ay inaawit ang mga salitang ito nang may dakilang diwa ng pananalig at patotoo:

> "Purihin s'yang nakaniig ni Jehova!
> Hinirang ni Cristo bilang propeta.
> Ang huling dispensasyon sinimulan n'ya
> Mga bansa't hari'y pupurihin S'ya!
> (“Purihin ang Propeta,” *Mga Himno*)

"Inaawit nila ang tungkol sa Propetang Joseph Smith, at habang ginagawa nila ito ay may nadama ako sa aking puso na biglang bugso ng pagmamahal at paniniwala sa dakilang Propeta ng dispensasyong ito. Noong aking kabataan ay tinuruan ako ng maraming bagay tungkol sa kanya sa mga pulong at mga klase sa aming purok at gayundin sa aming tahanan; ngunit ang karanasan ko sa pulong na iyon ng pagkasaserdote ng istaka ay kakaiba. Nalaman ko noon, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, na si Joseph Smith ay tunay na propeta ng Diyos" ("Praise to the Man," *Ensign*, Ago. 1983, 2).

*Pagtatapos ng Aralin at Paghikayat sa mga Mag-aaral na Ipamuhay ang Alituntunin ng Ebanghelyo*

Sa pagtatapos ng aralin, ang isang himno o awit ay makapagbubuod sa alituntuning itinuro at makapaghahatid ng nakahihikayat na mensahe. Halimbawa, sa katapusan ng aralin tungkol sa pagsunod sa mga kautusan, maaari ninyong ipaawit sa mga nag-aaral ang "Piliin ang Tama" (*Mga Himno*); "Sundin ang Utos" (*Mga Himno*; *Aklat ng mga Awit Pambata*); "Mangahas na Tama'y Gawin" (*Aklat*

*ng mga Awit Pambata*); o "*Nephi's Courage" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

*Pagpapaunlad sa Damdamin ng Pagpipitagan*

Kayo at ang inyong mag-anak ay maaari umawit ng mga himno at iba pang awit sa mga gabing pantahanan ng mag-anak, kapulungan ng mag-anak, at iba pang mga pagtitipon upang mapaunlad ang damdamin ng pagpipitagan at mapahusay ang pag-aaral ng ebanghelyo ng mag-anak. Sa silid-aralan, maaari kayong magpatugtog ng musika o patugtugin ng piyano ang isang tao habang pumapasok sa silid-aralan ang mga mag-aaral. Makatutulong ito na makalikha ng mapitagang kapaligiran at maihahanda nito ang mga nag-aaral para sa aralin.

Ang iba pang paraan upang mapaunlad ninyo ang pagpipitagan ay kinabibilangan ng mahinang pagpapatugtog ng musika habang binabasa ninyo ang isang kuwento o habang nagdodrowing ang mga bata ng mga larawan tungkol sa aralin. O maaari ninyong ipaawit sa isang tao ang awiting tulad ng "Tell Me the Stories of Jesus" (Aklat ng mga Awit Pambata) samantalang minamasdan ng mga mag-aaral ang mga larawan ng mga kuwento sa banal na kasulatan.

## Pagpili at Paghahanda ng Angkop na Musika

Kapag pumipili ng musika para sa aralin, sumangguni sa indese ng *Mga Himno* at ng *Aklat ng mga Awit Pambata* para sa mga himno at awit na may kaugnayan sa paksa ng aralin. Ang mga rekording ng musika na nasa audiocassette at compact disc ng musika ng Simbahan ay nakalista sa *Church Materials Catalog*.

Tiyakin na ang anumang musika na gagamitin ninyo na hindi inilathala ng Simbahan ay nakaayon sa mga pamantayan ng Simbahan (tingnan sa bahaging "Musika" ng *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan*). Ang tagapangulo ng musika sa purok o direktor ng musika ay makatutulong sa inyo na pumili at maghanda ng angkop na musika.

Kung nagbabalak kayong umawit o mamuno sa pagawit ng himno o awit, tiyakin na alam na alam ninyo ang mga salita upang mapagtuunan ninyo ng pansin ang inyong mga tinuturuan sa halip na pagtuunan ng pansin ang himnaryo o aklat ng mga awit.

## Mga Mungkahi sa Pamumuno ng mga Awit

Repasuhin ang mga bahaging "Paggamit ng Himnaryo" sa *Mga Himno* (mga pahina 379–86) at "Paggamit ng Himnaryo" sa *Aklat ng mga Awit Pambata* (mga pahina 300-304). Pag-aralan ang mga pangunahing hakbang sa pagkumpas ng mga awit. Isaalang-alang din ang sumusunod na mga mungkahi:

- Sa pagkumpas sa himno o awit, maaari ninyong gamitin ang inyong mga kamay upang ipahiwatig ang tono at ang tempo, o bilis, ng awit. Upang ipakita ang tono, itaas ang inyong kamay sa pahalang na posisyon, at habang inaawit ang mga salita, itaas ang inyong kamay upang ipahiwatig ang matataas na tono, at ibaba ito upang ipahiwatig ang mababababang tono. Habang ginagawa ninyo ito, igalaw nang mabagal o mabilis ang inyong kamay upang ipahiwatig ang tamang bilis. Maaari rin ninyong idrowing ang parisan ng awit sa pisara. Halimbawa, ang himig sa pagkanta ng "Ako ay Anak ng Diyos," (*Mga Himno*; *Aklat ng mga Awit Pambata*) ay ganito ang kalalabasan:

***ng***

***Anak***

***Ako ay*** ***Diyos***

- Sa halip na gamitin ang hakbang sa pagkumpas sa awit, isaalang-alang ang paggamit ng mga simpleng galaw ng kamay na naglalarawan sa mga salita sa awit.

Humingi ng tulong sa direktor ng musika sa purok kung inaakala ninyong kailangan ninyo ng karagdagang tulong sa pag-aaral ng pagkumpas ng musika.

## Paggamit ng Musika sa Pagtuturo sa mga Bata

Ang karamihan sa mga bata ay natutuwang sumali sa mga gawaing musikal. Ang kaakit-akit na ritmo ng musika ay tumutulong sa mga bata na maalaala ang kanilang inaawit at ang mga mensahe ng mga salita. Ang musika ay nakadaragdag sa pang-unawa ng mga bata sa mga alituntunin ng ebanghelyo at nakapagpapalakas sa kanilang patotoo. Magagamit rin ninyo ang musika upang batiin ang mga bata, ihanda sila sa panalangin, ituon ang kanilang pansin sa aralin, o patahimikin sila matapos ang isang gawain. Ang musika ay makapagpapabago sa bilis ng aralin at nagpapahintulot sa mga bata na magamit ang kanilang labis na enerhiya sa katawan.

Maraming aralin ang nagmumungkahi ng mga awit na nagpapatibay sa araling itinuturo. Sumangguni sa indese ng *Aklat ng mga Awit Pambata* para sa iba pang angkop na awit.

Hindi ninyo kinakailangang maging magaling na manunugtog upang gamitin ang musika sa inyong pagtuturo. Kung nakahanda kang mabuti at nasisiyahan sa pag-awit, ang mga bata ay masisiyahan at matututo sa musika na inyong ginagamit. Ang sumusunod ay ilang mungkahi upang tulungan kayo na gamitin ang musika sa pagtuturo sa mga bata. Para sa karagdagang mungkahi tingnan sa *Aklat ng mga Awit Pambata*, mga pahina 300–304.

Ipinakikita ng sumusunod na halimbawa kung paano magagamit ng isang guro ang awiting "*I Love to See the Temple" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 95) upang maituro ang tungkol sa mga templo:

May alam akong magandang awit tungkol sa mga templo. Habang kinakanta natin ang awiting ito, makinig na mabuti upang malaman kung ano ang ating gagawin kapag nagpunta tayo sa templo.

Natuklasan ba ninyo kung bakit tayo nagpupunta sa templo? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang nagpupunta tayo sa templo upang madama ang impluwensiya ng Espiritu Santo, makinig, manalangin, gumawa ng mga tipan sa Ama sa Langit, at mabuklod bilang mga maganak.)

Ngayon, kantahin nating muli ang awit. Makinig kayo ngayon upang matuklasan kung kaninong bahay ang templo.

Natuklasan ba ninyo kung sino ang may-ari ng templo? (Ito ang bahay ng Diyos.)

Magpatuloy sa gayong mga tanong hanggang sa mabigyang-diin ninyo ang mga bahagi ng awit na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mensahe nito.

---

## MUSIKA NA MAY HALONG MGA KUWENTO (AWITIN ANG KUWENTO)

Maaari ninyong gamitin ang musika at kuwento nang magkasama upang makapagkuwento o makapagbahagi ng mensahe ng ebanghelyo na may kaugnayan sa aralin. Ang paraan na ito kung minsan ay tinatawag na awit-kuwento. Sa oras ng gawaing ito, ang karamihan sa kuwento o mensahe ay ipinahahayag sa pamamagitan ng mga awit na kinakanta ng mga miyembro ng mag-anak o ng mga miyembro ng klase. Pinagdurugtung-dugtong ng maiikling kuwento ang mga awit.

Maaari din ninyong pagsamahin ang musika at mga kuwento upang makapaghanda ng mga programa kapag may natatanging okasyon o sa iba pang mga pagtatanghal.

### Halimbawa ng Musika na may Halong mga Kuwento

Ang sumusunod na kombinasyon ng musika at mga kuwento ay maaaring gamitin sa aralin tungkol sa pasasalamat:

Kuwento: Mahal na mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak. Ang isang paraan ng pagpapakita ng Panginoon sa Kanyang pagmamahal sa atin ay sa pamamagitan ng paglikha ng mundo para sa atin. Itinuturo sa atin ng Mga Awit 136 kung paano magpakita ng pasasalamat sa Panginoon para sa Kanyang paglikha sa mundo:

> "Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon ng mga panginoon. . . .
> "Sa kaniya na gumagawang mag-isa ng mga dakilang kababalaghan. . . .
> "Sa kaniya na gumawa ng mga langit sa pamamagitan ng unawa. . . .
> "Sa kaniya na naglalatag ng lupa sa ibabaw ng tubig. . . .
> "Sa kaniya na gumawa ng mga dakilang tanglaw. . . .
> "Ng araw upang magpuno sa araw. . . .
> "Ng buwan at mga bituin upang magpuno sa gabi" (mga talata 3–9).

Himno: "Para sa Angking Karikitan ng Mundo" (*Mga Himno*)

Kuwento: Ang daigdig na nilikha ng Panginoon para sa atin ay nagbibigay nang sagana para sa lahat ng ating mga pangangailangan. Dapat nating purihin ang Diyos sa "pag-ani" ng mga biyayang ating tinatamasa.

Himno: "Salamat sa Ating Diyos" (*Mga Himno*)

Kuwento: Dapat din nating ipaabot ang ating taos-pusong pasasalamat sa Panginoon para sa Kanyang Pagbabayad-sala, na makapaglilinis sa ating mga kasalanan at makapagbibigay sa atin ng buhay na walang hanggan. Habang nagpapasalamat tayo sa Kanyang sakripisyo, higit nating natatanto ang kapangyarihan nito. Ang pagkatantong ito ay nakapupuspos ng kagalakan at nakapagpapakumbaba.

Himno: "Ako'y Namangha" (*Mga Himno*)

Kuwento: Inaasahan ng Panginoon na ibabahagi natin ang ating mga biyaya—pakainin ang nagugutom, damitan ang hubad, bigyang-ginhawa ang may karamdaman at naghihirap, at tuturuan ang naghahanap ng katotohanan. Habang ginagawa natin ang mga bagay na ito, ipinakikita natin ang ating taos-pusong pasasalamat sa Kanya para sa mga pagpapalang ibinigay Niya sa atin.

Himno: "Dahil Biyaya sa Akin ay Kayrami" (*Mga Himno*)

### Gabay sa Paghahanda ng Musika na may mga Halong mga Kuwento

- Sumangguni sa indese ng mga paksa sa himnaryo at sa *Aklat ng mga Awit Pambata* para sa listahan ng mga awit na magkakatulad ang paksa na maaaring magamit sa gawaing ito. Gamitin ang mga awit na alam na ng inyong mga tinuturuan.
- Kung gagamit ng piyano, makipagtulungan sa piyanista upang maihanda ang mga awit, o hayaang makipagtulungan ang taong namumuno sa pagkumpas ng mga awit. Tiyakin na alam ng piyanista kung kailan sisimulang tugtugin ang bawat awit.
- Panatilihing simple ang mga kuwento sa pagitan ng mga awit. Ang mga ito ay maaaring mga banal na kasulatan, maiikling kuwento, tula, sariling karanasan, o siping-banggit. Kapag ginagamit ang gawaing ito sa mga bata, maaari ninyo silang tanungin at pasagutan ang mga ito sa mga bata bilang bahagi ng kuwento. Makatutulong ito sa mga bata na maunawaan ang mensahe ng ebanghelyo na inyong itinuturo.

- Kung naaangkop, gumamit ng mga larawan upang tulungan ang mga mag-aaral na mailarawan sa kanilang isipan ang kuwento o mensahe ng ebanghelyo na inilalahad. Maaari ninyong ipahawak sa mga bata ang mga larawan sa oras ng pagtatanghal.

## MGA BAGAY NA GINAGAMIT SA PAGTUTURO NG ARALIN

Tingnan sa "Mga Paghahambing at Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin," mga pahina 216–17.

## MGA OVERHEAD PROJECTOR (tingnan din sa MGA PISARA)

Ang mga overhead projector, na makukuha sa ilang mga aklatan ng bahay-pulungan, ay mga makinarya na nagpapalaki at nagpapakita ng larawan sa puting-tabing o dingding. Magagamit din ang mga ito bilang panghalili sa pisara. Makatutulong itong mabuti kung napakalaki ng klase para makita ng lahat ang pisara. Kung ang aklatan ng inyong bahay-pulungan ay may overhead projector, itanong sa katiwala ng aklatan ng inyong bahay-pulungan kung paano gamitin ito.

## PANGKATANG TALAKAYAN (PANEL DISCUSSION)

Ang pangkatang talakayan ay binubuo ng grupo na may isa o higit pang mga miyembro ng klase—o inanyayahang mga panauhin na dalubhasa o may sapat na kaalaman o karanasan—na binigyan ng paksang tatalakayin. Ang pangkatang talakayan ay ginagabayan ng isang tagapamagitan, karaniwan ang guro.

Magagamit ninyo ang mga pangkatang talakayan sa paglalahad ng impormasyon o kaya'y pagtalakay kung paano ipamuhay ang alituntunin ng ebanghelyo o lutasin ang isang problema. Ang mga pangkatang talakayan ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga miyembro ng klase na ipahayag ang kanilang mga kaisipan iba't ibang malawak na paksa. Kapag inyong hinilingan ang mga miyembro ng klase na ilahad ang bagong materyal o talakayin ang mga problema ng grupo, sila ay magiging aktibo sa pag-aaral.

### Paano Maghahanda para sa Pangkatang Talakayan

1. Pumili ng paksa na angkop sa aralin at sa gulang ng mga miyembro ng klase. Maghanda ng mga tanong tungkol sa paksang ito na maitatanong ninyo sa mga miyembro ng panel.
2. Piliin nang mas maaga ang mga miyembro na komportable sa pagsagot sa mga tanong sa harapan ng grupo. Limitahan ang bilang ng mga miyembro ng pangkat nang mga tatlo hanggang lima. Ang pangkat na mahigit sa lima ang miyembro ay maaaring gumugol ng maraming oras, at ang bawat miyembro ng pangkat ay maaaring hindi magkaroon ng sapat na pagkakataon upang magbigay ng puna sa mga paksa. Kung nais ninyong mag-anyaya ng mga panauhin na dalubhasa o may sapat na kaalaman o karanasan, alalahanin ang pahintulot ng obispo ay kailangan bago makasali ang mga panauhing pandangal (tingnan sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 325).
3. Tulungan ang mga miyembro ng pangkat na maghanda para sa talakayan. Isaalang-alang ang sumusunod na mga mungkahi:
   a. Tulungan silang maunawaan kung ano ang nakapaloob sa talakayan at kung ano ang kanilang mga responsibilidad, kabilang na ang anumang pag-aaral o iba pang paghahanda na dapat nilang gawin. Bigyan din sila ng impormasyon tungkol sa edad at mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase, ang uri ng pagtatanghal na nais ninyong mangyari, at ang haba ng oras na ibibigay sa kanila upang mailahad ang kanilang materyal.
   b. Tulungan silang makakuha ng impormasyon na kailangan nila para sa kanilang bahagi sa talakayan.
   c. Kung ang pangkat ay maglalahad ng bagong impormasyon o mga ideya, atasan ang bawat miyembro ng pangkat ng isang aspeto ng paksa nang mga isang linggo bago ito sumapit upang makapaghanda siya para sa talakayan. Maaari ninyong bigyan ang mga miyembro ng panel ng mga sanggunian mula sa mga banal na kasulatan, manwal ng aralin, o iba pang mapagkukunang materyal.
   d. Kung ang mga miyembro ng pangkat ay magtutuon ng pansin sa isang problema, makipagkita sa kanila bago sumapit ang talakayan at bigyan sila ng listahan ng mga tanong na tatalakayin. Hayaang makapamili ang bawat tao ng dalawa o tatlong tanong na nais niyang sagutin.
   e. Bago ang pagtatanghal, bigyan ang mga miyembro ng pangkat ng ilang minuto upang magpalitan ng mga ideya sa isa't isa tungkol sa mga paksa na kanilang tatalakayin.

### Paano Pamumunuan ang Pangkatang Talakayan

1. Ayusin ang silid nang sa gayon ay makita at marinig ang mga miyembro ng pangkat.
2. Kapag oras na para sa talakayan ng pangkat, ipakilala ang mga miyembro ng pangkat at ang paksa na kanilang tatalakayin.
3. Habang ginagabayan ninyo o ng isa pang inatasang tagapamagitan ang talakayan at nagtatanong ng mga

katanungan, tiyaking bigyan ang bawat miyembro ng pangkat ng sapat na oras upang makasagot. Ang ikatatagumpay ng pangkat talakayan ay nakasalalay sa tagapamagitan. Ang taong ito ang nagtatakda ng espirituwal na kapigiran para sa pagtatanghal at ginagabayan niya ang talakayan sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mga puna na nakatuon sa paksa o problema, pinanatili ang daloy ng talakayan, at tinutulungan ang lahat ng miyembro ng pangkat na makisali sa talakayan.


4. Hayaang magtanong ang mga miyembro ng klase sa mga miyembro ng pangkat.
5. Pagkatapos ng talakayan, ibuod ang mga punto na ibinahagi.


## MGA LARAWANG IDINIKIT O IDRINOWING SA KARTON (tingnan din sa MGA DIORAMA)

Ang guro ay maaaring gumamit ng mga larawang idinikit o idinrowing sa karton upang makatulong sa pagkukuwento o paglalarawan ng alituntunin sa aralin.

### Paano Gumawa ng mga Larawang Idinikit o Idinrowing sa Karton

1. Itupi sa gitna ang makapal na piraso ng papel.
2. Sa nakatuping panig na nasa ibabaw, idrowing ang hugis sa papel. Tiyaking aabot ang gawing itaas ng hugis sa nakatuping bahagi. Pagkatapos ay pakulayan o palagyan ng palamuti ang hugis sa mga miyembro ng mag-anak o mga miyembro ng klase.
3. Gupitin ang hugis, tiyaking hindi ninyo magugupit ang tupi kung saan umabot ang gawing itaas ng hugis.




## MGA LARAWAN (tingnan din sa MGA VISUAL)

Ang mga larawan ay mahahalagang kagamitan sa pagbibigay-diin sa pangunahing ideya ng aralin at pagtulong sa mga nag-aaral na manatiling nakatuon ang pansin sa aralin. Makakahanap kayo ng mga larawan para sa pagtuturo ng ebanghelyo sa aklatan ng bahay-pulungan, sa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo, sa mga manwal ng aralin na inilathala ng Simbahan, at magasin ng Simbahan.

### Pagpapakita ng mga Larawan

Maaari ninyong ipakita ang mga larawan sa iba't ibang paraan. Halimbawa, maaari ninyong:

- Ilagay ang mga ito sa trey sa pisara, sa kabalyete, o sa upuan.
- Pahawakan ang mga ito sa mga mag-aaral.
- Ikaw mismo ang humawak.

Huwag gumamit ng teyp upang idikit ang mga larawan sa mga pisara o sa pininturahang mga dingding.

### Paano Magturo na Gamit ang mga Larawan

Ang mga larawan ay maaaring maging mahalagang bahagi ng pagkukuwento. Halimbawa, maaari ninyong matulungan ang mga bata na mapagbalik-aralan ang kuwento sa pamamagitan ng paghiling sa kanila na pagsunud-sunurin ang ilang larawan at pagkatapos ay pagpapakuwento sa bawat bata ng isang bahagi ng kuwento.

Maging malikhain sa paggamit ng mga larawan. Halimbawa, maaari ninyong ipakita ang larawan ni Juan Bautista na binibinyagan si Jesus. Pagkatapos ay maaari ninyong sabihing, "Noong mamuhay si Jesus sa lupa, nagpakita Siya ng halimbawa para sundan natin. Alam Niyang inutusan ng ating Ama sa Langit ang bawat isa sa atin na magpabinyag." Pagkatapos ay maaari ninyong itanong ang sumusunod:

- Ano ang pangyayari sa larawang ito?
- Ano ang sinabi ni Jesus na tamang paraan ng pagpapabinyag?
- Sino ang nagbinyag kay Jesus?
- Bakit hiniling ni Jesus kay Juan na binyagan Siya?
- Bakit nagpunta sina Jesus at Juan sa ilog?
- Bakit mahalagang sundan natin ang halimbawa ni Jesus at magpabinyag na tulad Niya?

Matapos talakayin ang mga tanong na ito, maaari ninyong ibuod ang mga sagot ng mga mag-aaral at iugnay ang mga ito sa pangunahing ideya ng aralin.

Alalahanin na ginagamit ng mga pintor ang kanilang sariling pakahulugan kapag lumilikha sila ng mga larawan. Kung gayon, hindi lahat ng elemento sa isang larawan ay dapat bigyan ng literal na kahulugan. Isaalang-alang ang pangyayari sa mga banal na kasulatan para sa kaganapan sa likuran ng pangyayari.

## MGA PAPET (Puppet)

Ang mga puppet ay magagamit upang isadula ang mga bahagi ng isang aralin o kuwento, batiin ang mga

bata sa klase, magbigay ng mga tagubilin, kumanta ng mga awit, tumulong sa pagsasadula, magtanong, o tulungan ang mga bata na manatiling alisto.

### Mga Halimbawa ng mga Papet




## MGA TANONG

Tingnan sa "Pagtuturo sa Pamamagitan ng mga Tanong," mga pahina 84–86.

## TEATRO NG MGA MAMBABASA (tingnan din sa SABAYANG PAGBASA; PAGBIGKAS)

Sa teatro ng mga mambabasa, ang mga kasali ay gumagamit ng iskrip upang magkuwento. Ang teatro ng mga mambabasa ay maaaring gawin sa klase o itanghal sa madla.

Magagamit ninyo ang paraang ito upang ilahad ang mga pangyayari sa banal na kasulatan, kuwento, tula, at iba pang impormasyon. Maaari din ninyo itong gamitin bilang bahagi ng natatanging programa para sa mga okasyon o natatanging pagtitipon.

### Halimbawa ng Teatro ng mga Mambabasa

Kuwento: Abinadi, Haring Noe, at Alma

Paraan: Ipaliwanag na isinugo ng Diyos ang isang propeta na nagngangalang Abinadi upang balaan ang mga tao ni Haring Noe na magsisi ng kanilang mga kasalanan. Pagkatapos ay ipabasa sa mga mag-aaral ang mga salita ni Haring Noe, ng kanyang masasamang saserdote, nina Abinadi, Alma, at ng mga Nephita sa Mosias 17:1–9 at 18:1, 7–11, 17, 30. Paganapin din ang isang tao bilang tagapagsalaysay, na binabasa ang kuwento sa pagitan ng mga pahayag ng mga tao sa kuwento.

### Paano Pamunuan ang Teatro ng mga Mambabasa

- Pumili ng materyal na nagtataguyod sa paksa ng aralin. Ang angkop na mga materyal ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan, manwal na inilathala ng Simbahan, at magasin ng Simbahan.
- Hatiin sa iba't ibang bahagi ang materyal. Iatas ang mga bahagi sa mga kasali. Bigyan ang bawat kasali ng bahagi ng tauhan o ng tagapagsalaysay. Tiyakin na may sapat na oras ang mga kasali upang mapag-aralan ang kanilang mga bahagi at upang maunawaan nila ang kanilang papel na ginagampanan.
- Kung itatanghal ninyo ang teatro ng mga mambabasa sa madla, papagsanayin ang mga kasali sa pagbabasa ng materyal. Tiyaking malinaw silang magsalita at humihinto kapag kailangan at binabago ang tono at bilis ng kanilang tinig upang maiparating ang kahulugan ng mensahe.

## PAGBIGKAS (tingnan din sa SABAYANG PAGBASA; TEATRO NG MGA MAMBABASA)

Sa pagbigkas, inuulit ng mga kasali ang materyal, na karaniwan ay isinasaulo. Ang pagbigkas ay maaaring gawin sa klase o gawin sa madla.

Magagamit ninyo ang paraan na ito upang itanghal ang mga pangyayari sa banal na kasulatan, kuwento, tula, at iba pang impormasyon. Magagamit rin ninyo ito bilang bahagi ng natatanging programa para sa mga natatanging okasyon o pagtitipon.

### Halimbawa ng Pagbigkas

Paksa: Ang Sampung Utos

Paraan: Sa Linggo bago itanghal ang aralin tungkol sa pagsunod sa mga kautusan, bigyan ang bawat tao ng kopya ng awit na "The Commandments" (*Children's Songbook*, 112–13). Atasan ang bawat isa sa kanila ng isang utos na isasaulo nila. Sa susunod na aralin, halinhinang ipabigkas sa bawat tao ang kani-kanyang bahagi.

### Paano Pamumunuan ang Pagbigkas

- Pumili ng materyal na nagtataguyod sa paksa ng aralin. Ang angkop na mga materyal ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan, manwal na inilathala ng Simbahan, at magasin ng Simbahan, at sa *Aklat ng mga Awit Pambata*.
- Hatiin sa iba't ibang bahagi ang materyal, at iatas ang mga bahagi sa mga kasali. Bigyan ang bawat kasali ng bahagi ng tauhan o ng tagapagsalaysay. Tiyakin na sila ay may sapat na oras upang maunawaan nila ang kanilang papel na ginagampanan at mapag-aralan ang kanilang mga bahagi.
- Kung itatanghal mo ang teatro ng mga mambabasa sa madla, papagsanayin ang mga kasali sa pagbabasa ng materyal. Tiyaking malinaw silang magsalita at hihinto kapag kailangan at babaguhin ang tono at bilis ng kanilang tinig upang maiparating ang kahulugan ng mensahe.

---

## DULA-DULAAN (Role Playing)

Sa dula-dulaan, ang mga kasali ay gumaganap sa isang situwasyon o problema na nangyayari sa pang-araw-araw na buhay. Ang dula-dulaan ay tumutulong sa mga tao na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa situwasyon sa tunay na buhay habang naghahanap sila ng mga kalutasan sa mga problema, isinasaalang-alang ang iba't ibang pagpipilian, at nauunawaan ang pananaw ng ibang tao. Ang dula-dulaan ay magagamit upang pasimulan o ibuod ang aralin o manghikayat ng talakayan tungkol sa isang alituntunin sa aralin.

*Puna:* Ang dula-dulaan ay hindi katulad ng pinag-aaralang situwasyon. Sa pinag-aaralang situwasyon ay *tinatalakay* ng mga mag-aaral ang isang situwasyon o problema. Sa dula-dulaan ay *ginagampanan* ng mga kasali ang maaaring ikilos ng mga tao sa ilang situwasyon.

### Mga Halimbawa ng Dula-dulaan

- Nangako ang isang bata sa kanyang mga magulang na tutulong siya sa paglilinis ng bahay. Habang naghahanda siyang magtrabaho, ang ilang kaibigan ay darating at yayayain siyang makipaglaro. Gusto nilang sumama siya sa kanila ngayon din at mamaya na lamang gawin ang trabaho. Isadula kung ano ang dapat niyang sabihin sa kanyang mga magulang at kung ano ang dapat niyang sabihin sa kanyang mga kaibigan.
- May isang grupo ng magkakaibigan na naglalakad sa kalye. Nakapulot sila ng pitaka na may pera sa loob, ngunit hindi nila alam kung kanino ito. Iba-iba ang nais gawin sa pitaka ng bawat isa sa magkakaibigan. Isadula kung ano ang dapat nilang gawin.

### Paano Gamitin ang Dula-dulaan

1. Ihanda ang inyong mga tinuturuan sa dula-dulaan sa pamamagitan ng maikling pagpapaliwanag sa problema o situwasyon. Bigyan sila ng sapat na impormasyon upang magampanan nila nang maayos ang kanilang mga papel. Bigyang-diin na dapat silang magsadula at hindi basta umarte lamang.
2. Pumili ng mga kasali o tumawag ng mga boluntaryo. Sabihin kung sino ang gaganap sa bawat partikular na bahagi. Kumuha ng maraming kasali hangga't maaari, yayamang ang pagpapasadula ng ilang tao sa isang situwasyon ay kadalasang higit na matagumpay kaysa kung isang tao lamang ang magsasadula ng maaaring mangyari. (Ang dula-dulaan ay maaaring ulitin upang tulungan ang marami pang tao na makilahok at makatuklas ng iba pang solusyon.)
3. Bigyan ng ilang minuto ang mga kasali upang planuhin kung ano ang kanilang gagawin.
4. Para makasali ang lahat na naroon, anyayahan ang mga hindi kasali na manood mabuti.
5. Matapos ang dula-dulaan, talakayin at alamin kung ano ang nangyari sa pamamagitan ng pagtatanong ng tulad ng "Ano ang naramdaman ninyo tungkol sa problema?" o "Puwede ba itong mangyari sa tunay na buhay?" o "Paano nakatulong ang dula-dulaang ito upang malaman ninyo kung ano ang gagawin kung sakaling mangyari nga ito?" Hayaang mag-isip ng mga paraan ang iyong mga tinuturuan upang malutas ang gayunding mga problema sa kanilang sariling buhay. Talakayin ang iba't ibang solusyon.

### Pangkalahatang Gabay sa Dula-dulaan


- Ang pakikilahok sa dula-dulaan ay dapat na boluntaryo. Huwag pilitin ang sinuman na makisali.
- Isadula ang mga situwasyon sa tunay na buhay na may kaugnayan sa aralin at mahalaga sa inyong mga tinuturuan.
- Mas naiuugnay ng mga tao ang kanilang sarili sa mga pagsasadula ng mga situwasyon na naranasan nila mismo. Gayunman, maging maingat sa pagpili ng mga situwasyong isasadula. Bagama't mahalaga na ang mga problema ay dapat na tunay at makahulugan hangga't maaari, walang sinumang kasali na dapat ilagay sa isang situwasyon kung saan ay maaaring isadula nila ang sarili nilang buhay.
- Bilang guro, maging sensitibo sa damdamin at paguugali ng mga mag-aaral. Tumanggap ng mga pagkakamali, at turuan silang pahalagahan ang pananaw ng bawat isa. Huwag pahintulutang pulaan ang mga kasali.

- Ang mga simpleng gamit (props) tulad ng sombrero o name tag ay makadaragdag ng interes sa dula-dulaan, lalo na kung mga bata ang inyong tinuturuan.

## MGA ROLLER BOX

Tulad ng ipinakita sa ibaba, ang roller box ay isang lalagyan na ginagamit upang ipakita ang mga larawan na pinagdikit-dikit na magkakasama sa isang rolyo. Ang kasangkapang ito sa pagtuturo ay masayang paraan sa mga bata sa panonood nila ng mga paglalarawan, lalo na kung sila mismo ang nagdrowing sa mga larawan.

Ang mga roller box ay magagamit upang ipakita ang iba't ibang aspeto ng alituntunin ng ebanghelyo, katulad ng iba't ibang paraan sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath. Magagamit din ang mga ito upang ipakita ang isang kuwento mula sa mga banal na kasulatan o sa kasaysayan ng Simbahan.



### Paano Gumawa ng Roller Box

1. Butasan ang tagiliran ng isang malaking kahon o karton. Dapat ay kasya sa butas ang isang larawan na ipapakita.
2. Pumutol ng dalawang patpat na mga anim na pulgada ang haba kaysa sa lapad ng kahon. Maaari ninyong gamitin ang hawakan ng walis o kaya'y ang kartong nasa gitna ng paper towel , aluminum foil, o pambalot ng regalo.
3. Gumawa ng dalawang butas para sa mga patpat sa magkabilang panig ng kahon, tulad ng ipinakikita sa itaas.
4. Ipasok ang mga patpat sa mga butas.
5. Bigyan ang bawat bata ng papel at mga lapis o krayola. Ipadrowing sa bawat bata ang iba't ibang larawan ng isang alituntunin ng ebanghelyo o ibang yugto ng isang kuwento. Kapag naidrowing na ang mga larawan, pagdugtungin ang mga dulo ng larawan sa pamamagitan ng pandikit, gawin ito nang sunud-sunod upang makabuo ito ng isang rolyo. O maaari ninyong ipadrowing sa mga bata ang iba't ibang bahagi sa isang mahabang papel.
6. Ikabit ang mga dulo ng rolyo sa mga patpat.

Maaaring gumamit ang mga bata ng maliliit na kahon, mga lapis, at mahahabang piraso ng papel upang gumawa ng sarili nilang roller box.

## MGA BANAL NA KASULATAN, PAGMAMARKA AT PAGSUSULAT NG MGA TALA SA MARDYIN

Tingnan sa mga pahina 70–71.

## BANAL NA KASULATAN, PAGSASAULO NG MGA

Tingnan sa "Pagsasaulo," mga pahina 226–27.

## BANAL NA KASULATAN, PAGBABASA NANG MALAKAS SA MGA

Tingnan sa pahina 69.

## BANAL NA KASULATAN, MGA TULONG SA PAG-AARAL NG MGA

Tingnan sa mga pahina 69–71.

## BANAL NA KASULATAN, PAGTUTURO MULA SA MGA

Tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," mga pahina 66–72.

## AWITIN ANG KUWENTO

Tingnan sa "Musika na may mga Halong Kuwento (Awitin ang Kuwento)," mga pahina 230–31.

## MGA ISTASYON (Stations)

Ang mga istasyon ay mga lugar kung saan ang iba't ibang guro ay nagdaraos ng mga gawain sa pagkatuto. Ang mga mag-aaral ay nahahati sa mga grupo at umiikot sa mga istasyon. Sa bawat istasyon ay may isang taong nangunguna sa gawain sa pagkatuto at nananatili sa lugar na iyon upang magbigay ng iisang impormasyon o pagtatanghal sa bawat grupo na nagpupunta sa istasyon.

Dapat na matyagan ninyo o ng pinuno sa bawat istasyon ang oras upang matiyak na ang mga grupo ay gugugol ng magkakaparehong oras sa bawat gawain sa pagkatuto. Maaari kayong magpatugtog ng musika upang ipaalam sa mga grupo kung oras na upang umikot sa susunod na istasyon. Mag-ukol ng oras upang ibuod ang karanasan sa buong klase.

### Mga Halimbawa ng mga Istasyon

- Ipakita ang mga bagay na nauukol sa isang partikular na paksa, at hayaang ipaliwanag ng mga tao ang mga bagay na ito. Halimbawa, maaaring mayroon kayong mga istasyon para sa produksiyon at pag-iimbak ng pagkain sa tahanan, pag-iimbak ng tubig, suplay ng panggatong, at mga kit para sa biglaang pangangailangan.

- Ipatalakay sa mga guro sa iba't ibang istasyon ang mga aspeto ng mga ugnayan ng mag-anak, katulad ng papel na ginagampanan ng mga magulang, disiplina, o komunikasyon.
- Hayaang gampanan ng taong nasa bawat istasyon ang ibang katauhang mula sa mga banal na kasulatan. Ipatalakay sa bawat tao kung paanong ang katauhang isinasadula nila ay isang halimbawa ng taong buong katapatang ipinamumuhay ang ebanghelyo.
- Gumawa ng mga istasyon na may mga simpleng dekorasyon, laro, o gawain ng mga batang tagabunsod.

## MGA KUWENTO

Gusto ng lahat ng tao ang mabubuting kuwento. Ang mga kuwento ay nakapagpapayaman sa mga aralin at nakukuha nito ang pansin ng mga mag-aaral na tulad ng ilang pamamaraan sa pagtuturo. Ang mga kuwento ay magagamit upang sagutin ang mga tanong, ipakilala o bigyang-diin ang mga alituntunin, o ibuod ang mga aralin. Magiging mas higit na epektibo ang mga ito sa paglilinaw at pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawa ng matwid na pamumuhay, pagpagpaparating ng mensahe sa lahat ng mga tagapakinig sa kanilang sariling antas ng pang-unawa.

Kapag nagamit nang mabuti ang mga kuwento, naiimpluwensiyahan ng mga ito ang mga pinahahalagahan at damdamin ng mga mag-aaral. Matutulungan din ng mga ito ang mga mag-aaral na maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo habang nakikibahagi sila sa malalaking kaganapan sa mga banal na kasulatan, sa sandali ng pagpapasiya, kahirapan at pakikibaka, at sa mga pagpapalang dulot ng pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo. Nagagawa nitong mas mas madaling maunawaan at maalaala ang mga alituntunin. Ipinakikita nito sa malinaw at nakapagbibigay-inspirasyong paraan kung paano natin maipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Halimbawa, upang maituro ang tungkol sa pananampalataya, maaari ninyong ibahagi ang paliwanag sa Alma na kung tayo ay may pananampalataya tayo ay "umaasa . . . sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo" (Alma 32:21). Ngunit mas higit ninyong makukumpleto ang inyong pagtuturo kung ikukuwento rin ninyo ang tungkol sa isang tao na nagpakita ng malaking pananampalataya, katulad ng kuwento tungkol kay David na nakipaglaban kay Goliath (tingnan sa I Samuel 17:20–50, lalo na ang mga talata 26, 32–37, at 45–47).

Ang Tagapagligtas ang Dakilang Guro at ang halimbawa na dapat nating tularan sa lahat ng ating pagtuturo ng ebanghelyo. Madalas Siyang gumamit ng mga kuwento sa Kanyang pagtuturo. Ang Kanyang mga talinghaga ay napakahusay na mga halimbawa ng paggamit ng mga kuwento upang magturo. Halimbawa, tinanong Siya ng isang abogado, "Sino ang aking kapuwa tao?" Sumagot Siya sa pamamagitan ng pagkukuwento tungkol sa isang lalaki na binugbog at ninakawan habang naglalakbay siya mula sa Jerusalem patungo sa Jerico. Dinaanan lamang ng dalawang lalaki ang sugatang lalaki, ngunit ang ikatlo, na isang Samaritano, ay tumigil at inalagaan siya (tingnan sa Lucas 10:29–35). Nang matapos ni Jesus ang talinghaga, tinanong Niya ang abogado, "Sino sa tatlong ito, sa akala mo, ang nagpakilalang kapuwa tao sa nahulog sa kamay ng mga tulisan?" Sumagot ang lalaki, "Ang nagkawanggawa sa kaniya." Pagkatapos ay sumagot si Jesus, "Humayo ka, at gayon din ang gawin mo" (Lucas 10:36–37).

### Pagpili ng mga Kuwento

Sa pagpili ng kuwento, itanong sa inyong sarili ang mga tanong na nakalista sa ibaba upang matiyak na ang kuwento ay angkop at mabisa. Ang mga kuwentong ito at ang iba pa ay matatagpuan sa "Pagpili ng mga Naangkop na Pamamaraan" (pahina 116) at "Pagpili ng Mabibisang Pamamaraan" (pahina 118).

- Inaanyayahan ba ng kuwento ang Espiritu?
- Tumutugma ba ang kuwento sa kabanalan ng aking itinuturo?
- Ang kuwento ba ay makapagpapasigla at makapagpapalakas sa aking mga tinuturuan?
- Matutulungan ba nito ang mga nag-aaral na higit na maunawaan ang alituntuning itinuturo?
- Magugugol ba nito nang matalino ang oras ng aralin?

### Iba't Ibang Uri ng mga Kuwento

Maaari ninyong gamitin ang mga kuwento mula sa sarili ninyong karanasan. Maaari rin ninyong gamitin ang mga kuwento tungkol sa iba, katulad ng mga kuwento mula sa mga banal na kasulatan, mula sa buhay ng mga pinuno sa Simbahan, at mula sa buhay ng iba na kilala ninyo o nabasa ninyo. Dahil sa isang tiyak na layunin, maaari ninyong gamitin ang mga kuwentong kathang-isip, katulad ng mga talinghaga o katutubong kuwento.

*Mga Sariling Karanasan*

Ang pagkukuwento ng sariling karanasan ay maaaring magkaroon ng malakas na impluwensiya sa pagtulong sa iba na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Kapag kayo mismo ang nagkukuwento ng naging karanasan ninyo, kayo ay nagsisilbing buhay na saksi sa mga katotohanan ng ebanghelyo. Kung magsasalita kayo nang tapat at may dalisay na layunin, patutunayan ng Espiritu ang katotohanan ng inyong mensahe sa mga puso ng inyong mga tinuturuan. Ang sariling mga kara-

nasan ng inyong mga tinuturuan ay magkakaroon din ng makapangyarihang impluwensiya sa kabutihan.

Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie, "Marahil ang perpektong parisan sa paglalahad ng mga kuwentong nakapagpapalakas ng pananampalataya ay ang pagtuturo ng kung ano ang matatagpuan sa mga banal na kasulatan at pagkatapos ay lagyan ang mga ito ng tanda ng pangyayari sa tunay buhay sa pamamagitan ng pagkukuwento . . . ng gayon ding bagay na nangyari sa ating dispensasyon at sa ating mga tao at—pinakamainam sa lahat—sa ating bilang tao" ("The How and Why of Faith-promoting Stories," *New Era*, Hulyo 1978, 5).

Sa pagkukuwento ng sariling mga karanasan, dapat ninyong tandaan at ng inyong mga tinuturuan ang sumusunod na mga babala:

- Huwag magbanggit ng mga sagradong bagay maliban kung naudyukan ng Espiritu. Sinabi ng Panginoon, "Tandaan na yaong nagmumula sa kaitaasan ay banal, at kailangang sambitin nang may pag-iingat, at sa panghihimok ng Espiritu" (Doktrina at mga Tipan 63:64).
- Iwasan ang kagulat-gulat na kuwento, ang ibig sabihin ay pagsasabi ng isang bagay upang magkaroon ng kagila-gilalas na epekto. Iwasan ding lumikha ng matinding emosyon sa mga taong iyong tinuturuan.
- Huwag dagdagan ng walang katotohanan ang inyong mga karanasan sa anumang kadahilanan.
- Huwag magkuwento ng mga karanasan upang matuon lamang sa inyo ang pansin.
- Huwag pag-usapan ang tungkol sa nakaraang mga kasalanan o paglabag.

### *Mga Kuwento Tungkol sa Iba*

Ang mga banal na kasulatan at kasaysayan ng Simbahan ay puno ng mga kuwento tungkol sa mga kalalakihan, kababaihan, at mga bata na namumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Halimbawa, maaari kayong magturo tungkol sa panalangin sa pamamagitan ng pagkukuwento ng tungkol kay Enos na nagsusamamo sa Panginoon para sa kanyang sarili, sa kanyang mga tao, at sa kanyang mga kaaway. Makapagtuturo ka rin ng tungkol sa panalangin sa pamamagitan ng paggamit ng kuwento tungkol sa pagsusumamo ni Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan. At marami pang nakapagtuturo at nakaaantig na mga kuwento mula sa buhay ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw sa ngayon na maaari ninyong ibahagi. Sa pagbabahagi ng mga kuwento tungkol sa iba, alalahanin ang sumusunod na patnubay:

- Katulad sa sa sariling mga karanasan, tiyaking kumikilos nang naaayon sa Espiritu. Iwasan ang kagulat-gulat na mga kuwento at huwag dagdagan ng walang katotohanan ang kuwento na inyong ibinabahagi.
- Tiyaking isasalaysay ninyo nang tama ang mga kuwento. Huwag magbahagi ng mga kuwento tungkol sa iba na maaaring hindi naman totoo o na maaaring may mga elementong hindi naman totoo. Bago magbahagi ng isang kuwento, puntahan ang pinagmulan upang mapagtibay na ang sasabihin ninyo ay totoong pangyayari.
- Kung ang kuwento ay hindi inilimbag o ibinahagi sa madla, humingi ng pahintulot mula a tao na nagmamay-ari ng kuwento bago mo ito isalaysay.

### *Mga Kathang-Isip na Kuwento*

May lugar para sa mga kathang-isip na kuwento sa pagtuturo ng ebanghelyo. Matututuhan ninyo kung paano gamitin ang mga kathang-isip na kuwento sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano ginamit ng Tagapagligtas ang mga talinghaga sa Kanyang pagtuturo. Binanggit Niya ang tungkol sa matalinong lalaki na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato at ng mangmang na lalaki na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng buhangin (tingnan sa Mateo 7:24–27), ang tungkol sa isang babaeng nagwalis sa kanyang buong bahay upang makita ang baryang naiwala niya (tingnan a Lucas 15:8–10), at ang tungkol sa alibughang anak na lumustay sa kanyang mana ngunit mainit pa ring tinanggap sa tahanan ng kanyang ama (tingnan sa Lucas 15:11–32). Kung handa tayong tumanggap sa Espiritu, matututuhan natin ang mga dakilang katotohanan mula sa mga talinghagang ito at sa marami pang ibang itinuro ng Tagapagligtas.

Katulad ng ipinaliliwanag sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, ang mga talinghaga ay mga paghahambing. Nagtuturo ang mga ito ng mga espirituwal na katotohanan sa pamamagitan ng paghahambing sa mga ito sa materyal na mga bagay o situwasyon (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Talinghaga," 243). Ito ay totoo sa lahat ng kathang-isip na mga kuwento na angkop na nagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Ginagawang simple ng mga kuwento ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa ikauunawa, malinaw sa imahinasyon, at hindi malilimutan. Para sa mga mungkahi sa paggamit ng mga paghahambing sa pagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo, tingnan sa "Mga Paghahambing at Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin," mga pahina 163–64.

Habang naghahanda kayong gumamit ng mga kathang-isip na kuwento, alalahanin ang sumusunod na mga gabay:

- Tiyakin na nauunawaan ng inyong mga tinuturuan na ang mga kuwento ay hindi tunay na nangyari.
- Katulad ng iba pang uri ng mga kuwento, tiyakin na ang mga kathang-isip na kuwento ay angkop, kasiyasiya at naaayon sa Espiritu.

Ang Liahona ay madalas naglalaman ng mga kathang-isip na kuwento na magagamit upang makaragdag at mapagyaman ang mga aralin. Bilang mga halimbawa ng mabisang paggamit ng mga kuwento sa pagtuturo ng ebanghelyo, pag-aralan ang mga talumpati sa pangkalahatang komperensiya.

### Mga Gabay sa Paghahanda at Pagkukuwento

- Dapat na may dahilan kayo sa pagkukuwento. Huwag gumamit ng kuwento para lamang libangin ang inyong mga tinuturuan. Iugnay ang kuwento sa isang alituntunin ng ebanghelyo bilang bahagi ng pangunahing ideya o layunin ng aralin.
- Kung hindi tunay na nangyari ang kuwento, ipaliwanag ito sa klase.
- Pumili ng mga kuwentong nakapagbibigay-sigla mula sa inyong buhay, sa mga banal na kasulatan, magasin at manwal ng Simbahan, kasaysayan ng Simbahan, at sa buhay ng mga Pangkalahatang Awtoridad. Sa pagbabahagi ng mga kuwentong mula sa inyong buhay, iwasang magbanggit ng tungkol sa mga nakaraang pagkakamali o kasalanan.
- Alalahaning gumamit ng mga kuwentong angkop sa saklaw-na-gulang na inyong tinuturuan.
- Bago magbahagi ng kuwento sa inyong mga tinuturuan, basahin itong mabuti nang ilang ulit upang maging pamilyar kayo rito. Habang ginagawa ninyo ito, alamin kung isasalaysay ninyo o hindi ang kuwento sa sarili ninyong mga salita. Ang mga kuwentong puno ng makahulugang pag-uusap at mga paglalarawan ay maaaring maging epektibo kung babasahin ang mga ito.
- Tantiyahin kung gaanong oras ang gugugulin ninyo sa pagkukuwento. Kung kailangang iklian ang kuwento, isama lamang ang mga tauhan at pangyayari na kailangan upang madaling masundan ang kuwento.
- Kung isasalaysay ninyo ang kuwento sa inyong sariling salita, ibalangkas sa papel o sa inyong isipan ang pagkakasunud-sunod ng kuwento. Magsanay sa pagkukuwento nang malakas na gamit ang sarili ninyong salita. Gumamit ng mga salita at paglalarawan na kawiwilihan at madaling mailarawan sa isipan.
- Planuhin kung paano ninyo tutulungan ang mga tagapakinig na mailarawan sa kanilang isipan ang kuwento. Magagawa mong kawili-wili ang kuwento sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan o iba pang materyal na visual katulad ng mga drowing sa pisara o mga bagay na may kaugnayan sa kuwento. Halimbawa, bago ikuwento ang tungkol sa pagdating ng Aklat ni Mormon, maaari ninyong ipakita ang larawan ni Moroni na itinatago ang mga gintong lamina sa Burol ng Cumorah. Maaari kayong magtanong ng tulad nito “Ano ang nagaganap sa larawan na ito?” o “Bakit ginagawa ito ni Moroni?”
- Simulan ang kuwento sa kawili-wiling paraan, na gamit ang mga salita na lumilikha ng malinaw na paglalarawan sa tauhan at pangyayari. Halimbawa, upang simulan ang kuwento tungkol sa pagpayapa ng Tagapagligtas sa bagyo, mababasa ninyo sa mga banal na kasulatan na: “At narito, bumangon ang isang malaks na bagyo sa dagat, na ano pa’t inaapawan ang daong ng mga alon” (Mateo 8:24).
- Masiyahan sa pagkukuwento. Ikuwento ito sa natural na tono ng tinig, na may pagkawili at matibay na paniniwala.
- Matapos magkuwento, talakayin sa mga mag-aaral kung paano naaangkop sa kanilang buhay ang alituntuning itinuturo.

### Mga Karagdagang Mungkahi sa Pagkukuwento sa Maliliit na Bata

- Isaisip ang mga edad ng mga bata, na iniaangkop ang kuwento sa tagal ng interes nila sa pakikinig at pang-unawa.
- Magplano ng mga paraan upang maisali ang mga bata sa kuwento. Halimbawa, maaari ninyong ipahawak sa kanila ang mga larawan o ipaulit ang mga parirala.
- Bago kayo magkuwento, ipaliwanag ang mga salita sa kuwento na maaaring hindi maunawaan ng mga bata. Makatutulong ito upang maisalaysay ninyo ang kuwento nang walang paggambala.
- Kung magbabasa kayo mula sa isang aklat na may mga larawan, tumigil nang madalas upang ipakita sa mga bata ang mga larawan sa kuwento. Ipakita nang matagal ang mga larawan upang makita ng bawat isa ang mga ito bago ninyo ipagpatuloy ang kuwento.
- Kung ang mga bata ay magbibigay ng mga puna o magtatanong, magbigay ng simple at maiikling sagot. Pagkatapos ay ipagpatuloy ang kuwento.
- Ang maliliit na bata ay natutuwa sa paulit-ulit na mga kuwento. Kung inuulit ninyo ang kuwento, simulan ito at itanong, “Ano ang sumunod na nangyari?” Maaari kayong maghagis ng beanbag sa isa pang bata, at ipagpatuloy ito, hanggang sa matapos ang kuwento.
- Pagsama-samahin ang iba’t ibang talata mula sa isang pangyayari sa banal na kasulatan. Atasan ang iba’t ibang mag-aaral na basahin ang mga banal na kasulatan sa pagkakasunud-sunod nito.
- Maaaring masiyahan ang mga bata sa pag-upo sa sahig sa inyong harapan habang kayo ay nagkukuwento.
- Maaaring masiyahan ang mga bata sa pagsasadula ng kuwento matapos nilang marinig ito.


## MGA VISUAL (tingnan din sa MGA LARAWAN)

Tayo ay natututo sa pamamagitan ng lahat ng ating pakiramdam. Sa pormal na kalagayan ng pagtuturo ay malamang na masyado tayong umasa sa binibigkas na salita. Ngunit ang mga guro na nagnanais dagdagan ang kakayahan ng mga mag-aaral na makaunawa at matuto ay gagamit din ng mga visual. Ang karamihan sa mga tao ay higit na matututo at makaaalala nang mas matagal kapag naglahad kayo ng mga ideya sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan, mapa, pagsasama-sama ng mga salita, o iba pang visual sa halip na magsalita lamang.

Ang sumusunod na mga halimbawa ay nagpapakita ng ilang bagay na maaaring magawa sa pamamagitan ng mga visual.

*Linawin ang mga kaugnayan ng mga ideya, tao, o lugar*

Isang guro sa Samahang Damayan ang nagnais na tulungan ang mga kapatid na higit na maunawaan kung paano ipinakikita sa Mga Taga Roma 5:3–4 ang ugnayan sa pagitan ng malalaking pagsubok at pag-asa. Gumuhit siya ng simpleng balangkas:





Pagkatapos ay hinilingan niya ang mga kapatid na babae na talakayin kung paano ang malalaking pagsubok ay nagdulot ng pagtitiis, at inanyayahan silang magbigay ng mga tiyak na halimbawa mula sa kanilang sariling buhay. Habang nagpapatuloy ang mga kapatid na babae sa simpleng balangkas, natuklasan nila kung paanong ang malalaking pagsubok, pagtitiis, karanasan, at pag-asa ay mahalaga sa kani-kanilang buhay.

Isang klase sa Panlinggong Paaralan ang nag-aaral tungkol sa kuwento ng lansangan patungong Emaus (tingnan sa Lucas 24:1–35). Ang guro ay gumamit ng mapa sa mga banal na kasulatan upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang layo sa pagitan ng Jerusalem at Emaus. Pagkatapos ay ipinakita niya sa kanila ang mapa ng kanilang lungsod na gayon din ang layo sa pagitan ng dalawang pamilyar na lugar sa mga mag-aaral. Nakatulong ito upang maunawaan at matantiya ng mga mag-aaral kung gaano kalayo ang gayong agwat kung ito ay lalakarin na nakatulong ang mga ito sa kanila na higit na pahalagahan ang nangyari sa pag-uusap sa pagitan ng mga disipulo at ni Jesus.

*Bigyan ng damdamin at magbigay ng espirituwal na katiyakan*

Isang guro ang gumamit ng pisara upang ilarawan ang Doktrina at mga Tipan 84:88 sa isang klase ng mga misyonero. Nais niyang madama ng mga misyonero na maaari silang malukuban ng impluwensiya ng Panginoon. Inilarawan niya ang bawat parirala mula sa banal na kasulatan na tulad ng sumusunod:




Ang simpleng kaayusan ng mga salitang ito ng talata sa banal na kasulatan ay nagpadama sa mga misyonero sa pangako ng pangangalaga ng Panginoon sa kahanga-hangang paraan. Isang kawili-wiling talakayan ang sumunod habang inaanyayahan ang mga mag-aaral na talakayin ang kanilang takot hinggil sa gawaing misyonero at ang kanilang pagtitiwala sa pangako ng Panginoon na sila ay tutulungan.

*Tulungan ang mga Mag-aaral na Maunawaan ang Pagkakasunud-sunod*


Ang mga visual ay makatutulong sa inyong mga tinuturuan na maunawaan ang pagkakasunud-sunod ng ilang pangyayari. Halimbawa, ang mga sukatan ng panahon (time lines) ay makatutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari habang pinag-aaralan nila ang mga paksang katulad ng ministeryo ni Jesus, ang mga paglalakbay ni Pablo bilang misyonero, o kasaysayan ng Simbahan noong unang panahon.

*Tulungan ang mga Mag-aaral na Maunawaan ang mga Alituntunin*

Kapag nakikita ng mga mag-aaral ang mga pagkakasunud-sunod ayon sa banal na kasulatan, kadalasan ay nauunawaan nila ang mga alituntunin nang mas malinaw. Ang karamihan sa mga miyembro ng Simbahan ay

naturuan na ng plano ng kaligayahan na gamit ang visual. Ang paglalarawan sa *diagram* ng buhay bago pa ang buhay na ito, ng buhay sa mundo, ng buhay pagkatapos ng kamatayan, paghuhukom, at ng tatlong kaharian ng kaluwalhatian ay kapaki-pakinabang sa pagtulong sa atin na maunawaan ang pagkakasunud-sunod ng plano.

Ang mga visual ay makadaragdag sa pang-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa mga alituntuning hindi nakikita. Halimbawa, maaari ninyong isagisag ang kapangyarihang mamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo sa pamamagitan ng sumusunod na paglalarawan:




*Tulungan ang mga mag-aaral na makaalala*

Ang aralin tungkol sa pagtulong sa mahihirap at nangangailangan ay maaaring pagandahin sa pamamagitan ng paggamit ng larawang Si Cristo at ang Mayamang Pinuno. Sa larawang ito ay itinuturo ng Tagapagligtas sa binatilyo ang mga taong nangangailagan habang sinasabi Niyang, "Yumaon ka, ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha, at magkakarooon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin" (Marcos 10:21). Ang larawang ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na maalalang maglingkod sa mga nangangailangan.

## MGA PUTING PISARA (Whiteboards)

Tingnan sa "Mga Pisara," mga pahina 215–16.

## MGA SULATANG PAPEL (WORK SHEETS)

Ang mga sulatang papel ay naglalaan ng mga nakasulat na gawain na nakatutulong sa mga mag-aaral na alamin kung gaano nila nauunawaan ang isang alituntunin ng ebanghelyo, matuto ng bagong impormasyon, o repasuhin ang mga pangunahing konsepto. Maaari kayong maghanda ng sulatang papel upang simulan, bigyang-diin, o repasuhin ang mahahalagang bahagi ng aralin. Ang sulatang papel ay nagsisilbi ring paalala tungkol sa aralin sa inyong mga tinuturuan na maaaring iuwi at maibabahagi nila sa kanilang mag-anak.

### Mga Halimbawa ng mga Sulatang Papel

*Sulatang papel sa Pagtatasa (Assessment)*

Maaari kayong gumamit ng sulatang papel upang tulungan ang mga tao na alamin kung paanong ang isang alituntunin ng ebanghelyo ay bahagi ng kanilang buhay sa kasalukuyan at tuklasin ang mga bahaging mapauunlad nila. Gumamit ng sulatang papel na katulad ng isang nasa ibaba ng pagsisimula ng aralin. Ipaliwanag na kung mayroong sinumang sumagot ng *hindi* sa alinman sa mga tanong, ang aralin ay makatutulong sa kanya na maunawaan kung paano pagbubutihin pa ang pamumuhay sa alituntunin at magmumungkahi ng isa o dalawang paraan upang umunlad.

Anong Uri ng Halimbawa Ako?

| Oo | Hindi | |
|---|---|---|
| ☐ | ☐ | Pinakikinggan ko ba nang may paggalang ang mga opinyon ng iba? |
| ☐ | ☐ | Palagi ba akong nagsasalita ng positibo tungkol sa iba? |
| ☐ | ☐ | Pinakikitunguhan ko ba ang aking mag-anak nang may pagmamahal? |
| ☐ | ☐ | Ako ba ay tapat sa aking trabaho? |
| ☐ | ☐ | Ako ba ay hindi pikon? |
| ☐ | ☐ | Pinananatili ko bang malinis at dalisay ang aking pananalita? |
| ☐ | ☐ | Maayos at malinis ba ang aking kaanyuan? |
| ☐ | ☐ | Sinusunod ko ba ang mga kautusan? |
| ☐ | ☐ | Palagi ba akong nagbabasa ng mga banal na kasulatan? |
| ☐ | ☐ | Masaya ba ako sa pagtulong sa iba? |
| ☐ | ☐ | Ang pinanonood ko bang mga pelikula at programa sa telebisyon ay iyong mabubuti lamang? |
| ☐ | ☐ | Ang binabasa ko bang mga aklat o magasin ay yaong mga nakapagpapasigla lamang? |
| ☐ | ☐ | Ipinagdaramot ko ba ang aking oras at mga talento? |
| ☐ | ☐ | Ako ba ay maaasahan? |

*Mga Pagtutugma*

Ilista ang iba't ibang pangalan ng mga propeta sa isang hanay at ilista ang bagay na tanyag sa kanila sa isa pang hanay. Ipatugma ang mga propeta sa mga pangyayari, tulad na ipinakikita sa ibaba.




Maaari ninyong ipatugma sa mga mag-aaral ang mga aytem mula sa anumang bilang ng mga paksa sa ebanghelyo. Halimbawa, maaari nilang pagtugmain ang Mga Saligan ng Pananampalataya sa mga tamang bilang, o maaari nilang pagtugmain ang mga tungkulin ng pagkasaserdote sa mga tamang katungkulan sa pagkasaserdote.

*Kronolohiya*

Maghanda ng sulatang papel na sinulatan ng mga tunay na pangyayari sa kasaysayan o bahagi ng kuwento sa banal na kasulatan. Palagyan ang mga ito ng bilang sa mga mag-aaral ayon sa pagkakasunud-sunod. Halimbawa:

Dinalaw ni Cristo ang mga Nephita. (3)
Namatay si Mormon. (4)
Nilisan ni Lehi ang Jerusalem. (2)
Ang sibilisasyon ng mga Jaredita ay umunlad. (1)
Natanggap ni Joseph Smith ang mga gintong lamina. (5)

*Punan ang Patlang*

Magbigay ng mga pangungusap ng may ilang nawawalang salita. Papunan sa mga mag-aaral ng tamang mga salita ang mga patlang. Ibigay ang mga sagot na pinagpapalit-palit ang pagkakasunod ng mga ito. Halimbawa:

"Ngunit kung nagkukulang ng ____________ ang sinuman sa ____________, ay ____________ sa Diyos, na ____________ ng sagana sa ____________, at hindi ____________; at ito'y ____________ sa ____________" (Santiago 1:5).

Mga Sagot: kaalaman, humingi, lahat, kanya, ibibigay, nagbibigay, inyo, nanunumbat

*Pagsasagawa sa Banal na Kasulatan*

Maaari kayong gumamit ng mga sulatang papel upang repasuhin at isagawa ang materyal mula sa mga kasalukuyan at sa nakaraang aralin. Pumili ng ilang banal na kasulatan na may kaugnayan sa mga paksa ng ebanghelyo na kailan lamang pinag-aralan. Repasuhin ang mga banal na kasulatan sa inyong mga tinuturuan, na tinitiyak na nauunawaan nila ang mga ito. Pagkatapos ay isulat ang mga sanggunian ng banal na kasulatan sa pisara. Maglahad ng maikling pinag-aaralang situwasyon (tingnan sa "Mga Pinag-aaralang Situwasyon," mga pahina 214–15). Hilingan ang iyong mga tinuturuan na pumili ng kahit isa lang sa mga banal na kasulatan at iangkop ito sa pinag-aaralang situwasyon. Bigyan ang bawat tao ng isang papel at bolpen o lapis. Ipasulat sa mga mag-aaral ang talata o mga talata na napili nila, kung ano ang itinuturo ng mga talatang iyon, at kung paano naaangkop ang mga ito sa pinag-aaralang situwasyon.

*Mga Salitang Pinaghalu-halo*

Ang mga titik o salitang pinaghalu-halo ay maaaring gamitin sa iba't ibang paraan. Halimbawa:

- Paghalu-haluin ang mga titik sa mga salita. Ipaayos ang mga ito sa mga mag-aaral upang mabaybay nila ang mga ito. Ang sumusunod na sulatang papel ay naglalaman ng mga salitang pinaghalu-halo na may kaugnayan sa mga kasanayan na kailangan ng mga misyonero:

| | |
|---|---|
| LARAGAPA (Pag-aaral) | INAHAM (Manahi) |
| ULOTGAM (Magluto) | TEYDAB (Badyet) |
| NTSAPLA (Plantsa) | MOTUGAR (Magturo) |
| OSYISHEER (Ehersisyo) | IGLUA (Ugali) |
| TOAPOTO (Patotoo) | NILISAGM (Maglinis) |

- Paghalu-haluin ang mga salita at ipaayos ito sa mga nag-aaral upang makabuo ng isang parirala, banal na kasulatan, pamagat ng awit, o isang saligan ng pananampalataya. Halimbawa:

  ay mag-anak magsasama-sama kawalang-hanggan sa ("Mag-anak ay magsasama-sama sa kawalang-hanggan" [*Mga Himno*; *Aklat ng mga Awit Pambata*].

  gagawin ang ipinag-uutos Panginoon ng bagay mga na ako at Hahayo ("Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon" [1 Nephi 3:7].)

## Mga Gabay sa Paglikha at Paggamit ng mga Sulatang papel

- Ang mga impormasyon at ideya mula sa mga manwal ng aralin at magasin ng Simbahan ay maaaring iangkop at gawing mga sulatang papel na kawili-wili.
- Ang mga sulatang papel ay dapat angkop sa edad ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay dapat magturo at maging kasiya-siya. Ang mga ito ay hindi dapat na napakahirap.
- Maaaring gumawang mag-isa ang mga mag-aaral, o kaya ay maaaring hatiin sa maliliit na grupo ang klase, at ang bawat grupo ay mag-aambag sa sulatang papel. Ang impormasyon mula sa sulatang papel ay maaaring isulat sa pisara, at maaari itong kumpletuhin ng klase.

- Maghanda ng sapat na mga lapis o bolpen para sa lahat ng mga mag-aaral.
- Ang mga sulatang papel ay hindi dapat gumugol ng mahabang oras. Gayunman, dapat mong bigyan ng sapat na oras ang mga miyembro ng klase na kumpletuhin ang mga ito.
- Matapos bigyan ang bawat isa ng sapat na oras upang tapusin ang sulatang papel, repasuhin ang mga sagot.
- Tulungan ang bawat isa na maging matagumpay sa pagkumpleto ng sulatang papel. Tulungan ang sinuman na tila nahihirapan.

G

# ANG KURSO NG PAGTUTURO NG EBANGHELYO



# Mga Tulong para sa Guro ng Kurso

**Ang Layunin ng Kurso**

Ibibigay ng kurosng ito ang pundasyon na makatutulong sa mga miyembro ng Simbahan na maging higit na mabibisang guro ng ebanghelyon sa kanilang mga tahanan at sa Simbahan. Ang mga aralin sa kurso ay nilayon upang ituro bilang bahagi ng binuong klase. Maaari itong pagaralang mag-isa o bilang mag-anak.

**Balangkas ng Kurso**

Ibibigay ng kursong ito ang pundasyon na makatutulong sa mga miyembro ng Simbahan na maging higit na mabibisang guro ng ebanghelyo sa kanilang mga tahanan at sa Simbahan. Ang mga aralin sa kurso ay nilayon upang ituro bilang bahagi ng binuong klase. Maaari itong pag-aralang mag-isa o bilang mag-anak.

Ang Panginoon ay nag-utos sa atin na "turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian" (Doktrina at mga Tipan 88:77). Bilang Dalubhasang Guro, siya ay nagbigay ng halimbawa para sa atin upang sundin. Sa mga paghahayag sa huling-araw, binigyan Niya tayo ng tiyak na mga kautusan kung paano tayo dapat magturo (tingnan, halimbawa sa Doktrina at mga Tipan 42:12–14; 50:13–22; 88:122). Ang kanyang halimbawa at ang kanyang mga kautusan ang gumagabay sa atin habang tayo ay nagsusumikap na mabuti bilang mga guro.

Aralin 1, "Ang kahalagahan ng Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Plano ng Diyos," ay nagbibigay-sigla sa kabuuan ng Pagtuturo ng Kurso ng Ebanghelyo. Ito ay nakatuon sa dakilang hangarin ng Panginoon na ituro ang plano ng kaligtasan. Ang aralin ay magtuturo sa atin na maaari tayong tumulong sa banal na gawaing ito.

Mga aralin 2, 3 at 4 ay naglalahad ng tatlong napakahalagang alituntunin ng pagtuturo ng ebanghelyo: "Mahalin Ang Inyong mga Tinuturuan," "Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu," at "Ituro ang Doktrina."

Aralin 5, "Mag-anyaya ng Masigasig na Pag-aaral," ay nakatuon sa pagtulong sa bawat isa na magkaroon ng responsibilidad na pag-aralan ang ebanghelyo. Aralin 6 at 7, parehong may pamagat na "Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral," ay nagpapakita kung paano maiiwasan at lutasin ang mga suliranin na maaaring dumating sa pagtuturo. Sa mga aralin 8 at 9, parehong may pamagat na "Gumamit ng Mabibisang Pamamaraan," ituro at talakayin ninyo ang mabisang paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo. Aralin 10, "Ihanda ang lahat ng Kinakailangang Bagay" ay nagpapaliwanag kung paano magplano ng mga aralin.

Sa mga aralin 11 at 12 ay tutulungan ninyo ang miyembro ng klase na isagawa ang lahat ng natutuhan sa naunang sampung aralin. Aralin 11 "Umunlad sa Inyong Mga Talino," ay tumutulong sa miyembro ng klase na gumawa ng sariling plano para sa paghusay at nagpapakita sa marami kung paano makatutulong ang makukuhang materyal sa purok upang maisagawa ang planong ito nang matagumpay. Aralin 12, "Humayo at Magturo," ay nagbibigay sa mga miyenbro ng klase ng pagkakataon na magturo sa bawat isa sa pamamagitan ng pagbahagi ng kanilang mga natutuhan sa panahon ng kurso.

**Pormat ng Kurso**

Para sa impormasyon sa kung kailan gaganapin ang kurso, sino ang dapat dumalo, at pag-aangkop na dapat gawin, tingnan sa *"Pagpapahusay sa Pagtuturo ng Ebanghelio: Isang Gabay ng Pinuno*, pahina 10

**Paghahanda Upang Maituro Ang Kurso**

Imungkahi na basahin ang lahat ng 12 aralin bago simulan ang kurso. Makakatulong ito sa inyo na makita kung paano sama-samang nagagawa ng aralin na makapagbigay ng pundasyon para sa pagtuturo ng ebanghelyo. Ito rin ay nakapagpapahanda sa inyo sa mga alituntunin ng pagtuturo ng ebanghelyo na dapat kayong magpakita ng halimbawa dahil sa itinuturo ninyo ang kurso.

**Paggamit ng mga Materyal na Gawa ng Simbahan**

Para sa karagdagan sa aklat na ito, kailangan pa ninyo ng mga banal na kasulatan at ang bahaging "Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno" sa *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan*. Maaari ring sumangguni sa mga materyal na nakalista sa "Mga Mapagkukunan sa Simbahan Para sa Pagtuturo ng Ebanghelyo; pahina 137 ng aklat na ito.

Makipagkita sa laybraryan ng bahay-pulungan upang malaman kung may makukuhang mga mapagkukunang materyal sa aklatan ng bahay-pulungan.

**Paggawa na Kasama ang Miyembro ng Klase**

*Mga Materyal na Kakailanganin ng mga Miyembro ng Klase*

Kailangan ng mga miyembro ng klase na dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan sa klase. Dagdag pa rito, kailangan magdala sila ng kuwaderno o talaarawan na maaaring pagsulatan ng mga tala, gawain at kaalaman. Bawat miyembro ng klase ay kailangang magdala ng kopya ng aklat na ito sa klase.

*Tulungan ang mga Miyembro ng Klase na Makilahok sa Klase*

Bawat aralin ay may kasamang tagubilin upang matulungan ang mga miyembro ng klase na gumanap ng aktibong bahagi sa karanasan sa pag-aaral. Halimbawa, maaaring anyayahan ang miyembro ng klase sa kanilang mga kuwaderno, sabihin ang kanilang mga ideya, o magbahagi ng personal na karanasan. Sa paghahanda ninyo ng mga aralin, tiyakin na nagplano kayo ng sapat na panahon para sa mga miyembro ng klase na makilahok sa ganitong mga gawain.

*Mga Takdang-Aralin at Gawain*

Ang mga aralin sa kursong ito ay may dalawang klase ng mga takdang-aralin at gawain.

1. Mga pag-anyayang bahagi ng aralin. Ang mga takdang-aralin at gawaing ito ay nakasulat sa bahaging "Paghahanda" sa lahat ng aralin. Binibigyan ang mga miyembro ng klase ng pagkakataon na makilahok at magturo sa isa't isa. Kailangan ninyong manalangin sa pagsasaalang-alang kung sino sa mga miyembro ng klase ang kailangang bigyan ng mga takdang-aralin at gawain. Sa pagbibigay ng mga takdang-aralin at gawain, bigyan ng panahon ang mga miyembro ng klase na makapaghanda.
2. Mga gawain upang sanayin ang partikular na alituntunin sa labas ng klase. Ang mga gawaing ito ay mahalaga sa kursong ito dahil nakakatulong ang mga ito sa mga miyembro ng klase na patuloy na humusay bilang mga guro. Dapat ninyong ibigay ang mga gawaing ito sa katapusan ng bawat aralin.

*Pagsuporta sa Bawat Miyembro ng Klase*

Dagdag sa pagtuturo ng mga aralin sa kurso, kailangan ninyong magbigay ng sapat na panahon na suportahan ang bawat miyembro ng klase. Higit na mararanasan ng mga miyembro ng klase ang tagumpay kung sila ay dadalawin ninyo sa kalagitnaan ng aralin upang magbigay ng lakas ng loob at tulong. Maaaring nais nilang pag-usapan ang kanilang mga karanasan sa pamumuhay ng mga alituntunin na itinuro sa mga aralin.

---

**Ang Pangako na Dakilang Tulong**

Pag-isipan ang paalala para sa guro sa pahina 298. Sa paggamit ng inyong pananampalataya, manalangin ng tulong, at isagawa ang mga alituntunin na ituturo sa kurso, matutulungan ninyo ang miyembro ng klase na maging "[mga] kasangkapan sa mga kamay ng Diyos na madala [ang iba] sa kaalaman ng katotohanan" (Alma 17:9).

# Personal at Pangmag-anak na Pag-aaral ng Kurso

Kung ang kurso sa Pagtuturo ng Ebanghelyo ay hindi pa sa kasalukuyan iniaalok sa inyong purok o kung hindi pa kayo nakakadalo, maaari ninyong pag-aralan sa inyong sarili ang mga aralin o kasama ang mga miyembro ng mag-anak. Subalit, personal o pang mag-anak na pag-aaral ay hindi nilalayon na maging kapalit sa pakikilahok sa kurso kapag kayo ay inanyayahan. Mas higit kayong makikinabang sa pakikipagkita sa iba upang magbahagi ng mga ideya at sama-samang matuto kung paano kayo huhusay bilang mga guro.

**Mga Susi sa Pag-aaral nang Sarilinan o kasama ang Inyong Mag-anak**

*Basahin ang "Mga Tulong para sa Guro," sa mga pahina 244–46.* Iangkop ang mga mungkahi sa inyong sariling kalagayan.

*Gumawa ng sariling pangako.* Ang inyong pag-aaral ay higit na magbubunga kung sisimulan ninyong magkaroon ng personal na pangako na humusay at maging masigasig na tapusin ang kurso.

*Pag-aralan ang mga aralin ayon sa pagkakasunod-sunod at huwag subukang saklawin ang higit pa sa isang aralin sa bawat linggo.* Kailangan ninyo ng panahon sa pagitan ng mga aralin upang magamit kung ano ang inyong natutuhan.

*Magkaroon ng kuwaderno.* Ang pagkakaroon ng inyong pag-unlad ay isang mahalagang bahagi ng kurso sa Pagtuturo ng Ebanghelyo. Sa mga aralin magkakaroon ng maraming pagkakataon na magtala ng mga puna, damdamin, plano, karanasan at pag-unlad kaugnay sa kurso.

*Tapusin ang mga takdang-aralin at gawain.* Ang inyong pagsisikap na humusay ay magiging matagumpay kapag inyong isinagawa kung ano ang inyong natutuhan. Ang bawat aralin ay may mga takdang-aralin at gawain upang tulungan kayo na isagawa ang mga alituntunin sa tunay na pagkakataon ng pagtuturo. Matapat na tapusin ang mga gawaing ito. Itala sa kuwaderno ang inyong pagsusuri sa inyong pagsisikap at pag-unlad.

*Kung kayo ay nag-aaral na kasama ang inyong mag-anak, iayos ninyo ang pag-aaral na para bang kayo ay nasa klase.* Maaaring salitan kayo sa pamumuno ng talakayan. Basahin ang mga banal na kasulatan na iminumungkahi sa mga aralin, talakayin ang mga katanungan at gawin ang mga takdang-aralin at gawain.

*Kung kayo ay nag-aaral nang nag-iisa, ipalagay na kayo ay nasa klase.* Ano ang maaari ninyong maidagdag sa talakayan ng paksa ng aralin? Paano kayo tutugon sa mga itinatanong? Itala ang inyong mga kaalaman sa inyong kuwaderno. Tingnan sa "Pagbuo ng Personal na Plano para sa Pag-aaral ng Ebanghelyo," mga pahina 18–20, para sa mga mungkahi sa pagtupad sa mabisang pag-aaral.

*Kung kayo ay nag-aaral nang nag-iisa, humanap ng isang tao na maaari kayong mag-ulat.* Ang inyong personal na pag-aaral ay mapapaunlad kung mayroong isang tao na maaari ninyong maibahagi ang inyong mga kaalaman at ideya. Marahil maaari ninyong hilingan ang isang miyembro ng mag-anak, kaibigan, o ang isang pinuno sa pagkasaserdote o samahan ng mga pinuno. Ibahagi sa taong ito ang inyong hangarin at plano at ang mga bunga ng inyong pagsisikap.

Aralin
1

# Ang kahalagahan ng Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Plano ng Diyos

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maragdagan ang kanilang hangarin na makatulong sa gawain ng Panginoon sa pamamagitan ng pagtuturo ng Kanyang ebanghelyo.

**Paalala sa Guro**

Sa Kanyang mapagmahal na kabaitan, ang ating Ama sa Langit ay nagtalaga ng mga guro upang tulungan ang Kanyang mga anak na matutuhan kung ano ang dapat nilang gawin upang makatanggap ng buhay na walang hanggan. Ang bawat isa sa atin ay napag-utusan upang ituro ang ebanghelyo sa iba. Ang inyong mga pagsisikap sa pagtuturo ng kursong ito ay bahagi ng dakilang gawaing ito.

Ang mga sumusunod na pangungusap ni Pangulong Gordon B. Hinckley ay naglarawan ng isang mensahe na dapat ninyong ipabatid sa mga miyembro ng klase sa kursong ito:

"Kailangan nating palakasin ang ating sarili at ang ating mga tao upang hikayatin ang ating mga guro na magsalita nang galing sa kanilang mga puso kaysa galing sa kanilang mga aklat, na ipabatid ang kanilang pagmamahal sa Panginoon at sa mahalagang gawaing ito, at baka sakaling makapagbigay-sigla sa mga puso ng Kanilang tinuturuan" (*Teachings of Gordon B. Hinckley [1997], 619–20*).

"Ikaw at ako, mayroong gawaing gagawin, napakarami ng mga ito. Tiklupin natin ang ating mga manggas at gawin ito, na may isang bagong pangako, magtiwala sa ating Panginoon . . . Magagawa natin ito, kung tayo ay madasalin at matapat. Mas higit pa ang ating magagawa kaysa nagawa natin noon" (sa Conference Report, Abr. 1995, 117; o *Ensign*, Mayo 1996, 88).

Sa pamamagitan ng mensaheng ito bilang pagtuunan nito, ang araling ito ay nagbibigay ng buhay para sa buong kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata sa banal na kasulatan sa araling ito. Hangarin na maisagawa ang mga ito ayon sa layunin ng aralin
2. Pag-aralan ang bahagi ng aklat na "Ang Kahalagahan ng Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Plano ng Diyos" (mga pahina 3–12).
3. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na pumunta sa klase na may dalang mga banal na kasulatan at kuwaderno. Kung kailangan makipag-usap sa isang miyembro ng obispado pang makipag-ayos na magbigay ng mga kuwaderno para sa mga miyembro ng klase.
4. Magkaroon ng sapat ng kopya ng *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* upang ibigay sa mga miyembro ng klase na hindi pa nakatanggap nito.

**Imungkahing Pagbuo ng Aralin**

Malugod na tanggapin sa kurso ang mga miyembro ng klase. Kung hindi pa ninyo sila kilala o hindi pa nila kilala ang bawat isa, anyayahan sila na ipakilala sandali ang kanilang sarili.

Tiyakin na ang bawat miyembro ng klase ay may isang kuwaderno upang gamitin habang nag-aaral. Ipaliwanag na ang layunin ng mga kuwaderno ay upang maisulat ang mga tala, damdamin, balakin, karanasan at pag-unlad na may kaugnayan sa kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo.

**Naiimpluwensiyahan ng mga guro ng ebanghelyo ang buhay ng maraming tao.**

Kuwento

Ibahagi ang sumusunod na kuwento na sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Mayroong isang guro ng Panlingguhang Paaralan—na kailanman ay hindi dapat kalimutan, magpakailanman ay dapat alalahanin. Nagkita kami sa unang pagkakataon ng isang umaga ng Linggo. Sinamahan niya ang pangulo ng Panlingguhang Paaralan sa silid-aralan namin. Siya ay naging misyonero at mapagmahal sa kabataan. Ang pangalan niya ay si Lucy Gertsch. Maganda siya, malumanay ang salita at interesado sa amin. Hiniling niya sa bawat miyembro ng klase na ipakilala nila ang kanilang sarili at pagkatapos nagtanong siya ng katanungang nakapagbigay sa kanya ng isang pang-unawa at kaalaman sa karanasan ng bawat lalaki, bawat babae. Sinabi niya sa amin ang tungkol sa kanyang kabataan . . . kailanman ay hindi siya sumigaw. Kahit paano ang kagaspangan at pagiging maingay ay hindi bagay sa kagandahan ng kanyang mga aralin . . . Ginawa niya na ang banal na kasulatan ay maging makatotohanan sa tunay na buhay. Kami ay naging malapit kay Samuel, David, Jacob, Nephi, at sa Panginoon Jesucristo. Ang kaalaman namin sa ebanghelyo ay lumago. Ang aming pag-uugali ay napabuti. Ang pagmamahal namin para kay Lucy Gertsch ay walang hanggan. . . .

"Maraming taon ang nagdaan . . . Ang mga lalaki at babae na natuto, tumawa, na lumaki na sa pagmamahal ng mapagbigay-siglang guro ng katotohanan ay hindi kailanman nalimutan ang kanyang pagmamahal o ang mga aralin" (sa Conference Report, Abr. 1992, 81–82; o *Ensign*, Mayo 1992, 59–60).

Magpatotoo sa mga miyembro ng klase na ang kanilang mga pagsisikap upang ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo ay maaari ring makapagpabago sa buhay ng maraming tao. Ipahayag ang inyong damdamin tungkol sa kahalagahan ng tawag na magturo.

Siping-banggit

Ipabasa sa miyembro ng klase ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland:

"Ang bawat isa sa atin na makalapit kay Cristo," na masunod ang kanyang mga kautusan at sundin ang kanyang halimbawa pabalik sa Ama, ay ang tunay na pinakamataas at pinakabanal na layunin ng buhay ng tao. Upang matulungan ang iba na gawin ang gayon din—na magturo, maghikat at akayin nang may panalangin na lumakad sa landas ding iyon ng katubusan ay tiyak na yaon ang pangalawang pinakamahalagang gawain sa ating buhay" (sa Conference Report, Abr. 1998, 31; o *Ensign*, Mayo 1998, 25).

**Ginagampanan ng Pagtuturo ng Ebanghelyo ang Pinakamahalagang Papel sa Plano ng Ama sa Langit.**

Talakayan sa Banal na Kasulatan

Bigyan-diin na ang pagtuturo ay palaging gumaganap ng mahalagang papel sa plano ng pagtubos ng Diyos. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga talata ng banal na kasulatan na nakasulat sa ibaba. Maraming makatutulong sa inyo upang

ipaliwanag ang mga pangyayari sa bawat talata (halimbawa, maaari ninyong ipaliwanag na ang Doktrina at mga Tipan 138 ay naglalaman ng mga ulat ng pangitain ni Pangulong Joseph F. Smith tungkol sa daigdig ng mga espiritu). Hilingin sa mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga kaalaman na nakuha nila galing sa mga talatang ito tungkol sa papel na ginagampanan ng pagtuturo sa plano ng Ama sa Langit.

a. Doktrina at mga Tipan 138:56. (Tayo "ay tumanggap ng [ating] unang aral sa daigdig ng mga espiritu.")

b. Alma 12:27–32. (Pagkatapos paalisin sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden, tinulungan sila ng Diyos na matutuhan ang plano ng kaligtasan. Siya ay nagsugo ng mga anghel upang turuan sila, at sinagot Niya ang kanilang mga dalangin. Siya ay nagbigay sa kanila ng mga kautusan, matapos maipaalam sa kanila ang plano ng pagtubos.)

c. Moises 6:57–58. (Inutusanng Panginoon sina Adan at Eva na malayang ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak.)

Ibigay ang buod ng talakayan sa pamamagitan ng pagbasa sa Mga Taga Roma 10:13–15, 17 at 2 Nephi 2:8. Magbigay ng inyong patotoo tungkol sa ginagampanan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa plano ng Ama sa Langit.

**Marami tayong pagkakataon na matutuhan ang ebanghelyo at ituro ito sa iba.**

Siping-banggit

Bigyang diin na itinuturo ng mga miyembro ng Simbahan ang ebanghelyo sa maraming magkaibang tungkulin. Pagkatapos hilingin sa limang miyembro ng klase na basahin ang pahayag sa ibaba. Pansinin na ang bawat pahayag ay tumutukoy sa isang tiyak na pangkat ng tao.

*Sa mga Magulang*

Sinabi ng Unang Panguluhan:

"Tinatawagan namin ang mga magulang na ilaan ang kanilang pinakamahusay na kakayahan upang maituro at mapalaki ang kanilang mga anak sa mga alituntunin ng ebanghleyo na siyang magpapanatili sa kanila sa Simbahan. Ang tahanan ang batayan ng matwid na buhay at wala nang ibang kasangkapan na siyang maaaring pumalit o gumanap ng pinakamahalagang gawain nito sa pagtupad ng tungkuling ito na ibinigay ng Diyos.

"Pinapayuhan namin ang mga magulang at mga anak na bigyan ng pinakamataas na prioridad ang pagdarasal ng mag-anak, gabing pantahanan ng mag-anak, pag-aaral ng ebanghelyo at tagubilin, at mga makabuluhang gawain ng mag-anak. Gaano man kahalaga at nararapat ang ibang pangangailangan o gawain, hindi ang mga ito ang dapat hayaang pumalit sa mga dakilang-itinakdang tungkulin na tanging magulang at mga mag-anak ang makakagawa nang tama" (Ang sulat ng Unang Panguluhan, ika-11 ng Peb. 1999).

*Sa mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong ng Samahan*

Sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley: "Ang mabisang pagtuturo ay ang pinakadiwa ng pamumuno sa Simbahan. Ang buhay na walang hanggan ay darating lamang kung ang mga lalaki at babae ay maturuan ng ganoon kabisa na baguhin at disiplinahin nila ang kanilang buhay. Hindi sila maaaring pilitin sa pagiging matwid o sa langit. Kailangan silang gabayan at ang paraang yaon ay pagtuturo" ("How to be a

Teacher When Your Role as a Leader Requires You to Teach," General Authority Priesthood Board Meeting, ika-5 ng Peb. 1969; sinipi ni Jeffrey R. Holland sa Conference Report, Abr. 1998, 31; o *Ensign,* Mayo 1998, 26).

*Sa mga Guro ng Silid-Aralan sa Simbahan*

Tinuro ni Pangulong Thomas S. Monson:

Ang mga silid-aralan sa Simbahan ay nagdaragdag ng isang mahalagang sukat sa edukasyon ng bata at kabataan. Sa ganitong ayos ang bawat guro ay makapagbibigay ng hangarin para sa walang-hanggang bagay sa mga yaong makikinig sa mga aralin at maramdaman ang impluwensiya ng [guro] patotoo. Sa Primarya, Panlinggong Paaralan, mga pulong ng mga Kabataang Babae at ng mga yaong nasa Pagkasaserdoteng Aaron, ang lubos na handang mga guro, na tinawag sa pamamagitan ng inspirasyon ng Panginoon, ay makaiimpluwensiya sa bawat bata, bawat kabataan at hihikayatin ang lahat na maghanap . . . sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya (Doktrina at mga Tipan 88:118). Ang isang salita ng pampasigla dito at ang espirituwal na kabatiran doon ay maaaring makaapekto ng isang mahalagang buhay at mag-iwan ng isang hindi mabuburang marka sa isang walang-kamatayang kaluluwa. . . .

"Ang mapagpakumbaba at may inspirasyong guro sa silid-aralan ng simbahan ay makakikintal sa mga mag-aaral ng pagmamahal sa mga banal na kasulatan. Bakit, madadala ng guro ang mga apostol noong unang panahon at ang Tagapagligtas ng daigdig hindi lamang sa silid-aralan ngunit sa mga puso, sa isipan, sa kaluluwa rin ng ating mga anak (sa Conference Report, Okt. 1991, 92; o *Ensign,* Nob. 1991, 68).

*Ang mga Tagapagturo ng Tahanan at ang Tagapagturong Dumadalaw*

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Kapag nagtutungo kayo sa mga tahanan [ng tao] . . . magliligtas ka ng mga kaluluwa . . . Sino ang makapagsasabi, ngunit ang karamihan ng ating mabubuting aktibong tao sa Simbahan sa kasalukuyan ay aktibo sa kadahilanang kayo ay nasa mga tahanan nila at nagbigay sa kanila ng isang bagong pananaw, isang bagong pagtingin. Hinawi ninyo ang kurtina. Pinalawak ninyo ang kanilang matatanaw. Binigyan ninyo sila ng isang mahalagang bagay (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* inayos ni Edward L. Kimball [1982], 526).

*Sa Lahat ng Miyembro ng Simbahan:*

Sinabi ng Pangulong Spencer W. Kimball, "Kahit na ang isa ay nagtuturo nang may kahusayan magsalita ng isang anghel, ngunit ang mabuting gawain, mabubuting halimbawa ng isang tao, ang patuloy na pagpapakita ng isang tao nang buong puso para sa kapakanan ng tao, ay nagtuturo nang higit na mahusay, higit na mabisa" (*The Teachings of Lorenzo Snow,* tinipon ni Clyde J. Williams [1984], 78-79).

Paglalahad ng Guro

Imungkahi na isaalang-alang ng mga miyembro ng klase ang iba't ibang guro na inilarawan sa mga pangungusap na binasa: mga magulang, pinuno sa pagkasaserdote at pantulong na samahan, guro sa silid-aralan ng Simbahan, tagapagturo ng tahanan, tagapagturong dumadalaw, at yaong nagtuturo sa pamamagitan ng halimbawa. Anyayahan ang bawat isa sa mga miyembro ng klase na magsalita nang maikli tungkol sa isang tao na, sa isa o marami sa mga tungkuling ito, ay nakatulong sa kanya na makamtan ang mainam na pagkaunawa sa ebanghelyo at isang masidhing hangarin na mamuhay ayon sa mga alituntunin nito.

Patotoo

Magsalita nang maiksi tungkol sa biyaya na dumating sa atin dahil sa ating maraming pagkakataon na matutuhan at maituro ng ebanghelyo—sa ating mga tahanan, sa Simbahan, at sa ating pang-araw-araw na pakikisalamuha. Ipahayag ang inyong pasasalamat sa ganitong mga pagkakataon. Bigyan-diin na inilaan ng Panginoon ay ang mga pagkakataong ito upang tulungan tayo na paglabanan ang masasamang turo at impluwensiya na nakapalibot sa atin. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Mayroong pagkagutom sa lupain at tunay na pagkauhaw—isang matinding pagkagutom sa salita ng Panginoon at hindi mapawing pagkauhaw para sa mga bagay ng Espiritu . . .  Ang mundo ay nagugutom sa espirituwal na pagkain. Ang sa atin ay obligasyon at pagkakataon upang pangalagaan ang kaluluwa" ("Feed the Spirit, Nourish the Soul," *Ensign,* Okt. 1998, 2).

**Ang layunin ng kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo ay upang tulungan tayo na humusay bilang mga Guro.**

Paglalahad ng Guro

Basahin ang mga pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley na kasama sa "Paalala sa Guro" sa pahina 248.

Pagkatapos basahin ang mga pahayag ni Pangulong Hinckley, bigyan-diin na ang layunin ng kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo ay tulungan tayo na maituro ang ebanghelyo ni Jesucristo nang "higit na mabuti kaysa dati."

Ipaliwanag na ang mga mapagkukunang materyal para sa kurso ay mga banal na kasulatan, *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* at ang bahaging "Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno," sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan.*

Magbigay ng mga kopya ng *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* sa miyembro ng klase na hindi pa nakakatanggap nito. Sabihin sa miyembro ng klase na ang aklat na ito ay naglalaman ng mga materyal na may kaugnayan sa mga aralin ng kurso. Makikinabang sila sa pagbabasa ng mga materyal na ito bago at pagkatapos ng bawat aralin.

Ipaliwanag na ang kursong ito ay nagtatatag ng isang saligan sa pagtuturo ng ebanghelyo. Ito'y nakatuon sa mga alituntunin at pamamaraan ng pagtuturo na magagamit sa lahat ng saklaw-na-gulang at kultura. Mayroong labingdalawa aralin sa kurso. Ang pamagat ng sumunod na labing-isang aralin ay nagpapakita kung ano ang maaasahan ng mga miyembro ng klase sa kurso. Ipalipat sa miyembro ng klase ang pahina vii ng aklat na ito upang makita ang mga pamagat ng mga aralin.

Mag-alok ng tulong sa mga miyembro ng klase habang sinisikap nila na isagawa ang mga alituntunin na itinuro sa kurso. Sa karagdagan, hikayatin ang bawat miyembro ng klase na:

a. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan, *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* at ang bahaging "Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno" sa *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan.*

b. Dalhin ang mga banal na kasulatan sa klase tuwing Linggo.

c. Dalhin ang kanilang kuwaderno sa klase tuwing Linggo.

d. Dumating sa klase tuwing Linggo na handang makilahok sa aralin at magbahagi para sa ikatuto ng iba sa klase.

e. Pag-isipang mabuti at ipagdasal ang tungkol sa pagkakataong magturo.

f. Magsimulang bumuo at isagawa ang isang personal na plano para sa paghusay bilang guro.

---

**Katapusan**

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Boyd K. Packer:

"Sinasabi na ang tungkulin ng miyemro ng Simbahan ay nahahati sa tatlong pinakamahalagang pangkat: magbigay ng kaligtasan sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan, tapusin ang kinakailangang gawin para sa ating mga kamag-anak na namatay na at ipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo. Ang lahat ng tungkuling ito ay nangangailangan ng pag-aaral, at ang lahat ng napag-aralan ay dapat ituro sa paanuman. Isa tayo sa mga yaong dapat na magturo nito" (*"Teach Ye Deligently,* binagong edisyon [1991], pahina 7).

Buod

Ibuod ang mga alituntunin na inyong tinalakay.

Patotoo

Magpatotoo sa udyok ng espiritu.

Mga Takdang-aralin at Gawain

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Isulat sa kanilang mga kuwaderno ang tungkol sa mga pagkakataon sa pagtuturo at pagkatuto na dumarating sa pakikilahok sa kurso.

2. Hangarin ang patnubay ng Espiritu (Banal na Espiritu) na may kaugnayan sa nalalapit na pagbibigay ng aralin sa gabing pantahanan ng mag-anak, gawain sa Simbahan, o iba pang pagkakataon para magturo. Alalahanin ang salita ng Panginoon: "At ang espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 42:14). Isulat sa kanilang mga kuwaderno ang tungkol sa kanilang mga karanasan sa mga gawaing ito. (Bilang bahagi ng Aralain 3, ang ibang mga miyembro ng klase ay hihilingin na mag-ulat sa mga karanasang ito.)

3. Balik-aralan ang mga alituntuning itinuro sa araling ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng bahagi ng aklat na pinamagatang "Ang Kahalagahan ng Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Plano ng Diyos" (mga pahina 2–12).

Aralin
2

# Mahalin ang Inyong mga Tinuturuan

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maghangad na mapuspos ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa kanilang mga tinuturuan.

**Paalala sa Guro**

Sa mga huling oras ng Kanyang mortal na ministeryo, tinuruan at pinalakas ni Jesus ang Kanyang mga Apostol (tingnan sa John 13–17). bilang bahagi ng mga turong ito, inutusan Niya ang Kanyang mga disipulo na mangag-ibigan sa isa't isa katulad ng pag-ibig Niya sa kanila (tingnan sa Juan 13:34; 15:12, 17). Ang pagsunod nila sa kautusang ito ay nagpapakita na sila ay Kanyang mga tunay na disipulo (tingnan sa Juan 13:35). Ang lahat ng kanilang gagawin, kabilang ang kanilang pagkakatawag na humayo at magturo sa lahat ng bansa, ay dapat na gawin nang may pagmamahal. Sa mga huling-araw, tinuruan tayo ng Panginoon ng gayundin: "At walang sinuman ang makatutulong sa gawaing ito maliban kung siya ay magiging mapagpakumbaba at puno ng pagmamahal" (Doktrina at mga Tipan 12:8).

Habang itinuturo ninyo ang araling ito, tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano mapuspos ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo sa kanilang mga tinuturuan. Habang sinusunod ng mga miyembro ng klase ang payo sa araling ito, sila ay makapagtuturo nang mas mabisa. Makasusumpong sila ng higit na kagalakan bilang mga guro.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata sa mga banal na kasulatan sa araling ito. Hangaring isagawa ang mga ito sa layunin ng aralin. Maging sapat ang kabatiran sa 3 Nephi 11–17 upang maisalaysay ninyo nang maikli ang mga bahagi ng ulat na binalangkas sa pahina 255 ng aklat na ito.
2. Pag-aralan ang bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Mahalin ang Inyong mga Tinuturuan" (mga pahina 38–49).
3. Kung makukuha ang mga sumusunod na materyal, ihandang gamitin ito bilang bahagi ng aralin:
   a. Ang mga larawang Si Jesus ay Nagtuturo sa Kanlurang Hating-daigdig (62380 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 316); Pinagagaling ni Jesus ang mga Nephita (62541 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 317); at Binabasbasan ni Jesus ang mga Batang Nephita (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 322).
   b. "Ang Aking Kagalagan ay Lubos," apat na minutong bahagi ng *Paglalahad ng Aklat ni Mormon sa Video* (53911 893)
4. Magtalaga ng isang miyembro ng klase na maghanda upang magsalita nang maikli tungkol sa paano siya naimpluwensiyahan ng pagmamahal ng isang guro ng ebanghelyo (katulad ng isang magulang, isang guro sa silid-aralan ng Simbahan, o isang pinuno sa Simbahan). Hilingin sa miyembro ito ng klase na itanong ang mga sumusunod bilang bahagi ng paglalahad:

Paano ninyo malalaman na mahal kayo ng taong ito?

Paano nakaapekto ang pagmamahal ng taong ito sa inyong nadarama hinggil sa pag-aaral ng ebanghelyo?

5. Nang mas maaga ng isang linggo o higit pa, iplanong ipaawit sa solista o sa isang maliit na grupo ng matatanda o mga bata ang "Mahalin ang Bawat Isa" (*Mga Himno*) sa katapusan ng klase. Kung hindi maaari, maghandang ipaawit sa mga miyembro ng klase ang himno nang sama-sama.

---

| **Iminungkahing Pagbuo ng Aralin** | **Ang mga guro na may pag-ibig na tulad ng kay Cristo ay nakagagawa ng kaibhan sa mga buhay ng kanilang mga tinuturuan.** |
|---|---|
| Ulat at mga Larawan sa Banal na Kasulatan | Ipakita ang larawan ni Jesus na nagtuturo sa mga Nephita sa lupaing Masagana. Inanyayahan Niya sila na lumapit at hipuin ang sugat sa Kanyang tagiliran at ang mga bakas ng pako sa Kanyang mga kamay at paa. Pagkatapos nagturo Siya nang matagal sa kanila. Matapos silang maturuan, hinikayat Niya sila na magsiuwi sa kani-kanilang tahanan at pagbulay-bulayin ang mga bagay na Kanyang sinabi. Babalik na sana Siya sa Ama nang makita Niyang sila ay lumuluha, hinahangad na magtagal pa Siya nang kaunti sa kanila. (Tingnan sa 3 Nephi 11–16; 17:1–5.) |
| | Ipakita ang larawan na pinagagaling ni Jesus ang mga Nephita. Pagkatapos anyayahin ang isang miyembro ng klase na basahin ang 3 Nephi 17:6–10. |
| Pisara | Matapos basahin ng miyembro ng klase ang talata, isulat sa pisara ang *Pinagaling Niya ang bawat isa sa kanila.* |
| Ulat at larawan sa Banal na Kasulatan | Sa inyong sariling mga salita, ipagpatuloy ang pagsasalaysay ng ulat. Tiyakin na sabihing matapos mapagaling ni Jesus ang mga tao, hiniling Niya sa kanila na dalhin ang kanilang maliliit na anak sa Kanya (tingnan sa 3 Nephi 17:11–12). |
| | Ipakita ang larawang binabasbasan ni Jesus ang mga batang Nephita. Pagkatapos anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang 3 Nephi 17:21–25. |
| Pisara | Matapos mabasa ng isang miyembro ng klase ang talata, isulat sa pisara ang *Kanyang kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila.* |
| Pagpapalabas ng Video | Kung gagamiting ninyo ang pagpapalabas sa video ng "Ang Aking Kagalakan ay Lubos," ipakita na ito ngayon. |
| Talakayan | Hihingi sa mga miyembro ng klase na pagbulay-bulayin ang pag-ibig na ipinakita ng Tagapagligtas sa mga Nephita. Anyayahan din sila na mag-isip kung ano ang maaaring naramdaman ng mga Nephita habang nangangasiwa si Jesus sa kanila nang isa-isa. |
| | ▪ Sa anu-anong paraan maaaring makaimpluwensiya ang pag-ibig ng guro na katulad ng kay Cristo sa mga tinuturuan? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng ang pag-ibig ng guro na katulad ng kay Cristo ay nag-aanyaya sa Espiritu, tinutulungan ang mga tao na madaig ang takot at inaakay ang mga tao na maging mas handang tanggapin ang ebanghelyo.) |
| Siping-banggit | Kasunod ng maikling pagtalakay sa katanungang ito, ipabasa sa isang miyembro ng klase ang pahayag ni Propetang Joseph Smith sa pahina 38 ng aklat na ito. |
| Paglalahad ng mga Miyembro ng Klase | Hilingin sa itinalagang miyembro ng klase na magsalaysay tungkol sa kung paano siya naimpluwensiyahan ng pagmamahal ng isang guro. |

Paglalahad ng Guro

Ipaliwanag na ang araling ito ay kinabibilangan ng mga turo mula sa mga banal na kasulatan na makatutulong sa atin na mapuspos ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa mga yaong ating tinuturuan. Kinabibilangan din ito ng pagtalakay kung paano nakaiimpluwensiya ang ating pag-ibig na tulad ng kay Cristo sa ating paglilingkod bilang mga guro.

**Tayo ay mapupuspos ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa ating mga tinuturuan.**

Mga Banal na Kasulatan at Gawain sa Kuwaderno


Anyayahan ang iba't ibang miyembro ng klase na basahin ang mga nakatalang talata sa ibaba. Matapos mabasa ang bawat talata, hilingin sa mga miyembro ng klase na tukuyin ang mga alituntunin sa talata na makatutulong sa kanila na mapuspos ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na isulat sa kanilang kuwaderno ang anumang maisipan nila habang nakikilahod sila sa talakayang ito. Ipaliwanag na bibigyan sila ng pagkakataon na ibahagi ang mga kaisipang ito sa pagtatapos ng klase.

Juan 15:10 (Pagsunod sa mga kautusan)
Mga Taga Epeso 4:32 (Pagpapatawad sa iba)
Mosias 2:17 (Paglilingkod)
Mosias 4:11–12 (Pagsisisi, pagiging mapagpakumbaba, at paggamit ng pananampalataya)
Alma 38:12 (Pagpipigil ng mga silakbo ng damdamin)
3 Nephi 11:29–30 (Paghinto sa pakikipagtalo)
Moroni 7:48 (Pagdarasal upang mapuspos ng dalisay na pag-ibig ni Cristo)

**Dapat na makita ang ating pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa ating mga tinutulungan sa ating paghahanda, sa ating pagtuturo, at sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.**

Gawain sa Kuwaderno at Talakayan

Bigyan-diin na kapag napupuspos tayo ng pag-ibig na katulad ng kay Cristo para sa ating mga tinuturuan, ang ating pag-ibig ay nakikita sa ating paghahanda, sa ating pagtuturo, at sa ating pang-araw-araw na buhay. Pagkatapos isulat ang mga sumusunod sa pisara. Hilingin sa mga miyembro ng klase na sipiin ito sa kanilang mga kuwaderno.




Papag-isipin ang mga miyembro ng klase ng mga partikular na tao na kanilang tinuturuan (katulad ng mga miyembro ng mag-anak, miyembro ng klase, o miyem-

bro ng korum). Pagkatapos hilingin sa kanila na isaalang-alang ang sumusunod na katanungan, na isinusulat ang kanilang mga ideya sa ilalim ng mga angkop na pamagat sa kanilang kuwaderno:

- Anu-ano ang ilang bagay na magagawa ninyo upang ipakita ang pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa mga taong ito? (Bigyan-pansin na ang ilang ideya ay nakatala sa sumusunod, na tsart. Ang ibang ideya ay kabilang sa "Ang Pagmamahal ay Makapagpapalambot ng mga Puso," "Pag-unawa sa Inyong mga Tinuturuan" at "Pag-abot sa Bawat Isa," mga pahina 38–44 ng aklat na ito.)

| Paghahanda | Pagtuturo | Pang-araw-araw na pamumuhay |
|---|---|---|
| Manalangin para sa kanila. | Malugod silang batiin sa pagsisimula ng klase. | Manalangin para sa kanila. |
| Alamin ang kanilang mga pangangailangan at interes. | Ipahayag ang inyong pagmamahal sa kanila. | Maging magiliw kapag nakikita sila. |
| Maging handa upang turuan sila | Makinig mabuti. | Maging maalam sa kanilang mga gawain at tagumpay. |
| | Magalang na tumugon habang nakikilahok sila sa klase. | Dumalo sa mga gawain kung saan sila kalahok. |
| | Hikayatin sila na ipamuhay ang mga itinuturo ninyong alituntunin. | Purihin sila kapag naaakma. |
| | Purihin sila kapag naaakma. | |

Magpakita ng pag-aalala at magbigay ng lakas ng loob kapag nakararanas sila ng mga pagsubok.

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na talakayin ang ilang ideya na isinulat nila sa kanilang mga kuwaderno. Isulat ang kanilang mga ideya sa pisara.

---

**Katapusan**

Buod at Sipingbanggit

Ibuod nang maikli ang aralin, na ginagamit ang sumusunod na pahayag ni Elder Joseph B. Wirthlin:

"Ang awa ng mga kaibigan na tulad ng kay Cristo ay labis na tumitimo at bumabago sa ating mga buhay . . . Ang pag-ibig ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Cristo. Sa Simbahang ito, ang mga panalangin para sa paghingi ng tulong ay madalas sinasagot ng Panginoon sa pamamagitan ng payak, araw-araw na paglilingkod ng mga mapagmahal na kapatid na lalaki at babae. Sa kabaitan ng mga tunay na kaibigan, nakita ko ang nakalarawang awa ng Panginoon Mismo" (sa Conference Report, Okt. 1997, 42; o *Ensign,* Nob. 1997, 32).

Patotoo

Sa udyok ng Espiritu, magpatotoo at ipahayag ang inyong pagmamahal sa mga miyembro ng klase.

Musika

Ipaawit sa itinalagang solista o maliit na grupo ang "Mahalin ang Isa't Isa" (*Mga Himno*). Kung hindi maaari, anyayahan ang mga miyembro ng klase na awitin ang himno nang sama-sama.

Mga Takdang-aralin at Gawain

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Pumili ng kahit isang ideya mula sa gawain sa kuwaderno sa pahina 257. Gamitin ang ideyang ito sa isang pagkakataon na makapagturo sa loob ng darating na linggo. Isulat sa kanilang kuwaderno ang hinggil sa mga ibinunga ng paggawang ito.

2. Ipagpatuloy ang gawain noong nakalipas na linggo na hangarin ang gabay ng Espiritu na may kaugnayan sa nalalapit na pagbibigay ng aralin sa panggabing tahanan ng mag-anak, gawain sa Simbahan, o iba pang pagkakataon upang makapagturo. Alalahanin ang mga salita ng Panginoon: “Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya” (Doktrina at mga Tipan 42:14). Isulat sa kanilang mga kuwaderno ang tungkol sa kanilang mga karanasan sa takdang-gawaing ito. (Bilang bahagi ng Aralin 3, ang ilang miyembro ng klase ay hihilinging mag-ulat sa mga karanasang ito.)

3. Balik-aralan ang mga itinurong alituntunin sa araling ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng bahagi ng aklat na ito na pinamagatang “Mahalin ang Inyong mga Tinuturuan” (mga pahina 38–49).

# Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu

Aralin 3

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na hangarin ang patnubay ng Espiritu at magturo sa isang paraang makatutulong na madama ng iba ang impluwensiya ng Espiritu.

**Paalala sa mga Guro**

Natutuhan natin ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, o ng Espiritu (tingnan sa Moroni 10:5). Inilarawan ng Panginoon ang kahalagahan ng pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu nang sabihin Niyang, "Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (Doktrina at mga Tipan 42:14). Habang namumuhay nang karapat-dapat ang mga guro at mag-aaral upang magabayan ng Espiritu, "Kapwa pinagtitibay at magkasamang magsasaya" (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 50:13–22).

Ang ilang miyembro ng klase—lalung-lalo na ang mga yaong may kaunting karanasan sa Simbahan—ay makadarama na di nila makakaya ang pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu. Sa pagtuturo ninyo ng araling ito, tulungan ang mga miyembro ng klase na makita na makapagtuturo sila sa pamamagitan ng Espiritu. Tulungan sila na maunawaan na ang mga kinakailangan para sa pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu ay hindi kahusayan sa pagsasalita, pinag-aralan, o mahabang karanasan, kundi pagdarasal, pagkamasigasig, pagkamapitagan, at kababaang-loob.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata sa banal na kasulatan sa araling ito. Hangaring isagawa ang mga ito sa layunin ng aralin.
2. Pag-aralan ang bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu" (mga pahina 50–58).
3. Hilingin sa dalawa o tatlong miyembro ng klase na maghanda na magsalita nang maikli tungkol sa kanilang mga karanasan sa kanilang paghahangad ng gabay ng Espiritu Santo sa kanilang pagtuturo. (Sa katapusan ng mga araling 1 at 2, ipasusulat sa mga miyembro ng klase ang hinggil sa mga gayong karanasan sa kanilang mga kuwaderno.)
4. Magdala sa klase ng isang pitsel ng tubig at isang basong kristal.
5. Bagong magklase, isulat ang sumusunod na tanong sa pisara: *Sa ating pagsisikap na ituro ang ebanghelyo, ano ang pinakamahalaga sa lahat?*

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

Bago magbigay ng pambungad na panalangin, anyayahan ang mga miyembro ng klase na awitin ang "Turuan Akong Magturo" *(Mga Himno)* o ang iba pang mapitagang himno. Kasunod ng pag-awit ng himno, hilingin sa miyembro ng klase na magbibigay ng pambungad na panalangin na humihingi ng patnubay ng Espiritu Santo habang nagkaklase.

**"Ang Espiritu ang pinakamahalaga sa lahat."**

Siping-banggit

Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa isinulat ninyong tanong sa pisara. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isipin ang tungkol sa tanong nang hindi ito sinagot nang malakas. Pagkatapos sabihin sa kanila na ang sagot sa tanong na ito ay matatagpuan sa sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Kung may isang mensahing inuulit-ulit ko sa aking mga kapatid sa Labindalawa, ito ay ang Espiritu ang mahalaga. Hindi ko alam kung gaano kadalas kong nasabi ito, subalit hindi ako manghihinawang sabihin ito—ang Espiritu ang pinakamahalaga sa lahat" (mission president's seminar, ika-3 ng Abr. 1985).

Ipaliwanag na kadalasan tinutukoy natin ang Espiritu Santo bilang "ang Espiritu." Ang pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu ay pinakamabisang uri ng pagtuturo sapagkat sa pamamagitan lamang ng impluwensiya ng Espiritu mauunawaan natin ang mga bagay ng Diyos (tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 2:11).

**Habang pinag-aaralan at itinuturo natin ang ebanghelyo, tutulungan tayo ng Espiritu sa maraming paraan.**

Talakayan sa mga Banal na Kasulatan

Bigyang-diin na karaniwang nagpapahayag nang tahimik at payak ang Espiritu sa halip na sa kagila-gilalas na pagpapakita ng kapangyarihan (tingnan sa 1 Mga Hari 19:9–12). Pagkatapos ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga banal na kasulatan na nakatala sa ibaba. Hilingin sa kanila na ipaliwanag ang itinuturo ng bawat talata tungkol sa paano makatutulong ang Espiritu sa ating pagtuturo ng ebanghelyo. Isulat ang kanilang mga sagot sa pisara.

a. Juan 14:26. (Itinuturo sa atin ang lahat ng bagay at ipinaaalala sa atin ang lahat ng bagay.)
b. Juan 15:26. (Nagpapatotoo kay Cristo.)
c. 2 Nephi 33:1. (Dinadala ang katotohanan sa ating mga puso.)
d. Doktrina at mga Tipan 6:14–15, 22–23. (Nililinaw at nagdadala ng kapayapaan sa ating mga isipan.)
e. Doktrina at mga Tipan 11:13. (Pinupuspos ang ating kaluluwa nang kagalakan.)
f. Doktrina at mga Tipan 50:21–22. (Nagbibigay-sigla.)

Paglalahad ng mga Miyembro ng Klase

Anyayahan ang mga itinalagang miyembro ng klase na magsalita tungkol sa kanilang mga karanasan sa kanilang paghahangad ng patnubay ng Espiritu Santo sa kanilang pagtuturo (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3).

**May mga tiyak na bagay tayong magagawa upang maanyayahan ang Espiritu.**

Talakayan sa Pisara

- Ano ang magagawa natin sa ating pagtuturo upang maanyayahan ang Espiritu? (Isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na isulat ang mga bagay na ito sa kanilang mga kuwaderno.)

Kung hindi nabanggit ng mga miyembro ng klase ang ilang aytem mula sa sumusunod na listahan, idagdag ang mga ito sa listahan sa pisara:

a. Manalangin.

b. Magturo mula sa mga banal na kasulatan.
c. Magpatotoo.
d. Gumamit ng mga himno, awit sa Primarya, at iba pang sagradong musika.
e. Ipahayag ang inyong pagmamahal sa iba at sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.
f. Magbahagi ng mga kabatiran, nadarama, at karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin sa aralin.

- Alin sa mga ito ang ginawa natin ngayon sa klase? Gumawa pa ba tayo ng iba pang bagay sa klase upang maanyayahan ang Espiritu?

Gawain sa Kuwaderno

Hilingin sa mga miyembro ng klase na isipin ang tungkol sa nalalapit nilang pagkakataon na makapagturo. anyayahan sila na isaalang-alang kung paano nila magagamit ang ilang mungkahi na nakasulat sa pisara sa kanilang pagtuturo. Bigyan sila ng ilang minuto na maisulat sa kanilang mga kuwaderno ang kanilang mga ideya.

**Ang ating pinakamabuting pagsisikap ay magiging sapat na kapag naroroon ang impluwensiya ng Espiritu.**

Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin

Isulat sa pisara ang *Sino ang makapagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu?*

Ipakita ang pitsel ng tubig at ang baso. Ipaliwanag na sa pagtatanghal na ito, ang baso ay kumakatawan sa atin bilang mga guro ng ebanghelyo. Pagkatapos lagyan ng kalahating tubig ang baso. Ipaliwanag na ang tubig na isinalin ninyo sa baso ay kumakatawan sa ating pinakamahusay na paggamit ng ating mga talino.

Sabihin na maaari nating isipin na magiging tunay na mabisa tayo sa ating pagtuturo kung mayroon lamang tayong maraming talino. Gayunpaman, ang basong ito ay hindi mapupunan ng talino lamang natin. Upang maging tunay na mabibisang guro ng ebanghelyo, kailangan nating magturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang himala ay hindi mahalaga kung sino tayo at hindi mahalaga kung gaano tayo katalino, ang pinakamahusay nating magagawa ay magiging sapat na kapag naroroon ang impluwensiya ng Espiritu. Habang ipinaliliwanag ninyo ito, punuin ng tubig ang baso.

Siping-banggit

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang sumusunod na pahayag ni Elder Henry B. Eyring:

"May karunungan na matakot na hindi sapat ang ating sariling kasanayan upang tugunan ang tagubilin na mayroon tayo na palakihin ang pananampalataya ng iba. Ang ating sariling kakayahan, kahit gaano kalaki, ay hindi magiging sapat. Subalit ang makatotohanang pananaw na iyon ng ating mga limitasyon ay lumilikha ng pagpapakumbaba na maaaring umakay sa pag-asa sa Espiritu at samakatuwid sa kapangyarihan" (sa Conference Report, Okt. 1997, 114; o *Ensign,* Nob. 1997, 82-83).

**Ang bawat isa sa ating ay maaaring maging karapat-dapat na magturo sa pamamagitan ng Espiritu.**

Talakayan sa Banal na Kasulatan at Pisara

Pamunuan ang talakayan sa ibaba upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano sila magiging karapat-dapat na magturo sa pamamagitan ng Espiritu.

Hilingin sa isang miyembro ng klase na basahin ang Doktrina at mga Tipan 42:14.

Isulat ang mga sumusunod sa pisara:

Manalangin nang may pananampalataya → Natanggap natin ang Espiritu

Hilingin sa isang miyembro ng klase na basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:77–78.

- Ano ang ipinangako ng Panginoon kung masigasig nating ituturo ang doktrina ng kaharian? (Ang Kanyang biyaya ay dadalo sa atin.)

Isulat ang mga sumusunod sa pisara:

Masigasig na ituro ang doktrina. → Ang Kanyang biyaya ay dadalo sa atin

Ipaliwanag na ang biyaya ay isang nakapagsasagawang kapangyarihan. ito ay banal na tulong at lakas na ibinigay sa pamamagitan ng awa at pag-ibig ng Diyos. Sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoon, makagagawa tayo ng mga gawaing hindi natin magagawa nang mag-isa (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Biyaya," 30).

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 100:7–8.

- Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa paano natin dapat ipahayag ang ebanghelyo? ("Sa kataimtiman ng puso." at "sa diwa ng kaamuan.")


Ipaliwanag na ang kataimtiman ay nangangahulugan ng pagpipitagan at pagpapahalaga. Pagkatapos, upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang kahulugan ng salitang kaamuan, basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Ang kaamuan ay nagpapahiwatig ng diwa ng pasasalamat na kasalungat ng ugaling nagsasarili, isang pagkilala sa dakilang kapangyarihan na higit pa sa sarili,

isang pagkilala sa Diyos, at isang pagtanggap sa kanyang mga kautusan" ("With All Thy Getting Get Understanding," *Ensign,* Ago. 1988, 3–4).

- Ano ang ipinangako ng Panginoon kung itinuturo natin, ang Kanyang ebanghelyo nang may kataimtiman at kaamuan? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 100:8. Ang Espiritu Santo ay magpapatotoo ng mga alituntuning ating itinuturo.)

Isulat ang mga sumusunod sa pisara:




Pakikilahok

Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa mga alituntunin na isinulat ninyo sa pisara. Bigyan-diin na habang nanalangin tayo nang may pananampalataya at itinuturo nang masigasig ang doktrina at sa kataimtiman at kaamuan, matatanggap natin ang Espiritu, na magpapatotoo sa mga katotohanang ating itinuturo. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magsalaysay ng mga panahong inanyayahan nila o ng iba ang Espiritu sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntuning ito.

---

**Katapusan**

Buod at Sipingbanggit

Ibuod ang maikli ang aralin. Pagkatapos ipabasa sa isang miyembro ng klase ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Maaaring ang ilan sa inyo ay likas na mahiyain o iniisip na kulang ang inyong kakayahan upang tumugon ng pagsang-ayon sa isang tungkulin. Alalahanin na ang gawaing ito ay hindi sa inyo at sa akin lamang. Ito ay gawain ng Panginoon, at kapag tayo ay nasa gawain ng Panginoon, tayo ay may karapatan sa tulong ng Panginoon. Alalahanin na ang yaong tinawag ng Panginoon, ay pinapaging-marapat ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1996, 62; o *Ensign,* Mayo 1996, 44).

Patotoo

Magpatotoo sa udyok ng Espiritu

Mga Takdang-aralin at Gawain

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Isipin pa nang mabuti ang mga ideya tungkol sa pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu na kanilang isinulat sa kanilang mga kuwaderno. Gamitin ang isa sa mga ideyang ito na may kaugnayan sa darating na pagkakaroon sa pagtuturo.

2. Ipagpatuloy na itala ang kanilang pag-unlad sa kanilang mga kuwaderno.

3. Balik-aralan ang mga itinurong alituntunin sa araling ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu" (mga pahina 50–58).

Aralin
4

# Ituro ang Doktrina

**Layunin**

Tulungan ang mga miyenbro ng klase na maunawaan ang kapangyarihan na dumarating mula sa pag-aaral at pagtuturo ng mga doktrina ng mga ebanghelyo, na matatagpuan sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw.

**Paalala sa Guro**

Habang naghahanda kayo na ituro ang araling ito, manalangin para sa patnubay upang makapagturo nang mabisa mula sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa huling araw. Sa udyok ng Espiritu Santo, magsalita hinggil sa epekto ng mga doktrina ng ebanghelyo sa inyong buhay habang pinag-aaralan ninyo ang mga ito at itinuturo ang mga ito.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata sa banal na kasulatan sa araling ito. Hangaring isagawa ang mga ito sa layunin ng aralin.
2. Pasg-aralan ang bahagi ng aklat na ito na pinamagatang “Ituro ang Doktrina” (mga pahina 59-72 at ang mga sumusunod: bahaging “Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno” sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan:* Ituro ang mga Nakapagliligtas na mga Doktrina at Ordenansa ng Ebanghelyo” (pahina 394, at “Magturo mula sa mga Banal na Kasulatan at sa Mga Turo ng mga Propeta sa Huling-araw” (pahina 394, at “Gamitin ang mga Inaprubahang Materyal ng Simbahan sa aralin” (pahina 398).
3. Anyayahan ang isang miyembro ng klase o ibang miyembro ng purok na dumalo sa klase na handa upang magsalita tungkol sa paano nakaimpluwensiya sa kanyang buhay ang pagkatuto ng doktrina ng ebanghelyo.
4. Kung makukuha ang mga bagong manwal ng aralin na inilathala ng Simbahan, magdala ng ilan sa mga ito sa klase.
5. Bago magklase, isulat ang mga sumusunod sa pisara:

> “Binibigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa’t isa ng doktrina ng kaharian” (Doktrina at mga Tipan 88:77).
>
> Paano nakaaapekto sa atin ang pag-aaral ng doktrina ng kaharian?
>
> Paano nagkakaiba ang pag-aaral ng totoong doktrina sa pag-aaral ng ibang bagay?

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

**Inutusan tayo ng Panginoon na "turuan ang isa't isa ng doktrina ng kaharian." Ang doktrina ay maaaring magkaroon ng malakas na epekto sa ating mga isipan at puso.**

Talakayan sa Pisara at sa Banal na Kasulatan

Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa banal na kasulatan at sa mga tanong na inyong isinulat sa pisara (tingnan sa "paghahanda," aytem 5).

Ipaliwanag na sa banal na kasulatan na nakasulat sa pisara, ang pariralang "doktrina ng kaharian" ay tumutukoy sa mga inihayag na katotohanan ng ebanghelyo.

Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa mga tanong na inyong isinulat sa pisara. Bago hilingin sa mga miyembro ng klase na talakayin ang mga tanong anyayahan sila na basahin nang malakas ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan:

a. Enos 1:1-4. (Ang mga doktrina ng ebanghelyo ay tumimo nang malalim sa aming mga puso at inakay kami na magpakumbaba ng aming sarili sa harapan ng Diyos.)
b. Alma 31:5. (Ang salita ng Diyos ay umaakay sa mga tao na gumawa ng mabuti at may "malakas na bisa" sa isipan.)
c. Alma 32:28. (Ang salita ng Diyos ay nagpapalaki ng aming mga kaluluwa, nililiwanag ang aming pang-unawa, at nasisimulang maging masarap sa amin.)
d. Joseph Smith—Kasaysayan 1:11-12 (Ang salita ng Diyos ay dumarating "nang may . . . kapangyarihan sa puso.")

Hilingin sa mga miyembro ng klase na talakayin ang mga tanong sa pisara.

Paglalahad ng mga Miyembro ng Klase

Anyayahan ang itinalagang miyembro ng klase o iba pang miyembro ng purok na magsalita tungkol sa paano nakaimpluwensiya sa kanyang buhay ang pag-aaral ng isang doktrina ng ebanghelyo.

**Dapat nating ituon ang ating pagtuturo sa doktrina.**

Pinag-aaralang Kalagayan

Hilingin sa mg miyembro ng klase na isiping sila ay mga miyembro ng panguluhan ng mga kabataang lalaki, Mga Kabataang Babae, o Panlinggong Paaralan. Sinabi sa kanila ng isang guro sa kanilang samahan na, "Kapag nagtuturo ako sa mga kabataan, ginugugol ko ang maraming oras ng klase sa pagsasalita tungkol sa mga bagay na katulad ng palakasan, pakikipagtipan, at panonood ng mga pelikula. Nadarama kung gugugol ako nang maraming oras sa pagtuturo mula sa mga banal na kasulatan."

Talakayan at mga Siping-banggit

- Ano ang maibibigay ninyong payo upang matulungan ang taong ito na ituro ang doktrina mula sa mga banal na kasulatan

Bilang bahagi ng talakayang ito, anyayahan ang tatlong miyembro ng klase na basahin ang mga pahayag sa ibaba. Bigyan-diin ang kahalagahan ng pagtuturo ng salita ng Diyos sa lahat ng miyembro ng simbahan.

*Sa mga Guro ng Matatanda*

Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith, "Hindi kalugod-lugod sa akin na kapag dumadalo ako sa isang pulong at may tinawag na isang tao upang magsalita at tumayo sa paraang kaaya-aya, na ang sinasabi ay ilang karaniwang bukambibig, ilang pilosopiya ng mga tao—ang mga ideya ng mga yaong sa ngayon ay hinuhubog ang pag-iisip ng sanlibutan, subalit sa kanilang sariling puso ay walang pananampalataya o pag-ibig para kay Jesucristo—o tumatalakay ng mga katanungang may pagkakaiba sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo" *Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954-56], 2:342).

*Sa mga Guro ng mga Kabataang Lalaki at Babae*

Itinuro ni Pangulong J. Reuben Clark Jr.:

"Ang mga kabataan ng Simbahan ay nangagugutom sa mga bagay ng espiritu; sila ay sabik na matutuhan ang ebanghelyo, at nais nilang ito ay tuwiran, dalisay. . . .

Hindi na ninyo kailangan pang magpabantu-bantulot sa likuran [nila] at bumulong ng relihiyon sa [kanilang] mga tainga; . . . Hindi na ninyo kailangan pang ikubli ang mga katotohanang pangrelihiyon na may balabal ng mga makamundong bagay; madadala ninyo ang mga katotohanang ito sa [kanila] nang hayagan" (*The Charted Course of the Church Education, binagong edisyon [pamplet, 1994],3,9).*

*Sa mga Guro ng Maliliit na Bata*

Ipinayo ni Pangulong Ezra Taft Benson," Ang tanging hinihiling namin sa inyo [ay] na sa mga puso ng mga batang ito na dumating sa ilalim ng inyong pangangalaga ay paggabay, bigyan ninyo sila ng inspirasyon na walang ibang bagay dito sa daigdig na magiging mahalaga sa kanila kundi ang ebanghelyo ("Our First Obligation," *Children's Friend*, Okt. 1950,454).

*Sa lahat ng Guro ng Ebanghelyo*

Sinabi ni Elder Boyd K. Packer:

"Ang totong doktrina, na naunawaan, ay nagpapabago ng gawi at pag-uugali.

Ang pag-aaral ng mga doktrina ng ebanghelyo ay makapagpapabuti ng pag-uugali." (sa Conference Report., Okt. 1986,20; o Ensign, Nob. 1986,17).

**Dapat nating tiyaking nagtuturo tayo ng wastong doktrina.**

Mga Siping-banggit at Talakayan

Basahin ang mga sumusunod na pahayag ni Pangulong Marion G. Romney.

"Kapag umiinom ako mula sa bukal gusto kong kumuha ng daloy ng tubig. . . . Hinahangaan ko ang pagpapakahulugan ng ibang tao dito, subalit kapag ang ebanghelyo na ang pag-uusapan dapat na maalam tayo sa mga sinasabi ng Panginoon" (talumpati para sa mga tagapagturo ng relihiyon, ika-13 ng Abr. 1973; binanggit ni J. Richard Clarke sa Conference report, Okt. 1982,19; o *Ensign* Nob. 1982,15).

- Saan tayo babaling upang tulungan ang ating mga tinuturuan na maging maalam sa mga sinabi ng Panginoon"? (Ang mga sagot ay dapat kabilangan ng mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta sa huling araw.)
- Paano natin matitiyak na nagtuturo tayo ng wastong doktrina?

Bilang bahagi ng Talakayan ito, ipabasa sa mga miyembro ng mga klase ang Doktrina at mga Tipan 42:12-13 at 52:9. Bigyan-diin na matitiyak natin na nagtuturo tayo ng wastong doktrina sa pamamagitan ng pagiging naaayon sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball.

"Walang sinuman ang may karapatan na magbigay ng sarili niyang pagpapakahulugan na magturo sa mga samahan ng Simbahan; siya ay isang panauhin, . . . at ang mga yaong kanyang tinuturuan ay mabibigyan-katwiran sa pag-aakalang, sapagkat pinili at sinang-ayunan sa tamang orden, kinatawan niya ang Simbahan at

ang mga bagay na kanyang itinuro ay sinang-ayunan ng Simbahan” (*The Teachings of Spencer W. Kimball*, inayos ni Edward L. Kimball [1982],

Kung nagdala kayo sa klase ng mga manwal na gawa ng Simbahan na naglalaman ng mga mungkahi para sa mga kayanungan sa pagsasagawa, gawain, at materyal na audiovisual na tumutulong sa atin na ituon ang ating pagtuturo sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw

**Pinangakuan tayo ng Panginoon ng mga dakilang biyaya kapag masigasig nating pinag-aaralan at itinuturo ang Kanyang doktrina.**

Siping-banggit

Bigyan-diin na dapat nating pag-aralan ang mga doktrina ng ebanghelyo bago natin maituro nang mabisa ang mga ito. Pagkatapos basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

“Isang pangkaraniwang bagay na magkaroon ng ilang talata ng banal na kasulatan na nasa ating pagpapasiya, nasa sa ating isipan, nang ganoong-ganoon, at samakatwid inakala natin na malaki ang nalalaman natin tungkol sa ebanghelyo. Sa ganitong pangyayari; ang pagkakaroon ng kaunting kaalaman ay tunay na suliranin. Naniniwala ako na ang bawat isa sa atin , sa isang panahon sa ating mga buhay, ay dapat na matuklasan ang mga banal na kasulatan para sa ating mga sarili—at hindi lamang tuklasin ang mga ito” (“How Rare a Possession—the Scriptures!” *Ensign*, Sept., 1976, 4).

Talakayin sa Pisara at Banal na Kasulatan

Burahin ang pisara, at iguhit ang sumusunod na tsart. Ipaliwanag na ipakikita ng tsart ang mga pangako ng Panginoon sa mga gurong “muli at muling tinutuklas [ang mga banal na kasulatan]”. Hilingin sa mga miyembro ng klase na sipiin ang tsart sa kanilang mga kuwaderno. (Huwag ipabukas sa pahinang ito ang kanilang mga aklat.)

| Mga Talata sa Banal na Kasulatan | Ano Ang Gagawin Natin | Mga Biyayang Natanggap Natin |
|---|---|---|
| Alma 17:2-3 | | |
| Doktrina at mga Tipan 11:21-22 | | |
| Doktrina at mga Tipan 84:85 | | |

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga talata sa mga banal na kasulatan na nakabalangkas sa tsart. Matapos mabasa ang bawat talata, hilingin sa mga miyembro ng klase na tukuyin ang mga bagay na magagawa natin at ang mga biyayang matatanggap natin bilang bunga ng mga paggawang iyon. Isulat ang kanilang mga

kabatiran sa mga angkop na hanay. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na isulat ang mga kabatirang ito sa kanilang mga kuwaderno. Ang ilang posibleng sagot ay ibinigay sa sumusunod na tsart.

| Mga Talata sa Banal na Kasulatan | Ano Ang Gagawin Natin | Mga Biyayang Natanggap Natin |
|---|---|---|
| Alma 17:2-3 | Masigasig na saliksikin ang mga banal na kasulatan | Natatanggap ang diwa ng propesiya at paghahayag |
| Doktrina at mga Tipan 11:21-22 | Manalangin at mag-ayuno | Nagtuturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos |
| Doktrina at mga Tipan 84:85 | Tamuhin ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng pag-aaral | Natatanggap ang patnubay ng Espiritu |
| | Maghandang magturo sa pamamagitan ng pagpapayaman tuwina ng mga salita ng buhay” | Nagtuturo nang may kapangyarihang hikayatin ang iba |
| | | Nagtuturo nang may inspirasyon |

Pagsasagawa

Hilingin sa mga miyembro ng klase na isulat sa kanilang kuwaderno ang isang tiyak na bagay na gagawin nila upang sundin ang payo sa mga talatang ito ng banal na kasulatan. Gayundin, hilingin sa kanila sa isulat ang kung ano ang kanilang nadarama sa pagsasagawang ito na tutulong sa kanila sa matanggap ang mga biyaya ng Panginoon sa kanilang tungkulin magturo

**Katapusan**

Patotoo

Sa udyok ng Espiritu, magpatotoo sa kapangyarihang dumarating mula sa pag-aaral at pagtuturo ng mga doktrina ng ebanghelyo.

Mga Takdang-aralin at Gawain

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Masigasig na pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw. (Maaari ninyo silang hikayating basahin ang “Pagbuo ng Isang Personal na Plano para sa Pag-aaral ng Ebanghelyo,” mga pahina 18–20 ng aklat na ito.)
2. Na may kaugnayan sa takdang-araling gagawin sa kuwaderno habang nagkaklase, sikaping gumawa ng isang bagay sa darating na linggo upang mapaunlad ang kanilang personal na pag-aaral ng ebanghelyo. Isulat ang tungkol sa kanilang pag-unlad na may kaugnayan sa layuning ito.
3. Balik-aralan ang mga itinurong alituntunin sa araling ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng bahagi sa aklat na ito na pinamagatang “Ituro ang Ebanghelyo” (mga pahina 59–72).

# Mag-anyaya ng Masigasig na Pag-aaral

Aralin 5

**Layunin**

Tulungan ang mga miymebro ng klase na maunawaan na ang bawat isa ay may pananagutan na matutuhan ang ebanghelyo; tulungan silang makita na bilang mga guro paano nila matutulungan ang iba na isakatuparan ang responsibilidad na iyon.

**Paalala sa Guro**

Inutusan tayo ng Panginoon na "maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" {Doktrina ng mga Tipan 88:118}. Katulad ng itinuturo ni Pangulong Spencer W. Kimball, ang kautusang ito ay nararapat na sundin nang masigasig: "Ang isang tao ay hindi magiging 'tagapagtupad ng salita' nang hindi muna nagiging 'tagapakinig'? At upang maging 'tagapakinig' ay hindi lamang sa pagtayo nang walang ginagawa at naghihintay sa mga kaunting impormasyon, ito ay ang paghahanap at pag-aaral at pagdarasal at pag-uunawa" (How Rare a Possession—the Scriptures!" *Ensign,* Set. 1976, 6).

Ang desisyon ng bawat isa na pag-aralan nang masigasig ang ebanghelyo ay isang matwid na paggamit ng kalayaan sa pagpili. Ang mga guro na nakauunawa sa doktrina ng kalayaan sa pagpili ay hindi susubukang pilitin ang iba na pag-aralan ang ebanghelyo. Sa halip, sisikapin nilang magturo sa paraang mahihikayat ang iba na magbigay ng masigasig na pagsisikap na pag-aralan ang ebanghelyo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata sa mga banal na kasulatan sa araling ito. Hangaring isagawa ang mga ito sa layunin ng aralin.
2. Pag-aralan ang bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Mag-anyaya ng masigasig na Pag-aaral" (mga pahina 74–93). Pag-aralan din ang mga bahaging "Mga Alituntunin ng Pagbabalik-loob," pahina sa "Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno" sa *Hanbuk ng mga Tagubilin sa Simbahan.*
3. Nang mas maaga, hilingin sa tatlong miyembro ng klase na tulungan kayo na itanghal ang teatro ng mga mambabasa sa pahina 270. Hilingin sa isa na basahin ang bahagi ng tagapagsalaysay, at ang isa na basahin ang bahagi ng Zoramita, at ang pangatlo na basahin ang bahagi ng kay Alma.
4. Gumawa ng tatlong malalaking name tag para sa mga kalahok sa teatro ng mga mambabasa. Isulat ang *Tagapagsalaysay sa isang 'name tag', Zoramita* sa isa, at *Alma* naman sa isa pa.

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

**Ang bawat isa ay may pananagutan na matutuhan ang ebanghelyo**

Teatro ng mga Mambabasa (Readers' Theater)

Hilingin sa mga kalahok sa teatro ng mga mambabasa na pumunta sa harap ng klase. Ibigay sa kanila ang kanilang mga *name tag*. Pagkatapos ipaliwanag na ang tatlong miyembrong ito ng klase ay sumang-ayon na magtanghal ng teatro ng mga mambabasa.

Ang layunin ng pagtatanghal na ito ay upang suriin ang responsibilidad na mayroon ang bawat isa na matutuhan ang ebanghelyo.

Isulat sa pisara ang mga sumusunod na sanggunian sa banal na kasulatan: *Alma 32:27–28, 33, 38, 41.* Ipaliwanag na ang mga sangguniang ito sa banal na kasulatan ay tumutugon sa mga turo ni Alma na gagamitin sa pagtatanghal na ito. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na sundan ang pagbasa sa kanilang mga banal na kasulatan habang binabasa ang bahagi ng kay Alma.

Tagapagsalaysay: Habang nangangaral si Alma at ang kanyang mga kapatid sa mga taong lubusang tumalikod sa katotohanan na tinatawag na mga Zoramita, pumasok sila sa isa sa mga sinagoga ng Zoramita. Doon narinig nila na ipinahahayag ng mga Zoramita na "hindi magkakaroon ng Cristo" (Alma 31:16).

Matapos marinig ang maling turong ito. Naghiwalay si Alma at ang kanyang mga kapatid upang ipangaral ang salita ng Diyos at magpatotoo kay Cristo. Isang napakalaking pulutong ng mga Zoramita ang lumapit kay Alma, at nangusap sa kanya ang isa sa mga Zoramitang ito. (Tingnan sa Alma 31:37–38; 32:1.)

Zoramita: (Basahin ang Alma 32:5, na nagsisimula sa mga salitang "Masdan, ano ang gagawin ng mga kapatid kong ito.")

Tagapagsalaysay: (Basahin ang Alma 32:6.)

Pisara

Isulat ang sumusunod sa pisara:

> Ang Responsibilidad ng Bawat Isa
>
> Maging handa nang pakinggan ang salita (maging madaling turuan).

Bigyan-diin na tumugon ang mga Zoramita sa kanilang paghihirap sa pamamagitan ng pagpili na maging mapagkumbaba. Hinanap nila ang isang tao na makapagtuturo sa kanila ng salita ng Diyos.

Teatro ng mga Mababasa

Tagapagsalaysay: Na nakitang nasa paghahanda na ang mga Zoramita upang pakinggan ang salita ng Diyos, tinuruan sila ni Alma kung paano tunay na matatanggap ang salita at magkaroon ng patotoo sa katotohanan nito.

Alma: (Basahin ang Alma 32:27–28, 33.)

Pisara — Magdagdag sa listahan na nasa pisara katulad ng ipinakikita sa ibaba:

Ang Responsibilidad ng Bawat Isa

Maging handa nang pakinggan ang salita (maging madaling turuan).

Magbigay ng puwang sa salita

Pangalagaan ang salita.

Teatro ng mga Mababasa — Tagapagsalaysay: Sa pagtatapos ng kanyang pangangaral, ipinaliwanag ni Alma sa mga Zoramita na matapos nilang matamo ang patotoo sa salita, marami pa ring naiwang gagawin. Sa pagbibigay ng paliwanag na ito, inihalintulad niya ang salita sa isang puno na tumubo mula sa isang binhi.

Alma: (Basahin ang Alma 32:38, 41.)

Pisara — Magdagdag sa listahan na nasa pisara katulad ng ipinakikita sa ibaba:

Ang Responsibilidad ng Bawat Isa

Maging handa nang pakinggan ang salita (maging madaling turuan).

Magbigay ng puwang sa salita

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na nakilahok sa teatro ng mga mambabasa na bumalik sa kanilang mga upuan.

Paglalahad ng Guro — Ipaliwanag na tinuruan ni Alma ang mga Zoramita na ang bawat isa sa kanila ay may pananagutan na pag-aralan ang ebanghelyo. Tayong lahat, ang bawat isa na nagsisimula pa lamang tanggapin ang responsibilidad na ito ay "handa nang pakinggan ang salita" (Alma 32:6). Ang iba ay sinusubukan ang salita at binibigyang-puwang ang salita na maitanim sa kanilang mga puso (tingnan sa Alma 32:27–28). Ang iba naman ay nagsisimula nang alagaan ang salita sa pamamagitan ng pananampalataya, malaking pagsisikap, at pagtitiyaga (tingnan sa Alma 32:41).

**Natututuhan ng bawat isa ang ebanghelyo sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, malaking pagsisikap, at pagtitiyaga.**

Talakayan

- Anu-ano ang ilang tiyak na bagay na magagawa ng mga tao upang "alagaan ang salita"? (Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Pansinin na ang ilang posibleng sagot ay nakatala sa ibaba.)

a. Pag-aralan at pagbulay-bulayin ang mga banal na kasulatan araw-araw.
b. Saliksikin ang mga banal na kasulatan para sa mga tiyak na sagot sa mga katanungan.
c. Pag-aralan ang mga talumpati mula sa pangkalahatang komperensiya.
d. Pag-aralan ang mga artikulo sa mga magasin ng Simbahan.
e. Mag-ayuno at manalangin para sa pagkaunawa.
f. Maghangad ng pag-unawa habang gumagawa ng mga gawain sa templo
g. Talakayin ang mga alituntunin sa ebanghelyo sa mga miyembro ng mag-anak at kaibigan.
h. Sundin ang patnubay ng Espiritu.
i. Pagsikapan nang matapat na sundin ang mga kautusan.

- Ano-anong mga biyaya ang dumating sa inyo bilang bunga ng inyong masigasig na pagsisikap na pag-aralan ang ebanghelyo?

**Dapat tulungan ng mga guro ang bawat isa na gamitin ang kanilang kalayaan sa pagpili upang pag-aralan at ipamuhay ang ebanghelyo.**

Paglalahad ang Guro

Ipaalaala sa mga miyembro ng klase na binigyan tayo ng Diyos ng kalayaan sa pagpili—ang kapangyarihan na pumili ng mabuti o masama (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:35). Ginagamit natin ang ating kalayaan sa pagpili kapag pinili natin o hindi na pag-aralan at ipamulay ang ebanghelyo.

Siping-banggit

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder James E. Faust:

"Ang kalayaan sa pagpili, na ibinigay sa atin sa pamamagitan ng plano ng ating Ama, ay isang dakilang pagpipilian sa plano ni Satanas na pamimilit. Sa pamamagitan ng dakilang kaloob na ito, tayo ay lalaki, uunlad, susulong, at maghahangad ng kaganapan" (sa Conference Report, Okt. 1987, 42; o *Ensign,* Nob. 1987, 35).

Talakayan

- Ano ang magagawang kaibhan sa ating pagtuturo na matanto na ang bawat isa ay may kalayaan sa pagpili at may pananagutan para sa kanilang sariling pagkatao? (Maaari ninyong isulat sa pisara ang mga katugunan ng mga miyembro ng klase.)

Tulungan ang mga miyembro ng klase na makita na dapat nilang pagtuunan ng pansin ang kanilang mga tinuturuan, hindi lamang ang kanilang pagtuturo. Ang mabibisang guro ay hindi lamang nag-iisip tungkol sa kanilang ituturo. Tinatanong nila ang kanilang mga sarili, "Paano ko matutulungan ang aking mga tinuturuan na maghangad na matuto at tuklasin kung ano ang dapat nilang malaman?" Sa paggawa nito, iginagalang ng mga guro ang kalayaan sa pagpili ng kanilang tinuturuan at tinutulungan sila na makasumpong ng kagalakan sa pagtanggap ng kanilang responsibilidad na matuto.

Imungkahi na habang nagsisikap tayo na tulungan ang iba na tanggapin ang kanilang responsibilidad na pag-aralan ang ebanghelyo, dapat natin silang anyayahan at hikayatin sa halip na pilitin sila. Dapat nating pagbulay-bulayin at ipanalangin ang ating mga plano upang matulungan ang bawat taong ating tinuturuan.

**Hindi tayo dapat gumawa ng anuman na makahahadlang sa hangarin ng iba na pag-aralan ang ebanghelyo.**

Talakayan

- Anu-ano ang ilang bagay na magagawa ng guro na makahahadlang sa hangarin ng mga tao na pag-aralan ang ebanghelyo? (Bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na bulay-bulayin at talakayin ang tanong na ito. Hikayatin sila na talakayin ang tanong sa pangkalahatang bagay sa halip na pintasan ang bawat guro. Pansinin na ang ilang posibleng ideya ay nakatala sa ibaba.)

a. Basahin sa kanila ang mga aralin mula sa manwal.
b. Gugulin ang halos buong oras na aralin sa pagsasalita.
c. Subukin silang pahangain sa pamamagitan ng kaalaman o mga kasanayan sa pagtuturo.
d. Punahin o huwag gaanong pag-ukulan ng pansin ang kanilang mga katanungan at puna.
e. Gumawa ng mga puna o magtanong na nakapagpapahina ng kanilang pananampalataya.
f. Gumamit ng mga salita o halimbawa na makapagpapaalis sa Espiritu.
g. Mabigong ituon ang mga aralin sa mga katotohan ng ebanghelyo.

Siping-banggit

Tapusin ang talakayang ito sa pamamagitan ng pagpapabasa sa isang miyembro ng klase ng sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks:

"Ang lahat ng guro ng ebanghelyo na hinahangad na sundin ang Panginoon ay *itutuon ang lahat ng kanyang pagsisikap sa iba at hindi kailanman sa kanyang sarili.* Sinabi ni Satanas, 'Isugo ninyo ako, . . . aking tutubusin ang buong sangkatauhan, . . . tiyak na akin itong gagawin; kaya nga, ibigay ninyo sa akin ang karangalan.' Ihambing ninyo ang panukalang yaon sa halimbawa ng Tagapagligtas, na nagsabing, "Ama, masusunod ang inyong kalooban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang hanggan" (Moises 4:1–2). Itutuon ng isang guro ng ebanghelyo ang kanyang pagtuturo sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral at sa kaluwalhatian ng Panginoon. Iiwasan niya ang pagiging sentro ng atensyon. Tuturuan niya ang mga mag-aaral na dapat silang tumitingin tuwina sa Panginoon. Hindi niya kailanman palalabuin ang kanilang paningin tungkol sa Panginoon sa pamamgitan ng pagtayo sa daraanan o sa pamamagitan ng pagtatapon ng anino ng pagtataas ng sarili o ng sariling kapakanan" (talumpati na ibinigay noong ika-31 ng Marso 1998).

**Maraming bagay tayong magagawa upang mag-anyaya ng masigasig na pag-aaral.**

Gawain sa Kuwaderno

Ipalipat sa mga miyembro ng klase ang aklat na ito sa pahina 74. Hilingin sa isang miyembro ng klase na basahin nang malakas ang pahayag sa pahinang iyon. Ang pahayag ay nagtatala ng tatlong pangkalahatang bagay na magagawa natin upang mag-aanyaya ng masigasig na pag-aaral. Ituro na sa bawat bahaging ito maraming payak, tiyak na bagay na magagawa natin.

Ipabalik-aral sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na talaan sa kanilang mga aklat. Anyayahan sila na pumili ng isang ideya mula sa listahan na isasagawa nila sa nalalapit na pagkakataon sa pagtuturo. Kung may oras pa, hayaan silang isulat nang maikli sa kanilang mga kuwaderno bung paano nila gagamitin ang ideyang ito. Maaari ninyong hilingin sa kanila na ibahagi ang kanilang plano sa ibang miyembro ng klase. Kung wala ng oras para sa kanila na isulat ito sa kanilang mga kuwaderno at talakayin ang kanilang mga plano, hikayatin sila na isulat ito sa kanilang kuwaderno sa bahay.

a. Hilingin sa isang tao na maghanda upang tumulong sa aralin. Tulungan siya na maghanda.
b. Hilingin sa isa na maghanda ng bagay na gagamitin sa pagtuturo.
c. Magbahagi ng mga personal na karanasan kung naaangkop.
d. Hilingin sa inyong mga tinuturuan na pagbulay-bulayin ang mga biyaya na ibinigay ng Panginoon sa kanila at sa kanilang mga mag-anak.
e. Turuan kung paano babasahin ang mga banal na kasulatan nang may pag-unawa.
f. Pasalamatan ang kahalagahan ng ibinahagi ng bawat isa sa aralin. Makinig at gamitin ang mga ideya na ipinahayag sa talakayan.
g. Magtanong ng mga katanungang nagpapagana ng isipan at mag-anyaya ng mga pagbabahagi sa mga talakayan.
h. Kapag may isang nagtanong, anyayahan ang iba na magmungkahi ng mga sagot.
i. Hilingin sa inyong mga tinuturuan na mag-isip kung paano nila ipamumuhay ang mga bagay na kanilang natutuhan.

---

**Katapusan**

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na dapat na maging halimbawa ang mga guro ng ebanghelyo sa masigasig na pag-aaral ng ebanghelyo. Hikayatin sila na suriin ang kanilang sariling pagsisikap na matutuhan ang mga doktrina ng ebanghelyo. Anyayahan sila na alamin kung ano ang magagawa nila upang sundin ang payo ni Alma na alagaan ang salita sa pamamagitan ng pananampalataya, malaking pagsisikap, at pagtitiyaga (tingnan sa Alma 32:37, 41–42).

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na alalahanin ang kabanalan ng kalayaan sa pagpili ng bawat isa. Pagkatapos basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Ang mga kayamanan kapwa ng makamundo at espirituwal na kaalaman ay mga nakatago—subalit nakatago sa mga yaong hindi matwid na naghahanap at nagsisikap na matagpuan ang mga ito . . . Ang espirituwal na kaalaman ay hindi lamang makukuha sa paghingi; maging ang mga panalangin ay hindi sapat. Nangangailangan ito ng pagtitiyaga at paglalaan sa buhay ng tao" (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* inayos ni Edward L. Kimball [1982], 389–90).

Patotoo

Magpatotoo sa udyok ng Espiritu.

Mga Takdang-aralin at Gawain

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Isulat sa kanilang mga kuwaderno ang tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagsasakatuparan nila ng kanilang mga plano na mag-anyaya ng masigasig na pag-aaral (tingnan sa "Gawain sa Kuwaderno" sa pahina 273). Kung naaangkop, pag-usapan ang tungkol sa mga karanasang ito sa isang pinuno, iba pang miyembro ng klase.

2. Balik-aralan ang mga itinurong alituntunin sa araling ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Mag-anyaya ng Masigasig na Pag-aaral" (mga pahina 74–93).

# Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral
## Bahagi 1

Aralin **6**

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano maaaring gumawa nang sama-sama ang mga guro at mag-aaral upang makalikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral ng ebanghelyo.

**Paalala sa Guro**

Sa Aralin 5, tatalakayin sa mga miyembro ng klase ang tungkulin ng bawat isa na maging masigasig sa pag-aaral ng ebanghelyo. Ang aralin sa linggong ito ay nakatuon sa isang tungkulin na pinaghahatian ng mga guro at mag-aaral: makalikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral. Matulungan ang mga miyembro ng klase na gamitin ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang pagsisikap na hadlangan ang mga kaguluhan sa silid-aralan at tumulong na malutas ang mga suliranin sa disiplina na maaaring umiral.

Ang araling ito ang magiging saligan, ang mga miyembro ng klase ay maghahanda upang magmungkahi ng mga kalutasan sa tiyak na mga suliranin. Ito ay gagawin bilang bahagi ng aralin 7.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata sa banal na kasulatan sa araling ito. Hangarin na maisagawa ang mga ito sa layunin ng aralin.
2. Pag-aralan ang mga kuwento sa aralin. Magsanay na basahin ang mga ito sa paraan na mapapanatili ang pagkawili ng mga miyembro ng klase
3. Dalhin ang mga sumusunod na bagay sa klase:

   a. Isang malaking piraso ng papel (o ilang maliit na piraso ng papel).
   b. Tatlong lapis na pangmarka
4. Pag-aralan ang bahagi ng aklat na pinamagatang “Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral” (mga pahina 94–111).

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

**Ang Paaralan ng mga Propeta ay nagbibigay ng halimbawa kung paano lumikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral ng ebanghelyo.**

Mga Siping-banggit

Ibahagi ang sumusunod na pahayag:

“Sa unang mga araw ng dispensasyong ito ang Panginoon ay nag-utos sa mga kapatid na ‘turuan ninyo ang isa’t isa ng doktrina ng kaharian.’ Matututuhan nila ang lahat ng mga bagay hinggil sa ebanghelyo at sa kaharian ng Diyos na kapaki-pakinabang para sa kanila na malaman, gayon din ang mga bagay hinggil sa mga sining at agham, at sa mga kaharian at bansa. Kailangan nila ng maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya,’ at magtayo ng banal na santuwaryo o templo sa Kirtland, na kabilang sa ibang mga bagay ay ang “isang bahay ng pagkatuto.’ (Doktrina at Mga Tipan 88:74-81,118-122.)

"Bilang bahagi ng gayong umiiral na kaayusan upang matupad ang mga kautusang ito, ang Panginoon ay nag-utos na ayusin ang *paaralan ng mga propeta* (Doktrina at mga Tipan 88:122, 127-141)." (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* ikalawang edisyon [1966], pahina 679).

Ipaliwanag na ang layunin ng paaralan ng mga propeta ay "upang ihanda ang mga napiling miyembro ng pagkasaserdote na marangal sa ebanghelyo ni Jesucristo sa buong mundo" (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abril 1983, 69; o *Ensign,* Mayo, 1983, 53). Sa pamamagitan ng paghahayag, ang Panginoon ay nagturo sa mga miyembro ng paaralan kung ano ang dapat na ugaliin nila sa kanilang mga sarili. Tatlong sangkap ng Kanyang tagubilin ay maaaring makatulong sa mga mag-anak at klase sa Simbahan na mapanatili ang kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.

Pisara

Isulat ang sumusunod na tala sa pisara:

1. Makibahagi ang bawat isa

2. Mayroong pagbubuklod ng pagkakaibigan sa ebanghelyo na siyang nagsasama sa lahat ng dumalo sa klase.

3. Bawat isa ay alisto at handa na ituon ang pansin sa mga pagbabahagi ng iba.

Banal na Kasulatan

Hilingin sa mga miyembro ng klase na tingnan ang Doktrina at mga Tipan 88:122-23, 25. Ipaliwanag na ang tatlong sangkap na inyong isinulat sa pisara ay itinuro sa mga talata ng banal na kasulatang ito. Ipabasa nang malakas sa mga miyembro ng klase ang talata. Habang nagbabasa, ipatukoy sa kanila ang mga kautusang mula sa Panginoon na maaaring makatulong sa atin na mapanatili ang tatlong sangkap na ito sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.

Bigyang-diin na kapag ang tao ay sama-samang nagtipon upang pag-aralan ang ebanghelyo, bawat tao ay may kapaki-pakinabang na maibabahagi. Bawat isa ay maaaring udyukan ng Espiritu na magbahagi ng mga kaalaman at karanasan na maaaring makapagbigay-sigla sa iba. Lahat ng dumalo ay dapat na makinig sa isa't isa upang "ang lahat ay mapasigla ng lahat. (Doktrina at mga Tipan 88:122).

**Magtutulungan ang mga guro at mag-aaral sa tungkulin na lumikha ng isang kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral nga ng ebanghelyo**

Paglalahad ng Guro at Banal na Kasulatan

Ituro na ang unang limang aralin sa kursong ito ay kinabibilangan ng mga talakayan tungkol sa mga tungkulin ng guro. Isang aralin ng aralin 5 ay kinabibilangan din ng talakayan tungkol sa tungkulin ng bawat isa na matutuhan ang ebanghelyo para sa kanilang sarili. Ang aralin ngayon ay nakatuon sa tungkulin na maaaring pagtulungan kapwa ng mga guro at mag-aaral: ang tungkulin na lumikha ng kaaya-ayang kapaligiran na kung saan maaari tayong sama-samang magtagumpay na matutuhan ang ebanghelyo. Upang matupad ang tungkuling ito, ang mga guro at mag-aaral ay dapat na tulungan ang isa't isa at magkaisa sa layunin.

Ipaliwanag na si Alma ay nangusap sa pagkakaisang ito nang magturo siya sa mga tao na nabinyagan sa mga tubig ni Mormon. Ipabasa sa miyembro ng klase ang Mosias 18:18-22.

Kuwento

Ibahagi ang mga sumusunod na kuwento, na isinalaysay ng isang babae na may pagmamalasakit tungkol sa klase ng Panlinggong Paaralan na kanyang dinaluhan. Hilingin sa mga mag-aaral at guro sa kuwento ay sama-samang gumagawa upang makatulong sa paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.

"Sa aming bagong purok natuklasan ko at ng aking asawa na ang klase sa Doktrina ng Ebanghelyo ay hindi ganoong mabisa. habang ang guro ay nagsasalita, karamihan sa mga miyembro ng klase ay nagbabasa ng kanilang mga banal na kasulatan; ang iba naman ay mga nakayuko. Masasabi ko na ito ay nakagugulo sa guro. Minsan siya ay nagtanong, 'May nakikinig ba sa inyo?'

"Nalaman namin na mas maraming tao sa purok ang dumadalo sa klase ng Mga Alituntunin ng Ebanghelyo kaysa sa Doktrina ng Ebanghelyo. Narinig namin na ang guro sa klase ay napakahusay. Dumalo kami sa klase at nalaman namin na ito ay masigla, puno ng kaalaman at sulit. Subalit habang naglalakad pauwi galing sa Simbahan, ipinagtapat namin sa isa't isa na kapwa namin nararamdaman na mali ang aming ginagawa. Kailangan naming suportahan ang aming obispo sa pamamagitan ng pagturo sa guro na kanyang tinawag upang magturo sa atin. Kaya nagsimula kaming mag-usap tungkol sa kung ano ang aming magagawa upang pagyamanin ang klase sa Doktrina ng Ebanghelyo. Nalaman namin na iniatang namin ang lahat ng tungkulin sa guro para sa isang magandang karanasan sa klase, na para bang hinahamon namin siya na kunin ang aming pansin at panatilihin ang aming pagkawili.

Nanalangin kami para gabayan sa buong linggo at noong Linggo ay nagtungo sa klase ng Doktrina ng Ebanghelyo na may ibang espiritu. Sa loob ng ilang minuto sa aralin, ang aking asawa ay nagtanong, at inanyayahan ng guro ang ibang miyembro ng klase na magbigay ng mga kasagutan. Isang magandang talakayan ang sumunod, na kung saan maraming miyembro ng klase ang nakibahagi. Sa dakong huli ng aralin, may sinabi ang guro na hindi naging malinaw sa akin, kaya't hiniling ko sa kanya na tulungan ako na maunawaan ito. Tumugon siya sa pamamagitan ng pagturo sa banal na kasulatan na hindi ko napansin noong una. Pagkatapos isang kapatid na babae sa simbahan ang nagkuwento na nagpatibay sa kanyang itinuro, at isa pang miyembro ng klase ang nagbigay ng isa pang banal na kasulatan. Naramdaman namin ang impluwensiya ng Espiritu sa silid-aralan na iyon. Ang guro ay mas panatag. Nakita ko na nagkaroon siya ng lakas at tiwala mula sa aming simpleng pagpapakita ng pagkawili at pakikilahok. Ang aralin ay nagtapos na kalakip ang panalangin ng pasasalamat at isang malakas na 'amen' mula sa klase.

"Simula nang araw na iyon karamihan sa mga miyembro ng klase ay nagkaroon ng matinding pagkawili sa pakikilahok. Ang aming guro ay naging masigasig dahil sa kanilang kasiglahan, at madalas siyang magpahayag ng pasasalamat para sa tulong na kanyang naramdaman. Ang Panlinggong Paaralan ay patuloy sa pagbuti."

Talakayan ng Grupo

Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng lapis at pangmarka at isang malaking piraso ng papel (o ilang maliit na piraso ng papel). Hilingin sa bawat pangkat na pumili ng isang tao na siyang magiging tagasulat. Pagkatapos magtalaga sa bawat grupo ng isa sa mga sumusunod na tanong:

1. Anu-anong bagay ang maaaring magawa ng mga guro at mag-aaral upang hikayatin ang lahat na makibahagi?

2. Anu-anong bagay ang maaaring magawa ng mga guro at mag-aaral upang mapahusay ang pakikipagkaibigan sa isa't isa?
3. Anu-anong bagay ang maaaring magawa ng mga guro at mag-aaral upang matulungan ang bawat isa na maging masigasig at makinig sa isa't isa?

Ipaalam sa mga pangkat na mayroon silang tatlong minuto upang talakayin ang kanilang mga katanungan. Habang ginagawa nila ito, dapat nilang isaalang-alang ang sarili nilang mga karanasan at ang kuwento na inyong ibinahagi sa kanila. Itatala ng tagasulat sa bawat pangkat ang mga ideya ng pangkat sa isang malaking piraso ng papel. Pagkatapos ilalahad niya ang talaan upang makita ng bawat isa.

Pagkalipas ng dalawa o tatlong minuto, hayaan silang ipakita ang kanilang talaan. Saglit na balikan ang mga ideya na nasa mga talaan. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na isulat ang mga ideyang ito sa kanilang mga kuwaderno.

Kung hindi naisama ng mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na mungkahi sa kanilang mga talaan, maaari ninyo itong banggitin sa kanila:

1. Anu-anong bagay ang maaaring magawa ng mga guro at mag-aaral upang hikayatin ang lahat na makibahagi?
   a. Dapat na ipamuhay ng mga guro at mag-aaral ang mga alituntunin na kanilang tinalakay.
   b. Kung maaari—gayon din sa mga klase sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, Samahang Damayan at Doktrina ng Ebanghelyo—nararapat na basahin ng mga mag-aaral ang materyal na pang-aralin bago magtungo sa klase.
   c. Dapat na nakahanda ang mga mag-aaral na makibahagi sa mga talakayan. Dapat silang magtaas ng mga kamay upang matulungan ang guro na malaman na sila ay handa nang magtanong o magbigay ng mga puna.
   d. Dapat na maging maingat ang bawat mag-aaral na hindi mapangibabawan ang mga talakayan.
   e. Dapat na masigasig ang mga mag-aaral na tapusin ang mga gawain.
2. Anu-anong bagay ang maaaring magawa ng mga guro at mag-aaral upang mapahusay ang pakikipagkaibigan sa isa't isa?
   a. Dapat na malaman ng mga guro at mag-aaral ang mga kakayahan at pangangailangan ng bawat isa.
   b. Dapat nilang tulungan ang isa't isa sa loob at labas ng klase.
   c. Kung naaangkop, dapat nilang ipahayag ang kanilang pagmamalasakit at pagmamahay para sa isa't isa.
3. Anu-anong bagay ang maaaring magawa ng mga guro at mag-aaral upang tulungan ang bawat isa na maging masigasig at makinig sa isa't isa?
   a. Dapat na makinig mabuti at magkaroon ng paggalang ang mga guro at mag-aaral sa isa't isa.
   b. Dapat na dumating sa tamang oras ang mga guro at mag-aaral.
   c. Dapat na matatiling maliksi at nakatuon sa aralin.
   d. Dapat na magtanong ang mag-aaral ng mga naaangkop na katanungan kapag hindi nila naunawaan kung ano ang itinuro.
   e. Kung maaari, dapat na naroon ang mga mag-aaral hanggang sa matapos ang aralin.

**Tinutulungan ng mga guro ang mga mag-aaral na maunawaan at magampanan ang kanilang tungkulin na lumikha ng isang kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.**

Mga kuwento at Talakayan

Sabihin na kayo ay magbabahagi ng dalawang kuwento. Hilingin sa mga miyembro ng klase na pag-aralan kung paano nakatulong sa iba ang mga guro sa mga kuwento upang mag-ambag sa isang kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral. Pagkatapos ibahagi ang sumusunod na kuwento na inilahad ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Isang araw ng taglamig, ako ay nagbalik-tanaw sa aking karanasan mula sa aking pagkabata. Ako ay labing-isang taong gulang lamang. Ang aming pangulo sa Primarya, na si Melissa, ay isang matandang babae na may maputing buhok at mapagmahal. Isang araw sa Primarya, hiniling ni Melissa sa akin na manatili sa likod at dumalaw na kasama niya. Nakaupo kami doon sa bakanteng upuan sa Simbahan. Inilagay niya ang kanyang kamay sa aking balikat at nagsimulang umiyak.

"Sa pagkabigla, tinanong ko kung bakit siya umiiyak.

"Sumagot siya, 'parang hindi ko na kayang hikayatin ang mga (batang lalaki) na magkaroon ng pagpipitagan sa pambungad na mga pagsasanay sa Primarya. Gusto mo ba akong tulungan, Tommy?

Nangako ako kay Melissa na tutulong. Nakakat'wa para sa akin pero hindi kay Melissa, na siyang nagpatigil sa anumang suliranin tungkol sa pagpipitagan sa Primarya. Nakita niya ang pinanggalingan ng suliranin—ako" (sa Conference Report, Okt. 1987, 82-83; o *Ensign*, Nob. 1987, 69).

- Sa kuwentong ito, ano ang ginawa ng pangulo ng Primarya na nakatulong upang lumikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral? (Tinulungan niya ang batang si Tommy Monson na maunawaan at magampanan ang kanyang tungkulin.)
- Pagkatapos na marinig ang kuwentong ito, mayroon pa ba kayong mga mungkahi na gustong idagdag sa mga talang inyong ginawa? (Maaari ninyong imungkahi sa mga miyembro ng klase na idagdag ang mga mungkahi sa talaan na nasa kanilang mga kuwaderno.)

Kuwento at Talakayan

Ipahiwatig na kayo ngayon ay magbabahagi ng kuwento tungkol sa isang guro sa Samahan ng mga Kabataang Babae:

"Sumama kayo sa silid-aralan ng 12 at 13 taong gulang na mga kabataang babae. Pakinggang mabuti kung paano natuklasan ng mga mag-aaral ang doktrina. Pansinin ang karanasan ng guro sa kanyang paghahanda para sa mga mag-aaral upang pag-ugnayin ang doktrina sa tunay nilang buhay. Damahin ang kasamang pagpapatotoo ng espiritu:

"Inilagay ng aming guro ang kanyang upuan malapit sa nakaupong limang babae. 'Mayroon tayong panauhin na naghihintay sa labas,' ang pasimula niya. Ito ay si Kapatid na Jonas. Pumayag siya na ipakita sa atin ang kanyang maliit na sanggol at sasabihin niya sa atin kung ano ang nararamdaman ng isang bagong ina. Habang pinagmamasdan ninyo ang bagong silang na sanggol, tingnan din ninyo ang kanyang ina—kung paano niya pakitunguhan ang sanggol, ano ang kanyang ginagawa, ano ang kanyang sinasabi. Pag-uusapan natin ang kanyang pagdalaw pagkaalis niya.'

"Pumasok si Kapatid na Jonas, naglaan siya ng mga pito o walong minuto sa pagkukuwento tungkol sa kanyang sanggol at sa pagsagot sa mga katanungan. Pinasalamatan siya ng mga batang babae at siya ay lumabas na ng silid-aralan.

“ ‘Ang sanggol ay nakakaaliw, di ba?’ ang tugon ng aming guro sa nakatutuwang pag-ugong ng klase. ‘Ngunit ano ang napansin ninyo sa ina?’

“Ilang minutong katahimikan at pagkatapos ay ang pagtugon: ‘Siya ay masaya.’ Ang iba naman: ‘Paulit-ulit niya itong inuugoy sa buong panahon na hawak niya.’ May mga ilan pang mga sumagot, at pagkatapos si Katie ay dahan-dahang nagsimula, ‘Siya—ummm—marahan siya kung magsalita.’

“ ‘Mayroon pa ba kayong masasabi tungkol dito?’ ang pagsamo ng guro.

“ ‘Ang kanyang tinig ay nagpapaalaala sa akin sa tinig ng aking ina nang tumawag siya mula sa ospital upang sabihin sa amin na may bago kaming kapatid na babae noong isang taon.’

“Ang guro ay lumingon sa iba pang babae: ‘Ano sa palagay ninyo? Mayroon ba sa inyo na nakapuna sa kanyang tinig?’

“Ang mga batang babae ay nag-iisip na mabuti at nagsimula na sa pagsasagot na kasama ang mga salitang katulad nang ‘pagpipitagan, ‘langit,’ ‘pagmamahal.’

“Ang guro: ‘Sa palagay ko naunawaan ko. Naniniwala ako na ang mga salitang yaon ay galing sa ating isipan dahil tinanggap natin ang dakilang handog mula sa ating Ama sa Langit. Mahal niya tayo at labis na pinagkakatiwalaan na handa Niyang ibahagi sa atin ang kanyang kapangyarihan sa pagtitiwalang ito. Ang pagiging ina ay isang banal na tungkulin.’

“Pagkatapos ng Maliwanag na paglalahad ng doktrina at patotoo, ang aming guro ay nagtungo na sa gawain kung saan kikilalanin ng mga kabataang babae ang mga katangiang ipinakita ng kanilang sariling ina upang maipakita ang pagkaunawa sa kabanalan ng pagiging ina. Ang bawat isa ay maaaring maghanda na sa pagiging ina ngayon pa lang sa pamamagitan ng pagsasanay sa isa sa mga kabutihang ito—maaaring maging mas matiyaga, mabait, o mas positibo sa linggong ito?

“Ang bawat kabataang babae ay nagsalita tungkol sa kanilang pagpili. Ang aming guro ay nagbigay ng personal na patotoo. Ang pangwakas na panalangin ay ibinigay” (Virginia H. Pearce, sa Conference Report, Okt. 1996, 14-15; o *Ensign*, Nob. 1996, 13).

- Sa kuwentong ito, ano ang ginawa ng guro upang makatulong sa paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral? (Maaaring isama sa mga sagot na inanyayahan niya ang panauhin sa magbahagi ng isang personal na karanasan, humingi ng maliwanag na pagkaunawa sa mga katanungan, makinig mabuti, sumagot sa mga puna ng mga miyembro ng klase na may kasunod na mga katanungan, itinuro ang doktrina, at tinulungan ang mga kabataang babae na ipamuhay ang doktrina.) Ano ang dapat gawin ng mga miyembro ng klase? (Maaaring isama sa mga sagot na sila ay nakinig at nakilahok na mabuti).
- Paano maaaring makatulong ang kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral sa silid-aralang ito upang mahadlangan ang mga darating na kaguluhan?
- Pagkatapos na marinig ang kuwentong ito, mayroon pa ba kayong mga mungkahi na gustong idagdag sa talaang inyong ginawa? (Maaari ninyong imungkahi sa mga miyembro ng klase na idagdag ang mga mungkahing ito sa mga tala sa kanilang kuwaderno.)

**Kapag tinutulungan natin ang mga mag-aaral na maging abala sa paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, tinuturuan natin sila na maging mga tagasunod ni Jesucristo.**

Paglalahad ng Guro

Ituro na ang mga kuwento na inyong ibinahagi ay nagpapakita ng mga paraan kung saan kapwa mahahadlangan ang mga suliranin at malulutas ang mga ito. Hilingin sa mga miyembro ng klase na ilipat ang aklat sa bahagi na may pamagat na "Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral," simula sa pahina 94. Ituro na ang mga pahina 95–105 ay tumatalakay sa paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral at paghadlang ng mga kaguluhan at ang mga pahina 107–8 ay nagbibigay ng tiyak na mga mungkahi kung paano haharapin ang mga darating na kaguluhan. Ipaliwanag na kahit na hangarin na hadlangan ang mga suliranin o lutasin ang mga ito, ang ating layunin ay dapat na gayon pa rin: ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo at tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan at isakatuparan ang kanilang responsibilidad na kanilang ibinahagi upang lumikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.

Ang layuning ito ang susi ng disiplina sa silid-aralan. Huwag nasa sa isipan ang layuning ito, hindi lang natin itinutuwid ang asal o pinananatili ang katahimikan sa silid-aralan. Sa halip, tinuturuan natin ang mga ito na maging mga tagasunod ni Jesucristo.

Kung minsan iniisip ng mga guro na sila ay bigo kung hindi nila kaagad makita ang paraan upang makalikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral ng ebanghelyo. Gayon pa man, ang ganitong kaaya-ayang kapaligiran ay bihirang malikha kaagad. Ang tao ay dahan-dahang umuunlad—taludtud sa taludtud at tuntunin sa tuntunin (tingnan sa 2 Nephi 28:30). Ang patuloy na pagsisikap ay kailangan. Ang susi ay ang paggawa nang matapat, masigasig, at matiyaga, palaging ginagabayan sa pamamagitan ng mga totoong alituntunin.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo sa udyok ng Espiritu.

Takdang-aralin at gawain:

Ipaalam sa miyembro ng klase na ang aralin sa susunod na linggo ay nakatuon sa mga bagay na maaaring gawin ng mga guro upang mahadlangan ang kaguluhan at malutas ang mga suliranin sa disiplina. Hilingin sa kanila na mag-isip ng mga sitwasyon na maaaring makagulo sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral at mag-isip ng tiyak na kasagutan. Ang kasagutan ay dapat na maging tiyak at praktikal. Maaari nilang isulat pareho ang sitwasyon at kasagutan sa kanilang mga kuwaderno, at dapat na maghanda sa susunod na klase na pag-usapan ang kanilang isinulat sa loob ng dalawa o tatlong minuto.

Sa pagsasaalang-alang ng mga posibleng kasagutan, dapat na pag-aralan ng mga miyembro ng klase ang bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral" mga pahina 94–111.

Aralin
7

# Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral
## Bahagi 2

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang mga alituntuning natutuhan nila sa aralin 6.

**Paalala sa Guro**

Sa katapusan ng Aralin 6, hiniling ninyo sa mga miyembro ng klase na maghanda upang magsalita tungkol sa mga paraan upang mahadlangan ang mga paggambala at malutas ang mga problema sa disiplina (tingnan sa pahina 281). Dahil hinahangad ng mga guro na matuto ng mga praktikal, tiyak na paraan upang harapin ang mga problema, dapat ninyong planuhin ang araling ito nang sa gayon ay magugugol ninyo ang halos buong oras ng klase sa gawaing ito ng pagsasagawa.

Habang pinamumunuan ninyo ang mga talakayan sa araling ito, tulungan ang mga miyembro ng klase na higit na magkaroon ng tiwala sa kanilang kakayahan na makalikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Doktrina at mga Tipan 12:8. Hangaring isagawa ito sa layunin ng aralin.
2. Maghandang magsalita hinggil sa paano hahadlangan o lulutasin ang isang partikular na paggambala o problema sa disiplina. Tiyakin na ang inyong solusyon ay praktikal.
3. Tiyakin na ang mga miyembro sa klase ay handa ring magsalita tungkol sa kung paano hahadlangan ang mga paggambala at lulutasin ang mga suliranin sa disiplina (tingnan sa takdang-aralin at gawain sa pahina 281). Paalalahanan sila na gawing tiyak at praktikal ang kanilang mga solusyon.
4. Ipagpatuloy ang pag-aaral ng bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral" (mga pahina 94–111).

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

**Ang ating tagumpay sa pag-iimpluwensiya sa iba ay nababatay sa ating pagpapakumbaba at pagmamahal.**

Paglalahad ng Guro at Talakayan sa Banal na Kasulatan

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na sa aralin 2 tinalakay nila ang kahalagahan ng pagmamahal sa ating mga tinuturuan. Ang alituntuning ito ay dapat na sumasaklaw sa lahat ng ating ginagawa habang sinisikap natin na lumikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, lalung-lalo kapag gumagawa tayo kasama ang bawat isa sa mga miyembro ng klase.

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 12:8.

- Bakit ang pagpapakumbaba at pagmamahal ay mahalaga sa pag-impluwensiya sa iba para ito mapabuti?

Imungkahi na dahil ang mga miymebro ng klase ay nagsalita tungkol sa kung paano hahadlangan ang mga paggambala at lulutasin ang mga suliranin sa disiplina, dapat nilang isaisip ang kahalagahan ng alituntuning ito.

Siping-banggit

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter:

"Ang pangunahing paraan ng pagkilos ng Diyos ay sa pamamagitan ng paghihikayat at pagtitiyaga at mahabang pagtitiis, hindi sa pamamagitan ng pamimilit at matapang na pakikiharap. Siya ay kumikilos sa pamamagitan ng magiliw na pag-aalala at ng kalugod-lugod na paghihikayat. Siya ay palaging kumikilos nang may paggalang para sa kalayaan na ating tinataglay. Gusto Niya tayong tulungan at nakikiusap na bigyan ng pagkakataon upang matulungan tayo, subalit hindi niya gagawin ang gayon na labag sa ating kalayaan sa pagpili. Mahal na mahal Niya tayo upang gawin ang yaon" (sa Conference Report, Okt. 1989, 21; o *Ensign,* Nob. 1989, 18).

**Matutulungan natin ang iba na makaunawa at maisakatuparan ang kanilang tungkulin na mag-ambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.**

Paglalahad ng Guro

Tukuyin ang takdang-gawain na ibinigay ninyo sa mga miyembro ng klase noong nakaraang linggo. Ipaalam sa mga miyembro ng klase na isinagawa rin ninyo ang takdang-gawaing iyon. Pagkatapos ibahagi ang suliranin na inyong isinaalang-alang at ang inyong solusyon dito. Ituro kung alin sa tatlong elemento ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral ang mapalalakas ng inyong solusyon (para sa pagbabalik-aral ng mga elementong ito, tingnan sa pahina 276). Matapos ninyong ibahagi ang inyong solusyon, itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang mabisa sa solusyong ito?
- Anu-anong pag-iingat ang gagawin sa paggamit ng solusyong ito?
- Anu-ano pa ang ibang posibleng solusyon ang maaari ninyong maisip?

Paglalahad ng mga Miyembro ng Klase

Halinhinang pasalitain ang mga miyembro ng klase tungkol sa mga problemang kanilang isinaalang-alang at ang kanilang mga mungkahi kung paano lulutasin ang mga suliranin. Tiyakin na bawat miyembro ng klase ay may pagkakataon na magbahagi. Kung may oras pa, sundan ang bawat paglalahad ng tatlong katanungan sa itaas.

Paglalahad ng Guro

Ipaliwanag na sa paghadlang sa mga paggambala at paglutas sa mga suliranin sa disiplina, madalas na kinakailangang gumawa kasama ang mga miyembro ng klase nang isa-isa. Gayunpaman, matuturuan din ang mga miyembro ng klase ng kanilang mga responsibilidad habang sila'y nagtitipong magkakasama. Ang isang magandang paraan upang gawin ito ay magsimula sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ating mga nadarama hinggil sa ating mga tungkulin at sa ating mga pananagutan bilang mga guro. Pagkatapos maaari nating balangkasin ang mga pananagutan ng mga miyembro ng klase, na itinuturo ang tungkol sa tatlong elemento ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral na tinalakay sa aralin noong nakaraan linggo (tingnan sa pahina 276). Sa huli, mabibigyan-diin natin na kailangan natin ang kanilang tulong sapagkat magiging matagumpay lamang ang isang klase kapag ang guro at ang mga mag-aaral ay gumagawang magkakasama. (Para sa isang halimbawa sa gayong paglalahad, tingnan ang kuwento sa pahina 98 ng aklat na ito. Maaari ninyong basahin ang kuwentong ito sa mga miyembro ng klase).

**Dapat tayong humanap ng mga paraan upang mabawasan ang mga paggambala.**

Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng Aralin

Hilingin sa isang miyembro ng klase na tumayo sa harapan ng klase. Ipaunat sa miyembro ng klase ang kanyang mga braso, at maglagay ng isang mabigat na aklat o bagay sa bawat kamay. Hilingin sa kanya na turuan ang iba pang miyembro ng klase tungkol sa Unang Pangitain habang patuloy na nakalagay ang mga bagay sa posisyong ito. Kapag nagsisimula nang bumagsak ang kanyang kamay, ipaalala sa kanya na itaas ito. Matapos ang mga 30 segundo, ipababa na sa miyembro ang mga bagay at bumalik sa kanyang upuan.

Ituro na habang sinisikap ng taong ito na magturo, ang mga miyembro ng klase ay hindi ganap na nakatuon sa kanyang sinasabi. Sa halip, ang kanilang pansin ay natuon sa pagsisikap na hawakan ang mga aklat.

Paglalahad ng Guro

Bigyan-diin na bilang karagdagan sa mga problema na ating natalakay, ang pisikal na kaayusan ay maaari ring makagambala sa pagtuturo at pag-aaral. Kapag pumasok ang mga miyembro ng klase sa isang silid-aralan o iba pang lugar sa pagtuturo na hindi maayos o hindi komportable, malamang na hindi sila gaanong magbigay ng buong pansin sa mensahe ng aralin.

Ang maingat na pagpaplano ng pisikal na kaayusan ay makatutulong na makabawas sa mga paggambala. Halimbawa, dapat nating ayusin ang mga upuan nang sa gayon ang mga mag-aaral ay makikita tayo, ang pisara, at ang isa't isa. Ang gayong kaayusan sa silid-aralan ay nakadaragdag sa kakayahan ng guro na magturo at sa kakayahan ng mga mag-aaral na makilahok at matuto. Ang pamamahala sa temperatura ng silid, kung saan maaari, ay makakatulong sa bawat isa na maging komportable. Ang mga karagdagang mungkahi para sa paghahanda ng pisikal na kaayusan ay matatagpuan sa "Paghahanda ng Silid-aralan," pahina 95 sa aklat na ito.

**Mahahadlangan natin at malulutas ang mga suliranin sa disiplina sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pangunahing alituntunin ng pagtuturo ng ebanghelyo.**

Paglalahad ng Guro

Bigyan-diin na kapag lumilikha at nagpapanatili tayo ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, tumutulong tayo na hadlangan ang mga paggambala at lutasin ang mga suliranin sa disiplina. Ang pinakamahalagang bagay na magagawa natin upang maisakatuparan ito ay ang isagawa ang mga alituntunin sa pagtuturo ng ebanghelyo na itinuro sa kursong ito. Ang mga alituntuning ito ay:

1. Mahalin ang inyong mga tinuturuan.
2. Magturo sa pamamagitan ng Espiritu.
3. Ituro ang doktrina.
4. Mag-anyaya ng masigasig na pag-aaral.
5. Ihanda ang lahat ng kinakailangang bagay.
6. Gumamit ng mabibisang pamamaraan.

Bilang mga guro, dapat nating palaging sinusuri ang ating mga sarili at ang ating pagtuturo upang makatiyak na isinasagawa natin ang bawat isa sa mga alituntuning ito.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo sa udyok ng Espiritu.

Mga Takdang-aralin at Gawain

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Ipagpatuloy ang pag-aaral ng bahagi ng aklat na ito na pimagatang "Lumikha ng Kaaya-ayang Kapaligiran sa Pag-aaral" (mga pahina 94–111). Isaalang-alang ang kanilang sariling pagtuturo, tukuyin ang mga bagay na magagawa nila upang tumulong sa paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral.
2. Balik-aralan ang listahan sa pahina 271 tungkol sa kung paano mag-anyaya ng masigasig na pag-aaral. Pumili ng isang aytem sa listahan, at isagawa ito sa kung nalalapit na pagkakataon sa pagtuturo. Isulat ang karanasan nila tungkol dito sa kanilang mga kuwaderno.

# Gumamit ng Mabibisang Pamamaraan
## Bahagi 1

Aralin
**8**

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na pumili ng mga pamamaraan sa pagtuturo at gamitin ang mga pamamaraang iyon nang mabisa.

**Paalala sa Guro**

Ang husay sa pagtuturo ng ebanghelyo at pag-aaral ay mapabubuti kapag ang mga pamamaraan ay pinipili nang mabuti at ginagamit nang mabisa. Dapat na piliin ng guro ang mga pamamaraan na (1) makatutulong sa kanilang tinuturuan na magkaroon ng isang maliwanag at hindi makalilimutang pag-unawa ng mga doktrina ng ebanghelyo at alituntunin at (2) angkop para sa nilalaman ng aralin at saklaw-na-gulang ng inyong mga tinuturuan.

Sa araling ito at sa aralin 9, matututuhan ng mga miyembro ng klase ang tungkol sa pangunahing pamamaraan sa pagtuturo: paggamit ng bagay na ginagamit sa pagtuturo ng mga aralin, paghahambing, paggamit ng pisara, pagbabahagi ng kuwento, pagtatanong, at pamumuno sa mga talakayan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan ang bahagi ng aklat na ito na may pamagat "Gumamit ng Mabibisang Paraan" (mga pahina 111–23). Pag-aralan din ang bahagi F, "Mga Pamamaraan sa Pagtuturo" (mga pahina 210–42).
2. Magdala sa klase ng isang tasa na malinis sa labas at loob at isang tasa na malinis sa labas ngunit marumi sa loob.
3. Maghanda ng pagtatanghal kung saan gagamitin ninyo ang pisara upang ituro ang alituntunin ng ebanghelyo. Maaari rin ninyong gamitin ang isa sa mga halimbawa sa pahina 215, o maaaring gumawa kayo ng sarili ninyo.

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

**Kailangang gamitin natin ang mga pamamaraan sa pagtuturo na makatutulong sa mga tao na maunawaan, maalaala at maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.**

Kuwento

Ibahagi ang sumusunod na kuwento. Ipaliwanag na ito ay isang karanasan na nangyayari kay Pangulong Boyd K. Packer at sa kanyang asawa noong sila ay naglilingkod pa bilang pangulo ng misyon.

"Nagtakda kami ng mga komperensiya sa sona. Si Kapatid na Packer ay nagluto ng tatlong patong na keyk na ginayakan ng maganda—makapal, makulay na mga patong ng frosting, inayos ng maganda at may nakaukit na 'Ang Ebanghelyo' sa ibabaw nito. Nang tipunin ang mga misyonero, na may kaunting seremonya dinala namin ang keyk sa loob. Isang bagay na dapat tingnan!

"Binigyan-diin namin na kinakatawan ng keyk ang ebanghelyo, tinanong namin, 'Sino ang gustong tumikim?' Palaging mayroon gutom na Elder na sabik na sabik na nagboluntaryo. Tinawag namin siya at sinabing, 'Uunahin ka naming pagsilbihan! Pagkatapos ay nilubog ko ang aking mga daliri sa ibabaw ng keyk at kumuha ng malaking piraso. Pagkatapos na kunin ito, dahan-dahan kong kinuyom ang aking

kamao para ang 'frosting' ay tumagos sa aking mga daliri, at pagkatapos habang ang Elder ay nakaupo na halos hindi makapaniwala, tinapon ko ang piraso ng keyk sa elder, tumilamsik ang ilang mga frosting sa kanyang kasuutan. 'Sino pa ang gustong tumikim?' Ang tanong ko. Sa hindi malamang dahilan, walang kumuha.

"Pagkatapos inilabas namin ang isang kristal na plato, isang pilak na tinidor, isang linong serbilyeta at magandang pilak na kutsilyo. Nang may malaking paggalang buong ingat kong hinati ang isang hiwa ng keyk sa kabilang bahagi, dahan-dahang inayos ito sa kristal na plato at nagtanong, 'May gusto pa ba ng keyk?'

"Ang aral ay malinaw. Isang keyk sa parehong kalagayan, pareho ng lasa, parehong pagkain. Ang paraan ng pagsisilbi, maging ito ay mapanghalina, maging mapanghikayat, o di-kahalina-halina, maging kasuklam-suklam. Pinaaalala namin sa misyonero na ang keyk ay kumakatawan sa ebanghelyo. Paano nila ihahain ito?

"Pagkatapos ng pagtatanghal hindi kami nahirapan—sa katotohanan, nagkaroon ng malaking kasiglahan—para sa pagsisikap na mapahusay ang pagtuturo ng mga pagtalakay. Pagkalipas ng ilang buwan, inisip ko na ang mga misyonero ay maaaring mapaalalahanan ng aral, kaya nagpalabas ako ng isang bulitin iginuhit na larawan ng keyk.

"Nang nagkaroon ulit kami ng pagtitipon ng mga misyonero, sinabi kong, 'Natanggap ninyo ang bulitin kailan lang di ba?'

" 'Sa katunayan, Opo.' "

" 'At ano ang sinasabi nito?'

"Walang pagbabagong sinabi ang mga misyonero, 'Nagpapaalaala ito sa amin na hasain pa ang aming paglalahad ng aming mga aralin at mag-aral pa nang mabuti, na maingat na pag-aralan ang mga aralin, at pagkatapos tulungan ang bawat isa sa aming pamamaraan sa pagtuturo sa mga ito.'

"'Nakita ninyo ang lahat ng mga ito mula sa larawan?'

"'Opo, iyon ang isang aralin na hindi namin madaling makakalimutan!'"

Kailangan ko, oo, na idagdag na maligaya ako na kinakailangan kong bayaran ang gastos sa paglilinis ng damit ni elder. (*Teach Ye Diligently,* binagong edisyon [1991], mga pahina 270–71).

*Paalala:* Kung mayroon kayong hangarin na gayahin ang bagay na ginamit sa pagtuturo ng aralin ni Pangulong Packer. Maaaring isaalang-alang ang pagsisilbi ng keyk sa pamamagitan ng pagdakot ng isang piraso nito ng inyong kamay at pigain ito sa plato, kaysa ibato ito sa miyembro ng klase.

Talakayan

- Ano ang ating natutuhan sa kuwentong ito tungkol sa kung paano natin dapat ilahad ang ebanghelyo?
- Anu-anong mga patunay na mabisa ang aralin na ibinigay ni Pangulong Packer?

Bigyan-diin na ang mga misyonero sa misyon ni Pangulong Packer ay *naunawaan* ang *aralin, naalaala* ito, at *ipinamuhay* ito. Hindi sapat na tulungan ang ating tinuturuan na maunawaan lamang ang alituntunin ng ebanghelyo. Kailangan din natin silang tulungan na maalaala at ipamuhay ang mga ito.

Ipalipat sa mga miyembro ng klase ang aklat na ito sa pahina 210. Ipaliwanag na ang pahinang ito ay naglalaman ng mga pamamaraan na maaaring gamitin sa pagtuturo ng ebanghelyo. Ang aralin sa araw na ito at mga aralin sa susunod na linggo ay may mga kasamang pagtatanghal ng ilan sa mga pamamaraan sa listahan.

Bigyan-diin na dapat nating piliin ang mga pamamaraan na siyang nagpapasigla sa yaong ating tinuturuan at hindi lumilihis sa mga alituntunin na ating itinuturo.

**Paggamit ng bagay sa pagtuturo ng mga aralin.**

Pagtatanghal at Talakayan

Bigyan-diin na sa kuwentong inyong ibinahagi, gumamit si Pangulong Packer ng isang bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin upang paalalahanan ang mga misyonero na magturo nang mabisa. Maaari tayong gumamit ng mga bagay na ginagamit sa pagtuturo ng mga aralin upang ituro ang iba't ibang alituntunin ng ebanghelyo.

Ipakita ang dalawang tasa—ang isa na malinis sa labas at loob at isa na malinis sa labas ngunit marumi sa loob. Pagkatapos itanong ang sumusunod na tanong:

- Alin dito sa dalawang tasa ang gusto ninyong inuman?

Ipaliwanag na minsan si Jesucristo ay inihambing ang pulutong ng tao sa isang tasa na malinis sa labas ngunit marumi sa loob. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Mateo 23:25–26.

- Anong alituntunin ng ebanghelyo ang itinuturo ng bagay na ginamit sa pagtuturo ng aralin? (Hindi sapat na magmukhang *matwid* lamang; kailangan nating maging matwid at malinis sa ating mga puso.) Ano sa palagay ninyo ang pinakamabisa tungkol sa bagay na ginamit sa pagtuturo ng aralin?

Paglalahad ng Guro

Bigyan-diin na ang mga pahina 216–18 sa aklat na ito ay nagbibigay ng mga materyal na makakatulong sa mga guro na gumawa ng mabisang bagay na ginagamit sa pagtuturo ng mga aralin. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na lumipat sa pahina 217–18. Suriin ang mga mungkahi para sa pagbuo at paggamit ng bagay sa pagtuturo ng mga aralin. Pagkatapos magbahagi ng anumang karagdagang mungkahi na mayroon kayo sa paggamit ng bagay sa pagtuturo ng mga aralin.

**Gumawa ng mga paghahambing**

Mga Siping-banggit

Bigyan-diin na ang bagay na ginagamit sa pagtuturo ng mga aralin ay mabisa dahil nagsasalaysay ito ng mga alituntuning pang-espirituwal sa mga kilala, pisikal na bagay. Maaari rin nating magawa ito sa pamamagitan ng paggawa ng mga payak na paghahambing.

Ipabasa sa iba't ibang miyembro ng klase ang sumusunod na mga paghahambing (ang dagdag na mga paghahambing ay makikita sa mga pahina 216–18 ng aklat na ito):

Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Ang pananampalataya ay kagaya ng kalamnan ng aking braso. Kung gagamitin ko ito, kung aalagaan ko ito, ito ay lalaking malakas; makagagawa ito ng maraming bagay. Ngunit kung ilalagay ko ito sa saklay at walang gagawin dito, ito ay lalaking mahina at walang silbi" (sa *Church News,* ika-6 ng Hunyo 1998, 2).

Sinabi ni Elder Russell M. Nelson:

"Ang pandiwang *magpabakuna* . . . sa literal na kahulugan ay 'maglagay ng mata sa loob'—upang magbantay laban sa sakit.

"Ang kapansanan kagaya ng polio ay maaaring pumilay at sumira sa katawan. Ang kapansanan na kagaya ng kasalanan ay maaaring pumilay at sumira sa espiritu. Ang pangwawasak ng polio sa ngayon ay maaaring mapigil sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaligtasan sa sakit, ngunit ang pangwawasak ng kasalanan ay nanga-

ngailangan ng kakaibang pamamaraan ng pagpigil. Ang mga doktor ay hindi makapagbibigay ng kaligtasan laban sa pagkakasala. Ang espirituwal na proteksiyon ay darating lamang galing sa Panginoon at sa kanyang sariling pamamaraan. Pinili ni Jesus na huwag magpabakuna, ngunit magturo" (sa Conference Report, Abr. 1995, 41–42; o *Ensign,* Mayo 1995, 32).

Sinabi ni Elder Joseph B. Wirthlin:

"Ang higanteng puno ng oak . . . ay may malalim na sistema ng ugat na maaari pang humaba ng dalawa at isa't kalahating beses sa kanilang taas. Ang yaong mga puno ay bihirang matumba kahit anong lakas ng bagyo.

"Ang matatapat na miyembro ng Simbahan ay dapat na maging kagaya ng puno ng oak at dapat lumalim ang ugat sa masaganang lupa ng mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo" (sa Conference Report, Okt. 1994, 98; o *Ensign,* Nob. 1994, 75).

Talakayan sa Banal na Kasulatan

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang Mateo 13:44.

- Ano ang matutuhan natin sa ganitong paghahambing?

Paglalahad ng Guro

Bigyan-diin na ang paghahambing ay mabisa lamang kung tayo ay tumutukoy sa mga bagay na kilala nang yaong tinuturuan natin. Bigyan-diin na ang mga pahina 216–18 sa aklat na ito ay magbibigay ng materyal na makatutulong sa guro na makagawa ng mabisang paghahambing.

**Paggamit ng pisara**

Pagtatanghal

Ipaliwanag na ang pisara ay maaaring gamitin nang mabisa upang bigyan-diin ang pinakamahalagang ideya, ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase, at gawing payak ang magulong kuru-kuro. Sabihin sa mga miyembro ng klase na inyong ipakikita kung paano gumamit ng pisara. Pagkatapos gawin ang pagtatanghal na inyong inihanda (tingnan sa "Paghahanda," aytem 3).

Talakayan

Tanungin ang mga miyembro ng klase ng mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang inyong natutuhan sa mga pagtatanghal na ito? Paano nakatutulong sa inyo ang paggamit ng pisara na matutuhan ang mga ito?
- Sa pagtatanghal na ito, ano ang inyong natutuhan tungkol sa kung paano gamitin ang pisara bilang isang kagamitan sa pagtuturo?

Kung ang mga miyembro ng klase ay hindi binanggit ang mga sumusunod na mungkahi, sabihin ang mga ito.

1. Sumulat nang malinaw at malaki sapat upang makita ng lahat. Madalas higit na mabisa na sumulat ng iilang mahalagang salita kaysa sa mga buong pangungusap.
2. Magsalita habang nagsusulat. Ito ay makakatulong sa inyo upang mapanatili ang pansin ng mga mag-aaral.
3. Huwag magtagal sa pisara.
4. Magplano nang maaga. Magsanay gumuhit ng anumang hugis, mapa, o krokis na inyong planong gamitin.
5. Huwag humingi ng paumanhin para sa inyong sulat-kamay o pagkukulang ng masining na kakayahan.
6. Gumamit ng mga payak na hugis at anyo upang ilarawan ang kuwento o mga kuro-kuro.
7. Paminsan-minsan hayaan ang mga miyembro ng klase na sumulat sa pisara. Ito ay makakatulong na makaragdag sa pakikilahok.

Bigyan-diin na ang mga miyembro ng klase ay makakakita ng mga karagdagang mungkahi sa mga pahina 215–16 ng aklat na ito.

**Habang naghahanda tayo upang magturo, maaari tayong pumili ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo.**

Paglalahad ng Guro

Bigyan-diin na ang iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ay nakadadagdag at nakapagpapasigla ng pagtuturo at pag-aaral ng ebanghelyo. Subalit huwag tayong gumamit ng iba't ibang pamamaraan upang magkaroon lamang ng pagkakaiba-iba. Pumili tayo ng paraan na (1) makatutulong sa yaong ating tinuturuan na magkaroon ng maliwanag at di-malilimot na kaalaman sa mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo at (2) angkop para sa nilalaman ng aralin at saklaw-na-gulang ng ating mga tinuturuan.

Pagsasagawa

Hilingin sa isang miyembro ng klase na magbahagi ng isang tiyak na doktrina o alituntunin mula sa isang aralin na kanyang ituturo. Pagkatapos hayaan ang miyembro ng klase na ilipat sa pahina 210 at suriin ang talaan ng mga pamamaraan. Anyayahan sila na magmungkahi ng isang pamamaraan na maaaring magamit nang mabisa sa pagtuturo ng doktrina o alituntunin iyon. Habang ang mga miyembro ng klase ay nagmumungkahi ng mga partikular na pamamaraan, hilingin sa kanila na ipaliwanag kung bakit nila iminungkahi ang ganoong pamamaraan.

---

**Katapusan**

Siping-banggit

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na pangungusap ni Elder Boyd K. Packer:

"Kapag tayo ay nagturo ng moral at espirituwal na kahalagahan, tayo ay nagtuturo ng bagay na di nahahawakan. Marahil walang pagtuturo na mahirap gawin o may gantimpala kapag matagumpay na nagawa. Maraming kaparaanan at kasangkapan na magagamit. May mga bagay na magagawa ang mga guro upang maihanda ang sarili at ang kanilang mga aralin nang sa gayon ang mga mag-aaral . . . ay matuturuan, at ang kanilang patotoo ay maipararating sa isa't isa (*Teach Ye Diligently,* 62).

Bigyan-diin na ang mga pamamaraan ay mahalaga ngunit hindi ang mga ito ang dapat pagtuunan sa mga araling itinuturo natin. Ito ay mga kasangkapan upang tulungan ang ating mga tinuturuan na tumuon sa mga nakapagliligtas na doktrina ng ebanghleyo at ipamuhay ang mga ito.

Patotoo

Magpatotoo sa udyok ng Espiritu.

Mga Takdang-aralin at Gawain

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Isaalang-alang ang mga kaparaanan na maaari nilang gamitin upang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo nang higit na mabisa.
2. Isulat sa kanilang kuwaderno ang tungkol sa kanilang karanasan sa pagpili at paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo.
3. Pag-aralan ang bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Gumamit ng Mabibisang Pamamaraan" (mga pahina 112–23). Pag-aralan din ang bahagi F, "Mga Pamamaraan sa Pagtuturo" (mga pahina 210–42).

Aralin 9

# Gumamit ng Mabibisang Pamamaraan

## Bahagi 2

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na isagawa ang mga alituntuning natutuhan nila sa aralin 8.

**Paalala sa Guro**

Ang araling ito ay pagpapatuloy ng aralin 8. Sa paghahanda sa araling ito, mag-aanyaya kayo ng ilang miyembro ng klase upang magturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamamagitan ng paggamit ng mga sumusunod na pamamaraan: pagbabahagi ng mga kuwento, pagtatanong, at pamumuno sa mga talakayan (tingnan sa "Paghahanda," aytem 1, sa ibaba). Dapat ninyong tiyakin na ang karanasang ito ay magpapasigla sa kanila at na ito ay nakatutulong sa kanila na magkaroon ng tiwala sa kanilang kakayahan na gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo. Dapat kayong maging lalong sensitibo sa mga pangangailangan at damdamin ng mga miyembro ng klase na walang gaanong karanasan bilang mga guro.

**Paghahanda**

1. Kausapin ang tatlong miyembro ng klase nang maaga, na hinihiling sa bawat isa sa kanila na maghanda ng isa sa mga pagtatanghal na nakatala sa ibaba. Hikayatin sila na sumangguni sa mga banal na kasulatan at *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893) para sa tulong kung paano gamitin ang mga pamamaraang itinalaga sa kanila.

   Pagtatanghal 1: Magsalaysay ng isang totoong kuwento na magtuturo tungkol sa kapangyarihan ng personal na pagdarasal. Maging handa na magbahagi ng ilang kabatiran kung paano magagamit nang mabisa ang mga kuwento sa pagtuturo ng ebanghelyo.

   Pagtatanghal 2: Gumamit ng mga tanong upang ituro ang tungkol sa mga biyaya ng pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath. Maging handa na magbahagi ng ilang kabatiran kung paano magagamit nang mabisa ang mga tanong sa pagtuturo ng ebanghelyo.

   Pagtatanghal 3: Mamuno sa talakayan upang magturo tungkol sa kung bakit dapat na handa tayo na gumawa ng pagpapakasakit. Maging handa na magbahagi ng ilang kabatiran kung paano mamumuno sa mga talakayan nang mabisa sa pagtuturo ng ebanghelyo.

2. Kung kinakailangan, tulungan ang mga itinalagang miyembro ng klase na ihanda ang kanilang mga pagtatanghal.

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

Ipaalaala sa mga miyembro ng klase na sa nakaraang aralin nakita nila ang mga pagtatanghal tungkol sa paggamit ng bagay na ginagamit sa pagtuturo ng aralin, mga paghahambing, at paggamit ng pisara upang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ngayon makikita nila ang mga pagtatanghal kung saan ang mga itinalagang miyembro ng klase ay magtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbabahagi ng isang kuwento, pagtatanong, at pamumuno sa isang talakayan.

**Pagbabahagi ng mga kuwento**

Pagtatanghal at Talakayan

Anyayahan ang itinalagang miyembro ng klase na ilahad ang unang pagtatanghal (tingnan sa "Paghahanda," aytem 1). Pagkatapos ng pagtatanghal na ito, ipatalakay sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na tanong:

- Paano nakatulong sa inyo ang paggamit ng kuwentong ito na mas maunawaan ang kapangyarihan ng personal na panalangin?

Anyayahan ang itinalagang miyembro ng klase na magbahagi ng ilang kabatiran na natamo niya tungkol sa kung paano gamitin ang mga kuwento upang maituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Paglalahad ng Guro

Ipalipat sa talang "Mga Kuwento" sa mga miyembro ng klase sa mga pahina 236–38. Balik-aralan ang "Mga Gabay sa Paghahanda at Pagsasalaysay ng Kuwento," pahina 238.

**Pagtatanong**

Pagtatanghal at Talakayan

Anyayahan ang itinalagang miyembro ng klase na ilahad ang ikalawang pagtatanghal (tingnan sa "Paghahanda," aytem 1). Pagkatapos ng pagtatanghal na ito, ipalatakay sa miyembro ng klase ang sumusunod na tanong:

- Sa anu-anong paraan makatutulong sa inyo ang mga tanong sa pagtatanghal na ito na higit na maunawaan ang mga biyaya sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath?

Anyayahan ang itinalagang miyembro ng klase na magbahagi ng ilang kabatiran na kanyang natamo tungkol sa paano gamitin ang mga tanong upang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Paglalahad ng Guro

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang mga tanong na gagamitin natin bilang kasangkapan sa pagtuturo ay dapat na:

1. Nagpapasigla ng pag-iisip at talakayan. Upang malaman kung ano ang nalalaman, iniisip, o nadarama ng mga tao, magtanong ng mga katanungang nagsisimula sa *ano, saan, kailan, bakit, paano, o sa anong paraan*. Sa pangkalahatan, ang mga tanong na masasagot ng *oo* o *hindi* ay hindi mabisa maliban lamang kung ang mga ito ay patutungo sa iba pang tanong o puna.
2. Tulungan ang mga miyembro ng klase na makita kung paano ipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.
3. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga personal na kabatiran at karanasan na may kaugnayan sa mga itinurong alituntunin.

Bigyan-diin na hindi tayo dapat mag-alala kung ang mga tinuturuan natin ay tahimik nang ilang sandali matapos tayong magtanong. Maaari silang mangailangan ng oras na mag-isip ng isasagot.

Ipaliwanag na makahahanap ang mga miyembro ng klase ng mga karagdagang mungkahi sa "Pagtuturo sa Pamamagitan ng Pagtatanong," sa mga pahina 84–86 ng aklat na ito.

**Pamumuno sa mga Talakayan**

Pagtatanghal at Talakayan

Anyayahan ang itinalagang miyembro ng klase upang ilahad ang ikatlong pagtatanghal (tingnan sa "Paghahanda," aytem 1). Pagkatapos ng pagtatanghal na ito, ipatalakay sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na tanong:

- Paano makatutulong sa inyo ang talakayang ito na higit na maunawaan kung bakit dapat tayong handang gumawa ng pagpapakasakit?

Anyayahan ang itinalagang miyembro ng klase na magbahagi ng ilang kabatiran na natamo niya tungkol sa kung paano mamuno sa mga talakayan.

Paglalahad ng Guro

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na sa pamumuno sa mga talakayan, dapat nating:

1. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maging palagay sa pagbabahagi ng kanilang mga patotoo, kabatiran, karanasan, katanungan, at ideya.
2. Kilalanin ang mga naibahagi ng mga miyembro ng klase nang may pasasalamat at paggalang.
3. Maging sensitibo sa mga miyembro ng klase na atubili sa pakikilahok. Maaaring makatulong na kausapin sila nang sarilinan upang tiyakin ang kanilang nadarama hinggil sa pagbabasa nang malakas o pakikilahok sa klase. Makatutulong din na pahintulutan sila na maghanda para sa talakayan sa klase sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga banal na kasulatan na kanilang babasahin at pagbubulay-bulayin bago magklase.
4. Ipasagot sa iba pang miyembro ng klase ang mga puna at katanungan ng mga miyembro ng klase.

Ituro na makatatagpo ang mga miyembro ng klase ng mga karagdagang mungkahi sa "Pamumuno sa mga Talakayan," mga pahina 78–81 sa aklat na ito.

---

**Katapusan**

Buod

Ipahayag ang inyong pasasalamat sa mga pagtatanghal ng mga miyembro ng klase.

Ipaalaala sa mga miyembro ng klase na mahalaga ang pamamaraan subalit hindi ang mga ito ang dapat na pagtuunan sa mga araling itinuturo natin. Ang mga ito ay mga kasangkapan upang tulungan ang ating mga tinuturuan na tumuon sa mga nakapagliligtas na doktrina ng ebanghelyo at ipamuhay ang mga ito.

Bigyan-diin na ang ating kasiglahan sa pagtuturo ay lalaki habang patuloy nating hinahangad na pahusayin ang ating kakayahan na gumamit ng iba't ibang pamamaraan. Maaari tayong makadama ng ilang pagkatakot at pagkabalisa sa pagsubok natin ng mga bagong pamamaraan, subalit mapagtatagumpayan natin ang mga damdaming iyon.

Siping-banggit

Madalas banggitin ni Pangulong Heber J. Grant si Ralph Waldo Emerson, na nagsabing, "Ang yaong pinagsisikapan nating gawin ay nagiging madali para sa atin na gawin; hindi dahil sa ang kalikasan ng bagay na iyon ay nagbago, kundi ang ating kapangyarihang gumawa ay lumaki" (sa *Gospel Standards,* tinipon ni G. Homer Durham [1941], 335).

Patotoo

Magpatotoo sa udyok ng Espiritu.

Mga Takdang-aralin at Gawain

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Sumubok ng mga bagong pamamaraan upang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ipasulat sa kanilang mga kuwaderno ang kanilang mga karanasan tungkol dito.
2. Dumating sa klase sa susunod na linggo na handa na bumuo ng plano para sa aralin na ituturo nila sa madaling panahon. Ang araling ito ay maaaring bahagi ng gawain sa panggabing tahanan ng mag-anak, gawain sa simbahan, o iba pang pagkakataon upang magturo. Magdala ng mga materyal na pang-aralin, katulad ng mga banal na kasulatan at manwal ng aralin.

# Ihanda ang Lahat ng Kinakailangang Bagay

Aralin
10

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maghanda ng mabibisang aralin.

**Paalala sa Guro**

Dapat na tanungin ng mga guro ng ebanghelyo ang kanilang sarili ng tatlong katanungan habang inihahanda nila ang mga aralin:

1. Ano ang dapat mangyari sa mga buhay ng aking mga tinuturuan bilang resulta ng araling ito?
2. Alin-aling partikular na alituntunin ang dapat kong ituro?
3. Paano dapat ituro ang mga alituntuning ito?

Ang una sa mga katanungang ito ay tumutulong sa mga guro na ituon ang aralin sa mga pangangailangan ng inyong tinuturuan. Na iniisip ito, makapagpapasiya ang mga guro kung ano ang ituturo. Ito ay isang mahalagang desisyon, lalung-lalo na dahil ang mga aralin ay madalas naglalaman ng maraming materyal kaysa masasaklaw ng mga guro sa oras ng klase. Sa pagpapasiya kung paano magturo, dapat pumili ang mga guro ng mga pamamaraan na magpupuno sa materyal, mga ayon sa Espiritu, at mag-aanyaya ng masigasig na pag-aaral.

Habang itinuturo ninyo ang araling ito, tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano ihanda ang mga aralin nang mahusay at sa ilalim ng patnubay ng Espiritu. Alalahanin na ang inyong paghahanda para sa araling ito ay magsisilbing halimbawa sa mga miyembro ng klase habang naghahanda sila na magturo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan ang bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Ihanda ang Lahat ng Kinakailangang Bagay" (mga pahina 124–37).
2. Ipaalala sa mga miyembro ng klase na dumating na handa upang bumuo ng isang plano para sa aralin na kanilang ituturo sa madaling panahon. Hikayatin sila na magdala ng mga materyal na pang-aralin. (Ang takdang-araling ito ay ibinigay sa katapusan ng aralin 9.)
3. Magdala sa klase ng kopya ng bagong manwal ng aralin na inilathala ng Simbahan, katulad ng manwal sa Primarya o manwal sa Doktrina ng Ebanghelyo, kung saan ang mga aralin ay naglalaman ng layunin at mga iminungkahing pamamaraan sa pagtuturo.

4. Bago magklase, isulat ang sumusunod na tsart sa pisara:

| 1. Ano ang dapat mangyari sa mga buhay ng aking mga tinuturuan bilang resulta ng araling ito? | 2. Alin-aling partikular na alituntunin ang dapat kong ituro? | 3. Paano dapat ituro ang mga alituntuning ito? |
|---|---|---|
| | | |

---

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

**Mahalaga para sa atin ang personal na paghahanda upang maituro ang ebanghelyo.**

Siping-banggit

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang pahayag ni Elder Dallin H. Oaks sa pahina 124.

Pisara at Paglalahad ng Guro

Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa tsart na inyong isinulat sa pisara. Ipasipi sa mga miyembro ng klase ang tsart sa kanilang mga kuwaderno.

Ipaliwanag na ito ang tatlong katanungan na dapat nating itanong sa ating sarili habang inihahanda natin ang aralin.

Ipaliwanag na sa araling ito sasagutin ng mga miyembro ng klase ang mga katanungang ito na may kaugnayan sa mga materyal na pang-aralin na kanilang dinala.

**1. Pagpasyahan kung ano ang dapat mangyari sa mga buhay ng ating tinuturuan bilang resulta ng araling ito.**

Gawain sa Kuwaderno at Paglalahad ng Guro

Hilingin sa mga miyembro ng klase na sumangguni sa mga materyal na pang-aralin na dala-dala nila sa klase. Ipasulat sa kanila ang paksa ng kanilang aralin sa itaas ng tsart. Kung sila ay magtuturo mula sa bloke ng banal na kasulatan, ipasulat sa kanila ang kabanata at mga talata.

Ipaliwanag na dahil sa paksang nasa isipan, makapagpapasiya tayo kung paano dapat makaimpluwensiya ang aralin sa ating mga tinuturuan. Halimbawa, sa pagtuturo ng aralin tungkol sa ikapu, maaaring magpasiya ang guro sa Primarya na dapat maunawaan ng mga bata kung ano ang ikapu at bakit tayo nagbabayad ng ikapu. Sa pagtuturo ng aralin tungkol sa templo, maaaring magpasya ang mga magulang na dapat madama ng kanilang mga anak ang hangaring mamuhay nang karapat-dapat upang makasal sa templo. Sa pagtuturo ng isang aralin tungkol sa gabing pantahanan ng mag-anak, maaaring magpasya ang pangulo ng korum ng mga elder na dapat magbigay-inspirasyon ang aralin upang magkaroon ng makabuluhang gabing pantahanan ng mag-anak bawat linggo.

Ituro na marami sa mga manwal ng aralin na inilathala ng Simbahan ang kinapapalooban ng mga layunin sa aralin. Ipakita ang manwal ng aralin na dinala ninyo sa klase, at ipakita sa mga miyembro ng klase ang layunin ng isa sa mga aralin. Ipaliwanag na dapat nating gamitin ang mga layuning ito bilang mga gabay habang naghahanda tayo ng mga aralin.

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isaalang-alang ang pangangailangan ng mga taong kanilang tinuturuan. Pagkatapos tanungin sila ng sumusunod:

- Ano ang nadarama ninyong dapat mangyari sa mga buhay ng inyong mga tinuturuan bilang resulta ng aralin?

Ipaliwanag na ang sagot ng guro sa tanong na ito ay maaaring kabilangan ng kung ano ang dapat maunawaan, madama, hangarin o gawin ng mga tao bilang resulta ng araling ito. Pagkatapos ay bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na pagbulay-bulayin ang tanong. Ipasulat ang kanilang mga sagot sa tsart na nasa kanilang mga kuwaderno.

Talakayan

Pagkatapos ay magkaroon ng oras ang mga miyembro ng klase na isulat ang kanilang mga sagot, anyayahan ang ilan sa kanila na ibahagi ang kanilang mga katugunan at ang kanilang kadahilanan sa pagbibigay ng mga katugunang iyon.

Bigyan-diin na habang inihahanda natin ang aralin, dapat nating isaalang-alang ang mga pangangailangan ng ating mga tinuturuan. Ginabayan ng Espiritu, malalaman natin kung paano dapat makaimpluwensiya ang aralin sa ating mga tinuturuan. Ang kaalamang ito ay tutulong sa atin na magpasya kung ano ang ituturo at kung paano ito ituturo.

**2. Magpasya kung ano ang ituturo sa aralin.**

Paglalahad ng Guro

Bigyan-diin na madalas mayroon tayong mas maraming materyal kaysa kaya nating ituro sa oras na ibinigay sa atin. Ito ay totoo maging nagtuturo man tayo mula sa mga manwal na may mga nakahandang aralin o mula sa iba pang mapagkukunan, katulad ng mga artikulo sa Liahona o talumpati sa pangkalahatang komperensiya. Sa gayong kalagayan, dapat nating piliin nang may panalangin ang materyal na pinakamakatutulong sa ating mga tinuturuan.

Bigyan-diin na kapag itinuturo natin ang ebanghelyo, dapat tayong gumawa nang higit pa kaysa paglalahad lamang ng impormasyon. Ang pinakamahalaga ay hindi ang dami ng materyal na nasasaklaw kundi ang impluwensiya ng aralin sa ating mga tinuturuan.

Pisara at Talakayan

- Ano ang magagawa natin na tutulong sa atin na magpasya kung alin-aling partikular na punto ang ituturo? (Na hindi binubura ang tsart, isulat sa pisara ang mga katugunan ng mga miyembro ng klase. Pansinin na ang ilang mahahalagang punto ay nakatala sa ibaba. Banggitin ang mga ideyang ito kung hindi nabanggit ang mga ito ng mga miyembro ng klase.)

  a. Pag-aralan nang may panalangin ang nilalaman ng aralin.
  b. Gumawa ng listahan ng mahahalagang alituntunin na sumasaklaw sa aralin.
  c. Palaging alalahanin ang mga pangangailangan at pagkatao ng inyong mga tinuturuan.
  d. Sundin ang patnubay ng Espiritu.

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na magsimulang maghanda ng aralin isang linggo man lamang bago nila ituro ito. Ito ay magbibigay sa kanila ng panahon na pagbulay-bulayin at ipanalangin ang materyal, unawain ito, at bumuo ng mga kaaya-ayang paraan na mailahad ito.

Gawain sa Kuwaderno

Ipasangguni muli ang mga miyembro ng klase sa mga materyal na pang-aralin na dala-dala nila sa klase. Hikayatin sila na patuloy na isaalang-alang ang mga pangangailangan ng kanilang mga tinuturuan habang sinasagot nila ang sumusunod na tanong. Hikayatin din sila na isaalang-alang kung ano ang handang tanggapin ng mga taong kanilang tinuturuan.

- Sa araling ito, anu-ano ang pinakamahalagang ideya para sa mga taong inyong tinuturuan?

Bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na pagbulay-bulayin ang tanong na ito. Ipasulat ang kanilang mga sagot sa tsart na nasa kanilang mga kuwaderno sa ilalim ng "Alin-aling partikular na alituntunin ang dapat ituro?"

Talakayan

Pagkatapos na magkaroon ng oras ang mga miyembro ng klase na isulat ang kanilang mga sagot, anyayahan ang ilan sa kanila na ibahagi ang kanilang mga katugunan at ang kanilang mga kadahilanan sa pagbibigay ng mga katugunang iyon.

**3. Magpasya kung paano ituturo ang aralin.**

Talakayan

Ipaliwanag na matapos tayong magpasya kung ano ang ituturo, dapat tayong magpasya kung paano ito ituturo. Ito ay kinabibilangan ng pagpili ng mga pamamaraan na tutulong sa mga tao na maunawaan ang mga alituntuning itinuturo natin.

- Anu-ano ang ilang pamamaraan na magagamit natin upang ituro ang ebanghelyo? (Tulungan ang mga miyembro ng klase na maalaala ang mga pamamaraan na itinanghal sa mga aralin 8 at 9. Ipaalaala rin sa kanila ang listahan ng mga pamamaraan sa pahina 210 ng aklat na ito.)

Ipaalaala sa mga miyembro ng klase na dapat makapagpasigla sa ating tinuturuan ang mga pamamaraan sa pagtuturo, mag-anyaya ng masigasig na pag-aaral, at tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan at maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Gawain sa Kuwaderno

Ipatingin muli sa mga miyembro ng klase ang tsart sa kanilang mga kuwaderno. Hilingin sa kanila na isaalang-alang ang isang alituntuning kanilang isinulat sa ilalim ng "Alin-aling partikular na alituntunin ang dapat ituro?" Bigyan sila ng ilang minuto na mag-isip ng isang pamamaraan na maaari nilang magamit upang maituro ang alituntunin at isama ang pamamaraang iyon sa kanilang tsart.

Ipakita ang manwal ng aralin na dinala ninyo sa klase. Ituro na ang ilang manwal ng aralin ay kinabibilangan ng mga mungkahi kung paano ituro ang ilang alituntunin. Maaaring gamitin ng mga guro ang mungkahing ito, o maaari silang mag-isip ng sarili nilang ideya batay sa mga pangangailangan ng kanilang mga tinuturuan.

Matapos na magkaroon ng oras ang mga miyembro ng klase na sumulat sa kanilang mga kuwaderno, anyayahan ang ilan sa kanila na ibahagi ang kanilang ideya.

---

**Katapusan**

Siping-banggit

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong David O. Mckay:

"May tatlong bagay na dapat gumabay sa lahat ng guro: Una, matutuhan ang tungkol sa paksa . . . ; pangalawa, ipamuhay ang mga alituntuning natutuhan sa paksa; pangatlo, subukang akayin [ang inyong mga tinuturuan] na ipamuhay ang mga alituntunin—hindi ito ibinubuhos sa kanila, sa halip inaakay sila na makita ang nakita na ninyo, na malaman ang nalaman na ninyo, madama ang nadama na ninyo" (*Gospel Ideals,* [1953], 424).

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang mga alituntuning tinalakay sa araling ito. Tiyakin sa kanila na habang ginagawa nila ito nang may panala-

ngin, makapagpaplano sila ng mga aralin na tutulong sa iba na matutuhan ang mga doktrina ng ebanghelyo at ipamuhay ang mga ito.

Patotoo

Magpatotoo sa udyok ng Espiritu.

Mga Takdang Aralin at Gawain

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Tapusin ang paghahanda sa aralin na sinimulan nila sa klase. Isulat sa kanilang kuwaderno ang karanasan nila tungkol sa paghahanda at pagtuturo ng aralin.
2. Balik-aralan ang mga alituntuning itinuro sa araling ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Ihanda ang Lahat ng Kinakailangang Bagay" (mga pahina 124–37).
3. Maghanda para sa aralin sa susunod na linggo sa pamamagitan ng pag-aaral ng Mateo 7:1–5. Isaalang-alang kung may ginagawa silang anumang bagay upang makaragdag sa mga paghamong kinakaharap nila bilang mga guro. Isipin ang mga pagbabagong maaari nilang gawin. Habang ginagawa nila ito, dapat nilang bulay-bulayin ang payo ng Panginoon sa Eter 12:27, 37 tungkol sa mga biyaya na maaaring dumating kapag kinikilala natin nang may pagpapakumbaba ang ating mga kahinaan.

Aralin
11

# Paunlarin ang Inyong mga Talino

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano patuloy na huhusay bilang mga guro.

**Paalala sa Guro**

Habang naglalakbay si Enoc sa lupain, sa kanilang mga tao, nakarinig siya ng tinig mula sa langit na nag-uutos sa kanya na mangaral ng pagsisisi sa mga tao. “At nang marinig ni Enoc ang mga salitang ito, kanyang iniyukod ang sarili sa lupa, sa harapan ng Panginoon, nagsasabing: Bakit ako naging kalugod-lugod sa inyong paningin, at ako ay isang bata lamang, at kinamumuhian ako ng lahat ng tao, sapagkat mabagal ako sa pagsasalita; dahil dito, ako ba ay inyong tagapaglingkod?” (tingnan sa Moises 6:26–31).

“At sinabi ng Panginoon kay Enoc: Humayo at gawin mo gaya ng aking ipinag-utos sa iyo . . . Ibuka mo ang iyong bibig, at ito ay mapupuno, at akin kitang bibigyan ng sasabihin . . . Masdan, ang aking Espiritu ay nasa iyo, dahil dito ang lahat ng iyong salita ay pangangatwiranan ko; . . . at ikaw ay mananahan sa akin, at ako sa iyo, kaya nga lumakad kang kasama ko” (Moises 6:32, 34).

Humayo si Enoc gaya ng ipinag-utos sa kanya, at biniyayaan siya ng Panginoon ng kakayahan na magturo nang may kapangyarihan.

Maaaring nadama ng ilan sa mga miyembro ng klase ang parang gayundin kay Enoc nang matanggap niya ang kanyang tawag na mangaral—alam ang kanilang mga kahinaan at hindi nakatitiyak sa kanilang mga kakayahan. Ang araling ito ay nilayon upang tulungan sila na malaman kung paano sila maaaring humusay bilang mga guro. Ang aralin ay tumutuon sa tulong na makukuha katulad ng mga materyal na pang-kurikulum ng Simbahan, suporta ng mga pinuno, at mga pulong sa pagpapahusay ng guro. Gayunpaman, mahalaga na paalalahanan ninyo sila na ang Panginoon ang kanilang pinakadakilang mahihingian ng tulong. Habang nagpapakumbaba sila ng kanilang sarili at nananampalataya sa Panginoon, gagawin Niya ang “mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila” (Eter 12:27).

**Paghahanda**

1. Nang mas maaga, hilingin sa isang miyembro ng klase o sa isang pinuno sa purok na maghandang basahin ang pahayag ni Pangulong Brigham Young sa pahina 299. Hilingin din sa taong ito na maghanda na magsalaysay tungkol sa isang karanasan kung saan nakita niya ang katotohanan ng pahayag na ito.
2. Hilingin sa isang guro mula sa isa sa mga samahan ng pagkasaserdote o pantulong na samahan na pumunta sa klase at magsalita nang tatlo hanggang limang minuto hinggil sa kung paano nakatulong sa kanya ang pagsuporta ng isang pinuno.
3. Hilingin sa isang pinuno sa pagkasaserdote o pantulong na samahan na pumunta sa klase at magsalita nang tatlo hanggang limang minuto hinggil sa kung paano makasusuporta sa gawain ng mga guro ang mga pinuno. Hilingin sa taong ito na ibatay ang kanyang paglalahad sa impormasyon sa pahina 34 ng aklat na ito. Tiyakin na inihanda ng taong ito na talakayin ang kahalagahan ng pakikipag-

ugnayan ng mga guro sa mga pinuno upang magbahagi ng mga karanasan, talakayin ang mga pangangailangan ng bawat isa sa korum o klase, at humingi ng tulong at payo. (Maaaring makatulong na humiling sa isang pinunong naglilingkod sa guro na siyang magbibigay ng paglalahad na ibinalangkas sa itaas.)

4. Pag-aralan ang bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Paunlarin ang Inyong mga Talino" (mga pahina 26–35).
5. Balik-aralan ang impormasyon tungkol sa mga pulong sa pagpapahusay ng guro sa mga pahina sa *Pagpapahusay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo: Isang Gabay ng Pinuno.* Maghanda na magsalita nang tatlo hanggang limang minuto tungkol sa kung paano nakatutulong ang mga pulong sa pagpapahusay ng guro upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat guro. Bilang bahagi ng paglalahad na ito, sabihin sa mga miyembro ng klase kung kailan ang mga susunod na pulong sa pagpapahusay ng guro at sino ang dapat na dumalo sa mga pulong na ito. (Kung hindi kayo ang tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro, maaari ninyong hilingin sa tagapag-ugnay sa paghuhusay ng guro na gawin ang paglalahad na ito.)
6. Maghanda at magbahagi ng isa o dalawang bagay na inyong isasama sa tsart sa pahina 30.
7. Bago magklase, ilagay na ang ipakikitang bagong mapagkukunan sa pagtuturo na gawa ng Simbahan na makukuha sa inyong pook. Maghandang gumugol nang tatlo hanggang limang minuto sa paglalarawan ng mga materyal na ito. Kung makukuha ang mga materyal na nakatala sa pahina 137, isama sila sa ipakikita.

---

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

**Sa pagsisikap natin na maabot ang bawat taong ating tinuturuan, dapat tayong patuloy na magsumikap upang umunlad**

Pambungad

Ipabasa sa itinalagang miyembro ng klase o pinuno sa purok ang sumusunod na pahayag:

Sinabi ni Pangulong Brigham Young na ang Panginoon ay "nagbibigay nang kaunti sa kanyang mga mapagpakumbabang tagasunod ngayon, at kung sila ay uunlad dito, kinabukasan ay bibigyan niya sila ng kaunti pa, at sa sumunod na araw kaunti pa. Hindi Siya nagdaragdag sa yaon na hindi nila pinauunlad" (*Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe [1941], 90).

Hilingin sa itinalagang tao na magsalita hinggil sa isang karanasan kung saan nakita niya ang katotohanan ng pahayag na ito.

Paglalahad ng Guro

Bigyan-diin na ang alituntuning ito na itinuro ni Pangulong Young na tumutukoy sa ating mga pagsisikap bilang mga guro ng ebanghelyo. Tinatanggap natin ang tulong ng Panginoon habang ipinagpapatuloy natin na umunlad sa ibinigay Niya sa atin. Ang araling ito ay tumutuon sa mga magagawa nating bagay upang pahusayin ang ating pagtuturo. Ito rin ay tumatalakay sa mga mapagkukunan na makukuha sa Simbahan upang tulungan tayo sa mga pagsisikap na ito.

**Ang Simbahan ay naglalaan ng mga mapagkukunan upang tulungan tayo na humusay bilang mga guro.**

Mga Ulat

*Aklatan ng Bahay-pulungan*

Ipaliwanag na gumawa ng mga materyal ang Simbahan na makatutulong sa atin na magturo ng mabibisang aralin. Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa mga

nakatanghal ng materyal na inayos ninyo bago magklase (tingnan sa “Paghahanda,” aytem 7). Gumugol ng ilang minuto sa paglalarawan ng mga materyal, at bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na magtanong tungkol sa mga ito. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na dalawin ang aklatan ng bahay-pulungan upang malaman pa ang hinggil sa mga materyal na ito at sa iba pang materyal na maaaring makatulong sa kanila sa paghahanda ng kanilang mga aralin.

Ipaliwanag na bilang karagdagan sa mga materyal na pang-kurikulum, naglaan ang Simbahan ng iba pang mapagkukunan upang tulungan tayo na humusay bilang mga guro. Talakayin ang mga mapagkukunang ito katulad nang ipinakikita sa ibaba.

*Pagsuporta ng Pinuno sa mga Guro*

Hilingin sa itinalagang pinuno at guro na ibahagi ang kanilang paglalahad hinggil sa pagsuporta ng pinuno sa mga guro (tingnan sa “Paghahanda,” mga aytem 2 at 3).

Pagkatapos ng paglalahad na ito, anyayahan ang mga miyembro ng klase na magtanong hinggil sa pagsuporta ng pinuno sa mga guro. Anyayahan din sila na talakayin ang mga paraan kung saan ang gayong pagsuporta ay makatutulong sa kanila na humusay bilang mga pinuno at guro.

Ipahayag ang inyong damdamin hinggil sa kahalagahan ng pagsuporta ng mga pinuno sa mga guro.

*Mga Pulong sa Pagpapahusay ng Guro*

Sabihin sa mga miyembro ng klase ang hinggil sa mga pulong sa pagpapahusay ng guro (tingnan sa “Paghahanda” aytem 5).

*Ang Pagtuturo ng Kurso ng Ebanghelyo*

Bigyan-diin na ang kursong ito ay isa pang mapagkukunan na inilaan ng Simbahan upang tulungan tayo na humusay bilang mga guro.

**Dapat tayong patuloy na nagmumuni-muni sa ating pagkamabisa bilang mga guro.**

Gawain sa Kuwaderno

Ipaliwanag na dapat tayong patuloy na nagmumuni-muni kung paano tumutulong ang ating mga pagsisikap sa ating mga tinuturuan. Pagkatapos hilingin sa mga miyembro ng klase ilipat sa tsart sa pahina 30 ng aklat na ito. Ipasipi sa kanila ang tsart sa kanilang mga kuwaderno.

Hilingin sa mga miyembro ng klase na alalahanin ang mga nagdaang linggo simula sa pag-uumpisa ng kursong ito. Anyayahan sila na isaalang-alang ang mga takdang-aralin at gawain mula sa mga nagdaang aralin. Pagkatapos tulungan sila na gamitin ang tsart upang suriin nang maikli ang kanilang pag-unlad bilang mga guro. Ipasulat sa kanila ang isang kalakasan at isang kahinaan na mayroon sila bilang mga guro. Hikayatin sila na magsulat ng isang bagay na magagawa nila ngayon upang umunlad at isang kasanayan na kinakailangan nilang pagyamanin. (Para sa pagpapaliwanang kung paano gawin ang pagsusuring ito, tingnan ang halimbawa sa pahina 30.)

Ipaliwanag na tutulong ito sa kanila na makapagsimula. Dapat nilang tapusin ang tsart sa kanilang sarili. Sa paggawa nila nito maaari nilang balik-aralan ang “Paggawa ng Plano Upang Mapahusay ang Inyong Pagtuturo,” sa mga pahina 29–33 ng aklat na ito.

Paglalahad ng Guro — Matapos na magkaroon ng oras ang mga miyembro ng klase na makasulat sa kani-kanilang tsart, ipahayag ang sarili ninyong hangarin na humusay bilang isang guro. Ibahagi sa mga miyembro ng klase ang isa o dalawang bagay na isasama ninyo para sa inyong sarili sa tsart na ito (tingnan sa "Paghahanda," aytem 6).

Siping-banggit — Tiyakin sa mga miyembro ng klase na tutulungan sila ng Panginoon sa kanilang mga pagsisikap na humusay. Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang pahayag ni Pangulong James E. Faust sa pahina 26 ng aklat na ito.

---

**Katapusan**

Paglalahad ng Guro — Sabihing muli ang pahayag ni Pangulong Brigham Young. Ibahagi ang inyong nadarama hinggil sa kahalagahan ng alituntunin. Kung may oras pa, ibahagi ang ulat ni Enoc katulad ng paglalahad sa paalala sa guro sa pahina 298.

Patotoo — Magpatotoo sa udyok ng Espiritu.

Mga Takdang-aralin at Gawain — Hikayatin ang mga miyembro ng klase na:

1. Makipag-ugnayan sa isang pinuno sa kanilang samahan upang ibahagi ang kanilang mga karanasan, talakayin ang mga pangangailangan ng bawat isa sa korum o klase, at humingi ng tulong at payo. (Kung ang mga miyembro ng klase ay walang mga tungkulin bilang mga guro, hikayatin sila na makipag-usap sa isang miyembro ng mag-anak, kasama ang tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro, o kasama kayo upang talakayin kung ano ang natutuhan nila sa kursong ito.)
2. Balik-aralan ang mga alituntuning itinuro sa araling ito sa pamamagitan ng pag-aaral sa bahagi ng aklat na ito na pinamagatang "Paunlarin ang Inyong mga Talino" (mga pahina 26–35). Magpatuloy sa pagsasagawa ng kanilang plano upang umunlad.
3. Dumating sa klase nang handa sa susunod na linggo upang maglahad ng kanilang mga natutuhan o paano sila umunlad na may kaugnayan sa kursong ito. Ang mga paglalahad ay dapat gugugol lamang ng tatlo hanggang limang minuto, depende sa bilang ng mga miyembro ng klase. Dapat nilang isama ang mga ulat tungkol sa *(a)* kung paano sila nagbago bilang mga guro dahil sa mga bagay na natutuhan nila at *(b)* kung ano ang plinano nilang gagawin upang patuloy na humusay bilang mga guro.

# Aralin 12 Humayo at Magturo

**Layunin**

Bigyan ang mga miyembro ng klase ng pagkakataon na palakasin ang isa't isa sa kanilang pagsisikap bilang humusay na mga guro.

**Paalala sa Guro**

Nagturo ang Panginoon ng isang mahalagang alituntunin ng pagtuturo ng ebanghelyo nang sabihin niyang,"Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita ng isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na prebilehiyo" (Doktrina at mga Tipan 88:122)

Ang aralin ngayon, ang huling aralin sa kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo, ay naglalaan ng pagkakataon sa mga miyembro ng klase na magturo at pasiglahin ang isa't isa habang ibinabahagi nila ang kanilang nadarama tungkol sa mga doktrina, alituntunin, kasanayan, at pamamaraan na kanilang natutuhan sa kursong ito. Planuhing mabuti ang aralin nang sa gayon ang bawat miyembro ng klase ay may oras upang makilahok.

**Paghahanda**

1. Nang mas maaga, ipaalala sa mga miyembro ng klase ang takdang aralin at gawain na ibinigay sa kanila upang maghanda para sa araling ito (tignan sa takdang aralin 3 pahina 301).
2. Isaalang-alang kung paano umunlad ang bawat miyembro ng klase sa kurso at kung ano ang inyong natutuhan mula sa bawat miyembro ng klase. Maging handa na ibahagi ang ilan sa mga kaisipang ito bilang bahagi ng aralin.

**Iminungkahing Pagbuo ng Aralin**

Ibahagi nang maikli ang inyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagtuturo ng ebanghelyo at ang tungkol sa pribilehiyo na maglingkod bilang guro. Pagkatapos ay basahin ang pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland sa ibaba, na hinihiling sa mga miyembro ng klase na makinig mabuti upang makita kung paano nagsisilbing buod sa kursong ito ang pahayag na ito.

"Kahit na tayo ay nagtatagubilin sa ating mga anak sa tahanan o nakatayo sa harapan ng mga tagapakinig sa simbahan, *huwag* natin *kailanman* palabuin ang ating pananampalataya na mahirap nang makita. Alalahanin, tayo ay dapat na maging mga guro na 'nagbuhat sa Diyos.' Huwag kailanman maglaan ng dahilan sa pagaalinlangan. Iwasan ang paglilingkod para sa makasariling interes at kapalaluan. Ihandang mabuti ang mga aralin. Magbigay ng mga pangangaral na batay sa mga banal na kasulatan. Ituro ang inihayag na doktrina. Magpatotoo nang taos sa puso. Manalangin at magsanay at magsikap na humusay. Sa ating mga pulong ukol sa pamamahala tayo ay kapwa 'magturuan at magpatibay' katulad ng sinasabi ng mga pahayag, na kahit man lamang sa ating pagtuturong ito sa katapusan ay maging 'mula sa kaitasan.' Ang Simbahan ay mapabubuti dahil dito, at samakatuwid kayo rin, sapagkat katulad ng sinabi ni Pablo sa mga taga Roma, 'Ikaw nga na nagtuturo sa iba, hindi mo tinuturuan ang iyong sarili?' " (sa Conference Report, Apr. 1998, 33, o *Ensign*, Mayo 1998, 27).

Anyayahan ang bawat miyembro ng klase, nang salitan, na isagawa ang kanyang paglalahad (tingnan sa "Paghahanda," Aytem 1).

---

**Katapusan**

Mga Obserbasyon

Kapag may oras pa, ibahagi ang inyong mga obserbasyon sa pag-unlad ng mga miyembro ng klase sa kurso (tingnan sa "Paghahanda," aytem 2). Magsalita tungkol sa ilang bagay na na natutuhan ninyo mula sa miyembro ng klase.

Patotoo

Magpatotoo sa udyok ng Espiritu. Maaari rin ninyong ibilang ang pagpapakita ng tiwala sa sarili, paghihikayat, at pagsuporta sa paghayo ng mga miyembro ng klase upang ituro ang ebanghelyo.

# INDESE

**A**

Adan at Eva, inutusan na turuan ang kanilang mga anak, 3, 250
Aklatan ng bahay-pulungan, 137, 299–300]
Ama, mga
mga mungkahi sa matwid na pamumuno, 170–72
responsibilidad ng, sa pagtuturo, 170–72]
Anim-na-taong gulang na bata, mga katangian ng mga, 147
Apat-na-taong-gulang na bata, mga katangian ng mga, 145
Aralin, Mga
pag-aangkop, 134
paghahanap ng, sa pang-araw-araw na buhay, 27–28
pagsusuri sa paglalahad ng, 134–36
mga paraan upang simulan ang, 120–21
mga paraan upang tapusin ang, 122–23
Archikald, Dalla N, ang pagtuturo nang may pagmamahal ay nagpapalaki sa kaluluwa ng mga tagapakinig, 39
Atensyon
lumaki sa pamamagitan ng mga talakayan, 78
maaanyayahan, sa pamamagitan ng mabibisang pagsisimula ng aralin, 120–21
pagmamasid sa ng mga tagapakinig, 87
paraan upang mapanatili ang, ng mga tagapakinig, mga, 87–89
Audio recordings. *Tingnan sa* Materyal na audiovisual, mga
Awit, mga. *Tingnan sa* Musika
Awitin-ang-kuwento. *Tingnan sa* Musika na may halong mga kwento

**B**

Babala, Mga, sa mga guro na panatilihing dalisay ang doktrina, 64–65
Bagay na ginagamit sa pagtuturo ng mga aralin, 216–18, 287
Bagong miyembro, mga pangangailangan ng mga, 45–46
Ballard, M. Russell
dapat na nagtuturo at naglilinaw ang mga gawain, 152
hangarin na umunlad sa kaalamang espiritwal, 18
pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan, 168
tiwala na ibinigay sa mga guro ng mga bata, 140
Banal na Kasulatan, mga
bakit iningatan ang mga ito, 63
kahalagahan ng pagtuturo mula sa, 66
mga ideya sa pagtuturo mula sa, 66–72
mga tulong sa pag-aaral makukuha sa, 69–70
naglalaan ng mga sagot sa lahat ng tanong, 61–62
pag-aaral ng, bilang mga mag-anak, 17, 168–69, 183
pag-uugnay ng, 71
pagmamarka, 70–71
pagsusulat sa mardyin ng, 71
pagtuturo mula sa, nag-aanyaya sa Espiritu, 55, 260–61
pagtuturo sa mga bata mula sa, 59, 167
Bata, Mga
ano ang dapat ituro ng mga magulang sa, 167–69
katangian ng gulang ng, mga 143–51
kinakailangang matutuhan ang mga katotohanan ng ebanghelyo, 167
mabibisang pamamaraan sa pagtuturo ng, 71–72, 101–102
mga gabay sa pag-unawa at pagtuturo ng, 101–02, 40–51
mga paraan upang makalikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral para sa, 101–02, 109–10
mungkahi sa pagsasalaysay ng mga kuwento sa, mga 238
nakapagtuturo ng maraming bagay sa mga magulang, 191
paghihikayat sa pakikilahok ng, 102
pagsasalita nang positibo sa, 101–02
pagtuturo ng mga magulang sa, sa hindi plinanong sandali ng pagtuturo, 186–88

pagtuturo ng mga magulang sa, sa mga pribadong pag-uusap, 185
pagtuturo sa, mula sa mga banal na kasulatan, 71–72, 167, 183
pagtuturo sa, sa pamamagitan ng mga halimbawa ng pamumuhay ng ebanghelyo, 6, 179– 81
Benson, Ezra Taft
ang Espiritu ang pinakamahalaga sa lahat, 260
epekto ng espiritu, mga 15
impluwensiya ng pagtuturo ng mga ina, 173–75
layunin ng paaralan ng mga propeta, 275–76
magtamo muna ng salita ng Panginoon, 16
magturo mula sa banal na kasulatan at mga propeta sa mga huling-araw, 63, 66
matwid na pamumuno ng mga ama, 17 0–172
mungkahi sa mga tagapagturo ng tahanan, mga, 193–94
pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw, 17
pag-iingat sa pagpapakahulugan muli ng kasaysayan ng Simbahan, 64
pinauunlad ng Panginoon ang Kanyang mga tagapaglingkod, 24–25
pinag-iisa ng mga matwid na tradisyon ang mga mag-anak, 179–81
turuan ang mga bata na pahalagahan ang ebanghelyo, 266
Buhay bago pa ang buhay na ito, unang pagtuturo nangyari sa, 3–4, 249–50

## C

Caldwell, C. Max, ginagabayan ng Espiritu ang paghahanda ng aralin, 58
Clark, J. Reuben, Jr.
Ang Pangulo ng Simbahan ang tumatanggap ng pahayag para sa Simbahan, 65
hindi matutumbasang halaga ng pagtuturo ng ebanghelyo, 2
sabik ang mga kabataan na matutuhan ang ebanghelyo, 6–7, 266
Cook, Gene R.
ang espiritu ang siyang tunay na guro, 51
pagtuturo sa ating mga anak nang isa-isa, 185
Cristo. *Tingnan sa* Jesucristo

## D

Dalawang-taong-gulang na bata, mga katangian ng mga, 143–44
Di-gaanong aktibong miyembro, pagtulong sa mga, 45
Diorama, Mga, 219
Disiplina, sa silid-aralan, matutulungan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaaya-ayang kapaligiran sa pagtuturo, 281
Doktrina
kapangyarihan ng, 60–62, 264–68
mga pag-iingat na mapanatiling dalisay ang, 63–64
naglalaan ng espirituwal na pangangalaga, 60–61, 287–88
totoong, nagpapabago ng gawi at pag-uugali, 61, 266
tungkulin ng mga guro na magturo ng dalisay na, 63–65, 264–68
Dula-dulaan, 234–35

## E

Espiritu
ang totoong guro, 51–52
impluwensiya ng, sa atin, 15
kinakailangan upang makapagturo nang mabisa, 51–52
mamuhay nang karapat-dapat sa, 15, 22–23, 261–63
mga paraan upang anyayahan ang, 55–56, 260–61
nagdadala ng katotohanan, 51
paghahanda ng mga aralin sa pamamagitan ng, 58, 125–26, 128
pagkilala sa, 57–58
pagtatamo ng, 15, 261–63
pagtuturo sa pamamagitan ng, 50–58, 259–63
patotoo ng, naghihikayat ng pakikilahok, 92
tulungan ang iba na makilala ang, 58, 188
Espiritu Santo. *Tingnan sa* Espiritu
Espirituwal na Paghahanda
halimbawa ng mga anak ni Mosias, 13
nag-aambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 99
Eyring, Henry B.
ang pagpapakumbaba ay umaakay sa pag-asa sa Espiritu, 261
pagkakaisa at pagmamahalan mahalaga sa pag-aaral, 97

## F

Faust, James E.
ang Panginoon ay gumagawa sa pamamagitan ng mapagpakumbaba at masigasig, 26
kaloob na kalayaan sa pagpili, 272
Flannel Board, Mga, 222–23

## G

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, bilang tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 69

Gabing pantahan ng mag-anak, pagtuturo sa, 183–84
Gawain, mga
dapat na nagtuturo at naglilinaw, 152
gawing simple para sa maliliit na bata, 152–53
mga gabay sa pagpaplano ng, 158–60
pangkatang, para sa pagtuturo ng mga kabataan, 158–60
Gawaing Pantawag-pansin, mga, 212
Gawing Pang-Ebanghelyo, mga
iwasan ang pagtuturo ng, 64
binigyan-kahulugan, 64
Grant, Heber J., magturo sa pamamagitan ng pagpapakita ng halinbawa, 22
Guro, mga
babala sa, 64–65
impluwensiya ng, 2–4, 249–251
inuunawa ang kanilang tinuturuan, 41–42
kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon, 51–52
kinatawan ng Panginoon, 9
mapagkukunang materyal na makukuha ng, 137, 299–300
mga katangian na pinakamahalaga sa lahat sa, 31–32
nag-aambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pagtuturo, 94–110, 275–284
naghihikayat ng masigasig na pag-aaral, 74–93, 269–74
nagtuturo ng dalisay na doktrina, 63–65, 264–68
nangangalaga ng kaluluwa, 5–8
pag-abot sa bawat isa, 43–44
pagpapatatag ng mga mag-anak, 142
pakikipag-ugnayan sa mga pinuno 34

## H

Haka-haka, pag-iwas, upang mapanatiling dalisay ang doktrina, 64
Hales, Robert D.
dapat tulungan ng mga magulang ang mga anak na makilala ang espiritu, 188
dapat magturo ang mga magulang nang mga kababaang-loob, pananampalataya, pagdarasal, 169
Halimbawa
pinakamahusay na kasangkapan sa pagtuturo, 21–22, 158, 168, 251
nangangailangan ng personal na pangako, 22–23
Halimbawa, Mga, bilang isang pamamaraan sa pagtuturo, 221–22
Hinckley, Gordon B.
ang mga tungkulin ng mga ama sa kanilang mga mag-anak, 170
banal na tungkulin ng mga ina, 175
bisa ng musika na anyayahan ang Espiritu, 227
ituro ang doktrina mula sa mga pamantayang banal na kasulatan, 66
kahulugan ng *kaamuan,* 262–63
kahulugan ng *palakihin,* 24
mabisang pagtuturo ang siyang pinakadiwa ng pamumuno, 199, 250–51
magdisiplina nang may pagmamahal, 106
magturo mula sa puso, 248
makagagawa pa tayo nang mas mainam, 248
nagugutom ang sanlibutan sa pagkaing espiritwal, 5, 252
pagtuturo sa tahanan at tagapagturong dumalaw, 192
pananampalataya ay katulad ng kaalaman, pinalalakas sa paggamit nito, 287
panatilihing dalisay ang doktrina, 63
pangangailangan ng mga bagong miyembro, mga, 45
pangunahing kahalagahan ng pagtuturo ng ebanghelyo, 3–4
Holland, Jeffrey R.
maging mga guro na “nagbuhat mula sa Diyos,” 302
mahalagang papel ng mga ina, 174–75
walang higit na dakilang tungkulin kaysa pagtuturo, 3, 249
pagtuturo sa mga pulong sa pamumuno, 201
Hunter, Howard W.
ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng paghihikayat, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, 283
gumamit ng mga tulong sa pag-aaral sa mga banal na kasulatan, 69
ipinahahayag ang Espiritu sa maraming paraan, 57–58
magtalaga ng regular na oras sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 18–19

## I

Impresyon, pagtitipon at pagtatala ng mga, 28
Ina, mga
banal na ginagampanang papel ng, 173–74
mga mungkahi sa, sa pagtuturo ng mga anak, 173–74
tungkulin sa pagtuturo ng, 173–75
Interes, nadaragdagan sa pamamagitan ng mga talakayan, 78
Istasyon, mga
makatutulong sa pagtuturo sa magkakaibang saklaw-na-gulang, 235
paggamit, bilang isang pamamaraan sa pagtuturo, 235–36

## J


Jack, Elaine L, paglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng pagdalaw na pagtuturo, 195
Jesucristo
ang pinakamataas na halimbawa ng isang pinuno, 198–200
paglapit kay, pinakamataas na layunin ng tao, v, 3, 249
pagtuturo tungkol kay, nag-aambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 100
pinagmumulan ng walang hanggang pangangalaga, 5
Jesucristo, mga salita ni
Ako ang liwanang na inyong tatanganan, 4
Ako ang tinapay ng buhay, 5
ang diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, 86
ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos, 43, 106
ang mga salitang ito ay hindi sa mga tao, kundi sa akin, 55
ang yaong nagmula mula sa kaitaasan ay banal, 116
gagawin kong malakas ang mga bagay na mahina, 29, 298
hangarin munang matamo ang aking salita, 9–10, 16
hindi lahat ng nagsasabing Panginoon, Panginoon, ay makapapasok sa kaharian ng langit, 92
ipangaral ang aking ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu, 10
ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian, 4
ituro ang mga alituntunin ng aking ebanghelyo na nasa Bibilia at Aklat ni Mormon, 10
ituro ang yaong isinulat ng mga propeta at apostol, 9
ituro sa mga bata ang ebanghelyo, 167
kapangyarihan ay napananatili lamang sa pamamagitan ng paghihikayat, mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, 108
kayo ay nasa gawain ng Panginoon, 9
kung ang sinumang tao ay gagawin ang kanyang kalooban, kanyang malalaman ang doktrina, 17–22
kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu hindi kayo magtuturo, 10, 259
maghangad ng pagkatuto sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya, 16
maghayag ng masayang balita, na nang may baong pagpapakumbaba, 51
maghirang sa inyong sarili ng isang guro, 97, 302
maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, 24
magturo nang masigasig at ang aking biyaya ay dadalo, 9
manalangin para sa inyong mag-anak sa Ama, 182
manalangin tuwina, 55
mangag-ibigan sa isa't isa, 14, 99
pagbulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi, 125
pakanin ang aking tupa, 5
patuloy na pahalagahan ang mga salita ng buhay, 16, 203
saliksikin ang mga banal na kasulatan, 9
sinuman ang uminom sa tubig na aking ibibigay ay hindi kailanman mauuhaw, 5–6
Siya na nangangaral at Siya na tumatanggap ay magkasamang nagagalak, 11, 57
tagubilinan at pasiglahin ang isa't isa, 201
Walang sinuman ang makatutulong sa gawain maliban sa kung siya ay mapagkumbaba at puno ng pag-ibig, 39–40, 107, 254


## K


Kaamuan, pagtuturo nang may, 262–63
Kaaya-ayang Kapiligiran sa Pag-aaral
halimbawa ng paaralan ng mga propeta, 275–76
mga katangian ng, 97, 276
mga mungkahi sa paglikha ng, 95–110, 275–284
mga responsibilidad ng guro sa, 99–110, 276–284
naragdagan sa pamamagitan ng mga talakayan, 78
paglikha ng, sa mga bata, 100–102, 109–110
pagtuturo sa iba tungkol sa, 97–98, 277–281
pinagyaman sa paghahanda ng silid-aralan, 95–96
responsibilidad ng bawat isa sa, 97–98, 279–281
susi sa disiplina sa silid-aralan, 94, 284
Kababaang-loob
impluwensiyahan ang iba sa pamamagitan ng, 51–52, 282–283
kinakailangan upang matanggap ang tulong ng Panginoon, 261
Kabataan, mga
ano ang kailangan nila mula sa matatanda, 156–57
nangangailangan ng pangangalaga ng ebanghelyo kaysa paglilibang, pagtuturo ng, sa pamamagitan ng mga pangkatang gawain, 158–60
pag-unawa sa, 154–57
sabik na matutuhan ang ebanghelyo, 6–7, 266
Kahinaan, mga
pagpaplano upang mapalakas ang 30–31
pagtataya sa sarili ninyong, 29–30
tutulong ang Panginoon na mapalakas ang, 29, 32–33
Kalakasan, pagtataya ng inyong mga sariling, 29–30
Kalayaan sa pagpili
dakilang kaloob mula sa Panginoon, 272
pagtuturo nagpapahintulot sa mga mag-aaral na lubos na magamit ang, 3, 271–72

sundin ang halimbawa ng Panginoon sa paggalang ng 272
Kaluluwa, pagtuturo dapat na mangalaga sa, 5–8
Kamag-anak, impluwensiya ng pagtuturo ng, 189–91
Kapansanan, Mga. *Tingnan sa* Miyembrong may mga kapansanan, Mga
Kapatid, impluwensiya ng pagtuturo ng mga, 190
Karanasan, Mga
pagbabahagi ng naaangkop na, nag-aambag sa kapaligiran sa pag-aaral, 100–101
pagbabahagi ng naaangkop na, nag-aanyaya sa Espiritu, 56
Kasaysayan ng Simbahan, mga babala sa pagpapanibago o pagpapakahulugan muli ng, 64
Kasiglahan, nakaaambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 100
Katangian ng gulang, mga, paglalarawan ng mga bata, 143–51, 16
Kimball, Spencer W.
impluwensiya ng tagapagturo ng tahanan at tagapagturong dumadalaw, 251
ipamuhay ang inyong itinuturo, 21
kahalagahan ng pagtatalaga, 24
muli at muling tuklasin ang mga banal na kasulatan, 267
pag-aaral kinakailangan upang matuklasan ang mga nakatagong katotohanan, 274
pagpipitagan ay isang lakas para sa mabuti, 103
pagsusuri ng ating pagtuturo, 134
pangangalaga sa mga bata mula sa huwad na pagtuturo sa labas, 5–6
umiwas sa mga di-kinikilalang turo, 65, 266–267
Kinatawan ng Panginoon ang mga guro, mga, 9
Kurso ng Pagtuturo ng Ebanghelyo
layunin at balangkas ng, 244–46
mga aralin sa, 248–303
paghahanda na ituro ang, 245
Kuwento, mga
mga gabay sa paghahanda at pagsasalaysay ng, 238
mga gabay sa pagpili, 236
mga uri ng, 236–38
pag-iwas sa mga nakagigilalas na, 64, 236
paggamit ng, sa mga banal na kasulatan, 67
pagsasalaysay ng, sa maliliit na bata, 238

**L**

Labing-isang-taong-gulang na bata, mga katangian ng mga, 150
Labingwalong-buwang-gulang na bata, mga katangian ng mga, 143
Larawan, mga, 232
Larawang Idinikit o Idrinowing sa Karton, mga, 232
Laro, Mga
bilang isang pamamaraan sa pagtuturo, 223–224
mga gabay sa pagpili ng, 223
Layunin, pagtatatag ng mga, para sa pag-unlad, 30
Lee, Harold B.
kinakailangang katangian sa mga guro, 31
tiyakin na walang sinuman ang magkamali sa pag-unawa sa ebanghelyo, 64
Lektyur, bilang isang pamamaraan sa pagtuturo, 225
Libangan, hindi sapat upang alagaan ang kaluluwa, 6
Limang-taong-gulang na bata, mga katangian ng mga, 145–46
Lola at lolo, impluwensiya ng pagtuturo ng mga, 189

**M**

Mag-anak
ang mga hakbang sa pamumuhay ng ebanghelyo ay nakatatag sa loob ng, 179–81
dapat palakasin ng pagtuturo ang, 142, 155, 167
Magulang, mga
kahalagahan ng pagkakaisa sa pagitan ng, sa pagtuturo ng mga anak, 177–78
mapagkukunang materyal sa pagtuturo makukuha ng, 137
mga mungkahi sa, kung paano turuan ang mga anak, 167–68
mga mungkahi sa pagtatatag ng tutularan sa pamumuhay ng ebanghelyo, 179–80
mga sandali ng pagtuturo ng, sa buhay ng mag-anak, 186–88
paggawa ng, na kasama ang mga guro ng kanilang mga anak, 108–09
pagkakaroon ng oras na magkasamang magplano bilang, 176–77
pagtulong sa mga anak na makilala ang Espiritu, 188
pagtuturo ng, na magkatuwang, 176–78
responsibilidad ng, sa pagtuturo, 167–69
Maling pagbanggit, iwasan ang, upang mapanatiling dalisay ang doktrina, 64
Maling sagot, mga mungkahi sa pagtugon sa mga, 80, 85
Mapa, Mga
bilang isang tulong sa pag-aaral sa mga banal na kasulatan, 70
paggamit, upang magturo, 226

Mapagkukunang materyal, upang tulungan ang mga magulang, pinuno, at guro, 137, 299–300
Mardyin na susulatan sa mga banal na kasulatan, 71
Masigasig na pag-aaral
ang responsibilidad ng guro na paunlarin ang, 75–76, 269–274
mga mungkahi sa pagpapaunlad ng, 76–77, 273–274
responsibilidad ng bawat isa, 75–77, 269–272
Matatanda
mga karaniwang katangian ng, 161–62
pagkakaiba-iba ng bawat isa sa, mga, 162–63
pagtuturo, 161–63
Materyal na Audiovisual, mga
mga mungkahi sa paggamit, 212
mga patakaran ng Simbahan sa paggamit ng, 212
Maxwell, Neal A, ang mga pangangailangan ng bawat isa na inyong tinuturuan, 42
McConkie, Bruce R.
ang mga guro ang mga kinatawan ng Panginoon, 9
banal na pagkakatawag ng guro, 9–12
isagawa ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa pangangailangan ng mga tagapakinig, 11
ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo, 9–10
kapangyarihan ng patotoo, 53
magpatotoo sa mga turo, 11–12, 54
magturo mula sa mga pananampalatayang banal na kasulatan, 10
magturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, 10–11
paaralan ng mga propeta, 275–76
pag-uugnay ng mga banal na kasulatan sa ating mga karanasan, 237
pagiging magiting sa patotoo kay Jesus, 21
responsibilidad ng bawat isa na pag-aralan ang ebanghelyo, 75
walang halagang napakataas upang matamo ang Espiritu, 15
McConkie, Joseph F., mga babala sa mga guro ng ebanghelyo, 64
Mckay, David O.
kahulugan ng pagpipitagan, 103
pag-akay sa mga mag-aaral na malaman at madama ang inyong ginagawa, 296
patotoo nagbibigay-buhay sa pagtuturo, 54
tungkulin ng guro na pumili ng pinakamainam na paglapit, 113
Miyembro, mga bagong. *Tingnan sa* Bagong Miyembro, Mga
Miyembro, mga di-gaanong aktibong. *Tingnan sa* Di-gaanong aktibong miyembro, Mga
Miyembro, mga may kapansanang. *Tingnan sa* Miyembrong may mga kapansanan, Mga
Miyembrong may mga kapansanan, mga
isipan, may mga kapansanan sa, 48
mapagkukunang materyal para sa, 49
pagbabasa, mga kahirapan sa, 48
pagkawala ng pandinig, 47–48
pagmamahal ng Tagapagligtas sa, 47
pagsasalita, may mga kapansanan sa, 48
paningin, may kapansanan sa, 48
Monson, Thomas S.
bisa ng pagpapakita ng halimbawa, 21
impluwensiya ng pagtuturo ng mga pinuno, 199–200
kuwento mula sa pagkabata tungkol sa pagtulong sa paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 279
paglapit upang tulungan ang iba, 44
pagtuturo sa mga panayam, 203
pagtuturo sa mga silid-aralan ng Simbahan, 249, 251
pinalalakas ng Diyos ang mga yaong natawag, 24, 263
tungkulin ng mga magulang na turuan ang mga anak, 167–169
Musika
kalugod-lugod na, nag-aanyaya sa Espiritu, 56, 105, 227–29
mungkahi sa pamumuno ng mga awit mga 229
nagtatatag ng pagpipitagan, 105
paggamit ng, bilang isang kasangkapan sa pagtuturo, 56, 227–230
paggamit, upang turuan ang mga bata, 229–30
pagpili at paghahanda ng, 229
Musika na may halong mga kuwento, 230–31

## N

Nakagugulong pag-uugali, pagtugon sa, 106–110
Nelson, Russell M
kakayahan ng mga bata na turuan ang iba, 191
mapangalagang impluwensiya ng doktrina ng ebanghelyo, 61, 287–88
Nilalaman, makakatulong sa pag-unawa ng mga talata sa mga banal na kasulatan, 66–67

## O

Oaks, Dallin H.
himno mahahalagang mapagkukunan, mga, 227
ituon ang mga pagsisikap sa pagtuturo sa iba sa halip na sa sarili, 273
mapitagang paggamit sa mga pangalan ng Diyos, 104

pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw, 16
pagkilala sa Espiritu, 56
pagsunod mahalaga upang makapagturo sa pamamagitan ng Espiritu, 15
Oras, pamamahala ng, sa klase, 122
Oras ng pagkain ng mag-anak, Mga pagkakataon sa pagtuturo sa, 184
Overhead projector, mga, 231

**P**

Packer, Boyd K.
batayan ng kabutihan ng tao, 106
Diyos tinawag bilang Ama, 172
kuwento tungkol sa pagtuturo ng isang kabataang babae na may kapansanan sa pagsasalita, 47
layunin ng pagtuturo ng ebanghelyo ay pagkaisahin ang mga mag-anak, 167
masasagot ng mga banal na kasulatan ang lahat ng katanungan, 62
magkatuwang na pagtuturo ng mga magulang, 176
mga pinuno na naglilingkod bilang mga guro, 198
nagtatatag ang musika ng kaaya-ayang kapaligiran sa pagsama, 105
nagtuturo ang musika at umaantig sa kaluluwa, 56
nangangailangan ang responsibilidad ng mga miyembro ng Simbahan ng pag-aaral at pagtuturo, 253
paghahambing ng pagtuturo ng ebanghelyo sa paghahain ng keyk, 285–286
pagpipitagan nag-aanyaya ng paghahayag, 103
pagtataya sa pagkaunawa ng mga tagapakinig, 90–91
pagtuturo ng mahihirap maunawaang konsepto, 118, 216–17, 289
sensitibong kalikasan ng espirituwalidad, 15
si Jesus ay isang huwarang guro, 199
totoong doktrina ay nagpapabago ng pag-uugali, 61, 266
Pag-aangkop ng mga aralin
batay sa mga pangangailangan ng saklaw-na-gulang, 41
mga halimbawang katangian ng, 132–33
Pag-aaral
ang mga banal na kasulatan at salita ng mga propeta sa mga huling araw, 18
kinakailangan upang matamo ang salita ng Diyos, 16
kinakailangan upang matuklasan ang mga nakatagong katotohanan, 16–17
mga ideyang nagpapayaman ng, 19
pagbuo ng isang personal na plano, 18–20
Pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng mag-anak, mga pagkakataon sa pagtuturo sa, 16, 167, 183
Pag-aayuno, upang matamo ang salita ng Panginoon, 17
Pag-asa sa sariling kakayahan sa pag-aaral ng ebanghelyo. *Tingnan sa* Masigasig na pag-aaral
Pag-ibig sa kapwa
kahulugan ng, 14, 40
pagtanggap sa kaloob na, 14
Pag-unawa
lumalawak sa pamamagitan ng mga talakayan, 78
pagtataya ng, ng mga mag-aaral, 90–91
Pag-uugnay ng mga banal na kasulatan, 71
Pagbigkas, 233
Pagdalaw. *Tingnan sa* Pagdalaw sa silid-aralan ng mga pinuno
Pagdalaw na pagtuturo
paghahanda at pagbibigay ng mensahe, 196
pagpili ng mensahe, 195–96
Pagdalaw sa silid-aralan ng mga pinuno, Mga, 35
Pagdodrowing, 220–21
Paggalang, nag-aambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 100
Paggambala, Mga
madalas mahadlangan sa pamamagitan ng paggamit sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag- aaral, 283–84
mga mungkahi sa pagpapabawa ng, 283–84
Paghahambing, paggamit ng, bilang isang pamamaraan sa pagtuturo, 216–17, 287–88
Paghahanda ng silid-aralan
mga mungkahi sa, 95–96
nag-aambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 95
Paghahanda sa aralin
mahahalagang gabay na katanungan, 127–28, 293–297
masumpungan ang kagalakan sa, 125–26
pag-aangkop, sa inyong mga tinuturuan, 28, 41–42. 132–33]
paggugol ng oras sa, 28, 125
paggamit ng mga materyal na inilathala ng Simbahan, 137
paggamit ng mga talumpati sa komperensiya at iba pang mapagkukunan, 130–31
patnubay mula sa Espiritu sa, 58
Paghahalintulad, paggamit ng, bilang isang pamamaraan sa pagtuturo, 225–26
Paghahanda, espirituwal na. *Tingnan sa* Espirituwal na paghahanda
Paghahanda, personal na. *Tingnan sa* Personal na paghahanda

Paghusay
paggawa ng mga plano para sa, 30
paggawa ng plano para sa, 29–33
sa tulong ng Panginoon, 32–33
tsart sa pagpaplano para sa, 30
Pagiging espirituwal, sensitibong kalikasan ng, 15
Pagkakaiba-iba
ng mga pamamaraan sa pagtuturo,, nag-aambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 89, 100
pagtuturo nang may, 113–114, 289
tsart para sa pagsubaybay sa, 114
Pagkakatawag
gampanang mabuti ang inyong , 24–25
halimbawa ni Jacob at Jose sa pagganap nang mabuti sa 24
isang pagkakataon upang maglingkod, 24
nanggagaling mula sa Panginoon, 24
pagsang-ayon sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay ay bahagi ng, 24
pagtatalaga ginagawang ganap ang, 24
Paglilingkod, mahalaga upang matanggap ang kaloob na pag-ibig sa kapwa, 14
Pagpapalitan ng ideya
paano gamitin 212–13
upang pukawin ang mga ideya 213
Pagmamahal
impluwensiya sa pagtuturo, 14, 38–40, 255–56
nag-aambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 97
nag-aanyaya sa Espiritu, 55
pagpapakita ng, sa ating mga tinuturuan, 38–49, 254–258
para sa ating mga tinuturuan at sa Panginoon, isang kinakailangang katangian, 14, 39–40, 254–258
Pagmamarka ng mga banal na kasulatan, 70–71
Pagpapakahulugan, mga babala sa pansarili at di-kinikilalang, 65, 266–67
Pagpipitagan
binigyan-kahulugan, 103
kahalagahan ng, 103–104, 202
mga paraan upang ituro ang, 104–105
nagmumula sa paggalang sa Diyos, 103
pagpapakita ng halimbawa ng, 103–104
Pagsang-ayon sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay, mula sa kongregasyon, naglalaan ng lakas, 24
Pagsasagawa
mga pamamaraan sa pagtuturo na humihikayat ng, 93, 211–212
responsibilidad ng mga guro na maghikayat ng 92–93]
Pagsasadula, Mga
pag-iingat hinggil sa, 220
paggamit ng, 00 219–220
Pagsasaulo, bilang pamamaraan sa pagtuturo, 226–27
Pagsisimula ng Aralin
mga gabay sa mga, 120
mga halimbawa ng, 120–21
nang mabisa, nag-aambag sa kaayang-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 99
Pagsunod
kinakailangan upang magturo sa pamamagitan ng Espiritu, 15, 22
kinak ailangan upang matamo ang salita ng Panginoon, 16
Pagsusuri ng inyong mga paglalahad ng aralin, 134–36, 300
Pagtatamo ng salita
kinakailangan sa mabisang pagtuturo, 16–17
payo kay Hyrum Smith, 16
sa pamamagitan ng pag-aaral at ng pananampalataya, 16
sa pamamagitan ng pagdarasal at pag-ayuno, 17
sa pamamagitan ng pagsunod, 17
Pagtapos ng aralin
mga halimbawa sa, 122–23
pagkakaroon ng oras para sa, 122
paglalarawan ng mabibisang katapusan sa, 122
Pagtatalaga
kinakailangan upang maisakatuparan ang pormal na pagkakatawag, 24
nagbibigay ng lakas at patnubay, 24
Pagtatanghal, Mga, 218–19
Pagtingin nang tuwiran sa mata, upang mapainam ang pagkaalisto ng mga mag-aaral, 88
Pagtula at pag-awit na may aksiyon, mga, 184
Pagtuturo
habang kumakain ang mag-anak, 184
impluwensiya ng, ng mga kamag-anak, 189–191
impluwensiya ng, ng mga kapatid, 190
impluwensiya ng, ng mga lolo at lola, 189
kahalagahan ng, 2–4, 248–253
kapag walang inilaan na manwal, 130–31
kinakailangan sa matwid na paggamit ng kalayaan sa pagpili, 3, 272
mapagkukunang materyal sa Simbahan para sa, 137
mga kakayahan ng mga anak sa, 191
nagsimula sa buhay bago pa ang buhay na ito, 3, 249–50

nang may kababaang-loob at pag-ibig, 14, 39–40, 56, 254–258
nang may kabanalan at kaamuan, 262–63
nangangalaga ng kaluluwa 5–8
palagiang oras sa, sa tahanan, 168, 182–85
papel na ginagampanan ng, sa plano ng Ama sa Langit, 2–4, 248–50
sa gabing pantahanan ng mag-anak, 168, 183–84
sa hindi plinanong oras, 159, 168, 186–88
sa mga panayam, 203
sa mga pulong ng mag-anak, 185
sa mga pulong sa pamumuno, 201–02
sa pamamagitan ng Espiritu, 51–58, 259–63
sa pamamagitan ng halimbawa, 21–23, 158, 168, 251
sa pribadong pakikipag-usap sa inyong mga anak, 185
sa tahanan, 165–96
tungkulin ng bawat miyembro, 4, 250–51
sa pamamagitan ng pag-aaral ng banal na kasulatan ng mag-anak, 168, 183
sa pamamagitan ng panalangin ng mag-anak, 167, 182
Pagtuturo, mga di-plinanong sandali sa, 159, 168, 186–88
pagtuturo sa mga pulong sa pamumuno, 201–02
Pagtuturo sa tahanan
mga malikhaing ideya sa, 193–94
paghahanda at pagbibigay ng mensahe, 194
pagpili ng mensahe, 194
Pakikilahok
mga pamamaraan upang mahikayat ang mga mag-aaral sa, 87–89
paghihikayat sa, sa kurso ng pagtuturo ng Ebanghelyo, 245
responsibilidad ng bawat isa, 89
Pakikinig
kahalagahan ng, sa pagtuturo, 80–83
mungkahi sa mga guro, 82–83
pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas, 83
Pakikipag-ugnayan, mga. *Tingnan sa* Pakikipag-ugnayan ng guro-pinuno, Mga
Pakikipag-ugnayan ng guro-pinuno, mga gabay sa, 34
mga ideya sa talakayan, 34
Pamagat, Mga, bilang isang tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 70
Pamamaraan sa pagtuturo, mga
dapat tulungan ang mga mag-aaral na makaunawa, maalaala, at maipamuhay ang mga alituntunin, 112, 128, 285–86
diorama, mga, 219
dula-dulaan, 234–35
flannel board, mga, 222–23
gawaing pantawag-pansin, mga, 212
halimbawa, mga, 221–22
istasyon, mga, 153, 235–36
kuwento, mga, 236–38, 291
larawan, mga, 232
larawang idinikit o idrinowing sa karton, mga, 232
laro, mga, 223–24
lektyur, mga, 225
mapa, mga, 226]
materyal na audiovisual, mga, 212
musika, 227–30
musika na may halong mgakuwento, 230–31
overhead projector, mga, 231
paano pumili ng, 116–17
pagbigkas, 233–34
pagdodrowing, 220–21
paggamit ng pagkakaiba-iba ng, 89, 100, 113–15, 289
paghahalintulad, 225–26
paghahambing at bagay na ginagamit sa pagtuturo ng mga aralin, 216–17, 287–88
pagpapalitan ng ideya, 212–13
pagsasadula, mga, 219–20
pagsasaulo, 226–27
pagtatanghal, mga, 218–19
pagtula at pag-awit na may aksiyon, 211
panauhing tagapagsalita, mga, 224–25
pangkatang talakayan, 231–32
papet, mga, 232–33
paraan sa pamumuhay ng ebanghelyo, mga 211–12
pinag-aaralang sitwasyon, mga, 214–15
pisara, mga, 215–16
roller box, mga, 235
sabayang pagbasa, mga, 216
sulatang papel, mga, 240–42
talakayan sa maliliit na grupo, 213–14
teatro ng mga mambabasa, 233
tsart ng, 115
Visual, mga, 239–40
Panalangin
anyayahan ang Espiritu sa pamamagitan ng, 55, 260–61, 261
kailangan upang matanggap ang pag-ibig sa kapwa, 14
kinakailangan upang matamo ang salita ng Panginoon, 16–17
mag-anak, mga pagkakataon sa pagtuturo sa, 168, 182
mahalaga sa patotoo, 54
Panalangin ng mag-anak, mga pagkakataon sa pagtuturo sa, 168, 182
Pananampalataya, kinakailangan upang matamo ang salita ng Panginoon, 16–17
Panauhing Tagapagsalita, Mga, 224–25

Panayam, nagtuturo ang mga pinuno sa mga, 203
Pangangalaga
Jesucristo ang tunay na pinagmumulan ng, 5
mga hamon sa paglalaan ng espirituwal na, 5–8
tungkulin ng mga guro sa mga tagapakinig, 5–8
Pangkatang gawain, Mga, para sa pagtuturo ng mga kabataan, 158–60
Pangkatang talakayan, mga, 231–32
Papet, mga, 232–33
Patotoo
binigyan-kahulugan 53
kapangyarihan ng, bilang bahagi ng pagtuturo, 11, 53–54
mga halimbawa ng, 53–54
nag-aambag sa kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 100
pagbibigay ng, nag-aanyaya sa Espiritu, 53–54, 55
pagtatamo at pagpapalakas ng 53
pinalalakas ng mga karanasan, 54
Pearce, Virginia H.
kuwento tungkol sa pagtulong sa mga kabataang babae na magkaroon ng kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral, 279–80
paghihikayat ng masigasig na pag-aaral, 75–76
Perry, L. Tom
pagpipitagan ay nagpapakita ng paggalang sa Diyos, 103
tungkulin ng mga magulang na turuan ang mga anak, 168–69
Personal na paghahanda
mga mungkahi sa, 14–25
pagkakaroon ng oras sa, 126
Pilosopiya ng mga tao, iwasan ang pagtuturo ng mga, 265
Pinag-Aaralang sitwasyon, Mga, 90, 214–15
Pinuno, Mga
makukuhang mapagkukunan sa pagtuturo para sa, 137
mga alituntunin sa pagtuturo sa mga panayam, 203–04
mungkahi sa, para sa pagtuturo ng mga guro, 34–35, 205–207
mungkahi sa, para sa pagtuturo sa mga pulong sa pamumuno, 201–02
pagdalaw sa silid-aralan ng, 35
pakikipag-ugnayan ng mga guro sa, 34
tungkulin na magturo, 34, 198–207
tungkulin na suportahan ang mga guro, 34, 198–207
tungkulin na tulungan ang mga bagong guro, 34
Pisara, paggamit ng, 215–16, 288
Pitong-taong-gulang na bata, mga katangian ng mga
Pribadong pag-uusap, sa mga bata, pagkakataon sa pagtuturo ng mga magulang sa mga, 185
Propeta, Mga
mga huling-araw, pag-aralan ang mga turo ng, 18
mga salita ng, nag-aanyaya sa Espiritu, 55
tinawag na magturo, 3
Pulong ng mag-anak, mga pagkakataon sa pagtuturo sa mga, 185
Pulong sa Pagpapahusay, Mga. *Tingnan sa* Pulong sa Pagpapahusay ng guro, mga

## R

Responsibilidad ng bawat isa na pag-aralan ang ebanghelyo. *Tingnan sa* Masigasig na Pag-aaral
Roller box, mga, 235
Romney, Marion G., iwasan ang pagtuturo ng sariling pagpapakahulugan sa ebanghelyo, 266

## S

Sabayang Pagbasa, 216
Sagot, pagtugon sa mga maling, 80, 85
Saklaw-na-gulang, mga pagtuturo sa mga bata na pinagsama, 152–53
Salita ng Diyos
halimbawa ni Alma sa paggamit ng, 60
kapangyarihan ng, 60–62
pagtatamo. *Tingnan sa* Pagtatamo ng salita
sa mga banal na kasulatan at salita ng mga propeta sa mga huling araw, 61
Sampung taong gulang na bata, mga katangian ng mga, 150
Scott, Richard G.
ipamuhay ang mga turo ng Tagapagligtas, 22–23
kababaang-loob kailangan upang makapagturo sa pamamagitan ng Espiritu, 51–52
tulungan ang nakikinig na makilala ang Espiritu, 58
Siping-sanggunian, bilang isang tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 69–70
Siyam na taong gulang na bata, mga katangian ng mga, 149
Smith, Hyrum, pinayuhan ng magtamo muna ng salita ng Panginoon, 16
Smith, Joseph
kapangyarihan ng pagkamagiliw at pagmamahal, 38
paggamit ng nilalaman upang maunawaan ang mga banal na kasulatan, 66

Smith, Joseph F.
ituro ang mga makapagliligtas na katotohanan, 59
iwasan ang haka-haka, 64
iwasan ang mga gawing pang-ebanghelyo, 64
Smith, Joseph Fielding
Espiritu nagbabahagi ng katotohanan nang higit na mabisa kaysa mga makalangit na pangitain, 51
iwasan ang pagtuturo ng mga pilosopiya ng mga tao, 265
pagkamasunurin kinakailangan upang makapagturo sa pamamagitan ng Espiritu 22
Snow, Lorenzo, ang kapangyarihan ng pagpapakita ng halimbawa sa pagtuturo, 251
Suliranin sa pag-uugali, mga. *Tingnan sa* Nakagugulong pag-uugali

## T

Tagapagturo ng tahanan, mga
kahalagahan ng, sa mga buhay ng mga miyembro, 193–94, 251
tungkulin ng, 193–94
Tagapagturong dumadalaw, mga
kahalagahan ng, sa mga buhay ng mga miyembro, 195, 251
mga tungkulin ng, 195–96
Tahanan, pagtuturo sa, 165–196
Talaan ng Gawain, mga. *Tingnan sa* Sulatang papel, Mga
Talababa, Mga, bilang tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 69–70
Talakayan, mga
kapakinabangan ng, 66, 78
magagamit sa pagtaya ng pagkaunawa ng mga mag-aaral, 78, 90–91
mga gabay sa pamumuno sa, 78–81, 291–92
pagtapos ng, 80–81
Talakayan sa Maliliit na Grupo, 213–14
Talaarawan, o kuwaderno magagamit sa pagtatala ng mga kabatiran, 19, 28, 128
Talino, mga
palalakihin ng Panginoon ang inyong, 298, 299
paunlarin ang inyong, 26–35, 298–300
Talumpati sa komperensiya, paglikha ng mga aralin mula sa mga, 130–31
Tanong, mga
follow up na, 85
inihahanda ang mga mag-aaral na sumagot, 86
malikhaing paggamit ng, 86
mabisa sa pagsisimula ng talakayan, 78
mga gabay, 84–86, 78
na gumagabay sa paghahanda ng aralin, 161–63, 293–97
na nababatay sa tunay na pangyayari, 84
na naghihikayat ng malalim na pag-iisip, 84–85
na naghihimok ng pagsasagawa, 85
oo/hindi, 84
pag-iwas sa mga kontrobersiyal na, 86
pagsunod sa mga halimbawa ng Tagapagligtas, 84
Tatlong-taong-gulang na bata, mga katangian ng mga, 144
Taylor,John, patotoo sa pagkamartir nina Joseph at Hyrum Smith, 63
Teatro ng mga Mambabasa, 233
Tradisyon, mga matwid na, pinag-iisa ang mga mag-anak, 179–181
Tulong sa pag-aaral sa mga banal na kasulatan, mga, 69–70
Tuparin, kahulugan ng, 24–25

## V

Videocassette, mga. *Tingnan sa* Materyal na audiovisual, mga

## W

Walang pagpipitagan. *Tingnan sa* Nakakagulong pag-uugali
Walong-taong-gulang na bata, mga katangian ng mga, 148–49
Warner, Susan L.
impluwensiya ng pagtuturo ng mga lolo't lola, 189
naaalaala ng mga bata ang mga turo ng mag-anak, 6–7
Wirthlin, Joseph B.
inihalintulad ang matatapat na miyembro ng Simbahan sa higanteng puno na oak, 288
pag-ibig ang pinakadiwa ng ebanghelyo, 257
Sulatang papel, mga, 240–42

## Y

Young, Brigham
kapangyarihan ng patotoo, 53
natututo ang mga bata sa mga tradisyon, 179
pagkakastigo nang may pagmamahal, 108–09
patuloy na umunlad sa kaalaman mula sa Panginoon, 299

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

4 02361 23893 9
36123 893